*MAAARI MONG MAUNAWAAN ANG BIBLIYA!*

# *Pag-asa sa Mahirap na mga Panahon— Ang Pangwakas na Tabing: Pahayag*

BOB UTLEY
PROPESOR NG HERMENEUTICS
(BIBLICAL INTERPRETATION)

*KALIPUNAN NG KOMENTARYONG GABAY SA PAG-AARAL*
*BAGONG TIPAN, IKA-12 NA TOMO*

MARSHALL, TEXAS: BIBLE LESSONS INTERNATIONAL
1998 (BINAGO 2007, 2011)

# TALAAN NG MGA NILALAMAN


Isang Pananalita Mula sa May-akda: Paano Makakatulong ang Komentaryong Ito Sa'yo? .............................. i

Isang Gabay para sa Mabuting Pagbasa ng Bibliya:

Isang Pansariling Paghahanap Para sa Mapapatunayang Katotohanan ............................ iii

Mga Pagdadaglat na Ginamit sa Komentaryong Ito ............................................................................ ix

Komentaryo:

Krusyal na Panimulang Artikulo (Bakit ang mga Kristyano ay Mayroong Napakaraming mga Dogmatikong mga Interpretasyon sa Pahayag?)……………………………………………………...1

Panimula sa Lumang Tipan na Propesiya ................................................................................ 6

Panimula sa Pahayag ................................................................................................................ 10

Pahayag 1 .......................................................................................................................... 20

Pahayag 2 - 3 ...................................................................................................................... 44

Pahayag 4 - 5 ...................................................................................................................... 79

Pahayag 6 - 7 ...................................................................................................................... 94

Pahayag 8 - 9 ...................................................................................................................... 107

Pahayag 10 - 11 ...................................................................................................................... 116

Pahayag 12 - 14 ...................................................................................................................... 133

Pahayag 15 - 16 ...................................................................................................................... 161

Pahayag 17 - 18 ...................................................................................................................... 175

Pahayag 19 ...................................................................................................................... 185

Pahayag 20 ...................................................................................................................... 201

Pahayag 21 - 22 ...................................................................................................................... 210

Dagdag na Dahon Isa: Mailing mga Paliwanag sa Griyegong Gramatikal na Estruktura .......................... 225

Dagdag na Dahon Dalawa: Tekstwal na Kritisismo ................................................................ 234

Dagdag na Dahon Tatlo: Talahulunganan ................................................................................ 237

Dagdag na Dahon Apat: Pangdoktrinang Pamamahayag .......................................................... 244

Dagdag na Dahon Lima: Tsart sa Milenyal na mga Pananaw ................................................ 245

Tula sa Pahayag ...................................................................................................................... 248

# NATATANGING PAKSA SA PAHAYAG


Mesyas, 1:1 ..... 22

Dagliang Pagbabalik, 1:3 ..... 22

Simbolikong mga Numero sa Kasulutan, 1:4 ..... 24

Iglesya (*Ekklesia*), 1:4 ..... 25

Ang Pitong mga Espiritu, 1:4 ..... 26

Panganay na Anak, 1:5 ..... 26

Ang *Kerygma* ng Naunang Iglesya, 1:5 ..... 27

Ang Kristyanismo ay Pangkalahatan, 1:6 ..... 28

Magpakailanman (Griyegong Idyoma), 1:6 ..... 29

Magpakailanman (*'Olam*), 1:6 ..... 29

Amen, 1:6 ..... 31

Pagdating sa Gitna ng mgaUlap, 1:7 ..... 32

Mga Pagluluksang mga Ritwal, 1:7 ..... 32

Mga Pangalan ng Pagkadiyos, 1:8 ..... 33

Ang Kaharian ng Diyos, 1:9 ..... 36

Mga Sungay na Ginamit ng Israel, 1:10 ..... 37

Nasaan ang mga Patay?, 1:18 ..... 40

Ang Diyos Inilarawan bilang Tao (Antromorpikong Wika), 2:1 ..... 48

Makilala, 2:2 ..... 50

Pagsusumigasig/Pagpapatuloy, 2:2 ..... 50

Griyegong mga Termino para sa "Pagsubok," 2:2 ..... 52

Tribulasyon, 2:9 ..... 55

Mga Antas ng Pabuya at Kaparusahan, 2:10 ..... 57

Ang Pangalan ng Panginoon, 2:13 ..... 59

Pananampalataya, 2:13 ..... 60

Israel (ang Pangalan), 2:14 ..... 61

Ang Anak ng Diyos, 2:18 ..... 63

Ang mga Babae sa Bibliya, 2:20 ..... 64

Ang Puso, 2:23 ..... 67

Pagpapahayag ng Kasalanan, 3:5 ..... 70

Paggamit ng "Pinto" sa NT, 3:7 ..... 71

*Archē*, 3:14 ..... 74

Kayamanan, 3:17 ..... 75

Mga Ebanghelikal na  Pagkiling ni Bob, 4:1 ..... 80

Ang mga Kalangitan, 4:1 ..... 81

Ang mga Matanda, 4:4 ..... 83

*Querubin*, 4:6 ..... 84

Ang mga Banal, 5:8 .... 88
Panubos /Natubos, 5:9 .... 89
Pamumuno sa Kaharian ng Diyos, 5:10 .... 91
Mga Baryang Ginamit sa Palestina sa Panahon ni Hesus, 6:6 .... 96
Selyo, 7:2 .... 101
Ang Bilang na Labindalawa, 7:4 .... 102
Misteryo, 10:7 .... 119
OT Propesiya, 10:7 .... 120
Apatnaput-dalawang Buwan, 11:2 .... 125
Espiritu sa Bibliya, 11:11 .... 127
Ang Araw na Yaon, 11:18 .... 131
Satanas, 12:3 .... 136
Labanan sa Langit, 12:7 .... 139
Personal na Kasamaan, 12:9 .... 140
Ang Anomang-oras na Pagbabalik ni Hesus laban sa Hindi pa (NT Kabalintunaan), 12:12 .... 142
Ang Kristyano at ang Gobyerno, Panimula sa Kabanata 13 .... 144
Walang Kapintasan, Inosente, Walang Kasalanan, Walang Bahid-Dungis, 14:5 .... 153
Ang Oras, 14:7 .... 154
Alkol at Alokoholismo, 14:10 .... 156
Kaluwalhatian, 15:8 .... 165
Propesiya sa NT, 16:6 .... 166
Apoy, 16:8 .... 169
Ang Malademonyo (Maruming Espiritu), 16:13 .... 170
Mga Termino para sa Ikalawang Pagdating, 16:14 .... 172
Wasakin, Sirain, Pasamain (*phtheirō*), 19:2 .... 186
Paniniwala, Pagtitiwala, Pananampalataya at Katapatan sa OT, 19:4 .... 187
Katotohanan (ang konsepto) sa mga Kasulatan ni Juan, 19:11 .... 193
Totoo (ang termino) sa mga Kasulatan ni Juan, 19:11 .... 194
Katuwiran, 19:11 .... 194
Kinaligiran ng *Logos*, 19:13 .... 197
Hesus ang Nazareno, 22:16 .... 221
Ang Trinidad, 22:17 .... 222
*Maranatha*, 22:20 .... 223

# ISANG PANANALITA MULA SA MAY-AKDA: PAANO MAKAKATULONG ANG KOMENTARYONG ITO SA'YO?

Ang pagpakahulugan sa Bibliya ay isang rasyonal at espiritwal na pamamaraang nagtatangkang maunawaan ang isang sinaunang manunulat na pinagkalooban ng inspirasyon sa pamamagitan ng isang paraang ang mensahe mula sa Diyos ay maaaring maintindihan at maisabuhay sa ating panahon..

Ang pamamaraang espiritwal ay napakamahalaga ngunit mahirap bigyan-kahulugan. Kinasasangkutan ito ng pagpapahinuhod at pagiging bukas sa Panginoon. Narapat na magkaroon ng pagkauhaw (1) para sa Kanya, (2) para kilalanin Siya, at (2) para paglingkuran Siya. Ang pamamaraang ito ay nangangailangan ng panalangin, paghingi na kapatawaran, at kagustuhang magbago sa uri ng pamumuhay. Ang Espiritu ay napakamahalaga sa pamamaraang pagpakahulugan, ngunit kung bakit magkakaiba ang pagkakaintindi ng mga Kristyanong matapat, maka-Diyos ay isang hiwaga.
.

Ang pamamaraang makatwiran ay mas madaling ilarawan. Dapat tayong hindi pabagu-bago at maging makatarungan sa tala at hindi dapat naiimpluwensyahan ng ating mga personal o pangpangkat na pagkiling. Lahat tayo ay hinuhubog ng kasaysayan. Walang nabibilang sa ating tapapagpakahulugang obhektibo, walang-kinikilingan. Ang komentaryong ito ay naghaharap ng isang maingat na pamamaraang makatwiran na naglalaman ng tatlong mga saligan ng pagpakahulugan na ibinalangkas upang makatulong sa ating malampasan ang ating mga pagkiling.

**Unang Saligan**

Ang unang saligan ay ang pagbigay-pansin sa tagpuang pangkasaysayan na pinagsulatan ng aklat pambibliya at ang tiyak na kaganapang pangkasaysayan ng pagkasulat nito. Ang orihinal na may-akda ay mayroong layon, isang mensaheng nais ibahagi. Ang tala ay hindi maaring maging makahulugan sa atin nang hindi ito ang ipinakakahulugan ng may-akda na orihinal, sinauna, pinagkalooban ng inspirasyon. Ang kanyang layunin ang pinakasusi – hindi ang ating pangangailangang pangkasaysayan, pandamdamin, pangkultura, pansarili, o pangpangkat. Ang pagsasabuhay ay isang napakahalagang katambal ng pagpapakahulugan, ngunit ang maayos na pagpapakahulugan ay dapat na laging mauna sa pagsasabuhay. Narapat idiing muli na ang bawat tekstong pambibliya ay may isa at nag-iisang pakahulugan lamang. Ang kahulugang ito ang siyang layunin ng orihinal na may-akdang pambibliya na nais ipahayag sa kanyang panahon sa pamamagitan ng pamumuno nang Espiritu. Itong nag-iisang kahulugang ito ay mayroong maraming maaaring pagsasabuhay sa iba't-ibang kultura at mga kalagayan. Ang mga pagsasabuhay na ito ay dapat iugnay sa pangunahing katotohanan ng orihinal na may-akda. Sa dahilang ito, ang komentaryong ito sa gabay ng pag-aaral ay itinalaga upang magkaloob ng isang panimula sa bawat aklat ng Bibliya.

**Pangalawang Saligan**

Ang pangalawang saligan ay ang pagkilala sa mga pampanitikang yunit. Ang bawat aklat pambibliya ay isang pinag-isang dokumento. Ang mga tagapagpakahulugan ay walang karapatang ihiwalay ang isang aspeto ng katotohanan sa pamamagitan ng hindi pagsama sa iba. Kung sa gayon, dapat nating pagsumikapang intindihin ang layon ng buong aklat pambibliya bago natin ipakahulugan ang bawat pampanitikang mga yunit. Ang bawat bahagi—mga Kabanata, talataan, o talata- ay hindi maipapakahulugan kung hindi iyon ang ibig sabihin ng kabuuang yunit . Ang pagpakahulugan ay dapat magmula sa pangkabuuang pagdulog o *deductive approach* patungo sa pantiyakang pagdulog o *inductive approach*. Kaya, itong komentaryo sa gabay ng pag-aaral ay itinalaga upang makatulong sa mga mag-aaral na suriin ang pagkakabalangkas ng bawat pampanitikang yunit sa pamamagitan ng mga talata. Ang mga pagbabahagi ng talata at Kabanata ay hindi inspirado, ngunit ang mga ito ay makakatulong sa atin upang kilalanin ang mga yunit ng kaisipan.

Ang pagsalin sa antas ng talata—hindi sa antas ng pangungusap, sugnay, parirala, o salita—ay ang susi upang masundan ang hinangad na kahulugan ng may-akdang pambibliya. Ang mga talata ay nakabatay sa pinag-isang paksa, kalimitang tinatawag na paksa o paksang pangungusap. Ang bawat salita, parirala, sugnay, at pangungusap sa isang talata ay umuugnay kahit na papano sa pinag-isang paksang ito. Nililimita nila ito, pinalalawak ito, pinaliliwanag ito, at/o pinagtatanungan ito. Ang tunay na susi sa maayos na pagpakahulugan ay ang pagsunod sa kaisipan ng orihinal na may-akda sa pamamagitan ng batayang talata-sa-talata na pumaparaan sa bawat mga pampanitikang yunit na bumubuo ng aklat pambibliya. Ang komentaryong ito sa gabay ng pag-aaral ay itinalaga upang makatulong sa mag-aaral na gawin iyon sa pamamagitan ng paghahambing ng mga makabagong mga pagsalin sa Ingles. Ang mga pagsasaling ito ay pinili dahil sa ang mga ito ay gumagamit ng iba't-ibang palagay sa pagsalin:

1. Ang tekstong Griyego ng United Bible Society ay ang iniwastong ikaapat na edisyon ($UBS^4$). Ang tekstong ito ay iisinatalata ng mga makabagong pangtekstong iskolar.
2. Ang New King James Version (NKJV) ay isang pagsasaling literal na salita-sa-salita batay sa tradisyon ng kasulatang Griyego na kilala bilang Textus Receptus. Ang pagkakahati ng mga talata nito ay mas mahaba kaysa

ibang mga pagsasalin. Ang mahahabang yunit nito ay nakakatulong sa mag-aaral na mahanap ang pinag-isang mga paksa.

3. Ang New Revised Standard Version (NRSV) ay isang binagong pagsasaling salita-sa-salita. Ito ay nagiging panggitna sa sumusunod na dalawang makabagong bersyon. Ang pagkakahati ng mga talata nito ay nakakatulong sa pagkilala ng mga paksa.
4. Ang Today's English Version (TEV) ay isang magilas na katumbas na pagsasaling inilathala ng United Bible Society. Hinahangad nitong isalin ang Bibliya sa isang paraang ang isang makabagong mambabasa o tagapagsalita sa Ingles ay maiintindihan ang kahulugan ng tekstong Griyego. Kadalasan, lalo na sa mga Ebanghelyo, hinahati nito ang mga talata ayon sa nagsasalita kaysa ayon sa paksa, katulad ng NIV. Para sa mga llayon ng tagapagpakahulugan, hindi ito nakakatulong. Kapansin-pansing ang parehong UBS[4] at TEV ay inilathala nang parehong pangkat, gayon pa man ang kanilang pagsasatalata ay magkakaiba.
5. Ang New Herusalem Bible (NJB) ay isang magilas na katumbas na pagsasaling nakabatay sa pagsasaling Pranses na Katoliko. Ito ay higit na nakakatulong upang maihambing ang pagsasatalata mula sa pananaw ng taga-Europa.
6. Ang nakaimprentang tala ay ang 1995 Updated New American Standard Bible (NASB), na isang pagsasaling salita-sa-salita. Ang talata sa talatang mga komentaryo ay sumusunod sa ganitong pagsasatalata.

**Pangatlong Saligan**

Ang pangatlong saligan ay ang pagbabasa ng Bibliya sa iba't-ibang pagsasalin upang magagap ang pinakamalawak na maaaring saklawin ng kahulugan (semantikong larangan) na mayroon ang mga pambibliyang salita o parirala. Kalimitan ang isang parirala o salitang Griyego ay maaaring maunawaan sa ilang paraan. Ang mga itong ibat'-ibang pagsasalin ay naghaharap nitong mga mapagpipilian at makatutulong upang makilala at maipaliwanag ang mga pagkakaiba ng mga kasulatang Griyego. Hindi nakakaapekto ang mga ito sa doktrina, ngunit nakakatulong ang mga ito sa atin upang subukang makapanumbalik sa orihinal na tekstong sinulat ng isang inspiradong sinaunang manunulat.

Ang komentaryong ito ay naghahandog ng isang mabilis na paraan para sa mag-aaral upang makita kung tama ang kanyang mga pagbibigay ng kahulugan. Ito ay hindi pang kahulugan lamang, ngunit ito'y pagbibigay-kabatiran at pamukaw-isip. Kadalasan, ang ibang maaaaring pakahulugan ay makakatulong sa atin na hindi lubusang maging pang-parokya, pang-doktrina, at pang-denominasyon. Ang tagapagpaliwanag ay kailangang magkaroon ng isang mas malawak na saklaw ng mapagpipiliang pagpapaliwanagan upang makilala kung papaanong may iba't-ibang kahulugan ang mga sinaunang kasulatan. Ito ay kagulat-gulat na kung paanong may kakaunting pagkakasunduan sa mga Kristiyano na nag-aangkin na ang Bibliya bilang kanilang pinanggagalingan ng katotohanan.

Ang mga saligang ito ay nakatulong sa akin upang madaig ang marami sa aking nakapamihasnan sa kasaysayan nang sapilitan kong pagsumikapan ang sinaunang tala. Hinahangad ko na sana ay magsilbi rin itong isang pagpapalà sa inyo.

Bob Utley
East Texas Baptist University
June 27, 1996

# ISANG GABAY PARA SA MABUTING PAGBASA NG BIBLIYA: ISANG PANSARILING PAGHAHANAP PARA SA MAPAPATUNAYANG KATOTOHANAN

Maaari ba nating mapag-alaman ang katotohanan? Saan ito matatagpuan? Maaari ba natin itong mapatotohanan sa pamamagitan nang pangangatwiran? Mayroon bang pinakapangunahing awtoridad? Mayroon bang ganap na katotohanang maaaring gumabay sa ating buhay, sa ating mundo? Mayroon bang kahulugan ang buhay? Bakit tayo naririto? Saan tayo patutungo? Mga tanong na ito—mga tanong na pinagninilayan ng lahat ng mapagkatwirang tao—ay palaging naglulumagi sa kanilang katalinuhan mula pa sa simula ng panahon (Ecclesiastes 1:13-18; 3:9-11). Natatandaan ko pa ang aking panariling paghahanap para sa isang makapagbubuong lunduyan ng aking buhay. Ako ay naging isang tagapaniwala ni Kristo sa pagkabata, batay sa aking nasaksihan sa ibang kamag-anak na malapit sa akin. Habang ako ay tumatanda, ang mga katanungan sa aking sarili at sa aking mundo ay dumami rin. Ang mga payak na kapalasakáng pangkultura at panrelihiyoso ay hindi na naging makahulugan sa mga karanasang aking nabasa o nakaharap. Iyon ay panahon nang pagkalito, paghahanap, pananabik, at madalas na pakiramdam ng kawalan ng pag-asa sa harap ng napakamanhid, napakahirap na mundo na aking ginagalawan.

Maraming nagsasabing may sagot sila sa mga pinakapangunahing katanungang ito, ngunit pagkatapos ng pananaliksik at pagninilay-nilay ay aking natuklasan na ang kanilang mga kasagutan ay batay sa (1) mga panariling pilosopiya, (2) mga sinaunang alamat, (3) mga panariling karanasan, o (4) mga sikolohikal na proteksiyon. Nangailangan ako nang ilang antas ng pagpapatotoo, ilang katibayan, ilang pangatngatwiran na pagbabatayan ko ng aking pananaw sa mundo, ang aking makapagbubuong lunduyan, ang aking dahilan upang mabuhay.

Natuklasan ko ang mga ito sa aking pag-aaral ng Bibliya. Nagsimula ako sa paghahanap ng katibayan ng pagiging mapagkakatiwalaan nito, na aking nakita sa (1) kasaysayang pinanghahawakan ng Bibliya na pinatotoo ng arkilohiya, (2) ang kawastuan ng mga paghula sa Lumang Tipan, (3) ang kaisahan ng mga mensahe sa Bibliya sa loob ng nakaraang labing-anim na raang taong produksyon nito, at (4) mga sariling patotoo ng mga taong ang kanilang buhay ay tuluyang binago matapos mapag-alaman ang Bibliya. Ang Kristiyanismo, bilang isang nagbubuklod na sistema ng pananampalataya at paniniwala, ay may kakayanang matugunan ang mga masalimuot na mga katanungan sa buhay ng tao. Hindi lamang ito nakapagkaloob ng isang makatwirang balangkas, kundi ng aspetong pangkaranasan ng pananampalatayang pambibliya na nagdulot sa akin ng walang-hanggang kaligayahan at kapanatagan.

Inakala ko na natagpuan ko na ang mapagbuong lunduyan ng aking buhay—si Kristo, na mapag-uunawaan sa pamamagitan ng mga Banal na Kasulatan. Iyon ay naging mapagbigay-diwang karanasan, isang pagpapalaya ng nararamdaman. Ngunit, natandaan ko pa ang pagkabigla at sakit noong aking simulang matanto kung gaano karami ang iba't-ibang pagpakahulugan nitong aklat ang tinatangkilik, minsan sa loob ng parehong simbahan at samahan ng pag-iisip o school of thought. Ang pagpapatibay ng inspirasyon at pagkamapagkatiwalaan ng Bibliya ay hindi ang katapusan, kundi simula lamang. Paano ko patotohanan o tatanggihan ang nagkakaiba at nagkakasalungatang mga pagpakahulugan ng maraming mahihirap na pahayag sa Banal na Kasulatan ng mga nagsasabing sa kanila ang paniniwalaan at pagkakatiwalaan?

Ang gawaing ito ay naging layon ng aking buhay at paglalakbay sa pananampalataya. Alam kong ang aking pananampalataya kay Kristo ay (1) nakapagbigay sa akin ng labis na kapayapaan at kaligayahan. Ang aking isipan ay nangulila sa paghahanap ng ilang ganap na katotohanan sa gitna ng aking walang katiyakang kultura (pagkatapos ng modernidad o post-modernity); (2) ang pagiging makitid sa paniniwala nang mga nagtatalong sistemang panrelihiyon (mga relihiyon ng mundo); at (3) pagka-arogante ng kinabibilangang sekta. Sa aking paghahanap ng mga maaaring pagdulog sa pagpakahulugan ng sinaunang literatura, nagulat ako nang mapag-alaman ang aking mga pagkiling sa sariling kasaysayan, kultura, sekta at karanasan. Madalas kong binasa ang Bibliya upang pagtibayin lang ang aking panariling mga pananaw. Ginamit ko itong batis ng dogma para atakihin ang iba habang iginigiit muli ang aking sariling mga pagkabuway at pagkukulang. Napakasakit nitong tanggapin ang katotohanan sa sarili!

Bagamat hinding-hindi ako maaring ganap na maging obhektibo , maari akong maging mas mabuting mambabasa ng Bibliya. Maari kong ilimita ang aking mga pagkiling sa pamamagitan ng pagkilala at pagtanggap na nariyan ang mga ito. Hindi pa ako malaya sa mga ito, ngunit naharap ko na ang aking mga sariling kahinaan. Ang tagapagpakahulugan ay malimit na pinakamatinding kalaban ng mabuting pagbasa ng Bibliya!

Hayaan ninyong ilista ko ang ilang mga pagpapalagay na aking inihaharap sa aking pag-aaral ng Bibliya upang ikaw, ang mambabasa, ay maaaring suriin ito nang kasama ko:

**I. Mga Pagpapalagay**

A. Ako ay naniniwalang ang Bibliya ay ang kaisa-isang inspiradong pagpahayag ng sarili ng nag-iisang totoong Panginoon. Kung sa gayon, ito ay dapat ipakahulugan batay sa hinahangad ng orihinal na banal na may-akda (ang Espiritu) sa pamamagitan nang isang taong manunulat sa isang natatanging tagpuang pangkasaysayan.

B. Ako ay naniniwalang ang Bibliya ay sinulat para sa karaniwang tao-para sa lahat ng tao! Ang Panginoon ay pinagbigyan ang Kanyang Sarili upang magsalita nang malinaw sa atin sa loob ng isang kontekstong pangkasaysayan at pangkultura. Ang Panginoon ay hindi nagtatago ng katotohanan-Siya ay nagnanais na maunawaan natin! Kaya, ito ay dapat isalin ayon sa kanyang panahon, hindi nang sa atin. Ang Bibliya ay hindi dapat mangangahulugan sa atin kung hindi ito naging ganoon ang kahulugan sa mga unang nagbasa o nakarinig dito. Ito ay maiintindihan ng karaniwang isip ng tao at

gumagamit ng normal na mga uring pangkomunikasyon at pamamaraan ng tao.

C. Ako ay naniniwalang ang Bibliya ay may pinag-isang mensahe at layon. Hindi nito sinasalungat ang sarili, kahit na ito ay naglalaman ng mahirap at balintunang mga sulatin. Kaya, ang pinakamagaling na tagapagpakahulugan ng Bibliya ay ang Bibliya mismo.

D. Ako ay naniniwalang ang bawat sinulat (hindi kasama ang mga paghuhula) ay may isa at nag-iisang kahulugan lamang batay sa hangarin ng orihinal, inspiradong may-akda. Gayong wala tayong ganap na katiyakan na alam natin ang hangarin ng orihinal na may-akda, maraming panandang nagpapakita ng ganoong tunguhin:
   1. ang anyo (uring pampanitikan) na napili sa pagpahayag ng mensahe
   2. ang tagpuang pangkasaysayan at/o tiyak na okasyon na nag-udyok ng pagsusulat
   3. ang kontekstong pampanitikan ng kabuuang aklat pati na ang bawat yunit na pampanitikan
   4. ang disenyo ng teksto (balangkas) ng mga yunit na pampanitikan habang ang mga ito ay umuugnay sa kabuuang mensahe
   5. ang mga tiyak na katangiang panggramatika na ginamit sa pagpapaabot ng mensahe
   6. ang mga salitang pinili upang maiharap ang mensahe
   7. mga kaagapay na pahayag/talata

Ang pag-aaral sa bawat bahaging ito ay nagiging paksa ng ating pag-aaral ng isang sulatin. Bago ko ipaliwanag ang aking metodolohiya para sa mabuting pagbasa ng Bibliya, hayaan ninyo akong maglahad ng pagkakaiba ng ilang hindi naaayong pamaraang ginagamit ngayon na naging dahilan ng labis na pagkakaiba sa pagpakahulugan, at kung sa gayon ay dapat iwasan:

**II. Mga Hindi Naaayong Pamaraan**

A. Ang pagbabalewala sa kontekstong pampanitikan ng mga laklat ng Bibliya at paggamit sa bawat pangungusap, sugnay, o maging ng bawat salita bilang mga pagpapahayag ng katotohanang walang kaugnayan sa hangarin ng may-akda o sa mas malawak na konteksto.


B. Ang pagbabalewala sa tagpuang pangkasaysayan ng mga aklat sa pamamagitan ng pagpapalit ng karapat-dapat na tagpuang pangkasaysayan na kaunti o walang suporta mula sa teksto mismo.

C. Ang pagbabalewala sa tagpuang pangkasaysayan ng mga aklat at pagbabasa nito katulad ng pang-umagang lokal na diyaryo na pangunahing isinulat para sa mga makabagong indibidwal na Kristiyano.


D. Ang pagbabalewala sa tagpuang pangkasaysayan ng mga aklat sa pamamagitan ng pag-aalegorya ng teksto sa isang mensaheng pampilosopiya/teolohikal na walang ganap na kaugnayan sa mga unang nakarinig at hangarin ng orihinal na may-akda.

E. Ang pagbabalewala sa mensaheng orihinal sa pamamagitan ng pagpalit ng sariling sistemang teolohiya, paboritong doktrina, o isyung pangkasalukuyan na walang kaugnayan sa orihinal na hangarin ng may-akda at ng nakasaad na mensahe. Ang penomenong ito ay kalimitang kasunod ng paunang pagbasa ng Bibliya bilang isang paraan ng pagpatibay sa awtoridad ng tagapagsalita. Ito ay kadalasang tinatawag bilang "tugon ng mambabasa" o reader response (pagpakahulugang "ano-ang-pakiwari-ko-sa-teksto").

Mayroong di bababa sa tatlong magkakaugnay na sangkap ang makikita sa lahat ng nakasulat na komunikasyon ng tao:




Sa nakaraan, ang iba't-ibang pamamaraan ng pagbasa ay nakasentro lamang sa isa sa mga tatlong sangkap. Ngunit upang tunay na maipagtibay ang natatanging inspirasyon ng Bibliya:



Sa katotohanan, ang lahat ng tatlong sangkap ay dapat sinasama sa proseso ng pagpakahulugan. Para sa layong pagpapatotoo, ang aking pagpapakahulugan ay nakasentro sa palaging pag-tsek sa ating mga motibo, pagkiling, pamamaraan, at pagsasabuhay. Ngunit paano natin tse-tsekin ang mga ito kung walang hangganan sa mga pagpapakahulugan, walang limitasyon, walang sukatan? Sa ganito nakapagbibigay sa akin ang hangarin ng may-akda at istrukturang panteksto ng ilang sukatan para sa paglilimita ng sakop ng mga maaaring pagpapakahulugan na balido.

Sa gitna nitong mga hindi umaayong pamamaraan ng pagbasa, ano ang ilang maaaring pagdulog para sa mabuting pagbasa ng Bibliya at pagpakahulugan na makapaghaharap nang malapit sa pagpapatotoo at hindi pabagu-bago?

### III. Mga Maaaring Pagdulog para sa Mabuting Pagbasa Ng Bibliya

Sa puntong ito ay hindi ko tinatalakay ang mga bukod-tanging pamamamaraan ng pagpakahulugan ng mga tiyak na anyo ngunit sa panlahatang mga saligang hermeniyutiko na may pinagsaligan para sa lahat ng uri ng tekstong pambibliya. Ang magandang aklat para sa tiyak-sa-anyong mga pagdulog ay ang *How To Read The Bible For All Its Worth*, nina Gordon Fee and Douglas Stuart, inilathala ng Zondervan.

Ang aking pamaraan ay tumutukoy sa umpisa sa mambabasa na makapagbibigay-daan sa Banal na Espiritu na bigyang-liwanag ang Bibliya sa pamamagitan ng apat na personal na tapusang pagbasa. Ito ay ginagawang pangunahin ang Espiritu, ang teksto at ang mambabasa , hindi pumapangalawa lamang. Ito ay magpoprotekta rin sa mambabasang maimpluwensyahan ng mga taga-komentaryo. Narinig ko na ang pagkasabing: “Ang Bibliya ay puspos na nakapagbibigay-liwanag sa mga komentaryo.” Hindi ito nangangahulugang isang punang nakapagpapababa tungkol sa mga pantulong sa pag-aaral, kundi sa halip ay isang panawagan para sa napapanahong kaangkupan ng kanilang paggamit.

Narapat na maaari nating suportahan ang ating mga pagpapakahulugan mula sa teksto mismo. Ang limang panukatan na makapaghaharap ng di bababâ sa limitadong pagpapatotoo:

1. ang orihinal na may-akda
    a. tagpuang pangkasaysayan
    b. kontekstong pampanitikan
2. ang orihinal na pinili ng may-akda sa
    a. mga istrukturang panggramatika (sintaks/palaugnayan)
    b. pangkasalukuyang gamit sa paggawa
    c. anyo
3. ang ating pag-intindi sa naaayong
    a. kaugnay na magkahanay na mga pahayag/talata
    b. pagkakaugnay ng mga doktrina (kabalintunaan)

Kailangan nating makapagbigay ng mga dahilan at katwiran sa likod ng ating mga pagpapakahulugan. Ang Bibliya ay ang ating kaisa-isang batis para sa pananampalataya at pagsasakilos. Ang nakakalungkot, ang mga Kristiyano ay kalimitang hindi nagkakasundo kung ano ang ituturo o papagtibayin. Nakapanlulumo ang pag-aangkin ng inspirasyon sa Bibliya at pagkatapos ay ang mga mananampalataya ay hindi nagkakasundo sa kung ano ang itinuturo nito at kinakailangan!

Ang apat na tapusang pagbasa ay dinisenyo upang makapagbigay ng sumusunod na mga kabatiran sa pagpakahulugan:

A. Ang unang tapusang ng pagbasa
    1. Basahin ang aklat sa isang upuan. Basahin ito muli sa ibang pagsasalin, sana mula sa isang naiibang teorya ng pagsasalin
        a. salita-sa-salita (NKJV, NASB, NRSV)
        b. dinamikong katumbas (TEV, JB)
        c. pagpapahawig (paraphrase)(Living Bible, Amplified Bible)
    2. Hanapin ang punong layon ng buong sulatin. Kilalanin ang tema nito.
    3. Ihiwalay (kung maaari) ang isang yunit na pampanitikan, isang Kabanata, isang talata o isang pangungusap na malinaw na nagpapahayag nitong punong layon o tema.
    4. Kilalanin ang nangingibabaw na anyong pampanitikan
        a. Lumang Tipan
            (1) salaysay na Hebreo
            (2) panulaang Hebreo (panitikan ng karunungan, salmo)
            (3) paghuhulang Hebreo (prosa, panulaan)
            (4) Mga pamkautusan na koda
        b. Bagong Tipan
            (1) Mga salaysay (mga Ebanghelyo, mga Gawa)
            (2) Mga parabula (mga Ebanghelyo)

(3) Mga liham/epistulo
(4) panitikang Apokaliptiko

B. Ang pangalawang tapusang pagbasa
1. Basahin ang buong aklat muli, naghahanap upang kilalanin ang mga pangunahing paksa.
2. Balangkasin ang mga pangunahing paksa at ihayag nang maikli ang nilalaman ng mga ito sa isang payak na pahayag.
3. Suriin ang iyong pahayag sa layon at masaklaw na balangkas kabilang ang mga gabay sa pag-aaral.

C. Ang pangatlong tapusang pagbasa
1. Basahin ang buong aklat muli, naghahanap upang makilala ang tagpuang pangkasaysayan at tiyak na okasyon para sa pagsusulat ng aklat ng Bibliya mismo.
2. Ilista ang mga pangkasaysayang bagay na binanggit sa aklat Bibliya
   a. ang may-akda
   b. ang petsa
   c. ang mga tagatanggap
   d. ang tiyak na kadahilanan ng pagsulat
   e. mga aspeto ng tagpuang pangkultura na kaugnay sa layon ng pagsulat
   f. mga sanggunian sa mga taong pangkasaysayan at kaganapan
3. Lawakan ang iyong balangkas sa antas na patalata para sa bahagi ng pambibliyang aklat na iyong ipinapakahulugan. Laging kilalanin at ibalangkas ang pampanitikang yunit. Ito ay maaaring ilang Kabanata o talata. Ito ay makakatulong sa iyo upang masundan ang pangangatwiran ng orihinal na may-akda at ang disenyo ng teksto.
4. Tsekin ang iyong tagpuang pangkasaysayang sa pamamagitan ng paggamit ng mga pantulong sa pag-aaral.

D. Ang pang-apat na tapusang pagbasa
1. Basahing muli ang tiyak na pampanitikang yunit sa iba't-ibang pagsasalin
   a. salita-sa-salita (NKJV, NASB, NRSV)
   b. dinamikong katumbas (TEV, JB)
   c. paghahawig (Living Bible, Amplified Bible)
2. Hanapin ang mga istrukturang pampanitikan o panggramatika
   a. mga inuulit na parirala, Eph. 1:6,12,13
   b. mga inuulilt na istrukturang panggramatika, Rom. 8:31
   c. magkakatambis na mga konsepto
3. Ilista ang mga sumusunod na bagay
   a. mga mahahalagang salita
   b. mga di-karaniwang salita
   c. mga mahahalagang istrukturang panggramatika
   d. mga tukoy na mahihirap na salita, sugnay, at pangungusap
4. Hanapin ang mga kaugnay na talatang magkahanay
   a. hanapin ang pinakamalinaw na talatang pampagtuturo sa iyong paska gamit ang
      (1) mga aklat ng "sistematikong teolohiya"
      (2) mga sangguniang Bibliya
      (3) mga pagkakatugma
   b. Hanapin ang isang pares na balintuna sa loob ng iyong paska. Maraming pambibliyang katotohanan ay inihaharap sa diyalektikong pares; maraming tunggalian ng mga sekta ay nagmumula sa pag-proof-talata ng kalahati ng isang pambibliyang tensiyon. Ang kalahatan ng Bibliya ay inspirado, at kailangan nating hanapin ang kumpletong mensahe nito para makapagbigay ng balanseng Banal na Kasulatan sa ating pagpapakahulugan.
   c. Hanapin ang mga magkakahanay sa loob ng parehong aklat, parehong may-akda o parehong anyo; ang Bibliya ay siya ring pinakamagaling na tagapagpakahulugan nito sapagkat iisa lang ang may-akda nito, ang Espiritu.
5. Gumamit ng pantulong sa pag-aaral upang ma-tsek ang iyong mga obserbasyon sa mga tagpuang pangkasaysayan at okasyon
   a. mga pag-aaral ng Bibliya
   b. mga ensayklopidya ng Bibliya, handbuk at diksiyonaryo
   c. mga paunang salita ng Bibliya
   d. mga komentaryong Bibliya (sa puntong ito ng iyong pag-aaral, hayaan ang naniniwalang komunidad, sa nakaraan at kasalukuyan, na tumulong at maiwasto ang iyong sariling pag-aaral.)

**IV. Pagsasabuhay ng pagpapakahulugang Bibliya**

Sa puntong ito ay tutungo tayo sa pagsasabuhay. Nakapag-ukol ka na ng panahon upang maunawaan ang teksto sa

tagpuang orihinal nito; ngayon ay kailangang maisabuhay mo ito, sa iyong kultura. Ipinapakahulugan ko ang pambibliyang awtoridad bilang "pag-unawa kung ano ang sinasabi ng orihinal na may-akda ng bibliya sa kanyang panahon at pagsasabuhay ng katotohanang ito sa ating panahon."

Ang pagsasabuhay ay dapat sumunod sa pagpakahulugan ng hangarin ng orihinal na may-akda pareho sa panahon at pangangatwiran. Hindi natin maaaring isabuhay ang isang talatang Bibliya sa ating sariling panahon hangga't di natin napag-aalaman kung ano ang sinasabi nito sa kanyang panahon! Ang talatang Bibliya ay hindi dapat maipakahulugan sa hindi nito nais sabihin!

Ang iyong detalyadong balangkas, sa antas na patalata (ikatlong tapusang pagbasa), ang iyong magiging gabay. Ang pagsasabuhay ay dapat gawin sa antas ng talata, hindi sa antas ng salita. Ang mga salita ay may kahulugan lamang sa konteksto; ang mga sugna ay may kahulugan lamang sa konteksto; ang mga pangungusap ay may kahulugan lamang sa konteksto. Ang kaisa-isang tao na inspirado na kasangkot sa proseso ng pagpakahulugan ay ang orihinal na may-akda. Sinusunod lamang natin ang kanyang pamumuno sa pamamagitan ng kaliwanagan ng Banal na Espiritu. Ngunit ang kaliwanagan ay hindi inspirasyon. Sa pagsabi, kung gayon, ng "kaya winika ng Diyos," ay dapat tayong sumunod sa hangarin ng orihinal na may-akda. Ang pagsasabuhay ay dapat na may tiyak na kaugnayan sa pangkalahatang hangarin ng kabuuang pagsulat, ang tiyak na pampanitikang yunit at pagpapaunlad ng kaisipan sa antas ng talata.

Huwag hayaang ang mga isyu ng ating panahon ang magpapakahulugan sa Bibliya; hayaang ang Bibliya ang makapagsalita! Ito ay maaaring mangailangan ng ating paghugot ng mga saligan mula sa teksto. Ito ay balido kung ang teksto ay sumusuporta sa isang saligan. Sa kasamaang palad, maraming beses ang ating mga saligan ay ganoon na lamang, "ating" mga saligan—hindi ang mga saligan ng teksto.

Sa pagsasabuhay ng Bibliya, napakahalagang tandaan na (maliban sa paghuhula) isa at iisang kahulugan lamang ang balido para sa isang tiyak na tekstong Bibliya. Ang kahulugang ito ay kaugnay sa hangarin ng orihinal na may-akda habang siya ay tumutugon sa isang krisis o pangangailangan sa kanyang panahon. Ang maraming maaaring pagsasabuhay ay maaaring manggaling mula sa isang pakahulugang ito. Ang pagsasabuhay ay ibabatay sa mga pangangailangan ng mga tagatanggap ngunit dapat kaugnay sa kahulugan ng orihinal na may-akda.

## V. Ang Espirituwal na Aspeto ng Pagpapakahulugan

Sa ngayon ay aking natalakay ang mga prosesong pangkatwiran at tekstwal na nasasangkot sa pagpapakahulugan at pagsasabuhay. Ngayon ay aking tatalakayin nang maikli ang aspetong espiritwal ng pagpakahulugan. Ang sumusunod na tseklist ay nakatulong sa akin:

A. Manalangin para sa tulong ng Espiritu (cf. I Corinto 1:26-2:16).
B. Manalangin para sa sariling pagpapatawad at paglilinis mula sa kilalang mga kasalanan (cf. I Juan 1:9).
C. Manalangin para sa mas higit na pagnanais na makilala ang Panginoon (cf. Awit 19:7-14; 42:1ff.; 119:1ff).
D. Isabuhay kaagad ang ano mang bagong kabatiran sa iyong sariling buhay.
E. Manatiling mapagkumbaba at handang matuto.

Napakahirap panatilihin ang balanse sa pagitan ng proseso ng pangatwiran at ng pamumunong espiritwal ng Banal na Espiritu. Ang mga sumusunod na mga sipi ay nakatulong sa aking balansehin ang dalawa:

A. Mula kay James W. Sire, *Scripture Twisting*, pp. 17-18:

> "Ang kaliwanagan ay dumarating sa mga isipan ng mga tao ng Diyos—hindi lamang sa ang mga elitistang espiritwal. Walang kauriang guru sa pambibliyang Kristiyano, walang iluminati, walang mga tao na pagmumulan ng lahat ng tamang pagpapakahulugan Kaya, habang ang Banal na Espiritu ay nakapagbibigay ng mga natatanging handog ng karunungan, kaalaman at pag-unawang espiritwal, hindi Niya itinalaga itong mga piling Kristiyano lamang bilang awtoridad lamang sa pagpapakahulugan ng Kanyang Salita. Nasa sa bawat isang tao Niya ang pagkatuto, paghatol at pag-unawa sa pamamagitan ng pagsangguni sa Bibliya na siyang tumatayong awtoridad kahit sa mga taong pinagkalooban ng Diyos ng natatanging kakayanan. Bilang pagbubuod, ang pagpapalagay na aking ginagawa sa buong aklat ay ang Bibliya ang siyang totoong pagpapahayag ng Diyos sa buong sangkatauhan, na ito ay ang pinakapangunahing awtoridad sa lahat ng usaping naipahahayag, na ito ay hindi isang ganap na misteryo kundi mauunawaan nang sapat ng karaniwang tao sa bawat kultura."

B. Mula sa Kierkegaard, na makikita sa Bernard Ramm, *Protestant Biblical Interpretation*, p. 75:

> Ayon kay Kierkegaard ang pag-aaral na panggramatika, leksikal at pangkasaysayan ng Bibliya ay kinakailangan ngunit panimula sa totoong pagbasa ng Bibliya. "Ang pagbabasa ng Bibliya bilang salita ng Diyos ay dapat basahin nang naisasa-puso sa kanyang bibig, sa lakarán, na tigib ng pag-asam, na nakikipag-usap sa Diyos. Ang pagbabasa ng Bibliyang nang wala sa isip o walang-ingat o pang-akademiko o pampropesyunal ay hindi pagbabasa ng Bibliya bilang Salita ng Diyos. Kung ang nagbabasa nito ay parang nagbabasa ng isang liham ng pagmamahal, kung sa gayon ay binabasa ito bilang Salita ng Diyos."

C. H. H. Rowley sa *The Relevance of the Bible*, p. 19:

> "Hindi lamang ang isang pag-unawang intelektwal ng Bibliya, kahit ganap, ang maaaring makapag-angkin ng lahat nitong kayamanan. Hindi ito paghamak sa ganitong pag-unawa, dahil ito ay mahalaga sa isang ganap na

pag-unawa. Ngunit dapat ito ay pumaraan sa isang espiritwal na pag-intindi ng mga espiritwal na kayamanan ng aklat na ito kung ito ay nais na maging ganap. At para sa ganitong espiritwal na pag-intindi ay may isang bagay na kailangan na hihigit pa kaysa sa kahandaang intelektwal. Ang mga espiritwal na bagay ay inuunawa nang espiritwal, at ang mag-aaral ng Bibliya ay mangangailangan ng mapagtanggap ng saloobing espiritwal, isang pananabik na makita ang Diyos upang ialay ang sarili sa Kanya, kung siya ay makalalampas pa sa kanyang siyentipikong pag-aaral patungo sa mas mayamang pamana nitong pinakadakila sa lahat ng mga aklat."

**VI. Ang Pamaraan Nitong Komentaryo**

Ang Komentaryo sa Gabay ng Pag-aaral ay nakadisenyo upang makatulong sa iyong mga pamamaraan sa pagpakahulugan sa sumusunod na mga paraan:

A. Isang maikling balangkas-pangkasaysayan ang nagpapakilala sa bawat aklat. Pagkatapos mong magawa ang "tapusang pagbasa #3" ay tsekin itong impormasyon.

B. Ang mga pangkonteksto pag-unawa ay makikita sa simula ng bawat Kabanata. Ito ay makakatulong sa iyong upang makita kung paano binubuo ang pampanitikang yunit.

C. Sa simula ng bawat Kabanata o pangunahing yunit ang mga pantalatang pagkakahati at ang kanilang mga nakalarawang paliwanag ay ibinibigay nang buhat sa ilang makabagong pagsasalin:
   1. The United Bible Society Griyego Text, fourth edition revised(UBS[4])
   2. The New American Standard Bible, 1995 Update (NASB)
   3. The New King James Version (NKJV)
   4. The New Revised Standard Version (NRSV)
   5. Today's English Version (TEV)
   6. The Jerusalem Bible (JB)

   Ang patalatang pagkakahati ay hindi inspirado. Dapat tiyaking nasasa-konteksto ang mga ito. Sa pamamagitan ng paghambing ng ilang makabagong pagsasalin mula sa magkakaibang mga teorya at pananaw na panteolohiya, maaari nating masuri ang dapat na istruktura ng pag-iisip ng isang orihinal na may-akda. Ang bawat talata ay mayroong isang pangunahing katotohanan. Ito ay tinawag na "ang paksang pangungusap" o "ang pangunahing ideya ng teksto." Ang mapag-isang kaisipang ito ang susi sa maayos na pagpakahulugang pangkasaysayan, panggramatika. Ang isa ay hindi dapat nagpapakahulugan, nangangaral o nagtuturo nang kinakapos sa isang talata! Isa pa, tandaang ang bawat talata ay kaugnay sa kasudlong na mga talata nito. Kung kaya ang antas ng balangkas na patalata ng isang buong aklat ay napakahalaga. Dapat nating masundan ang takbo ng pangangatwiran ng paska na ipinararating ng orihinal na may-akdang inspirado.

D. Ang mga pagtatalâ ni Bob ay sumusunod sa talata-sa-talatang pagdulog sa pagpakahulugan. Ito ay nag-uudyok sa ating sundan ang pag-iisip ng orihinal na may-akda. Ang mga pagtatala ay nagbibigay ng impormasyon tungkol sa ilang sukatan:
   1. pampanitikang konteksto
   2. mga pag-unawang pangkasaysayan, pangkultura
   3. impormasyong panggramatika
   4. mga pag-aaral ng salita
   5. mga kaugnay na talatang magkakahanay

E. Sa ilang punto ng komentaryo, ang nakaimprentang teksto ng New American Standard Version (1995 update) ay dadagdagan ng mga pagsasalin ng ilang ibang makabagong bersyon:
   1. Ang New King James Version (NKJV), na sumusunod sa tekstong manuskrito ng "Textus Receptus."
   2. Ang New Revised Standard Version (NRSV), na isang salita-sa-salitang rebisyon mula sa National Council of Churches ng Revised Standard Version.
   3. Ang Today's English Version (TEV), na isang dinamikong katumbas na pagsasalin mula sa American Bible Society.
   4. Ang Jerusalem Bible (JB), na isang pagsasaling Ingles batay sa isang Katolikong Pranses na dinamikong katumbas na pagsasalin.

F. Para sa mga hindi nakapagbabasa ng Griyego, ang paghahambing sa mga pagsasaling Ingles ay maaaring makatulong sa pagkilala ng mga suliranin sa teksto:
   1. pagkakaiba-iba sa mga manuskrito
   2. mga pamalit na kahulugan ng salita
   3. mga mahirap na teksto at istruktura sa gramatika
   4. mga tekstong iba't iba ang pakahulugan

   Gayong ang mga pagsasaling Ingles ay hindi makakalutas sa mga suliraninng ito, tinutukoy nila itong mga lunan para sa mas malalim at mas malawak pang pag-aaral.

G. Sa pagtatapos ng bawat Kabanata kaugnay sa mga talakayan ay may mga tanong na iniharap na nagtatangkang tukuyin ang mga pangunahing isyu sa pagpakahulugan ng kabanatang iyon.

# MGA PAGDADAGLAT NA GINAMIT SA KOMENTARYONG ITO

| | |
|---|---|
| AB | Anchor Bible Commentaries, ed. William Foxwell Albright at David Noel Freedman |
| ABD | Anchor Bible Dictionary (6 vols.), ed. David Noel Freedman |
| AKOT | Analytical Key to the Old Testament ni John Joseph Owens |
| ANET | Ancient Near Eastern Texts, James B. Pritchard |
| BAGD | A Greek-English Lexicon of the New Testament and Early Christian Literature, Walter Bauer, 2nd edition nina F. W. Gingrich at Fredrick Danker |
| BDB | A Hebrew and English Lexicon of the Old Testament nina F. Brown, S. R. Driver at C. A. Briggs |
| BHS | Biblia Hebraica Stuttgartensia, GBS, 1997 |
| IDB | The Interpreter's Dictionary of the Bible (4 vols.), ed. George A. Buttrick |
| ISBE | International Standard Bible Encyclopedia (5 vols.), ed. James Orr |
| JB | Jerusalem Bible |
| JPSOA | The Holy Scriptures According to the Masoretic Text: A New Translation (The Jewish Publication Society of America) |
| KB | The Hebrew at Aramaic Lexicon of the Old Testament nina Ludwig Koehler at Walter Baumgartner |
| LAM | The Holy Bible From Ancient Eastern Manuscripts (the Peshitta) ni George M. Lamsa |
| LXX | Septuagint (Greek-English) ni Zondervan, 1970 |
| MOF | A New Translation of the Bible ni James Moffatt |
| MT | Masoretic Hebrew Text |
| NAB | New American Bible Text |
| NASB | New American Standard Bible |
| NEB | New English Bible |
| NET | NET Bible: New English Translation, Second Beta Edition |

| | |
|---|---|
| NIDNTT | New International Dictionary of New Testament Theology and Exegesis (5 vols.), ed. Willem A. VanGemeren |
| NRSV | New Revised Standard Bible |
| NIV | New International Version |
| NJB | New Jerusalem Bible |
| OTPG | Old Testament Parsing Guide nina Todd S. Beall, William A. Banks at Colin Smith |
| REB | Revised English Bible |
| RSV | Revised Standard Version |
| SEPT | The Septuagint (Greek-English) ng Zondervan, 1970 |
| TCNT | The Twentieth Century New Testament |
| TEV | Today’s English Version from United Bible Societies |
| YLT | Young’s Literal Translation of the Holy Bible ni Robert Young |
| ZPBE | Zondervan Pictorial Bible Encyclopedia (5 vols.), ed. Merrill C. Tenney |

# KRUSYAL NA PANIMULANG ARTIKULO

**"Bakit Ang Mga Kristyano Ay Mayroong Maraming Dogmatikong mga Interpretasyon ng Pahayag"**

Sa paglipas ng mga taon ng aking pag-aaral ng eskatolohiya aking natutunan na ang karamihan ng mga Kristyano ay wala o gustong maghubog, magsistema, ng pangwakas na panahon kronolohiya. Mayroong ilang mga Kristyano na nakapokus o nagmamayorya sa lugar ng Kristyanismo para sa teolohikal, sikolohikal, o denominasyonal na mga dahilan. Ang mga Kristyano ay tila naging nahuhumaling sa kung paano ito ay magtatapos, at parang nakaligtaan ang pangangailangan ng madaling pagkilos ng ebanghelismo! Ang mga Mananampalataya ay hindi makakaapekto sa eskalothikal ng Diyos (pangwakas na panahon) adyenda, ngunit sila ay maaring makipagsalamuha sa mandato ng ebanghelyo (cf. Mateo 28:19-20; Lucas 24:47; Gawa 1:8). Karmaiha ng mga mananampalataya ay naninindigan sa Ikalawang Pagdating ni Kristo at sa isang pangwakas na panahon kulminasyon ng mga pangako ng Diyos. Ang nagbibigay kahulugan na mga problema ay lumalabas mula sa kung paano ang pansamantalang kaganapan na ito dumating mula sa ilang mga biblikal na kabalintunaan.

1. ang tensyon sa pagitan Lumang Tipan propetikong mga modelo at Bagong Tipan apostolikong mga modelo
2. ang tensyon sa pagitan ng monoteismo ng Bibliya (isang Diyos para sa lahta) at ang eleksyon ng Israel (isang espesyal na mga tao)
3. ang tensyon sa pagitan kondisyonal na aspeto ng biblikal na tipan at mga pangako ("kung. . .magkagayon") at ang walang kondisyon na katapatan ng Diyos sa pagtutubos sa makasalanang sanlibutan
4. ang tensyon sa pagitan Near Eastern pampanitikan mga dyanra at modernong kanluraning pampanitikan mga modelo
5. ang tensyon sa pagitan ng Kaharian ng Diyos bilang pangkasalukuyan, subalit panghinaharap.
6. ang tensyon sa pagitan ng paniniwala sa walang pasubali na pagbabalik ni Kristo at ang paniniwala sa ilang mga pangyayari ay dapat mangyari muna. Ating talakayin ang mga tensyon na ito ng isa-isa.

**UNANG TENSYON** (OT panlahi, pambansa, at heograpikal na mga kategorya laban sa lahat ng mga mananampalataya higit sa buong mundo)

Ang OT mga propeta ay naghula sa isang restorasyon ng isang Hudyong kaharian sa Palestina na nakasentro sa Jerusalem kung saan lahat ng mga bansa ng mundo ay nagsama upang magpuri at maglingkod sa isang makaDabvid na pinuno, ngunit alinman kina Hesus o mga NT Apostoles ay nagpokus sa adyendang ito. Hind ba ang OT ay kinasihan (cf. Mateo 5:17-19)? Ang NT mga may-akda ay inalis ang krusyal na pangwakas na panahon mga pangyayari?

May ilang mga pinagkukunan na impormasyon patungkol sa katapusan ng mundo:

1. OT mga propeta (Isaiaeh, Micah, Malachi)
2. OT apokaliptiko na mga manunulat (cf. Ezekiel 37-39; Daniel 7-12; Zech.)
3. intertestamental, di-kanonikal na Hudyo apokaliptikong mga manunulat (gaya ng I Enoch, na ipinahiwatig sa Jude)
4. Si Hesus Mismo (cf. Mateo 24; Marcos 13; Lucas 21)
5. ang mga kasulatan ni Pablo (cf. I Corinto 15; II Corinto 5; I Tesalonica 4-5; II Tesalonica 2)
6. ang mga kasulatan ni Juan (I Juan at Pahayag).

Ang lahat ba ng mga ito ay malinaw na nagturo ng malinawse na pangwakas na panahon adyenda (pangyayari, kronolohiya, mga persona)? Kung hindi, bakit? Ang mga ito ay hindi lahat kinasihan (maliban sa Hudyo intertestamental mga kasulatan)?

Ang Espiritu ay ipinahayag na mga katotohanan na OT na mga manunulat sa mga termino at mga kategorya na mauunawaan nila. Gayunpaman, sa pamamagitan ng progresibong kapahayagan ng Espiritu ay pinalawak ang mga OT eskatolohikal mga konsepto sa isang unibersal na sakop ("ang misteryo ni Kristo," cf. Efeso 2:11- 3:13. Tignan Natatanging Paksa sa 10:7). Narito ang ilang mga kaugnay na mga halimbawa:

1. Ang bayan ng Jerusalem sa OT ay ginamit bilang isang metapora ng bayan ng Diyos (Zion), ngunit itinuro tungo sa NT bilang isang termino na nagpapahayag ng pagtanggap ng Diyos sa lahat ng nagsisi, naniniwalang mga tao (ang bagong Jerusalem ng Pahayag 21-22). Ang teolohikal na pagpapalawak ng isang literal, pisikal na bayan tungo sa bagong bayan ng Diyos (naniniwalang mga Hudyo at mga Hentil) ay nagbabala sa pangako ng Diyos sa tinubos ng makasalanang sanglibutan sa Genesis 3:15, bago pa man ang anumang mga Hudyo o isang Hudyong kapital na bayan. Maging pagtawag kay Abraham (cf. Genesis 12:1-3) nagsangkot sa mga Hentil (cf. Genesis 12:3; Exodo 19:5).
2. Sa OT ang mga kaaway ng bayan ng Diyos' ay ang mga nakapaligid na mga bansa sa Sinaunang Near East, ngunit sa NT sila ay mas pinalawak sa lahat ng mga di-naniniwala, laban sa Diyos, makaSatanas na kinasihang mga tao. Ang labanan ay napunta mula sa isang heograpikal, panrehiyon na sagupaan tungo sa isang pandaigdigan, kosmilong sagupaan (cf. Colosas).
3. Ang pangako ng isang bayan na napaka kasama sa OT (ang Patriyarkal na mga pangako ng Genesis, cf. Genesis 12:7; 13:15; 15:7,15; 17:8) ay ngayong naging pangbuong mundo. Ang bagong Jerusalem ay bumaba mula sa muling nilikhang daigdig, hindi ang Near East lamang o ekskulsibo (cf. Pahayag 21-22).
4. Ilang mga halimbawa ng OT propetikong mga konsepto na pinalawaka ay:
    a. ang binihi ni Abraham ay ngayon ang espiritwal na tinuli (cf. Roma 2:28-29)
    b. ang tipanang bayan ay ngayon ay nagsasama sa mga Hentil (cf. Hosea 1:10; 2:23, sinipi sa Roma 9:24-

26;gayundin ang Levitico 26:12; Exodo
29:45, sinipi sa II Corinto 6:16-18 at Exodo 19:5; Deutronomio 14:2, sinipi sa Titus 2:14)

c. ang temple ay ngayon si Hesus (cf. Mateo 26:61; 27:40; Juan 2:19-21) at sa pamamagitan Niya ang lokal na iglesya (cf. I Corinto
3:16) at ang indibidwal na mga mananampalataya (cf. I Corinto 6:19)

d. maging ang Israel at ang mga katangiang naglalarawan sa OT na mga parirala ay ngayon tumutukoy sa buong bayan ng Diyos (i.e., "Israel," cf. Roma 9:6; Galacia 6:16, i.e., "kaharian of saserdotes," cf. I Pedro 2:5, 9-10; Pahayag 1:6)

Ang propetikong modelo (i.e., D. Brent Sandy, *Plowshares and Pruning-Hooks*) ay natupad, pinalawak, at ngayon ay mas eksklusibo. Si Hesus at ang Apostolikong mga manunulat ay hindi nagpresenta ng pangwakas na panahon sa kaparehong paraan na gaya ng sa OT mga propeta (cf. Martin Wyngaarden, *The Future of The Kingdom in Prophecy and Fulfillment*). Ang mga modernong mga interpreter na nagsubok na gawin ang OT model na literal r normatibo ay nabaluktot ang Pahayag tungo sa pinaka Hudyong aklat at pinilit na kahulugan tungo sa pinaliit, may kalabuan na mga parirala ni Hesus at Pablo! Ang NT mga manunulat ay hindi inalis ang OT mga propeta, ngunit ipinakita ang kanilang sukdulang unibersal na implikasyon. Walang organisado, lohikal na sistema sa eskatolohiya nina Hesus o Pablo. Ang kanilang layunin ay unang-una nagtutubos o pastoral (cf. I Corinto 15:58; I Tesalonica 4:18).

Gayunpaman, maging sa loob ng NT mayroong tensyon. Walang malinaw na pagsisistema ng eskatolohikal na mga pangyayari. Sa maraming mga paraan ang Pahayag ay nakakabiglang gumagamit ng OT mga pahiwatig sa paglalarawa sa katapusan sa halip ng mga katuruan ni Hesus (cf. Mateo 24; Marcos 13; Pablo)! Ito ay sumusunod sa pampanitikan dyanra na pinasimulan nina Ezekiel, Daniel, at Zacarias, ngunit nahubog sa panahon ng intertestamental periyod (Hudyo apokaliptiko panitikan). Ito marahil ay naging paraan ni Juan ng pagdudugtong sa Luma at Bagong Tipan. Ito ay nagpapakita ng pinatanda ng panahon na tularan ng rebelyon ng tao at ang pagtupad sa pangako ng Diyos sa pagtutubos! Ngunit dapat na pansinin na bagamat ang Pahayag ay nagpapahiwatig sa OT mga wika, mga persona, at mga pangyayari, ito ay muling nag-interpret sa kanila ayon sa liwanag ng unang siglong Roma (cf. Pahayag 1:7).

IKALAWANG TENSYON (monoteismo laban sa piniling bayan)

Ang biblikal na pagbibigay-diin sa isang personal, espiritwal, manlilikha-manunubos, ang Diyos (cf. Exodo 8:10; Isaias 44:24; 45:5-7,14,18,21-22; 46:9; Jeremias 10:6-7). Ang pagkakatangi ng Ot sa kanyang panahon ay ang monoteismo. lahat ng mga nakapaligid na mga bansa ay mga poleteista. Ang pagiging isa ng Diyos ay ang puso ng OT Pahayag (cf. Deutronomio 6:4). Ang paglikha ay isang yugto para sa layunin ng pakikisama sa pagitan Diyos at sanglibutan, ginawa ayon sa Kanyang imahe at wangis (cf. Genesis1:26-27). Gayunpaman, sanglibutan nagrebelde, nagkakasala laban sa pag-ibig, pamumuno, at layunin ng Diyos (cf. Genesis 3). Ang pag-ibig at layunin ng Diyos ay napakalakas at sigurado na Siya ay nangako na tubusin ang makasalanang sangkatauhan (cf. Genesis 3:15)!

Ang tensyon ay tumaas nang ang Diyos ay pinili na gamitin ang isang tao, isang pamilya, at isang bansa na abutin ang lahat ng sanglibutan . Ang eleksyon ng Diyos kay Abraham at sa mga Hudyo bilang isang kaharian ng mga saserdote (cf. Exodo 19:4-6) ay nagdulot ng kayabangan sa halip na paglilingkod, pagpapalayas sa halip na pag-aanyaya. Ang pagtawag ng Diyos kay Abraham ay nagsangkot ng intensyonal na pagpapalala sa lahat ng sanglibutan (cf. Genesis 12:3). Dapat na tandaan at bigyan-diin na nag OT election ay para sa pagseserbsiyo, hindi kaligtasan. Lahat ng Israel ay kailanman hindi tuwid sa Diyos (i.e., Roma 9:6), hindi kailanman naligtas batay lamang sa kanilang karapatan ng kapanganakan (cf. Juan 8:31-59; Mateo 3:9), ngunit sa pamamagitan ng personal na pananampalataya at pagsunod (cf. Genesis 15:6, sinipi sa Roma 4;3,9,22; Galacia 3:6). Ang Israel ay nawalan ng kanyang misyon (ang iglesya ay ngayon isang kaharian ng mga saserdote, cf. 1:6; II Pedro2:5,9), ginawang pribilehiyo ang mandato, espesyal na kinatatayuan sa halip na paglilingkod! Ang Diyos ay pumili ng isa para sa lahat!

**IKATLONG TENSYON** (kondisyonal na mga tipan lanban sa di-kondisyonal na mga tipan)

Mayroong isang teolohikal tensyon o kabalintunaan sa pagitan ng kondisyonal atd di-kondisyonal mga tipan. Ito ay tiyak na totoo na nag pagtutubos na layunin/plano ng Diyos ay di-kondisyonal (cf. Genesis 15:12-21 at ang pagdating ng Mesyas). Gayunpaman, ang minandato na pagtugon ng tao ay laging kondisyonal!

Ang "kung. . .magkagayon" na tularan ay lumitaw sa parehong OT at NT. Ang Diyos ay matapat; ang sanglibutan ay di-tapat. Ang tensyon na ito ay nagdulot ng labis na pagkalito. Ang mga interpreter ay may pagkiling na magpokus sa isa lamang "sungay ng suliranin," Ang katapatan ng Diyos o pagpupunyagi ng tao, ang soberenidad ng Diyos o kusang pagpili ng sanglibutan. Ang kapwa mga biblikal at kinakailangan.

Ito ay nag-uugnay sa eskatolohiya, sa OT mga pangako ng Diyos sa Israel. Kung ang Diyos ay nangako nito, ito na ang nag-ayos nito! Ang Diyos ay nakatali sa Kanyang mga pangako; ang Kanyang reputasyon ay kasangkot (cf. Ezekiel 36:22-38). Ang di-kondisyonal at kondisyonal na mga tipan ay natupad ni Kristo (cf. Isaias. 53), hindi ang Israel! Ang sukdulang katapatan ng Diyos ay nakasalalay sa pagtutubos sa lahat ng magsisisi at maniniwala, hindi sa kung sino ang iyon ama o ina! Si Kristo, hindi ang Israel, ay ang susi sa lahat ng mga tipan at pangako ng Diyos. Kung mayroong isang teolohikal na panaklong sa Bibliya, hindi ang Iglesya, ngunit ang Israel (cf. Gawa 7 at Galacia 3).

Ang pangmundo misyon ng proklamasyon ng ebanghelyo ay ipinasa sa Iglesya (cf. Mateo 28:19-20; Lucas 24:47; Gawa 1:8). Ito parin ay isang kondisyonal tipan! Hindi ito nagpahiwatig na nag Diyos ay lubusang itinakwil ang mga Hudyo (cf. Roma 9-11). Mayroon marahil isang lugar o layunin para sa pangwakas na panahon, naniniwalang Israel (cf. Zacarias 12:10).

**IKAAPAT NA TENSYON** (Near Eastern pampanitikang mga modelo laban sa kanluraning mga modelo a).

Ang dyanra ay ang kritikal na elemento sa tamang pagiinterpret ng Bibliya. Ang Iglesya ay naghubog ng kanluraning (Griyego) kultural na tagpuan. Ang silanganin panitikan ay mas higit na matalinghaga, metaporikal, at simboliko kaysa sa moderno, kanluraning pampanitikang kulturang mga modelo. Ito ay nakapokus sa tao, mga engkwentro, at mga pangyayari higit sa masusi proposisyonal na mga katotohanan. Ang mga Kristyano ay naging makasalanan sa paggamit ng kanilang kasaysayan at pampanitikan mga modelo sa paginterpret ng biblikal na propesiya (parehong OT at NT). Bawat henerasyon at heograpikal na bagay ay ginamit ang kultura, kasaysayan, at pagiging literal nito sa paginterpret ng Pahayag. Bawat isa sa kanila ay naging mali! Isang arogante kung iisipin na ang modernong kanluraning kultura ay ang pokus ng biblikal propesiya!

Ang dyanra kung saan ang orihinal, kinasihang may-akda ay piniling magsulat sa isang pampanitikang kontrata kasama ng mambabasa. Ang aklat ng Pahayag ay hindi historikal na salaysay. Ito ay isang kombinasyon ng liham (mga kabanata 1-3), propesiya, at karamihan ay apokaliptikong panitikan. Isang kamalian na gawin ang Bibliya ay nagsasabi ng higit sa intensyon ng orihinal na may-akda na gaya rin na ito ay nasasabi hindi sapat sa intensyon niya! Ang pag-aarogante at dogmatismo ng mga interpreter ay mas higit na di-naangkop sa gaya ng aklat na Pahayag.

Ang Iglesya ay kailanman hindi sumang-ayon sa isang nararapat na interpretasyon ng Pahayag. Ang aking malasakit ay ang marinig at pakitunguhan ang buong Bibliya, hindi ang ilang piniling mga bahagi. Ang silanganing isipin ng Bibliya ay nagprepresenta ng katotohanan sa puno ng tensyon mga pares. Ang ating kanluraning uso tungo proposisyonal na katotohanan ay hindi totoo, ngunit hindi balanse! Sa aking palagay posible na tanggalin ang ilan sa mga hindi nagkakasundo sa pag-ii interpret ng Pahayag sa pamamagitan ng pagpupuna sa nagbabagong layunin nito tungo sa sunod-sunod na mga henerasyon ng mga mananampalataya. Halata na karamihan ng mga interpreter ay nagsabi na ang Pahayag ay dapat na iinterpret ayon sa liwanag ng kanyang panahon at dyanra (Fee and Stuart, *How To Read the Bible For All Its worth*, pp. 249-264). Isang historikal paglapit sa Pahayag ay dapat na tumalakay sa unang mga mambabasa, at maaring, naunawaan (i.e., John L. Bray, *Mateo 24 Fulfilled*). Sa maraming mga paraan ang modernong mga interpreter ay nawala ang kahulugan ng maraming mga simbolo ng aklat. Ang inisyal na pangunahing pagtulak ng Pahayag ay upang palakasin ang loob ng inusig na mga mananampalataya. Ito ay nagpakita ng kontrol ng Diyos sa kasaysayan (na gaya ng sa OT mga propeta); ito ay nanindigan na nag kasaysayan ay gumagalaw tungo sa nakaatas na katapusan, paghahatol o pagpapala (gaya ng sa OT mga propeta). Ito ay nanindigan ng unang siglo Hudyong apokaliptiko mga termino sa pag-ibig, presensya , at soberenidad ng Diyos! Ito ay gumaganap sa ganitong kaparehong teolohikal na mga paraan sa bawat henerasyon ng mga mananampalataya. Ito ay naglalarawan ng kosmiko labanan ng mabuti at masama. Ang unang siglong mga detalye ay maaaring nawala sa atin, ngunit hindi ang makapangyarihan, nagpapaginhawang mga katotohanan. Kapag ang modernong, kanluranin mga interpreter ay nagsubok na puwersahin ang mga detalye ng Pahayag tungo sa kanilang pangkasalukuyang kasaysayan, ang tularan ng huwad na mga interpretasyon ay nagpapatuloy!

Medyo posible na mga detalye ng aklat ay maaring naging kapansin-pansin na literal muli (gaya ng sa OT kaugnay sa kapanganakan, buhay, at kamatayan ni Kristo) para sa huling henerasyon ng mga Mananampalataya habang sila ay nakaharap sa mabangis na pagsalakay ng mga laban sa Diyos na pinuno (cf. II Tesalonica2) at kulutra. Walang sinoman ang nakakalam ng literal na mga katuparan ng Pahayag hanggang sa mga salita ni Hesus (cf. Mateo 24; Marcos.13; at Lucas 21) at Pablo (cf. I Corinto 15; I Tesalonica 4-5; at II Tesalonica 2) ay nagiging historikal na malinaw na rin ito. Ang paghuhula, espekulasyon, at dogmatismo ay hindi naaangkop. Ang apokaliptiko panitikan ay nagpapahintulot ng kakahayan nito na bumaluktot. Salamat sa Diyos para sa mga imahe at mga simbolo na lumagpas sa historikal na salaysay! Ang Diyos ay may kontrol, Siya ay namumuno; Siya ay darating!

Karamihan ng modernong mga komentaryo ay hindi nakuha ang punto ng dyanra! Ang modernong kanluraning mga interpreter ay madalas na naghahanap ng isang malinaw, lohikal na sistemang teolohikal kaysa sa pagiging patas sa may kalabuan, simboliko, dramatikong dyanra ng Hudyo apokaliptikong panitikan. Ang katotohanang ito ay ipinahayag ng mainam ni Ralph P. Martin in his article, "Approaches to New Testament Exegesis," sa aklat na *New Testament Interpretation*, inidet ni I. Howard Marshall:

> "Maliban na ating makilala ang dramatikong kalidad sa kasulatang ito at muling maalala ang paraan kung saan ang wika ay ginamit bilang isang sasakyan upang ipahayag ang panrelihiyong katotohanan, tayo ay madalamhating nagkamali sa ating pagkakaunawa ng Apocalypse, at nagkamaling sumubok na iinterepret ang mga pangitain nito na parang ito ay isang aklat ng literal prosa at nag-aalala na maglarawan ng mga pangyayari ng empirikal at matatalang kasaysayan. Ang magtangka sa hulihang takbuhin ay ang tumakbo sa lahat ng uri ng mga problema ng interpretasyon. Higit na seryoso na ito ay nagdadala sa isang pagbaluktot ng esensyal na kahulugan ng apokaliptiko at kaya magkamali sa dakilang kahalagahan ng bahaging ito ng Bagong Tipan bilang isang dramatikong pagsasaad sa mitopatulang wika ng soberenidad ng Diyos kay Kristo at ang kabalintunaan ng kanyang pamumuno kung saan magkahalo ang pag-ibig at tapang (cf. 5:5,6; ang Leon at ang Tupa)" (p. 235).

W. Randolph Tate sa kanyang aklat *Biblical Interpretations* ay nagsabi:

> "Walang ibang dyanra ng Bibliya ang naging napakaalab na basahin na may tiyak na nagpapalungkot na mga resulta na gaya ng sa apocalypse, lalo na ang mga aklat ni Daniel at Pahayag. Ang dyanra na ito ay nagdusa mula sa nakakasirang kasaysayan ng maling interpretasyon dahil sa isang pundamental na maling pagkakaunawa sa pampanitikan mga anyo nito, estruktura, at layunin. Dahil sa pinakaangkin nito na ihayag ang anomang madaling mangyayari, ang apocalypse ay tinignan bilang isang mapa ng daan at isang plano ng hinaharap. Ang malatrahedyang kamalian ng pananaw na ito ay ang pagpapalagay na ang balangkas ng reperensiya ng mga aklat

ay ang pangkasalukuyang panahon ng mga mambabasa kaysa sa may-akda. Ang maling paggabay na paglapit na ito sa apocalypse (partiklar na ang Pahayag) ay pinakitunguhan ang gawa na parang ito ay isang kriptogram kung saan ang pangkasalukuyang mga pangyayari ay maaring magamit upang iinterpret ang simbolo ng teksto . . .Una, ang interpreter ay dapat na makilala na ang apokaliptiko ay ipinagbibigay alam ang kanyang sa pamamagitan ng simbolismo. Ang maginterpret ng isang simbolo ng literal kapag ito ay metaporikal ay simpleng maling paginterpret. Ang isyu ay hindi sa kung ang mga pangyayari sa apokaliptiko ay historikal. Ang mga pangyayari ay maaring historikal; sila ay maaring nangyari nga, o maaring mangyayari, ngunit ang may-akda ay nagpresenta ng mga pangyayari at ipinagbigay alam ang kahulugan sa pamamagitan ng mga imahe at mga arkitipo" (p. 137).

Mula sa *Dictionary of Biblical Imagery*, inidet ni Ryken, Wilhost at Longman III:

"Sa ngayon ang mga mambabasa ay madalas na nalilito at nabibigo sa dyanrang ito. Ang di-inaasahang pag-iimahe at labas sa mundong ito na mga karanasan ay tila kakaiba at wala sa saliw ng karamihan sa Kasulatan. Ang pagtanggap sa panitikang ito sa mukha lamang ay nag-iiwan sa maraming mga mambabasa na maglabo-labo upang madetermina ang 'ano ang mangyayari kapag,' kaya hindi nakukuha ang intensyon ng apokaliptikong mensahe" (p. 35).

**IKALIMANG TENSYON** (ang Kaharian ng Diyos bilang pangkasalukuyan ngunit hinaharap)

Ang kaharian ng Diyos ay pangkasalukuyan, subalit panghinaharap. Ang teolohikal na kabalintunaang ito ay naging pokus sa puntong ito ng eskatolohiya. Kung inaasahan ng isa ang literal na katuparan ng lahat ng OT mga propesiya sa Israel magkagayon ang Kaharian ay nagiging halos isang muling pagpapanumbalik sa Israel tungo sa isang heograpikal na lokalidad at isang teolohikal pre-eminensya! Ito ay maaring mangailangan na ang Iglesya ay sekretong naraptyur sa labas ng kabanata 5 at ang natitirang mga kabanata kaugnay sa Israel (ngunit pansinin ang Pahayag 22:16).

Gayunpaman, kung ang pokus ay sa kaharian na pinasisinayaan ng pangako ng OT Mesyas, magkagayon ito ay kasama na ni Kristo sa unang pagdating, at ang pokus ay naging ang inkarnasyon, buhay, mga katuruan, kamatayan, at muling pagkabuhay ni Kristo. Ang teolohikal na pagbibigay-diin sa kasalukuyang kaligtasan. Ang kaharian ay dumating na, ang OT ay natupad sa pag-aalok ng kaligtasan ni Kristo sa lahat, hindi ang Kanyang milenyal na pamumuno sa ilan!

Tiyak na totoo na ang Bibliya ay nagsasalita ng parehong mga pagdating ni Kristo, ngunit saan ilalagay ang pagbibigay-diin? Tila para sa akin ang karamihan sa OT mga propesiya ay nagpokus sa unang pagdating, ang pagtatatag ng Mesyanikong kaharian (cf. Daniel 2). Sa maraming mga paraan ito ay analogo sa eternal na pamamahala ng Diyos (cf. Daniel 7). Sa OT ang pokus ay sa eternal na pamumuno ng Diyos, subalit ang mekanismo para sa manipestasyon ng pamumuno ay ang ministeryo ng Mesyas (cf. I Corinto 15:26-27). Hindi ito tanong kung ano ang totoo; ang pareho ay totoo, ngunit saan ang pagbibigay-diin? Dapat na sabihin na ang mga interpreter ay naging napakapokus sa milenyal na pamumuno ng Mesyas (cf. Pahayag 20) na sila ay nagkamali sa biblikal pokus sa eternal na pamumuno ng Ama. Ang pamumuno ni Kristo ay panimulang pangyayari. Gaya ng ang dalawang mga pagdating ni Kristo ay hindi masyadong halata sa OT, alinman ay isang temporal na pamumuno ng Mesyas!

Ang susi sa pangangaral at katuruan ni Hesus ay ang kaharian ng Diyos. Ito ay parehong pangkasalukuyan (sa kaligtasan at paglilingkod), at panghinaharap (sa pagkalaganap at kapangyarihan). Ang Pahayag, kung ito ay nakapokus sa isang Mesyanikong pamumuno (cf. Pahayag 20), ay preliminarya, hindi sukdulan (cf. Pahayag 21-22). Hindi ito halata mula sa OT na ang temporal na pamumuno ay kinakailangan; sa katunayan, ang Mesyanikong pamumuno ng Daniel 7 ay eternal, hindi milenyal.

**IKAANIM NA TENSYON** (siguradong pagbabalik ni Kristo laban sa ang pagpapaliban Parousia)

Karamihan ng mga mananampalataya ay naturuan na si Hesus ay malapit ng dumating, madalian, at di-inaasahan (cf. Mateo 10:23; 24:27,34,44; Marcos 9:1; 13:30; Pahayag 1:1,3; 2:16; 3:11; 22:7,10,12,20). Ngunit bawat nag-aabang na henerasyon ng mga mananampalataya sa kasalukuyan ay nagkamali! Ang kamadalian (malapit na) na pagbabalik ni Hesus ay isang makapangyarihang pangako ng pag-asa sa bawat henerasyon, ngunit isang realidad sa tanging isa (at ang isa na inusig na isa). Ang mga Mananampalataya ay dapat na mamuhay na tila Siya ay darating bukas, ngunit magplano at magimplementa ng Dakilang Komisyon (cf. Mateo 28:19-20) kung Siya ay magtatagal.

Ilang mga sipi sa Ebanghelyo (cf. Marcos 13:10; Lucas 17:2; 18:8) at I at II Tesalonica ay batay sa pinagpalibang Ikalawang Pagdating(*Parousia*). Mayroong ilang historikal mga pangyayari na kailangang mangyari muna:

1. ang pandaigidgang ebanghelisasyon (cf. Mateo 24:14; Marcos 13:10)
2. ang kapahayagan ng "ang lalake ng Kasalanan" (cf. Mateo 24:15; II Tesalonica 2; Pahayag 13)
3. ang matinding pag-uusig (cf. Mateo 24:21,24; Pahayag 13)

Ito ay puno ng layuning kalabuan (cf. Mateo 24:42-51; Marcos 13:32-36)! Mamuhay sa bawat araw na tila ito na ang iyong huling araw ngunit magplano at magsanay para sa panghinaharap na ministeryo!

**HINDI PAGBABAGO AT BALANSE**

Dapat na sabihin na ang magkaibang mga paaralan ng modernong eskatolohikal na interpretasyon ay lahat naglalaman ng kalahating mga katotohanan. Sila ay nagpaliwanag at naginterpret ng mainam sa ilang mga teksto. Ang problema ay nakasalalay sa di-nagbabago at balanse. Madalasa mayroong isang tala ng presuposisyon na gumamit ng biblikal na teksto upang punan ang naitakda nang teolohikal eskeleton. Ang Bibliya ay hindi nagpahayag ng isang lohikal, kronolohikal, sistematikong eskatolohiya. Ito ay gaya ng isang pamilyang album. Ang mga larawan ay totoo, ngunit hindi laging nasa ayos, sa konteksto, sa isang lohikal na sekuwensya. Ilang mga larawan ay naalis sa album at sa kalaunang henerasyon ng miyembro

ng pamilya ay hindi alam ng eksakto kung paano ang mga ito ay ibabalik. Ang susi sa nararapat na interpretasyon ng Pahayag ay ang intensyon ng orihinal na may-akda na ipinahayag sa kanyang pagpili ng pampanitikan dyanra. Karamihan sa mga interpreter ay nagsubok na dalhin ang kanilang eksihetikal na kagamitan at mga pamamaraan mula sa ibang mga dyanra ng NT papunta sa kanilang mga interpretasyon sa Pahayag. Sila ay nakapokus sa OT sa halip na pahintulutan ang mga katuruan Hesus at Pablo ang magtakda ng teolohikal estruktura at hayaan ang Pahayag ang umakto bilang ilustrasyon.

Dapat kong aminin na ang aking paglapit sa komentaryong ito ay may ilang takot at pag-iingat , hindi dahil sa sumpa ng Pahayag 22:18-19, ngunit dahil sa antas ng kontrobersiyang naidulot sa interpretasyon ng aklat na ito at patuloy na naidulot sa mga tao ng Diyos. Mahal ko ang kapahayagan ng Diyos. Totoo na lahat ng tao ay sinungaling (cf. Roma 3:4)! Pakiusap gamitin ang komentaryong ito bilang isang pagtatangka na magbigay isipin at hindi pagpapaliwanag, bilang isang posteng pananda at hindi mapa ng daan, bilang ang "ano kaya kung," hindi isang "kaya sinabi ng Panginoon." Nakaharap ko ng mukhaan ang aking kakulangan, mga pagkiling, at teolohikal na adyenda. Nakita ko na rin yaong sa ibang mga interpreter. Tila halos nakita ng mga tao sa Pahayag ano man ang inaasahan nilang makita. Ang dyanra ay nagdadala sa pag-abuso nito! Gayunpaman, ito ay nasa Bibliya para sa isang layunin. Ang paglalagay nito bilang isang nagtatapos na "salita" ay hindi aksidente. Ito ay may mensahe mula sa Diyos para sa Kanyang anak sa bawat henerasyon. Nais ng Diyos na tayo ay makaunawa! Tayo ay maghawak-hawak ng kamay, hindi magbuo ng mga kampo, tayo ay sumang-ayon kung ano ang malinaw at sentral, hindi lahat ng maaari, mangyayari, o maaring totoo. Tutulungan tayong lahat ng Diyos!

Gamitin nag espasyo na ito upang ilista ang iyong mga sariling presuposisyon patungkolsa kung paano iinterpret ang Pahayag. Lahat tayo ay nagdadala ng ating mga pagkiling sa ating pagiinterpret sa aklat na ito. Ang pagkikila sa kanila ay makakatulong sa ating upang mapagtagumpayan ang impluwensya ng mga ito at maglilimita sa ating mga dogmatismo.

1.

2.

3.

4.

# PANIMULA SA LUMANG TIPAN NA PROPESIYA

I. PANIMULA

A. Pambungad na mga Pananalita

1. Ang nananampalatayang komunidad ay hindi nagkakasundo sa kung paano bibigyan kahulugan ang propesiya. Ibang mga katotohanan ay naitatag bilang isang ortodoksiyang posisyon sa buong mga siglo, ngunit hindi ang isa na ito.
2. Mayroong ilang maliwanag na mga yugto ng OT propesiya
   a. bago ang monarkiya (bago si Haring Saul)
      1) mga indibidwal na tinawag na mga propeta
         a) Abraham - Genesis 20:7
         b) Moses - Bilang 12:6-8; Deutronomio 18:15; 34:10
         c) Aaron – Exodo 7:1 (tagapagsalita ni Moses)
         d) Miriam - Exodo 15:20
         e) Medad at Eldad - Bilang 11:24-30
         f) Deborah - Hukom 4:4
         g) di-pinangalanan - Hukom 6:7-10
         h) Samuel - I Samuel 3:20
      2) mga reperensiya sa mga propeta bilang grupo - Deutronomio 13:1-5; 18:20-22
      3) propetang mga grupo o samahan - I Samuel 10:5-13; 19:20; I Hari 20:35,41; 22:6,10-13; II Hari 2:3,7; 4:1,38; 5:22; 6:1, etc.
      4) Ang Mesyas ay tinawag na propeta - Deutronomio 18:15-18
   b. hindi-nagsusulat na monarkyal na mga propeta (sila ay nagsasalita sa hari)
      1) Gad - I Samuel 7:2; 12:25; II Samuel 24:11; I Cronico 29:29
      2) Nathan - II Samuel 7:2; 12:25; I Hari 1:22
      3) Ahijah - I Hari 11:29
      4) Jehu - I Hari 16:1,7,12
      5) di-pinangalanan - I Hari 18:4,13; 20:13,22
      6) Elias -I Hari 18; II Hari 2
      7) Milcaiah - I Hari 22
      8) Eliseo - II Hari 2:8,13
   c. mga klasikal na nagsusulat na mga propeta (sila ay nagsasalita sa bansa gayundin sa hari): Isaias—Malakias (maliban kay Daniel)

B. Biblikal na mga Termino

1. *ro'eh* = seer, I Samuel 9:9. Ang reperensiya na ito ay nagpapakita ng transisyon sa termino *Nabi,* na nangahulugang "propeta" at nagmumula sa ugat na, "tumawag." *Ro'eh* ay mula sa pangkalahatang Hebreong termino "makita." Ang taong ito ay nauunawaan ang mga paraan at plano ng Diyos at kinukonsulta upang matiyak ang kalooban ng Diyos sa isang bagay.
2. *hozeh* = seer, II Samuel 24:11. Ito ay karaniwang isang kasingkahulugan ng *ro'eh*. Ito ay mula sa bihirang Hebreong termino "makakita ng isang pangitain." Ang pandiwaring anyo ay ginamit ng madalas upang tumukoy sa mga propeta.
3. *nabi'* = propeta, magkaugnay sa Akkadian na pandiwa *nabu* = "tumawag" at Arabiko *naba'a* = "iproklama." Ito ang pinaka karaniwang OT na termino upang italaga ang isang propeta. Ito ay ginamit ng higit sa 300 beses. Ang eksaktong etimolohiya ay di-tiyak, ngunit ang "tumawag" sa kasalukuyan ay tila ang pinakamainam na opsyon. Posibleng ang pinamainam na pagkakaunawa ay mula sa nabuong paglalarawan ni YHWH sa relasyon ni Moses sa Faraon sa pamamagitan ni Aaron (cf. Exodo 4:10-16; 7:1; Deutronomio 5:5). Ang propeta ay isang tao na nagsasalita para sa Diyos sa Kanyang bayan (cf. Amos 3:8; Jeremias 1:7,17; Ezekiel 3:4).
4. Lahat ng tatllong mga termino ay ginamit sa opisina ng propeta sa I Cronico 29:29; Samuel - *Ro'eh*; Nathan - *Nabi'*; at Gad - *Hozeh*.

5. Ang pariralang *'ish ha - 'elohim*, "lalake ng Diyos," ay isa ring pinalawak na designasyon para sa tagapagsalita ng Diyos. Ito ay ginamit ng ilang 76 beses sa OT sa pakahulugan ng "propeta."
6. Ang salitang "propeta" sa Griyegong pinagmulan. Ito ay nagmula sa (1) *pro* = "bago" o "para"; (2) *phemi* = "magsalita."

## II. KAHULUGAN NG PROPESIYA

A. Ang terminong "propesiya" ay may malawak na semantikong larangan sa Hebreo kaysa sa Englis. Ang mga Hudyo ay tinatakan ang kasaysayang mga aklat mula kay Josue hanggang sa Hari (maliban kay Ruth) "ang mga dating mga propeta." Parehong si Abraham (Genesis 20:7; Awit 105:5) at Moses (Deutronomio 18:18) ay itinalaga bilang mga propeta (gayundin si Miriam, Exodo 15:20). Samakatuwid, mag-ingat sa isang ipinagpalagay na kahulugan sa Englis!

B. "Propetanismo ay lehitimong mabibigyan kahulugan sa pamamagitan ng pag-uunawa sa kasaysayan na tumatanggap ng mga kahulugan sa tanging mga termino sa banal na malasakit, banal na partisipasyon" (*Interpreter's Dictionary of the Bible*, vol. 3, p. 896).

C. "Ang propeta ay hindi alinman isang pilosopo o sistematikong teolohiko, ngunit isang tipanang tagapamagitan na nagdadala ng salita ng Diyos sa Kanyang bayan upang mahubog ang kanilang hinaharap sa pamamagitan ng pagrereporma ng kanilang kasalukuyan" ("Prophets and Prophecy," *Encyclopedia Judaica*, vol. 13, p. 1152).

## III. LAYUNIN NG PROPESIYA

A. Ang propesiya ay isang paraan ng Diyos na magsalita sa Kanyang bayan, nagtutustos ng pagpatnubay sa kanilang kasalukuyang tagpuan at pag-asa sa Kanyang pagkontrol sa kanilang mga buhay at mga pangyayari sa mundo. Ang kanilang mensahe ay karaniwang pangkalahatan. Ito ay ginawa upang magsuway, magpalakas ng loob, magdagdag ng pananampalataya at pagsisisi, at magbigay impormasyon sa mga tao ng Diyos patungkol sa Kanyang sarili at Kanyang mga plano. Hinahawakan nila ang tao ng Diyos sa katapatana sa Tipan ng Diyos. Madalas ito ay ginamit upang malinaw na ihayag ang pagpili ng Diyos sa isang tagapagalita (Deutronomio 13:1-3; 18:20-22). Ito, sa sukdulan, ay tumukoy sa Mesyas.

B. Madalas, ang propeta ay kinukuha ang makasaysayan o teolohikal na krisis ng kanyang panahon at itinutuon sa isang ekastolohikal na tagpuan. Ang huling-panahon na pananaw sa kasayasayan (teleologikal) ay natatangi sa Israel at sa kanyang banal na eleksyon at tipanang mga pangako.

C. Ang opisina ng propeta ay tila nagbabalanse (Jeremias 18:18) at pumapalit sa Punong Saserdote bilang isang paraan ng pagkilala sa kalooban ng Diyos. Ang Urim at Thummim ay lumalagpas tungo sa isang pasalitang mensahe mula sa tagapagsalita ng Diyos. Ang opisina ng propeta ay tila rin ay lumipas na sa Israel pagkatapos ng Malakias (o ang pagsusulat ng Cronico). Hindi ito lumitaw ay hanggang sa 400 na mga taon na sa kalaunan ay kay Juan na Tagabautismo. Hindi tiyak kung paano ang Bagong Tipan na kaloob ng "propesiya" ay nauugnay sa OT. Ang mga Bagong Tipan na mga propetas (Gawa 11:27-28; 13:1; 14:29,32,37; 15:32; I Corinto 12:10,28-29; Efeso 4:11) ay hindi mga tagahayag ng bagong kapahayagan, ngunit mga pasulong-na-tagapahayag at paunang tagapahayag ng kalooban ng Diyos sa kasalukuyang sitwasyon.

D. Ang Propesiya ay hindi eksklusibo o unang-una ay panghuhula ang kalikasan. Ang prediksyon ay isang paraan upang makompirma ang kanyang opisina at kanyang mensahe, ngunit dapat pansinin ". . .mababa sa 2% ng OT propesiya ay Makamesyas. Mababa sa 5% ay partikular na naglalarawan sa Bagong Tipan na Panahon. Mababa sa 1% inaasahang mga pangyayari ay darating pa lamang (Fee & Stuart, *How to Read the Bible For All Its Worth*, p. 166).

E. Ang mga propeta ay kumakatawan sa Diyos para sa mga tao, habang ang mga Saserdote ay kumakatawan sa tao tungo sa Diyos. Ito ay isang pangkalahatang pananalita. Mayroong eksepsyon gaya ng Habakkuk, na nagbibigay ng mga katanungan sa Diyos.

F. Isang dahilan ay napakahirap na maunawaan ng mga propeta dahil sa hindi natin alam kung paano ang kanilang

mga aklat ay ibinalangkas. Hindi ito kronolohikal. Sila ay tila tematiko, ngunit hindi laging inaasahan ng sinoman. Madalas walang halatang makasaysayang tagpuan, panahon-banghay, o malinaw na pagkakahati sa pagitan ng mga orakulo, napakahirap na (1) basahin ang mga aklat sa pamamagitan ng isag upuan; (2) na ibalangkas sila sa pamamagitan ng paksa; at (3) mapatunayan ang sentral na katotohanan o pagkamay-akdang intensyon sa bawat orakulo.

## IV. MGA KATANGIAN NG PROPESIYA

A. Sa Lumang Tipan tila mayroong isang pag-unlad ng konepto ng "propeta" at "propesiya." Sa naunang Israel nahubog doon ang isang samahan ng mga propeta, pinangungunahan ng isang malakas karismatikong pinuno gaya nina Elias at Eliseo. Minsan ang parirala "ang mga anak ng mga propeta" ay ginamit upang italaga ang grupong ito (II Hari 2). Ang mga propeta paminsan-minsan ay kinikilala sa pamamagitan ng mga anyo ng lubos na kagalakan (I Samuel 10:10-13; 19:18- 24).

B. Gayunpaman, ang periyod na ito ay lumipas ng mabilis tungo sa panahon ng indibidwal na mga propeta. Ang mga ito ay yaong mga propeta (kapwa totoo at huwad) na nakikiayon sa Hari, at naninirahan sa palasyo (Gad, Nathan). Gayundin, mayroon yaon mga nagsasarili, minsan lubusang walang koneksyon sa antas ng kalagayan ng lipunan ng Israelita (Amos, Micah). Sila ay kapwa lalake at babae (II Hari 22:14).

C. Ang propeta ay madalas na tagahayag ng hinaharap, nakondisyon sa tao o sa mga taong dagliang pagtugon. Madalas ang tungkulin ng propeta ay ilatag ang pangkalahatang plano ng Diyos para sa Kanyang nilikha na hindi apektado ng pantaong pagtugon. Ang pangkalahatang ekastolohikal na plano ay natatangi sa mga propeta ng Israel sa sinaunang Near East. Prediksyon at Tipanang pagkamatapat ay kambal na pokus ng malapropetang mga mensahe (cf. Fee at Stuart, p. 150). Ito ay nagpapahiwatig na ang mga propeta ay unang-una ay pangkalahatan ang pokus. Sila ay madalas, ngunit hindi eksklusibo, ang nagpapahayag sa bansa ng Israel.

D. Karamihan ng malapropetang materyal ay ibinigay ng pasalita. Ito ay sa kalaunay pinagsama sa pamamagitan ng tema o kronolohiya, o iba pang mga tularan ng Near Eastern panitikan na wala na sa atin. Dahil sa ito ay pasalita, hindi ito nakaistruktura gaya ng isinulat na prosa. Ito ang nagpapahirap sa mga aklat na basahin ng diretso at napakahirap na maunawaan ng walang partikular na makasaysayang tagpuan.

E. Ang mga propeta ay gumamit ng ilang mga tularan upang iparating ang kanilang mga mensahe
   1. Eksena sa Korte – Ang Diyos ay dinadala ang Kanyang bayan sa korte; madalas ito ay isang deborsyong kaso kung saan si YHWH ay itinatakwil ang kanyang asawa (Israel) dahil sa kanyang pagtataksil (Hosea 4; Micah 6).
   2. Lamay na Panambitan – ang espesyal na metro ng tipo ng menshaeng ito at mga katangian "pighati" ay nagtatakda dito bilang isang espesyal na anyo (Isaias 5; Habakkuk 2).
   3. Tipanang pagpapala na pagpapahayag – ang kondisyonal na kalikasan ng Tipan ay binigyan diin at ang mga konsikuwensiya, kapwa positibo at negatibo, ay binaybay para sa hinaharap (Deutronomio 27-29).

## V. BIBLIKAL NA MGA KWALIPIKASYON PARA SA PAGBEBERIPIKA NG ISANG TUNAY NA PROPETA

A. Deutronomio 13:1-5 (mga prediksyon/tanda ay nakadugtong sa monoteistikong kadalisayan)

B. Deutronomio 18:9-22 (mga bulaang propeta/tunay na mga propeta)

C. Kapwa lalake at babae ay tinawag at itinalaga bilang mga propeta o propetesa
   1. Miriam - Exodo 15
   2. Deborah - Hukom 4:4-6
   3. Huldah - II Hari 22:14-20; II Cronico 34:22-28

G. Sa mga nakapaligid na mga kultura ang mga propeta ay pinatutunayan sa pamamagitan ng kanilang paghula. Sa Israel sila ay pinatutunayan sa pamamagitan ng

1. isang teolohikal na pagsubok – ang paggamit ng pangalan ni YHWH
2. isang makasaysayang pagsubok – wastong mga prediksyon

## VI. MAKATUTULONG NA MGA GABAY PARA SA PAGBIBIGAY KAHULUGAN SA PROPESIYA

A. Hanapin ang intensyon ng orihinal na propeta (patnugot) sa pamamagitan ng pagpuna sa makasaysayang tagpuan at pampanitikang konteksto ng bawat orakulo. Madalas ito ay nagsasangkot ng pagsuway ng Israel sa Mosaik na Tipan sa ilang paraan.

B. Basahin at iinterpret ang buong orakulo, hindi lamang bahagi; ibalangkas ito ayon sa nilalaman. Tignan kung paano ito nauugnay sa nakapalibot na mga orakulo. Subuking ibalangkas ang buong aklat (sa pamamagitan ng pampanitikang yunit at sa talataang antas).

C. Ipagpalagay ang isang literal interpretasyon ng sipi hanggang isang bagay sa teksto mismo ang nagtuturo sa iyo sa isang matalinghagang pagkakagamit; pagkatapos ay tangkain na ilagay ang matalinghagang wika sa prosa.

D. Ianalisa ang simbolikong aksyon ayon sa makasaysayan-tagpuan at kahilerang mga pasahe. Siguraduhing tandaan na ang sinaunang Near Eastern na panitikan, hindi ang kanluranin o modernong panitikan lamang.

E. Tratuhin ang mga prediksyon ng may pag-iingat
   1. Sila ba ay eksklusisbo sa panahon ng may-akda?
   2. Sila ba ay sunod-sunod na natupad sa kasaysayan ng Israel?
   3. Sila ba ay paparating na panghinaharap na mga pangyayari?
   4. Mayroon ba silang pangkasalukuyang katuparan ngunit isang panghinaharap na katuparan?
   5. Pahintulutan ang mga may-akda ng Bibliya, hindi sa mga modernong may-akda, ang maggabay sa iyong mga kasagutan.

F. Espesyal na mga alalahanin:
   1. Ang prediksyon ba naangkop sa pamamagitan ng kondisyonal na pagtugon?
   2. May katiyakan ba kung kanino ipinapahayag ang propesiya (at bakit)?
   3. Mayroon bang posibilidad na parehong biblikal at/o makasaysayan para sa maramihang mga katuparan?
   4. Ang mga NT may-akda sa ilalim ng inspirasyon ay nagawang makita ang Mesyas sa maraming lugar ng OT na hindi halata sa atin. Sila ay tila gumamit ng tipolohiya o salitang paglalaro. Dahil sa tayo ay hindi inspirado, pinakamainam na iwananan ang paglapit na ito sa kanila.

## VII. MGA MAKATUTULONG NA MGA AKLAT

A. *A Guide to Biblical Prophecy* ni Carl E. Armerding at W. Ward Gasque

B. *How to Read the Bible for All Its Worth* ni Gordon Fee at Douglas Stuart

C. *My Servants the Prophets* ni Edward J. Young

D. *Plowshares and Pruning Hooks: Rethinking the Language of Biblical Prophecy and Apocalyptic*

ni D. Brent Sandy

E. *Cracking the Old Testament Code*, D. Brent Sandy at Ronald L. Giese, Jr.

# PANIMULA SA PAHAYAG

## PAMBUNGAD NA MGA PANANALITA

A. Karamihan ng aking pangmatandang akademya/teolohikal na buhay na aking nakamit ay kapareha ng yaong mga naniwala sa Bibliya na kunin ito ng "literal" (at ito naman ay tunay na totoo para sa histroikal na salayasay). Gaunpaman, mas nagiging halata sa akin na kapag kinuha ng literal ang propesiya, panulaan, parabula at apokaliptikong panitikan ay ang hindi pagkuha sa punto ng kinasihang teksto. Ang intensyon ng may-akda, hindi pagiging literal, ay ang susi sa isang nararapat na pag-unawa sa Bibliya. Ang gawin ang Bibliya na magsalita ng higit (doktrinal na partikular) ay kasing panganib at nagliligaw kapag iinterpret ito sa paraan na gawin ito na magsalita na mas kaunti sa intensyon ng orihinal, kinasihang manunulat. Ang pokus ay dapat ang mas malaking konteksto, ang historikal na tagpuan, at ang intensyon ng may-akda na ipinahayag sa teksto mismo at sa kanyang pagpili ng dyanra. Ang dyanra ay isang pampanitikang kontrata sa pagitan ng may-akda at mambabasa. Ang hindi pagkuha sa palatandaan na ito ay magdadala sa maling interpretasyon!

Ang aklat ng Pahayag ay siguradong totoos, ngunit hindi ang historikal na salaysay, hindi para kunin ng literal. Ang dyanra mismo ay isinisigaw ang puntong ito sa atin kung atin lamang papakinggan ito. Hindi ito nangahulgan na hindi ito kinasihan, o hindi totoo; ito lamang ay matalinghaga, kriptiko, simboliko, metaporikal, at imahinatibo. Ang unang siglo mga Huydo at mga Kristyano ay pamilyar sa tipong ito ng panitikan, ngunit tayo ay hindi! Ang mga Kristyanong simbolismo sa *The Lord of the Rings* o sa *Chronicles of Narnia* ay maaring posibleng mga modernong mga kahilera.

B. Ang Pahayag ay isang natatanging Hudyong pampanitikan dyanra, isang apokaliptiko. Ito ay madalas na ginamit sa puno ng tensyon na panahon (i.e., ang Israel ay dominado ng Hentil na mga kapangyarihan) upang iphayag ang kombiksyon na ang Diyos ay may kontrol sa kasaysayan at magdadala pagpapalaya sa Kayang bayan. Ang tipong ito ng panitikan ay kinakikitaan ng

1. isang malakas na pakahulugan ng unibersal na soberinidad ng Diyos (monoteismo at determinismo)
2. isang labanan sa pagitan ng mabuti at masama, ang masamang panahon na ito at ang panahon ng katuwiran na darating (dualismo)
3. ang paggamit sa sekretong kodigong mga salita (madalas mula sa OT o intertestamental na Hudyong apokaliptikong panitikan)
4. ang paggamit sa mga kulay, mga hayop, at minsan mga hayop/mga tao
5. ang paggamit sa simbolikong mga numero (i.e. 4, 6, 7, 10, 12)
6. ang paggamit sa malaanghel na pamamagitan sa paraan ng mga pangitain at mga panaginip, ngunit madalas sa pamamagitan ng malaanghel na interpretasyon
7. unang-una na nagpopokus sa dagliang-pagparito, klikmatikong mga pangyayari ng pangwakas na panahon (bagong panahon )
8. paggamit sa isang nakatakdang pangkat ng mga simbolo, hindi realidad, upang ipagbigay alam at pangwakas na panahon na mensahe mula sa Diyos
9. Ilang mga halimbawa ng tipong dyanrang ito ay mga:
   a. Lumang Tipan
      (1) Isaias 13-14; 24-27; 56-66
      (2) Ezekiel 1; 26-28; 33-48
      (3) Daniel 7-12
      (4) Joel 2:28-3:21
      (5) Zacarias 1-6, 12-14
   b. Bagong Taon
      (1) Mateo 24, Marcos 13, Lucas 21, at I Corinto 15 (sa ilang mga paraan)
      (2) II Tesalonica 2 (sa maraming mga paraan)
      (3) Pahayag (mga kabanata 4-22)
   c. Daniel 7-12 at Pahayag 4-22 ay mga klasikong mga halimbawa ng dyanrang ito sa Bibliya
10. hindi kanonikal (kinuha mula sa D. S. Russell, *The Method and Message of Jews Apocalyptic*, pp. 37-38)
    a. I Enoch, II Enoch (ang Secrets of Enoch)
    b. Ang Aklat ng Jubilees
    c. Ang Sibylline Oracles III, IV, V
    d. AngTestamento ng Labindalawang mga Patriyarka
    e. Ang Awit ni Solomon
    f. Ang Pagpapalagay ni Moses
    g. Ang Pagkamartir ni Isaias
    h. Ang Apokalipso ni Moses (Buhay nina Adan at Eba)

i. Ang Apokalipso ni Abraham
j. Ang Testamento ni Abraham
k. II Esdras (IV Esdras)
l. II & III Baruch

11. Mayroong pakiramdam ng dualidad sa dyanrang ito. Nakikita nito ang realidad bilang isang serye ng mga dulaismo, salungatan, o mga tensyon (na napakakaraniwan sa mga kasulatan ni Juan) sa pagitan ng:
    a. langit - lupa
    b. masamang panahon (masamang mga tao at masamang mga anghel) – bagong panahon ng katuwiran (makadiyos na mga tao at makadiyos na mga anghel)
    c. kasalukuyang pag-iiral – panghinaharap na pag-iiral

    Lahat ng mga ito ay gumagalaw tungo sa isang kaganapan na dinala ng Diyos. Hindi ito ang mundo na ninais ng Diyos na maging ito, ngunit Siya ay nagpatuloy sa pagplano, paggawa, at itinuon ang Kanyang kalooban para sa isang restorasyon ng matalik na pakikisama na nagmula sa Hardin ng Eden. Ang Kristyanong pangyayari ay ang pinagmumulan ng plano ng Diyos, ngunit ang dalawang mga pagdating na ito ay nagdala ng kasalukuyang mga dualismo.

C. Ang mga apokaliptikong mga gawa na ito ay kailanman hindi ipineresenta ng pasalita, sila ay laging isinulat. Sila ay labis na may estrukuturang, pampanitikang mga gawa. Ang estruktura ay krusyal para sa isang naaangkop na interpretasyon. Isang pangunahing bahagi ng plinanong estruktura ng aklat ng Pahayag iay pitong pampanitikang mga yunit, na kahanay sa bawat isa sa ilang mga saklaw (e.g., ang pitong mga selyo, pitong mga trumpeta, at pitong mga mangkok). Sa bawat siklo ng paghuhukom ay nagragdagan: mga selyo, 1/4 destruksyon; mga trumpeta, 1/3 destruksyon; mga mangkok, lubusang destruksyon. Sa loob ng bawat pampanitikang yunit ang Ikalawang Pagdating ng Kristyano o ilang eskatalohikal na pangyayari ay lumitaw: (1) ika-anim na selyo, 6:12-17; (2) ikapitong trumpeta, 11:15-18; pangwakas na panahon anghel ng paghuhukom in 14:14-20; (3) ikapitong mga mangkok, 16:17-21 at muli sa 19:11-21 at muli pa rin sa 22:6-16 (at punahin muli ang tatluhang titulo para sa Diyos sa 1:4,8 at Kristo sa 1:17,18, "siya na, siya na naging, at siya na darating," pansinin ang panghinaharap na aspeto ay inalis sa 11:17 at 16:5 na nangahulugan na ang panghinaharap ay dumating [i.e. ikalawang pagdating]). Ito ay nagpapakita na ang aklat ay hindi kronolohikal na sekuwensyal, ngunit isang drama sa ilang mga akto na nakikita ang kaparehong periyod ng panahon sa progresibo marahas na OT paghuhukom na mga paksa (cf. James Blevins, *Revelation as Drama* at "The Genre of Revelation" sa <u>Review and Expositor</u>, Sept. 1980, pp. 393-408).

Mayroong pitong pampanitikang mga seksyon at isang prologo at isang epilogo

1. prologo, 1:1-8
2. mga kabanata 1:9-3 (Kristo at ang pitong mga iglesya)
3. mga kabanata 4-8:1 (langit at ang pitong mga selyo [2:1-17 intermedyo sa pagitan ng 6th at 7th mga selyo])
4. mga kabanata 8:2-11 (pitong mga anghel kasama ng mga trumpeta [10:1-11:13 intermedyo sa pagitan ng 6th at 7th na mga trumpeta])
5. mga kabanata 12-14 (ang dalawang mga komunidad at kanilang mga pinuno)
6. mga kabanata15-16 (pitong mga anghel kasama ng mga mangkok)
7. mga kabanata 17-19 (Babylonia at ang paghuhukom nito)
8. mga kabanata 20-22:5 (paghuhukom at ang bagong langit at lupa)
9. epilogo, 22:6-21

Isa na namang may-akda na naniwala sa rekapitulasyong teorya ay si William Hendriksen. Sa kanyang aklat aklat, *More Than Conquerors,* binalangkas niya ang aklat sa ganitong paraan:

1. mga kabanata 1-3 (si Kristo sa gitan ng Pitong Kandelaryo)
2. mga kabanata 4-7 (Ang Aklat kasama ng Pitong mga selyo)
3. mga kabanata 8-11 (ang Pitong mga trumpeta ng Paghuhukom)
4. mga kabanata 12-14 (ang babae at ang lalakeng-bata na inusig ng Dragon at Kanyang mga Katulong [ang Hayop at ang Patutot])
5. mga kabanata 15-16 (ang Pitong mga mangkok ng Poot)
6. mga kabanata 17-19 (ang pagbagsak ng Dakilang Patutot at ang Hayop)
7. mga kabanata 20-22 (ang paghuhukom sa Dragon (Satanas) sinundan ng Bagong Langit at Lupa, Bagong Jerusalem), p. 28

    Sa *More Than Conquerors*, William Hendriksen ay nagsasabi na ang Pahayag ay may pitong seksyon mga: 1-3; 4-7; 8-11; 12-14; 15-16; 20-22 at bawat isa ng mga ito ay kahanay at sumasakop sa periyod sa pagitan ng unang pagdating ni Kristo at Kanyang ikalawang pagdating. Bawat isa ay nagtatapos ng ilang mga aspeto na kaugnay sa paghuhukom at sa Ikalawang Pagdating (pp. 22-31).

    Bagamat ako ay siguradong sumasangayon sa dramatikong pararelismo ng mga selyo, mga trumpeta, at mga mangkok at ako rin ay labis na naaakit sa 17-19 na kahilera sa 20-22 (mayroong ikawalang pagdating sa 19:11-21 at isa pang ikalawang pagdating sa 22:6-16), Hindi ko makita kung saan ang bawat ng kanyang pitong mga

seksyon nagtatapos sa *Parousia*, lalo na sa mga kabanata 1-3, maliban mayroong isang aspeto ng paghuhukom na nakita bilang eskatolohikal na pangyayari (cf. 2:5,7,11,16-17,25-26; 3:5,10,12,18-21). Gayunpaman, para sa akin, ang pituhang rekapitulasyon na ito ay nagiging higit at mas higit na isang posibilidad para sa pag-uunawa sa kahilerang estruktura ng buong aklat.

D. Halata na ang numerong "pito" ay may bahagi ng malaki sa estruktura ng aklat na makikita mula sa pitong mga iglesya, pitong mga selyo, pitong mga trumpeta, at pitong mga mangkok. Ilang ibang mga halimbawa ng "pito" ay mga:
1. 7 mga pagpapala, 1:3; 14:13; 16:15; 19:9; 20:6; 22:7,14
2. 7 mga kandelaryo, 1:12
3. 7 mga espiritu ng Diyos, 1:4; 3:1; 4:5; 5:6
4. 7 mga bituin, 1:16,20; 2:1
5. 7 mga lampara ng apoy, 4:5
6. 7 mga selyo sa baklumbon, 5:1
7. 7 mga sungay, 7 mga mata sa kordero, 5:6
8. 7 mga katangian ni Hesus ay pinuri, 5:12
9. 7 mga tanda sa kalikasan, 6:12-14
10. 7 mga tipo ng tao, 6:15
11. 7 mga katangian ng Diyos ay pinuri, 7:12
12. 7 mga anghel sa harap ng Diyos, 8:2,6
13. 7 mga trumpeta na hawak ng pitng mga anghel, 8:6 (15:1,6,7,8; 17:1; 21:9)
14. 7 mga tanda, 12:1,3; 13:13,14; 15:1; 16:14; 19:20
15. 7 mga ulo, 7 dayadem ng pulang dragon, 12:3
16. 7 mga ulo ng hayop sa dagat, 13:1; 17:3,7
17. 7 mga anghel, 14:6-20
18. 7 mga salot, 15:1; 21:9
19. 7 mga burol, 17:9
20. 7 mga hari 17:10
21. 7 mga bagay na wala na sa mga kabanata 21-22 (21:1,4[four times]; 21:25; 22:3)

E. Ang interpretasyon ng aklat ay mas madaling kapitan ng teolohikal na pagkiling. Ang presuposisyon ng isang tao ay nagtutulak sa interpretasyon ng may kalabuang mga detalye. Ang mga teolohikal na mga presuposisyong ito ay gumaganap sa ilang mga antas
1. ang pinagmulan ng mga simbolo
   a. Lumang Tipan na mga pahiwatig
      (1) ang OT mga tema gaya ng nilika, ang pagbagsaka sa kasalanan, ang pagbaha, ang exodo, pinanumbalik na Jerusalem
      (2) daan-daang mga pahiwatig (hindi direktang mga sipi) mula sa OT mga propeta
   b. intertestamental Hudyong panitikan (I Enoch, II Baruch, Sibylline Oracles, II Esdras)
   c. unang siglong Greco-Romanong mundo
   d. sinaunang Near Eastern kosmolohikal-paglikha na mga tala (lalo na ang Pahayag 12)
2. ang balangkas panahon ng aklat
   a. unang siglo
   b. bawat siglo
   c. huling henerasyon
3. sistematikong teolohikal na grid (tignan paliwanag sa p. 14, "Historical Theories of Interpretation," C; isang mabuting buod, *Four Views on the Book of Revelation*, ed. C. Marvin Pate)
   a. preterista
   b. historihista
   c. futurista
   d. idealista
4. teolohikal na mga posisyon sa kabanata chapter 20 (tignan tsart sa p. 193; mabuting mga buod: (1) *The Meaning of the Millennium: Four Views*, ed. Robert G. Clouse at *Three Views of the Millennium and Beyond*, ed. Darrell L. Bock)
   a. isang milenyal
   b. post-milenyal
   c. pre -milenyal
   d. dispensesyonal pre-milenyal

Ayon sa hermenyutikal na pagkakalayu-layo (ang magkaibang mga paglapit sa interpretasyon) at d-naangkop na dogmatismo (ang alam lahat na pag-uugali), paano dapat ang interepter ay susulong?
1. ating aminin na ang modernong kanluraning mga Kristyano ay hindi naunawaan ang dyanra at hindi nakilala ang

historikal na mga pahiwatig na nag unang mga Kristyano ay dagliang naunawaan.
2. ating aminin na ang bawat henerasyon ng mga Kristyano ay pinilit ang Pahayag tungo sa personal historikal na tagpuan nito at lahat ay nagkamali pa.
3. Ating basahin ang Bibliya bago nating masahin ang teolohikal na mga sistema. Hanapin ang pampanitikang kontekto ng bawat pangitain/orakulo at ilahad ang sentral na katotohanan sa isang paturol na pangungusap. Ang sentral na katotohanan ay pareho sa bawat henerasyon ng mga mananampalataya habang ang pagkapartikular ng mga detalye ay maaring kaugnay lamang sa una at/o huling henerasyon ng mga mananampalataya. Ang mga detalye ay maaring mahalaga, ngunit hindi kasaysayan, hindi teolohiya, ang maghahayag ng kanilang katuparan.
4. Ating tandaan na ang aklat na ito ay unang-una ay isang salita ng pampalakas loob at kaginahawaaan sa katapatan sa gitna ng pag-uusig sa mga mananampalataya ng di-mga mananampalataya. Ang aklat na ito ay hindi nangahulugan na sagutin ang pagkamausisa ng bawat henerasyon ng mga mananampalataya, o magbalangkas ng isang detalyadong plano ng pangwakas na panahong mga pangyayari.
5. Mas ligtas na panindigan na ang makasalanang sangkatauhan ay nasa pagbunggong lakbayin sa kaharian ng Diyos. Sa simula ay lilitaw na ang mundo ay nagwagi (gaya ng sa Kalbaryo), ngunit sandali; ang Diyos ay soberino, Siya ay may kontrol ng kasaysayan, ng buhay at kamatayan. Ang Kanyang bayan ay matagumpay sa Kanya!

F. Sa kabila ng kahirapan at kalabuan ng interpretasyon, ang aklat na ito ay may mensahe at isang kinasihang salita mula sa Diyos tungo sa Kanyang bayan sa bawat panahon. Nagkakahalaga ito ng higit na pagsusumigasig sa pag-aaral sa natatanging aklat na ito. Ang estratehikong posisyon nito sa NT kanon ay nagsasalita sa pinakamensahe nito. Alan Johnson, *The Expositor's Bible Commentary*, vol. 12, ay nagsasabi

> "Tunay nga , ito ay marahil na mabuti na, maliban sa mga Ebanghelyo, ang Apokalipso ay naglalaman ng pinakamalalim at nakakaantig na katuruan sa Kristyanong doktrina at pagdidisipulo na matatagpuan saan man sa Banal na Kasulatan. Alinman sa panatesismo ng ilan na itinakda ang kanilang atensyon sa propesiya kaysa kay Kristo, maging ang pagkakalyu-layo ng nagpapakahulugang puntong pananaw ay dapat magpahina sa ating loob mula sa pagtutugis sa mga Kristyanong katotohanan sa kagila-gilalas na aklat na ito" (p. 399).

Tandaan, ang mga ito ay tunay na huling mga salita ni Hesus sa Kanyang iglesya! Ang modernong Iglesya hindi nangahas na ipagwalang bahala o paliitin sila! Sila ay dapat na maghanda sa mga mananampalataya para sa pag-uusig at labanan ayon sa soberenidad ng Diyos (monoteismo), ang realidad ng masamang isa (limitadong dualismo), ang nagpapatuloy na mga resulta ng pagbagsak sa kasalanan (rebelyon ng tao), at ang mga pangako ng Diyos upang tubusin ang sangkatauhan (walang kondisyon na tipan, cf. Genesis 3:15; 12:1-3; Exodo 19:5-6; Juan 3:16; II Corinto 5:21).

## MAY-AKDA

A. Panloob na ebidensya sa pagkamay-akda ni Juan na Apostol
   1. Ang may-akda ay pinangalanan ang kanyang sarili ng apat na beses bilang Juan (cf. 1:1,4,9; 22:8)
   2. Tinawag rin niya ang kanyang sarili bilang
      a. isang tagapaglingkod (cf.1:1; 22:6)
      b. isang kapatid ang kamanggagawa at kahati sa tribulasyon (cf. 1:9)
      c. isang propeta (cf. 22:9), at tinawag ang kanyang aklat na isang propesiya (cf. 1:3; 22:7,10,18,19)
   3. Nalalaman niya ang OT (hindi gumamit ng LXX, ngunit Targums) gayundin ang paglalakabya sa ilang na periyod, ang Tabernakulo at kasalukuyang Sinagogang mga pamamaraan.

B. Panlabas na ebidensya sa pagkamay-akda ni Juan na Apostol mula sa naunang mga Kristyanong may-akda
   1. Juan na Apostol, anak ni Zebedee
      a. Justin na Martir (Rome A.D. 110-165) sa *Dialogue with Trypho* 81.4
      b. Irenaeus (Lyons A.D. 120-202) sa *Against Heresies* IV.14.2; 17.6; 21.3; V.16.1; 28.2; 30.3; 34.6; 35.2
      c. Tertullian (Hilagang Africa A.D. 145-220) sa *Against Praxeas* 27
      d. Origen (Alexandria A.D. 181-252) in
         (1) *On the Soul*, L:8:1
         (2) *Against Marcion*, II:5
         (3) *Against Heretics*, III:14, 25
         (4) *Against Celsus*, VI:6, 32; VIII:17
      e. ANg Muratorian Kanon (Roma A.D. 180-200)
   2. Ibang mga kandito
      a. Juan Marcos – Ito ay unang binanggit ni Dionysius, Bishop ng Alexandria (A.D. 247-264), na

nagtanggi sa pagkamay-akda ni Juan na Apostol ngunit pinanghahawakan parin ang gawan na isang kanonikal. Ibinatay niya ang kanyang pagtakwil ayon sa bokabularyo at istilo gayundin ang di-kilalang kalikasan ng ibang mga kasulatan ni Juan. Nakumbinse niya si Eusebius ng Caesarea.

b. Juan ang matanda – Ito ay mula sa isang sipi kay Eusebius mula kay Papias (*Eccl. His.* 3.39.1-7). Gayunpaman, ang sipi ni Papias ay ang ginamit ang titulong ito para kay Juan na Apostol kaysa sa pagsaaad nito sa iba pang may-akda.

c. Juan na Tagabautismo – (na sa kalaunang editoryal na mga pagdaragdag) na iminungkahi ni J. Massyngberde Ford sa Anchor Bible na komentaryo, batay ng unang-una sa paggamit ni Juan na Tagabautismo paggamit sa "kordero" para kay Hesus. Ang tanging ibang paglitaw ng titulong ito sa Pahayag.

C. Si Dionysius, ang obispo ng Alexandria (A.D. 247-264) at estudyante ni Origen, ay ang unang nagpahayag ng alinlangan (ang kanyang aklat ay nawala, ngunit siya ay sinipi ni Eusebius ng Caesara, na sumang-ayon sa kanya) patungkol sa pagkamay-akda ni Juan na Apostol, batay sa

1. Juan na Apostol ay hindi tumutukoy sa kanyang sarili bilang Juan sa Ebanghelyo o maging sa kanyang mga sulat, ngunit ang Pahayag ay mula kay "Juan"
2. ang estruktura ng Pahayag ay magkaiba mula sa Ebanghelyo at mga sulat
3. ang bokabularyo ng Pahayag ay magkaiba mula sa Ebanghelyo at mga sulat
4. ang gramatikal na istilo ng Pahayag ay mas mababa sa kalidad kaysa sa Ebanghelyo at mga sulat

D. Marahil ang pinakaseryosong modernong paghamon sa pagkamay-akda ni Juan na Apostol ay mula kay R. H. Charles sa *Saint John,* Vol. I p. xxxixff.

E. Ang karamihan ng modernong iskolarsip ay nagtakwil sa tradisyonal na pagkamay-akda ng maraming mga NT aklat. Isang mabuting halimbawa ng takbong ito ay kaugnay sa pagkamay-akda ng Pahayag ay marahil kay Raymond E. Brown, isang kilalang Katolikong pangJuan na iskolar . Ang panimulang bolyum ng Anchor Bible Commentary mga serye ay nagsasabi na, "isinulat ng isang Hudyong Kristyanong propeta na may pangalang Juan na hindi alinman kina Juan, anak ni Zebedee, o maging nag manunulat ng pangJuan na Ebanghelyo o nga Sulat" (p. 774).

F. Sa maraming paraan ang pagkamay-akda ay hindi tiyak. Mayroong malakas na pagkakahanay sa ibang mga kasulatan ni Apostol Juan at may malakas rin na pagkakaiba. Ang susi sa paguunawa sa aklat na ito ay hindi sa taong may-akda, ngunit sa Banal na may-akda! Ang may-akda ay naniwalang sa kanyang sarili na isang inspiradong propeta (cf. 1:3; 22:7,10,18,19).

## PETSA

A. Ito ay tiyak na lahatang karugtong sa pagkamay-akda at nagpapakahulugang perspektibo (cf. Historical Theories C.)

B. Ilang posibleng nga petsa

1. Ang tradisyonal na petsa ay sa panahon ng pamumuno ni Domitian (A.D. 81-96) sapagkat ito ay tumutugma sa ebidensya ng pag-uusig
   a. Irenaeus (sinipi ni Eusebius) sa *Against Heresies*, 5.30.3. "Ito (ang pag-uusig na ito) ay hindi nakita ng napakatagal na, halos sa ating henerasyon, sa pagsasara ng pamumuno ni Domitian"
   b. Clement ng Alexandria
   c. Origin ng Alexandria
   d. Eusebius ng Caesarea, *Church History,* iii.23.1
   e. Victorinus, *Apocalypse* x.11
   f. Jerome
2. Epiphanius, isang ikatlong siglong manunulat, sa *Haer*, 51.12, 32, ay nagsasabi na si Juan ay nagsulat nito pagkatapos ng kanyang kalayaan mula sa Patmos na panahon sa pamumuno ni Claudius (A.D. 41-54).
3. Ang iba ay ipinagpalagay na ito ay sa panahon ng pamumuno ni Nero (A.D. 54-68) dahil sa :
   a. ang halatang kinaligirang kultong pag-uusig ng Emperador
   b. *Caesar Nero*, ay isinulat sa Hebreo, katumbas na numero ng hayop, 666
   c. Kung ang mga preterista ay tumpak na ang Pahayag ni Juan ay tumutukoy sa pagkawasak ng Jerusalem, magkagayon para sa aklat na maging propesiya, ito ay dapat na maisulat bago ang A.D. 70

## MGA TAGAPAGTANGGAP

A. Mula sa 1:4 halata na ang orihinal na mga tagatanggap ay ang pitong mga iglesya sa Romanong Probinsya ng Asya. Ang mga iglesyang ito ay pinagsalitaan sa paraan upang magpahiwatig ng rutang paglalakbay ng tagapagdala ng sulat.

B. Ang mensahe ng Pahayag ay natatanging nauugnay sa lahat ng mga iglesya at sa mga mananampalataya na nakakaranas ng pag-uusig mula sa makasalanang sistema ng mundo.

C. Gaya ng kanonikal na konklusyon sa NT ang aklat na ito ay isang mensahe ng kaganapan sa lahat ng mga mananampalataya sa lahat ng panahon.

## OKASYON

A. Ang tagpuan ay pag-uusig na dulot ng paghihiwalay ng lokal na mga iglesya mula sa legal na proteksyon na itinalaga ng Roma sa Judaismo. Ang pagbabahaging ito ay nangyari ng opisyal noong A.D. 70's nang ang mga rbai mula sa Jamnia ay nagtatag ng isang panunumpang pormula na naghahangad na ang mga miyembro ng lokal na sinagoga ay sumpain si Hesus ng Nazareth.

B. Ang Romanong mga dokumento ay nagsaad na ang pagsamaba sa Emerador ay naging pangunahing labanan sa iglesya mula sa pamumuno Nero (A.D. 54-68) hanggang kay Domitian (A.D. 81-96). Gayunpaman, walang dokumentasyon ng isang opisyal na pangemperyong-lawak na pag-uusig. Tila ang Pahayag ay nagpakita sa masayang lokal na kulotng emperador na pagsamba sa Silanganing mga Probinsya ng Romanong Emperyo (cf. "Biblical Archaeology Review," May/June 1993 p. 29-37).

## ANG PALAUGNAYAN

A. Mayroong maraming gramatikal na mga problema sa Griyegong teksto.

B. Ilang posibleng mga dahilan para sa mga problemang ito
   1. Ang Aramaic na tularang kaisipan ni Juan.
   2. Siya ay walang eskriba sa Patmos para magsulat para sa kanya.
   3. Ang kasiyahan sa mga pangitain ay labis na nakakapuspos.
   4. Sila ay puno ng layunin para sa mga pinili.
   5. Ang dyanra (apokaliptikong) ay labis na matalinghaga.

C. Ang kaparehong gramatikal na idyosinkrasiya ay matatagpuan sa ibang Hudyong apokaliptikong mga kasulatan. Samakatuwid, ang Pahayag ay hindi isinulat sa isang mahinang gramatikal na istilo, ngunit sa isang dyanra na may gramatikal na pagkakaiba.

## KANONASIDAD

A. Ito ay itinakwil ng naunang Silanganing Iglesya; ang aklat ay hindi lumitaw sa Peshitta (ikalimang siglo Syriac na bersyon).

B. Sa naunang ikaapat na siglo sina Eusebius, sumusunod kay Dionysius ng Alexandria sa huling ikatlong siglo, ay nagsabi na ang Pahayag ay hindi isinulat ni Apostol Juan. Inilista niya ito bilang isa sa "pinagaawayan" na mga aklat ngunit isinama sa kanonikal na listahan (cf. *Ecclesiastical History*, III.24.18; III.25.4; and III.39.6).

C. Ang Konseho ng Laodicea (mahigit A.D. 360) ay inalis ito mula sa listahan ng mga kanonikal na mga aklat. Si Jerome ay itinakwil ito bilang isang kanonikal, ngunit ang Konseho ng Carthage (A.D. 397) ay isinama ito. Ang Pahayag ay inamin sa pamamagitan ng pagkakasundo sa pagitan ng silanganin at kanluraning mga iglesya kung saan ang parehong Hebreo at Pahayag ay tinanggap sa NT kanon.

D. Dapat nating kilalanin na ang pananampalatayang presuposisyon ng mga mananampalataya na ang Banal na Espiritu ang naggabay sa historikal na proseso ng pag-unlad ng mga Kristyanongkanon.

E. Ang dalawang pangunahing mga teolohiyo ng Protestanteng Repormasyon ay itinakwil ang lugar nito sa mga Kristyanong doktrina

1. si Martin Luther ay tinawag itong hindi alinman na propetiko o apostoliko, sa esensya ay itinakwil ang inspirasyon nito.
2. Si John Calvin, na nagsulat ng komentaryo sa bawat aklat ng NT maliban sa Pahayag, sa esensya ay nagtatakwil ng kahalagahan nito.

## HISTORIKAL NA MGA TEORYA NG INTERPRETASYON

A. Ito ay kilalang kilala na mahirap iinterpret; samakatuwid, ang dogmatismo ay hindi naangkop!

B. Ang mga simbolo ay kinuha mula sa
   1. Lumang Tipan apokaliptikong mga sipi sa
      a. Daniel
      b. Ezekiel
      c. Zacarias
      d. Isaias
   2. intertestamental Hudyo apokaliptikong panitikan
   3. ang unang siglo Greko-Romanong historikal na tagpuan (lalo na ang Pahayag 17)
   4. sinaunag Near Eastern mitolohikal na paglikhang mga tala (lalo na ang Pahayag 12)

C. Sa pangkalahatan mayroong apat na nagpapakahulugang mga grid o presuposisyon
   1. PRETERISTA – sng grupong ito ay nakikita nag aklat bilang unang-una o eksklusibong kaugnay sa uang siglong mga iglesya sa Romanong Probinsya ng Asya. Lahat ng mga detalye at mga propesiya ay natupad sa unang siglo (see John L Bray, *Matthew 24 Fulfilled*).
   2. HISTORIHSITA – ang grupong ito ay nakikita ang aklat bilang isang pangkalahatang pagtinging sa kasaysayan, unang-una ng Kanluraning sibilisasyon at sa ilang pakahulgan ang Romaning Katolikong Iglesya. Madalas ang mga sulat sa pitong mga iglesya ng mga kabanata 2 at 3 ay ginamit bilang isang deskripsyon ng tiyak na mga periyod ng panahon. Ang ilan ay nakita ito bilang pansamantalang sinkronous at iba pa bilang kronolohikal na sekwensyal.
   3. FUTURISTA – ang grupong ito ay nakikita ang aklat bilang tumutukoy sa mga pangyayari na dagliang nauuna at sumusunod sa *Parousia* (Ikalawang Pagbabalik ni Kristo) na literal at historikal na natupad (tignan *Progressive Dispensationalim,* ni Craig A. Blaising at Darrell L Bock).
   4. IDEALISTA – ang grupong ito ay nakikita nag aklat bilang lahatang simboliko ng labanan sa pagitan ng mabuti at masama na walang historikal na reperensiya (tigna Ray Summers, *Worthy Is the Lamb*; William Hendriksen, *More Than Conquerors*).

   Lahat ng mga ito ay may ilang balidad, ngunit sila ay hindi nakuha ang intensyonal na kalabuan ng pagpili ni Juan's ng dyanra at pag-iimahe. Ang problema ay sa balanse, hindi sa kung sino ang tama.

## LAYUNIN NG AKLAT

A. Ang layunin ng Pahayag ay upang ipakita nag soberenidad ng Diyos sa kasayasayan at ang pangako ng kaganapan ng lahat ng bagay sa Kanya. Ang matapat ay mananatili sa pananampalataya at pag-asa sa gitna ng pag-uusig at agresyon ng makasalanang sistema ng mundong ito. Ang pokus ng aklat ay sa pag-uusig (Emperor na pagsamba sa silanganing mga probinsya) at katapatan (bulaang mga guro at kultural na pagkakasundo) ng mga mananampalataya sa unang siglo at sa bawat siglo (cf. 2:10). Tandaan, ang mga propeta ay nagsalita ng panghinaharap sa pagsusumigasig na ireporma ang kasalakuyan. Ang Pahayag ay hindi lamang patungkol sa kung paano ito magwawakas, ngunit paano ito magpapatuloy. Sa kanyang artikulo sa *The Expositors Bible Commentary*, Vol. I na may pamagat na, "The Eschatology of the Bible," Robert L. Sancy ay nagsabi,

   > "ang biblikal na mga propeta ay hindi nagaalala ng unang-una sa panahon at kronolohikal na pagkakaayos ng panghinaharap na mga pangyayari. Para sa kanila ang espiritwal na kalagayan ng kanilang kasalukuyan ang punto ng kahalagahan at ang matinding eskatolohikal na pagbibisita ng Diyos para sa paghuhukom ng di-matuwid at ang pagpapala sa mga matapat ay isinasama para sa etikal na patama sa kasalukuyan" (p. 104).

B. Ang pangkalahatang layunin ay pinagsama lahay sa isang maayos na maikling panimula sa TEV at NJB mga salin
   1. TEV, p. 1122, "Ang Pahayag kay Juan ay isinulat sa isang panahon nang ang mga Kristyano ay inuusig dahil kanilang pananampalataya kay Hesukristo bilang Pangioon. Ang pangunahing alalahanin ng manunulat ay magbigay sa mga mambabasa ng pag-asa at lakas ng loob, at upang himukin sila na manatili na matapat sa panahon ng pagdurusa at pag-uusig."

2. NJB, p. 1416, “Ang Bibliya ay pinasama lahat sa mensahe ng pag-asa at ang mayamang simbolismo ng aklat na ito. Ito ay isang pangitain ng pagliligtas mula sa pagsubok na kinahaharpa ng bayan ng Diyos at isang pangako ng maluwalhating hinaharap. Ang mensahe ay ipinahayag sa pamamagitan ng pag-iimahe na kinuha mula sa buong Bibliya, upang ang lahat ng mga katangian, mga hayop, mga kulay, mga numero, ay nakakapukaw at puno ng oberton sa isang mambabasa na pamilyar sa OT. Sa ganitong paraan ito ay sekreto at nagpapahiwatig na kapahayagan ng kung ano ang darating, bagamat ang natural na simbolismo ng dakilang mga gawa ng pagsamba at huling pangitain ng mesyaniong karangyaan ng bagong Banal na Bayan ay sapat na malinaw. Mayroong nang tradisyon ng kasulatan sa Judaismo mula sa Daniel pasulong, upang palakasin ang bayan ng Diyos sa pag-uusig na may katiyakan ng pangyayaring pagpapalaya at pagtatagumpay.

C. Krusyal na ang interpreter ay magbigay na pagtutubos na temang priyoridad .
1. ang Diyos ay dinala ang indibidwal, pangkalahatan, at kosmikonh kaligtasan sa pamamagitan ni Kristo.
2. ang pagtutubos ng Diyos ay parehong espiritwal at pisikal. Ang Iglesya ay naligtas, ngunit hindi walang panganib! Balang Siya ay magiging walang panganib!
3. ang Diyos ay nagmamahal parin sa makasalanan, mapanghimagsik, makasariling sangkatauhan. Ang poot ng Diyos sa mga selyo at mga trumpeta ay para sa pagtutubos (cf. 9:20-21; 14:6-7; 16:9,11; 21:6b-7; 22:17).
4. ang Diyos ay hindi lamang pinanumbalik ang makasalanang sangkatauhan, ngunit gayundin ang nilikha (cf. Roma 8:18-25). Ang kasamaan sa bawat antas ay aalisin!

Ang pabalik balik na pagtatangka ng Diyos na abutin ang sangkatauhan sa pamamagitan ng ebanghelyo ay nagpapalaki sa mapagbiyayang karakter ng Diyos. Ang mangkok ng mga paghuhukom ay ang resulta ng katigasan ng kasamaan, hindi sa walang pagmamahal na Diyos. Ang Diyos ay hahatol lamang at ihihiwalay ang kasamaan kapag ito ay tatanggi ng paulit-ulit na magsisi. Sa maraming mga paraan ang aklat ay binigyan katuwiran ang paghuhukom ng Diyos sa makasalanan, ayaw makipag-ayos na sangkatauhan! Ang aklat ay nagatatapos sa isang ebanghelyo ng pag-aanyaya (cf. 22:17).

D. Ang aklat na ito ay dapat hindi makita bilang isang kronolohikal na tsart ng mga pangyayari. panahon, at paraang ng Ikalawang Pagdating. Ito ay madalas na ininterpret bilang ang “sekreto” sa kanluraning kasaysayan (ang pitong mga iglesya nakita sa mga panahon). Bawat henerasyon ay pinilit ang pagkamakasaysayan nito tungo sa apokaliptikong mga simbolo; bawat isa ay nagkamali.

Ang mga detalye ng mga propesiyang ito ay mas higit na halata sa huling henerasyon ng mga mananampalataya na nagdurusa sa AntiKristo. Ang literal interpretasyon ay nagdulot sa aklat na ito na baliwalain ng ilan (Calvin), pinababa ang halaga (Luther, “hind alinman apostoliko o propetiko”), at labis na pagbibigay-diin (milenyalista).

# MGA SUSI NI BOB SA INTERPRETASYON

A. Kailangan nating pahalagahan ang OT na aspeto
   1. OT apokaliptikong dyanra ay labis na simbolikong pampanitikang tipo.
   2. Maraming mga pahiwatig ang kinuha mula sa OT (ang ilan ay nagtantya ng 404 mga talata 275 nagsama ng mga pahiwatig sa OT mga teksto); ang kahulugan ng mga simbolong ito ay maaring muling nainterpret ayong sa unang siglong Romanong sitwasyon.
   3. Propetikong pagbababala ay kinuha ang kasalukuyang pangyayari upang magbabala sa eskatolohikal na mga pangyayari. Madalas ang unang siglong historikal na mga katuparan na ito ay nagtuturo sa sukdulang pangwakas na panahong mga katuparan.

B. Ang pangkalahatang estruktura ng aklat ay tumutulong sa atin upang makita ang layunin ng may-akda
   1. Ang mga selyo, mga trumpeta, at mga mangkok ay sumasakop ng pangunahin sa kaparehong periyod ng panahon (mga kabanata 6-16). Ang Pahayag ay isang drama sa sekwensyal na mga akto.
   2. Posible na ang mga kabanata 17-19 ay kahanay sa 20-22. Ang mga bahagi ng kabanata 19 (i.e.,19:11-21) ay muling isinalaysay sa 20:7-10.
   3. Tignan ang pitong pampanitikang mga yunit sa Panimulang mga Pananalita, C.

C. Ang historikal na konteksto ay dapat na isaalang-alang sa anumang interpretasyon ng aklat
   1. Ang presensya ng Emperor na pagsamba
   2. Lokal na pag-uusig sa Silanganing mga Probinsya
   3. Ang Bibliya ay hindi mangahulugan ng hindi nito nais ipakahulugan. Ang interpretasyon ng Pahayag ay dapat na kaugnay ng unang-una sa panahon ni Juan. Ito ay maaring may pangkatang mga katuparan o aplikasyon, ngunit sila ay dapat nakabase sa unang siglo.

D. Ang kahulugan ng ilang mga kriptikong mga termino ay nawala sa atin dahil sa ating kultural, lingwistika at eksistensyal na tagpuan. Posibleng ang pangwakas na panahong mga pangyayari ay magbibigay ng liwanag para sa nararapat na interepretasyon ng mga simbolong ito. Maging maingat sa pagpilit ng lahat ng detalye ng apokaliptikong dramang ito. Ang mga modernong mga interpreter ay dapat na maghanap ng katotohanan sa bawat ng mga pangitaing ito.

E. Ating ibuod ang ilang mga susing nagpapakahulugang mga elemento
   1. Ang historikal na mga pinagmulan ng mga simbolismo
      a. OT mga tema, OT mga pahiwatig
      b. Ancient Near Eastern mitolohiya
      c. Intertestamental apocaliptikong panitikan
      d. Greko-Romano unang siglong tagpuan
   2. Ang mga paraan ng may-akda sa pagpapaliwanag ng kanyang simbolismo
      a. Usapan sa mga mala-anghel na gabay
      b. Ang himno ng makalangit na koro
      c. Ang may-akda mismo ang naglahad ng kahulugan
   3. Ang estruktura ng aklat (dramatikong pararelismo)

F. Higit pang makakatulong
   1. Aking dalawang paboritng mga komentarista sa Pahayag ay sina George Eldon Ladd at Alan F. Johnson. Sila ay hindi nagkasundo. Mayroong matinding di-pagkakaunawaan sa mga makadiyos, edukado, sinserong mga iskolar na ang salita ng pag-iingat ay naaangkop. Hayaan ninyo akong banggitin ang sinabi ni Alan Johnson sa kanyang *Commentary on Revelation* inilathala ng Zondervan:

> "Sa pananaw ng pinahabang gamit ng pag-iimahe at mga pangitain mula sa 4:1 hanggang sa wakas ng Pahayag at ang katanungan kung paano ang materyales na ito ay may kaugnayan sa mga kabanata 1-3, hindi nakakabigla na ang mga komentarista ay nagkaiba ng malaki sa kanilang pagtrato ng mga kabanatang ito. Isang problema ay ang interpretasyon: *Ano* ang ibig sabihin ng mga imahe at pangitain? Isa pang problema ay nagsasangkot ng kronolohiya: *Kailan* ang mga bagay na ito ay nangyari? Higit pa, si Juan ba ay ininterpret ang kanyang madalas na Lumang Tipang mga imahe sa eksaktong pagsang-ayon sa kanilang Lumang Tipan na mga pinagkuhaan, o siya ba ay malayang muling ininterpret ang mga imaheng ito? Ano ang simboliko at ano ang literal? Ang pagsagot sa mga katanungan na ito ay magdedetermina sa paraan ng interpreter. Dahil sa ilan ng mga katanungang ito ay may kakayahan sa dogmatikong mga kasagutan, mayroong pangangailangan para sa pagpaparaya ng magkakaibang mga paraan sa pag-asa

na ang Espiritu ay gagamitin ang bukas na isipang talakayan upang manguna sa ating sa higit pang kahulugan ng Apokalipso" (p. 69).

2. Para sa isang pangkalahatang panimula sa relasyon ng Pahayag sa OT, Aking inirerekomenda si John P. Milton's *Prophecy Interpreted* at John Bright's *The Authority of the Old Testament*. Para sa isang mabuting talakayan ng relasyon ng Pahayag kay Pablo, aking inirerekomenda si James S. Stewart's *A Man In Christ.*

## UNANG TAPUSANG PAGBASA (tingnan sa p. v)

Ito ay isang komentaryong gabay sa pag-aaral, na nangangahulugan na ikaw ay may pananagutan sa iyong sariling interpretasyon sa Bibliya. Ang bawat isa sa atin ay dapat lumakad sa liwanag na mayroon tayo. Ikaw, ang Bibliya, at ang Banal sa Espiritu ay pangunahin sa interpretasyon. Hindi mo dapat iasa ito sa taga-pagsuri.

Basahin ang buong aklat ng Bibliya sa isang pagkakataon. Ipahayag ang pangunahing tema ng buong aklat sa iyong sariling salita.

1. Paksa ng kabuuan ng aklat

2. Uri ng panitikan (genre)

## PANGALAWANG TAPUSANG PAGBASA (tingnan sa p. v)

Ito ay isang komentaryong gabay sa pag-aaral, na nangangahulugan na ikaw ay may pananagutan sa iyong sariling interpretasyon ng Bibliya. Ang bawat isa sa atin ay dapat lumakad sa liwanag na mayroon tayo. Ikaw, ang Bibliya, at ang Banal sa Espiritu ay pangunahin sa interpretasyon. Hindi mo dapat iasa ito sa taga-pagsuri.

Basahin ang buong aklat ng Bibliya sa pangalawang beses sa isang pagkakataon. Balangkasin ang pangunahin mga paksa and ipahayag ang paksa sa isang pangungusap.

1. Paksa ng unang pampanitikang yunit

2. Paksa ng pangalawang pampanitikang yunit

3. Paksa ng pangatlong pampanitikang yunit

4. Paksa ng pang-apat na pampanitikang yunit

5. at iba pa

# PAHAYAG 1:1-20

## MGA BAHAGI NG TALATAAN NG MGA MAKABAGONG SALIN*

| UBS[4] | NKJV | NRSV | TEV | NJB |
|---|---|---|---|---|
| Panimula at Salutasyon | Panimula at Benediksyon | Ang Prologo | Panimula | Prologo |
| 1:1-3 | 1:1-3 | 1:1-2 | 1:1-3 | 1:1-3 |
| | | 1:3 | 1:2-6 | |
| | Pagbati sa Pitong mga Iglesya | Panimulang mga Salutasyon | Pagbati sa Pitong mga Iglesya | Pagpapahayag at Pagbati |
| 1:4-5a | 1:4-8 | 1:4-5a | 1:4-5a | 1:4-8 |
| 1:5b-7 | | 1:5b-7 | 1:5b-6 | |
| | | | 5:7 | |
| Ang Pangitain kay Kristo | Ang Pangitain ng Anak ng Tao | Paghahandang Pangitain | Ang Pangitain kay Kristo | Paunang Pangitain |
| 1:9-11 | 1:9-20 | 1:9-11 | 1:9-11 | 1:9-16 |
| 1:12-16 | | 1:12-16 | 1:12-20 | |
| 1:17-20 | | 1:17-20 | | 1:17-20 |

## IKATLONG TAPUSANG PAGBASA (tingnan p. v sa panimulang seksyon)

***PAGSUNOD SA ORIHINAL NA LAYUNIN NG MAY-AKDA AYON SA ANTAS NG TALATA***

Ito ay isang komentaryong gabay sa pag-aaral, na nangangahulugan na ikaw ay may pananagutan sa iyong sariling interpretasyon sa Bibliya. Ang bawat isa sa atin ay dapat lumakad sa liwanag na mayroon tayo. Ikaw, ang Bibliya, at ang Banal sa Espiritu ay pangunahin sa interpretasyon. Hindi mo dapat iasa ito sa taga-pagsuri.

Basahin ang kabanata ng isang upuan. Alamin ang mga paksa. Ihambing ang iyong pagkakabahagi ng paksa sa limang makabagong salin. Ang pagkakatalata ay hindi isang inspirasyon, ngunit ito'y isang susi sa pagsunod sa layunin ng may akda na siyang puso ng interpretasyon. Bawat talata ay may isa at isa lamang na paksa.

1. Unang Talata
2. Ikalawang Talata
3. Ikatlong Talata
4. Atbpa.

---

* Bagamat sila ay hindi kinasihan, ang talataang pagkakabahagi ang susi sa pag-unawa at pagsunod sa orihinal na intension ng may akda. Ang bawat na makabagoong salin ay hinati at binalangkas ang mga talata sa isang kabanata. Bawat talata ay may isang sentrong paksa, katotohanan o kaisipan. Ang bawat bersyon ay binabalot ang paksa na yaon sa kanyang sariling kakaibang kaparaanan. Sa iyong pagbasa ng teksto, tanungin mo ang iyong sarili kung aling salin ang tumutugma sa iyong kaunawaan patungkol sa paksa at talataang pagkakabahagi.

Sa bawat kabanata dapat muna nating basahin ang Bibliya at subukin kilalanin ang mga paksa nito (mga talata), pagkatapos ay ikumpara an gating kaunawaan sa mga makabagong bersyon. Tanging sa ating pagunawa sa orihinal na intension ng may akda sa papamagitan ng pagsunod ng kanyang lohiko at presentasyon lamang natin tunay na mauunawaan ang Bibliya. Tanging ang orihinal na may akda lamang ang kinasihan-ang mga mambabasa ay walang karapatan na baguhin o ayusin ang mensahe. Ang mga mambabasa ng Bibliya ay may responsibilidad na isapamuhay ang kinasihang katotohanan sa kanilang panahon at sa kanilang buhay.

**Pansining ang lahat na teknikal na termino at mga daglat ay lubusang ipinaliwanag sa Apendises Isa, Ikalawa at Ikatlo.**

## MGA KAUNAWAAN AYON SA KONTEKSTO 1:1-3:22

A. Ang mga talata 1-8 ay bumuo ng isang prologo sa kabuuang propesiya. Ang unang tatlong mga talata ay nagpapakilala sa may-akda, sa panahon, sa dyanra, at sa pagpapala.
   1. Ang may-akda ay si Juan (isang karaniwang Hudyong pangalan).
   2. Ang panahon ay nalalapit (1b; 3c).
   3. Ang mensahe ay isang komunikasyon sa mga pangitain at sa pamamagitan ng pamamagitan at tinawag na propesiya (v. 3). Ang unang tatlo na mga kabanata ay napakahawig sa normal na istilo para sa mga liham ng unang siglo.
   4. Ang pagpapala ay para doon sa mga nakinig sa pagbasa nito at sumunod sa masidhing panghihikayat sa katapatan sa gitna ng persekusyon.

B. Ang kasunod na apat na mga talata (4-7) ay tumutugon sa mga taga tanggap sa anyo ng pitong mga iglesya (1:11) at sa kanilang pitong mga espiritu (cf. 1:4,20; 3:1; 4:5; 5:6). Ang seksyon na ito ay minarkahan ng
   5. si YHWH bilang pinagkilanlan (v. 4)
   6. si Hesus bilang pinagkilanlan (vv. 5,6b,7)
   7. ang mga mananampalataya bilang pinagkilanlan (v. 6a)
   8. si YHWH na nagsasalita (v. 8)

B. Ang mga talata 1:9-3:22 ay ang huling mga salita ni Hesus sa Kanyang Iglesya. Sa 1:9-20 at sa pasimula ng pagpapahayag sa bawat pitong mga Iglesya, si Hesus ay pinagkilanlan sa pamamagitan ng mga OT titulo na ginamit para kay YHWH.

## PAG-AARAL NG SALITA AT PARIRALA

### TALATA SA NASB (BINAGO): 1:1-3

**[1]Ang Apocalipsis ni Hesucristo, na ibinigay ng Diyos sa kaniya upang ipahayag sa kaniyang mga alipin, sa makatuwid ay ang mga bagay na nararapat mangyaring madali: at kaniyang ipinadala at ipinaalam sa pamamagitan ng kaniyang anghel sa kaniyang alipin na si Juan; [2]Na sumaksi sa salita ng Diyos, at sa patotoo ni Jesucristo, sa lahat ng mga bagay na nakita niya. [3]Mapalad ang bumabasa, at ang nangakikinig ng mga salita ng hula, at tumutupad ng mga bagay na nangasusulat doon: sapagka't ang panaho'y malapit na.**

**1:1 "Ang Ap**ocalipsis o Pahayag" Ang Griyegong termino na *apocalypsis* ay matatagpuan lamang dito sa aklat. Ito ay nagmula sa dalawang Griyegong mga termino na ibig sabihin ay "mula sa isang tagong lugar" o "ipakaita o alisin ang tabing ng isang bagay." Ito ay ginamit sa ilang mga pakahulugan (BAGD p. 92).
1. ang kapahayagan ng katotohanan – Lucas 2:32; Roma 16:25; I Corinto 14:6,26; Galacia 1:12; Efeso 1:17
2. isang sekreto ang ginawa – Efeso 2:11-3:13
3. isang kapahayagan sa pamamagitan ng pangitain/panaginip – II Corinto 12:1,7; Galacia 2:2
4. mga sekretong may kaugnayan sa panghuling-panahon– Lucas 17:30; I Corinto 1:7; II Tesalinica 1:7; I Pedro 1:7,13; 4:13; 5:1

Sa aklat na ito, ito ay nangangahulugan ng katotohanang mula sa Diyos sa pamamagitan ni Hesu kristo na ipinamagitan ng mga pangitain at maka anghel na interpretasyon. Ito ay nakapokus sa pangkasalukuyang kasamaan at ang paparating na tagumpay ng katuwiran sa pamamagitan ng supernatural na pakikilaalam ng Diyos. Ang kalooban ng Diyos ay magsasayos ng tuwid sa mga bagay!

▣ **"ni Hesuskristo"** Ito ay alinman sa OBHEKTIBO DYENETIBO na inuugnay ang mensahe patungkol kay Hesukristo (cf. Galacia 1:12), o PANARILI DYENETIBO, na naguugnay sa mensahe ibinigay sa pamamagitan ni Hesukristo.

▣ **"Hesus"** Ang Hebreong pangalan ay nangahulugang "YHWH ay nagliligtas," "YHWH ay kaligtasan," "YHWH ay nagdadala ng kaligtasan." Ito ay kapareho ng sa OT pangalan "Josue." "Hesus" ay nagkuha mula sa Hebreong salita para sa kaligtasan, "*hosea*," ay hinulapian sa Tipan na pangalana para sa Diyos, "YHWH" (Tignan Natatanging Paksa: Mga Pangalan Pagkadiyos sa Colossas 1:3). Ito ang pangalan na itinalaga ng Diyos sa pamamagitan ng isang anghel ng Panginoon (cf. Mateo 1:21).

▣ **"Kristo"** Ito ang Griyegong katumbas ng Hebreong termino "mesyas," na ibig sabihin ay "ang isang pinahiran." Ito ay nagpahiwatig "isang tinawag at inihanda ng Diyos para sa partikular na tungkulin." Sa OT tatlong mga grupo ng mga pinuno: mga saserdote, mga hari, at mga propeta, ay pinahiran. Si Hesus ay natupad ang lahat ng tatlong mga pinahirang opesina (cf. Hebreo 1:2-3).

## NATATANGING PAKSA: ANG MESIAS

Ito ay kinuha mula sa komentaryong isinulat sa Daniel 9:6. Ang kahirapan sa pagbibigay kahulugan ng talatang ito ay dahil sa ang mga maaaring kahulugan ay nauugnay sa salitang Mesias o ang isang pinahiran (BDB 603).

1. Ginamit ng mga Haring Hudyo (e.g., I Samuel 2:10; 12:3)
2. Ginamit ng mga Saserdoteng Hudyo (e.g., Levitico 4:3,5)
3. Ginamit ni Ciro (cf. Isaias 45:1)
4. Ang #1 at #2 ay pinagsama sa Awit 110 at Zacarias 4
5. Ginamit sa nanananging pagparito ng Diyos, ang Haring mula kay David na magdadala ng bagong panahon ng katuwiran
   a. Hanay ni Juda (cf. Genesis 49:10)
   b. Tahanan ni Jesse (cf. II Samuel 7)
   c. Pangkahalatang Paghahari (cf. Awit 2; Isaias 9:6; 11:1-5; Micah 5:1-4ff)

Ako ay personal na naaakit sa pagkakakilala bilang "ang isang pinahiran" kay Hesus ng Nazaret sapagkat

1. ang panimula sa walang hanggang Kaharian sa Daniel 2 sa panahong ng ikaapat na emperyo
2. ang panimula sa "ang anak ng tao " sa Daniel 7:13 na binigyan ng walang hanggang kaharian
3. ang sugnay ng pagtutubos ng Daniel 9:24, na nagpupunto patungo sa pagpapasimula ng kasaysayan ng makasalanang mundo
4. ang paggamit ni Hesus ng aklat na Daniel sa NT (cf. Mateo 24:15; Marcos 13:14)

▣ **"na ibinigay ng Diyos sa Kaniya"** Si Hesus ay alinman ay hindi nagturo o gumawa ng isang bagay ng walang kapahayagan o permiso mula sa Ama (cf. Juan 3:11- 13, 31-36; 4:34; 5:19-23,30; 6:38; 7:16; 8:26,28-29,40; 12:49-50; 14:10,24; 15:15). Sa teolohikal iito ay katangian ng mga kasulatan ni Juan.

▣ **"upang ipahayag sa kaniyang mga alipin, sa makatuwid ay"** Pansinin kung paang ang pambungad na talatang ito ay nagsalamin sa 22:6-21. Ito ay isang pampanitikan teknik ng unang siglo.

▣

**NASB, NKJV "ang mga bagay na nararapat mangyaring madali"**
**NRSV "anomang bagay na dapat madaling mangyari"**
**TEV "anuman ang dapat na madaling mangyari"**
**NJB "anoman ngayong mangyari ng mabilis"**

Ang panahong elemento ay napakahalaga para sa interpretasyon ng buong aklat sapagkat ito ay partikular na nagsasaad ng mensahe ni Juan ay may kahalagahan para sa kanyang panahon gayundin sa panghinaharap. Ang terminong "dapat" (dei) nangahulugan ng "yaong umiiral, yaong moral na kinakailangan, yaong nararapat, o di maiiwasan" (cf. Pahayag 22:6).

## NATATANGING PAKSA: DAGLIANG PAGBABALIK

Para sa konsepto ng "sa napakadaling pagbabalik na mangyari" ikumparaPahayag 1:3; 2:16; 3:11; 22:7,10,12,20. Ito marahil ay isang OT pahiwatig sa Daniel 2:28, 29, at 45. Si Juan ay kailanman sinipi ang OT ngunit gumawa ng maraming mga pahiwatig para rito. Sa 404 na mga talata, posibleng 275 ay may OT mga kinaligiran. Ang mga tagasalin ay maaring hinati sa interpretasyon ng pariralang ito sapagkat sa kanilang teolohikal na presuposisyon patungkol sa layunin ng aklat ng Pahayag:

1. biglaan
2. kapag nagsimula e dagliang mangyayari
3. dagliang magsisimula
4. ay tiyak na mangyayari
5. napipinto

Pagkakagamit sa terminong ito sa Pahayag 22:7, 12, 20 ay nagpapakta na si Juan ay inasahan ang mga pangyayaring ito na maganap ng madalian sa panahon ng kanyang buhay (tignan buong puna sa v 3; 10:6). Dahil sa mayroong 2000 taon na pagitan sa pagsusulat ng aklat na ito at ang ating panahon, marami ang nagsasabi na si Juan ay nagkamali. Gayunpaman, ang paggamit ng kagyat na panahong-saklaw ay tila isang tipikal na pangpropesiyang panitikang mula sa Lumang Tipan na nagsasaad na ang kasalukuyang mga pangyayari ay nagbababala ng pangwakas na panahong mga pangyayari. Si Juan ginamit ang unang siglong Roma upang ilarawan ang eskaton (huling mga araw) gaya ng paggamit nina Isaiah at Ezekiel sa isang napanumbalik (post-exilic) na Judah, at gaya ng pagagamit ni Daniel kay Antiochus Epiphanes IV. Ang pagdating ng bagong panahon ng katuwiran ay isang pag-asa at pagpapalakas ng loob

para sa bawat henerasyon ng mga mananampalataya. Tignan buong puna sa 22:6. Gayundin tignan D. Brent Sandy, *Plowshares and Pruning Hooks*, pp. 101-102, para sa termino bilang isang propesiyang simbolo ng paghihirap at di-inaasahan pp. 173-175

▣ **"kaniyang ipinadala at ipinaalam"** Ito sa literal ay "nangahulugan" (*semain*o) (cf. NKJV). "Mga tanda" ay isa sa pampanitikang istruktura na ginagamit ni Juan upang ipagbigay alam ang kanyang mensahe sa kanyang Ebanghelyo (*semeion*, cf. 12:33; 18:32; 21:19). Ito marahil ay mayroong OT kadugtong sa OT mga propeta (cf. Isaias 7:11,14; 8:18; 19:20; 20:3; 37:30; 38:7,22; 55:13; 66:19; Jeremias 10:2; 32:20-21; 44:29 at Ezekiel 4:3; 14:8; 20:12,20). Ang katotohanan na ang aklat na ito ay tinawag na "isang kapahayagan" sa pamamagitan ng "mga tanda" at "propesiya" ay nagbibigay sa atin ng mga palatandaan sa pampanitikan dyanra ng aklat na ito. Ang makabagoong pampanitikang termino "apokaliptiko" ay ginamit upang ilarawan ang isang dyanra ay hindi nalalaman ni Juan.

▣ **"sa kaniyang alipin"** Sa nagpapasimulang talatang ito, ang pariralang ito ay tumutukoy sa Apostolikong-May-akda ng aklat. Ang ibang mga lugar sa aklat na PANG-MARAMIHAN ay ginamit sa mga propeta/mensahero/mangangaral ng Diyos (cf. 10:7; 11:18; 22:6).

Gayunpaman, sa ibang lugar ng aklat ang titulo ay ginamit sa lahat ng mga mananampalataya (cf. 7:3; 19:2,5; 22:3), na nagpapahiwatig na lahat ng mga mananampalataya ay dapat na maging saksi (cf. Mateo 28:18-20; Colossas 4:6; II Timoteo 2:24-25; I Pedro 3:15). Hesus is the model to follow (cf. 1:5; 3:14; Juan 20:21)! Marami ay mapapatay, gaya ni, Hesus (cf. 6:9; 12:17; 17:6; 18:24; 20:4). Tandaan na ang tema ng aklat ay maging tapat hanggang kamatayan! Ako si (Hesus) ay nagtagumpay!

▣ **"Juan"** Di gaya ng halos apokaliptiko mga may-akda, si Juan kinilala ang kanyang sarili at itinatag ang panimula ng kanyang propetikong saksi sa anyo ng pitong mga sulat (mga kabanata 1-3). Ang ilan ay nagtanggi sa pagkamay-akda ni Juan na Apostol sa aklat ng Pahayag sapagkat siya ay di-nakikilala sa kanyang ibang mga kasulatan(tinawag niya ang kanyang sarili "ang pinakamamahal na disipulo" sa kanyang Ebanghelyo at "nakatatanda" sa II at III Juan), ngunit pinangalanan ang kanyang sarili sa Pahayag 1:4, 9; 22:8.

**1:2 "sa patotoo ni Hesucristo"** Gaya ng v. 1, ito ay maaring alinman sa OBHECTIBO, ang testimonya patungkol kay Hesus, o PANARILI DYENITIBO, ang testimonya na ibinigay ni Hesus. Minsan sa mga kasulatan ni Juan mayroong puno ng layunin na kalabuan na nagsasama sa kapwa konotasyon.

**1:3 "Mapalad"** Ito ang una sa pitong mga pagpapala sa aklat na ito (cf. 1:3; 14:13; 16:15; 19:9; 20:6; 22:7,14). Ang katotohanan na yaong nakabasa nito ay pinagpala ay nagpapakita hindi lamang sa pagkakasing kalikasan nito ngunit ang kahalagahan nito sa mga tao sa panahon na yaon at sa bawat araw.

▣ **"ang bumabasa"** Ang NRSV ay nagdadagdag ng "malakas," pagpapahiwatig ng isang pampublikong pagbabasa (cf. I Timoteo 4:13). Kogresyonal na pagbabasa sa Kasulatan ay isinagawa ng orihinal sa pamamagitan ng espesyal na sinanay na mga miyembro ng Iglesya gaya ng sa sinagoga (cantor). Ang Iglesya ay hiniram ang anyong mga pagsamba ng naunang sinagoga (cf. Lucas 4:16; Gawa 13:15; Colossas 4:16; I Tesalinica 5:27). Tayo ay mayroong historikal na kompirmasyon ng pampublikong pagbabasa ng Kasulatan mula kay Justin Martyr, A.D. 167, na nagbanggit na ang Iglesya ay nagbasa ng isang bahagi ng Ebanghelyo at isang bahagi mula sa mga propeta.

▣ **"ang nangakikinig. . . at tumutupad"** Ang pakikinig at pagsasagawa (kapwa PANGKASALUKUYANG AKTIBONG PANDIWARI) ay ang esensiya ng Hebreong termino "*Shema*" (cf. Deutronomio 5:1; 6:4-6; 9:1; 20:3; 27:9-10; Lucas 11:28). Pansinin ang kondisyonal na kalikasan ng pagpapala. Yaong mga nakapakinig ay dapat na tumugon. Ang "kung. . .kaya" na Tipanang tularan ay kapwa OT at NT. Ang pagpapala ay konektado hindi lamang sa kaalaman ngunit sa pamumuhay rin.

▣ **"ng mga salita ng hula"** Ang termino ay tumatalakay sa kapwa banal na nilalaman ng aklat na ito at sa pampanitikan dyanra. Ang aklat na ito ay isang kombinasyon ng isang sulat (mga kabanata 1-3), isang apokaliptikong presentasyon (mga selyo, mga trumpeta, mga mangkok), at isang propesiya (cf. 22:7,10,18,19). Napakahalagang tandaan na ang "propesiya" ay mayroong dalawang mga konotasyon: (1) upang pagbigyan ang kasalukuyang mga tagapakinig sa mensahe ng Diyos at (2) upang ipakita ang kasalukuyang pananampalataya na epekto ng panghinaharap na mga pangyayari. Ito ay kapwa proklamasyon at prediksyon. Tignan Panimulang Artikulo.

▣ **"ang panaho'y malapit na"** Ito muli ay nagpapakita ng kaugnayan ng propesiya sa kanyang sariling panahon (cf. 22:10, isa na namang halimbawa ay nasa Roma 16:20). Tignan Natatanging Paksa: Dagliang Pagbabalik sa v. 1

**TALATA SA NASB (BINAGO): 1:4-7**

[4]**Si Juan sa pitong iglesia na nasa Asia: Biyaya ang sumainyo nawa, at kapayapaang mula doon sa Kaniya na ngayon, at nang nakaraan at darating; at mula sa pitong Espiritu na nasa harapan ng Kaniyang luklukan,** [5]**at mula kay Jesucristo na Siyang saksing tapat, na panganay sa mga patay, at pangulo ng mga hari sa lupa. Doon sa umiibig sa atin, at sa nagkalag sa atin sa ating mga kasalanan sa pamamagitan ng kaniyang dugo—** [6]**at ginawa tayong kaharian, mga saserdote sa Kaniyang Diyos at Ama; Sumakaniya nawa ang kaluwalhatian at ang paghahari magpakailan kailan man. Siya nawa.** [7]**NARITO, SIYA'Y PUMAPARITONG NASASA MGA ALAPAAP, at makikita Siya ng bawa't mata, at ng nangagsiulos sa Kaniya; at ang lahat ng mga angkan sa lupa ay magsisitaghoy dahil sa Kaniya. Gayon din, Siya nawa.**

**1:4 "sa pitong iglesia"** Bakit kung pitong mga iglesya lamang ang pinagbigyan ay hindi tiyak. Mayroong ilang mga teorya:

1. ilan ay nagsaad na ang mga ito ay ang mga iglesya na si Juan ay may espesyal na relasyong pagmiministeryo
2. ang ilang ay nagsasabi na sila ay mga anyo ng isang rotang postal sa Probinsya ng Roma ng Asya
3. ang bilang na pito ay may matinding kahalagahan sa mga Hudyo, lalo na sa inter-biblikal na apokaliptikong panitikan

Ito ay isang bilang ng perpeksyon mula sa pagkakagamit nito sa mga panahon ng Genesis 1. Samakatuwid, ito ay marahil na ginamit sa kapwa literal na pakahulugan—si Juan nga ang nagsulat sa ilang mga iglesya na bumubuo ng isang Romanong postal na ruta sa Asya Minor—at simbolikong paraan ng pagtutukoy sa lahat ng mga iglesya sa lahat ng panahon.

**NATATANGING PAKSA: SIMBOLIKONG MGA BILANG SA KASULATAN**

A. Ilang mga bilang ay gumaganap bilang kapwa pang numero at simbolo.
   1. Isa – Diyos (e.g., Deutronomio 6:4; Efeso 4:4-6)
   2. Apat – ang buong mundo (i.e., Apat na mga sulok, Apat na mga hangin)
   3. Anim – pantaong di-kaganapan (kulang ng isa sa 7, e.g., Pahayag 13:18)
   4. Pitong – banal na perpeksyon (ang pitong mga araw ng paglikha). Pansinin ang simbolikong pagkakagamit sa Pahayag:
      a. pitong mga kandelero, 1:12,20; 2:1
      b. pitong mga bituin, 1:16,20; 2:1
      c. pitong mga iglesya, 1:20
      d. pitong mga espiritu ng Diyos, 3:1; 4:5; 5:6
      e. pitong mga lampara, 4:5
      f. pitong mga selyo, 5:1,5
      g. pitong mga sungay at pitong mga mata, 5:6
      h. pitong mga anghel, 8:2,6; 15:1,6,7,8; 16:1; 17:1
      i pitong mga trumpeta, 8:2,6
      j. pitong mga kulog, 10:3,4
      k. pitong libo, 11:13
      l. pitong mga ulo, 13:1; 17:3,7,9
      m. pitong mga salot, 15:1,6,8; 21:9
      n. pitong mga mangkok, 15:7; 21:9
      o. pitong mga hari, 17:10
   5. Sampu – kapunuan
      a. gamit ng mga Ebanghelyo
         (1) Mateo 20:24; 25:1,28
         (2) Marcos 10:41
         (3) Lucas 14:31; 15:8; 17:12,17; 19:13,16,17,24,25
      b. ginamit sa Pahayag
         (1) 2:10, sampung mga araw ng tribulasyon
         (2) 12:3; 17:3,7,12,16, sampung mga sungay
         (3) 13:1, sampung mga korona
      c. kalipunan ng mga 10 sa Pahayag
         (1) 144,000 = 12x12x1000, cf. 7:4; 14:1,3
         (2) 1,000 = 10x10x10, cf. 20:2,3,6

6. Labindalawa – samahan ng mga tao
    a. labindalawang mga anak ni Jacob (i.e., labindalawang mga tribu ng Israel, Genesis 35:22; 49:28)
    b. labindalawang mga pader, Exodo 24:4
    c. labindalawang mga bato sa kalasag ng Punong Saserdote, Exodo 28:21; 39:14
    d. labindalawang mga tinapay, para sa hapag ng Banal na Lugar (simbilo ng probisyon ng Diyos para sa labindalawang mga tribu), Levitico 24:5;Exodo 25:30
    e. labindalawang mga espiya, Deutronomio 1:23; Josue 3:22; 4:2,3,4,8,9,20
    f. labindalawang mga apostol, Mateo 10:1
    g. paggamit sa Pahayag
        (1) labindalawang libong tinatakan, 7:5-8
        (2) labindalawang mga bituin, 12:1
        (3) labindalawang mga tarangkahan, labindalawang mga anghel, labindalawang mga tribu, 21:12
        (4) labindalawang foundation stones, pangalans of the labindalawang apostles, 21:14
        (5) Bagong Jerusalem ay ang labindalawang libong estadya parisukat, 21:16
        (6) labindalawang mga tarangkahan na ginawa ng labindalawang mga perlas, 21:12
        (7) puno ng buhay kasama ang labindalawang mga uri ng bunga, 22:2
7. Apatnapu – bilang para sa panahon
    a. minsan literal (exodus at sa paglalagalag sa ilang, e.g., Exodo 16:35); Deutronomio 2:7; 8:2
    b. maaring literal o simboliko
        (1) baha, Genesis 7:4,17; 8:6
        (2) si Moses sa Mt. Sinai, Exodo 24:18; 34:28; Deutronomio 9:9,11,18,25
        (3) pagkakahati-hati ng buhay ni Moses:
            (a) Apatnapung mga taon sa Ehipto
            (b) Apatnapung mga taon sa desyerto
            (c) Apatnapung mga taon sa pangunguna sa Israel
        (4) Si Hesus ay nag-ayuno ng apatnapung araw, Mateo 4:2; Marcos 1:13; Lucas 4:2
    c. Pansinin (sa pamamagitan ng isang Konkordans) ang bilang ng beses ang numerong ito ay lumitaw sa panahong designasyon sa Bibliya!
8. Pitongpu – kumpletong bilang para sa tao
    a. Israel, Exodo 1:5
    b. pitongpung mga matatanda, Exodo 24:1,9
    c. eskatolohikal, Daniel 9:2,24
    d. misyong koponan, Lucas 10:1,17
    e. pagpapatawag (70x7), Mateo 18:22

B. Mabuting mga reperensiya
    1. John J. Davis, *Biblical Numerology*

## NATATANGING PAKSA: IGLESIYA (EKKLESIA)

Ang Griyegong salitang ito na, *ekklesia*, ay galing sa dalawang salita na, “na labas” at “tinawag,” samakatuwid, ang salita ay nagpapahiwatig sa kanilang mga tinawag ng Diyos. Ang naunang iglesiya ay kinuha ang salitang ito mula sa sekular na pagkagamit (cf. Gawa 19:32,39,41) at dahil sa ang pagkagamit sa Septuagint ng salitang ito ay para sa “pagtitipun-tipon ng mga tao” ng Israel (*Qahal*, BDB 874, cf. Bilang 16:3; 20:4). Ginamit nila ito para sa kanilang mga sarili bilang isang pagpapatuloy ng mga OT na tao ng Diyos. Sila ang bagong Israel (cf. Gawa 2:28-29; Galacia 6:16; I Pedro 2:5,9; Pahayag 1:6), ang katuparan ng pandaigdigang misyon ng Diyos (cf. Genesis 3:15; 12:3; Exodo 19:5-6; Mateo 28:18-20; Lucas 24:47; Gawa 1:8).

Ang salitang ito ay ginamit sa maraming pagkakaunawa sa mga Ebanghelyo at Gawa.

1. Sekular na pagpupulong sa bayan, Gawa 19:32,39,41
2. pangkalahatang tao ng Diyos kay Kristo, Mateo 16:18 at Efeso
3. isang lokal na pagtitipon ng mga mananampalataya kay Kristo, Mateo 18:17; Gawa 5:11 (sa mga talatang ito ang iglesiya na nasa Herusalem)
4. pinag-sama-samang mga tao ng Israel, Gawa 7:38, sa pagpapahayag ni Stefano

5. ang mga tao ng Diyos sa isang dako, Gawa 8:3 (Judah o Palestino)

▣ **"na nasa Asia"** Ito ay tumutukoy sa kanluraning hangganan ng makabagong bayan ng Turkey, na siyang, isa malaking bahagi, ang matandang bansa ng Phrygia, na naging Romanong probinsya ng "Asya Minor."

▣ **"Biyaya ang sumainyo nawa"** Ito ay isang tradisyonal na anyo ng pagbati na madalas na nakikita sa mga kasulatan ni Pablo. Marami ang nagsasaad na ang mga Kristyano ay binago ang tradisyonal na Griyegong pampanitikan pagbati mula sa "*charein*" (cf. Santiago 1:1) tungo sa kahawig na tunog na Kristyanong pagbati ng charis, na nangahulugan ng "biyaya." "Kapayapaan" na maaring tumukoy sa Hebreong termino "*shalom,*" magkagayon ay nagsasama sa Griyego at Hebreong mga pagbati upang maiugnay sa parehong mga grupo ng mga iglesya. Gayunpaman, ito ay simpleng espikulasyon lamang.

▣ **"mula doon sa kaniya na ngayon, at nang nakaraan at darating"** Ito ay halatang isang titulo para sa di-nagbabagong Tipanang Diyos (cf. Awit 102:7; Malakias 3:6; Santiago1:17). Ang gramatikal na anyo nito ay hindi akma sa Griyego ngunit maaring magpakta ng isang Aramaic na kinaligiran. Ang literal parirala ay "mula sa Isa na, mula sa Isa na naging, at ang Isa na paparating" (cf. 4:8). Ang pariralang ito ay nagpapakita ng OT Tipanang titulo"Ako ang" (YHWH, cf. Exodo 3:14, Tignan Natatanging Paksa: Mga Pangalan ng Pagkadiyos sa1:8). Ang pariralang ito ay ginamit para Diyos Ama sa vv. 4 at 8, at kay Hesukristo sa vv. 17 at 18 (cf. Hebreo 13:8). Ang puno ng layuning paglipat ng mga titulo mula kay YHWH tungo kay Hesus ay isang paraan ng mga may-akda ng NT na panindigan ang Pagkadiyos ni Hesus.

Ang tatluhang pariralang ito ng Diyos bilang ang nakalipas, at kasalukuyan, at ang hinaharap ay binago sa 11:17 at 16:5, na siyang Ikalawang Pagbabalik sa hulihan ng mga trumpeta, para lamang sa nakalipas at kasalaukuyan sapagkat ang hinaharap (huling-panahon) ay nagbukang liwayway na.

▣ **"at mula sa pitong Espiritu na nasa harapan ng Kaniyang luklukan"** Tignan Natatanging Paksa sa ibaba.

## NATATANGING PAKSA: PITONG MGA ESPIRITU

Mayroong naging ilang mga torya bilang sa pagkakilanlan ng pitung espiritu na ito.

1. Sapagkat ang pariralang ito ay nagmumula sa pagitan ng isang reperensiya ng Diyos bilang ang Ama at si Hesus ang Mesyas, maraming mga komentarista ang nagsabi na ito ay marahil na tumukoy sa Banal na Espiritu. Ito ay posible, ngunit hindi tiyak. Ang kaparehong pariralang ay ginamit rin sa 3:1; 4:5 at 5:6. Sa ibang mga pagkakataon na ito hindi ito pangkalahatang natitiyak na ito ay reperensiya sa Banal na Espiritu maliban na alng sa Zacarias 4 ay ipinagpalagay.
2. Ang iba ay naniniwala na ito ay isang pahiwatig sa Isaias 11:2 mula sa Septuagint, kung saan ang pituhang mga kaloob ng Espiritu ay binaggit. Gayunpaman, sa Masoretic na teksto mayroong lamang anim na mga kaloob na binanggit.
3. Yaong mga Hudyong inter-biblikal na kinaligiran ay makikilala ang mga ito kasama ng mga mga anghel sa presensya ng pitong mga arkanghel sa harap ng trono ng Diyos (cf. 8:2).

Ang iba ay inuugnay sila sa mga anghel o mga mensahero ng pitong mga iglesya na bianggit sa 1:20.

**1:5 "At mula kay Jesucristo na siyang saksing tapat"** Ito ang una sa tatlong mga parirala na naglalarawan kay Hesus ang Mesyas. Ang pambukas na mga talata ay kahanay ng 20:6-21. "Matapat" ay may OT konotasyon na isang loyal, totoo, at maaasahan (cf. Isaias 55:3-5). Gaya ng isinulat na Salita ng Diyos (ang Bibliya) ay mapagkakaktiwalaan, gayundin ang Kanyang sukdulang kapahayagan, ang Nabubuhay na Salita, si Hesus (cf. 3:14). Ang ebanghelyo ay isang mensahe na dapat na paniwalaan, isang persona na dapat tanggapin, at isang buhay na gagayahin at isasapamuhay ng isang tao.

Ang Griyegong parirala, "ang matapat saksi," ay maaring mangahulugan na

1. "Aking saksi, Aking matapat na Isa" – para sa dalawang mga parirala, tignan 2:13 (na may karagdagan ng PANARILING PANGHALIP)
2. "ang matapat at totoong Saksi," tignan 3:14 (na may kasamang pagdagdag ng "at totoo")

▣ **"na panganay sa mga patay"**

## NATATANGING PAKSA: UNANG IPINANGANAK O PANGANAY

Ito ang ikalawa sa tatlong naglalarawang mga parirala. Ang salitang ito na "panganay" (*prototokos*) ay ginamit sa Bibliya ng ilang magkakaibang mga pakahulugan:

1. ang OT kinaligiran nito ay tumutukoy sa pangunguna ng mga unang ipinanganak sa pamilya (cf. Mga Awit 89:27; Lucas 2:7; Roma 8:29; Hebreo 11:28)

2. ang gamit nito sa Colosas 1:15 ay nagsasalita kay Hesus bilang una sa nilikha na posibleng OT na alusyon sa Kawikaan 8:22-31, o kinatawan ng Diyos sa paglilikha (cf. Juan 1:3; I Corinto 8:6; Colosas 1:15-16; Hebreo 1:2)
3. ang gamit nito sa Colosas 1:18; I Corinto 15:20 (at dito) ay tumutukoy kay Hesus bilang unang ipinanganak mula sa mga patay
4. ito ay isang OT na titulo na ginamit ng Mesyas (cf. Mga Awit89:27; Hebreo 1:6; 12:23). Ito ay isang titulo na nagsasama sa ilang mga aspeto ng pangunguna at sentralidad ni Hesus. Sa konteksto ito ang #3 o #4 ay tumutugma ng pinakamahusay.

▣ **"at pangulo ng mga hari sa lupa"** Ang pariralang ito, gaya ng isang nauna, ay isang pahiwatig sa Awit 89:27 (cf. Awit 72:11; Isaias 48:23), na nagsasalita kay Hesus ang ipinangakong Mesyas. Ito rin ay nagpapakita ng reaksyon ni Juan sa

1. ang pagsamba sa emperador ng silanganing mga probinsya ng Roman Empire
2. ang paggamit ng maharlikang Mesopotamiang parirala "Hari ng mga hari" (cf. Pahayag 11:15; 17:14; 19:16)

▣ **"Doon sa umiibig sa atin"** Ito ay isang PANGKASALUKUYANG AKTIBONG PANDIWARI, ibig sabihin "si Hesus ay patuloy na nagmamahal sa atin." Ang apirmasyon na ito ay napakahalaga ayon sa mga kahinaan at pagkabigo ng lima sa pitong pitong mga iglesya (cf. mga kabanata 2-3).

▣ **"at sa nagkalag sa atin sa ating mga kasalanan"** Ito ay isang AORIST AKTIBONG PANDIWARI. Ang Vulgate at Coptic na mga bersyon, gayundin ang ilang mga miniskula Griyegong mga manuskrito, at ang King James Version ay may PANDIWA "hinugasan" (louo) na binibigkas ng eksakto gaya ng sa salitang "pinakawalan" (*luō*). Ang sinauna mga eskriba ay ginawa ang mga teksto ng NT sa pamamagitan ng pagbabasa ng isang ng teksto ng malakas habang ang iba ay nagsusulat nito.

Ang terminong "kinalagan" (na may dagdag) ay lumitaw sa sinaunang Griyegong mga manuskrito $P^{18}$, ¥* (na may PREPOSISYON), ¥$^{2}$, A, aT C habang "hinugasan" ay matatagpuan lamang sa kalaunang unsyal na mga manuskrito, P (ikaanim na siglo) at 046, gayundun ang sa ilang kalaunang unsyal (kumakalat ba Griyegong eskrip) mga manuskrito. Kaya, "kinalagan" o "pinalaya" ang mas pinipili na pagbabasa. Ang UBS4 ay nagbibigay "kinalagan" isang "tiyak" na marka. Tignan Apendice Dalawa: Tekstwal na Kritisismo.

▣ **"sa pamamagitan ng Kaniyang dugo"** Ito ay isang halatang pahiwatig sa sakripisyal (cf. Levitico 1-7), naghahaliling pampalubag loob ni Hesus Kristo (cf. 5:9; 7:14; 12:11; Marcos 10:45; II Corinto 5:21; Isaias 52:13-53:12). "Sa pamamagitan ng Kanyang dugo" ay ang pauli-ulit na ebanghelyong katotohanan (cf. Roma 3:25; Efeso 1:7; 2:13; Colossas 1:20; I Pedro 1:18-19. Kahit paano ang misteryo ng Diyos, Ang Kanyang katarungan at awa para sa makasalanang mga tao ay natugunan sa naghahaliling kamatayan ni Hesus (cf. Hebreo 9:11-28).

## NATATANGING PAKSA: ANG *KERYGMA* NG SINAUNANG IGLESYA

A. Ang mga pangako ng Diyos na ginawa sa Lumang Tipan ay nagkaroon na ngayon na katuparan sa pagdating ni Hesus ang Mesias (Mga Gawa 2:30-31; 3:19,24; 10:43; 26:6-7,22; Roma 1:2-4; I Timoteo 3:16; Hebreo 1:1-2; I Pedro 1:10-12; 2 Pedro 1:18-19).
B. Si Hesus ay pinahiran ng Diyos bilang isa Mesias sa Kanyang bautismo (Mga Gawa 10:38).
C. Si Hesus ay nagsimula ng Kanyang ministeryo sa Galilea pagkatapos ng Kanyang bautismo (Mga Gawa 10:37).
D. Ang Kanyang ministeryo ay nakikitaan ng pagagawa ng mabuti at pagpapamalas ng matitinding mga gawa sa pamamagitan ng kapangyarihan ng Diyos (Marcos 10:45; Mga Gawa 2:22; 10:38).
E. Ang Mesias ay ipinako sa krus ayon sa walang hanggang layunin ng Diyos (Marcos 10:45; Juan 3:16; Mga Gawa 2:23; 3:13-15,18; 4:11; 10:39; 26:23; Roma 8:34; I Corinto 1:17-18; 15:3; Galacia 1:4; Hebreo 1:3; I Pedro 1:2,19; 3:18; I Juan 4:10).
F. Siya ay binuhay mula sa mga patay at nagpakita sa Kanyang mga alagad (Mga Gawa 2:24,31-32; 3:15,26; 10:40-41; 17:31; 26:23; Roma 8:34; 10:9; I Corinto 15:4-7,12ff; I Thesalonica 1:10; I Timoteo 3:16; I Pedro 1:2; 3:18,21).
G. Si Hesus ay inangat ng Diyos at binigyan ng pangalang "Panginoon" (Mga Gawa 2:25-29,33-36; 3:13; 10:36; Roma 8:34; 10:9; I Timoteo 3:16; Hebreo 1:3; I Pedro 3:22).
H. Ibinigay Niya ang Banal na Espiritu upang magtatag ng bagong komunidad ng Diyos (Mga Gawa 1:8; 2:14-18,38-39; 10:44-47; I Pedro 1:12).
I. Siya ay muling babalik para sa paghuhukom at pagpapanibago ng lahat ng bagay (Mga Gawa 3:20-21; 10:42; 17:31; I Corinto 15:20-28; I Thesalonica 1:10).

J. Lahat ng nakarinig sa mensahe ay dapat na magsisi at mabautismuhan (Mga Gawa 2:21,38; 3:19; 10:43,47-48; 17:30; 26:20; Roma 1:17;10:9; I Pedro 3:21).

Ito ay nagsisilbing paraan bilang isang esensyal na proklamasyon ng sinaunang iglesya, bagamat magkakaibang mga may-akda ng Bagong Tipan ay maaring magiwan ng isang bahagi o magbibigay diin sa ibang mga particular sa kanilang mga pangangaral. Ang buong Ebanghelyo ng Marcos ay malapit na sumunod sa Makapedrong aspeto ng kerygma. Si Marcos ay tardisyonal na nakita sa pageestruktura ng mga sermon ni Pedro, nangaral sa Roma, patungo sa isinulat na Ebanghelyo. Parehong si Mateo at Lucas ay sumunod sa pangunahing estruktura ni Marcos.

**1:6 "At ginawa tayong"** Ito ay isang AORIST AKTIBONG INDIKATIBO. Gaya ng si Hesus ay pinakawalan tayo sa ating mga kasalanan (v. 5), Ginawa Niya rin tayo ng kaharian ng mga saserdote upang kumatawan sa Kanya!

▣

**NASB** **"isang kaharian, mga saserdote sa Kanyang Diyos"**
**NKJV** **"mga hari at saserdote sa Kanyang Diyos"**
**NRSV** **"isang kaharian, mga saserdoteng naglilingkod sa Kanyang Diyos"**
**TEV, NJB** **"isang kaharian ng mga saserdote upang maglingkod sa Kanyang Diyos"**

Ito ay isang pahiwatig sa OT mga termino ginamit ng Israel sa Exodo 19:6 at Isaias 61:6, kung saan ang bansa ay itinuturing na isang kaharian ng mga saserdote. Ang Diyos ay pinili sa Abraham upang piliian ang Israel upang pumili ng isang napahamak na mundo (cf. Genesis 3:15; 12:3). Ang Israel ay nangahulugan na maging isang bansa ng mga saksi (i.e., mga saserdote) ngunit sila ay nabigo sa nakatalagang ito ng ebanghelistikong tungkulin (cf. Ezekiel 36:22-38). Samakatuwid, ang Diyos ay pinili ang Iglesya upang abutin ang mundo (cf. Mateo 28:19-20; Lucas 24:47; Gawa 1:8). Ang pinakaparehong mga parirala na siyang ginamit para sa Israela ay ngayon ay ginamit para sa Iglesya (cf. Galacia 3:29; 6:16; Felipos 3:3; I Pedro 2:5,9; Pahayag 1:6; 5:10; 20:6).

Napakahalagang pansinin ang pangkorporasyong pagbibigay diin ng "ang pagka-saserdote ng mga mananampalataya." Ang Kanluraning Kristyanismo ay labis na binigyan-diin ang lugar at tungkulin ng indibidwal at di-gaanong binigyan-diin ang pangkorporasyon. Ang NT metapora ng katawan ni Kristo (cf. I Corinto 12) ay isang kaparehong metapora. Ang OT na titulo ay kailanman nangahulugan bilang isang dahilan ng mga mananampalataya na pagdiinan ang kanilang indibidwal na kalayaan. Ang pagbibigay-diin na ito ay nahubog mula sa maksaysayang labanan sa pagitan nina Martin Luther at nga Katolikong Iglesya ng kanyang panahon. Ang pokus ng kontekstong ito ay ebanghelismo (cf. v. 7), na nagsasangkot sa lahat ng mga mananampalataya, nagtatangka na abutin ang bawat nawala at nangangailangang mga tao na ginawa sa imahe ng Diyos kung saan si Kristo ay namatay (cf. Juan 3:16; I Timoteo 2:4; II Pedro 3:9; I Juan 2:2; 4:14).

## NATATANGING PAKSA: KRISTYANISMO AY KORPORASYON

A. Ang PANG-MARAMIHAN mga metapora ninan Paglo at Pedro
   1. katawan
   2. bukirin
   3. gusali

B. Ang terminong "banal" ay laging PANG-MARAMIHAN (maliban sa Felipos. 4:21, ngunit maging dito ito rin ay pang korporasyon)

C. Ang Repormasyon ay pagbibigay-diin ni Martin Luther sa "pagkasaserdote ng mananampalataya" ay hindi tunay na biblikal. Ito ay ang pagkasaserdote ng mga mananampalataya (cf. Exodo 19:6; I Pedro 2:5,9; Pahayag 1:6).

D. Bawat mananampalataya ay pinagkalooban para sa pangkalahatang kabutihan (cf. I Corinto 12:7)

E. Tanging sa korporasyon maaring ang tao ng Diyos ay magiging epektibo. Ang ministeryo ay isang korporasyon (cf. Efeso 4:11-12).

▣ **"mga saserdote sa kaniyang Diyos at Ama"** Ang pariralang ito ay tila nagpapababa sa buong pagkadiyos ng Anak (Tignan Natatanging Paksa: Ang Trinidad sa 22:17), ngunit ito talaga ang paraan sa pagsasaad ng pagpapasakop ng Anak sa panahon ng pagkakatawang tao. Ang kaparehong parirala ay ginamit ni Pablo sa Roma 15:6. Ang pakahulugan ng pagkakapantay-pantay ay makikita sa 3:21; 14:1.

▣ **"sumaKaniya nawa ang kaluwalhatian at ang paghahari"** Ang terminong "kaluwalhatian" ay isang OT komersyal na termino (na gumagamit ng mga eskala para sa pagbibili) na nangahulugan ng "maging mabigat"; sa isang mabigat na (e.g., ginto) na napakahalaga. Ang termino ay naging ginamit sa kaliwanaganm, kamaharlikaan, kabanalan ng Diyos, mula sa *Shekinah* Ulap ng Kaluwalhatian sa Exodus. Ang kaluwalhatian ay madalas na ipinaparatang sa Diyos Ama sa NT (cf. Roma 11:36; 16:27; Efeso 3:21; Felipos. 4:20; I Timoteo 1:17; II Timoteo 4:18; I Pedro 4:11; 5:11; II Pedro 3:18; Jude 25; Pahayag 1:6; 5:13; 7:12). Tignan Natatanging Paksa: Kaluwalhatian sa 15:8.

Ang terminong "dominyon" ay ipibinibigay sa Diyos Ama, ay kapareho sa teolohikal na pagpapasakop ng Anak (cf. Juan 17). Si Hesus ay ang ahente ng Ama sa lahat ng bagay, ngunit ang sukdulang layunin ay ang pagbibigay lugod sa Ama (cf. I Corinto 15:27-28).

▣ **"magpakailan kailan man"** Ito sa literal "tungo sa panahon hanggang sa panahon." Ang dobleng paggamit na ito ng *aiōnos*, PANG-ISAHAN tapos PANG-MARAMIHAN, ay karaniwan sa Pahayag (cf. 1:18; 4:9,10; 5:13; 7:12; 10:6; 11:15; 15:7; 19:3; 20:10; 22:5). Nakakabigla na ang naunang mga Griyegong mga saksi ay inalis ang ikalawa (MSS P[18], A, P). UBS[4] hindi mapagdesisyonan kung alin sa binabasa ang orihinal.

## NATATANGING PAKSA: MAGPAKAILANMAN (GRIYEGONG KATAGA)

Isang Griyegong pangwikaing parirala ay "sa loob ng mga panahon" (cf. Lucas 1:33; Roma 1:25; 11:36; 16:27; Galacia 1:5; I Timoteo 1:17), na maaaring maglarawan ng Hebreong *'olam*. Tingnan si Robert B. Girdlestone, *Synonyms of the Old Testamen*t, pp. 319-321, at Natatanging Paksa sa OT: Magpakailanman *('Olam*). Ang ibang mga kaugnay na mga pariral ay "sa loob ng panahon" (cf. Mateo 21:19 [Marcos 11:14]; Lucas 1:55; Juan 6:58; 8:35; 12:34; 13:8; 14:16; II Corinto 9:9) at "ng panahon ng mga panahon" (cf. Efeso 3:21). May tila walang pagkakaiba sa pagitan ng mga Griyegong mga kataga para sa "magpakailanman." Ang salitang "mga panahon" ay maaaring PANGMARAMIHAN na isang paglalarawang pagkaunawa sa rabinikal na pang-gramatikong pagkakabuo na tinawag na "ang pangmaramihan ng maharlika" o ito ay maaaring tumukoy sa konsepto ng maraming "mga panahon" sa pang-Hudyong pagkakaunawa ng "panahon ng kasamaan," "panahong darating," o "panahon ng katuwiran."

## NATATANGING PAKSA: MAGPAKAILAN MAN *('OLAM)*

Ang etimolohiya ng Hebreong salitang 'olam, { (BDB 761) ay hindi tiyak (NIDOTTE, vol. 3, p. 345). Ito ay ginamit sa ilang mga pakahulugan (kadalasan ay natutukoy sa pamamagitan ng konteksto). Ang mga sumusunod ay mga piniling mga halimbawa lamang.

1. sinaunang mga bagay
   a. mga tao, Genesis 6:4; I Samuel 27:8; Jeremias 5:15; 28:8
   b. mga lugar, Isaias 58:12; 61:4
   c. Diyos, Awit 93:2; Kawikaan 8:23; Isaias 63:16
   d. mga bagay, Genesis 49:26; Job 22:15; Awit 24:7,9; Isaias 46:9
   e. panahon, Deuteronomio 32:7; Isaias 51:9; 63:9,11
2. panghinarap na panahon
   a. ng isang buhay, Exodo 21:6; Deuteronomio 15:17; I Samuel 1:22; 27:12
   b. hyperbole para sa hari, I Hari 1:31; Awit 61:7; Nehemia 2:3
   c. nagpapatuloy na pag-iiral
      (1) mundo, Awit 78:69; 104:5; Eccl. 1:4
      (2) kalangitan, Awit 148:6
   d. Ang pag-iiral ng Diyos
      (1) Genesis 21:33
      (2) Exodo 15:18
      (3) Deuteronomio 32:40
      (4) Awit 93:2
      (5) Isaias 40:28
      (6) Jeremias 10:10
      (7) Daniel 12:7
   e. ang kasunduan
      (1) Genesis 9:12,16; 17:7,13,19
      (2) Exodo 31:16
      (3) Leviticus 24:8
      (4) Bilang 18:19
      (5) II Samuel 23:5
      (6) Awit 105:10
      (7) Isaias 24:5; 55:3; 61:8
      (8) Jeremias 32:40; 50:5

f. natatanging kasunduan kay David
   (1) II Samuel 7:13,16,25,29; 22:51; 23:5
   (2) I Hari 2:33,45; 9:5
   (3) II Cronika 13:5
   (4) Awit 18:50; 89:4,28,36,37
   (5) Isaias 9:7; 16:5; 37:35; 55:3
g. Ang Mesias ng Diyos
   (1) Awit 45:2; 72:17; 89:35-36; 110:4
   (2) Isaias 9:6
h. Ang mga batas ng Diyos
   (1) Exodo 29:28; 30:21
   (2) Levitico 6:18,22; 7:34; 10:15; 24:9
   (3) Bilang 18:8,11,19
   (4) Awit 119:89,160
   (5) Isaias 59:21
i. Ang mga pangako ng Diyos
   (1) II Samuel 7:13,16,25; 22:51
   (2) I Hari 9:5
   (3) Awit 18:50
   (4) Isaias 40:8
j. Ang mga lahi ni Abraham at ang Lupang Pinangako
   (1) Genesis 13:15; 17:19; 48:4
   (2) Exodo 32:13
   (3) I Cronika 16:17
k. Tipanang kapistahan
   (1) Exodo 12:14,17,24
   (2) Levitico 23:14,21,41
   (3) Bilang 10:8
l. walang hanggan magpakailanman
   (1) I Hari 8:13
   (2) Awit 61:7-8; 77:8; 90:2; 103:17; 145:13
   (3) Isaias 26:4; 45:17
   (4) Daniel 9:24
m. anuman ang sinabi ng Awit na gagawin ng mga mananampataya magpakailanman
   (1) magbigay pasasalamat, Awit 30:12; 79:13
   (2) Manahan sa Kanyang presensya, Awit 41:12; 61:4,7
   (3) magtiwala sa Kanyang awa, Awit 52:8
   (4) purihin ang Panginoon, Awit 52:9
   (5) umawit ng mga papuri, Awit 61:8; 89:1
   (6) idiklara ang Kanyang katarungan, Awit 75:9
   (7) dakilain ang Kanyang pangalan, Awit 86:12; 145:2
   (8) bless His pangalan, Awit 145:1

3. parehong pabalik at papunta sa panahon ("mula sa magpakailanman hanggan sa magpakailanman")
   a. Awit 41:13 (papuri sa Diyos)
   b. Awit 90:2 (ang Diyos Mismo)
   c. Awit 103:17 (ang mabuting pag-ibig ng Panginoon)

Tandaan, ang konteksto ang nagtutukoy sa kung hanggan saan ang ibig sabihin ng salita. Ang walang hanggang mga tipanan at mga pangako ay kondisyunal (i.e., Jeremiah 7). Maging maingat sa pagbabasa ng makabagong pananaw ng panahon o ang iyong NT na sistematikong teolohiya sa bawat OT na paggamit sa napakalusaw na salita na ito. Ang NT ang nagpapangkalahatan sa mga pangako ng OT.

▣ **"Siya nawa o Amen"** Ito ay isang anyo ng OT Hebreong termino para sa "pananampalataya" (cf. Habakkuk 2:4). Ang orihinal na etimolohiya ay "maging matatag o tiyak." Gayunpaman, ang konotasyon ay binago ang yaong dapat na

panindigan (cf. II Corinto 1:20). Ito ay ginamit sa metaporikal sa isang tao na naging matapat, loyal, pagkamatatag, mapagkakatiwalaan (isang titulo para kay Hesus sa 3:14, cf. II Corinto 1:20).

## NATATANGING PAKSA: AMEN

I. LUMANG TIPAN

A. Ang salitang "Amen" ay galing sa salitang Hebreo para sa

1. "katotohanan" (*emeth*, BDB 49)
2. "puno ng katotohanan" (*emun, emunah*, BDB 53)
3. "pananampalataya" or "puno ng pananampalataya"
4. "pagtitiwala" (*dmn*, BDB 52)

B. Ang etimolohiya ay galing sa tindig ng taong matibay. Ang kabaliktaran nito ay ang isang hindi matibay, dumudulas (cf. Awit 40:2; 73:18; Jeremias 23:12) or kakatisuran (cf. Awit 73:2). Mula sa literal na pagkagamit nabuo ang salitang metaporikal sa puno ng pananampalataya, pagtitiwala, katapatan, at maaasahan (cf. Genesis 15:6; Habakuk 2:4).

C. Mga natatanging paggamit

1. Isang haligi, II Hari 18:16 (I Timoteo 3:15)
2. katiyakan, Exodo 17:12
3. maaasahan, Exodo 17:12
4. katatagan, Isaias 33:6; 34:5-7
5. katotohanan, I Hari 10:6; 17:24; 22:16; Kawikaan 12:22
6. matatag, II Chronika 20:20; Isaias 7:9
7. maaasahan (Torah), Awit 119:43,142,151,168

D. Sa OT dalawa iba pang salitang Hebreo ay ginamit para sa aktibong pananampalataya.

1. *bathach* (BDB 105), pagtitiwala
2. *yra* (BDB 431), takot, paggalang, pagsamba (cf. Genesis 22:12)

E. Mula sa pagkakagamit ng tiwala or katiwa-tiwala ay nabuo ang isang pagkakagamit na liturgical upang tindigan ang katotohan at pagtitiwala ng pahayag ng iba (cf. Deuteronomio 27:15-26; Nehemiah 8:6; Awit 41:13; 72:19; 89:52; 106:48).

F. Ang susing teolohiko sa salitang ito ay hindi sa katapatan ng tao kundi ni YHWH (cf. Exodo 34:6; Deuteronomio 32:4; Awit 108:4;115:1; 117:2; 138:2). Ang tanging pag-asa ng sangkatauhang mapapahamak ay ang mahabagin, mapagkakatiwalaan,mapagkasundong katapatan ni YHWH at Kanyang mga pangako. Sa kanilang nakakakilala kay YHWH ay magiging katulad niya (cf. Habakuk 2:4). Ang Bibliya ay isang kasaysayan at isang tala ng Diyos na ipinapanumbalik ang kanyang larawan (cf. Genesis 1:26-27) sa sangkatauhan. Ang kaligtasan ay pinapanumbalik ang kakayahan ng taong magkaroon nang malapit na pakikipag-ugnayan sa Diyos. Ito ang dahilan kaya tayo nilikha.

II. BAGONG TIPAN

A. Ang gamit ng salitang "amen" bilang isang paghuling liturgical na pagtindig sa katapatan ng isang pahayag ay karaniwan sa NT (cf. I Corinto 14:16; II Corinto 1:20; Pahayag 1:7; 5:14; 7:12).

B. Ang gamit ng salitang ito bilang pagtapos ng panalangin ay karaniwan sa NT (cf. Roma 1:25; 9:5; 11:36; 16:27; Galacia 1:5; 6:18; Efeso3:21; Filipos 4:20; II Thesalonica 3:18; I Timoteo 1:17; 6:16; II Timoteo 4:18).

C. Si Hesus lamang ang gumamit nito (madalas na dalawahan sa Juan) upang pasimulan ang mga mahalagang pangungusap (cf. Lucas 4:24; 12:37; 18:17,29; 21:32; 23:43)

D. Ito ay ginamit na isang pantawag kay Hesus sa Pahayag 3:14 (marahil isang pantawag kay YHWH sa Isaias 65:16).

E. Ang kaisipang puno ng pananampalataaya o pananampalataya, pagtitiwala, o tiwala ay inihayag sa Griyegong salitang *pistos* o *pistis*, na naisalin sa Ingles bilang "tiwala," "pananampalataya," "paniniwala."

**1:7 "NARITO, SIYA'Y PUMAPARITONG NASASA MGA ALAPAAP;"** Ang talatang ito ay maaring naging isang eklamasyon ng mga anghel ng v. 1. Ito ay isang halatang reperensiya sa Ikalawang Pagbabalik ni Kristo.

## NATATANGING PAKSA: PAGPARITO SA GITNA NG MGA ULAP

Ang pariralang ito ay isang halatang reperensiya sa Ikalawang Pagparito ni Kristo. Ang pagparito na ito sa gitna ng mga ulap ay napakahalagang eskatolohikal na tanda. Ito ay ginamit sa tatlong magkakaibang mga paraan sa OT. Upang ipakita ang pisikal na presensya ng Diyos, ang *Shekinah* ulap ng Kaluwalhatian (cf. Exodo 13:21; 16:10; Bilang 11:25) upang takpan ang Kanyang Kabanalan upang ang tao ay hindi Siya makita at mamatay (cf. Exodo 33:20; Isaias 6:5) upang ilipat ang pagkadiyos (cf. Isaias 19:1; pansinin rin Awit 18:7-15) Sa Daniel 7:13 mga ulap ay ginamit sa transportasyon ng banal na taong Mesyas. Ang propesiyang ito sa Daniel ay ipinahiwatig ng lagpas 30 beses sa NT. Ang kaparehong koneksyon na ito sa Mesyas kasama ng mga ulap sa kalangitan ay makikita sa Mateo 24:30; 26:64 Marcos 13:26;

▣ **"at makikita Siya ng bawa't mata"** Ito ay tila nagpapahiwatig sa pangkatawan, pisikal, nakikita, pangkalahatang pagbabalik ni Kristo, hindi sekretong pagkuha o rapture sa mga mananampalataya. Sa aking opinyon ang Bibliya kailanman ay hindi nagtuturo ng isang sekretong pagkuha o pagparito. Yaong mga talata sa mga Ebanghelyo (cf. Mateo 24:37-44; Lucas 17:22-37) na madalas na ginamit upang suportahan ang isang sekretong pagkuha o rapture, sa konteksto ay nauugnay sa pagkukupmara sa mga panahon ni Noah. Ang mga tekstong ito ay nagpapakita ng di-inaasahang daglian ng Kanyang pagparito. Sa panahon ni Noah ang sinomang kinuha ay nawasak! Maging maingat sa pagprowebang –teksto ng maliit na mga sipi ng Kasulatan ng labas sa kinasihang orihinal tagpuan at paggamit sa kanila upang tulungan ang iyong presopusisyonal na teolohikal na eskatolohikal na sistema!

▣ **"at ng nangagsiulos sa Kaniya; at ang lahat ng mga angkan sa lupa ay magsisitaghoy dahil sa Kaniya,"** Ito ay isang pahiwatig sa Zacarias 12:10,12 (cf. Juan 19:37). Ito ay isang mabuting halimbawa kung apaano muling ginawa ni Juan ang OT mga teksto upang tumugma sa Romanong sitwasyon (isang Hudyong tipo ng muling interpretasyong tinawag na *pesher*). Ang teksto ng Zacarias ay isang pambuwelo sa bagong aplikasyon ni Juan. Sa Zacarias ang teksto ay tumutukoy sa mga naninirahan sa Jerusalem na nagluksa sa "isang ipinako," ngunit dito si Juan ginamit ito sa Roma at Hudyong mga pinuno na nagpako kay Kristo (cf. Juan 19:37). Ang PANGHALIP "sila" sa Masoretik Hebreong teksto ay binago sa "lahat ng mga tribu sa mundo" (cf. Mateo 24:30, ang pariralang ito ay hindi mula sa Septuagint). At saka, "mahapis," sa konteksto ng Zacarias na sipi ay madalas na binigyan kahulugan na nauugnay sa Roma 11, kung saan ang mga Hudyo ay nagsisi at nagtiwala kay Hesus bilang Mesyas. Gayunpaman, sa Pahayag 1:7 ang pagluluksa ay hindi para sa pagsisisi, ngunit dahil sa paghuhukom ng Diyos ay bumagsak sa mga di-mananampalataya mula sa lahat ng mga tribu (cf. Mateo 24:30). Ang konteksto ng Zacarias konteksto ay nagpahiwatig sa huling-panahon na paghuhukom ng mga bansa sa pamamagitan ng pagbabanggit ng "ang talampas ng Megiddo," Sa Hebreo ito ay tinawag na Armageddon (cf. Zacarias 12:11; II Cronico 35:22 and Awit 2; Pahayag 16:16), ang lugar ng huling-panahon na labanan sa pagitan ng Diyos at ng Kanyang bayan at si Satanas at kanyang mga tao, ang mga di-nananampalatayang mga bansa.

## NATATANGING PAKSA: MGA PAGLULUKSANG RITWAL

Ang Israelita ay ipinakita ang kanilang pighati para sa kamatayan ng isang minamahal at para sa personal na pagsisisi, gayundin ang pangkalahatang mga krimen, sa ilang mga paraan:

1. pagpunit sa panlabas na kasuotan, Genesis 37:29,34; 44:13; Hukom 11:35; II Samuel 1:11; 3:31; I Hari 21:27; Job 1:20
2. pagsusuot ng tela ng sako, Genesis 37:34; II Samuel 3:31; I Hari 21:27; Jeremias 48:37
3. pag-aalis ng mga sandalyas, II Samuel 15:30; Isaias 20:3
4. pagpatong ng mga kamay sa ulo, II Samuel 13:19; Jeremias 2:37
5. paglalagay ng abo sa ulo, Josue 7:6; I Samuel 4:12; Neh. 9:1
6. pag-upo sa lupa, Panaghoy 2:10; Ezekiel 26:16 (paghiga sa lupa, II Samuel 12:16); Isaias 47:1
7. pagsuntok sa dibdib, I Samuel 25:1; II Samuel 11:26; Nah. 2:7
8. pagsugat sa katawan, Deutronomio 14:1; Jeremias 16:6; 48:37
9. pag-aayuno, II Samuel 12:16,21-23; I Hari 21:27; I Cronico 10:12; Neh. 1:4
10. pag-awit ng isang lamentasyon, II Samuel 1:17; 3:31; II Cronico 35:25
11. pagkakalbo (pagbunot sa mga buhok o pag-ahit), Jeremias 48:37
12. pagputol sa mga balbas, Jeremias 48:37
13. pagtakip sa mukha o ulo, II Samuel 15:30; 19:4

▣ **"Gayon din. Amen."** Ito ay ang Griygong salita para sa apirmasyon (*nai*) at ang Hebreong salita para sa apirmasyon (*amen*) inilagay ng magkatabi para sa pagbibigay-diin (cf. 22:20).

## TALATA SA NASB (BINAGO):1:8

**8 "Ako ang Alpha at ang Omega," sabi ng Panginoong Diyos, "ngayon at nang nakaraan at sa darating, ang Makapangyarihan sa lahat."**

**1:8** Si YHWH mismo ang nagsasalita ng talatang ito, na nagaapirma sa katotohanan ng naunang mga pananalita patungkol kay Hesus. Ito ay nagsasama sa apat na mga titulo para sa Kanya na may pahiwatig sa ikalima at at posibleng ikaanim. Tila sa, v. 8 ang Diyos ay idinadagdag ang Kanyang personal na apirmasyon sa itaas na pananalita sa pamamagitan ng paggamit ng mga magnipikong mga pangalan na ito.

1. "Ako ang," na isang pahiwatig sa Tipanang pangalan YHWH (cf. Exodo 3:14), isang anyo ng PANDIWA "maging." Si Hesus ay ginamit ito para sa Kanyang sarili (cf. Juan 8:56-59). Ang titulong "Panginoon" (*kurios*) sa NT ay nagpapakita ng OT titulong ito.
2. "Alpha at Omega" ay ang una at huling mga sulat ng Griyegong alpabeto na nagpapalagay na ang Diyos ay ang pasimula at ang katapusan, ang may kontrol sa kasaysayan (cf. Isaias 44:6; Pahayag 21:6); ang titulong ito ay ginamit rin kay Hesus sa Pahayag 1:17 at 22:13.
3. "Ang Panginoon" ay ang makabagoong paraan ng pagsasalin sa YHWH (tignan Natatanging Paksa sa sumusunod).
4. "Diyos" sa Genesis 2:4, YHWH, at *Elohim* ay pinagsama (ang PANGINOON Diyos) bilang isang pangalan ng pagkadiyos. *El* ay ang pangkalahatang pangalan para sa Diyos sa Near East, mula sa ugat na "maging malakas."
5. "Ang Isa na Siyang naging Isa, ang Isa na paparating" ay ang parirala ginamit ng nauna sa v. 4, na nagsasalita sa di-nagbabago, laging-nabubuhay na Diyos (cf. Awit 102:27; Malakias 3:6; Santiago1:17). Ang pariralang ito ay ginamit ng Diyos Ama, YHWH, sa vv. 4 at 8 at kay Hesus, ang Diyos Anak, sa vv. 17,18 at 22:13 (cf. Hebreo 13:8).
6. "Ang Makapangyarihan" na siyang OT termino, (1) "*El-Shaddai,*" ang patriyarkal na pangalan para sa Diyos (cf. Exodo 6:3) o (2) "YHWH Sabaoth," mula sa LXX's "Ang Panginoon Diyos Makapangyarihan. Ito ay matatagpuan sa aklat na ito (i.e., *pantokratōr*, cf. 4:8; 11:17; 15:3; 16:7,14; 19:6,11; 21:22), ngunit isang beses lamang sa ibang mga NT aklat (i.e., II Corinto 6:18).

Isang naunang Griyegong manuskrito, aleph (¥*), at ilang kalaunang mga manuskrito ay idinagdag ang parirala "ang pasimula at ang wakas" pagkatapos ng "ang Alpha at ang Omega." Ang mga eskriba ay isiningit ito mula sa 21:6, ngunit ito marahil ay hindi isang orihinal na bahagi ng kinasihang orihinal Griyegong teksto. Ang UBS4 ay minarkahan ito pag-aalis nito bilang "tiyak."

## NATATANGING PAKSA: ANG MGA PANGALAN PARA SA PAGKA-DIYOS

A. *El* (BDB 42, KB 48)

1. Ang orihinal na kahulugan ng panlahat na salita para sa pagkaDiyos ay hindi tiyak, ngunit marami sa mga iskolar ay naniniwala na ito ay nagmula sa Akkadian na ugat na, "maging malakas" o "maging makapangyarihan" (cf. Genesis 17:1; Bilang 23:19; Deuteronomio 7:21; Awit 50:1).
2. Sa Canaanite na panteon ang mataas na diyos ay ang *El* (Ras Shamra na mga teksto)
3. Sa Bibliya ang *El* ay hindi kadalasan nasasamahan ng ibang mga salita. Ang mga kombinasyon na ito ay naging daan para maipakilala ang Diyos.
   a. *El-Elyon* (Kataas-taasang Diyos, BDB 42 & 751 II), Genesis 14:18-22; Deuteronomio 32:8; Isaias 14:14
   b. *El-Roi* ("Ang Diyos na nakakakita" o "Ang Diyos na naghahayag sa Kanyang sarili," BDB 42 & 909), Genesis 16:13
   c. *El-Shaddai* ("Makapangyarihang Diyos" or "Diyos ang Lahat ng Pagkahabag" o "Ang Diyos ng Kabundukan," BDB 42 & 994), Genesis 17:1; 35:11; 43:14; 49:25; Exodo 6:3
   d. *El-Olam* (ang Walang Hanggang Diyos, BDB 42 & 761), Genesis 21:33. Ang salitang ito ay maiuugnay sa teolohiya sa pangako ng Diyos kay David, II Samuel 7:13,16
   e. *El-Berit* ("Ang Diyos ng Kasunduan," BDB 42 & 136), Hukom 9:46
4. Ang *El* ay itinutumbas sa
   a. YHWH sa Awit 85:8; Isaias 42:5
   b. *Elohim* sa Genesis 46:3; Job 5:8, "Ako ang *El*, ang *Elohim* ng iyong ama"
   c. *Shaddai* in Genesis 49:25
   d. "panibugho" sa Exodo 34:14; Deuteronomio 4:24; 5:9; 6:15
   e. "awa" sa Deuteronomio 4:31; Nehemia 9:31;
   f. "dakila at kamangha-mangha" sa Deuteronomio 7:21; 10:17; Nehemia 1:5; 9:32; Daniel 9:4
   g. "kaalaman" sa I Samuel 2:3

h. "aking matatag na kanlungan" sa II Samuel 22:33
i. "aking tagapaghiganti" sa II Samuel 22:48
j. "nag-iisang banal" sa Isaias 5:16
k. "lakas" sa Isaias 10:21
l. "aking kaligtasan" sa Isaias 12:2
m. "dakila at makapangyarihan" sa Jeremias 32:18
n. "ganti" sa Jeremias 51:56

5. Ang pagkakasama ng lahat ng mga pangunahing pangalan sa OT ng Diyos ay matatagpuan sa Joshua 22:22 (*El, Elohim, YHWH,* inulit)

B. *Elyon* (BDB 751, KB 832)

1. Ang pangunahing kahulugan nito ay "mataas," "pinadakila," o "pinatayog pataas" (cf. Genesis 40:17; I Hari 9:8; II Hari 18:17; Nehemia 3:25; Jeremias 20:2; 36:10; Awit 18:13).
2. Ito ay ginagamit na isang katumbas na diwa sa maraming iba pang mga pangalan/titulo ng Diyos.
   a. *Elohim* – Awit 47:1-2; 73:11; 107:11
   b. *YHWH* – Genesis 14:22; II Samuel 22:14
   c. *El-Shaddai* – Awit 91:1,9
   d. *El* – Bilang 24:16
   e. *Elah* – madalas gamitin sa Daniel 2-6 at Ezra 4-7, na maiuugnay sa *illair* (Aramaiko para sa "Mataas na Diyos") sa Daniel 3:26; 4:2; 5:18,21
3. Ito ay kadalasang ginagamit ng mga di-Israelita.
   a. Melchizedek, Genesis 14:18-22
   b. Balaam, Bilang 24:16
   c. Moises, tumutukoy sa mga bansa sa Deuteronomio 32:8
   d. Sa Ebanghelyo ni Lucas sa NT, sumulat sa mga Hentil, gumagamit din ng katumbas na Griyegong *Hupsistos* (cf. 1:32,35,76; 6:35; 8:28; Gawa 7:48; 16:17)

C. *Elohim* (PANGMARAMIHAN), *Eloah* (PANG-ISAHAN), pangunahing ginagamit sa panulaan (tula) (BDB 43, KB 52)

1. Ang salitang ito ay hindi matatagpuan sa labas ng Lumang Tipan.
2. Ang salitang ito ay tinatalaga sa Diyos ng Israel o sa mga diyos ng mga bansa (cf. Exodo 12:12; 20:3). Ang angkan ni Abraham ay naniniwala sa maraming diyos (cf. Joshua 24:2).
3. Ito ay maaaring tumukoy sa mga hukom ng Israel (cf. Exodo 21:6; Awit 82:6).
4. Ang salitang *elohim* ay ginagamit din sa iba pang mga espiritwal na nilalang (mga anghel, pang-demonyo) tulad ng sa Deuteronomio 32:8 (LXX); Awit 8:5; Job 1:6; 38:7.
5. Sa Bibliya, ito ay ang unang titulo/pangalan para sa pagka-Diyos (cf. Genesis 1:1). Ito ay tanging ginagamit hanggang sa Genesis 2:4, kung saan ito ay isinasama sa YHWH. Ito ay pangunahing (sa teolohiya) tumutukoy sa Diyos bilang tagapaglikha, tagapagpatuloy, at tagapagbigay ng lahat ng buhay sa mundong ito (cf. Awit 104). It ay kasingkahulugan ng *El* (cf. Deuteronomio 32:15-19). Ito rin na maaaring itulad sa YHWH sa Awit 14 (*Elohim*) ay katulad na katulad ng Awit 53 (YHWH), maliban sa pagbabago ng mga pangalang ng pagka-Diyos (dibino).
6. Bagaman PANGMARAMIHAN at ginamit sa ibang diyos, ang salitang ito ay kadalasang itinatalaga sa Diyos ng Israel, ngunit kadalasang ito ay may PANG-ISAHAN PANDIWA upang mangahulugan ng paggamit ng iisang Diyos (monoteisko)
7. Ang salitang ito ay matatagpuan sa mga bibig ng mga di-Israelita bilang pangalan para sa pagka-diyos.
   a. Melchizedek, Genesis 14:18-22
   b. Balaam, Bilang 24:2
   c. Moses, kapag nagsasalita sa mga bansa, Deuteronomio 32:8
8. Kataka-taka ito na ang isang karaniwang pangalan para sa monoteistikong Diyos ng Israel ay PANGMARAMIHAN! Bagaman walang katiyakan, narito ang mga palagay (teoriya).
   a. Ang Hebreo ay may maraming MGA PANGMARAMIHAN, na kadalasang ginagamit sa bagbibigay-diin. Ang malapit na maiuugnay dito ay ang nahuling Hebreong pag-gramatikong katangian na tinatawag na "ang pangmaramihan ng maharlika," kung saan ang PANGMARAMIHAN ay ginagamit upang palakihin ang isang kaisipan (konsepto).
   b. Ito ay maaaring tumukoy sa isang kalipunan (konseho) ng mga anghel, na ipinupulong ng Diyos sa langit at silang gumagawa ng Kanyang paghihintay (cf. I Hari 22:19-23; Job 1:6; Awit 82:1;

89:5,7).

c. Ito ay maaari pa ngang magpakilala ng kapahayagan sa NT ng iisang Diyos sa tatlong persona. Sa Genesis 1:1 ang Diyos ay naglikha; Genesis 1:2 ang Espiritu ay lumimlim, at mula sa NT si Hesus ay kinatawan ng Diyos Ama sa paglilikha (cf. Juan 1:3,10; Roma 11:36; I Corinto 8:6; Colosas 1:15; Hebreo 1:2; 2:10).

D. YHWH (BDB 217, KB 394)

1. Ito ay isang pangalan na nagpapakilala ng pagka-Diyos bilang Diyos na gumagawa ng kasunduan; Diyos bilang tagapagligtas, manunubos! Ang sangkatauhan ang sumira sa mga kasunduan, ngunit ang Diyos ay tapat sa Kanyang salit, pangako, kasunduan (cf. Awit 103).

Ang pangalang ito ay unang nabanggit sa kasama ng *Elohim* sa Genesis 2:4. Sila ay hindi dalawang tala ng paglilikha sa Genesis 1-2, ngunit dalawang pagbibigay-diin: (1) ang Diyos bilang manlilikha ng kalawakan (ang pisikal) at (2) ang Diyos bilang ang natatanging manlilikha ng sangkatauhan. Ang Genesis 2:4-3:24 ay pinasimulan ang natatanging kapahayagan patungkol sa tanging kalalagayan at layunin ng sangkatauhan, gayundin ang suliranin ng kasalanan at paghihimagsik (rebelyon) na ikinakabit sa natatanging kalalagayan.

2. Sa Genesis 4:26 sinasabing "pinasimulan ng mga *tao* ang pagtawag sa pangalan ng PANGINOON" (YHWH). Subalit, ang Exodo 6:3 ay nagpapahiwatig na ang naunang mga tao ng kasunduan (tipan) (ang mga Patriyarka at kanilang mga angkan) ay kilala lamang ang Diyos bilang *El–Shaddai*. Ang pangalang YHWH ay ipinaliwanag lamang ng isang pagkakataon sa Exodo 3:13-16, lalo na sa v. 14. Gayunman, ang mga sulat ni Moises kadalasang sinasalin ang salita sa pamamagitan ng mga kilalang paglalaro ng salita, hindi sa mga pinagmula ng salita (etimolohiya) (cf. Genesis 17:5; 27:36; 29:13-35). Mayroong maraming mga palagay sa kung ano ang kahulugan ng pangalan na ito (kinuha mula sa IDB, tomo 2, pp. 409-11).

a. Mula sa isang Arabeng salitang-ugat, "maipakita ang maalab na pagmamahal"

b. Mula sa iang Arabeng salitang-ugat "umihip" (YHWH bilang Diyos ng unos)

c. Mulas sa isang Urgatikong (Canaanito) salitang ugat "magsalita"

d. Sumusunod sa isang Ponetikong tatak o inskripsyon, isang CAUSATIVE NA PANDIWARI na nangangahulugang "ang Isang nagbibigay-lakas," o "ang Isang nagtatatag"

e. Mula sa Hebreong *Qal* na anyo "ang Isang siya," o "ang Isang umiiral" (sa panghinaharap na diwa, "ang Isang iiral")

f. Mula sa Hebreong *Hiphil* na anyo "ang Isang nagdudulot ng pag-iral"

g. Mula sa Hebreong salitang-ugat na "mabuhay" (e.g., Genesis 3:20), na nangangahulugang "ang nabubuhay kailanman, Isang nabubuhay lamang"

h. Mula sa konteksto ng Exodo 3:13-16 isang paglalaro ng DI-GANAP na anyo ay ginamit sa isang GANAP na diwa, "Ako ay magpapatuloy na maging ako sa kung ano ako dati" o "Ako ay magpapatuloy sa pag-iral sa kung anong palagiang pag-iral ako naging" (cf. J. Wash Watts, *A Survey of Syntax in the Lumang Tipan*, p. 67). Ang buong pangalang YHWH ay kadalasang inihahayag sa pagdadaglat o maaaring isang orihinal na anyo.

(1) *Yah* (e.g., Hallelu - yah, BDB 219, cf. Exodo 15:2; 17:16; Awit 89:9; 104:35)

(2) *Yahu* ("iah" katapusan ng mga pangalan, e.g., Isaias)

(3) *Yo* ("Jo" simula ng mga pangalan, e.g., Joshua o Joel)

3. Sa mga huling Judaismo ang kasunduang pangalan ay naging napaka-banal (ang tetragramaton) na ang mga Hudyo ay natatakot sabihin ito na baka nila masira ang kautusan ng Exodo 20:7; Deuteronomio 5:11; 6:13. Kaya pinalitan nila ang Hebreong salita para sa "may-ari," "puno," "husband," "panginoon"—*adon* o *adonai* (aking panginoon). Kapag sila ay dumadating sa YHWH sa kanilang mga pagbasa sa tekstong OT ibinibigkas ito ng "panginoon." Ito ang dahilan kaya ang YHWH ay sinusulat na PANGINOON sa mga Ingles na salin.

4. Kasama ang *El*, ang YHWH ay kadalasang isinasama sa iba pang mga salitang upang bigyang-diin ang mga tiyak ang katangian ng Diyos ng Kasunduan ng Israel. Bagaman may maraming maaaring pagsasama ng mga salitan, ito ang ilan.

a. *YHWH – Yireh* (si YHWH ay maghahanda, BDB 217 & 906), Genesis 22:14

b. *YHWH – Rophekha* (si YHWH ay iyong tagapagpagaling, BDB 217 & 950, *Qal* PANDIWARI), Exodo 15:26

c. *YHWH – Nissi* (si YHWH ang aking watawat, BDB 217 & 651), Exodo 17:15

d. *YHWH - Meqaddishkem* (si YHWH ang nag-iisang magpapabanal sayo, BDB 217 & 872, *Piel* PANDIWARI), Exodo 31:13

e. *YHWH – Shalom* (si YHWH ay Kapayapaan, BDB 217 & 1022), Hukom 6:24
f. *YHWH – Sabbaoth* (si YHWH ng mga hukbo, BDB 217 & 878), I Samuel 1:3,11; 4:4; 15:2; kadalasan sa mga Propeta
g. *YHWH – Ro'I* (si YHWH ay aking pastol , BDB 217 & 944, *Qal* PANDIWARI), Awit 23:1
h. *YHWH – Sidqenu* (si YHWH ay ating katuwiran, BDB 217 & 841), Jeremias 23:6
i. *YHWH – Shammah* (si YHWH ay nandito, BDB 217 & 1027), Ezekiel 48:35

**TALATA SA NASB (BINAGO): 1:9-11**

**9 Akong si Juan, na inyong kapatid at inyong karamay sa kapighatian at sa kaharian at sa pagtitiis na kay Hesus, ay nasasa pulo na tinatawag na Patmos, dahil sa salita ng Diyos at sa patotoo ni Hesus. 10 Ako'y nasa Espiritu nang araw ng Panginoon, at narinig ko sa aking likuran ang dakilang tinig, na tulad sa isang pakakak, 11 na nagsasabi, "Ang iyong nakikita, ay isulat mo sa isang aklat at iyong ipadala sa pitong iglesia: sa Efeso, at sa Smirna, at sa Pergamo, at sa Tiatira, at sa Sardis, at sa Filadelfia, at sa Laodicea."**

**1:9-20** Ito ang ang pangitain ni Juan sa muling pagkabuhay, pag-akyat, at pagtataas kay Kristo. Ang mga kaparehong mga deskripsyon na ito ay ginamit upang pahayagan ang pitong mga iglesya (mga kabanata 2-3). Si Juan ay nagpapakita ng Kauang pakikipagkilanlan sa mga mambabasa sa pamamagitan ng (1) paggamit ng termino "iyong kapatid" at (2) pagbabanggit ng kanyang sariling mga karansan ng pagdurusa, sa kaharian, at pagtitiis. Ang mga susing mga terminong ito — tribulasyon, ang kaharian, at pagsusumigasig— ay mga halimbawa rin ng buhay ni Hesus na ang mga mambabasa, gaya ni Juan, ay dapat na tularan (cf. Juan 16:33; Gawa 14:22; Roma 8:17).

Isang dahilan ng mga makabagong kanluraning interpreter ay hindi nauunawaan ang Pahayag ay sapagkat hindi natin nararanasan ang persekusyon at pagsubok ng unang siglong Romanong mundo. Ang Pahayag ay mga salita sa nasasaktan, namamatay, natatakot na mga mananampalataya.

**1:9 "inyong karamay sa kapighatian"** Tignan puna sa 7:14.

▣ **"sa kaharian"**

## NATATANGING PAKSA: ANG KAHARIAN NG DIYOS

Sa OT ang YHWH ay itinuturong Hari ng Israel (cf. I Samuel 8:7; Awit 10:16; 24:7-9; 29:10; 44:4; 89:18; 95:3; Isaias 43:15; 44:6) at ang Mesias bilang ulirang hari (cf. Awit 2:6; Isaias 9:6-7; 11:1-5). Sa pagkapanganak ni Hesus sa Bethlehem (6-4 B.C.) ang kaharian ng Diyos ay bumasag sa kasaysayan ng tao na may bagong kapangyarihan at pagtutubos (bagong tipan, cf. Jeremias 31:31-34; Ezekiel 36:27-36). Si Juan Bautista ay ipinahayag ang pagiging malapit ng kaharian (cf. Mateo 3:2; Marcos 1:15). Si Hesus ay malinaw na nagturo na ang kaharian ay makikita sa Kanya ay sa Kanyang mga katuruan (cf. Mateo 4:17,23; 9:35; 10:7; 11:11-12; 12:28;16:19; Marcos 12:34; Lucas 10:9,11; 11:20; 12:31-32;16:16; 17:21). Subalit ang kahiran ay sa hinaharap (cf. Mateo 16:28; 24:14; 26:29; Marcos 9:1; Lucas 21:31; 22:16,18).

Sa Sinoptikong paghahanay sa Marcos at Lucas nakikita natin ang talata na, "ang kaharian ng Diyos." Ang karaniwang paksang ng mga katuruan ni Hesus ay nagsasangkot ng pangkasalukuyang paghahari ng Diyos sa puso ng mga tao, na balang araw ay mararanasan at mangyayari sa buong daigdig. Ito ay makikita sa panalangin ni Hesus sa Mateo 6:10. Si Mateo, na sumulat para sa mga Hudyo, mas pinili ang talata na hindi gumagamit ng pangalan ng Diyos (Kaharian ng Langit), habang si Marcos at Lucas, na sumusulat sa mga Hentil, ay gumamit ng pangkaraniwang pagtatalaga , ginamit na karaniwang designasyon, isang paggamit ng pangalan ng pagka-Diyos.

Ang una at huling mga sermon ni Hesus, at karamihan sa Kanyang mga parabula, ay tumatalakay sa paksang ito. Ito ay tumutukoy sa pagahahari ng Diyos sa mga puso ng mga tao ngayon! Ito'y nakakabigla na si Juan ay gumagamit ng talatang ito ng dalawang beses lamang (at hindi kailanman sa parabula ni Hesus). Sa ebanghelyo ni Juan ang "walang hanggang buhay" ay ang susing talinghaga.

The pag-igting (tensyon) sa talatang ito ay dahilan sa dalawang pagbabalik ni Kristo. Ang OT ay tumuon lamang sa isang pagbabalik ng Mesias ng Diyos—isang pangmilitar, panghukom, at dakilang pagbabalik—ngunit ang NT ay nagpapakita na Siya ay dumating ng unang beses bilang isang Nagdurusang Tagapaglingkod ng Isaias 53 at mapagpakumbabang hari ng Zacarias 9:9. Ang dalawang pang-Hudyong panahon, ang panahon ng kasamaan at ang bagong panahon ng katuwiran, ay nagpatong. Si Hesus ay kasalukuyang naghahari sa mga puso ng mga mananampalataya, ngunit balang-araw ay maghahari sa buong sanlibutan. Siya ay darating ng gaya ng sa paghuhula ng OT! Ang mga mananampalataa ay namumuhay sa "nangyari na" laban sa "ang hindi pa" sa Kaharian ng Diyos (cf. Gordon D. Fee at Douglas Stuart's *How to Read The Bible For All Its Worth*, pp. 131-134).

▣ **"sa pagtitiis"** Ang salitang ito ay ginamit sa 2:2,3,19; 3:10; 13:10; 14:12. Tignan Natatanging Paksa: Pagsusumigasig sa 2:2.

▣ **"nasasa pulo na tinatawag na Patmos"** Ang Roma ay ginamit ang mga maliit na mga pulo na ito sa labas ng baybayin ng Asya Minor upang ipatapon ang mga bilanggong politikal (cf. Tacitus' Annals, 3.68; 4.30; 15.71). Tila si Juan ay ipinatapon sa maliit na pulong ito, 37 milya mula sa Miletus. Ang isla ay malasuklay ang hugis, nakaharap sa silangan, sampung milya ang haba at anim na milya ang lapad.

▣ **"dahil sa salita ng Diyos at sa patotoo ni Hesus"** Mayroong dalawang posibleng mga interpretasyon ng pariralang ito. Ito ay maaring tumukoy sa pangangaral ni Juan ng ebanghelyo o (2) sa pagtanggap ni Juan ng kapahayagan. Tayo ay may ilang historikal na reperensiyas sa politikal na pagkawala ni Juan.

1. Tertullian, *On the Prescription of Heretics,* 36
2. Origen, *Homilies on Matthew*
3. Clement ng Alexandria, *The Rich Man's Salvation,* 47
4. Eusebius, *Ecclesiastical History*, III.20.8-9; at
5. Jerome, *Concerning Illustrious Men,* 9.

**1:10 "Ako'y nasa Espiritu**" Ito ay isang espesyal na parirala na nagmamarka paalis sa ibang mga pangitain na natanggap ni Juan (cf 1:10; 4:2; 17:3; 21:10). Ito ay tila tumutukoy sa isang kawalang-malay na kahawaig na estado kung saan isang kapahayagan ang ibinigay (cf. Gawa 10:10; 22:17; II Corinto 12:1ff). Ito ang katangian ng Hudyong apokaliptikong panitikan.

▣ **"nang araw ng Panginoon"** Ito ay ang tanging reperensiya sa Bibliya, tumutukoy sa Linggo, na gumagamit ng parirala. Ang Linggo ay tinukoy bilang ang "ang unang araw ng linggo" sa Juan 20:19; Gawa 20:7 at I Corinto 16:2.

▣ **"na tulad sa isang pakakak"** Ang pariralang ito ay ginamit sa konteksto ng pagbibigay ng Diyos ng Sampung Utos sa Mt. Sinai (cf. Exodo 19:16). Gayunpaman, dahil sa vv. 12a and 4:1, ito ay maaring tumukoy sa boses ng isang anghel. Ang maka-anghel na pamamagitan ay kinakikitaan ng Hudyong apokaliptiko panitikan. Ang Pahayag ay nagsasalita ng higit patungkol sa mga anghel kaysa sa ibang mga NT aklat.

## NATATANGING PAKSA: MGA SUNGAY NA GINAMIT NG ISRAEL

Mayroong Apat na mga salita sa Hebreo iuugnay sa mga sungay/trumpeta:

1. "ang sungay ng tupa" (BDB 901) – ginawang instrumento ng tunog, cf. Joshue 6:5. Ang kaparehong salita ay ginamit para sa tupa kinuha ang kanyang mga sungay kung si Abraham ay pinanghalili para kay Isaac sa Genesis 22:13.
2. "trumpeta" (BDB 1051) – mula sa Assyrian terminong para sa tupang ligaw (ibex). Ito ay ang sungay na ginamit sa Exodo 19:16,19 sa Mt. Sinai/Horeb. #1 at #2 ay kahanay sa Josue 6:5. Ito ay ginamit sa pakikipagkomuniskasyon sa panahon ng pagsamba at panahon ng pakikipaglaban (i.e., Jericho ay pareho, cf. Josue 6:4).
3. "sungay ng tupa" (BDB 385) – mula sa salita ng Phoenician para sa Tupa (cf. Josue 6:4,6,8,13). Ito rin ay sumasagisag sa Taon ng Jubilee (cf. Levitico 25:13,28,40,50,52,54; 27:17,18,23,24).

(Lahat ng mga unang tatlo ay tila walang mga distinksyong intensyon. Ang Mishnah (RH 3.2) ay pinahintulutan ang anumang sungay ng hayop—tupa, kambing, o antilope, ngunit hindi mula sa isang baka.)

4. "mga trumpeta" (BDB 348) – posibleng mula sa PANDIWA "iunat," nagpapahiwatig ng isang derestong buto (hindi kurbado na gaya ng sa mga sungay ng hayop). Ang mga ito ay gawa sa mga pilak ( galing sa hugis at anyo ng Ehipto) Ang mga ito ay ginamit:
   a. na may kasamang mga ritwal na pagsamba (cf. Bilang 10:2,8,10; Ezra 3:10; Nehemias 12:35,41)
   b. para sa pangmilitar na mga layunin (cf. Bilang 10:9; 31:6; Hosea 5:8)
   c. para sa maharlikang mga layunin (cf. II Hari 11:14)

Isa sa mga metal na sungay na ito ay inilarawan sa Arko ni Tito sa Roma; gayundin siJosephus ay inilarawan sila sa *Antiq*. 3.12.6.

**1:11 "sa isang aklat"** Ito ay ang Griyego termino *biblion.* Ito ay ginamit sa pakahulugan ng isang maliit na aklat o balumbon. Sa kalaunan ito ay naging teknikal na termino para sa isang codex o aklat. Si Juan ay inutusan na isulat ang kanyang mga pangitain. Sila ay mga sariling pagbubunyag ng Pagkadiyos. Sila ay hindi para sa personal na benepisyo ni Juan, ngunit para sa Iglesya. Isang katangian ng apokaliptikong panitikanay ang ito ay isang may mataas na istrukturang isinulat na dyanra, hindi ibinigay ng pasalita, gaya ng mga OT propesiya. Isang aklat o balumbon ay lumitaw ng paulit-ulit sa Hudyong apokaliptiko panitikan bilang isang paraan upang maipasa sa mensahe para sa panghinaharap na mambasaba.

▣ **"ipadala sa pitong iglesia"** Ang pagkakaayus-ayos ng mga iglesyang ito ay sumusunod sa Romanong postal na ruta na nagsisimula at nagtatapos sa Ephesus. Ang sirkular na aklat ni Pablo ay kilala bilang ang "Ephesians" maaring maglakbay sa kaparehong ruta. Ang kapahayagan ng Diyos ay kailanman hindi para sa isang indibidwal lamang, ngunit para sa bayan ng Diyos, ang katawan ni Kristo!

▣ The King James na salin ay nagdadagdag ng pariralang "Ako ang Alpha at ang Omega" muli, ngunit walang sinaunang Griyegong manuskrito na nagsusuporta sa pariralang ito talata.

**TALATA SA NASB (BINAGO): 1:12-16**

**[12]At ako'y lumingon upang makita ang tinig na nagsasalita sa akin. At nang ako'y lumingon ay nakita ko ang pitong kandelerong ginto; [13]at sa gitna ng mga kandelero ay may isang katulad ng isang anak ng tao, na may suot na damit hanggang sa paa, at may bigkis ang dibdib na isang pamigkis na ginto. [14]At ang Kaniyang ulo at ang Kaniyang buhok ay mapuputing gaya ng balahibong maputi ng tupa, gaya ng niebe; at ang kaniyang mga mata ay gaya ng ningas ng apoy. [15]At ang Kaniyang mga paa ay katulad ng tansong binuli, na gaya ng dinalisay sa isang lutuang-bakal; at ang Kaniyang tinig ay gaya ng lagaslas ng maraming tubig. [16]At sa Kaniyang kanang kamay ay may pitong bituin: at sa Kaniyang bibig ay lumabas ang isang matalas na tabak na may dalawang talim: at ang Kaniyang mukha ay gaya ng araw na sumisikat ng matindi.**

**1:12 "nakita ko ang pitong kandelerong ginto"** Hindi ito tumutukoy sa Menorah (pitong-tangkay na kandelaryo) na nasa Tabernacle (cf. Exodo 25:31-40) o ang kandelaryo sa Zacarias 4:2. Ang magkahiwalay, nag-iisang kandelaryong ito ay isang simbolikong paraan sa pagtutukoy sa pitong mga iglesya (cf. 1:20; 2:1).

**1:13-18** Sa deskripsyong ito ni Hesus higit sa mga larawan ay may dalawang posibleng OT mga kinaligiran: (1) si YHWH, ngunit gayundin (2) ang anghel ng Daniel 10.

**1:13**

| | |
|---|---|
| **NASB** | **"isang katulad ng isang anak ng tao"** |
| **NKJV** | **"Isang katulad ng Anak ng Tao"** |
| **NRSV** | **"isang katulad ng Anak ng Tao"** |
| **TEV** | **"gaya ng hitsura ng isang tao"** |
| **NJB** | **"isang katulad ng Anak ng Tao"** |

Pansinin ang pagkakaiba sa kapitalisasyon. Ang dahila ay ang kalabuan ng termino. Sa OT Ito ay isang deskriptive na parirala para sa isang nilalang (cf. Awit 8:4; Ezekiel 2:1 at maraming pang iba). Gayunpaman, ito rin ay ginamit sa Daniel 7:13 at posibleng Ezekiel 1:26 ay tumutukoy sa isang taong Mesyas, na ang pagkadiyos (cf. 2:18, kung saan ang kaparehong persona ay tinawag na "Anak ng Diyos") ay ipinagpalagay dahil sa

1. siya ay humarap sa Diyos
2. siya ay nakasakay sa mga ulap ng kalangitan
3. siya ay binigyan ng eternal na kaharian.

Si Hesus ay ginamit ang terminong ito upang tumukoy sa Kanyang sarili sapagkat ito ay walang rabinikal na pagkakagamit, wala pagkabansa o pagkamilitar na mga konotasyon. Ito ay nagsasama sa tao at banal na mga aspeto ng persona ni Hesus (cf. I Juan 4:1-3; Juan 1:1-2,14).

Pansinin na ang NKJV at NRSV ay mayroong "ang" habang NASB, TEV, at JB ay mayroong "isang." Walang DEPINITIBO PANTUKOY sa Griyegong teksto (cf. Daniel 7:13; Hebreo 1:2; 3:6; 5:8; 7:28). Gayunpaman, ang katotohanan na ito ay isang titulo ay nagpapatiyak dito. Ang kalabuan ay maaaring puno ng layunin (isang aspeto ng mga kasulatan ni Juan). Si Hesus ay isang tunay na tao at isa ring Banal na Mesyas.

▣ **"na may suot na damit hanggang sa paa, at may bigkis ang dibdib na isang pamigkis na ginto"** Ang pariralang ito ay naunawaan sa ilang mga paraan.

1. bilang reperensiya sa Punong Saserdote (cf. Exodo 28:4; 29:5; Levitico 16:4 at Zacarias 3:4)
2. bilang isang reperensiya sa isang maharlika, mayamang persona (cf. I Samuel 18:24; 24:12 and Ezekiel 26:16)
3. bilang isang pangitain ng maluwalhating nagpapakahulugan sa anghel ng Daniel 10:5-21, na maaring magpakita kay Hesus bilang nagdadala ng mensahe ng Diyos. Si Josephus, sa kanyang aklat, *Antiquities of the Jews* III.7.2,4, ay nagsabi na Punong Saserdote ay nagsuot ng isang balabal na tinahian ng ginto.

Samakatuwid, si Hesus ay ang Punong Saserdote (cf. Awit 110:4-7; Zacarias 3) ng makalangit na santwaryo (cf. Hebreo 8:1-13; Awit 110).

**1:14 "At ang kaniyang ulo at ang kaniyang buhok ay mapuputing gaya ng balahibong maputi ng tupa"** Ito ay isang pahiwatig sa Sinaunang mga Araw sa Daniel 7:9. Ito ay isang halimbawa ng NT mga may-akda na nagpapalagay sa mga titulo at deskripsyon kay YHWH tungo kay Hesus, pagbibigay-diin sa pagkadiyos ni Hesus.

▣ **"at ang kaniyang mga mata ay gaya ng ningas ng apoy"** Ito ay nagsisimbolo ng Kanyang matalas na kaalaman (cf. Daniel 10:6; Pahayag 2:18; 19:12).

**1:15**
**NASB** **"katulad ng tansong binuli, na gaya ng dinalisay sa isang lutuang-bakal;"**
**NKJV** **"gaya ng dalisay ng tanso, na tila pinuro sa isang lutuan bakal"**
**NRSV** **"gaya ng binuling tanso, na dinalisay sa lutuan bakal"**
**TEV** **"gaya ng tanos na nadalisay at pinakinis"**
**NJB** **"gaya ng tansong binuli kapag ito ay nadalisay sa lutuang bakal"**

Ang salita na ito para sa bronse (*chalkolibanon*) ay di-tiyak. Brass is Ang tanso ay may kaugnayan sa terminong, *chalkos* (cf. Mateo 10:9; I Corinto 13:1; Pahayag 18:22). Ito ay ginamit sa Ezekiel 1:7 para sa mga paa ng querubin at sa Daniel 10:6 para sa mala-anghel na mensahero. Ang mga paa ni Hesus ay inilirawan sa ganitong kaparehong mga termino (cf. 1:15; 2:18) upang ipakita ang Kanyang makalangit na pinagmula o maharlikang karakter.

▣
**NASB, NKJV,**
**NRSV** **"tinig ay gaya ng lagaslas ng maraming tubig"**
**TEV** **"ang tinig ay katunog ng umaatungal na talon"**
**NJB** **"ang tinig ay gaya ng tunog ng karagatan"**

Ito ay ginamit sa
1. YHWH sa Ezekiel 1:24; 43:2
2. mga pakpak ng querubin sa Ezekiel 1:24
3. sa mala-anghel na mensahero (posibleng) sa Daniel 10:6

Tila ito ay isang simbolo ng isang makalangit na awtoratibong boses ng isang persona (cf. 14:2; 19:6).

**1:16 "At sa Kaniyang kanang kamay ay may pitong bituin"** Ang pariralang ito ay inuulit-ulit sa 1:16,20; 2:1; 3:1. Ito ay nagpapakita ng personal na pag-aaruga ni Hesus sa Kanyang lokal na mga iglesya.

▣ **"at sa Kaniyang bibig ay lumabas ang isang matalas na tabak na may dalawang talim"** *Hromphaia* ay tumutukoy sa malaking sandat ng isang Thracian, na dala-dala ng isang Romanong sundalo. Ang metaporang ito ay lumitaw sa OT sa Isaias 11:4; 49:2. Ito ay nagsisimbolo ng kapwa (1) labanan (cf. 2:16; 6:8) at (2) ang kapangyarihan ng salita ng Diyos, lalo na ang paghuhukom (cf. 2:12; 19:15,21; II Tesalinica 2:8). Hebreo 4:12 ay gumagamit ng isa pang tipo ng mga salita (machaira), ngunit kapareho ang ideya — ang kapangyarihan ng salita ng Diyos.

▣ **"at ang Kaniyang mukha ay gaya ng araw na sumisikat ng matindi"** Isang kahawig na parirala ay ginamit upang ilarawan ang mala-anghel na mensahero ng Daniel 10:6 at Pahayag 10:1. Sa Daniel 12:3 (cf. Mateo 13:43). Ito ay isang simbolo ng isang matuwid na muling binuhay. Si Hesus ay kaparehong inilarawan sa mga termino sa Kanyang transpigurasyon (cf. Mateo 17:2).

## TALATA SA NASB (BINAGO): 1:17-20

**17 At nang siya'y aking makita, ay nasubasob akong waring patay sa kaniyang paanan. At ipinatong niya sa akin ang kaniyang kanang kamay, na sinasabi, "Huwag kang matakot; ako'y ang una at ang huli, 18 At ang Nabubuhay; at ako'y namatay, at narito, ako'y nabubuhay magpakailan man, at nasa akin ang mga susi ng kamatayan at ng Hades. 19 Isulat mo nga ang mga bagay na nakita mo, at ang mga bagay ngayon, at ang mga bagay na mangyayari sa darating. 20 Ang hiwaga ng pitong bituin na iyong nakita sa aking kanang kamay, at ng pitong kandelerong ginto. Ang pitong bituin ay ang mga anghel ng pitong iglesia: at ang pitong kandelero ay ang pitong iglesia."**

**1:17 "ay nasubasob akong waring patay sa Kaniyang paanan"** Ang tipong ito ng kapahayagan ay laging nagdudulot ng pangingilabot sa mga tao na tumatanggap nito (cf. Daniel 8:17; 10:9; Ezekiel 1:28; 3:23; II Baruch 21:26; IV Ezra 5:14). Ito ay isang nakakagigilalas para sa supernatural espirtiwal na kaharian na aliasn ng talukbong ang kanyang sariling tungo sa mga tao.

▣ **"At ipinatong niya sa akin ang Kaniyang kanang kamay"** Ang gawi na ito ay nagpapakita ng pag-aaruga at atensyon ni Hesus sa Kanyang bayan (cf. Daniel 8:18; 10:10, 18).

▣ **"Huwag kang matakot"** Ito ay isang PANGKASALUKUYANG PAUTOS na may kasamang NEGATIBONG KATAGA, madalas ang kahulugan ay itigil ang isang akto na nasa proseso na. Ang mga tao ay takot sa supernatural na daigdig (cf. ang mga salita ni Hesus sa Mateo 14:27; 17:7; 28:10; Marcos 6:50; Lucas 5:10; 12:32; Juan 6:20 at ang mga salita ng anghel sa Mateo 28:5;

Lucas 1:13,30; 2:10).

▣ **"Ako'y ang una at ang huli"** Ito ay madalas na isang reperensiya kay YHWH (cf. Isaias 41:4; 44:6; 48:12), ngunit dito, ito ay ginamit sa itinaas na si Kristo (cf. v. 8; 2:8; 22:13). Ito ay isang katumbas sa pariralang "Alpha at Omega." Tignan mga puna sa vv. 4 at 8.

**1:18**
**NASB, NRSV "Ako ang Nabubuhay"**
**NKJV "Ako Siyang nabubuhay"**
**TEV "Ako ang nag-iisang nabubuhay!"**
**NJB "Ako ang Nag-iisang Nabubuhay"**

Ito ay isang pahiwatig sa Tipanang pangalan para sa Diyos, si YHWH, na nagmumula sa Hebreong PANDIWA "maging" (cf. Exodo 3:14). Tignan Natatanging Paksa: Mga Pangalan Para sa Pagkadiyos sa 1:8. Narito ang laging-nabubuhay, tanging-nabubuhay na Diyos (cf. Daniel 12:7; Juan 5:26). Muli, ito ay ang pagkakagamit ng NT may-akda sa OT titulo para sa Diyos upang ilarawan si Hesus. Ito ay napakahawig kay Hesus na gumagamit ng pangalan ni YHWH para sa Kanyang sarili sa Juan 8:58.

▣ **"Ako'y namatay, at narito, ako'y nabubuhay magpakailan man,"** Ang muling pagkabuhay ay:
1. ang tatak ng Ama ng pagsang-ayon (cf. Gawa 2:24; 3:15; 4:10; 5:30; 10:40; 13:30,33,34,37; 17:31; Roma 4:24; 10:9; I Corinto 6:14; 15:15; Efeso 1:20; Colossas 2:12; Hebreo 13:20; I Pedro 1:21)
2. isang demonstrasyon ng kapangyarihan ng Espiritu (cf. Roma 8:11)
3. isang demonstrasyon ng personal na kapangyarihan ni Hesus (cf. Juan 10:11,15,17,18). Ang reperensiyang ito sa kamatayan ni Hesus ay maarin rin maging isang paraan upang salungatin ang mga Gnostic na bulaang guro na nagtatanggi ng Kanyang pagiging tao.

▣ **"at nasa Akin ang mga susi ng kamatayan at ng Hades"** Ang Mga Hudyo ay nakita ang kamatayan bilang isang bilangguan na may mga tarangkahan (cf. Job 38:17; Awit 9:13; 107:18; Isaias 38:10; Mateo 16:19). Ang mga susi ay ang metapora para sa awtoridad. Ito ang simbolikong awtoridad ni Hesus laban sa kamatayan para sa Kanyang sarili at sa Kanyang mga tagasunod (cf. 5:9-10; I Corinto 15).

▣
**NASB, NKJV,**
**NRSV, NJB "Hades"**
**TEV "ang mundo ng mga patay"**

The King James Version ay isinalin ito bilang "impyerno,"ngunit ito ay isang pagkalito sa Englis na salin sa Griyegong mga salita na, *Hades* at *Gehenna. Hades* ay tumutugma sa OT salita na *Sheol* (cf. 6:8; 20:13-14). Sa OT ang mga tao ay nakikita na bumababa tungo sa mundo at pinagsasama sa mga pamilya. Ito ay isang may kamalayan ngunit walang kagalakan na pagkabuhay. Unti-unti ang Diyos ay sinimulang ibinunyag nang mas higit pa (progresibong kapahayagan) patungkol sa buhay pagkatapos ng kamatayan. Ang mga rabi ay nagsaad na mayroong matuwid (Paraiso) at masasama (Tartarus) na pagkakahiwalay sa *Sheol* (cf. Lucas 23:43). Ang Bibliya ay palarawan sa mga detalye patungkol sa buhay pagkatapos ng kamatayan. Ito ay nagsasalita sa mga metapora patungkol sa langit (i.e., kalye ng ginto, bayan na may 1500 milyang parisukat, walang nakasaradong tarangkahan, atbp.) at ang impyerno (apoy, kadiliman, mga uod, atbp.)

## NATATANGING PAKSA: NASAAN ANG MGA PATAY?

I. Lumang Tipan
   A. Ang lahat ng tao ay mapupunta sa *Sheol* (ang etimolohiya ay hindi tiyak, BDB 1066), na ito ay isang paraan upang tukuyin ang kamatayan o ang libingan, na madalas sa mga Karunungang Panitikan at Isaias. Sa OT ito ay isang maanino, may kamalayan, ngunit walang kaligayahang pag-iral (cf. Job 10:21-22; 38:17).
   B. Katangian ng *Sheol*
      1. inuugnay sa kahatulan ng Diyos (apoy), Deutronomio 32:22
      2. inuugnay ka kahatulan kahit na bago dumating ang araw ng Paghuhukom, Awit 18:4-5
      3. inuugnay sa *abaddon* (pagkawasak), na kung saan nandoon din ang Diyos, Job 26:6; Awit 139:8; Amos 9:2
      4. inuugnay sa "ang hukay" (libingan), Awit16:10; Isaias 14:15; Ezekiel 31:15-17
      5. ang masasama ay bababa ng buhay sa *Sheol*, Bilang 16:30,33; Awit 55:15
      6. kadalasang kinakatawang ng isang hayop na may malaking bunganga, Bilang 16:30; Isaias 5:14; Hab. 2:5

7. ang mga tao doon ay tinatawag na *Repha'im*, Isaias 14:9-11)

II. Bagong Tipan

A. Ang Hebreong *Sheol* ay isinalin sa Griyegong *Hades* (ang di-nakikitang mundo) B. Katangian ng *Hades*

1. tumutukoy sa kamatayan, Mateo 16:18
2. inuugnay sa kamatayan, Pahayag 1:18; 6:8; 20:13-14
3. kadalasang inuugnay sa lugar ng palagiang pagpaparusa (*Gehenna*), Mateo 11:23 (sipi sa OT); Lucas 10:15; 16:23-24
4. kadalasang inuugnay sa libingan, Lucas 16:23

C. Maaaring pagkakahati-hati (mga rabi)

1. ang matuwid na bahagi ay tinatawag na paraiso (totoong ibang pangalan para sa langit, cf. II Corinto 12:4; Pahayag 2:7), Lucas 23:43
2. ang masamang bahagi ay tinatawag na *Tartarus*, II Pedro 2:4, kung saan ito ang lugas na tinatangan ang mga masamang anghel (cf. Genesis 6; I Enoch)

D. *Gehenna*

1. Ipinaliliwanag nito ang pariralang OT, "ang lambak ng mga anak ni Hinnom," (timog ng Herusalem). Ito ay lugar na ang apoy na diyos ng Phoenicia, *Molech* (BDB 574), ay sinamba sa pamamagitan ng pagaalay ng bata (cf. II Hari 16:3; 21:6; II Cronika 28:3; 33:6), ito ay ipinagbabawal sa Levitico 18:21; 20:2-5.
2. Si Jeremias ay binago ito mula sa isang lugar ng paganong pagsamba sa isang lugar ng paghuhuko ni YHWH (cf. Jeremias 7:32; 19:6-7). Ito ay naging isang lugar ng apoy, walang hanggang paghuhukom sa I Enoch 90:26-27 and Sib. 1:103.
3. Ang Hudyo sa panahon ni Hesus na nangingilabot sa pakikilahot ng kanilang mga ninuno sa paganong pagsamba sa pamamagitan ng pag-aaral ng bata, ay ginawa nilang lugar na pinagtatapunan ng basura para Herusalem. Marami sa mga talinghaga ni Hesus para sa mga walang hanggang parusa ay nanggaling sa tapunang ito (apoy, usok, mga uod, nakakasulasok na amoy, cf. Marcos 9:44,46). Ang salitang *Gehenna* ay ginamit lamang ni Hesus (maliban sa Santiago 3:6).
4. Ang paggamit ni Hesus sa *Gehenna*
   a. apoy, Mateo 5:22; 18:9; Marcos 9:43
   b. pamalagian, Marcos 9:48 (Mateo 25:46)
   c. lugar ng pagkawasak (kapwa kaluluwa at katawan), Mateo 10:28
   d. inihahalintulad sa *Sheol*, Mateo 5:29-30; 18:9
   e. itinatangi ang mga masasama bilang "anak ng impyerno," Mateo 23:15
   f. bunga ng pagpapataw na kaparusahan, Mateo 23:33; Lucas 12:5
   g. ang kaunawaan sa *Gehenna* ay maihahalintulad sa pangalawang kamatayan (cf. Pahayag 2:11; 20:6,14) o sa lawa ng apoy (cf. Mateo 13:42,50; Pahayag 19:20; 20:10,14-15; 21:8). Maaaring ang lawa ng apoy ay magiging pamalagiang lugar na titirhan ng mga tao (mula sa *Sheol*) at mga masamang anghel (mula sa *Tartarus*, II Pedro 2:4; Hudas v. 6 o sa kailaliman, cf. Lucas 8:31; Pahayag 9:1-11; 20:1,3).
   h. hindi ito ginawa para sa mga tao, ngunit para kay Satanas at sa kanyang mga anghel, Mateo 25:41

E. Ito ay maaari, dahil sa pagpapatong ng *Sheol*, *Hades*, and *Gehenna* na

1. sa simula lahat ng mga tao ay mapupunta sa *Sheol/Hades*
2. ang kanilang karanasan (mabuti/masama) is ay papalalain pagkatapos ng Araw ng Paghuhukom, ngunit ang lugar ng mga masasama ay mananatiling katulad ng dati (ito ang dahilan kung bakit isinali ng KJV ang *hades* (libingan) bilang *gehenna* (impyerno).
3. ang nag-iisang talata sa NT na nagbanggit ng pagdurusa bago ang Paghuhukom ay ang parabula sa Lucas 16:19-31 (Lazaro at ang Mayaman). Ang *Sheol* ay inilalarawan din bilang isang lugar ng pagpaparusa ngayon (cf. Deutronomio 32:22; Awit 18:1-5). Subalit, ang sinuman ay hindi makakabuo ng doktrina sa isang parabula.

III. Panggitnang kalagayan sa pagitan ng kamatayan at muling pagkabuhay

A. Ang NT ay hindi nagtuturo ng "pagiging walang kamatayan ng kaluluwa," na isa sa maraming mga sinaunang pananaw pagkatapos ng buhay.

1. ang mga kaluluwa ng tao ay umiiral na bago pa ang pisikal na buhay
2. ang mga kaluluwa ng tao ay walang-hangan bago at pagkatapos ng pisikal na buhay

3. kadalasang ang pisikal na katawan ay nakikita bilang isang bilangguan at ang kamatayan bilang paglaya pabalik sa dating kalagayan bago ang pag-iral

B. Ang NT ay nagpapahiwatig ng nabuwag na kalalagayan sa pagitan ng kamatayan at muling pagkabuhay

1. Si Hesus ay nagsalita sa pagkakahati sa pagitan ng katawan at kaluluwan, Mateo 10:28
2. Si Abraham ay maaaring nagkaroon ng isang katawan ngayon, Marcos 12:26-27; Lucas 16:23
3. Si Moises at Elias ay may pisikal na katawan sa pagbabagong-anyo ni Hesus, Mateo 17
4. Binigyang-diin ni Pablo na ang Pangalawang Pagparito, ang mga kaluluwa kasama ni Kristo ay makakatanggap muna ng mga katawan, I Thesolonica 4:13-18
5. Binigyang-diin ni Pablo na ang mga mananampalataya ay makatatanggap ng bagong espirituwal na katawan sa araw ng muling pagkabuhay, I Corinto 15:23,52
6. Binigyang-diin ni Pablo na ang mga mananampalataya ay hindi mapupunta sa *Hades*, ngunit sa kamatayan ay kasama ni Hesus, II Corinto 5:6,8; Filipos 1:23. Napagtagumpayan ni Hesus ang kamatayan at kinuha ang mga matutuwid na kasama Niya sa langit, I Pedro 3:18-22.

IV. Ang Langit

A. Ang salita ay ginamit sa tatlong mga diwa sa Bibliya.

1. ang *atmosphere* sa taas ng lupa, Genesis 1:1,8; Isaias 42:5; 45:18
2. ang mabituing kalangitan, Genesis 1:14; Deutronomio 10:14; Awit 148:4; Hebreo 4:14; 7:26
3. ang lugar ng luklukan ng Diyos, Deutronomio 10:14; I Hari 8:27; Awit 148:4; Efeso 4:10; Hebreo 9:24 (pangatlong langit, II Corinto 12:2)

B. Ang Bibliya ay hindi naghayag nang marami patungkol sa pagkatapos ng buhay, marahil dahil ang mga nalugmok na mga sangkatauhan ay walang paraan o kakayahan na maunawaan (cf. I Corinto :9).

C. Ang langit ay kapwa isang lugar (cf. Juan 14:2-3) at isang persona (cf. II Corinto 5:6,8). Ang langit ay maaaring ipanumbalik sa Hardin ng Eden (Genesis 1-2; Revelation 21-22). Ang mundo ay malilinis at maibabalik sa dati (cf. Gawa 3:21; Roma 8:21; II Pedro 3:10). Ang larawan ng Diyos ( Genesis 1:26-27) ay napanumbalik ni Kristo. Ngayon ang malapit na pakikipag-ugnayan sa Hardin ng Eden ay maaari muli.

Subalit, ito ay maaaring isang talinghaga (ang langit bilang isang malaki, malakubong lungsod sa Pahayag 21:9-27at hindi literal. Inilalarawan ng I Corinto 15 ang pagkakaiba sa pagitan ng pisikal na katawan sa espirituwal na katawan bilang isang binhi sa isang ganap na halaman. Muli, ang I Corinto 2:9 (isang sipi mula sa Isaias 64:4 at 65:17) ay isang dakilang pangako at pag-asa! Nalalaman ko na kapag makita natin Siya, tayo ay magiging katulad Niya (cf. I Juan 3:2).

V. Mga mapagkukunang tulong

A. William Hendriksen, *The Bible On the Life Hereafter*

B. Maurice Rawlings, *Beyond Death's Door*

**1:19** Ang pariralang ito ay ginamit bilang tularan para sa pag-iinterpret sa aklat ng Pahayag. Ito ay nakikita alinman sa dalawahan o isang tatluhang pangitain. Ang Griyegong parirala ay dalawahang deskripsyon sa kung ano ang kasalukuyan at ano ang mangyayari. Ang aklat ay nagsasama sa kapawa mga aspeto sa sa tradisyonal na pangpropesiyang pakahulugan ng ksalukuyang mga pangyayaring na naghuhula sa eskatolohikal na mga pangyayari. Ang aklat ay tinalakay ang persikusyon sa panahon ni Juan at ang persikusyon sa bawat panahon at sa sukdulan ay persikusyon sa huling-panahon ng anti-Kristo (cf. Daniel 9:24-27; II Tesalonica 2).

**1:20 "Ang hiwaga ng pitong bituin"** Ang terminong ito (*mustērion*) ay ginamit sa ilang mga pakahulugan ni Pablo, ngunit lahat ay nauugnay sa eternal, ngunit nakatagong plano ng Diyos para sa kaligtasan ng mga tao, ang mga nananampalatayang mga Hudyo at Hentil na pinagsama sa iisang bagong katawan kay Kristo (cf. Efeso 2:11-3:13). Dito, Gayunpaman, ito ay tila ginamit sa koneksyon kasama ng pitong mga iglesya ni Hesus ay tumatalakay sa mga kabanata 2 at 3. Mula sa talata 20 halatang na ito ay ang mga pitong espiritu, pitong mga biutuin, pitong gintong kandelaryo, at pitong mga anghel ay lahat mga simbolikng paraan sa pitong mga iglesya. Ang terminong ito ay ginamit sa kaparehong paraan ng pagtatago ng kahulugan tungo sa isang simbolo sa 17:7. Tignan mga puna sa at Natatanging Paksa sa 10:7.

▣ **"ang mga anghel"** Ang Griyego (*aggelos*) at Hebreo (*malak*) mga termino ay maaring maisalin bilang "mga mensahero" o "mga anghel." Mayroong mga naging ilang teorya patungkol sa kanilang pagkakakilanlan.

1. Ang ilan ay nagsabi na sila ay ang pitong mga espirtu na binanggit sa talata 4.
2. Ang iba ay nagsabi na sila ay mga pastor ng mga iglesya (cf. Malakias 2:7).
3. ang iba ay nagsabi na ito ay tumutukoy sa bantay na anghel ng mga iglesyang ito (cf. Daniel 10:13,20,21).

Ito ay tila pinakamainam na tumutukoy sa isang personipikasyon ng mga iglesya sa kabuuan, maging ito man ay simbolismo ng isang pastor o isang anghel.

## MGA TALAKAYANG TANONG

Ito ay isang komentaryong gabay sa pag-aaral, na nangangahulugan na ikaw ay may pananagutan sa iyong sariling interpretasyon sa Bibliya. Ang bawat isa sa atin ay dapat lumakad sa liwanag na mayroon tayo. Ikaw, ang Bibliya, at ang Banal sa Espiritu ay pangunahin sa interpretasyon. Hindi mo dapat iasa ito sa taga-pagsuri.

Ang mga talakayang tanong na ito ay inihanda upang tulungan kang mag-isip sa pamamagitan ng mga pangunahing paksa sa bahaging ito ng aklat. Ito ay nangahulugang dapat maging mapukaw-isip, hindi pang kahulugan lamang.

1. Ang kabanata 1 ba ay nagbibigay ng anumang palatandaan sa kung paano iinterpret ang aklat ng Pahayag? Kung magkagayon, ano ang mga ito?
2. Ang aklat ba ng Pahayag ay unang-una para sa kanyang panahon o sa huling panahon? Bakit?
3. Bakit gumawa si Juan ng napakaraming mga pahiwatig sa Lumang Tipan ngunit hindi kailanman direktang nagsipi mula dito?
4. Bakit napakaraming magkakaibang mga titulo ang ginamit para sa Diyos sa kabanatang ito?
5. Why are the descriptions of vv. 12-20 ginamit to introduce each of the pitong mga iglesya in mga kabanata 2 and 3?
6. Bakit ang niluwalhating Hesus ay inilarawan ng napakahawig sa anghel ng Daniel 10?

# PAHAYAG 2 – 3

## MGA BAHAGI NG TALATAAN NG MGA MAKABAGONG SALIN*

| UBS[4] | NKJV | NRSV | TEV | NJB |
|---|---|---|---|---|
| Ang Mensahe sa Efeso | Ang Walang Pag-ibig na Iglesya | Ang Unang Liham | Ang Mensahe sa Efeso | Efeso |
| 2:1a<br>2:1b-7 | 2:1-7 | 2:1<br>2:2-7 | 2:1a<br>2:1b-7a<br>2:7b | 2:1-7<br>1:3-7 |
| Ang Mensahe sa Smyrna | Ang Inusig na Iglesya | Ang Ikalawang Liham | Ang Mensahe sa Smyrna | Smyrna |
| 2:8a<br>28b-11 | 2:8-11 | 2:8<br>2:9-11 | 2:8**a**<br>2:8b-10<br>2:11a<br>2:11b | 2:8-11 |
| Ang Mensahe sa Pergamum | Ang Makompromisong Iglesya | Ang Ikatlo na Liham | Ang Mensahe sa Pergamum | Pergamum |
| 2:12a<br>2:12b-17 | 2:12-17 | 2:12<br>2:13-17 | 2:12a<br>2:12b-16<br>2:17a<br>2:17b | 2:12-13<br>2:14-17 |
| Ang Mensahe sa Thyatira | Ang Madungis na Iglesya | Ang Ikaapat na Liham | Ang Mensahe sa Thyatira | Thyatira |
| 2:18a<br>2:18b-29 | 2:18-29 | 2:18<br>2:19-29 | 2:18a<br>2:18b-23<br>2:24-28<br>2:29 | 2:18-29 |
| Ang Mensahe sa Sardis | Ang Patay na Iglesya | Ang Ikalimang Liham | Ang Mensahe sa Sardis | Sardis |
| 3:1a<br>3:1b-6 | 3:1-6 | 3:1a<br>3:1b-6 | 3:1a<br>3:1b-5<br>3:6 | 3:1-6 |
| Ang Mensahe sa Philadelphia | Ang Matapat na Iglesya | Ang Ikaanim na Liham | Ang Mensahe sa Philadelphia | Philadelphia |
| 3:7a<br>3:7b-13 | 3:7-13 | 3:7<br>3:8-13 | 3:7a<br>3:7b-12<br>3:13 | 3:7-13 |
| Ang Mensahe sa Laodicea | Ang Maligamgam na Iglesya | Ang Ikapitong Liham | Ang Mensahe sa Laodicea | Laodicea |
| 3:14<br>3:14b-22 | 3:14-22 | 3:14<br>3:15-22 | 3:14a<br>3:14b-21<br>3:22 | 3:14-22 |

## IKATLONG TAPUSANG PAGBASA (tingnan p. v sa panimulang seksyon)

***PAGSUNOD SA ORIHINAL NA LAYUNIN NG MAY-AKDA AYON SA ANTAS NG TALATA***

Ito ay isang komentaryong gabay sa pag-aaral, na nangangahulugan na ikaw ay may pananagutan sa iyong sariling interpretasyon sa Bibliya. Ang bawat isa sa atin ay dapat lumakad sa liwanag na mayroon tayo. Ikaw, ang Bibliya, at ang Banal sa Espiritu ay pangunahin sa interpretasyon. Hindi mo dapat iasa ito sa taga-pagsuri.

Basahin ang kabanata ng isang upuan. Alamin ang mga paksa. Ihambing ang iyong pagkakabahagi ng paksa sa limang makabagong salin. Ang pagkakatalata ay hindi isang inspirasyon, ngunit ito'y isang susi sa pagsunod sa layunin ng may akda na siyang puso ng interpretasyon. Bawat talata ay may isa at isa lamang na paksa

1. Unang Talata

2. Ikalawang Talata

3. Ikatlong Talata

4. Atbpa.

## PANGKALAHATANG KALIGIRAN

A. Ang pampanitikang yunit (mga kabanata 2-3) ay konektado sa OT na titulo para kay YHWH na ginamit sa Mesyas (cf. 1:12-20). Ito ay isang paraan ng NT may-akda na pagtibayin ang pagkaDiyos ni Hesus. Ang kapahayagan ni Juan ay naglilipat sa Lumang Tipan na mga titulo at mga aksyon ni YHWH kay Hesus, ang inangat, niluwalhati na Mesyas.

B. Ang layunin nito ay upang ipakita ang espiritwal na mga pangangailangan ng unang siglong mga iglesya, at sa pamamagitan ng analohiya, lahat ng mga iglesya (i.e., ang bilang na pito). Ang ministeryo ni Juan sa kanyang matandang edad ay sa Asya Minor, lalo na sa Efeso. Si Juan ay halatang nakikilala ang mga iglesya at mga bayan na ito. Ang mga sulat na ito ay nagpapakita ng etikal na aspeto ng Kristyanismo. Sila ay isang pagkakatawag sa katapatan at pagkamakadiyos. A ng iglesya ay hahatulan rin (cf. II Corinto 5:10).

C. Mayroong maraming mga iglesya sa probinsya ng Roma ng Asya Minor sa panahon ni Juan. Bakit ang may-akda ay sinulatan lamang ang pito sa kanila?
   1. Ito ay ang biblikal na bilang na nagpapakita ng perpeksyon (cf. Genesis 1). Mayroong maraming bilang ng mga pampanitikan mga estruktura ng pitong propesiya ni Juan.
   2. Ang mga iglesyang ito ay nagbuo ng isang paglalakabay na ruta, simula sa Efeso at nagtatapos sa Laodicea. Ito ay posibleng ang Imperial rutang postal.
   3. Sila sa ilang mga pagkakataon ay kumakatawan sa mga tipo ng mga iglesya matatagpuan sa bawat panahon at kultura.

D. Ang ang kahalagahan ng pampanitikan yunit na ito sa ating panahon ngayon?
   1. Ang ilan ay nag-interpret sa mga iglesyang ito bilang propetikong deskripsyon ng Kanluranin kasaysayan mula sa Pentekoste hanggang sa Ikalawang Pagdating
      a. Ephesus = ang Apostolik na Periyod, A.D. 33-100 (Pentekoste hanggang sa Juan)
      b. Smyrna =ang Periyod ng Persekusyon, A.D. 100-313 (Juan hanggang kay Constantine)
      c. Pergamum = ang Periyod ni Constantine, A.D. 313-590 (Constantine hanggang kay Gregory)
      d. Thyatira = Papal Roma, A.D. 590-1517 (Gregory hanggang kay Luther)
      e. Sardis = Repormasyon, A.D. 1517-1792 (Luther - Carey)
      f. Philadelphia = Modernong Misyonaryong Kilusan, A.D. 1792-1914 (Carey hanggang sa raptyur)
      g. Laodicea = Periyod ng Apostasya, A.D. 1914 - Parousia (WWI - Parousia)

      Ito ay tila medyo kasalukuyang interpretib na grid na dumating upang magpakilala sa "Dispensesyonal Premilenyalismo" (na madalas ay tinitignan ang Mateo 13 bilang kahanay sa 7 mga iglesya). Gayunpaman, walang maging sa teksto mismo ang magsasang-ayon sa pananaw na ito. Bagamat ilang mga aspeto ng kanluranin kasaysayan ay tumutugma sa panukala na ito, ang iba ay hindi. Isang pag-aarogante na isaad na ang Bibliya ay isinulat lamang upang talakayin ang kanluraning kultura. Ang panukala na iyon ay walang kahulugan sa isang unang siglong tagapanood.
   2. Ang ilan ay ininterpret ang mga iglesyang ito bilang isang kinatawan halimbawa ng mga tipo ng mga iglesya na matatagpuna lamang sa lahat ng panahon at mga kultura.

E. Isa sa mga aklat na nakatulong sa akin na iinterpret ang propesiya/apokaliptiko ay kay D. Brent Sandy, *Plowshares and Pruning Hooks: Rethinking the Language of Biblical Prophecy and Apocalypse*. Gumawa siya ng isang nakakakaaliw na teolohikal na punto patungkol sa lahat ng mga pangakong ginawa sa matapat na mga mananampalataya mga kabanata 2-3 (pp. 28-32). Inilista niya ang mga pangako bilang
   1. ang puno ng buhay
   2. ang putong ng buhay
   3. ang puting bato
   4. pagkamay-akda laban sa mga bansa
   5. ang Bituin sa Umaga
   6. binihisan ng puti
   7. isang pader sa templo ng Diyos

8. ang pangalan ng Diyos
9. ang pangalan ng Jerusalem
10. umupo sa trono ng Diyos

Sinasabi niya na ang mga ito ay hindi ninais na bigyan kahulugan ng literal o ng indibodwal, ngunit bilang isang pangkalahatang katuparan, bilang nakikita sa 21:3. Sa aking palagay ito ay isang nararapat hermenyutikal na paglapit sa dyanrang ito.

## ESTRUKTURAL NA PAGKAKAISA NG PITO MGA SULAT

A. Maraming mga komentarista nakikita ang pitong elementong estruktura na nakikita sa halos sa mga sulat, bagamat hindi lahat ng pito ay nakikita sa bawat iglesya.
   1. Ang karaniwang pagtalakay ni Hesus "sa anghel ng iglesya ng_______pagsulat . . ." (cf. 2:1,8,12,18; 3:1,7,14).
   2. Deskripsyon ni Hesus ay kinuha mula sa 1:12-20, na siyang Lumang Tipan na titulo at mg aksyon ni YHWH, ay ipinakilala ang bawat mensahe.
   3. Ang kaalaman ni Hesus sa mga iglesya, kapwa positibo at negatibo, "Nalalaman Ko . . ." (cf. 2:2, 9,13,19; 3:1,8,15).
   4. Tinalakay ni Hesus ang indibidwal na mga iglesya at ang kanilang kultural, heograpikal at espiritwal na pagkakataon.
   5. Si Hesus ay nagsasalita sa Kanyang daglian, paparating na pagdating, alinman sa temporal na paghatol o ang Ikalawang Pagbalik, (cf. 1:1,3; 2:5,16,25; 3:3,11).
   6. Si Hesus ay nagpaalala ng espiritwal na pakikinig at pag-uunawa, (cf. 2:7,11,17,29; 3:6,13,22). Ginamit ni Hesus "Siyang may tainga, hayaang na siya ay makinig" sa Ebanghelyo (cf. Mateo 11:15, 13:9, 43; Marcos 4:24.)
   7. Nangako si Hesus ng isang pabuya para sa matapat na tagasunod, (cf. 2:7,11,17,25-26; 3:4-5,11-12,21).

   Ang pitong mga hakbang na ito ay hindi kaalinsunod sa bawat sulat. Ang pagkakasunod ay nagpapabago at ilang mga elemento ay inalis sa ilang mga iglesya, ngunit sa pangkalahatang estrukturang ito ay nagpapakita ng isa sa ilang mga pituhang pampanitikang mga estruktura ni Juan.

## ANG MGA BAYAN KUNG SAAN ANG MGA SULAT AY IBINIGAY

A. Ephesus
   1. Ito ay ang pinakamalaking bayan probinsya ng Roma ng Asya Minor. Hindi ito ang kapital, bagamat ang Roman na gobernador ay naninirahan doon. Ito ay ang sentrong komersyo dahil sa napakahusay natural na pantalan nito.
   2. Ito ay malayang bayan, na nagpapahintulot dito na magkaroon ng lokal na pamahalaan at higit na kalayaan, kasama ang walang garison ng mga sundalong Romano.
   3. Ito ay ang tanging bayan na nagpapahintulot upang magkaroon ng Asyanong palaro dalawang beses isang taon.
   4. Ito ay ang lugar ng Templo ni Artemis (Diana sa Latin), na isa sa pitong kahanga-hanga ng mundo sa kanyang panahon. Ito ay 425' x 220' na may 127 mga haligi na may 60' taas; 86 sa kanila ay pinatungan ng ginto (tignan Pliny's *Hist. Nat.* 36:95 ff). Ang imahe ni Artemis ay sinasabing ay isang naging bulalakaw na naging kawangis ng isang maraming dibdib na babaeng pigura. Ibig sabihin nito ay mayroong maraming kultong prostitusyon na makikita sa bayan (cf. Gawa 19). Ito ay isang napaka-imoral, multikultural na bayan.
   5. Si Pablo ay nanatili sa bayang ito ng higit sa tatlong taon (cf. Gawa 18:18 ff; 20:13).
   6. Ang tradisyon ay nagsasaad na ito ay naging tahanan ni Juan pagkatapos ng kamatayan ni Maria sa Palestina.

B. Smyrna
   1. Ito ay ang dapat na itinatag sa pamamagitan ng isang Amasona (isang malakas na babaeng lider) pinangalanang Smyrna. Sa panahon ni Juan ito ay isang bayan ng mahigit 200,000.
   2. Ito ay matatagpuan sa Dagat ng Aegean. Ito ay mayroong ideyal na natural na pantalan at naging, samakatuwid isang sentrong komersyal na nalagpasan lamang ng Ephesus sa Asya Minor. Ito ay isang napakayaman na bayan.
   3. Ito ay winasak ng mga Lydians noong mahigit 600 B.C., ngunit muling itinayo ni Lysimicus sa pagsunod sa mga plano ni Alexander na Dakila kung saan ang simoy ng dagat ay umiihip sa bawat lansangan.
   4. Ito ay malaya rin na bayan sapagkat ito ay nakatulong sa mga tumatakbong mga sundalong Romano pagkatapos ng kanilang pagkatalo sa mga Mithradates.

5. Ito ay ang sentro ng pagsamba sa Diyosa ng Roma (195 B.C.) at Emperador na pagsamba. Ito ay mayroong unang Templo ni Emperador Tiberius (A.D. 26).
6. Ito ay isang relihiyosong sentro na may kasamang pagsamba kay Cybele at ang panteon ni Homer. Mayroong din maging isang tradisyon na si Homer ay ipinanganak dito. Ang maraming mga Templo nito ay matatagpuan sa Acropolis na tinawag na Pagos na may ginintuang daanan sa pagitan ng Templo ni Zeus at Cybele.
7. Ito ay mayroong malaking aktibong laban sa Kristyanong populasyon.
8. Ito ay ang bayan kung saan si Polycarp (ang disipulo ni Juan na Apostol) ay naging martir noong A.D. 155.

C. Pergamum

1. Ito ay isang malawak at mayamang bayan at ang kapital ng Asya Minor (mula pa 282 B.C.), bagamat hindi matatagpuan sa pangunahing mga pangnegosyong lansangan.
2. Ipinagmamalaki nito ang pinakamalaki silid-aklatan sa mundo ng Roma sa labas ng Alexandria, Ehipto. Ito ay mayroong mahigit 200,000 pergaminong balumbon!
3. Ang Vellum ay naimbento dito. Ito ay prinosesong balat ng mga hayop na ginamit para sa pagsusulat. Ang medyum na sulatang ito ay nahubog sapagkat ang Alexandria, Ehipto, ay tumangging magbenta sa kanila ng papyrus na mga tambo. Ito ay dahil ang kanilang hari, si Eumenes II (197-159 B.C.) sinubukang upahan ang katiwala ng aklatan na si Aristophanes. Nang ang hari ng Ptolemia, si Epiphanes (205-182 B.C.) ng Alexandria nalaman ito, inaresto niya ang katiwala ng aklatan at inimbargo ang mga papyri mula sa Pergamum. Nagkaroon ng tunay na pagtutunggali sa pagitan ng dalawang ito na sentro ng kaalaman. Si Anthony sa kalaunay ipinadala ang silid aklatan ng Pergamum sa Alexandria bilang regalo kay Cleopatra.
4. Ito ay ang tahanan ni Galen ang manggagamot at ang sentro ng sining ng pagpapagaling ng Asclepios. Sinasabing na si Asclepios ay "isang Pergamum na diyos." Ang simbolo para sa diyos na ito ay ahas.
5. Ito rin ay mayroong isang Templo sa Roma at ang Emperador Augustus (A.D. 29) at ang administratibong sentro (neokopros) ng kulto ng Emperador. Ang loyalidad nito sa Roma ay kilala.
6. Ito ay kilala sa pagsamba nito at pagdepensa sa Griyegong panteon. Mayroong malaking Templo kay Zeus sa akropolis na nakikita ang buong bayan. Ito ay hugis gaya ng isang trono (i.e.,trono ni Satanas).

D. Thyatira

1. Ito ay isang maliit na pangnegosyong bayan. Mayroong maraming mga tala sa napakarami at mayabong na kalakalang samahan, bawat isa kasama ng kanilang diyos na patron. Ito ay matatagpuan sa pangunahing daanan sa pagitan Pergamum at Sardis na nagpapatuloy sa Philadelphia at Laodicea. Ito ay kilala sa mga produktong lana. Si Lydia (cf. Gawa 16:14), isang tagapagtinda ng telang lila, ay mula sa bayan na ito.
2. Ito ay pinalawak ni Seleucus Nicateo, na ipinaglagi ang kanyang Macedonian mga sundalo dito.
3. Ito ay mayrong ilang mga Templo sa mga lokal na diyos
   a. Tyrimnos (Apollo) – ang diyos ng araw
   b. Artemis (Diana) – ang diyosa ng pag-ibig
   c. Sibyl Sambathe – isang lokal na babaeng manghuhula

E. Sardis

1. Ito ay isang malaki, mayamang sinaunang bayan. Sa maraming mga taon ito ay ang masaganang kapital ng Emperyo ng Lydian dahil sa magarang pangmilitar na posisyon nito, 1500'pataas sa bundok na espuwela. Ito ay binanggit sa tala ng mga Persian dahil nasakop ni Cyrus na Dakila ang bayan. Ito rin ay binanggit sa Obadiah v. 20. Ito ay labis na bumaba sa panahon ni Juan.
2. Ito ay kilala sa kanyang mga produktong tininang lana. Ang proseso ay naimbento doon, kaya inanngkin nila ito.
3. Ito ay sentro ng pagsamba kay Cybele, ang ina ng mga diyosa. Ang mga labi ng Templo ay nanatili paring nakikita sa akropolis. Ang mga sobrang ito ng pagsamba ay kilala at ikinalungkot sa buong Emperyo ng Roma.

F. Philadelphia

1. Ito ay matatagpuan sa talampas at protektado ng tubig. Ito ang naggawa nito na labis na kanais-nais sa pangmilitar na posisyon. Ito ay ang pinakabagong sa pitong mga bayan. Ito ay itinatag ni Attalus II (159 - 138 B.C.).
2. Ito ay matatagpuan sa pangunahing pangkalakalang ruta papunta sa Sardis at ito ay nanagana.
3. Ito ay matatagpuan sa isang marangyang agrikulutural na lugar, lalo na ang mga ubas. Ang Diyos na is Bacchus, o Dionysus, ay isa sa punong mga diyos nito. Ito rin ay isang aktibong lugar ng mga lindol at nawasak ng isang malaking paglindol noong A.D. 17, na nagwasak rin sa sampung ibang mga bayan ng lugar. Gayunpaman, ang mga pagkatapos ng pagyanig ay nagpatuloy sa lugar na ito ang ang papolasyun ay lumisan tungo sa karatig bayan.
4. Ito rin ay ang sentro para sa kulto ng Emperador (na gaya rin sa Smyrna at Pergamum) na posibleng ang

pinagmulan ng labis na persekusyon ng mga iglesya sa mga probinsya.

5. Ito ay ang pangunahing sentro ng Hellenistic na kultura at agrisibong inilabas ang kanilang impluwensya. Ito ay tila naitatag para sa pinakalayuning ito sa hangganan ng Mysia, Lydia at Phrygia.

G. Laodicea sa may Ilog ng Lychus
1. Ito ay isa sa tatlong ng mga bayan sa lambak ng Ilog Lychus (ang ibang mga bayan ay Colossae at Hierapolis). Ang mga iglesya ay itinatag sa bawat ng tatlong mga bayan na ito, marahil ang mga mananampalataya, si Epaphras (cf. Colossas 1:17; 4:12-13).
2. Ito ay itinatag ng pinuno ng Seleucid, Antiochus II, na nagpangalan nito hango sa kanyang asawa, Laodice, in 250 B.C. Ito ay matatagpuan sa isang pangmilitar na pangdepensang lugar gaya ng Philadelphia.
3. Ito ay matatagpuan sa isang pangunahing silangan/kanluran pangkalakal na ruta. Ito ay kilala bilang sentro sa pangbabangko.
4. Ito ay matatagpuan sa isang mayabong na agrikultural at pastoral na rehiyon, lalong naaangkop para sa pag-aalaga ng isang espesyal na itim na tupa kung saan ito ay naging sikat sa buong mundo. Ito ay pangmaramihang-gumawa ng isang panlabas na itim na kasuotan na tinawag na "*trimeta*."
5. Ito ay mayroong isang napakalaking Hudyong populasyon.
6. Ito, gaya ng Pergamum, ay ang sentro para sa pagsamba ng nagpapagaling na diyos na Asclepios. Ang bayan ay ang tagpuan ng isang medikal na paaralan na kilala sa kanyang tainga at matang pagpapaginhawa.

## PAG-AARAL NG SALITA AT PARIRALA

### TALATA SA NASB (BINAGO): 2:1

**[1]"Sa anghel ng iglesia sa Efeso ay isulat mo: Ang mga bagay na ito ay sinasabi ng may hawak ng pitong bituin sa kaniyang kanang kamay, na yaong lumalakad sa gitna ng pitong kandelerong ginto:**

**2:1 "Sa anghel"** Ang Hebreo at Griyegong termino para sa anghel ay maaring nangahulugan na mensahero. Ito ay maaring tumutukoy sa
1. ang pastor (cf. Malakias 2:7)
2. ang anghel ng iglesya (cf. Daniel 10)
3. ang naiibang espiritu o karakter ng indibidwal kongregasyon. Ang kaparehong pariralang ito ay nagpapakilala sa bawat sulat (cf. 2:1, 8, 12, 18; 3:1, 14).

▣ **"iglesia"** Ang Griyegong tambalang termino *ekklesia* ay isang kobinasyon ng dalawang mga Griyegong termino, "galing sa" at "tumawag." Ito ay ginamit sa Septuagint upang magsalin sa Hebreong termino, *qahal*, o "kapulungan ng Israel." Ang mga naunang mga Kristyano ginamit upang magtalaga sa kanilang sarili sapagkat
1. nakita nila ang kanilang mga sarili bilang bayan ng Diyos, gaya ng Israel
2. nakita nila ang kanilang mga sarili bilang pinabanal na tinawag ng Diyos kapwa para sa kaligtasan at ministeryo Tignan Natatanging Paksa sa 1:4.

▣ **"ng may hawak ng pitong bituin"** Ito ay isang deskripsyon kay Hesus kinuha mula sa 1:16. Ang mga pitong bituin na uti ay tumukoy sa mga iglesya (cf. 1:20). Ang termino "hawak" (PANGKASALUKUYANG AKTIBONG PANDIWARI) ay nagsasalita sa isang matibay, siguradong pagkapit (cf. Juan 10:28). Wala at kahit sinoman ang makakapaghiwalay sa mga iglesyang ito mula kay Hesus (cf. Roma 8:31-39) maliban sa kanilang sariling pagtanggi na magsisi at sumunod sa Kanya! Tanging ang kawalang pananampalataya ang makakapaghiwalay.

▣ **"sa Kaniyang kanang kamay"** Ito ay isang antropomorpikong (pagsasalita patungkol sa Diyos sa pisikal na mga termino) metapora para sa kapangyarihan at awtoridad (cf. 1:16,17,20; 2:1; 5:1,7).

▣ **"umalakad sa gitna"** Ang antromorpikong metaporang ito ay ginamit sa Genesis 3:8 bilang isang simbolo ng presensya ng Diyos sa sangkatauhan (cf. Levitico 26:12).

### NATATANGING PAKSA: INILARAWAN ANG DIYOS BILANG ISANG TAO (ANTROPOMORPIK NA WIKA)

I. Ito ay tipo ng wika na napakaraniwan sa OT (ilang mga halimbawa)
A. Pisikal na mga bahagi ng katawan
1. mata - Genesis 1:4,31; 6:8; Exodo 33:17; Bilang 14:14; Deuteronomio 11:12; Zacarias 4:10

2. kamay - Exodo 15:17; Bilang 11:23; Deuteronomio 2:15
3. braso - Exodo 6:6; 15:16; Deuteronomio 4:34; 5:15; 26:8
4. tainga - Bilang 11:18; I Samuel 8:21; II Hari 19:16; Awit 5:1; 10:17; 18:6
5. mukha - Exodo 33:11; Bilang 6:25; 12:8; Deuteronomio 34:10
6. daliri - Exodo 8:19; 31:18; Deuteronomio 9:10; Awit 8:3
7. boses - Genesis 3:8,10; Exodo 15:26; 19:19; Deuteronomio 26:17; 27:10
8. paa - Exodo 24:10; Ezekiel 43:7
9. taong anyo - Exodo 24:9-11; Awit 47; Isaias 6:1; Ezekiel 1:26
10. ang anghel ng Panginoon- Genesis 16:7-13; 22:11-15; 31:11,13; 48:15-16; Exodo 3:4,13-21; 14:19; Hukom 2:1; 6:22-23; 13:3-22

B. Pisikal na mga aksyon
1. pagsasalita bilang mekanismo ng paglilikha - Genesis 1:3,6,9,11,14,20,24,26
2. paglalakad (i.e., tunog ng) sa Eden - Genesis 3:8; Levitico 26:12; Deuteronomio 23:14
3. pagsasara sa pintuan ng arko ni Noah - Genesis 7:16
4. pagsasamyo ng sakripisyo - Genesis 8:21; Exodo 29:18,25; Levitico 26:31
5. pagdating pababa - Genesis 11:5; 18:21; Exodo 3:8; 19:11,18,20
6. paglilibing kay Moses - Deuteronomio 34:6

C. Pantaong emosyon (ilang mga halimbawa)
1. panghihinayang/pagsisisi - Genesis 6:6,7; Exodo 32:14; Hukom 2:18; I Samuel 15:29,35; Amos 7:3,6
2. galit - Exodo 4:14; 15:7; Bilang 11:10; 12:9; 22:22; 25:3,4; 32:10,13,14; Deuteronomio 6:15; 7:4; 29:20
3. pagseselos - Exodo 20:5; 34:14; Deuteronomio 4:24; 5:9; 6:15; 32:16,21; Josh. 24:19
4. pananawa/masuklam - Levitico 20:23; 26:30; Deuteronomio 32:19

D. Pampamilyang mga salita (ilang mga halimbawa)
1. Ama
   a. ng Israel - Exodo 4:22; Deuteronomio 14:1; Isaias 1:2; 63:16; 64:8
   b. ng Hari - II Samuel 7:11-16; Awit 2:7
   c. metapora para sa makaamang pag-aksyon - Deuteronomio 1:31; 8:5; Awit 27:10; Kawikaan 3:12; Jeremias 3:4,22; 31:20; Hosea 11:1-4; Malakias 3:17
2. Magulang - Hosea 11:1-4
3. Ina - Awit 27:10 (analogy to nursing mother); Isaias 49:15; 66:9-13
4. Batang tapat na mangingibig - Hosea 1-3

II. Mga dahilan para sa paggamit ng ganitong tipo ng wika

A. Isang pangangailang para sa Diyos na ihayag Niya ang Kanyang sarili sa mga taong nilalang. Ang pinaka malaganap na konsepto ng Diyos bilang isang lalake ay isang antropomorpismo dahil sa ang Diyos ay espiritu!

B. Ang Diyos ay nagdadala ng pinakamakahulugang aspeto ng buhay ng tao at ginagamit ito upang ihayag ang Kanyang sarili sa makasalanang sangkatauhan (ama, ina, magulang, mangingibig)

C. Bagamat kinakailangan, ang Diyos ay hindi kailangan na maging limitado sa anumang pisikal na anyo (cf. Exodo 20; Deuteronomio 5)

D. Ang sukdulang antropomorpismo ay ang pagkakatawang tao ni Hesus! Ang Diyos ay naging pisikal, nahahawakan (cf. I Juan 1:1-3). Ang mensahe ng Diyos ay naging Salita ng Diyos (cf. Juan 1:1-18).

▣ **"ng pitong kandelerong ginto"** Ito ay hindi tumutukoy sa Menorah ng Tabernakulo, ngunit ito ay isa na namang simbolo para sa pitong mga iglesya (cf. 1:12-13).

▣ **"nagsasabi"** Ito ang mga huling mga salita ni Hesus sa Kanyang iglesya ay hindi Mateo 28:18-20 o Gawa 1:7-11, but Pahayag mga kabanata 2-3.

**TALATA SA NASB (BINAGO):**

[2]**Nalalaman ko ang iyong mga gawa, at ang iyong pagpapagal at pagtitiis, at hindi mo matiay isangg masasamang tao, at sinubok mo ang mga nagpapanggap na apostol, at sila'y hindi gayon, at nasumpungan mo silang pawang bulaan;** [3] **At may pagtitiis ka at nagbata ka dahil sa Aking pangalan, at hindi ka napaDiyos.** [4]**Nguni't mayroon akong laban sa iyo, na iyong iniwan ang iyong unang pagibig.** [5]**Kaya't alalahanin mo kung saan ka nahulog, at magsisi ka at gawin mo ang iyong mga unang gawa; o kung hindi ay paririyan ako sa iyo, at aalisin ko ang iyong kandelero sa kaniyang kinalalagyan, maliban na magsisi ka.** [6]**Nguni't ito'y nasa iyo, na iyong kinapopootan ang mga gawa ng mga Nicolaita, na kinapopootan ko naman.** [7]**"Ang may pakinig, ay makinig sa sinasabi ng Espiritu sa mga iglesia. Ang magtagumpay, ay siya kong pakakanin ng punong kahoy ng buhay, na nasa Paraiso ng Diyos.**

**2:2 "Nalalaman ko"** Ang anyo ay isang GANAP NA AKTIBONG INDIKATIBO of *oida*, ngunit isinalin bilang PANGKASALUKUYAN. Si Hesus tumitingin, nakauunawa, at nag-aaruga para sa Kanyang mga iglesya. Ang kanyang pag-aaruga ay nagsasangkot ng kapwa apirmasyon at pagdidisiplina (na isang anyo ng pangmagulang na pagmamahal). Ang kaparehong pariralang ito ay inulit sa lahat ng pitong mga sulat (cf. 2:2,4,13,19; 3:1,8,15).

Ang Lumang Tipan na kinaligiran ng terminong ito ay nagpapahiwatig ng matalik, personal na relasyon (cf. Genesis 4:1; Jeremias 1:5).

## NATATANGING PAKSA: MAKILALA (kadalasang paggamit ng Deuteronomio bilang isang huwaran)

Ang Hebreong salita na "makilala" (BDB 393) ay may maraming pagkakaunawa (*semantic fields*) sa *Qal.*

1. upang malaman ang mabuti o masama – Genesis 3:22; Deuteronomio 1:39; Isaias 7:14-15; Jonas 4:11
2. upang makakilala sa pamamagitan ng pagunawa – Deuteronomio 9:2,3,6; 18:21
3. upang makakilala sa pamamagitan ng karanasan – Deuteronomio 3:19; 4:35; 8:2,3,5; 11:2; 20:20; 31:13; Joshua 23:14
4. upang isaalang-alang – Deuteronomio 4:39; 11:2; 29:16
5. upang makilala nang personal
   a. ang isang tao – Genesis 29:5; Exodo 1:8; Deuteronomio 22:2; 33:9
   b. isang diyos – Deuteronomio 11:28; 13:2,6,13; 28:64; 29:26; 32:17
   c. YHWH – Deuteronomio 4:35,39; 7:9; 29:6; Isaias 1:3; 56:10-11
   d. pagtatalik – Genesis 4:1,17,25; 24:16; 38:26
6. isang natutunang kasanayan o kaalaman – Isaias 29:11,12; Amos 5:16
7. maging marunong – Deuteronomio 29:4; Kawikaan 1:2; 4:1; Isaias 29:24
8. Karunungan ng Diyos
   a. ni Moses – Deuteronomio 34:10
   b. ng Israel – Deuteronomio 31:21,27,29

▣ **"ang iyong mga gawa, at ang iyong pagpapagal"** Ito ay isang aktibong iglesya, ngunit nakalimutan nila ang priyoridad ng pakikisama kay Kristo (cf. 2:4). Labis na maraming mga bagay mabubuti ang ninakaw sa kanila (cf. Galacia 3:1).

▣ **"at pagtitiis"** Ang terminong ito ay nagpapahiwatig ng isang boluntaryo. aktibo. at masigasig na pagtitiis. Ito ay isang pangunahing tem ng aklat (cf. 1:9; 2:2,3,19; 3:10; 13:10; 14:12).

Pagtitiis ay dapat na mabalanse ng seguridad (cf. 2:7,11,17,26; 3:5,11-12,21). Halos lahat ng biblikal na mga katotohanan ay ipinakita sa diyalektikal, tila kabalintunaan, na mga pares. Kapwa ay kapantay na totoo, ngunit alinman sa kanila ay totoong nag-iisa. Ang kaligtasan ay isang inisyal na pagsisisi at pananampalataya sinusundan ng pamumuhay na pagsisisi, pananampalataya, pagsunod, at matimtiman.! Tignan Natatanging Paksa sa ibaba.

## NATATANGING PAKSA: PAGTITIS

Ang biblikal na aral na may kaugnayan sa buhay Kristyano ay mahirap maipaliwanag dahil ipinapakita ito ang mga karaniwang silanganing *dialectical* na tambalan. Ang mga tambalang ito ay tila magkasalungat, ngunit kapwa biblikal. Ang mga Kristiyanong kanluranin ay gumawi sa pagpili ng isang katotohanan at baliwalain o pababain ang kabilang katotohanan. Hayaan mong aking ilarawan.

A. Ang kaligtasan ba ay isang panimulang pagpapasiya na pagkatiwalaan si Kristo o isang panghabang-buhay na pagtupad sa pagiging alagad ni Kristo?

B. Ang kaligtasan ba ay isang pagpili sa pamamagitan ng biyaya mula sa isang makapangyarihang Diyos o ang pananampalataya at pagsisisi ng tao bilang tugon sa isang alok ng Diyos?

C. Ang kaligtasan ba, na minsang matanggap, ay hindi na mawawala, o mayroong pangangailang para sa nagpapatuloy na pagpapagal?

Ang paksa ng pagtitiis ay puno ng pagtutol sa buong kasaysay ng iglesiya. Ang suliranin ay nagsisimula sa tila magkasalungat ng mga talata ng NT:

A. mga talata sa katiyakan
   1. mga pahayag ni Hesus (Juan 6:37; 10:28-29)
   2. mga pahayag ni Pablo (Roma 8:35-39; Efeso 1:13; 2:5,8-9; Filipos 1:6; 2:13; II Thesolonica 3:3; II Timoteo 1:12; 4:18)
   3. mga pahayag ni Pedro ( I Pedro 1:4-5)

B. mga talata sa pangangailangan ng pagtitiis
   1. mga pahayag ni Hesus (Mateo 10:22; 13:1-9,24-30; 24:13; Marcos 13:13; Juan 8:31; 15:4-10; Pahayag 2:7,17,26; 3:5,12,21)
   2. mga pahayag ni Pablo (Roma 11:22; I Corinto 15:2; II Corinto 13:5; Galacia 1:6; 3:4; 5:4; 6:9; Filipos 2:12; 3:18-20; Colosas 1:23)
   3. mga pahayag ng mak-akda ng Hebreo (2:1; 3:6,14; 4:14; 6:11)
   4. mga pahayag ni Juan (I Juan 2:6; II Juan 9)
   5. mga pahayag ng Ama (Pahayag 21:7)

Ang biblikal na kaligtasan ay nagmumula sa pag-ibig, awa, at biyaya ng isang makapangyarihan na Trinidad na Diyos. Walang tao ang maliligtas maliban na magsimulang kumulos ang Espiritu

(cf. Juan 6:44,65). Ang Diyos ang unang lalapit at magtatakda ng *agenda*, ngunit hinihingi na mga tao ay kailangang tumugon sa pananampalataya at pagsisisi, sa kapwa pasimula t pagpapatuloy. Ang Diyos ay gumagawa sa sangkatauhan sa isang kasunduang pakikipag-ugnayang. May mga tanging karapatan at mga pananagutan!

Ang kaligtasan ay inaalok sa lahat ng mga tao. Ang kamatayan ni Hesus ay tumugon sa suliraning kasalanan ng nalugmok na nilikha. Ang Diyos ay nagbigay ng isang daan at nais na ang lahat na nilalang ayon sa Kanyang larawan ay tumugon sa Kanyang pag-ibig at inilaan kay Hesus.

Kung gusto mong magbasa pa sa paksang ito mula sa pananaw na *non-Calvinistic*, tingnan sa

1. Dale Moody, *The Word of Truth*, Eerdmans, 1981 (pp. 348-365)
2. Howard Marshall, *Kept by the Power of Diyos,* Bethany Pakikisama, 1969
3. Robert Shank, *Life sa Son*, Westcott, 1961

Ang Bibliya ay tumutukoy sa dalawang magkaibang mga suliranin sa bahaging ito: (1) pagkuha sa katiyakan bilang lisensiya sa buhay na walang bunga, maka-sariling mga buhay at (2) himukin ang mga nakikihamok sa pang-gawain at pag-sariling kasalanan. Ang suliranin ay ang mga maling pangkat ay makakakuha ng maling mensahe at bumuo ng sistemang teolohikal sa mga iilang talata. May mga Kristiyanong may malubhang pangangailangan ng mensahe ng katiyakan, ang iba naman ay kailangan ng mga mahigpit na babala! Saan pangkat ka kabilang? Mayroon makasaysayang teolohikal na kontrobersiya na nagsasangkot kay Augustine laban kay Pelagius at Calvin laban kay

1:3-5) at PANDIWANG PAMANAHON gaya ng GANAP BALINTIYAK PANDIWARI ng Efeso 2:5,8.

Ang mga Arminians ay inihanay yaong mga biblikal na teksto na nagbibigay babala sa mga mananampalataya na "kumapit," "makatagal," o "magpatuloy" (Mateo 10:22; 24:9-13; Marcos 13:13; Juan 15:4-6; I Corinto 15:2; Galacia 6:9; Pahayag 2:7,11,17,26; 3:5,12,21; 21:7). Ako ay personal na hindi naniniwala na ang Hebreo 6 at 10 magagamit Arminius (semi-Pelagian). Ang isyu ay patungkol sa katanungan ng kaligtasan: kung ang isa ay tunay naligtas, dapat ba siyang magpatuloy sa pananampalataya at pamumunga?

Ang mga Calvinists Ay inihanay yaong mga biblikal na mga teksto na naninindigan na ang dakilang kapangyarihan ng Diyos at nagpapanatiling kapangyarihan (Juan 10:27-30; Roma 8:31-39; I Juan 5:13,18; I Pedro, ngunit marami sa mga Arminians ginagamit ang mga ito bilang babala laban sa apostasya. Ang parabula ng Tagahasik sa Mateo 13 at Marcos 4 ay tumatalakay sa isyu ng kunyaring paniniwala, gaya ng sa Juan 8:31-59. Sa pagsipi ng Calvinists sa GANAP NA PAMANAHONG PANDIWA ginamit upang ilarawan ang kaligtasan, ang mga Arminians binanggit ang PANGKASALUKUYANG PAMANAHON mga sipi gaya ng sa I Corinto 1:18; 15:2; II Corinto 2:15.

Ito ay isang perpektong halimbawa kung paano ang teolohikal na sistema ay inabuso ang pruwebang-tekstong pamamaraan ng pagbibigay kahulugan. Kadalasan isang gabay na prinsipyo o pangunahing teksto ang ginamit upang gumawa ng isang teolohikal na grid na kung saan lahat ng iba pang teksto ay tinignan. Maging maingat sa mga grids na mula sa ibang pinagmulan. Sila ay nagmula sa kanluraning lohiko, hinid kapahayagan. Ang Bibliya ay isang

silanganing aklat. Ito ay nagpapakita ng mga katotohanan sa puno ng tensyon, parang mga kabalintunaang mga pares. Ang mga Kristyano ay dapat na maniwala sa pareho at mamuhay sa loob ng tensyon. Ang NT ay nagpapakita ng parehong seguridad ng mananampalataya at ang paghahangad ng nagpapatuloy na pananampalataya at pagkamakadiyos. Ang Kristyanismo ay isang pasimulang pagtugon ng pagsisisi at pananampalataya. Ang kaligtasan ay hindi produkto ( isang tiket sa langit o isang polisiyang pansiguro laban sa sunog), ngunit isang pakikipagrelasyon. Ito ay isang desisyon at pagdedesipulo. Ito ay inilarawan sa NT sa lahat ng PANDIWANG PAMANAHON:

AORIST (natapos na aksyon), Gawa 15:11; Roma 8:24; II Timoteo 1:9; Titus 3:5

GANAP (natapos na aksyon na may nagpapatuloy na resulta), Efeso 2:5,8

PANGKASALUKUYAN (nagpapatuloy na aksyon), I Corinto 1:18; 15:2; II Corinto 2:15

PANGHINAHARAP (panghinaharap na pangyayari o tiyak na mangyayari), Roma 5:8,10; 10:9; I Corinto 3:15; Felipos 1:28; I Tesalonica 5:8-9; Hebreo 1:14; 9:28

▣

**NASB „masasamang mga tao"**
**NKJV „yaong mga masasama"**
**NRSV „gaumagawa ng masasama"**
**TEV „masamang mga tao"**
**NJB „makasalanang mga tao"**

Ito ay sa literal na *kakous* (*kakos*), na madalas na ginamit sa "masamang mga tao." Ang kasingkahulugan *ponēros* ay maaring ginamit sa masama (NEUTER) o masamang tao at sa sukdulan ay ang masamang isa (PANGLALAKE, cf. Mateo 5:37; 13:38; Juan 17:15). Ang konteksto at pagkakagamit ay nagkompirma na ang tekstong ito ay dapat na tumutukoy sa "masamang tao" (cf. Roma 2:9; 13:4) sa iglesya (mga bulaang mga guro) o posibleng komunidad.

*Kakos* ay ginamit lamang ng dalawang beses sa Pahayag, dito at sa 16:2, kung saan ito ay ginamit upang ilarawan ang mga resulta ng "ang mga mangkok ng poot ng Diyos" (i.e.,mga sugat).

▣ **"sinubok mo"** Ang Griyegong terminong ito (*peirazō*) ay ninais upang subukin ang alinman sa mabuti at masama (karamihan) mga intensyon (cf. 2:2,10; 3:10). Ang kaugnay na termino (*peirasmos*) ay may konotasyon ng pagsusubok sa pananaw ng pagkawasak. Ang balanse ay matatagpuan sa I Juan 4:1 kung saan ang mga mananampalataya ay subukan (*dokimazō*) na may pananaw tungo sa pagsang ayon doon sa mga nag-aangkin na nagsasalita para sa Diyos. Ang pagkatawag sa mga mananampalataya ay upang suriin yaong mga nag-aangkin na tagapagsalita ng Diyos na matatagpuan sa kapwa mga Testamento (cf. Deutronomio 13:1-5; 18:22; Mateo 7:15-23; I Juan 4:1-6).

Mayroong tensyon sa NT na may kaugnayan sa mga mananampalataya na kritikal na naghuhusga sa bawat isa (cf. Mateo 7:1-5). Gayunpaman, ang mga Kristyano ay tinawag upang husgahan ang bawat isa para sa mga gawaing pamumuno (cf. Mateo 7:5,6,15; I Corinto 5:1-12; I Timoteo 3; I Juan 4:1-6). Ang saloobin at motibo ay ang mga susi sa nararapat na ebalwasyon (cf. Galacia 6:1; Roma 2:1-11; 14:1-23; Santiago 4:11-12).

## NATATANGING PAKSA: MGA GRIYEGONG SALITA PARA SA PAGSUSURI AT KANILANG MGA KAHULUGAN

May dalawang mga Griyegong salita na mayroong diwa ng pagsusuri sa kaninuman para sa isang layunin.

1. *Dokimazō, Dokimion, Dokimasia*

   Ang salitang ito ay isang kataga sa metalurhiya para sa pagsusuri sa pagiging dalisay ng isang bagay (i.e., talinghaga para sa isang tao) sa pamamagitan ng apoy. Ang apoy ang naghahayag ng tunay na bakal at sinusunog (i.e., dinadalisay) ang kalawang. Ang pisikal na paraan ay naging isang makapangyarihang kataga para sa Diyos at/o kay Satanas at/o sa mga tao na nagsusuri ng iba. Ang salitang ito ay tanging ginamit sa isang mabuting diwa ng pagsusuri na may pananaw sa pagsang-ayon. Ito ay ginamit sa pagsusuri sa NT

   a. lalaking baka - Lucas 14:19
   b. ang ating sarili - I Corinto 11:28
   c. ang ating pananampalataya - Santiago. 1:3
   d. kahit na ang Diyos - Hebreo 3:9

   Ang mga kinalabasan ang mga pagsusuring ito ay ipinalalagay na mabuti (cf. Roma 2:18; 14:22; 16:10; II Corinto 10:18; 13:3; Filipinos 2:27; I Pedro 1:7), samakatuwid, ang salita ay nagdadala ng kaisipan sa sinuman na nasuri at napatunayan na

   a. karapat-dapat

b. mabuti

c. dalisay

d. mahalaga

e. marangal

2. *Peirazō, Peirasmus*

Ang salitang ito ay kadalasang nagpapahayag ng pagsusuri sa layunin ng paghahanap ng kamalian o pagtanggi. Ito ay kadalasang ginagamit na may kaugnayan sa pagtutukso kay Hesus sa ilang.

a. Ito ay nagpapahiwatig ng tangka sa pagsilo kay Hesus (cf. Mateo 4:1; 16:1; 19:3; 22:18, 35; Marcos 1:13; Lucas 4:2; Hebreo 2:18)

b. Ang salitang ito (*peirazōn*) ay ginamit sa tawag kay Satanasas sa Mateo 4:3; I Thesalonica 3:5.
Ito ay ginamit ni Hesus na nagbibigay-babala sa atin na huwag subukin ang Diyos (cf. Mateo 14:7; Lucas 4:12) [o si Kristo cf. I Corinto 10:9]. Ito rin ay nagsasaad ng pagtatangko sa gawin ang isang bagay na nabigo (cf. Hebreo 11:29). It ay ginamit na may kaugnayan sa pagtutukso at mga pagsubok sa mga mananampalataya (cf. I Corinto 7:5; 10:9, 13; Galacia 6:1; I Thesalonica 3:5; Hebreo 2:18; Santiago. 1:2, 13, 14; I Pedro 4:12; II Pedro 2:9). Ipinapahintulot ng Diyos ang tatlong kaaway ng sangkatauhan (i.e., ang sanglibutan, ang laman, at ang demonyo) upang maihayag sa tiyak na panahon at lugar.

▣ **"ang mga nagpapanggap na apostol"** Ang paggamit na ito ng termino "mga apostol" ay hindi tumutukoy sa Ang Labingdalawa, ngunit sa mas malawak na gamit ng termino (cf. Gawa 14:14; Roma 16:7; I Corinto 15:7; Galacia 1:19; Efeso 4:11; I Tesalonica 2:6). Ang NT ay madalas na nagsasalita sa paksa ng huwad na mga apostoles o mga guro (cf. Mateo 7:15-16; 24:24; Gawa 20:29; II Corinto 11:13-15; I Juan 4:1 at sa kabuuan ng Pastoral na mga Sulat). Ang iglesyang ito ay tumpak na kinilala ang mga huwad na mga apostoles at itinakwil sila.

**2:3** Ang iglesyang ito ay matapat sa gitna mahihirap na kalagayan, maging sa persekusyon. Hindi nila itinanggi si Kristo o napagod sa paggawa ng mabuti (cf. Galacia 6:9; Hebreo 12:3; Santiago5:7-8). Tignan puna sa2:7.

**2:4**
**NASB, NKJV "iyong iniwan ang iyong unang pagibig"**
**NRSV "iyong iniwan ang pag-ibig na mayroon ka noong una"**
**TEV "hindi mo na ako inibig ng gaya ng sa una"**
**NJB "hindi mo na ako inibig ng higit kaysa ng sa una"**

Mayroon naging ilang mga teorya patungkol sa kung ano ang ibig sabihin nito.

1. TEV at Charles Williams na mga salin na nagpalagay na ito ay nangahulugang pag-ibig para kay Kristo.
2. James Moffatt ipinagpalagay na ito ay nangahulugang pag-ibig sa bawat isa.
3. Hershell Hobbs sa kanyang komentaryo ay ipinagpalagay na ito ay nangahulugang pag-ibig para sa naligaw.
4. J. B. Phillips sa kanyang salin ay pinagsama ang lahat ng nasa itaas.
5. Ang ilan ay inisip na ito ay may kaugnayan sa problema ng ikalawang henerasyong mga mananampalataya (cf. Hukom 2: 7-10).
6. Ang ilan ay nakikita ito bilang kawalang pag-ibig na iglesya ng malamig na ortodoksiya (cf. I Corinto13).

**2:5 "alalahanin"** Ito ay isang PANGKASALUKUYANG AKTIBONG PAUTOS ibig sabihin "laging itanim sa isip." Ang mga mananampalataya ay madalas na pinaaalalahanan na tandaan ang kanilang naunang kondisyon ng kasalanan at ang kanilang panibagong posistyon sa biyaya at awa ng Diyos sa pamamagitan ni Kristo.

▣ **"kung saan ka nahulog"** Ito ay isang GANAP NA AKTIBONG INDIKATIBO. Iniwanan ang kanilang "unang pag-ibig" ay naging isang namalaging kondisyon ng pagpapabaya!

▣ **"magsisi ka at gawin mo ang iyong mga unang gawa"** Ito ang dalawang mga AORIST AKTIBONG PAUTOS. Pansinin na ang iglesya sa kabuuan ay tinawag upang gumawa ng isang desididong pagsisisi (cf. II Cronico 7:14) at maging aktibo sa pagmamahal nito para kay Kristo, para sa bawat isa, at para sa mga naligaw.

Ang pagsisisi ay krusyal para sa isang pananampalatayang relasyon sa Diyos (cf. Mateo 3:2; 4:17; Marcos 1:15; 6:12; Lucas 13:3,5; Gawa 2:38; 3:19; 20:21). Ang Hebreong termino ay nangahulugan ng isang pagbabago ng mga aksyon, habang sa Griyego ito ay nangahulugang pagbabago ng isipan. Ang pagsisisi ay isang kusang loob na pagbabago mula sa pansariling pag-iiral tungo sa isang buhay na may kaalaman at pinangungunahan ng Diyos. Ito ay pagtatawag para sa pagtalikod mula sa pagiging una at pagkagapos sa sarili. Sa pangunahin ito ay isang panibagong saloobin, isang panibagong maestro. Ang pagsisisi ay kalooban ng Diyos sa bawat anak na makasalanan ni Adan, na ginawa ayon sa sa

kanyang imahe (cf. Ezekiel 18:21,23,32 at II Pedro 3:9).

Ang NT sipi ay mahusay na nagpapakita ng magkaibang Griyegong mga termino para sa pagsisisi sa II Corinto 7:8-12.

1. *lupē,* "dalamhati" o "kapanglawan" vv. 8 (dalawang beses), 9 (tatlong beses), 10 (dalawang beses), 11
2. *metamelomai*, "pag-aaruga," vv. 8 (dalawang beses), 9
3. *metanoeō*, "magsisi," "sa isipan," vv. 9, 10

Ang pagkakasalungat sa pagitan ng isang huwad na pagsisisi (*metamelomai*, cf. Judas, Mateo 27:3 at Esau, Hebreo 12:16-17) at isang tunay na pagsisisi (*metanoeō,* cf. Peter, Juan 21:15-23; Mateo 26:75; Marcos 14:72; Lucas 22:62).

Ang tunay na pagsisisi ay teolohikal na kadugtong sa

1. Ang pangangaral ni Hesus sa mga kondisyon ng Bagong Tipan (cf. Mateo 4:17; Marcos 1:15; Lucas 13:3,5)
2. ang Apostolik na mga sermon sa Gawa (*kerygma*, cf. Gawa 3:16,19; 20:21)
3. ang sobernidad na kaloob ng Diyos (cf. Gawa 5:31; 11:18 at II Timoteo 2:25)
4. nabubulok (cf. II Pedro

3:9) Pagsisisi ay hindi opsyonal!

▣ **"kung hindi ay paririyan ako sa iyo"** Ito ay isang karaniwang tema sa aklat; si Kristo ay dagliang paparating (cf. 1: 2,3; 2: 5,16; 25; 3:3,11). Sa OT ang pagdating ng Diyos ay maaring makapagdala ng pagpapala at paghahatol. Sakontekstong ito si Kristo ay darating upang idisiplina ang Kanyang iglesya (cf. I Pedro 4:17)! Samakatuwid, ito ay may temporal, gayundin ang eskatolohikal, na oryentasyon.

▣ **"at aalisin ko ang iyong kandelero sa kaniyang kinalalagyan"** Ang kandelaryo ay nagsisimbolo ng kabuuang iglesya. Ito ay maaring nagsangkot ng pagtanggal ng presensya at pagpapala ni Kristo. Ang kabuuang kongregasyon ay hindi humaharap ng apostasya, ngunit ang pagkawala ng kanilang epektibong ministeryo. Ito rin ay nararapat sa mga iglesya ng Pergamum (cf. 2:16); Thyatira (cf. 2:22-23); Sardis (cf. 3:3); at Laodicea (cf. 3:19). Posibleng na ang bawat ng mga iglesyang ito ay apektado ng isang Nicolaitan tipo ng huwad na katuruan na nagaanyaya ng pagkompromiso sa paganoong kultura.

**2:6 "na iyong kinapopootan ang mga gawa ng mga Nicolaita"** Mayroong maraming mga espekulasyon patungkol sa kung sino ang mga Nicolaitans na ito at kung ano ang pinaniniwalaan nila. Ang tanging biblikal pinagmulan na meron tayo ay ang Pahayag 2:6, 14-15. Ang espekulasyon nagsimula ng maaga sa Iglesya noong A.D. 180 nang sina Irenaeus at Hippolitus ay nagpalagay na ang mga ito ang mga tagasunod ng isa sa "ang pito" pinili sa Gawa 6:5 may pangalang Nicolas. Ito ay lubusang walang basihan. Si Irenaeus, sa kanyang aklat, *Contra-heresies*, 3:11:7, ay ipinagpalagay na sila ay mga tagasunod ni Cyrenian Gnostisismo ng ikalawang siglo. Si Eusebius, sa kanyang aklat, *Ecclesiastical History*, 3:29:1, ay nagsabi na ang partikular na sektang ito ay hindi nagtagal ng mahabang panahon.

Sa 2:14-15, ang mga katuruan ni Balaam at ang mga katuruan ng Nicolaitans ay magkahawig. Mayroong isang posibleng etimolohikal na koneksyon sa pagitan ng kanilang mga pangalan sa Griyego; ito ay nangahulugang "mananakop" at "bayan" (napakahawig sa ibig sabihin ng pangalang Nicodemus). Ang halatang dito ay kapwa ay naguudyok sa mga mananampalataya na makisalamuha sa paganoong pagsamba mga gawain na nagsasangkot ng ritwal na sekswal na aktibidad. Sa ganitong pakahulugan ang Nicolaitans at Balaamites (cf. Bilang 25:1-9; 31:16-18) ay napakahawig sa mga katuruan ni Jezebel (cf. 2:20).

**2:7 "Ang may pakinig, ay makinig sa sinasabi ng Espiritu sa mga iglesia"** Ang pagpapaalala na ito ay inulit sa kabuuan sa mga sulat sa pitong mga iglesya (cf. 2:7,11,17,29; 3:6,13,22). Ito ay isang parirala na nagmula sa mga salita ni Hesus (cf. Mateo 11:15; 13:9,43). Ang espiritwal na katotohanan ay dapat na tugunin sa pamamagitan ng isip at kamay. Ito ay kahawig sa Hebreong termino *shema*, "makinig upang gumawa" (cf. Deutronomio 5:1; 6:4; 9:1; 20:3; 27:9-10).

▣ **"mga iglesya"** Tignan Natatanging Paksa sa 1:4.

▣ **"Ang magtagumpay"** Mayroong isang nagpapatuloy na teolohikal na pagbibigay-diin sa pagtitiis ng mga mananampalataya (cf. 2:7,11,17,25-26; 3:4-5,11-12,21). Ito ay ang ekspiryensyal na ebidensya ng isang tunay kombersyon (cf. Mateo 24:13; Galacia 6:9)! Si Jonathan Edwards ay nagsabi na, "Ang siguradong pruweba ng eleksyon ay yaong humahawak hanggang sa huli." Si W. T. Conner ay nagsabi na, "Ang kaligtasan ng isang tao na napili sa kaligtasan ay mula sa eternidad tiyak sa isipan at layunin ng Diyos, subalit ito ay nakakondisyon sa pananampalataya, at isang pananampalataya na nagtitiis at nagtatagumpay." Tignan Natatanging Paksa sa 2:2.

▣ **"siya kong pakakanin ng punong kahoy ng buhay, na nasa Paraiso ng Diyos"** Ito ay isang pahiwatig sa isang puno sa Hardin ng Eden (cf. Gen 2:9). Katulad ng pagsimula ng mga tao sa pakikisama sa Diyos at kasama ng mga hayop sa hardin, gayundin nagtapos ang Bibliya (cf. Isaias 11:6-9; Pahayag 22:2,14,19).

Ang terminong "paraiso" ay isang Persianong salita para sa isang tao na may harding binakuran, na ginamit sa Septuagint upang isalin ang Hardin ng Eden (cf. Ezekiel 28:13; 31:8). Ito ay isa sa maraming mga pantukoy sa Mesyanik na panahon na matatagpuan sa buong mga sulat sa pito mga iglesya.

Ang terminong "paraiso" ay ginamit sa dalawang pakahulugan: (1) sa Lucas 23:4 ito ay maaaring tumutukoy sa matuwid na bahagi ng *Sheol/Hades* (tignan Natatanging Paksa sa 1:8). Si Hesus ay nagsabi sa nagsising magnanakaw na siya ay makakasama Niya doon sa araw ding yaon (si Hesus ay hindi bumalik sa langit sa loob ng 40 mga araw, cf. Juan 20:17) at (2) sa II Corinto 12:3 ito ay tumutukoy sa presensya ng Diyos, sa makalangit na tronong silid ng Diyos ("ang pangatlong langit").

Ang layunin ng Diyos para sa sangkatauhan, ginawa ayon sa kanyang imahe at wangis (Genesis 1:26-27), ay laging buhay na walang hanggan. Ang pagbagsak sa Genesis 3 at mga natirang dokumento ng Bibliya Diyos tungkol sa pagutpad sa pangako ng Diyos sa pagtutubos sangkatauhan at pakikisama sa Kanya. Ang makasalanang mundong ito, ang puwang na ito sa lubos na pakikisama, ay hindi nais ng Diyos, ngunit kahihiyan ng sangkatauhan. Ang Diyos ay magpapanumbalik ng sannilikha para sa Kanyang mga layunin.

## TALATA SA NASB (BINAGO): 2:8-11

**[8]At sa anghel ng iglesia sa Smirna ay isulat mo: Ang mga bagay na ito ay sinasabi ng una at ng huli, na namatay, at muling nabuhay: [9]Nalalaman ko ang iyong kapighatian, at ang iyong kadukhaan (datapuwa't ikaw ay mayaman), at ang pamumusong ng mga nagsasabing sila'y mga Judio, at hindi sila gayon, kundi isang sinagoga ni Satanas. [10]Huwag mong katakutan ang mga bagay na iyong malapit ng tiisin: narito, malapit ng ilagay ng diablo ang ilan sa inyo sa bilangguan, upang kayo'y masubok; at magkakaroon kayo ng kapighatiang sangpung araw. Magtapat ka hanggang sa kamatayan, at bibigyan kita ng putong ng buhay. [11]Ang may pakinig, ay makinig sa sinasabi ng Espiritu sa mga iglesia. Ang magtagumpay ay hindi parurusahan ng ikalawang kamatayan."**

**2:8 "ng una at ng huli"** Ito ay isa sa paulit-ulit na titulo para kay Hesus matatagpuan sa 1:17 at 22:13. Sa pasimula ito tumukoy kay YHWH (cf. Isaias 41:4; 44:6; 48:12). Ito ay kasingkahulugan sa parirala "Ako ay ang Alpha at Omega" (cf. 1:8; 21:6; 27:13) at "ang simula at katapusan" (cf. 21:6; 22:13). Tignan ang mas buong puna sa 1:8.

▣ **"na namatay, at muling nabuhay"** Ito ay maaaring naging isang sampal sa kalikasan ng kulot ni Cybele, ang inang diyosa. Marami sa sinaunang pagkamayabong mga relihiyon batay sa kanilang pananaw sa binigyan katauhang mga siklo ng kalikasan, taglamig na kamatayan, at tagsibol na muling kapanganakan. Sa konteksto ito ay kaugnay na teolohikal sa 1:18; 5:6, kung saan si Hesus ay ang kordero na pinatay ngunit ngayon ay nabubuhay. Ito ay nagbibigay-diin sa isahang-para –sa lahat (hindi naulit) na paghaliling kamatayan at muling pagkabuhay ni Hesus (cf. Hebreo 7:27; 9:12,28; 10:10).

**2:9 "Nalalaman ko ang iyong kapighatian, at ang iyong kadukhaan"** Ito ang dalawang malakas na Griyegong mga salita. Sila ay mahalaga sapagkat ang bayan ng Smyrna ay napakayaman. Ang katotohanan na ang iglesya ay mahirap at tila upang magpahiwatig ng ekonomiyang persekusyon. Ito ay teolohikal na mahalaga sa aklat ng Pahayag na ang mga mananampalataya ay nagdusa "tribulasyon" mula sa di-mga mananampalataya at sa Kaaway, ngunit ang di-mga mananampalataya ay magdurusa ng "poot ng Diyos." Tignan buong puna sa 7:14. Ang mga mananampalataya ay laging protektado (selyado, tignan Natatanging Paksa sa 7:2) mula sa banal na paghuhukom.

## NATATANGING PAKSA: TRIBULASYON

Mayroong pangangailangan sa isang teolohikal distinksyon sa pagitan ng paggamit ni Pablo terminong ito (*thlipsis*) at kay Juan.

A. Ang paggamit ni Pablo (na nagpapakita ng paggamit ni Hesus)
   1. mga problema, mga pagdurusa, mga kasamaan kasangkit sa isang makasalanang mundo
      a. Mateo 13:21
      b. Roma 5:3
      c. I Corinto 7:28
      d. II Corinto 7:4
      e. Efeso 3:13
   2. mga problema, mga pagdurusa, mga kasamaan dulot ng mga di-mga mananampalataya
      a. Roma 5:3; 8:35; 12:12
      b. II Corinto 1:4,8; 6:4; 7:4; 8:2,13
      c. Efeso 3:13
      d. Felipos 4:14
      e. I Tesalonica 1:6

f. II Tesalonica 1:4

3. mga problema, mga pagdurusa, evil ng pangwakas-na panahon

a. Mateo 24:21,29

b. Marcos 13:19,24

c. II Tesalonica 1:6-9

B. pagkakagamit ni Juan

1. si Juan ay gumagamit ng isang partikular na destinksyon sa pagitan ng *thlipsis* at *orgē* o *thumos* (poot) sa Pahayag. Ang *Thlipsis*ay kung ano ang gagawin ng mga di-mananampalataya sa mga mananampalataya at *orgē* at *thumos* ay kung ano ang ginawa ng Diyos sa mga di- mananampalataya.

a. *thlipsis* – Pahayag 1:9; 2:9-10,22; 7:14

b. *orgē* – Pahayag 6:16-17; 11:18; 16:19; 19:15

▣ **"(datapuwa't ikaw ay mayaman)"** Ang mga mananampalataya ay hindi maaring makapaghatol sa kanilang katayuan kay Kristo sa pamamagitan ng makamundong mga pamantayan (cf. Mateo 6:33).

▣

**NASB, NKJV "ang pamumusong"**
**NRSV, NJB "paninirang-puri"**
**TEV "masasamang mga bagay na sinabi laban sayo"**

Ito ay sa literal na ang terminong "pamumusong," na mayroong OT konotasyon ng "mang-alimura" at madalas na ginamit na may koneksyon sa pasalitang pag-atake kay YHWH (cf. Levitico 24:13-23). Dalawa beses sa OT ang terminong "mapalad" (*barak*) ay ginamit sa pakahulugan ng pamumusong (cf. I Hari 21:10,13). Sa konteksto ang mga Hudyong relihiyosong ito at nag-aangkin na kilala ang Diyos ("pinupuri ang Diyos"), ngunit hindi naman pala (cf. Mateo 7:21-23).

▣ **"nagsasabing sila'y mga Judio, at hindi sila gayon"** Isang napakahawig na parirala ay ginamit sa 3:9; doon ito ay halata na sila ay mapanglahing mga Hudyo na nag-aangkin na bayan ng Diyos ngunit hindi naman (cf. Juan 8:44; Roma 2:28-29; Galacia 3:29; 6:16). Mula sa Gawa at Galacia nalalaman natin na ang mga Hudyo ang nagdulot sa matinding oposisyon sa proklamasyon ng ebanghelyo (cf. Gawa 13:50; 14:2, 5, 19; 17:5).

Ang Pahayag 2:13 ay nagmumungkahi na ito tumutukoy sa lokal na mga kulto ng Emperador na pagsamba tinawag na ang Concilia na naghahangad na ang mga Kristyano at tumawag kay Caesar na "Panginoon" at magsunog ng insenso sa kanya kada isang taon.

▣ **"sinagoga ni Satanas"** Nakita ni Juan ang mundo sa matalim na pagkakasalungat, Diyos laban kay Satanas. Si Satanas (tignan Natatanging Paksa: Satanas sa 12:3) ay binanggit ng madalas sa aklat (cf. 2:9,13; 3:9; 12:9,10; 20:2,7). Sinisiraan niya ang mga mananampalataya at pinalalakas ang mga manunupil. Ang labanang ito o dualismo sa espiritwal kaharian ay nagpapakilala ng apokaliptikong panitikan. Mayroong isang labanan para sa pagkontrol ng mga puso at isipan ng mga anak ni ADaniel

**2:10 "Huwag mong katakutan"** Ito ay isang PANGKASALUKUYANG PANGGITNANG o BALINTIYAK (deponente) PAUTOS na may kasamang NEGATIBONG KATAGA na madalas na mangahulugan na itigil ang isang akto na nasa proseso na. Ang mga iglesya ay natakot. Persekusyon ay isang tanda ng kanilang kaligtasan at pagpapala ng Diyos (cf. Mateo 5:10-12).

▣ **"malapit ng ilagay ng diablo ang ilan sa inyo sa bilangguan"** Sa likod ng masamang mga taong pinuno ay nagkukubli ang isang supernatural na personal puwersya ng masama (cf. Efeso 6:10-19).

Ang terminong Satanas ay isang OT titulo at deskripsyon. Ang kanyang ibinigay na Diyos na tungkulin ay upoang magbigay ng isang mapanghimagsik, makasariling alternatibo sa sangkatauhan at magkagayon ay akusahan sila kapag sila ay nahulog sa tukso (cf. Genesis 3; Job 1-2; Zechiah 3). Mayroong isang pag-unlad ng kasamaan sa sa OT. Si Satanas ay nilikha bilang tagapaglingkod at maging isang kaaway (cf. *An Old Testament Theology* ni A. B. Davidson p. 300-306).

Ito ay tiyak na pagpapalagay na may pinakamataas na matalinghagang wika ng Isaias 14, na direktang tumutukoy sa aroganteng Hari ng Babylonia, at Ezekiel 28, na direktang tumutukoy sa mayabang na Hari ng Tyre, sa sukdulan ito ay nakikipagkilanlan sa espiritwal na kayabangan at pagbagsak ni Satanas. Ang wika ng Ezekiel 28 ay kinuha mula sa deskripsyon ng Hardin ng Eden. Mahirap na tanggapin ang deskripsyon ng isang tao, historikal, paganoong hari sa mala-anghel na mga termino kinuha mula sa Eden (cf. Genesis 3). Gayunpaman, ang Ezekiel ay ginawa ang parehong

bagay na may kasamang Hari ng Ehipto sa kabanata 31. Siya ay inilarawan bilang isang malaking puno sa sa Hardin ng Eden.

Lahat ng mga mananampalataya ay naghahanap ng mas maraming impormasyon, lalo na patungkol sa mga pinagmurlan ng Diyos, mga anghel, masasama, atpba. Dapat tayong maging maingat sa paglilipat ng metaporikal, propetikong deskripsyon tungo sa dogmatikong teolohiya. Mas higit na modernong teolohiya ay nagmumula sa hiniwalay, matalinghagang mga teksto na may kasamang modernong mga konsepto, kapwa teolohikal at pampanitikan (Dante at Milton).

Sa NT siya ay tinawag na ang demonyo (cf. 12:9,12; 20:2,10), na isang pinaghalong Griyegong termino na ibig sabihin "itapon sa ibayo," "manirang puri," o "magdala ng mga akusasyon laban sa." Muli ito ay nagpapakita ng kanyang tungkulin ng pag-aakusa at panunukso. Ang mga terminong ito ay kasingkahulugan sa Pahayag (cf. 12:9; 20:2). Tignan Natatanging Paksa: Personal na Kasamaan sa 12:9.

▣ **"upang kayo'y masubok"** Ang terminong ito ay ginamit sa dalawang pakahulugan: (1) mga mananampalataya ay siunsubok upang maipakita ang kanilang tunay na pananampalataya at lumagong mas malakas (cf. 2:10; Gawa 14:27; Roma 5:3-4; 8:17-19; Hebreo 5:8; Santiago 1:2-4; I Pedro 4:12-19) at (2) di-mga mananampalataya ay sinusubok upang ipakita ang kanilang kawalan pananampalataya at karapat-dapat paghahatol (cf. 3:10). Sa Pahayag ang mga pagsubok ng mga Kristyano ay tinawag na"tribulasyon" (tignan Natatanging Paksa sa 2:9), habang ang mga di-mga mananampalataya ay napasailalim sa "ang poot ng Diyos."

Mayroong dalawang mga Griyegong termino isinalin "subukin," "subukan," o "tuksuhin." A n g ay may konotasyon " subukan na may pananaw tungo sa pagkawasak" (*peirasmos*, *peirasmo*). Ang ibang mga termino (*dokimos*, *dokimazo*) ay ginamit na may kasamang konotasyon ng "subukin na may pananaw tungo sa pagtanggap." Si Satanas nanunukso upang mangwasak; ang Diyos ay nagsusubok upang magpalakas (cf. I Tesalonica 2:4; I Pedro 1:7; Genesis 22:1; Exodo 16:4; 20:20; Deutronomio 8:2,16; 13:3; Hukom 2:22; II Cronico 32:31). Tignan Natatanging Paksa sa 2:2.

▣ **"sangpung araw"** Mayroong maraming espekulasyon patungkol sa parirala "sampung mga araw":

1. ang ilan ay nagsabi na tumutukoy sa isang literal na sampung araw na Periyod ng persekusyon sa bayan ng Smyrna sa panahon ni Juan
2. ang iba ay nagsabi na dahil sampu ang bilang ng komplesyon, ito ay simpleng nangahulugan ng isang kompletong bilang bilang ng mga araw ng persekusyon
3. ang ilan ay nagsabi na tumutukoy sa di-matukoy na periyod ng persekusyon Ang mabuting balita ay ito ay may limitasyon. Ang persekusyon ay magtatapos!

Gayunpaman, sa apokaliptikong aklat walang makakasiguraod kung ang mga bilang ay ginamit ng patalinghaga o literal. Kung ang bilang ay madalas na ginamit sa OT at interbiblikal na apokaliptikong panitikan na may kasamang simboliko ibig sabihin ito ay marahil patalinghaga. Ang pinakamadalas na ginamit simbolikong mga bilang ay mga 3, 4, 6, 7, 10, 12 at kanilang kalupunan (tignan Natatanging Paksa sa 1:4).

▣ **"Magtapat ka hanggang sa kamatayan"** Ito ay isang PANGKASALUKUYANG PANGGITNANG o BALINTIYAK (deponente) PAUTOS na nagbibigay-diin sa pangangailangan ng mga mananampalataya na magpatuloy sa pananampalataya maging ito may ay mangahulugang pisikal na kamatayan (cf. Mateo 2:13; 12:11; 10:22; 24:13; Lucas 12:4; Galacia 6:9). Ilang mga mananampalataya ay napatay. Ito ang kabalintunaan ng soberenidad ng Diyos at ating karanasan sa isang makasalanang mundo.

▣ **"at bibigyan kita ng putong ng buhay"** Ang ang putong ng tagumpay na tinawag na "stephanos" (cf. I Corinto 9:25). Ito ay ang pabuya ng mga Kristyanong mga martir. Natutunan nating mula kay Eusebius' Ecclesiastical History, 4:15, na maraming mga martir, kasama na si Obispo Polycarp ng Smyrna. Mayroon din ibang mga korona (mga pabuya) na binanggit sa Bagong Tipan (cf. II Timoteo 4:8; Santiago1:12; I Pedro 5:4; Pahayag 3:11).

Si Juan ay ginagamit ang termino para sa buhay, zoe,upang tumutukoy sa eternal na buhay, muling pagkabuhay na buhay (cf. Juan 1:4; 3:15,36; 4:14,36; 5:24,26,29,39,40; 6:27,33,35,40,47,48,51,53,54,63,68; 8:12; 10:10,28; 11:25; 12:25,50; 14:6; 17:2,3; 20:31; Pahayag 2:7,10; 3:5; 13:8; 17:8; 20:12,15; 21:6,27; 22:1,2,14,17,19). Ang tunay na buhay ay higit pa sa pisikal na pag-iiral!

## NATATANGING PAKSA: MGA ANTAS NG PABUYA AT KAPARUSAHAN

A. Ang nararapat o di-nararapat na pagtugon sa Diyos ay batay sa kaalaman. Ang mas kaunti na kaalaman meron ang isa, mas kaunti ang pagiging responsable mayroon siya. Ang kabaliktaran ay totoo rin.

B. Kaalaman sa Diyos ay nagmumula sa dalawang pangunahing mga paraan
   1. nilikha (cf. Awit 19; Romans 1-2)
   2. Kasulatan (cf. Awit 19, 119; ang ebanghelyo)

C. OT ebidensya

1. mga pabuya
   a. Genesis 15:1 (madalas inuugnay sa makamundong pabuya, lupain mga anak)
   b. Deutronomio 27-28 (tipanang pagsunod ay nagdadala ng pagpapala)
   c. Daniel 12:3
2. kaparusahan
   a. Deutronomio 27-28 (tipanang pagsuway ay nagdadala ng sumpa)
3. Ang OT tularan ng pabuya para sa personal, tipanang katuwiran ay binago dahil sa kasalanan ng tao. Ang modepikasyong ito ay makikita sa Job at Awit 73. Ang NT ay binago ang pokus mula sa mundong ito tungo sa kasunod (cf. ang Sermon sa Bundok, Mateo 5-7).

D. NT ebidensya

1. mga pabuya (higit sa kaligtasan)
   a. Marcos 9:41
   b. Mateo 5:12,46; 6:1-4,5-6,6-18; 10:41-42; 16:27; 25:14-23
   c. Lucas 6:23,35; 19:11-19,25-26
2. kaparusahan
   a. Marcos 12:38-40
   b. Lucas 10:12; 12:47-48; 19:20-24; 20:47
   c. Mateo 5:22,29,30; 7:19; 10:15,28; 11:22-24; 13:49-50; 18:6; 25:14-30
   d. Santiago 3:1

E. Para sa akin ang tanging analohiya na nagbibigay ng kahulugan ay mula sa opera. Hindi ako nakakapanood ng presentasyon ng opera kaya hindi ko sila nauunawaan. Habang lalo kong nalalaman ang hirap at masalimout ng plot, musika, at sayaw, mas higit kong napapahalagahan ang pagtatanghal. Ako ay naniniwala na ang langit ay magpupuno sa ating mga tasa, ngunit aking naisip na ang ating pangmundong paglilingkod ay magdedetermina ng sukat ng tasa.

Samakatuwid, ang kaalaman at ang pagtugon sa kaalaman ay nagreresulta sa mga pabuya at mga kaparusahan (cf. Mateo 16:7; I Corinto 3:8,14; 9:17,18; Galacia 6:7; II Timoteo 4:14). Mayroong isang espiritwal prinsipyo—ating naaani auman ang ating itinatanim! Ang ilan ay nagtatanim ng mas higit at nag-aani ng mas higit (cf. Mateo 13:8,23).

F. "Ang korona ng katuwiran" ay nasa atin batay sa natapos na gawa ni Hesukristo (cf. II Timoteo 4:8), ngunit pansinin na "ang korona ng buhay" ay konektado sa pagtitiis sa ilalim ng pagsubok (cf. Santiago 1:12; Pahayag 2:10; 3:10-11). Ang "korona ng kaluwalhatian" para sa Kristyanong mga pinuno ay konektado sa kanilang pamumuhay (cf. I Pedro 5:1-4). Nalalaman ni Pablo na siya ay may di-mawawala na korona, ngunit siya ay nag-eehersisyo ng labis na pagkontrol sa sarili (cf. I Corinto 9:24-27).

Ang misteryo ng buhay Kristyano ay ang ebanghelyo ay walang alinlangang libre ayon sa natapos na gawa ni Kristo, ngunit tayo ay dapat na tumugon sa inaalok ng Diyos kay Kristo, dapat din tayong tumugon sa pagpapalakas ng Diyos para sa buhay Kristyano. Ang buhay Kristyano ay kasing supernatural gaya ng sa kaligtasan, subalit dapat nating tanggapin ito at panghawakan ito. Ang libre-ngunit-naggugol-ng-lahat na kabalintunaan ay ang misteryo ng mga pabuya at pagtatanim/pag-aani.

Tayo ay hindi iniligtas sa <u>pamamagitan</u> ng mabuting mga gawa, <u>para sa</u> mabubuting mga gawa (cf. Efeso 2:8-10). Ang mabubuting mga gawa ay ebidensya na Siya ay ating nakatagpo (cf. Mateo 7). Ang tao ay may merito sa lugar ng kaligtasan na nagdadala sa destruksyon, ngunit ang makadiyos na pamumuhay ay nagreresulta mula sa kaligtasan ay may pabuya.

**2:11 "Ang magtagumpay"** Ito rin ay isang pabalik-balik na admonisyon sa katapatan (cf. 2:7,17,26; 3:5,12,21; 21:7). Ito ay tiyak na isang pagbibigay-diin sa pagtitiis (tignan Natatanging Paksa sa 2:2).

▣ **"ay hindi parurusahan ng ikalawang kamatayan"** Ito ay isang DOBLENG NEGATIBONG KONSTRUKSYON na may kasamang AORIST BALINTIYAK PASAKALI na nagpapakita ng sukdulang pag-aaruga ng Diyos para doon sa mga naging martir (cf. 12:11). Ang "ikalawang kamatayan" ay tumukoy sa impyerno (tignan Natatanging Paksa sa 1:18) o eternal pagkakahiwalay mula sa pakikisama sa Diyos (cf. Pahayag 20:6,14; 21:8).

▣ **"Ang may pakinig, ay makinig"** Ito ay isang pabalik-balik pagpapa-alala para sa espiritwal na atensyon at pagkawari (cf. 2:7,11,17,29; 3:6,13,22; 13:9).

## TALATA SA NASB (BINAGO): 2:12-17

**[12]"At sa anghel ng iglesia sa Pergamo ay isulat mo: Ang mga bagay na ito ay sinasabi ng may matalas na tabak na may dalawang talim: [13]'Nalalaman ko kung saan ka tumatahan, sa makatuwid baga'y sa kinaroroonan ng luklukan ni Satanas; at iniingatan mong matibay ang aking pangalan, at hindi mo ikinaila ang aking pananampalataya, kahit nang mga araw man ni Antipas na aking saksi, aking taong tapat, na pinatay sa gitna ninyo, na tinatahanan ni Satanas. [14]Datapuwa't mayroon akong ilang bagay na laban sa iyo, sapagka't mayroon ka diyang ilan na nanghahawak sa aral ni Balaam, na siyang nagturo kay Balac na maglagay ng katisuran sa harapan ng mga anak ni Israel, upang magsikain ng mga bagay na inihahain sa mga DiyosDiyosan, at makiapid. [15]Gayon din naman na mayroon kang ilan na nanghahawak sa aral ng mga Nicolaita. [16]Magsisi ka nga; o kung hindi ay madaling paririyan ako sa iyo, at babakahin ko sila ng tabak ng aking bibig. [17]Ang may pakinig, ay makinig sa sinasabi ng Espiritu sa mga iglesia. Ang magtagumpay ay bibigyan ko ng manang natatago, at siya'y bibigyan ko ng isang batong puti, at sa bato ay may nakasulat na isang bagong pangalan, na walang nakakaalam kundi yaong tumatanggap.'"**

**2:12 "ng may matalas na tabak na may dalawang talim"** Ito ang kaparehong pantukoy sa niluwalhating Hesus na matatagpuan sa 1:16. Ito ay ang OT metapora para kay YHWH (cf. Isaias 11:4; 49:2). Ito ay ginamit sa NT para sa matalas na kapangyarihan ng salita ng Diyos (cf. 2:16; II Tesalonica 2:8; Hebreo 4:12).

**2:13 "Nalalaman ko kung saan ka tumatahan"** "Manahan" sa OT ay nagpahiwatig ng "tumira ng permanente kasama ng." Ang mga mananampalatayang ito ay humarap sa lokal na pamahalaan at malademonyong presyon. Nalalaman sila ni Hesus at ang kanilang peligrosong sitwasyon. Siya ay naroon na kasama nila.

▣ **"sa kinaroroonan ng luklukan ni Satanas"** Mayroon naging ilang mga posible mga interpretasyon ng pariralang ito:

1. Ito ay maaaring tumukoy sa malaking trono ni Zeus na matatagpuan sa Pergamum.
2. Ito ay maaaring tumukoy sa Diyos ng kagalingan, si Asclepios, na ang simbolo ay isang serpyente.
3. Tila ang buong bayan ay parang gaya ng isang higanteng trono dahil ang Acropolis ay nakatayo ilang daang piye sa itaas ng bayan mismo.
4. Ito ay maaaring pantukoy sa Concilia, ang lokal na organisasyon upang itaguyod ang Emperador na pagsamba, na napakamakapangyarihan sa Pergamum.

Dahil sa historikal na konteksto, alinman sa #1 o #4 tila ang pinakamainam.

▣ **"at iniingatan mong matibay ang Aking pangalan"** Ito ay isang PANGKASALUKUYANG AKTIBONG INDIKATIBO. Ito ay nagpapakita ng kahalagahan ng pangalan bilang kinatawan na karakter ng isang persona. Ang mga mananampalataya ay nagtiwala sa pamamagitan ng pagtawag sa Kanyang pangalan (cf. Juan 1:12; 3:18; Roma 10:9-13) at pagsamba sa pamamagitang ng pagtawag ng Kanyang pangalan (cf. Genesis 4:26; 12:8; 26:25) at pagtitiis sa pamamagitan ng pagtawag sa Kanyang pangalan (cf. Juan 17:11-12).

## NATATANGING PAKSA: ANG PANGALAN NG PANGINOON

Ito ay isang karaniwang parirala sa NT para sa personal na pagharap at masigasig na kapangyariha ng Trinidad na Diyos sa iglesiya. It ay hindi salamangka, ngunit isang pamamanhik sa katangian ng Diyos.

Kadalasang ang pariralang ito ay tumutukoy kay Hesus bilang Panginoon (cf. Filipos 2:11)

1. Sa pagpapahayag pananampalataya ng isang tao kay Hesus sa bautismo (cf. Roma 10:9-13; Gawa 2:38; 8:12,16; 10:48; 19:5; 22:16; I Corinto 1:13,15; Santiago 2:7)
2. sa isang pagpapaalis ng demonyo (cf. Mateo 7:22; Marcos 9:38; Lucas 9:49; 10:17; Gawa 19:13)
3. sa isang pagpapagaling (cf. Gawa 3:6,16; 4:10; 9:34; Santiago 5:14)
4. sa isang pagkilos sa ministeryo (cf. Mateo 10:42; 18:5; Lucas 9:48)
5. sa panahon ng pagdidisiplina ng iglesiya (cf. Mateo 18:15-20)
6. habang nangangaral sa mga Hentil (cf. Lucas 24:47; Gawa 9:15; 15:17; Roma 1:5)
7. sa panalangin (cf. Juan 14:13-14; 15:2,16; 16:23; I Corinto 1:2)
8. isang paraan na tumutukoy sa Kristiyanismo (cf. Gawa 26:9; I Corinto 1:10; II Timoteo 2:19; Santiago 2:7; I Pedro 4:14) Anuman ang ating gagawin bilang mga tagapahayag, mga lingkod, mga tumutulong, mga manggagamot, mga nagpapaalis ng demonyo, atbp., ginagawa natin sa Kanyang katangian, Kanyang kapangyarian, Kanyang mga pagtutustos—sa Kanyang Pangalan!

▣ **"at hindi mo ikinaila ang aking pananampalataya"** Ito ay isang AORIST PANGGITNAN (deponente) INDIKATIBO. Sa panahon ng unang mga siglong ito ng Kristyanismo, at maging sa panahon ngayon sa ilang tiyak na mga lipunan,mayroong isang tunay na temtasyon upang iligtas ang sariling kayamanan o buhay sa pamamagitan ng

pagtakwil ng pananampalataya kay Kristo sa panahon ng pisikal o hukumang paglilitis. Ang iglesya ay laging nakikipaglaban sa kung paano hawakan ang mga tumalikod na ito.

## NATATANGING PAKSA: PANANAMPALATAYA, MANIWALA, O PAGTITIWALA (*Pistis* [PANGNGALAN], *Pisteuō,* [PANDIWA], *Pistos* [PANG-URI])

A. Ito'y tiyak na mahalagang kataga sa Bibliya (cf. Hebreo 11:1,6). Ito ay paksa ng naunang mga pangaral ni Hesus (cf. Marcos 1:15). Mayroong higit sa dalawang pangangailangan para sa bagong kasunduan: pagsisi at pananampalataya (Marcos 1:15; Gawa 3:16,19; 20:21).

B. Ang etimolohiya nito

1. Ang salitang "pananampalataya" sa OT ay nangangahulugang katapatan, matayog na katapatan, o mapagkakatiwalaan at siyang naglalarawan sa kalikasan ng Diyos at hindi sa atin.
2. Ito'y nagsimula sa katagang Hebreo (*emun, emunah*), na nangangahulugang "maging tiyak o matatag." Ang pananampalatayang nagliligtas ay pagsang-ayong mental (pangkat ng mga katotohanan), mabuting pamumuhay (isang pamumuhay), at higit sa lahat ay may pakikipag-ugnay (pagtanggap sa isang tao) at kusang pananagutan (isang pagpapasiya) sa isang tao.

C. Ang pagkagamit nito sa OT

Dapat na pagdiininan na ang pananamapalataya ni Abraham ay <u>hindi</u> sa paparating na Tagapagligtas, ngunit sa pangako ng Diyos na siya ay magkakaroon ng anak at mga inapo (cf. Genesis 12:2; 15:2-5; 17:4-8; 18:14). Tumugon si Abraham sa pangako ng Diyos sa pamamagitan ng pagtitiwala. Mayroon siyang mga ilang mga alinlangan at suliranin tungkol sa pangakong ito, na umabot ng higit sa labintatlong taon bago matupad. Ang kanyang di ganap na pananampalataya, sa kabila nito, ay tinanggap pa rin ng Diyos. Ang Diyos ay kusang-loob na gumagawa sa mga taong may bahid dungis na tumutugon sa Kanya at sa Kanyang mga pangako sa pamamagitan ng pananampalataya, kahit na kasing liit man ito ng buto ng mustasa. (cf. Mateo 17:20).

D. Ang pagkagamit nito sa NT

Ang salitang "maniwala" ay nagmula sa Greyigong salita (*pisteuō*) na maari ding isalin sa "maniwala," "manampalataya," o "magtiwala." Halimbawa, ang PANGNGALAN hindi nakita sa Ebanghelyo ni Juan, ngunit ang PANDIWA ay madalas na ginagamit. Sa Juan 2:23-25 may hindi pagkakatiyak sa sa pagiging totoo ng mga pananagutan ng mga tao kay Hesus ng Nazaret bilang Mesias. Ilang mga halimbawa na may mababaw na gamit ng katagang "maniwala" ay sa Juan 8:31-59 at Gawa 8:13, 18-24. Ang totoong Biblikal na pananampalataya ay higit sa panimulang pagtugon. Ito ay dapat na sinusundan ng proseso ng pagiging-alagad (cf. Mateo 13:20-22,31-32).

E. Ang gamit nito kasama ng MGA PANG-UKOL

1. *eis* ay nangangahulugang "sa." ng naiibang pagbuo nito ay nagbibigay-diin sa mga mananampalataya na ilagak ang kanilang pagtitiwala/pananampalataya kay Hesus
   a. sa Kanyang pangalan (Juan 1:12; 2:23; 3:18; I Juan 5:13)
   b. sa Kanya (Juan 2:11; 3:15,18; 4:39; 6:40; 7:5,31,39,48; 8:30; 9:36; 10:42; 11:45,48; 17:37,42; Mateo 18:6; Gawa 10:43; Filipos 1:29; I Pedro 1:8)
   c. sa Akin (Juan 6:35; 7:38; 11:25,26; 12:44,46; 14:1,12; 16:9; 17:20)
   d. sa Anak (Juan 3:36; 9:35; I Juan 5:10)
   e. kay Hesus (Juan 12:11; Gawa 19:4; Galacia 2:16)
   f. sa Liwanag (Juan 12:36)
   g. sa Diyos (Juan 14:1)
2. *en* ay nangangahulugang "nasa" gaya sa Juan 3:15; Marcos 1:15; Gawa 5:14
3. *epi* ay nangangahulugang "sa" or sa ibabaw ng, gaya ng nasa Mateo 27:42; Gawa 9:42; 11:17; 16:31; 22:19; Roma 4:5,24; 9:33; 10:11; I Timoteo 1:16; I Pedro 2:6
4. ang DATIBO na walang PANG-UKOL na nasa Galacia 3:6; Gawa 18:8; 27:25; I Juan 3:23; 5:10
5. *hoti,* na ibig sabihin "paniwalaan na," ay nagbibigay ng laman sa kung ano ang paniniwalaan
   a. Si Hesus ay ang Kaisa-isang Banal ng Diyos (Juan 6:69)
   b. Si Hesus ay ang Ako nga (Juan 8:24)
   c. Si Hesus ay nasa Ama at ang Ama ay nasa Kanya (Juan 10:38)

d. Si Hesus ay ang Tagapagligtas (Juan 11:27; 20:31)
e. Si Hesus ay ang Anak ng Diyos (Juan 11:27; 20:31)
f. Si Hesus ay isinugo ng Ama (Juan 11:42; 17:8,21)
g. Si Hesus ay kaisa ng Ama (Juan 14:10-11)
h. Si Hesus ay nagmula sa Ama (Juan 16:27,30)
i. Ipinakilala ni Hesus ang Kanyang sarili sa pangkasunduang pangalan ng Ama, “Ako nga” (Juan 8:24; 13:19)
j. Si Hesus ay nagmula sa Ama (Roma 6:8)
k. Si Hesus ay namatay at muling nabuhay (I Tesalonica 4:14)

▣ **“ni Antipas na aking saksi”** Wala tayong nalalaman patungkol sa tao na ito. Ang titulo ng ibinigay sa kanya ay kaparehong ginamit para kay Kristo sa 5:1. Ang terminong “saksi” ay maaring mangahulugang “martir” (cf. 11:3; 17:6). Si Tertullian ay nagsabi na si Antipas ay sinunog sa isang bronseng toro, ngunit ito ay simpleng kalaunang tradisyon.

**2:14 “mayroon akong ilang bagay na laban sa iyo”** Si Hesus ay may negatibong mga pananalita para sa anim sa pitong mga iglesya. Matuwid na pamumuhay sa ilang mga lugar ay hindi nakakapag-paumanhin sa iba!

▣ **“sapagka't mayroon ka diyang ilan na nanghahawak sa aral ni Balaam”** Si Balaam ay isang propeta ng Diyos (cf. Bilang 24:2) na nabighaning tumulong umang magkompromisa ang bayan ng Israel (cf. Bilang 22-25 and 31:16). Siya ay kinondenna kapwa sa OT at sa NT (cf. Bilang 31:16; II Pedro 2:15; Jude 11).

Posble na ang pangalang Balaam sa Hebreo ay nangahulgang “manunupig ng tao” at ang pangalan Nicolaitans ay maaring mangahulugan ng kapareho sa Griyego (Nicodemus ng Juan 3 ay may kapareho ring ibig sabihin). Ito ay makakapagkilanlan sa dalawang grupo na ito bilang kanilang imoral na mga praktis (cf. Jezebel, 2:20).

▣ **“na siyang nagturo kay Balac na maglagay ng katisuran sa harapan ng mga anak ni Israel”** Nagmungkahi si Balaam kay Balak, Hari ng Moab, ay isangkot ang mga anak ng Israel sa pagkayabong napagsamba kay Ba’al (cf. Bilang 25:1-3). Mayroong nagpapatuloy na kultural na temtasyon sa sekswal na pagsamba mga gawain ng unang siglong mga paganoo.

## NATATANGING PAKSA: ISRAEL (ang pangalan)

I. Ang kahulugan ng pangalan ay di-tiyak (BDB 975).
   A. Si *El* ay Nanindigan
   B. Hayaang Manindigan si *El* (JUSSIVE)
   C. Si *El* ay Nag-iingat
   D. Hayaang makipaglaban si *El*
   E. Si *El* ay Nagpunyagi
   F. Siya na Nagpunyagi kasama ang Diyos (Genesis 32:28)
II. Mga Pagkagamit sa OT
   A. Ang pangalan ni Jacob (taga-pamalit, manununggab ng sakong, BDB 784, cf. Genesis 25:26) ay pinalitang pagkatapos na makipagbuno sa isang may espiritwal na katauhan sa ilog ng Jabok (cf. Genesis 32:22-32; Exodo 32:13). Kadalasang ang mga kahulugan ng mga Hebreo pangalan ay paglalaro sa mga tunog, hindi mga etimolohiya (cf. 32:28). Israel ang naging kanyang pangalan (e.g., Genesis 35:10).
   B. Ito ay ginamit bilang isang pangkalahatang pangalan para sa lahat ng kanyang labingdalawa mga anak (e.g., Genesis 32:32; 49:16; Exodo 1:7; 4:22; 28:11; Deuteronomio 3:18; 10:6).
   C. Ito ay ginamit sa pagtatalaga ng isang nabuo sa pamamagitan ng labingdalawang angkan bago ang pag-lisan (exodo) (cf. Genesis 47:27; Exodo 4:22; 5:2) at pagkatapos (cf. Deuteronomio 1:1; 18:6; 33:10).
   D. Pagkatapos ng nagkakaisang kaharian nina Saul, David, at Solomon ang mga angkan ay nahati sa ilalim ni Rehoboam (cf. I Hari 12).
      1. Ang pagkakaiba sa nagsimula kahit na bago pa ang opisyal na pagkakahati (e.g., II Samuel 3:10; 5:5; 20:1; 24:9; I Hari 1:35; 4:20)
      2. Itinalaga sa mga hilagang angkan hanggang sa pagbagsak ng Samaria sa Asyria noong 722 B.C. (cf. II Hari 17).

E. Ginamit sa Juda sa ilang mga lugar (e.g., Isaias 1; Mikas 1:15-16).
F. Pagkatapos ng pagkatapon sa Asyria at Babilonya, ito ay muling naging panlahat na pangalan para sa lahat ng mga anak ni Jacob (e.g., Isaias 17:7,9; Jeremias 2:4; 50:17,19).
G. Ginamit ng mga karaniwang tao na may pagkakaiba (kabaligtaran) mula sa mga saserdote (cf. I Cronika 9:2; Ezra 10:25; Nehemias 11:3).

▣ **"upang magsikain ng mga bagay na inihahain sa mga diyos-diyusan, at makiapid"** Ang dalawang mga kasalanang ito ay nagsangkot sa paganoong pagsamba mga kasanayan (cf. Bilang 25:1-3 and 31:16). Hindi lamang may mga pagano mga hapunan kung saan ang mga pagkain ay isinakripisyo sa mga idolo (cf. I Corinto 8:1-13), ngunit madalas sekswal na imoralidad ay normal at inaasahang pagsambang kasanayan sa mga paganong kapulungang ito. Ang sekswal na aktibidad ng mga ito ay dapat isang paraan ng pagtitiyak ng kalusugan at pagkayabong ng mga alagang hayop, mga pananim at lipunan.

**2:15 "Gayon din naman na mayroon kang ilan na nanghahawak sa aral ng mga Nicolaita"** Dahil sa pagkakapareho ng mga katuruan ni Balaam, ang Nicolaitans (cf. 2:6), at Jezebel (cf. 2:20), lahat ng tatlong mga ito ay tumutukoy sa pagano, diyus-diyosang pagsambang mga kasanayan. Ang mga mananampalataya ay hindi dapat na manumbalik sa, o magkompromisa sa, mga paganong mga kultura.

**2:16 "Magsisi ka nga"** Tignan puna sa 2:5.

▣ **"o kung hindi ay madaling paririyan Ako sa iyo, at babakahin Ko sila ng tabak ng Aking bibig"** Ito ay isang AORIST AKTIBONG PAUTOS. Mayroong isang nagpapatuloy na pagbibigay-diin patungkol sa pagsisisi (cf. 2:5,16,22; 3:3,19). Ang pagparito ay maaring could tumutukoy sa temporal kahatulan laban sa iglesya o sa Ikalawang Pagbalik ni Kristo upang hatulan ang mundo. Ito ay mahalaga na ang iglesya bilang kabuuan ay tinawag upang magsisisi (cf. 3:20; II Cronico 7:14)dahil sa kasalanan ng ilan; kung hindi nila gagawin, ang kunsekwensya ay korporal na pagdidisiplina! Tignan Natatanging Paksa: Dagliang Pagparito sa 1:2.

**2:17 "Ang magtagumpay ay bibigyan Ko ng manang natatago,"** Ang manna ay supernatural na probisyon ng Diyos para sa mga anak ng Israel sa panahon ng Paglalagalag sa Ilang na Periyod (cf. Exodo 16:14-15,31; Awit 78:17-33, lalo na v. 24). Mayroon naging ilang mgatheories proposed to interpret this cryptic parirala:

1. Ito ay maaaring tumutukoy sa Arko ng Tipan na dinala palabas mula sa pagkakatago ni Jeremias mula sa Bundok Nebo (cf. II Maccabees 2:4-8) sapagkat ito ay naglalaman ng isang garapon ng manna (cf. Exodo 16:32-34; Hebreo 9:4).
2. Ito ay maaaring tumutukoy sa pagkain ng bagong panahon ng katuwiran (cf. II Baruch 29:8).

Ang eksaktong pantukoy ay di-tiyak ngunit ito ay halatang isang pahiwatig sa bagong panahon ng Espiritu na pinasinayaan ni Kristo. Ang ilan ay nagsaad na dahil ang Juan 6:31-35, ang nakatagong manna ay tumukoy kay Kristo Mismo. Ito ay isang mabuting halimbawa ng kahirapan sa pag-iinterpret ng partikular na mga detalye sa aklat na ito na ang mga kasalukuyang mga tagapakinig ay naunawaan, ngunit ang eksaktong pantukoy ay nawala na.

▣ **"at siya'y bibigyan ko ng isang batong puti,"** Ang batong ito, na tinawag na Tessera, ay maraming mga pagkakagamit sa Sinaunang Near East.

1. Ito ay maaaring magamit para sa isang tiket sa espesyal na handaan
2. Ito ay maaaring magamit sa pagboto sa pagpapalaya ng isang lupon
3. Ito ay maaaring magamit bilang isang simbolo ng tagumpay para sa isang atleta
4. Ito ay maaaring magamit upang ipakita ang kalayaan ng isang alipin.

Sa kontekstong ito, #1 ang tila ang pinakaminam, tumutukoy sa Mesyanik Handaan (isang karaniwang tema sa Hudyong apokaliptikong panitikan).

▣ **"may nakasulat na isang bagong pangalan, na walang nakakaalam kundi yaong tumatanggap"** Ang bagong pangalanng ito ay tila isang simbolo ng Bagong panahon o isang titulo para sa Mesyas (cf. Isaias 56:5; 62:2; 65:15; tignan Natatanging Paksa: Mesyas at 1:1). Ang bagong pangalang ito ay binanggit ng madalas sa aklat ng Pahayag (cf. 3:12; 14:1; 19:12,13,16; 22:4).

## TALATA SA NASB (BINAGO): 2:18-29

**[18]"At sa anghel ng iglesia sa Tiatira ay isulat mo: Ang mga bagay na ito ay sinasabi ng Anak ng Diyos, na may mga matang gaya ng ningas ng apoy, at ang kaniyang mga paa ay gaya ng tansong binuli: [19]'Nalalaman ko ang iyong mga gawa, at ang iyong pagibig, at pananampalataya at ministerio at pagtitiis, at ang iyong mga**

**huling gawa ay higit kay sa mga una. [20]'Datapuwa't mayroon akong laban sa iyo, na pinahintulutan mo ang babaing si Jezebel, na nagpapanggap na propetisa; at siya'y nagtuturo at humihikayat sa aking mga lingkod upang makiapid, at kumain ng mga bagay na inihahain sa mga DiyosDiyosan. [21]'At binigyan ko siya ng panahon upang makapagsisi; at siya'y ayaw magsisi sa kaniyang pakikiapid. [22]'Narito, akin siyang inireratay sa higaan, at ang mga nakikiapid sa kaniya sa malaking kapighatian, maliban na kung sila'y magsisipagsisi sa kaniyang mga gawa. [23]'At papatayin ko ng salot ang kaniyang mga anak; at malalaman ng lahat ng mga iglesia na ako'y yaong sumasaliksik ng mga pagiisip at ng mga puso: at bibigyan ko ang bawa't isa sa inyo ng ayon sa inyong mga gawa. [24]'Datapuwa't sinasabi ko sa inyo, sa mga iba na nasa Tiatira, sa lahat ng walang aral na ito, na hindi nakakaalam ng malalalim na bagay ni Satanas, gaya ng sinasabi nila; hindi na ako magpapasan sa inyo ng ibang pasan. [25]'Gayon ma'y ang nasa inyo'y panghawakan ninyong matibay hanggang sa ako'y pumariyan. [26]' At ang magtagumpay, at tumupad ng aking mga gawa hanggang sa katapusan, AY BIBIGYAN KO NG KAPAMAHALAAN SA MGA BANSA; [27] AT SILA'Y PAGHAHARIAN NIYA SA PAMAMAGITAN NG ISANG PANGHAMPAS NA BAKAL, GAYA NG PAGKADUROG NG MGA SISIDLANG LUPA NG MAGPAPALYOK, gaya naman ng tinanggap ko sa aking Ama; [28] At sa kaniya'y ibibigay ko ang tala sa umaga. [29]' Ang may pakinig, ay makinig sa sinasabi ng Espiritu sa mga iglesia.'**

**2:18 "Anak ng Diyos"** Ito ay ang napaka-karaniwan na tumutukoy kay Hesus bilang "Anak." Ang pinaka-karaniwan na titulo na gumagamit ng metaporang ito ay "Anak ng tao," na siyang sariling pagpili ni Hesus na titulo. Ang ibang termino ay "Anak ng Diyos" na isang karaniwang designasyon para kay Hesus sa mga kasulatan ni Juan (cf. Juan 1:34,49; 5:25; 9:35; 10:36; 11:4,27; 19:7; 20:31; I Juan 3:8; 4:15; 5:5,10,12,13,20). ang ikatlong paggamit ng "anak" ay matatagpuan sa aklat Hebreo (cf. 1:2; 3:6; 5:8; 7:28) kung saan si Hesus ay ipinagkasalungat sa isang tagapaglingkod (i.e., Moses, ang mga propeta). Siya ay isang lubos na miyembro ng pamilya kasama ng Ama.

Hindi ito sa naglalarawang mga parirala para sa kabanata 1. Ang termino, gaya "birheng-ipinanganak," ay ginamit ng mangilan-ngilan ng NT mga may-akda marahil dahil ng posibleng maling pagkaunawa ng paganong tagapakinig, na dagliang nakaugnay sa mga terminong ito sa paganong mga panteon. Ang Homerik na mga diyos at diyosa ay madalas na sekswal na aktibo sa mga tao, nakabubuo ng espesyal na mga lahi.

## NATATANGING PAKSA: ANG ANAK NG DIYOS

Isa ito sa mga pangunahing katawagan (titulo) sa NT para kay Hesus. Ito ay may tiyak na kahulugang pagka-Diyos (banal) . Ito ay nagsasama kay Hesus bilang "ang Anak" o "Aking Anak" at ipinakikilala ang Diyos bilang "Ama." Makikita ito sa NT ng higit sa 124 na beses. Maging ang sariling katawagan (detandaasyon) ni Hesus bilang "Anak ng Tao" ay mayroong banal na kahulugan mula sa Daniel 7:13-14.

Sa OT ang katawagang "anak" ay maaring tumutukoy sa apat na partikular na mga grupo.

1. Ang mga anghel (kadalasang PANGMARAMIHAN, cf. Genesis 6:2; Job 1:6; 2:1)
2. Ang Hari ng Israel (cf. II Samuel 7:14; Awit 2:7; 89:26-27)
3. Ang bansang Israel sa kabuuan (cf. Exodo 4:22-23; Deuteronomio 14:1; Osea 11:1; Malakias 2:10)
4. Ang mga hukom ng Israel (cf. Awit 82:6)

Ito ay ikalawang pagkagamit na inuugnay kay Hesus. Sa ganitong paraan, ang "anak ni David" at "anak ng Diyos" ay kapwa nauugnay sa II Samuel 7; Awit 2 at 89. Sa OT, ang "anak ng Diyos" ay hindi kailanman ginamit nang tiyakan sa Mesias, maliban bilang ekastolohikal na hari na gaya ng sa "pinahirang mga katungkulan" ng Israel. Gayunpaman, sa *Dead Sea Scrolls* ang titulo na may maka-Mesias na implikasyon ay karaniwan (tignan mga partikular na pinagmulan sa *Dictionary of Jesus and the Gospels,* p. 770). Gayundin, ang "Anak ng Diyos" ay isang maka-Mesias na titulo sa dalawang interbiblikal na mga gawang Hudyong apokaliptiko (cf. II Esdras 7:28; 13:32,37,52; 14:9 at I Enoch 105:2).

Ang kaligiran nito sa NT sa kanyang pagtukoy kay Hesus ay pinakamahusay na mabubuod sa pamamagitan ng maraming mga pangkat.

1. Ang Kanyang pag-iral bago pa man ang paglilikha (cf. Juan 1:1-18)
2. Ang Kanyang natatanging (birheng) kapanganakan (cf. Mateo 1:23; Lucas 1:31-35)
3. Ang Kanyang bautismo (cf. Mateo 3:17; Marcos 1:11; Lucas 3:22. Ang tinig ng Diyos mula sa langit ay nagsasama ng maharlikang hari ng Awit 2 sa naghihirap na lingkod ng Isaias 53).
4. Ang Kanyang maka-Satanas ng panunukso (cf. Mateo 4:1-11; Marcos 1:12,13; Lucas 4:1-13. Siya ay tinukso upang pag-alinlangan ang Kanyang pagiging anak o matupad man lang ang layunin nito sa ibang kaparaanan maliban sa krus).
5. Ang Kanyang paninindigan sa mga hindi katanggap-tanggap na pagtatapat
   a. Mga demonyo (cf. Marcos 1:23-25; Lucas 4:31-37,41; Marcos 3:11-12; 5:7)
   b. Mga di-mananampalataya (cf. Mateo 27:43; Marcos 14:61; Juan 19:7)
6. Ang Kanyang paninindigan sa kanyang mga alagad
   a. Mateo 14:33; 16:16

b. Juan 1:34,49; 6:69; 11:27

7. Ang Kanyang sariling paninindigan
   a. Mateo 11:25-27
   b. Juan 10:36
8. Ang Kanyang paggamit ng talinghagang pampamilya sa Diyos bilang Ama
   a. Ang Kanyang paggamit ng "abba" para sa Diyos
      1) Marcos 14:36
      2) Roma 8:15
      3) Galacia 4:6
   b. Ang Kanyang pauli-ulit na paggamit ng Ama (*patēr*) upang ilarawan ang Kanyang kaugnayan sa pagka-Diyos

Sa pagbubuod, ang titulong "Anak ng Diyos" ay mayroong dakilang teolohikong kahulugan para sa mga nakakaalam ng OT at ang kanyang mga pangako at mga pangkat, ngunit ang mga manunulat ng NT ay kinakabahan sa paggamit nito sa mga Hentil dahil sa kanilang paganong pinanggalingan ng "mga diyos" na kumukuha ng mga kababaihan na nagbubunga ng mga anak na "mga titan" o "mga higante."

▣ **"may mga matang gaya ng ningas ng apoy, at ang kaniyang mga paa ay gaya ng tansong binuli"** Ito ay isa na namang titulo para kay Hesus na kinuha mula sa 1:14,15. Ito ay isang pahiwatig sa Daniel 10:6 na nagpapakita ng makalangit na pinagmulan ni Hesus. Posible na ito ay ang ginamit ng may koneksyon sa Thyatira sapagkat ang bayan na ito ay kilala dahil sa mga tansong paninda.

**2:19** Ang talatang ito ay pagkilala ni Hesus ng ministeryo ng mga mananampalataya sa Thyatira. Sila ay aktibo sa gawain ng kaharian at mas lalo pang nagiging aktibo. Ang apirmasyon na ito, gayunpaman, ay hindi nagpaumanhin sa erehiya ng v. 20.

**2:20 "Datapuwa't mayroon akong laban sa iyo, na pinahintulutan mo ang babaing si Jezebel, na nagpapanggap na propetisa;"** Ito ay isang pahiwatig sa Jezebel ng I Hari 16:31-33; II Hari 9:21-22. Si Alexandrinus (MSS A) ay nagdagdag "Your" bago ang Jezebel, na nagpahiwatig na siya ay maaring naging asawang babae ng pastor ng iglesyang ito o isang aktibong pinuno ng iglesya. Ngunit ito ay isang espekulasyon lamang. Ang kanyang mga katuruan (cf. v. 20c) ay kahawig ng sa Balaamites sa v. 14b at sa Nicolaitans sa v. 15.

Si Jezebel ay itinakwil sapagkat siya ay babaeng propeta. Mayroong maraming biblikal na mga halimbawa ng makadiyos na babaeng mga pinuno.

1. Miriam, Exodo 15:20
2. Deborah, Hukom 4:4
3. Huldah, II Hari 22:14
4. Anna, Lucas 2:36
5. ang mga anak na babae ni Philip, Gawa 21:9
6. Phoebe, Romana 16:1

## NATATANGING PAKSA: ANG MGA BABAE SA BIBLIYA

I. Ang Lumang Tipan
   A. Sa pang-kultura, ang mga babae ay ipinalalagay na pagmamay-ari
      1. isinasama sa listahan ng pagmamay-ari (Exodo 20:17)
      2. pagtrato sa mga babaing alipin (Exodo 21:7-11)
      3. ang mga panata nga mga babae ay maaaring ipawalang-bisa ng isang lalaking may panlipunang pananagutan (Bilang 30)
      4. mga babae bilang mga samsam sa digmaan (Deuteronomio 20:10-14; 21:10-14)
   B. Sa praktikal na paraan, mayroong pagkakapantay
      1. ang lalaki at babae ay linikha sa larawan ng Diyos (Genesis 1:26-27)
      2. igalang ang ama at ina (Exodo 20:12 [Deuteronomio 5:16])
      3. paggalang sa ina at ama (Levitico 19:3; 20:9)
      4. ang mga lalaki at mga babae ay maaaring maging mga Nazareo (Bilang 6:1-2)
      5. ang gma anak ng babae ay may karapatang magmana (Bilang 27:1-11)

6. bahagi ng taong nakipagkasundo (Deuteronomio 29:10-12)
7. sundin ang mga turo ng ama at ina (Kawikaan 1:8; 6:20)
8. ang mga anak na lalaki at anak na babae ni (pamilyang Levita) ay pinangungunahan ang pag-awit sa Templo (I Chronica 25:5-6)
9. ang mga anak na lalaki at mga anak na babae ay magbibigay na propesiya sa bagong panahon (Joel 2:28-29)

C. Ang mga kababaihan ay mga tungkulin sa pamumuno
1. Ang kapatid ni Moises, si Mirriam, ay tinawag na isang propeta (Exodo 15:20-21 saka tingnan sa Micah 6:4)
2. mga babaing pinagkalooban ng Diyos na maghabi ng mgkagamitan para sa Tabernakulo (Exodo 35:25-26)
3. isang babae, si Deborah, isa ring Propeta (cf. Hukom 4:4), ay nanumo sa lahat ng angkan (Hukom 4:4-5; 5:7)
4. Si Huldah ay isang propeta na tinawag ni Haring Josias upang basahin at bigyang ng interpretasyon ang bagong tagpong "Aklat ng Kautusan" (II Hari 22:14; II Chronica 34:22-27)
5. Si Reyna Ester, isang maka-Diyos na babae, ay iniligtas ng mga Hudyo sa Persya

II. Ang Bagong Tipan

A. Sa pang-kultura, ang mga babae sa kapwa Judaismo at sa nasasakupang ng *Greco-Roman* ay mga pangalawang uring mamamayan na may kakaunting mga karapatang o pribilehiyo (hindi kasama ang Macedonia).

B. Mga kababaihan sa mga tungkuling pamumuno
1. Sina Elizabet at Maria, maka-Diyos sa babaing naglalaan para sa Diyos (Lucas 1-2)
2. Si anna, maka-Diyos na babaing naglilingkod sa Templo (Lucas 2:36)
3. Si Lydia, mananampalataya at pinuno sa isang bahay iglesiya (Gawa 16:14,40)
4. Ang apat na birheng anak ni Felipe ay mga propeta (Gawa 21:8-9)
5. Si Phoebe, diyakonesa ng inglesiya sa Cenchrea (Roma 16:1)
6. Si Prisca (Priscilla), kamanggagawa ni Pablo at guro ni Apollos (Gawa 18:26; Roma 16:3)
7. Sina Maria, Tryphaena, Tryphosa, Persis, Julia, kapatid ni Nereus' sister, maraming kamanggaawa ni Pablo (Roma 16:6-16)
8. Si Junia (KJV), maaaring isang babaing apostol (Roma 16:7)
9. Sina Euodia at Syntyche, kamanggagawa ni Pablo (Filipos 4:2-3)

III. Paano maninimbang ng mga makabagong mananampalataya sa mga magkakaibang halimbawa?

A. Paano malalaman ang pang-kasaysayan at pang-kulturang katotohanan, na maaaring maiangkop sa orihinal na konteksto, mula sa mga walang hangang katotohanang makabuluhan sa lahat ng iglesiya, lahat ng mga mananampalatay sa lahat ng panahon?
1. Kailangan nating malaman ang layunin ng orihinal na kanasihang may-akda nang may kataimtiman. Ang Bibliya ay ang Salita ng Diyos at ang tanging paggagalingan para sa pananampalataya at kasanayan.
2. Kailangan nating pagtuunan ng pansin ang mga malinaw na kinasihang mga talata na may mga pinabatayan sa kasaysayan
   a. ang cultus (i.e., ritwal at liturhiya) ng Israel (cf. Gawa 15; Galacia3)
   b. unang siglong Judaismo
   c. Malinaw na mga pahayag ni Pablo sa I Corinto na may pinagbabatayan sa kasaysayan
      (1) ang sistemang legal ng of paganong Roma (I Corinto 6)
      (2) ang pananatili ang pagkaalipin (I Corinto 7:20-24)
      (3) ang selibato (I Corinto 7:1-35)
      (4) ang mga birhen (I Corinto 7:36-38)
      (5) ang pag-aalay ng pagkain sa mga idolo (I Corinto 8; 10:23-33)
      (6) ang mga kahiya-hiyang mga pagkilos sa Hapunan ng Panginoon (I Corinto 11)
3. Ang Diyos ay lubusan at maliwanag na inihahayag ang Kanyang sarili sa isang partikular na kultura, sa isang partikular na panahon. Kailangan nating pagtuunan ang kapahayagan, ngunit hindi lahat ng aspeto ng kanyang pangkasaysayang pagtulong. Ang Salita ng Diyos ay isinulat sa mga salita ng tao,

na ipinahahayag sa isang partikular na kultura sa isang to a particular na panahon.

B. Ang Biblikal na interpretasyon ay kailangang hanapin ang orihinal na layunin ng may-akda.Ano ang kanyang sinasabi sa kanyang panahon? Ito ay binagbabatayan at napakahalaga para sa tamang interpretasyon. Ngunit ngayon, kailangan nating maiangkop ito sa ating panahon. Ngayon, nandito ang suliranin ng mga kababaihan sa pamumuno (ang tunay na suliranin sa interpretasyon ay maaring magbigay kahulugan sa salita. May mas higit bang mga ministeryo kaysa sa mga pastor na mikikita sa pamumuno? Nakikita ba ang mga diyakonesa o babaing propeta bilang mga namumuno?) Ito ay lubhang maliwanag kay Pablo, sa I Corinto 14:34-35 at I Timoteo 2:9-15, na nagpapahayag na mga babae ay hindi dapat mamumuno sa pangmadlang panambahan! Ngunit paano ko iaangkop ito ngayon? Hindi ako papayag na ang kultura ni Pablo o ang aking kultura ang magpatahimik sa Salita ng Diyos and Kaniyang kalooban. Maaaring ang panahon ni Pablo ay napakalimitado, ngunit gayundin naman ang aking panahon ay napaka-bukas. Ako ay nakakaramdam ang pagkabalisa sa pagsasabing ang mga salita at mga katuruan ni Pablo ay may pasubali, pang-unang siglo, at mga katotohanang pang-lokal na kalagayan. Sino ako upang hayaan kong aking isip o aking kultura ay kalimutan ang isang kinasihang may-akda?!

Subalit, ano ang aking gagawin kung may mga biblikal na halimbawa ng mga kababaihang namumuno (kahit na sa mga sulat ni Pablo, cf. Roma 16)? Isang mabuting halimbawa nito ay pagtalakay ni Pablo sa pang-madlang panambahan sa I Corinto 11-14. Sa 11:5 tila pinahihintulutan niyang mangaral at manalangin sa kababaihan sa pangmadlang panambahan na may takip ang kanilang mga ulo, ngunit sa 14:34-35 inutusan niya silang manatiling manahimik! Sila ay mga diyakonesa (cf. Roma 16:1) at mga propetang babae (cf. Gawa 21:9). Dito sa pagkakaibang ito ay nagpapahintulot sa akin ng kalayaan na kilalanin ang mga puna ni Pablo (bilang pag-uugnay sa pagbabawal sa mga kababaihan) na limitado sa unang siglong Corinto at Efeso. Sa kapwa mga iglesiya, may mga suliranin sa mga babaing gumaganap ng kanilang bagong-tuklas na kalayaan (cf. Bruce Winter, *After Paul Left Corinth*), na maaaring magdulot ng kahirapan para sa mga iglesiya na maabot ang lipunan kay Kristo. Ang kanilang kalayaan ay kailangang limitahan upang ang Ebanghelyo ay maging mas mabIsaias

Ang aking pahahon ay kabaliktaran ng kay Pablo. Sa aking kapanahunan ang Ebanghelyo ay maaaring maging limitado kung if ipapahayag, ang mga sinanay na kababaihan ay hindi pinahihintulutang magbahagi ng Ebanghelyo, hindi pahihintulutang mamuno! Ano ang sukdulang layunin ng pangmadlang panambahan? Di ba ito ebanghelyo at pagiging alagad? Maaari bang maparangalang at maluDiyos ang Diyos sa mga babaing namumuno? and pleased with women leaders? Ang Bibliya sa kabuuan ay tila nagsasabing "oo"!

Nais kong sumang-ayon kay Pablo; ang aking teolohiya ay pangunahing kay Pablo. Hindi ko kagustuhang maging sobrang mahikayat o mapatakbo ng makabagong peminismo! Subalit, Sa aking palagay ang iglesiya ay naging mabagal na tumugon sa mga biblikal na katotohanan, tulad di-kaangkupan ng pang-aalipin, kapootang pang-lahi, pagkapanatiko, and *sexism.* Ito rin ay naging mabagal na tumugon ng naaayon sa pang-aabuso sa kababaihan sa makabagong mundo. Ang Diyos kay Kristo ay pinalaya ang mga alipin at kakabaihan. Hindi ako maglalakas-loob na hayaan ang isang talatang naka-ugat sa kultura ang gumapos sa kanila.

Isa pang punto: bilang isang tagapagsuri, nalalaman kong ang Corinto ay isang napakagulong iglesiya. Ang mga kaloob na *charismatic* ay pinahahalagahan at pinaparangalan. Ang kababaihan ay maaaring nasilo nito. Naniniwala din ako na ang Efeso ay apektado ng mga bulaang guro na nananamantala sa kababaihan at ginagamit sila bilang pamalit na mga tagapagsalita sa mga bahay-iglesiya sa Efeso.

C. Mga mungkahi para sa karagdagang pagbasa

*How to Read the Bible For All Its Worth* nina Gordon Fee at Doug Stuart (pp. 61-77)

*Gospel and Spirit: Issues in New Testament Hermeneutics* ni Gordon Fee

*Hard Sayings of the Bible* nina Walter C. Kaiser, Peter H. Davids, F. F. Bruce, at Manfred T. Branch (pp. 613-616; 665-667)

**2:21** Ang awa at pasensya ng Diyos gayundin ang Kanyang katarungan ay nakikita sa vv. 21-23 (cf. Roma 2:5).

**2:22 "Narito, akin siyang iniraratay sa higaan"** Ito ay isang panunuya sa kanyang kama ng pangangalunya (mga katuruan patungkol sa imoralidad).

▣ **"malaking kapighatian"** Tignan Natatanging Paksa: Tribulasyon sa 2:9 at ang malaking panahon ng pagtatapos sa 7:14.

▣ **"maliban na kung sila'y magsisipagsisi sa kaniyang mga gawa"** Ito ay isang IKATLONG KLASENG KONDISYONAL, na tumutukoy sa potensyal na hinaharap na aksyon ngunit may kasamang elemento ng kawalang katiyakan ng mangyayari.

**2:23 "At papatayin ko ng salot ang kaniyang mga anak"** Hindi it tumutukoy sa literal na mga anak, ngunit sa kanyang mga tagasunod (cf. 2:22; II Juan v. 1).

▣ **"at malalaman ng lahat ng mga iglesia"** Ito ay nagpapakita na ang pitong mga sulat ay binasa at ang katotohanan ay iaplay sa lahat ng mga iglesya, noon at ngayon. Para sa "iglesya" tignan Natatanging Paksa sa 1:4.

▣ **"a ako'y yaong sumasaliksik ng mga pagiisip at ng mga puso"** Ang Bibliya ay nagsasaad na ang Diyos ay nalalaman ang mga motibo at mga kaisipan ng lahat ng tao (cf. Awit 7:9, 26:2; 39:1; Kawikaan 24:12; Jeremias 11:20; 17:10; Lucas 16:15; Gawa 1:24; Hebreo 4:12-13; 8:27).

## NATATANGING PAKSA: ANG PUSO

Ang Griyegong salita na *kardia* ay ginamit sa at NT upang ipakita ang Hebreong salita na *lēb* (BDB 523). Ito ay ginamit sa maraming paraan (cf. Bauer, Arndt, Gingrich at Danker, *A Griyego-English Lexicon*, pp. 403-404).

1. ang gitna ng buhay pisikal, isang talinghaga para sa tao (cf. Gawa 14:17; II Corinto 3:2-3; Santiago 5:5)
2. ang sentro ng buhay espirituwal (i.e., moral)
   a. nakikilala ng Diyos ang puso (cf. Lucas 16:15; Roma 8:27; I Corinto 14:25; I Tesalonica. 2:4; Pahayag 2:23)
   b. ginamit sa espirituwal na buhay ng sangkatauhan (cf. Mateo 15:18-19; 18:35; Roma 6:17; I Timoteo 1:5; II Timoteo 2:22; I Pedro 1:22)
3. ang sentro ng buhay pangkaisipan (i.e., intellect, cf. Mateo 13:15; 24:48; Gawa 7:23; 16:14; 28:27; Roma 1:21; 10:6; 16:18; II Corinto 4:6; Efeso 1:18; 4:18; Santiago 1:26; II Pedro 1:19; Pahayag 18:7; ang puso ay kasing-kahulugan ng isipan sa II Corinto 3:14-15 and Felipos 4:7)
4. ang sentro ng pagpapasya (i.e., will, cf. Gawa 5:4; 11:23; I Corinto 4:5; 7:37; II Corinto 9:7)
5. ang sentro ng mga damdamin (cf. Mateo 5:28; Gawa 2:26,37; 7:54; 21:13; Roma 1:24; II Corinto 2:4; 7:3; Efeso 6:22; Felipos 1:7)
6. natatanging lugar sa pagkilos ng Espiritu (cf. Roma 5:5; II Corinto 1:22; Galacia 4:6 [i.e., si Kristo sa ating mga puso, Efeso 3:17])
7. Ang puso ay isang paraang patalinghaga na tumutukoy sa buong pagkatao (cf. Mateo 22:37, sinipi sa Deuteronomio 6:5). Ang mga kaisipan, mga motibo, at mga pagkilos na inuukol sa puso ay lubusang naghahayag sa uri ng tao. Ang OT ay mayroong kapansin-pansing mga paggamit ng mga salita
   a. Genesis 6:6; 8:21, "Ang Diyos ay napighati sa kanyang puso," pansinin din ang Hosea 11:8-9
   b. Deuteronomio 4:29; 6:5, "ng iyong buong puso at ng iyong buong kaluluwa"
   c. Deuteronomio 10:16, "di-tuling puso" at Roma 2:29
   d. Ezekiel 18:31-32, "isang bagong puso"
   e. Ezekiel 36:26, "isang bagong puso" laban sa "isang pusong bato"

▣ **"at bibigyan ko ang bawa't isa sa inyo ng ayon sa inyong mga gawa"** Ang espiritwal na katotohanan na ito ay ipinakita ng malinaw sa Galacia 6:7. Ating naani anuman ang ating itinanim. Ang prinsipyong ito ay hindi nagpapahiwatig ng isang kaligtasan sa pamamagitan ng pagpupunyagi ng tao (cf. Efeso 2:8-9), ngunit yaong hindi nakatagpo ang Diyos kay Kristo ay mamumuhay ng makadiyos, mapagmahal, naglilingkod na mga buhay (cf. 3:12; Mateo 25:1-46; Efeso 2:10).

Ito ay isang espiritwal na prinsipyo. Ang Diyos ay etikal-moral at gayundin din ang Kanyang nilikha. Ang mga tao ay sumuway sa kanilang mga sarili sa mga pamantayan ng Diyos. Ating naaani anoman ang ating itinanim. Ito ay totoo para sa mga mananampalataya (ngunit hindi nakakaepekto sa kaligtasan) at di-mga mananampalataya (cf. Job 34:11; Awit 28:4; 62:12; Kawikaan 24:12; Eccl. 12:14; Jeremias 17:10; 32:19; Mateo 16:27; 25:31-46; Roma 2:6; 14:12; I Corinto 3:8; II Corinto 5:10; Galacia 6:7-10; I Timoteo 4:14; I Pedro 1:17; Pahayag 2:23; 20:12; 22:12).

**2:24 "ng malalalim na bagay ni Satanas"** Mayroong ilang mga teorya na nag-uugnay sa pariralang ito. Ito ay maaaring tumutukoy

1. upang hulihin ang -parirala ni Jezebel at kanyang mga tagasunod
2. sa Gnostic na pagbibigay-diin ng bulaang mga guro sa kaalaman
3. sa nagpapasimulang mga ritwal ng misteryo ng mga relihiyon ng Roman Empire
4. sa isang anti-tetikal na paraan, sa "ang malalalim na mga bagay ng Diyos" (cf. Roma 11:33; I Corinto 2:10; Efeso 3:18)

▣ **"hindi na ako magpapasan sa inyo ng ibang pasan"** Ito ay isang apirmasyon ng tunay na mga mananampalataya sa bayan ng Thyatira. Sila ay may aktibo, agresibong pananampalataya (cf. v. 19).

**2:25 "panghawakan ninyong matibay hanggang sa ako'y pumariyan"** Ang mga tagasunod ni Kristo ay dapat na magtiis (cf. v. 20) sa gitna ng persekusyon, erehya at apatya. Ito ay isang kautusan (AORIST AKTIBONG PAUTOS). Si Hesus sa Kanyang paraan; Siya ay ay darating na (cf. 2:16; 22:7,20). Ito ang pag-asa at pagpapalakas ng loob sa bawat henerasyon ng mga Kristyano.

**2:26-27** Ito ay isang pahiwatig sa Awit 2:8-9, posibleng sa Isaias 30:14 at Jeremias 19:11 na idinagdag. Si Hesus ay ang Mesyanik na hari. Ang Kanyang kaharian ay darating sa buong mundong kapangyarihan at katuparan. Ito ay makabubuti sa lahat kapag ang Kanyang tagasunod ay makikita Siya!

**2:26 "mga bansa"** Ang paggamit ng terminong ito mula sa OT ay nagpapahiwatig na ito ay tumutukoy doon sa labas ng tipan ni YHWH (ang eksepsyon sa 7:9). Ito ay naging isang paraan ng pagtukoy sa walang-diyos, masamang mga tao (cf. 2:26; 5:9; 10:11; 11:2,9,18; 12:5; 13:7; 14:6,8; 16:19; 17:15; 18:3,23; 19:15; 20:8).

**2:27 "gaya naman ng tinanggap ko sa aking Ama"** Si Hesus ay binigyan ng lahat ng awtoridad (cf. Awit 2; Mateo 28:18; Felipos 2: 9-11). Ang kaharian ni Hesus ay presente, ngunit hindi pa naisakatuparan.

Ang OT na sipi sa talata 27 ay mula sa Awit 2:8 na sa pasimula tumukoysa Mesyas (cf. 12:5; 19:15), ngunit dito ito ay ginamit para sa mga mananampalataya na naglagak ng kanilang pagtitiwala kay Hesus Kristo. Sila ay maghahari ng kasama Niya. Tignan Natatanging Paksa sa 5:10.

**2:28 "At sa kaniya'y ibibigay ko ang tala sa umaga"** Mayroon naging ilang mga posible mga interpretasyon ng pariralang ito:

1. ito ay tumukoy sa isang metapora para kay Kristo (cf. Pahayag 22:16)
2. ito ay tumukoy sa sa matalik na kaalaman at pakikisama kay Kristo (cf. II Pedro 1:19)
3. ito ay tumukoy sa muling pagkabuhay (cf. Daniel 12:3)
4. ito ay tumukoy sa pangmilitar na Mesyas na binanggit sa Bilang 24:17
5. ito ay tumukoy sa kagalakan ng bayan ng Diyos (cf. Job 38:7)
6. ito ay tumukoy sa isang parirala ginamit kay Satanas sa Isaias 14:12, ngunit ngayon ay kay Kristo

**2:29** Tignan puna sa 2:7.

## TALATA SA NASB (BINAGO): 3:1-6

**[1]At sa anghel ng iglesia sa Sardis ay isulat mo: "Ang mga bagay na ito ay sinasabi ng may pitong Espiritu ng Diyos, at may pitong bituin: 'Nalalaman ko ang iyong mga gawa, na ikaw ay may pangalang ikaw ay nabubuhay, at ikaw ay patay.' [2]Magpuyat ka, at pagtibayin mo ang mga bagay na natitira, na malapit ng mamatay: sapagka't wala akong nasumpungang iyong mga gawang sakdal sa harapan ng Aking Diyos. [3]Alalahanin mo nga kung paanong iyong tinanggap at narinig; at ito'y tuparin mo, at magsisi ka. Kaya't kung hindi ka magpupuyat ay paririyan akong gaya ng magnanakaw, at hindi mo malalaman kung anong panahon paririyan ako sa iyo. [4]Nguni't mayroon kang ilang pangalan sa Sardis na hindi nangagdumi ng kanilang mga damit: at sila'y kasama kong magsisilakad na may mga damit na maputi; sapagka't sila'y karapatdapat. [5]Ang magtagumpay ay daramtang gayon ng mga mapuputing damit; at hindi ko papawiin sa anomang paraan ang kaniyang pangalan sa aklat ng buhay, at ipahahayag ko ang kaniyang pangalan sa harapan ng aking Ama, at sa harapan ng kaniyang mga anghel. [6]Ang may pakinig, ay makinig sa sinasabi ng Espiritu sa mga iglesia..'"**

**3:1 "iglesya"** Tignan Natatanging Paksa sa 1:4.

▣ **"ng may pitong Espiritu ng Diyos, at may pitong bituin"** Ang pariralang ito ay isa na namang pahiwatig sa niluwalhating Kristo (cf. 1:4,16,20). Ang pitong mga bituin ay tumutukoy sa mga iglesya at sa kanilang mga pinuno sa 1:20; ang pitong mga espiritu ay maaring kaugnay sa metapora dahil sa 4:5 sila ay magkaugnay sa pitong mga kandelaryo, na binanggit rin sa 1:20 bilang pantukoy sa mga iglesya. Ang pitong mga espiritung ito ng Diyos ay binanggit rin sa 5:6 bilang bahagi ng deskripsyon ng kordero. Tignan Natatanging Paksa: Ang Pitong mga Espiritu sa 1:4.

▣ **"Nalalaman ko ang iyong mga gawa"** Si Hesus ay may kamalayan sa mga kalakasan at kahinaan ng Kanyang mga iglesya (cf. 2:2,19; 3:1,8,15).

▣

**NASB, NKJV** **"na ikaw ay may pangalang ikaw ay nabubuhay"**
**NRSV** **"na ikaw ay may pangalan bilang nabubuhay"**

**TEV "na ikaw ay mayroong reputasyon bilang nabubuhay"**
**NJB "paanong ikaw ay may reputasyon bilang nabubuhay"**

Ito ay isang nagwawasak na Pahayag. Akala nila sila ay matuwid sa harap ng Diyos, espiritwal na nakalulugod sa Kanya (cf. Isaias 29:13; Roma 2:19-20; Colossas 2:16-23; II Timoteo 3:5), ngunit hindi naman!

**3:2**
**NASB, NRSV,**
**TEV, NJB "Gumising ka"**
**NKJV "Magpuyat ka"**

Ito ay isang PANGKASALUKUYANG PANGGITNANG (deponente) PAUTOS (na may isang PANGKASALUKUYANG AKTIBONG PANDIWARI), sa literal ay "ikaw ay patuloy na nagmamatyag." Ito ay una sa limang PANGKASALUKUYANG MGA PAUTOS na matatagpuan sa mga talata 2 at 3. Si Hesus ay nag-uutos sa Kanyang iglesya na manatiling mapagmasid!

▣
**NASB, NKJV "at pagtibayin mo ang mga bagay na natitira"**
**NRSV "pagtibayin mo kung anoman ang mga natira"**
**TEV "pagtibayn mo kung anoman ang meron ka pa"**
**NJB "maglagay ng ilang mga pagpapasya sa anomang maliit na kalakasan ang natira"**

Ito ay isang aorist AKTIBONG PAUTOS. Sila ay kailangang umakto ngayon at patuloy na umakto upang panatilihin anoman ang natira sa kanilang namamatay na pananampalataya.

▣ **"sapagka't wala akong nasumpungang iyong mga gawang sakdal sa harapan ng aking Diyos"** Ang unang PANDIWA ay isang GANAP NA AKTIBONG INDIKATIBO. Maaring sila ay mukhang espiritwal (cf. Isaias 29:13), ngunit sila ay mas higit na kahawig ng mga relihiyosong mga tao na binanggit sa Mateo 7:21-23 at Colossas 2:16-23.

Ang terminong "natapos" ay isang GANAP BALINTIYAK BALINTIYAK ibig sabihin "ganap, hinog, inihanda para sa iniaatas na tungkulin." Hindi nila pinahintulutan ang Diyos nakumpletuhin kung ani ang nasimulan ng pananampalataya (cf. Felipos 1:6).

**3:3 "Alalahanin mo nga kung paanong iyong tinanggap at narinig"** Ito ay isang PANGKASALUKUYANG AKTIBONG PAUTOS na sinund'n ng isang GANAP NA AKTIBONG INDIKATIBO at isang AORIST AKTIBONG INDIKATIBO. Ito ay kaugnay sa ebanghelyo na kanilang narinig at patuloy na natatanggap. Ang Kristyanismo ay hindi desisyon lamang, ngunit isang pamumuhay na relasyon. Ito ay nagsasangkot ng paniniwala sa isang mensahe at pagtanggap sa isang persona. Ito ay nagreresulta sa isang binago at nagbabagong buhay ng pagsisisi (AORIST AKTIBONG PAUTOS, v. 3b) at pagsunod (PANGKASALUKUYANG AKTIBONG PAUTOS, v. 3b).

▣ **"keep *it ito'y tuparin mo*"** Ito ay isang PANGKASALUKUYANG AKTIBONG PAUTOS na may isang nagpapatuloy na utos.

▣ **"magsisi ka"** Ito ay isang AORIST AKTIBONG PAUTOS na nagpapahiwatig ng isang kompletong pagsisisi. Tignan puna sa 2:5.

▣ **"Kaya't kung hindi ka magpupuyat"** Ito ay isang IKATLONG KLASE KONDISYONAL PANGUNGUSAP gaya sa 2:22. ang aksyon ay potensyal, may katiyakan sa sa kanilang pagtugon sa mga kautusan ni Hesus, ngunit hindi sigurado.

▣ **"ay paririyan akong gaya ng magnanakaw"** Ito ay madalas na ginamit sa Ikalawang Pagbalik (cf. Mateo 24:43-44; Lucas 12:39-40; I Tesalonica 5:2,4; II Pedro 3:10; Pahayag 16:15). Gayunpaman, sa kontekstong ito tila ito ay tumutukoy sa temporal paghahatol sa iglesyang ito.

**3:4 "mayroon kang ilang pangalan sa Sardis na hindi nangagdumi ng kanilang mga damit"** Ang paglalagay at pag-aalis sa kasuutan ay ginamit bilang isang metapora ng Kristyanong buhay (cf. Efeso 4:22,24,25,31; Colossas 3:8,10,12,14; Hebreo 12:1; Santiago1:21; I Pedro 2:1). Ilang mga mananampalataya ay hindi nakipagkompromiso sa paganong kultura.

▣ **"sila'y kasama kong magsisilakad na may mga damit na maputi"** Puting kasuutan ay ginamit bilang simbolo ng kadalisayan o tagumpay sa vv. 4,5,18; 6:11; 7:9,13-14; 19:14. Ang terminong "lumakad" ay madalas na ginamit bilang isang metapora ng Kristyanong buhay (cf. 3:5; 21:24; I Juan 1:6,7; 2:6,11; III Juan 3-4).

**3:5 "Ang magtagumpay"** Apat na bagay ang ibibigay doon sa sinomang magtatagumpay.

1. Sila ay lalakad kasama ng Mesyas, v. 4
2. sila ay susuutan ng puti
3. ang kanilang mga pangalan ay kailanman hindi aalisin sa aklat ng buhay
4. ang Mesyas ay kikilanlin sila bilang Kanya sa sa presensya ng Ama at Kanyang mga

anghel: Tignan Natatanging Paksa sa Pagtitiis sa 2:2.

▣ **"at hindi ko papawiin sa anomang paraan ang kaniyang pangalan sa aklat ng buhay"** Ito ay isang malakas DOBLENG NEGATIBO. Kapag ang mamamayan ay namatay, ang kanilang mga pangalan ay maaring mabura mula sa talaan ng bayan ngunit ang Diyos ay kailanman hindi buburahin ang mga mananampalataya mula sa Kanyang talaan.

Ang metaporikal na pariralang ito ng "ang aklat ng buhay" ay matatagpuan rin sa Pahayag 20:12-15, kung saan ang dalawang mga aklat ay binanggit:

1. ang aklat ng buhay na binubuo ng mga pangalan ng tao ng Diyos (cf. Exodo 32:32-33; Awit 69:28; Isaias 4:3; Daniel 12:1; Lucas 10:20; Felipos 4:3; Hebreo 12:23; Rev 13:8; 17:8; 20:12,15; 21:27)
2. ang aklat ng mga gawa o pag-aalaala na nagtatala ng mga gawa ng kapwa masama at matuwid (cf. Awit 56:8, 139:16; Isaias 65:6; Malakias 3:16)

Para sa "aklat" tignan mga puna sa 5:1.

▣ **"at ipahahayag ko ang kaniyang pangalan sa harapan ng Aking Ama, at sa harapan ng Kaniyang mga anghel"** Habang ang mga mananampalataya ay nagpapahayag ng mga kasalanan kay Kristo ("tumawag sa Kanyang pangalan," cf. Roma 10:9-13), Siya rin ay ipinapahayag ang mga ito sa Ama (cf. Mateo 10:32; Lucas 12:8).

"Pagpapahayag ng kasalanan" ay ang Griyegong termino *exomulogeō*. Ito ay ginamit sa tatlong mga pakahulugan:

1. publikong ihayag ang mga kasalanan sa Diyos at sa ibang naroroon (cf. Mateo 3:6; Marcos 1:5; Gawa 19:18; Santiago 5:16)
2. publikong ihayag ang pananampalataya kay Kristo (cf. Felipos 2:1; at posibleng Roma 14:11)
3. publikong purihin ang Diyos (cf. Mateo 11:25; Lucas 10:21; Roma 14:11 {Isaias 45:23}; 15:9

[Awit 18:49]) Ang kaugnay na Griyegong salita *homologeō* ay ginamit sa kaparehong mga paraan:

1. kilalanin ang kasalanan (cf. I Juan 1:9)
2. kilalanin ang pananampalataya kay Kristo (cf. Mateo 10:32; Lucas 10:32; Juan 9:22 [negatibo, Juan 1:20; 12:42])
3. panindigan ang isang paniniwala sa isang bagay (cf. Gawa 23:8; 24:14; Hebreo 11:13)

## NATATANGING PAKSA: PAGPAPAHAYAG NG KASALANAN

A. Mayroong dalawang anyo ang katulad na Griyegong salitang-ugat na ginamit pagpapahayag ng kasalanan o pagpapahayag ng pananampalataya, *homolegeō* at *exomologe*. Ang tambalang salita ay mula sa *homo,* katulad; *legō*, magsalita; at *ex*, mula sa. Ang panimulang kahulugan ay sabihin ang katulad na bagay, sumang-ayon. Ang *ex* na ay nagdadagdag sa ideya ng pangmadlang pamamahayag.

B. Ang Ingles na mga salin ng pangkat ng salitang ito ay
   1. magpuri
   2. sumang-ayon
   3. magpahayag (cf. Mateo 7:23)
   4. pagtatapat
   5. paghingi ng kapatawaran

C. Ang pangkat ng salitang ito ay may dalawang tila magkaibang pagkakagamit
   1. magpuri (Diyos)
   2. aminin ang kasalanan

   Ito ay nahubog marahil mula sa pakiramdam ng sangkatauhan sa kabanalang ng Diyos at ang pagiging makasalanan ng tao. Ang pag-amin ng isang katotohanan ay ang pag-amin ng pareho.

D. Ang mga pagkagamit sa NT ng pangkat ng salita ay
   1. mangako (cf. Mateo 14:7; Gawa 7:17)
   2. pagsang-ayon o pagpayag sa isang bagay (cf. Juan 1:20; Lucas 22:6; Gawa 24:14; Hebreo 11:13)
   3. magpuri (cf. Mateo 11:25; Lucas 10:21; Roma 14:11; 15:9)
   4. pagsang-ayon sa
      a. isang persona (cf. Mateo 10:32; Lucas 12:8; Juan 9:22; 12:42; Roma 10:9; Filipos 2:11; I Juan 2:23; Pahayag 3:5)
      b. isang katotohanan (cf. Gawa 23:8; II Corinto 11:13; I Juan 4:2)
   5. gumawa ng isang pangmadlang pamamahayag ng (legal na pakahulugan na nahubog putungo sa relihiyong

paninindigan, cf. Gawa 24:14; I Timoteo 6:13)

a. walang pag-amin ng kasalanan (cf. I Timoteo 6:12; Hebreo 10:23)
b. may pag-amin ng kasalanan (cf. Mateo 3:6; Gawa 19:18; Hebreo 4:14; Santiago 5:16; I Juan 1:9)

**3:6** Tignan puna sa 2:7.

## TALATA SA NASB (BINAGO): 3:7-13

**[7]"At sa anghel ng iglesia sa Filadelfia ay isulat mo: Ang mga bagay na ito ay sinasabi ng banal, niyaong totoo, niyaong may susi ni David, niyaong nagbubukas at di mailalapat ng sinoman, at naglalapat at di maibubukas ng sinoman: [8]'Nalalaman ko ang iyong mga gawa (narito, inilagay ko sa harapan mo ang isang pintuang bukas, na di mailalapat ng sinoman), na ikaw ay may kaunting kapangyarihan, at tinupad mo ang aking salita, at hindi mo ikinaila ang Aking pangalan. [9]Narito, ibinibigay ko sa sinagoga ni Satanas, ang mga nagsasabing sila'y mga Judio, at sila'y hindi, kundi nangagbubulaan; narito, sila'y aking papapariyanin at pasasambahin sa harap ng iyong mga paa, at nang maalamang ikaw ay aking inibig. [10]Sapagka't tinupad mo ang salita ng aking pagtitiis, ikaw naman ay aking iingatan sa panahon ng pagsubok, na darating sa buong sanglibutan, upang subukin ang mga nananahan sa ibabaw ng lupa. [11]Ako'y dumarating na madali: panghawakan mong matibay ang nasa iyo, upang huwag kunin ng sinoman ang iyong putong. [12]Ang magtagumpay, ay gagawin kong haligi sa templo ng aking Diyos, at hindi na siya'y lalabas pa doon: at isusulat ko sa kaniya ang pangalan ng aking Diyos, at ang pangalan ng bayan ng aking Diyos, ang bagong Jerusalem, na mananaog buhat sa langit mula sa aking Diyos, at ang aking sariling bagong pangalan. [13]Ang may pakinig, ay makinig sa sinasabi ng Espiritu sa mga iglesia.'"**

**3:7 "ng banal, niyaong totoo"** Ang Talata 7 ay isang serye ng apat na naglalarawang mga sugnay na naglalarawan kay Hesus na may titulo para kay YHWH. "Banal" ay ginamit ng 30 beses sa Isaias upang ilarawan si YHWH. Si Juan ay madalas nagpapalit ng isang terminong "matuwid" (cf. 15:3; 16:7; 19:2). "Totoo" ay madalas na ginamit kay YHWH (cf. Isaias 65:16; Jeremias 10:10; I Juan 5:20; Pahayag 15:3; 16:7; 19:2). Ang unang dalawa, "banal" at "totoo," ay ginamit muli sa Diyos sa Pahayag 6:10. Ang terminong "totoo" sa Griyego ay nangahulugan "totoo sa lahat ng laban na huwad," ngunit sa Hebreo ito ay nangahulugang " puno ng pananampalataya o mapagkakatiwalaan." si Hesus ay tunay na pareho (cf. 3:14; 19:11; 21:5; 22:6).

▣ **"niyaong may susi ni David"** Ito ay isang pahiwatig sa maharlikang Davidikong Mesyas ongf II Samuel 7, ngunit partikular na sa Isaias 22:22, kung saan ang eksaktong imahe na ito ay nailarawan.

▣ **"iyaong nagbubukas at di mailalapat ng sinoman"** Ito ay tumutukoy sa pangangaral ng ebanghelyo (Tignan puna sa v. 8).

## NATATANGING PAKSA:PAGGAMIT NG SALITANG "PINTUAN" SA NT

Ang NT ay ginagamit ang "pintuan" sa ilang mga pakahulugan.

1. literal
   a. sa mga tahanan, Mateo 6:6; Marcos 1:33; 2:2; 11:7, itaas na silid, Juan 20:19,26
   b. ng Templo, Gawa 3:2; 21:30
   c. ng isang kulungan, Gawa 5:19,23; 12:6; 16:26-27
   d. ng isang libingan, Mateo 27:60; 28:2; Marcos 15:46; 16:3
   e. ng grupo ng mga tupa, Juan 10:1,2
   f. ng isang patyo, Juan 18:16; Gawa 12:13
2. metaporikal
   a. kalapitan ng oras, Mateo 24:33; Marcos 13:29; Gawa 5:9; Santiago 5:9
   b. pagbabawala sa pagpasok sa tunay na pananampalataya, Mateo 7:13-14; Lucas 13:24; Pahayag 3:20
   c. oportunidad sa pagliligtas sa nawalang pananampalataya, Mateo 25:10; Lucas 13:25; Pahayag 3:7
   d. oportunidad sa nagliligtas na pananampalataya, Gawa 14:27; Pahayag 3:7
   e. oportunidad para sa ministeryo, I Corinto 16:9; II Corinto2:12; Colossas 4:3; Pahayag 3:8
   f. Pahayag, Pahayag 4:1; 19:11
3. titulo para kay Hesus, Juan 10:7,9

**3:8 "nilagay ko sa harapan mo ang isang pintuang bukas, na di mailalapat ng sinoman"** Ito ay isang GANAP NA AKTIBONG INDIKATIBO at isang GANAP BALINTIYAK. Ito ay tumutukoy sa alinmang

1. mga oportunidad sa pangangaral (mga susi, cf. Mateo 16:19)
2. pagpasok sa Mesyanik na handaan (nakasuot ng puti, cf. v. 4)
3. isang banal na oportunidad para sa paglilingkod (cf. Gawa 14:27; I Corinto 16:9; II Corinto 2:12; Colossas 4:3)

▣ **"na ikaw ay may kaunting kapangyarihan"** Ito ang isa sa tatlong mga dahilan kung bakit si Hesus ay binuksan ang isang kahanga-hangang pintuan ng oportunidad. Ito ang tanging isa ng pito mga iglesya kung saan si Hesus ay walang negatibong sinabi.

▣ **"at tinupad mo ang aking salita"** Ang PANDIWANG PAMANAHON(AORIST AKTIBONG INDIKATIBO) ay nagpahiwatig ng isang partikular na panahon ng persekusyon o isang disididong akto ng pagsunod. Sila ay mayroong "maliit na pananampalataya," ngunit ginamit nila ito ng mabuti!

▣ **"at hindi mo ikinaila ang aking pangalan"** Ito ay maaring isang pantukoy sa persekusyon dulot ng mga demanda ng Concilia, mga lokal na tagasuporta ng Emperador na pagsamba (cf. 2:13).

**3:9 "ibinibigay ko sa sinagoga ni Satanas,"** Ito ay maaring tumutukoy sa Hudyong oposisyon sa ebanghelyo. Ang Iglesya, hindi ang di-nananampalatayang mga Hudyo, ang tunay na bayan ng Diyos.

▣ **"sila'y aking papapariyanin at pasasambahin sa harap ng iyong mga paa"** Ito ay isang pahiwatig sa Isaias 45:14; 49:23; 60:14, na sa pasimula ay nagsalita ng Hentile na pagdating sa bayan ng mga Hudyo, ngunit dahil sa tinawag na mga Hudyo ay itinakwil ang Mesyas sila ay yuyuko sa mga Hentile na mga mananampalataya upang ipakita ang pagmamahal ng Diyos sa kanila (cf. Isaias 43:4,9). Ito ay isang mabuting halimbawa kung paano ang NT sa pangkalahatan, at si Juan sa partikular, ay binago ang OT mga propesiya patungkol sa Israel. Si Juan ay gumagamit ng isang teksto na sa orihinal ay nakita ang mga Hentil ay dumarating sa isang pinanumbalik na Jerusalem upang magsamba kay YHWH, ngunit sa bagong panahon ng katuwiran ang heo-politikal na imahe na ito ay pinalawak pa upang isama ang nananampalatayang mundo (Hudyo at Hentil) kasama ang di-nanampalatayang mga Hudyo ay darating ang yuyukod! Ang paguunibersalisasyon ng Israel at Jerusalem ay nagpapakita na ang kapahayagan, higit na malayo sa isang literal na katuparan ng OT mga propesiya sa isang bayan ng Hudyo, ay nagbago sa kanila (cf. Efeso 2:11-3:13). Ito ang "misteryo ng ebanghelyo na nakatago sa mga panahon"!

**3:10**

| | |
|---|---|
| **NASB** | **"Sapagka't tinupad mo ang salita ng aking pagtitiis"** |
| **NKJV, NJB** | **"Sapagkat iyong tinupad ang kautusan ng Aking pagtitiis"** |
| **NRSV** | **"Sapagkat iyong tinupad ang aking salita ng pagtyatyaga ng pagbabata"** |
| **TEV** | **"Sapagkat iyong tinupad ang kautusan ng pagabbata"** |

Ito ay maaring isang pantukoy sa Juan 8:51 or 17:6. Si Hesus ay hindi nangako upang iiwas ang Kanyang iglesya mula sa persekusyon sapagkat sa mga sulat sa pito mga iglesya ang persekusyon, maging ang kamatayan, ay nangyayari.

Ang talata 10 ay tumutukoy sa isang mundo-lawak ng paghuhukom ng Diyos sa hindi mga mananampalataya. Ito ay krusyal sa pagpag-uuri sa pagitan ng "tribulasyon" mga mananampalataya na napagbata sa pananampalataya at "ang poot ng Diyos" na bumabagsak sa mga di-nanampalatayang mundo.

Ang mga interpreter ay nagkakaiba sa kung paano ang iglesya ay maliligtas sa gitna ng eskatolohikal na paghahatol:

1. Ang ilang ay nakikita na ang iglesya habang dumaranas nito ay protektado ng Diyos (cf. Juan 17:15)
2. ang iba ay nakikita ito bilang tumuturo tungo sa sekretong raptyur ng mga mananampalataya bago pa mang ang periyod na ito

Aking mas gusto ang #1. ang bayan ng Diyos ay hindi makakatakas sa persekusyon at kamatayan sa panahon ng unang ilang mga siglo sa isang Greko-Romano na kultura o sa isang nagpapatuloy na persekusyon at kamatayan habang ang ebanghelyo ay kumakalat, o sila ay makakaligras sa pangwakas-na panahon pagsilang ng mga sakit ng bagong panahon. Ang persekusyon ay laging naglilinis at nagpapalaksa sa iglesya!

Ang pampanitikan yunit ngmga kabanata 2-3, kung saan ang mga karanasan ng persekusyon ng Iglesya, ay sinundad ng pampanitikan yunit ng langit, kung saan ang mga naging martir ng Iglesya ay nananalangin ng paghihigante. Ang "poot ng Diyos" na ito ay ibingay sa ilang mga baitang ng kabagsikan (mga selyo-1/4, mga trumpeta-1/3, mga mangkok–pangkalahatang destruksyon),bawat yugto ay ibinigay para sa layunin ng pagtawag ng mga nawala sa kaligtasan. Ang sukdulang poot ng Diyos, ang ikalawang kamatayan, ang lawa ng apoy (cf. Pahayag 20), ay hindi na para sa pagtutubos, ngunit isang pangkalahatang pagpaparusa.

Ang pinagmalupitang iglesya ay naging mananagumpay na iglesya at ang mga nagmamalupit na di-mga mananampalataya ay makakaranas ng =persekusyon! Ang Diyos ay may kontrol! Tignan Natatanging Paksa: Pagtitiis sa 2:2.

▣ **"upang subukin ang mga nananahan sa ibabaw ng lupa"** Ang pariralang ito ay ginamit na paulit-ulit sa kabuuan

upang tumukoy sa isang palagiang estado ng rebelyon ng di-mga mananampalataya (cf. Pahayag 6:10; 18:13; 1:10; 12:12; 13:8, 12, 14; 17:8). Nais ng Diyos na sila ay magsisi at maniwala (cf. I Timoteo 2:4; II Pedro 3:9), ngunit sila ay hindi, maging sa gitna ng lumalawak na kahatulan ng mga selyo, mga trumpeta, at mga mangkok. Tignan Natatanging Paksa: Mga Griyegong Termino para sa Pagsubok sa 2:2.

**3:11 "Ako'y dumarating na madali:"** Ito ay isang nagpapatuloy na pagbibigay-diin sa kamadalian ng pagdating ng Panginoon (cf. 1:1, 3; 2:16; 22:7,12,20). Ang unang iglesya inasahan ang madaling pagbabalik ng Panginoon. Ito ang pag-asa ng bawat henerasyon ng mga Kristyano. Tignan Natatanging Paksa: Madaling Pagbabalik sa 1:3.

▣ **"panghawakan mong matibay ang nasa iyo"** Ito ay isang PANGKASALUKUYANG AKTIBONG PAUTOS, ibig sabihin "patuloy ng kumapit ng maghigpit" habang ang AORIST AKTIBONG PAUTOS ng 2:25 nakapokus sa isang disididong akto ng pagkapit ng mahigpit (tignan Natatanging Paksa sa 2:2). Habang ang mga mananampalataya ay kumakapit sa Diyos, Siya ay kakapit sa kanila (cf. Galacia 6:9). Ito ang tipanang relasyon ng soberinidad ng Diyos at ang mandato sa sangkatauhan na pagtugon!

Ang kaligtasan ay isang inisyal na desisyon ng pagsisisi at pananampalataya (cf. Marcos 1:15; Gawa 3:16,19; 20:21) sinundan ng pamumuhay ng pagsisisi at pananampalataya, pagsunod, paglilingkod at pagtitiis. Lahat ng mga bagay na ito ay kinakailangan para sa matyur na Kristyanismo.

▣ **"putong"** Ito ay isang na namang reperensiya sa *stephans* putong na binanggit sa 2:10. Ito ay ang pabuya para sa katapatan.

**3:12 "Ang magtagumpay"** Tignan puna sa 2.2.

▣ **"ay gagawin kong haligi sa templo ng Aking Diyos"** Philadelphia ay nasa linduling lugar; ang metapora ng isang haligi ay nagdadala ng konsepto ng istabilidad. Ang mga pangalan ng kilalang mga mamamayan ay inukit sa mga haligi ng ng Templo sa Philadelphia. Ang terminong "Templo" dito ay isang termino (*naos*) mula sa PANDIWA "manahan" at ginamit sa lugar kung saan ang pinakapresensya ng diyos ay nanahan. Ang pagtatagumpay ng mga mananampalataya ay kailanman hindi lilisan sa presensya ng Diyos (cf. Awit 23:6; 27:4-6).

Ito ay maaring isang metapora sapagkat sa kasalukuyan walang Templo sa bagong panahon (cf. 21:22).

▣ **"at isusulat ko sa kaniya ang pangalan ng aking Diyos"** Pansinin ang limahang mga pag-uulit ng "aking" sa v. 12. Ito ay isang kahanga-hangang pagkilala sa pagigigng matalik sa Diyos. Ang pangalan ay nagsisimbolo ng pagmamay-ari (cf. 7:3; 14:1; 22:4).

▣ **"ang bagong Jerusalem… bagong pangalan"** Ang Pahayag ay kumukuha sa mga propesiya ng Isaias.

1. bagong mga bagay, 42:9; 43:19; 48:6 (Pahayag 21:5)
2. bagong awitin, 42:10 (Pahayag 5:9; 14:3)
3. bagong pangalan, 62:2; 65:15 (Pahayag 2:17)
4. bagong langit at bagong mundo, 65:17; 66:22 (Pahayag 3:12; 21:1).

Ang bagong maka-langit na bayan, Jerusalem, ay hinulaan rin sa Isaias: 40:2,9; 41:27; 44:20,28; 52:1,2,9; 62:1,6,7; 65:18,19; 66:10,13,20 (Pahayag 21:2,10). Ito ang metapora para sa presensya ng Diyos sa gitna ng Kanyang bayan. Ang OT mga propesiya ay naging pangkalahatan. Ang Bagong Jerusalem ay hindi bayan sa Palestina, ngunit ang pangako ng isang bagong panahon ng katuwiran.

**3:13** Tignan puna sa 2:6.

## TALATA SA NASB (BINAGO): 3:14-22

**[14]"At sa anghel ng iglesia sa Laodicea ay isulat mo: Ang mga bagay na ito ay sinasabi ng Siya Nawa, ng saksing tapat at totoo, ng pasimula ng paglalang ng Diyos: [15]'Nalalaman ko ang iyong mga gawa, na ikaw ay hindi malamig o mainit man: ibig ko sanang ikaw ay malamig o mainit. [16] Kaya sapagka't ikaw ay malahininga, at hindi mainit o malamig man, ay isusuka kita sa aking bibig. [17] Sapagka't sinasabi mo, "Ako'y mayaman, at nagkamit ng kayamanan, at hindi ako nangangailangan ng anoman," at hindi mo nalalamang ikaw ang aba at maralita at dukha at bulag at hubad, [18]Ipinapayo ko sa iyo na ikaw ay bumili sa akin ng gintong dinalisay ng apoy, upang ikaw ay yumaman: at ng mapuputing damit, upang iyong maisuot, at upang huwag mahayag ang iyong kahiyahiyang kahubaran; at ng pangpahid sa mata, na ipahid sa iyong mga mata, upang ikaw ay makakita. [19]'Ang lahat kong iniibig, ay aking sinasaway at pinarurusahan: ikaw nga'y magsikap, at magsisi. [20] Narito ako'y akatayo sa pintuan at tumutuktok: kung ang sinoman ay duminig ng aking tinig at magbukas ng pinto, ako'y papasok sa kaniya, at hahapong kasalo niya, at siya'y kasalo ko. [21]Ang magtagumpay, ay aking pagkakaloobang umupong kasama ko sa aking luklukan, gaya ko naman na nagtagumpay, at umupong kasama ng aking Ama sa kaniyang luklukan. [22]Ang**

**may pakinig, ay makinig sa sinasabi ng Espiritu sa mga iglesia.'"**

**3:14 "ng Siya Nawa"** Ito ay isang pahiwatig sa isang titulo kay YHWH, "ang Diyos ng Amen," sa Isaias 65:16. Ang terminong "Amen" ay isang anyo ng OT sakita para sa "maniwal" o " pananampalataya" (cf. Genesis 15:16; Habakkuk 2:4). Ito ay madalas na nagbibigay diin sa katapatan o pagkakatiwalaan (cf. 1:6; II Corinto 1:20). Tignan Natatanging Paksa sa 1:6.

▣ **"ng saksing tapat at totoo"** Ito ay maaring isa na namang parirala mula sa kabanata 1 (cf. 1:5). Sa Septuagint kapwa ang mga ito PANG-URI ay ginamit na pantukoy kay YHWH. Posible na ang *emeth*, na ang Hebreong salita para sa "manampalataya," "maniwala" o "magtiwala," ay isinalin bilang ang pistos ( matapat) at *alētheia* (katotohanan). Ang dalawang Griyegong mga termino ito ay ginamit ng madalas sa Pahayag para kay Hesus (cf. 3:14; 19:11; 21:5; 22:6).

▣

**NASB, NKJV "ng pasimula ng paglalang ng Diyos"**
**NRSV "ang pinagmulan ng paglalang ng Diyos"**
**TEV "ang pinagmulan ng lahat ng nilikha ng Diyos"**
**NJB "ang Prinsipyo ng paglikha ng Diyos"**

Ito ay isangpahiwatig sa kapwa Genesis 1:1 at Juan 1:1. Ang mga terminong "pasimula" (Hebreo, *bereshith*) at "pinagmulan" (Griyego, *archē*) ay may dalawang mga konotasyon: (1) simula o (2) pinagmulan, pinanggalingan.

Ang pariralang ito ay ginamit sa Arian/Athanasius (Trinitarian) kontrobersiya ng ikaapat na siglo at isang pahiwatig sa Kawikaan 8:22-31. Ang karunungan ay unang nilikha ni YHWH at sa pamamagitan ng karunungan ang lahat at nalikha. Ito marahil ang pinagmulan ng paggamit ni Juan ng "*logos*" sa kanyang Ebanghelyo (cf. Juan 1:1). Ito ay isa sa pinakamalakas na sipi ng pre-eksistent ni Kristo (cf. Juan 1:1; 8:57-58; II Corinto 8:4; Felipos 2:6-7; Colossas 1:17), at kay Kristo bilang ahente ng Ama sa paglilikha (cf. Juan 1:3; I Corinto 8:16; Colossas 1:15,18; Hebreo 1:2).

## NATATANGING PAKSA: *ARCHĒ*

Ang katagang "nasasakupan" ay ang Griyegong katagang *archē*, na ang ibig sabihin ay ang "simula" o "pinanggalingan" ng isang bagay.

1. pasimula ng nilikhang kaayusan (cf. Juan 1:1; I Juan 1:1; Hebreo 1:10)
2. ang pasimula ng ebanghelyo (cf. Marcos 1:1; Filipos 4:15; II Thesalonica 2:13; Hebreo 2:3)
3. unang mga saksi (cf. Lucas 1:2)
4. mga pasimulang tanda (mga himala, cf. Juan 2:11)
5. mga pasimulang mga prinsipyo (cf. Hebreo 5:12)
6. pasimulang katiyakan ayon sa mga katotohanan ng ebanghelyo (cf. Hebreo 3:14)
7. ang pasimula, Colosas 1:18; Pahayag 3:14

Ito'y dumating upang gamitin bilang "tuntunin" o "awtoridad"

1. ng mga pinunong namamahala sa sangkatauhan
   a. Lucas 12:11
   b. Lucas 20:20
   c. Roma 13:3; Tito 3:1
2. sa mga maka-anghel na awtoridad
   a. Roma 8:38
   b. I Corinto 15:24
   c. Efeso 1:21; 3:10; 6:12
   d. Colosas 1:16; 2:10,15
   e. Hudas v. 6

Ang mga huwad na gurong ito ay sinusuway ang lahat na awtoridad, makamundo man o makalanagit. Sila ay mga walang batas na mapapagmalabis. Inilalagay nila ang kanilang mga sarili at ang kanilang mga inaasam ng una kaysa sa Diyos, mga anghel, mga sibil na awtoridad, at mga pinuno ng iglesya.

**3:15 "na ikaw ay hindi malamig o mainit man"** Ito ay maaring isang pahiwatig sa maligamgam na tubig na ang tao sa bayan na ito ay kailangang inumin dahil sa lokal na mga mainit na bukal. Isang kahawig na sakdal ang ginawa laban sa iglesya ng Sardis (cf. 3:1).

**3:16 "ay isusuka kita sa aking bibig"** Ang mga babala ng 2:5; 3:3,16,17 ay nakakagimbal kapag ito ay iisipin na sila ang pinagsasabihan sa nakikitang mga iglesya ng unang siglo. Hindi ito kawala ng kaligtasan, ngunit ang pagkawala sa

epektibidad ng ministeryo (cf. 3:19; Hebreo 12:5- 13).

**3:17 "Sapagka't sinasabi mo, Ako'y mayaman, at nagkamit ng kayamanan, at hindi ako nangangailangan ng anoman"** Ang mga talata 17 at 18 ay isang historikal na pahiwatig sa Laodicea bilang sentro ng pagbabangko, sentro para sa tininang lana, at isang sentro para sa pagpapagaling ng mata. Ang trahedya sa kanilang prosperidad ay inakala nila na sila ay may napakarami nang sila naman pala ay may kakaunti (cf. 3:1).

## NATATANGING PAKSA:KAYAMANAN

I. Perspektibo ng Lumang Tipan sa kabuuan
  A. Diyos ay ang may-ari ng lahat ng bagay
    1. Genesis 1-2
    2. I Cronico 29:11
    3. Awit 24:1; 50:12; 89:11
    4. Isaias 66:2
  B. Ang mga tao ay katiwala sa kayamanan para sa mga layunin ng Diyos
    1. Deutronomio 8:11-20
    2. Levitico19:9-18
    3. Job 31:16-33
    4. Isaias 58:6-10
  C. Kayamanan ay isang bahagi ng pagsamba
    1. ang dalawang mga ikapu
      a. Bilangs 18:21-29; Deutronomio 12:6-7; 14:22-27
      b. Deutronomio 14:28-29; 26:12-15
    2. Kawikaan 3:9
  D. Kayamanan ay nakikita bilang isang kaloob mula sa Diyos para sa tipanang katapatan
    1. Deutronomio 27-28
    2. Kawikaan 3:10; 8:20-21; 10:22; 15:6
  E. Babala laban sa kayamanan sa kapakanan ng iba
    1. Kawikaan 21:6
    2. Jeremias 5:26-29
    3. Hosea 12:6-8
    4. Micah 6:9-12
  F. Kayamanan ay hindi makasalanan sa kanyang sarili maliban na lang sa priyoridad nito
    1. Awit 52:7; 62:10; 73:3-9
    2. Kawikaan 11:28; 23:4-5; 27:24; 28:20-22
    3. Job 31:24-28

II. Natatanging Perspektibo ng Kawikaan
  A. Kayamanan inilagay sa arena ng personal na pagsasagawa
    1. kakuparan at katamaran ay kinokundina—Kawikaan 6:6-11; 10:4-5,26; 12:24,27; 13:4; 15:19; 18:9; 19:15,24; 20:4, 13; 21:25; 22:13; 24:30-34; 26:13-16
    2. ang kasipagan ay itinataguyod—Kawikaan 12:11,14; 13:11
  B. Kahirapan laban sa kayamanan ay ginamit upang ilarawan ang katuwiran laban sa kasamaan—Kawikaan 10:1ff; 11:27-28; 13:7; 15:16-17; 28:6,19-20
  C. Karunungan (pagkilala sa Diyos at sa Kanyang Salita at pamumuhay sa kaalamang ito) ay mas mainanm kaysa sa mga kayamanan—Kawikaan 3:13-15; 8:9-11,18- 21; 13:18
  D. Mga babala at adomisyon
    1. mga babala
      a. mag-ingat sa paggagarantiya sa utang ng kapitbahay (pyador)—Kawikaan 6:1-5; 11:15; 17:18; 20:16; 22:26-27; 27:13
      b. mag-ingat sa pagiging mayaman sa pamamagitan ng masamang paraan—Kawikaan 1:19; 10:2,15; 11:1; 13:11; 16:11; 20:10,23; 21:6; 22:16,22; 28:8
      c. mag-ingat sa pangungutan—Kawikaan 22:7
      e. kayamanan ay hindi makakatulong sa araw ng paghuhukom—Kawikaan 11:4

f. kayamanan ay may maraming mga "kaibigan"—Kawikaan 14:20; 19:4

2. admonisyon
   a. ang pagiging mapagbigay ay itinataguyod—Kawikaan 11:24-26; 14:31; 17:5; 19:17; 22:9,22-23; 23:10-11; 28:27
   b. katuwiran higit sa kayamanan—Kawikaan 16:8; 28:6,8,20-22
   c. panalangin para sa pangangailangan, hindi para sa kasaganaan—Kawikaan 30:7-9
   d. pagbibigay sa mahihirap ay pagbibigay sa Diyos—Kawikaan 14:31

III. Perspektibo ng Bagong Tipan

A. Hesus

1. kayamanan ay nagbubuo ng natatanging temtasyon na magtiwala sa ating mga sarili at sa ating mga kayamanan sa halip na sa Diyos at sa Kanyang mga ari-ariaan
   a. Mateo 6:24; 13:22; 19:23
   b. Marcos 10:23-31
   c. Lucas 12:15-21,33-34
   d. Pahayag 3:17-19
2. Diyos ay magtutustos sa ating pisikal na mga pangangailangan
   a. Mateo 6:19-34
   b. Lucas 12:29-32
3. ang pagtatanim ay may-kaugnayan sa pag-aani (espiritwal gayundin sa pisikal)
   a. Marcos 4:24
   b. Lucas 6:36-38
   c. Mateo 6:14; 18:35
4. Pagsisisi ay nakakaapekto sa kayamanan
   a. Lucas 19:2-10
   b. Levitico5:16
5. ekonomik na paglulustay ay kinokundina
   a. Mateo 23:25 b.
   b. Marcos 12:38-40
6. pangwakas-na panahon na paghahatol ay may kaugnayan sa ating paggamit ng kayamanan—Mateo 25:31-46

B. Pablo

1. praktikal na pananaw gaya ng sa Kawikaan (trabaho)
   a. Efeso 4:28
   b. I Tesalonica 4:11-12
   c. II Tesalonica 3:8,11-12
   d. I Timoteo 5:8
2. espiritwal na pananaw gaya ng kay Hesus (mga bagay ay nawawala, maging kontento)
   a. I Timoteo 6:6-10 (kakontentuhan)
   b. Philippians 4:11-12 (kakontentuhan)
   c. Hebreos 13:5 (kakontentuhan)
   d. I Timoteo 6:17-19 (pagkamapagbigay at pagtitiwala sa Diyos, hindi sa kayamanan)
   e. I Corinto 7:30-31 (transpormasyon ng mga bagay)

A. Mga konklusyon

B. Walang sistimatikong biblikal na teolohiya patungkol sa kayamanan.

C. Walang naglalarawan na sipi sa paksang ito, Samakatuwid, ang mga kabatiran ay dapat na kumuha mula sa ibat-ibang mga sipi. Mag-ingat na huwag basahin ang iyong mga pananaw sa nag-iisang mga teksto.

C. Kawikaan, na isinulat ng mga marurunong na mga tao (mga maalam), ay may kakaibang perspektibo kaysa sa ibang mga tipo ng biblikal

D. Ang ating panahon ay nangangailangan na ianalisa ang mga pananaw nito at ang mga kasanayan patungkol sa kayamanan ayon sa Bibliya. Ang ating mga priyoridad ay nailagay sa mali kung ang kapitalismo o komunismo ang ating tanging gabay. Bakit at paano ang isa ay magiging matagumpay ay mas higit mahalagang mga katanungan kaysa sa kung gaaano ang kanyang naimpok.

E. Ang akumulasyon ng kayamanan ay dapat na mabalanse ng tunay na pagsamba at responsibilidad ng istuward (cf. II Corinto 8-9).

**3:18 "bumili sa Akin"** Ito ay maaring isang pahiwatig sa Isaias 55:1-3, kung saan ang alok ng Diyos na kaligtasan ay libre, ngunit inilarawan bilang isang gastos.

▣ **"ng mapuputing damit"** Tignan puna sa 3:4.

▣ **"*upang huwag mahayag ang iyong kahiyahiyang kahubaran*"** Sa OT ang kahubaran ay isang tanda ng pagkatalo, kahatulan, at kahirapan.

**3:19 "ay aking sinasaway"** Ang Griyegong termino *elegchō* ay ginamit sa pakahulugan na "ilantad at magkagayon ay pagalingin o itama" (cf. Juan 3:20; Efeso 5:11-14).

▣ **"at pinarurusahan"** Ang pagdisiplina ng Diyos ay tanda na tayo ay miyembro ng Kanyang pamilya (cf. Job 5:17; Kawikaan 3:12; Awit 94:12; Hebreo 12:6).

▣ **"ikaw nga'y magsikap"** Ito ay isang PANGKASALUKUYANG AKTIBONG PAUTOS. Ito ay mula sa kaparehong salitang ugat na "mainit" o "kumukulo" (zestos) ginamit sa 3:15- Ang pagkilala at paglilingkod sa Diyos ay dapat na nag-aapoy na silakbo at pamumuhay.

▣ **"at magsisi."** Ito ay isang AORIST AKTIBONG PAUTOS. Mayroong isang pabalik-balik na pangungulit sa buong pitong mga sulat na ang mga Kristyano, hindi lamang ang di-mga mananampalataya, ay dapat na magsisi at bumalik kay Kristo para sa pagkahinog, estabilidad, at kagalakan (cf. 2:5, 16, 22; 3:3, 19). Ang Pagsisisi ay isang pamumuhay, hindi lamang isang inisyal na aksyon!

**3:20 "ako'y nakatayo sa pintuan at tumutuktok"** Ito ay isang GANAP NA AKTIBONG INDIKATIBO, "Ako ay nakatayo at patuloy na nakatayo sa harap ng pinto" sinundadn ng isang PANGKASALUKUYANG AKTIBONG INDIKATIBO "at patuloy na kumakatok." Bagamat ang iglesyang ito ay walang natanggap na salita ng pagpupuri, ito ay nakatanggap ng isang mainit na imbitasyon. Hindi ito ang imbitasyon upang maging isang Kristyano, ngunit sa halip ay isang imbitasyon para sa mga miyembro ng iglesya na bumalik sa mahalagang pakikisama kay Kristo. Ang talatang ito ay madalas na ginamit ng labas sa konteksto na tumutukoy sa ebanghelismo.

Ang metapora ng "isang pinto" ay ginamit sa Ebanghelyo (cf. Marcos 13:28-29; Lucas 12:36) bilang isang paraan ng pagtutukoy sa pagiging malapit ng pagdating ni Kristo. Tignan Natatanging Paksa: Pinto sa 3:7.

▣ **"kung ang sinoman ay duminig ng aking tinig at magbukas ng pinto,"** Ito ay isang IKATLONG KLASE KONDISYONAL PANGUNGUSAP nagpapahiwatig ng potensyal ngunit hindi tiyak na aksyon. Sa maraming bahagi ng mundo ang pagkatok ay sinasamahan ng isang pasalitang pagbati. Pansinin ang bolisyonal na elemento; ang persona/iglesya ay dapat tumugon at magbukas ng pinto. Ito ang tipanang aspeto ng lahat ng mga relasyon sa Diyos sa mga tao. Siya ang nagpasimula, Siya ang nagtakda ng adyenda, ngunit ang mga tao ay dapat na tumugon. Pansinin rin, na ang pagtugon ay hindi lamang inisyal ngunit nagpapatuloy. Ang kaligtasan ay hindi isang produkto, ngunit isang pamumuhay na relasyon. Ito ay may mga pagtaas at pagbaba, ngunit ang eksistensyal na pakikisama ay sigurado!

▣ **"ako'y papasok sa kaniya, at hahapong kasalo niya, at siya'y kasalo ko"** Ito ay isang pahiwatig sa kapayapaang handog (cf. Levitico3, and 7), isang panahon ng pakikisama kung saan ang Diyos simbolikong kumain kasama ng tagapaghandog. Ang iba ay nakikita ito bilang isang reperensiya sa eskatolohikal na Mesyanikong handaan.

Ang terminong ginamit dito ay para sa isang kainan ay yaong ginamit para laging maging tanda ng isang tipan, pakikipagkaibigan, at pakikisama.

**3:21 "aking pagkakaloobang umupong kasama ko sa aking luklukan,"** Ito ay isang makapangyarihang imahe ng matalik na pakikisama at inklusyon. Mayroong maraming mga pahiwatig sa NT sa mga mananampalataya na naghahari kasama ni Kristo (cf. 2:26, 27; Lucas 22:30; Mateo 19:28; I Corinto 6:2 ff; II Timoteo 2:12; Pahayag 20:4). Pahayag 22:5 Ay nagpapahiwatig ng eternal na paghahari ng mga Kristyano kasama ni Kristo. Tignan Natatanging Paksa sa Paghahari sa Kaharian ng Diyos sa 5:10.

▣ **"ay aking pagkakaloobang umupong kasama ko sa aking luklukan"** Kahanga-hangang malaman na si Hesus ay nagtagumpay na sa mundo (cf. Juan 16:33; Efeso 1:21-22) at Siya ay nakaupo na sa kanang kamay ng Ama (cf. Efeso 1:20; I Juan 2:1 at Pahayag 22:1) at nais Niya samahan Siya sa kanyang tagumpay!

## MGA TALAKAYANG TANON

Ito ay isang komentaryong gabay sa pag-aaral, na nangangahulugan na ikaw ay may pananagutan sa iyong sariling interpretasyon sa Bibliya. Ang bawat isa sa atin ay dapat lumakad sa liwanag na mayroon tayo. Ikaw, ang Bibliya, at ang Banal sa Espiritu ay pangunahin sa interpretasyon. Hindi mo dapat iasa ito sa taga-pagsuri.

Ang mga talakayang tanong na ito ay inihanda upang tulungan kang mag-isip sa pamamagitan ng mga pangunahing paksa sa bahaging ito ng aklat. Ito ay nangahulugang dapat maging mapukaw-isip, hindi pang kahulugan lamang.

1. Bakit ang propesiya ng pangwakas-na panahon ni Juan ay nagsimula sa isang sulat para sa pito (at tanging pito) mga iglesya sa Asya Minor?
2. Bakit ang bawat sulat nagsusulat sa isang deskripsyon kay Kristo mula sa kabanata 1?
3. Paanong ang mga sulat na ito ay nauugnay sa Iglesya ngayon?
4. Paano mo iinterpret ang mga malalakas na babalang ito sa mga iglesya?
5. Paanong ang doktrina ng "minsang naligtas, mananatiling ligtas" iugnay ito sa mga babala at pagtawag sa pagtitiis sa mga sulat?
6. Bakit ang 3:20 hindi isang kaligtasan na pangako?
7. Paanong ang kasunod na pampanitikan yunit ay kaugnay sa mga sulat sa pitong mga iglesya? Ang Diyos ay palalagpasin ang pangwakas-na panahon mga mananampalataya mula sa persekusyon, ngunit hind ang mga mananampalataya ng unang siglo?

# PAHAYAG 4 AT 5

## MGA BAHAGI NG TALATAAN NG MGA MAKABAGONG SALIN*

| UBS[4] | NKJV | NRSV | TEV | NJB |
|---|---|---|---|---|
| Ang Makalangit na Pagsamba | Ang Tronong Silid ng Kalangitan | Ang mga Pangitain ng Kaluwalhatian ng Diyos at ng Kordero | Pagsamba sa Kalangitan | Ipinagkatiwala ng Diyos ang Panghinaharap ng Mundo sa Kordero . |
| 4:1-6a | 4:1-11 | 4:1-6a | 4:1-6a | 4:1-11 |
| | | 4:6b-11 | 4:6b-8 | |
| | | | 4:9-11 | |
| Ang Pergamino at ang Kordero | Tinanggap ng Kordero ang Pergamino | | Ang Pergamino at ang Kordero | |
| 5:1-14 | 5:1-7 | 5:1-5 | 5:1-5 | 5:1-5 |
| | Karapat-dapat ang Kordero | 5:6-10 | 5:6-10 | 5:6-10 |
| | 5:8-14 | | | |
| | | 5:11-14 | 5:11-14 | 5:11-14 |

### IKATLONG TAPUSANG PAGBASA (tingnan p. v sa panimulang seksyon)

***PAGSUNOD SA ORIHINAL NA LAYUNIN NG MAY-AKDA AYON SA ANTAS NG TALATA***

Ito ay isang komentaryong gabay sa pag-aaral, na nangangahulugan na ikaw ay may pananagutan sa iyong sariling interpretasyon sa Bibliya. Ang bawat isa sa atin ay dapat lumakad sa liwanag na mayroon tayo. Ikaw, ang Bibliya, at ang Banal sa Espiritu ay pangunahin sa interpretasyon. Hindi mo dapat iasa ito sa taga-pagsuri.

Basahin ang kabanata ng isang upuan. Alamin ang mga paksa. Ihambing ang iyong pagkakabahagi ng paksa sa limang makabagong salin. Ang pagkakatalata ay hindi isang inspirasyon, ngunit ito'y isang susi sa pagsunod sa layunin ng may akda na siyang puso ng interpretasyon. Bawat talata ay may isa at isa lamang na paksa.

1. Unang Talata
2. Ikalawang Talata
3. Ikatlong Talata
4. Atbpa.

### MGA KONTEKSTWAL NA KAUNAWAAN

A. Ang dalawang mga kabanatang ito ay nagbubuo ng isang pampanitikang yunit; kabanata 4 ay nagpapakita sa Diyos bilang ang Manlilikha (ang konotasyon ng *Elohim*, Diyos bilang manlilikha, tagapagtustos, at tagapagtukod ng buhay, cf. Awit 104) at ang kabanata 5 ay nagpapakita na ang kordero ng Diyos (Hesus) bilang ang Manunubos (ang konotasyon ni YHWH, Diyos bilang tagapagligtas, manunubos, at gumagawa ng tipan na Diyos, cf. Awit 103). Ang mas malaking pampanitikang konteksto ay nagpatuloy sa pamamagitang ng pagbukas ng pito mga selyo. Gayunpaman, ang mga selyo mismo ay nagsimula sa kabanata 6 at nagpatuloy hanggang sa 8:1.

B. Kabanata 4 nagbubuo ng isang sentral na tema (ang seguradong kaluwalhatian at panuntunan ni YHWH) ng aklat ng Pahayag. Ang makalangit na trono na eksena ay kahawig sa makalangit na tabernakulo ng Hebreo 8 at 9. Ang paksa (ang makalangit na kaluwalhatian ng Diyos) nagbubuo ng sentral na tunguhin ng unang Hudyong mistisismo.

C. Ang aklat ng Pahayag ay hindi unang-una ang paano ang kailan ang Ikalawang Pagdating; ito ay unang-una na soberinidad ng Diyos sa kasaysayan ng tao. Ang dalawang mga kabanatang ito ay esensyal sa pag-uunawa sa natitirang aklat at ang layunin nito!

D. Halatang mula sa dalawang mga kabanatang ito na ang Juan ay gumagamit ng apokaliptikong wika upang ilarawan ang espiritwal na katotohanan. Si Juan ay gumamit ng imahe mula sa OT apokaliptikong mga sipi, partikular ang Ezekiel, ang mga kabanata 1 at 10; gayundin 2:9,10; Daniel 4; 7:13-14 at gayundin ang di-mabilang na mga reperensiya sa Hudyo intertestamental na apokaliptiko mga kasulatan, gaya ng sa I Enoch. Kung ito ay totoo magkagayon ito ay labis na di-nararapat upang puwersahin ang Pahayag tungo sa literal, total na historikal nagpapakahulugan na grid, lalo na kapag pinuwersa natin ang mga pangyayari sa ating panahon, ating kultura, ating heograpikal na tagpuan sa mga detalye ng isang sinauna apokaliptikong aklat. Hindi ito pagpapahiwatig ng anumang pakahulugan ng ang Pahayag ay hindi totoo. Hindi ito ninais na iinterpret gaya ng historikal na salaysay; isang mas mainam na hermenyutikal modelo ay maaring ang mga parabula ni Hesus (tignan Fee at Stuart, *How To Read The Bible For All Its Worth*, p. 256)!

## SALITA AT PARIRALANG PAG-AARAL

### TALATA SA NASB (BINAGO): 4:1-11

**1Pagkatapos ng mga bagay na ito ay tumingin ako, at narito, ang isang pintong bukas sa langit, at ang unang tinig na aking narinig, na gaya ng sa pakakak, na nakikipagusap sa akin, ay sa isang nagsasabi, "Umakyat ka rito, at ipakikita ko sa iyo ang mga bagay na dapat mangyari sa haharapin." 2Pagdaka'y napasa Espiritu ako: at narito, may isang luklukang nalalagay sa langit, at sa ibabaw ng luklukan ay may isang nakaupo. 3At ang nakaupo ay katulad ng isang batong jaspe at isang sardio: at naliligid ng isang bahaghari na tulad sa anyo ng isang esmeralda. 4At sa palibot ng luklukan ay may dalawangpu't apat na luklukan: at sa mga luklukan ay nakita kong nangakaupo ang dalawangpu't apat na matatanda, na nadaramtan ng mapuputing damit; at sa kanilang mga ulo ay may mga putong na ginto. 5At mula sa luklukan ay may lumalabas na kidlat, at mga tinig at mga kulog. At may pitong ilawang apoy na mga nagliliyab sa harapan ng luklukan, na siyang pitong Espiritu ng Diyos; 6At sa harapan ng luklukan, ay wari na may isang dagat na bubog na katulad ng salamin; at sa gitna ng luklukan, at sa palibot ng luklukan, ay may apat na nilalang na buhay na puno ng mga mata sa harapan at sa likuran. 7At ang unang nilalang ay katulad ng isang leon, at ang ikalawang nilalang ay katulad ng isang guyang baka, at ang ikatlong nilalang ay may mukhang katulad ng sa isang tao, at ang ikaapat na nilalang ay katulad ng isang agila na lumilipad. 8 At ang apat na nilalang na buhay, na may anim na pakpak bawa't isa sa kanila, ay mga puno ng mata sa palibot at sa loob; at sila'y walang pahinga araw at gabi, na nagsasabi, "BANAL, BANAL, BANAL, ANG PANGINOONG DIYOS, ANG MAKAPANGYARIHAN SA LAHAT, NA NABUHAY AT NABUBUHAY AT SIYANG DARATING." 9At pagka ang mga nilalang na buhay ay nangagpupuri, at nangagpaparangal at nangagpapasalamat sa nakaupo sa luklukan, doon sa nabubuhay magpakailan kailan man, 10Ang dalawangpu't apat na matatanda ay mangagpapatirapa sa harapan niyaong nakaupo sa luklukan, at mangagsisisamba doon sa nabubuhay magpakailan kailan man, at ilalagay ang kanilang putong sa harapan ng luklukan na nangagsasabi, 11"Marapat ka, Oh Panginoon namin at Diyos namin, na tumanggap ng kaluwalhatian at ng kapurihan at ng kapangyarihan: sapagka't nilikha mo ang lahat ng mga bagay at dahil sa iyong kalooban ay nangagsilitaw, at nangalikha."**

**4:1**
**NASB, NKJV "Pagkatapos ng mga bagay na ito ay tumingin ako"**
**NRSV "pagkataos nito ako ay tumingin"**
**TEV "sa puntong ito ako ay nagkaroon ng isa pang pangitain at nakita"**
**NJB "pagkatapos, sa aking pangitain, aking nakita"**

Ang gramatikal na pormulang ito, na may bahagyang pagkakaiba, ay matatagpuan rin sa 7:1,9; 15:5; 18:1 at psoibleng 19:1. Ang mga ito ay isang serye ng mga pangitain. Karamihan ng OT propetikong mga pangitain ay pangtipanang kinondisyon, nagbibigay-diin sa "kung. . .magkagayon" ng tipan ng Diyos sa Israel. Ang kasalukuyang pananampalataya ng Israel ay nagdetermina sa kanyang panghinaharap na tadhana. Ito ay totoo rin sa mga pangitain ni Juan sa Pahayag.

1. Ang mga salita ni Hesus sa pitong mga iglesya ay kondisyonal. Ang kanilang mga pagtugon sa Kanyang mga babala ay nagdetermina sa kanilang kinabukasan.
2. Ang mga paghahatol ng mga selyo at mga trumpeta ay kondisyonal rin. Nais ng Diyos sa mga di-mga mananampalataya na magsisi at bumalik sa Kanya. Gaya ng sa OT, ang unibersal na pagtutubos na plano ng Diyos (cf. Genesis 3:15; 15:12-2; 17:1-8, pansinin rin Gawa 2:23; 3:18; 4:28; 13:29) ay di-kondisyonal batay sa Kanyang mga pangako ngunit kondisyonal rin (cf. Genesis 12:1; Pahayag 2-3) sa pantaong tipanang pagtugon . Ang unibersal na pagtutubos na planong ito ay ipinahayag sa makalangit na mga senaryo ng mga kabanata 4 at 5.

### NATATANGING PAKSA: MGA PANG-EBANGHELYONG PAGKILING NI BOB

Kailangan kong aminin sa inyo sa mambabasa na ako ay may kinikilingan sa pagkakataong ito. Ang aking sistematikong teolohiya ay hindi Calvinismo or Dispensasyonaliko, ngunit ito ay Dakilang Komisyong pang-ebanghelyo (cf. Mateo 28:18-20; Lucas 24:46-47; Gawa 1:8). Naniniwala akong ang Diyos ay may walang hanggang panukala para sa katubusan ng lahat ng sangkatauhan (e.g., Genesis 3:15; 12:3; Exodo 19:5-6; Jeremias 31:31-34; Ezekiel 18; 36:22-38; Gawa 2:23; 3:18; 4:28; 13:29; Roma 3:9-18,19-20,21-31), lahat ng linikha sa Kanyang larawan at wangis (cf. Genesis 1:26-

27). Ang mga kasunduan ay nagkakaisa kay Kristo (cf. Galacia 3:28-29; Colosas 3:11). Si Hesus ay ang hiwaga ng Diyos, ikinubli ngunit ngayon ay nahahayag (cf. Efeso 2:11-3:13)! Ang NT ebanghelyo, hindi ang Israel, ang susi sa Banal na Kasulatan.

Itong aking paunang pagkakaunawa ang nagbibigay-kulay sa lahat ng aking pagbibigay kahulugan sa Banal na Kasulatan. Aking binasa ang lahat ng mga tala pamamgitan nito! Ito ay isang tunay na pagkiling (lahat ng tagapagsalin ay mayroon nito!), ngunit ito ay isang paunang pagkakaunawa na ipinababatid ng Banal na Kasulatan.

▣ **"ang isang pintong bukas sa langit"** Ito ay isang GANAP PASAKALING BALINTIYAK, ibig sabihin na ang pinto ay binuksan ng diyos (PASAKALING TINIG) at nanatiling buhay (GANAP NA PAMANAHON). Ito ay isa na namang paraan upang ipahayag ang kapahayagan ng Diyos sa Kanyang sarili sa sangkatauhan. Ito ay napakahawig kahawig sa 19:11; Ezekiel 1:1; Mateo 3:16; Juan 1:51 at Gawa 7:55-56. Tignan Natatanging Paksa sa 3:7.

Ang salita "langit" ay ginamit ng higit sa 50 beses sa mga kasalutan ni Juan at laging nasa PANG-ISAHAN maliban ng isang beses sa 12:12. Ang eksaktong kahulugan ng pagbabagong ito, mula sa PANG-ISAHAN sa PANGMARAMIHAN, ay teolohikal na di-tiyak. Ang mga rabi ay nagtalakay kung mayroong tatlo o pitong mga langit (cf. II Corinto 12:2). S i Juan ay nakapokus sa isang langit, kung saan ang Diyos ay nanahan; Pinili Niya na makita Siya sa Kanyang paghahari. Bagamat mayroong kaguluhan sa mundo, wala nang ganito sa langit.

## NATATANGING PAKSA: ANG MGA LANGIT

Sa OT, ang salitang "langit" ay kadalasang PANGMARAMIHAN (i.e., *shamayim*, BDB 1029). Ang Hebreong salita ay nangangahulugang "taas." Ang Diyos ay tumatahan sa kaitaasan. Ang konseptong ito ay naglalarawan ng kabanalan at pagkamataas ng Diyos.

Sa Genesis 1:1 ang PANGMARAMIHAN "mga kalangitan at lupa" ay pinapakitang ang Diyos ay lumikha (1) ng himpapawid na nasa taas ng mundong ito o (2) isang daan upang ipahayag ang lahat ng katotohanan (i.e., espirituwal at pisikal). Mula panimulang pagkaunawa, ang ibang mga teksto ay nakitang nagbanggit ang mga "antas ng langit" (cf. Awit 68:33) o "langit at ang langit ng mga kalangitan" (cf. Deuteronomio 10:14; I Hari 8:27; Nehemiah 9:6; Awit 148:4). Ang mga Rabi ay ipinagpapalagay na mayroong

1. dalawang langit (i.e., R. Judah, Hagigah 12b)
2. tatlong langit (Test. Levi 2-3; Ascen. of Isaias 6-7; Midrash Tehillim sa Awit 114:1)
3. limang langit (III Baruch)
4. pitong langit (R. Simonb. Lakish; II Enoch 8; Ascen. of Isaias 9:7)
5. sampung langit (II Enoch 20:3b; 22:1)

Ang lahat ng ito ay naglalayong ipakita ang pagkahiwalay ng Diyos sa pisikal paglilikha at/o ang Kanyang pagkamataas. Ang pinaka-karaniwang bilang ng mga langit sa Rabinikal na Judaismo ay pito. Si A. Cohen, *Everyman's Talmud* (p. 30), ay nagsasabing ito ay kaugnay sa mga panghimpapawid na kabilugan, ngunit sa aking pag-aaral, ito ay nagpapahiwatig sa pito bilang ganap na bilang (i.e., mga araw ng paglilikha, pang-pito bilang araw ng pamamahinga ng Diyos sa Genesis 1).

Si Pablo, sa II Corinto 12:2, ay binaggit ang "ikatlong" langit (Griyego *ouranos*) bilang daan upang makilala ang personal at dakilang presensiya ng Diyos. Si Pablo ay may personal na pagtatagpo sa Diyos!

▣ **"at ang unang tinig na aking narinig, na gaya ng sa pakakak"** Isang tinig gaya ng isang trumpeta ay binanggit sa 1:10 (tignan puna). Sa pasimula ito ay nagpapahiwatig na si Hesus ay nagsasalita, ngunit dahil ang mga kabanata 4 & 5 ay ang pampanitikang yunit at si Hesus ay hindi ipinakilala hanggang sa 5:5,9- 10,12,13, ito marahil ay tumutukoy sa isang nagpapahayag na anghel (pinaka katangian ng apokaliptiko panitkan). Isang tinig ng anghel at isang trumpetang pagsabog ay magkaugnay sa deskripsyon ni Pablo ng Ikalawang Pagdating (cf. I Tesalonica 4:16).

▣ **"Umakyat ka rito"** Dispensyonalista ay nagpalagay na ito ay sekretong raptyur ng Iglesya dahil sa kanilang presuposisyonal na pag-uunawa ng aklat ng Pahayag (lahat OT mga propesiya ay dapat na literal na matupad; ang iglesya at Israel ay total na magkahiwalay; ang iglesya ay sekretong mararaptyur papunta sa langit upang ang OT mga propesiya ay maaring matupad sa isang makamundong Israel). Madalas ang interpretasyon ay sinuportahan ng isang argumento mula sa katahimikan, dahil ang salitang "iglesya" ay hindi lumitaw sa Pahayag pagkatapos ng kabanata 3 (maliban sa 22:10). Gayunpaman, wala anoman sa teksto ang nagpahiwatig na sinoman maliban kay Juan ay tinawag tungo sa langit.

Sapagkat ang "kidlat" at "kulog" ng v. 5, ito ay maaring isang pahiwatig kay Moses na tinawag sa paakyat (cf. Exodo 19:20,24) sa Mt. Sinai upang tanggapin ang kapahayagan ng Diyos (cf. Exodo 19-20, esp. 19:16,19).
Pansinin rin ang pagbanggit ng tinig ng Diyos gaya ng isang malakas na trumpeta sa Exodo 19:19 (Tignan Natatanging Paksa: Mga Tambuli ay Ginamit sa Israel sa 1:10).

▣ **"ang mga bagay na dapat mangyari sa haharapin"** Ang pariralang ito ay maaring isang pahiwatig sa Daniel 2:29,45. Kung magkagayon, ito ay tumutukoy sa historikal na mga pangyayari sa isang serye, hindi panghinaharap na mga pangyayari. Ang Pahayag ay hindi mga bagay sa unang siglo at mga bagay sa malayong distansya ng panghinaharap na siglo, nguni ang mga pangyayari na:

1. bumabalik sa bawat panahon (cf. Mateo 24:4-14)
2. nagpapakita ng buong periyod sa pagitan ng unang pagdating ni Kristo at Kanyang Ikalawang Pagdating (ang pitong pampanitikang mga yunit ng aklat) Ang pariralang ito ay kahawig sa 1:1. Ang salita ng Diyos at kalooban ay dapat (*dei*) na mangyari. Dito ang elemento ng panahon (i.e., sandali na lamang) ay naalis na, ngunit ang katiyakan ay nananatili. Ang kalooban ng Diyos ay magtutupad ng Kanyang planong pagtutubos!

**4:2 "Pagdaka'y napasa Espiritu ako"** Si Juan ay inilarawan bilang nasa Espiritu sa 1:10; 17:3 and 21:10. Ito ay maaaring kahawig sa kung ano ang nangyarui kay sa Ezekiel 8:1-4; 11:1, kay Hesus sa Mateo 4:8; kay Philip sa Gawa 8:39-40, at kay Pablo sa II Corinto 12:1-2. Kung ito may ay isang espiritwal na kawalang malay ulirat o isang pisikal na transportasyon ay hindi tiyak.

▣ **"at sa ibabaw ng luklukan ay may isang nakaupo"** Ang terminong "trono" (*thronos*) ay ginamit ng higit sa 47 na beses aklat na ito. Ang paghahari ng Diyos ay ang sentral na paksa sa makalangit na pangitain na ito (mga kabanata 4 & 5). Ang trono ay isang simbolikong, apokaliptikong paraan ng pagpapakita na si YHWH ay may kontrol ng lahat ng kasaysayan. Ang Diyos ay isang esperitwal, personal na espiritu; Siya ay hindi nakaupo sa isang trono (Tignan Natatanging Paksa sa 2:1)!

Isang layunin ng mga dyanra ng propesiya at apokaliptiko ay kaalaman ng Diyos at kontol sa hinaharap na mga pangyayari. Lahat ng kasaysayan ay nalalaman at puno ng layunin (*telos*, cf. Mateo 24:14; I Corinto 15:24-28).

Ang trono ay inilarawan bilang "ang nakatayo" Ang DI-GANAP NA PAMANAHON ay maaring magkaroon ng dalawang mga kahulugan: (1) ito ay lagi ng nakatayo o (2) ito ay inilatag pa lang. Ito ay maaaring isang pahiwatig sa Daniel 7:9, "mga trono na itinatag."

**4:3 "Siya na nakaupo ay gaya ng"** Si Juan ay hindi ilalarawan ang panlabas na kaanyuan ng Diyos sapagkat sa isipan ng Hudyo, ito ay labis na hindi nararapat (cf. Exodo 33:17-23; Isaias 6:5). Ngunit siya ay maglalarawan ng kaluwalhatian ng Diyos sa mga kulay ng tatlong mga hiyas. Ang mga hiyas ay ginamit rin sa Ezekiel 28:13 upang ilarawan ang makalangit (Hardin ng Diyos) imahe.

▣
**NASB, NKJV,**
**NRSV, TEV "jaspe"**
**NJB "dyamante"**

Ang eksaktong kulay at pangalan ng mga hiyas ay pinakahindi tiyak sa sinauna panitkan. Ang mga pangalan ng mga hiyas at kulay ay binago mula sa bansa sa bansa at periyod sa periyod. Ang jaspe ay ang unang bato na natagpuan sa kalasag ng Punong Saserdote na binanggit sa Exodo 28:17-21. Ang batong ito ay tila isang malinaw na bato. Ito ay may kaugnayan sa "dagat ng kristal" (cf. 4:6; 15:2; 21:11,18,21). Ito ay maaring tumutukoy sa ating dyamante.

▣
**NASB, NKJV "sardio"**
**NRSV, TEV "carnelian"**
**NJB "rubi"**

Ang sardis ay pulang dugo na bato. Ito ay ang huling bato sa kalasag ng Punong Saserdote. Ito ay maaaring isang pahiwatig sa Diyos bilang ang Una at ang Huli na may kasamang pagbibigay-diin sa Mesyanikong tribu ng Judah (ang emerald na bahag-hari). Ang dalawang mga bato na ito ay inilista sa sinaunang mga kasulatan bilang buod ng lahat ng mga alahas.

▣ **"ng isang bahaghari na tulad sa anyo ng isang esmeralda"** Ang emeralda ay ang bato para sa Judah sa kalasag ng Punong Saserdote. Ang pagbibigay-diin sa bahaghari ay naging labis na haka-haka ngunit mayroon dalawang pangunahing mga teorya.

1. Ang ilan ay nakita ito bilang isang pahiwatig sa Genesis 9:16, kung saan ang bahaghari ay isang simbolo ng tipanang proteksyon ng Diyos at tanda na ang bagyo ay nagtapos na; sa gitna ng paghahatol mayroong pangako at awa.
2. Ang iba ay inuugnay ito sa Ezekiel 1:28, isang simbolo ng kaluwalhatian ni YHWH.

Alinman ang bahaghari ay isang tanda ng paghahatol o ng tipan ay di-tiyak, ngunit halata na ito ay hindi normal na bahaghari sapagkat ito ay kulay berde sa kulay at hindi simpleng repraksyon ng normal na liwanag.

**4:4 "At sa palibot ng luklukan ay may dalawangpu't apat na luklukan"** Ang dahilan para sa dalawaput- -apat na mga troono ay pinag-aawayan.

1. ang ilan ay nakikita ito na konektado sa mga pagkakasunod-sunod ng Aaronic pagkasaserdote na itinatag ni David sa I Cronico 24:7-19
2. ang iba ay nakita ito bilang isang pahiwatig sa makalangit konseho na binanggit sa I Hari 22:19; Isaias 24:23; Daniel 7:9-10,26
3. ang iba pa rin ay nakikita ito bilang isang kombinasyon ng labindalawang tribu ng Israel at labindalawang mga apostol, na nagsisimbolo ng kompletong bayan ng Diyos (cf. 21:12,14)

Nakakabigla na ang bilang na ito ay hindi lumitaw sa Hudyo intertestamental apokaliptikong panitkan.

▣ **"nangakaupo ang dalawangpu't apat na matatanda"** Mayroon din naging matinding debate patungkol sa pagkakakilanlan ng mga matatanda. Mayroong dawalang pangunahing mga teorya

1. Sila ay kumakatawan sa mga mananampalataya:
   a. inilarawan na may damit na puti (cf. I Corinto 9:25; I Tesalonica 2:19; II Timoteo 4:8; James1:12; I Pedro 5:4)
      ang mga anghel ay kailanman hindi sinabi na nagsuot ng mga korona at umupo sa mga trono (cf. vv.4,10)
   b. sila ay nasa mga listahan na partikular na nagsama sa mga anghel (cf. 5:11)
   c. 5:9-10 sa Vulgate, Peshitta, at sa kalaunang mga Textus Receptus ay isinasama ang mga matatanda sa mga awit ng pagtutubos
2. Sila ay kumakatawan sa mga anghel:
   a. ang mga anghel ay nagsuot nga ng puting mga kasuotan (cf. Mateo 28:3; Juan 20:12; Marcos 16:5; Gawa 1:10; Pahayag 15:6 and Daniel 10:5,6)
   b. ang mga matatandang ito ay laging kinilala kasama ng mga buhay na nilalang gaya ng sa 5:11,14, na tila naglista sa tatlo magkaibang mga antas ng mga anghel
   c. isa sa mga matatanda ay gumagawa bilang pagpapahayag na anghel (cf. 5:5)
   d. sa Isaias 24:23 ang mga anghel ng makalangit na konseho ng Diyos ay tinawag na "mga matatanda"
   e. ang tekstwal na ebidensya ng 5:10 nagpapahiwatig na ang mga matatanda ay hindi isinama ang kanilang sarili sa awit ng tinubos na sangkatauhan.

## NATATANGING PAKSA: ANG MATANDA

1. ginamit ng mga anghel ng Diyos na bumubuo sa lupon ng mga anghel (cf. Isaias 24:23). Ang katulad na kataga ay ginamit sa mga maka-anghel na nilalang sa Pahayag (cf. 4:4,10; 5:5,6,8,11,14; 7:11,13; 11:16; 14:3; 19:4).
2. Ginamit sa mga pinunong panlipi (*zaqen*) sa OT (cf. Exodo 3:16; Bilang. 11:16). Nung lumaon sa NT, ang salitang ito ay tumutukoy sa isang pangkat ng mga pinuno mula sa Herusalem na binubuo ng mataas na hukuman ng mga Hudyo, ang Sanhedrin (cf. Mateo 21:23; 26:57). Sa panahon ni Hesus, ang lupon ng pitumpung kasapi ay pinamamahalaan ng isang masamang pagkasaserdote.
3. Ginamit sa mga pinunong lokal ng iglesiya sa NT. It ay isa sa tatlong magkakasingkahulugang salita (pastor, tagapamahala, at matanda cf. Tito 1:5,7; Gawa 20:17,28). Sina Pedro at Juan ay ginagamit ito upang isama ang kanilang saril sa pangkat ng mga pinuno (cf. I Pedro 5:1; II Juan 1; III Juan 1).
4. ginamit sa matatandang lalaki sa iglesiya, hindi kailangang sa pamumuno (cf. I Timoteo 5:1; Tito 2:2).

▣ **"mga putong na ginto"** Wala saan man sa Kasulatan ang mga anghel ay sinabi na nagsuot ng mga korona (maging ang mga makapangyarihang anghel sa Daniel 10). Ang malademonyong mga kawan mula sa kailaliman ay nagsuot ng isang bagay na kahawig sa ginintuang mga korona sa 9:7.

**4:5 "At mula sa luklukan ay may lumalabas na kidlat, at mga tinig at mga kulog"** Ito ay kahawig sa Exodo 19:16-19, na naglalarawan ng pisikal na penomena na nakapaligid sa presensya ng Diyos sa Mt. Sinai. Ang mga pariralang ito ay nagpapakita ng presensya ng Diyos (cf. 11:19) o Kanyang paghahatol (cf. 8:5; 16:18).

▣ **"pitong ilawang apoy"** Ito ay lumilitaw na ang pitong magkakahiwalay na mga lampara (mga sulo), hindi isang mangkok na may kasamang pitong mga mitsa (cf. Exodo 25:37; Zacarias 4:2). Sila ay gumagawa sa paraan na kahawig sa lahat ng ibang "mga pito," tumutukoy sa pinakapresensya ng Diyos.

▣ **"na siyang pitong Espiritu ng Dios"** Ang kaparehong pariralang ito ay ginamit sa 1:4; 3:1 and 5:6. Ito ay madalas na iniinterpret bilang reperensiya sa Banal na Espiritu batay sa 1:4, ngunit wala sa other mga reperensiya ang nagkompirma sa interpretasyon. Ang pariralang ito ay tila itinumbas sa mga iglesya (pitong mga bituin, 3:1; pitong mga lampara, 4:5) o sa omnipotensya ng Kordero (5:6). Tignan Natatanging Paksa: Ang Pitong Espiritu sa 1:4.

**4:6 "isang dagat na bubog na katulad ng salamin"** Mayroong naging maraming bilang na teorya patungkol sa pariralang ito:

1. ito tumutukoy sa laver sa Temple (cf. I Hari 7:23; II Cronico 4:2-6)
2. ito ay may kaugnayan sa konsepto ng kristal na dagat na matatagpuan sa Exodo 24:9-10
3. ito ay bahagi ng portatil na trono kalesa ng Diyos sa Ezekiel 1:22,26; 10:1
4. ito ang simbolo ng pagkakahiwalay mula sa kabanalan ng Diyos (cf. 15:2).

Ang dagat ay tinanggal sa Pahayag 21:1, nagpapakita ng sumpa (cf. Genesis 3) ng kasalanan ng sangkatauhan at pagkakahiwalay ay natanggal na rin. Tignan puna sa 21:1.

▣ **"apat na nilalang na buhay"** Ang mga buhay na nilalang na ito ay inilarawan sa vv. 6-8. Sila ay kombinasyon ng *cherubim* ng Ezekiel 1:5-10 a 10:1-17 at ang *seraphim* ng Isaias 6:2,3. Ang mga bilang ng mga pakpak at mukha ay naggiiba-iba, ngunit ito ay pinaghalong larawan ng tao/hayop/anghel na nakapaligid sa trono Diyos (cf. 4:6,8,9; 5:6,8,11,14; 6:1,3,5,7; 7:11; 14:3; 15:7; 19:4).

## NATATANGING PAKSA: QUERUBIN

A. Isa sa mga ilang mga tipo ng mga malaanghel na nilalang. Ang partikular na tipong ito ang nagbabantay sa sagradong lugar (cf. Exodo 25:18-22; I Hari 8:6-7).

B. Etimolohiya ay di-tiyak:
   1. Mula sa Akkadian "manananggol" o "tagapamagitan" sa pagitan Diyos at tao
   2. Mula sa Hebreo ito ay posibleng salitang paglalaro, "kalesa" at querub" (cf. Ezekiel 1; 10)
   3. Ang ilay ay nagsasabi na ito ay nangangahulugang "maningning na pagpapakita"

C. Pisikal na anyo-Ito ay naging napakahirap na matiyak sapagkat sa ibat-ibang mga paglalarawan sa loob ng Bibliya at nag iibang hayop-tao na mga anyo na matatagpuan sa sinaunang Near East. Ilan ay inuugnay sila sa:
   1. May pakpak na toro ng Mesopotamia
   2. May pakapk na agila-leon ng Ehipt na tinawag na "griffins"
   3. May pakpak na nilalang sa Hiram, trono ng Hari ng Tyre
   4. Sphinx ng Ehipto at kaparehong mga anyo na matatagpuan sa garing na palasyo ni Haring Ahab sa Samaria

D. Pisikal na Deskripsyon
   1. Ang anyo ng querubin ay nakadugtong sa Seraphim ng Isaias 6.
   2. Mga halimbawa ng ibat-iabng mga anyo
      a. Bilang ng mga mukhaber of faces
         (1) Dalawa-Ezekiel 41:18
         (2) Apat-Ezekiel 1:6, 10; 10:14,16,21,22
         (3) Isa-Pahayag 4:7
      b. Bilang ng mga pakpak
         (1) Dalawa-I Hari 6:24
         (2) Apat-Ezekiel 1:6,11; 2:23; 10:7,8-21
         (3) Anim (gaya ng Seraphim ng Isaias 6:2)- Pahayag 4:8
   3. Ibang mga katangian
      a. Mga kamay ng tao-Ezekiel 1:8; 10:8,21
      b. Mga Paa
         (1) Diretso, walang tuhod-Ezekiel 1:7
         (2) Paa ng guya-Ezekiel 1:7
   4. Si Flavius Josephus ay inaamin na walang nakakaalam kung ano ang hitsura ng querubin (cf. *Antiquities ng Jews*, VIII:3:3).

E. Mga lugar at layuning matatagpuan sa Bibliya
   1. Tagapagbantay ng punong kahoy ng buhay, Genesis 3:24 (posibleng ginamit na metaporikal kay

Satanas sa Ezekiel 28:14,16)

2. Tagapagbantay ng Tabernakulo
   a. Sa ibabaw ng Arko ng Tipan; Exodo 25:18-20; Bilang 7:89; I Samuel 4:4
   b. Inilarawan sa telon at mga kurtina; Exodo 26:1,31; 36:8,35
3. Tagapagbantay sa Templo ni Solomon
   a. Dalawang nililok na mga querub sa Dakong Kabanal banalan; I Hari 6:23-28; 8:6-7; II Cronico 3:10- 14; 5:7-9
   b. Sa mga pader ng panloob templo; I Hari 6:29,35; II Cronico 3:7
   c. Sa mga panel na nauugnay sa ilang mga patong; I Hari 7:27-39
4. Tagapbantay sa Templo ni Ezekiel
   a. Nililok sa pader at mga pintuan; Ezekiel 41:18-20, 25
5. Konektado sa trasnportasyon ng pagkadiyos
   a. posibleng isang metapora para sa hangin; II Samuel 22:11; Awit 18:10; 104:3-4; Isaias 19:1
   b. tagapagbantay sa trono ng Diyos; Awit80:1; 99:1; Isaias 37:16
   c. tagapagbantay sa portatil na trono ng kalesa ng Diyos; Ezekiel 1:4-28; 10:3-22; I Cronico 28:18
6. templo ni Herodes
   a. Pinintura sa mga pader (i.e. tagapagtanggol cf. Talmud "Yoma" 54a)
7. Kapahayagan tronong senaryo (i.e. tagapagtanggol cf. Pahayag 4-5)

▣ **"puno ng mga mata sa harapan at sa likuran"** Ito ay maaaring tumutukoy sa mga mata ng bawat apat na mga mukha o maaring isang biblikal na metapora ng karunungan sa lahat ng bagay ng Diyos (cf. v. 8; Ezekiel 1:18; 10:12).

**4:7 "leon. . .baka. . .tao. . .agila"** Ito ay halatang pahiwatig sa Ezekiel 1:6,10. Sa rabinik na panitkan ang mga ito ay inilista bilang pinakamalakas ng magkakaibang antas ng nilikha ng Diyos. Si Irenaeus (A.D. 120-202) ay ginamit apat na magkakaibang mga mukhang ito upang ilarawan ang apat Ebanghelyong manunulat (tradisyon ng iglesya sa wakas ay naayos sa Juan, agila; Lucas, tao; Marcos, baka; Matteo, leon) ngunit ito ay napaka-haka-haka at alegorikal. Ang pinaghalong mga nilalang na ito ay simboliko, hindi literal. Nalalamang ang OT pagbibigay-diin sa pagpapanatili ng antas ng nilikha ng Diyos, isang pinaghalong tao at hayop na nilalang ay maaaring Levitikong marumi. Ito ay hindi historikal na salaysay ng aktwal na mga bagay at mga pangyayari, ngunit labis na simbolikong dyanra naghahangad na ilarawan ang sukdulang, espiritwal na mga katotohanan; sa kasong ito Diyos bilang ang Isang nabubuhay kailanman (vv. 8,9), ang Banal na Isa (v. 8), at manlilikha ng lahat ng mga bagay (v. 11).

**4:8 "banal, banal, banal"** Ang nabubuhay na nilalang na ito ay inuulit ang awit ng seraphim sa Isaias 6:2,3. Ito ay ang una sa maraming mga himno ba natagpuan sa aklat ng Pahayag (cf. 4:8,11; 5:9-10,12,13; 7:12; 11:17-18; 12:10-12; 15:3-4; 16:5-7; 18:2-8; 19:1-3,

6-7). Madalas ang mga himno ay isang paraan ng pagiinterpret ng mga pangitain. Isa pang simbolo, gaya ng dagat ng kristal, ito ay gumagawa bilang isang Hebreo panukdulan ng tunay na kabanalan ng Diyos.

▣ **"ANG PANGINOONG DIOS, ANG MAKAPANGYARIHAN SA LAHAT"** Ang mga ito ay ang tatlong OT mga titulo para sa Diyos (cf. 1:8):

1. PANGINOON = YHWH (cf. Exodo3:14; Awit 103)
2. Diyos = *Elohim* (cf. Awit 104)
3. ang Makapangyarihan = *El Shaddai*, ang patriyarkal na pangalan para sa Diyos (cf. Exodo 6:3) Tignan Natatanging Paksa: Mga pangalan para sa Pagkadiyos sa 1:8.

▣ **"NA NABUHAY AT NABUBUHAY AT SIYANG DARATING"** Ang pariralang ito ay ang pabalik-balik na titulo (cf. 1:4; 4:8; tignan buong puna sa 1:4). Ito ay isang paglalaro sa tipanang pangalan ng Diyos, si YHWH, na nagmumula sa PANDIWA "maging." Ang kaparehong tema na ito ay inulit sa vv. 9 at 10 sa parirala "sa Kanya na nabubuhay magpakailanman" (cf. 10:6; 15:7).

**4:9-11** Ito ay isang pangungusao sa Griyego, na nagpapakita ng sukdulang pagsamba ay dahil sa Kanya na nakaupo sa trono at nabubuhay magpakailanman (cf. Awit 47; Daniel 4:34; 12:7). Ito ay maaaring isang pahiwatig sa mala-anghel na tagapaglingkod na tinawag na makalangit na konseho (cf. I Hari 22:19; Job 1:6; Daniel 7:10) o ang Hudyo "mga anghel ng presensya" (i.e., Tobit 12:15).

**4:9 "ang mga nilalang na buhay"** Ang mala-anghel na nilalang na ito ay binanggit ng madalas sa aklat (cf. 5:6,8,14; 6:1; 7:11; 14:3; 15:7; 19:4).

**4:10 "at ilalagay ang kanilang putong sa harapan ng luklukan"** Ito ay isang simbolo ng kanilang pagkilala na ang Diyos nararapat sa lahat ng papuri at parangal! Anoman ang dahilan para sa kanilang pagkakaroon ng mga korona, kinilala na ang kapangyarihan ay mula sa Diyos!

**4:11 "sapagka't nilikha mo ang lahat ng mga bagay"** Ang mga matatanda at nabubuhay na mga nilalang ay nagpuri sa Diyos bilang Manlilikha, Tagapagtukod at Tagapagtustos ng lahat ng bagay. Ito ay ang teolohikal na pagbibigay-diin ng pangalang *Elohim* (cf. Genesis 1; Job 38-41; Awit 104). Ang kabanatang ito ay gumagamit ng teolohikal na kahulugan ng dalawang pinakagamit na ginamit mga pangalan para sa Diyos upang ilarawan ang Kanyang mga aksyon. Ang progresibong kapahayagan ng NT ay nagpapalinaw dito na si Hesus ay ang ahente ng Ama sa paglikha (cf. Juan 1:3; I Corinto 8:6; Colossas 1:16 at Hebreo 1:2).

## TALATA SA NASB (BINAGO): 5:1-5

**[1]At nakita ko sa kanang kamay niyaong nakaupo sa luklukan ang isang aklat na may sulat sa loob at sa labas, na tinatakang mahigpit ng pitong tatak. [2]At nakakita ako ng isang malakas na anghel na nagtatanyag ng malakas na tinig, "Sinong karapatdapat magbukas ng aklat, at magtanggal ng mga tatak nito?" [3]At sinoman sa langit, o sa ibabaw man ng lupa, o sa ilalim man ng lupa, ay hindi makapagbukas ng aklat, o makatingin man. [4]At ako'y umiyak na mainam, sapagka't hindi nakasumpong ng sinomang marapat magbukas ng aklat, o makatingin man; [5]At sinabi sa akin ng isa sa matatanda, "Huwag kang umiyak; narito, ang Leon sa angkan ni Juda, ang Ugat ni David, ay nagtagumpay upang magbukas ng aklat at ng pitong tatak nito."**

**5:1 "At nakita ko sa kanang kamay niyaong nakaupo sa luklukan"** Isang mas mainam na salin ng pariralang ito ay ang "sa kanang kamay Niya" (Peshitta isinalin ito sa Englis sa Lamsa at ang Amplified Bible). Hindi ito ideya ng Diyos na humahawak ng mahigpit sa aklat, ngunit ang Diyos na hinahawakan ito para ibigay sa isang tao at buksan ito.

Ang pariralang "ang kanang kamay Niya" ay isang biblikal na antropormorpismo upang ilarawan ang kapangyarihan at awtoridad ng Diyos (Tignan Natatanging Paksa sa 2:1). Ang Diyos ay walang pisikal na katawan; Siya ay isang espiritwal na nabubuhay (cf. Juan 4:24), hindi nilalang at walang hanggan.

▣ **"aklat"** Ang Griyegong termino ay "*biblion*" na sa kalaunan ay ginamit upang tumukoy sa isanga codex (aklat). Karamihan ng mga komentarista ay nagsang-ayon na ang mga aklat ay hindi lumitaw hanggang sa ikalawang siglo, kaya anomang mayroon tayo ngayon ay isang papyrus o pergamino na balumbon (NKJV, NRSV, TEV and NJB). Mayroong ilang mga teorya patungkol sa kahulugan ng aklat na ito.

1. ang aklat ng pighati ay matatagpuan sa Ezekiel 2:8-10; at Pahayag 10:8-11
2. ang aklat na ang mga tao ay hindi kusang loob na binasa dahil ang Diyos ay espiritwal na binulag sila (cf. Isaias 29:11; Roma 11:8-10,25)
3. ang mga pangyayari ng pangwakas na panahon (cf. Daniel 8:26)
4. ang Roman huling kagustuhan o testamento, na tradisyonal na sinelyuhan ng pitong mga selyo
5. ang aklat ng buhay (cf. Daniel 7:10; 12:1), na binanggit ng na madalas sa aklat ng Pahayag (cf. 3:5; 17:8; 20:12,15)
6. ang Lumang Tipan (cf. Colossas 2:14; Efeso 2:15)
7. ang makalangit na mga tableta ng I Enoch 81:1,2.

Sa aking opinyon ang mga aspeto ng #1, #2, o #3 ay tila pinakamainam; ang balumbon ay ang aklat ng tadhana ng sangkatauhan at ang kulminasyon ng kasaysayan ng Diyos.

▣ **"na may sulat sa loob at sa labas"** Ito ay napaka hind karaniwan sa sinaunang mundo sapagkat ang kahirapan sa pagsusulat sa likod na bahagi ng papyrus, bagamat ito ay binanggit sa Ezekiel 2:8-10 at Zacarias 5:3. Ito ay nagsisimbolo ng kompleto ang buong pagkontrol ng Diyos kasaysayan at sa kahihinatnan ng mga tao.

Kapwa ang KATAGA (isinulat at sinelyuhan) na naglarawan sa balumbon na ito ay GANAO NA BALINTIYAK. Ang una ay ang espesyal na gramatikal na anyo ang ginamit upang ilarawan ang Kasulatan bilang insipirado (i.e., Juan 6:45; 8:17; 10:34, etc). Ang ikalawa ay isang paraan ng pagpapahayag na ang balumbon ay protektado, prineserba, at reserbado ng Diyos.

▣ **"na tinatakang mahigpit ng pitong tatak"** Ang pitong mga selyo ay mayroong dalawang mga posibleng mga pinagmulan.

1. Pito ay bilang ng perpeksyon mula sa Genesis 1, samakatuwid, ito perpektong selyado.
2. Roman na kahilingan ay selyado ng pitong mga selyo.

Ang mga selyo ay maliliit na mga patak ng waks na naglalaman ng imprinta ng may-ari, inilagay kung saan ang aklat o balumbon ay binuksan (Tignan Natatanging Paksa sa 7:2). Sa 6:1-8:1 ang pagsisira sa kanilang mga selyo ay nagdadala ng

mga pighati sa mundo, ngunit ang nilalaman ng balumbon ay hindi ipinahayag sa pampanitikang yunit na ito. Sa katunayan, sa estruktura ng aklat, ang ikapitong selyo ang nagpasimula ng pitong mga trumpeta na siyang ikapitong selyo.

**5:2 "At nakakita ako ng isang malakas na anghel"** Ang ilan ay nakikita ang koneksyon ng etimolohikal sa pangalang Gabriel, na ibig sabihin "malaks na babae ng Diyos." Isa na namang malakas na anghel ay binanggit sa 10:1 at 18:21. Ang mala-anghel na pamamagitan ay karaniwan sa Hudyong intertestamental apokaliptikong panitkan.

▣ **"na nagtatanyag ng malakas na tinig"** He was addressing all creation.

▣ **"Sinong karapatdapat magbukas ng aklat, at magtanggal ng mga tatak nito?"** Ang terminong "karapat-dapat" ay isang komersyal na termino nauugnay sa paggamit ng isang pares ng mga eskala. Ito ay may ibig sabihin "yaong katumbas sa." Isang bagay ang inilagay sa isang bahagi ng eskala at anoman ang inilagay sa isang bahagi ay kapantay. Ito ay maaring ginamit sa isang negatibo o positibong pakahulugan. Dito, ito ay napakahalagang halaga ng kawalang kasalanan ng Tagapagligtas. Tanging si Hesus ay katumbas sa tungkulin ng pagtutubos. Tanging si Hesus ay katumbas sa tungkulin ng kaganapan. Tanging si Hesus ay karapat-dapat (cf. 5:7, 9-10,12).

**5:3 "At sinoman sa langit, o sa ibabaw man ng lupa, o sa ilalim man ng lupa, ay hindi makapagbukas ng aklat, o makatingin man"** Ito ay nagpapakita ng total na kawalang kakayahan ng mga anghel o mga tao na tupdin ang kalooban ng Diyos! Ang rebelyon ay nakaapekto sa kanilang lahat! Ang sangnilikha ay hindi nakatulong sa kanila! Walang sinoman ang karapat-dapat!

**5:4 "At ako'y umiyak na mainam"** Ito ay DI-GANAP NA PAMANAHON PANDIWA, na nagpapakita ng pasimula ng isang aksyon o inulit na aksyon sa nakalipas na panahon. Ito ay nangahulugan ng "malaks na pag-atungal," napakakatangian ng Sinaunang Near East.

**5:5 "At sinabi sa akin ng isa sa matatanda"** Dito natagpuan natin ang isa sa mga matatanda gumaganap na tungkulin ng isang mala-anghel na interpreter, gaya ng sa aklat ng Daniel. Tignan Natatanging Paksa: Matatanda sa 4:4.

▣ **"Huwag kang umiyak"** Ito ay isang PANGKASALUKUYANG PAUTOS na may kasamang NEGATIBONG KATAGA na madalas ay ibig sabihin ay itigil ang isang akto na nasa proseso na.

▣ **"ang Leon sa angkan ni Juda"** Ito ay isang pahiwatig sa Genesis 49:9-10 (cf. II Esdras 12:31,32). Ang Mesyas ay ang manlulupig na Leon (hari) mula sa tribu ng Judah.

▣ **"ang Ugat ni David"** Ito ay isang pahiwatig sa II Samuel 7 at partikular sa Isaias 11:1-10. Ang kaparehing ideya na ito ng maharlikang Davidic na Mesyas ay maaaring matagpuan sa Jeremias 23:5; 33:5 at Pahayag 22:16.

▣ **"ay nagtagumpay"** Ito ay isang AORIST AKTIBONG INDIKATIBO, na nagpapahiwatig ito ay isang nakamit na katotohanan (i.e.,Kalbaruo at ang walang laman na nitso). Pansinin na nag Leon ay hindi makakapaglupig sa pamamagitan ng Kanyang kapangyarihan kundi sa Kanyang sakripisyo (cf. v. 6).

## TALATA SA NASB (BINAGO):

**[6]At nakita ko sa gitna ng luklukan at ng apat na nilalang na buhay, at sa gitna ng matatanda, ang isang Cordero na nakatayo, na wari ay pinatay, na may pitong sungay, at pitong mata, na siyang pitong Espiritu ng Diyos, na sinugo sa buong lupa. [7]At siya'y lumapit, at kinuha ang aklat sa kanang kamay niyaong nakaupo sa luklukan. [8]At pagkakuha niya ng aklat, ang apat na nilalang na buhay at ang dalawangpu't apat na matatanda ay nangagpatirapa sa harapan ng Cordero, na ang bawa't isa'y may alpa, at mga mangkok na ginto na puno ng kamangyan, na siyang mga panalangin ng mga banal. [9]At sila'y nangagaawitan ng isang bagong awit, na nagsasabi, Ikaw ang karapatdapat na kumuha ng aklat, at magbukas ng mga tatak nito: sapagka't ikaw ay pinatay, at binili mo sa Diyos ng iyong dugo ang mga tao sa bawa't angkan, at wika, at bayan, at bansa. [10]At sila'y iyong ginawang kaharian at mga saserdote sa aming Diyos; at sila'y nangaghahari sa ibabaw ng lupa."**

**5:6 "ang isang Cordero na nakatayo"** Ang konseptong ito ng isang sakripisyal na Kordero (i.e., batang Kordero, *arnion*) ay napapakita ng naghahaliling pampalubag loob at muling pagkabuhay ni Hesukristo. Ang Kordero ay binanggit sa buong aklat ng Pahayag (cf. 5:6,8,12,13; 6:1,16; 7:9,10,14,17; 12:11; 13:8; 14:1,4(dalawang beses),10; 15:3; 17:14; 19:7,9; 21:9,14,22,23,27; 22:1,3). Ang sakripisyal na metapora ay mula sa

1. ang Paskuwa na Kordero (Exodo 12)
2. isa sa mga Kordero na isinakripisyo ng araw-araw sa umaga at gabi (ang patuloy, cf. Exodo 29:38-46; Bilang

28:3,6,10,23,31; 29:11,16,19,22,25,28,31,34,38)

3. ang pinatay na Kordero ng Isaias 53:7 o Juan 1:7,29

Ang metapora ito ay ginamit kay Hesus sa dalawang magkaibang mga pakahulugan: (a) bilang isang inosenteng sakripisyal na biktima at (b) bilang ang manunupil na mananagumpay (matatagpuan rin sa Hudyong apokaliptiko panitkan, cf. I Enoch 90:9; Testamento ni Jose 19:8-9). Sa NT tanging si Juan na Tagabautismo sa Juan 1:29,36 at si Juan sa Pahayag 5:6,8,12,13; 61:1, ay tumutukoy kay Hesus bilang "Kordero" (si Pablo ay nagsasaad nito, ngunit wala ang termino sa I Corinto 5:7).

▣ **"na wari ay pinatay"** Siya ay namatay ngunit ngayon ay nabubuhay. Ang muling pagkabuhay ng Mesyas ipinarodya ng mabangis ng karagatan (cf. 13:3).

▣ **"na may pitong sungay, at pitong mata"** Ang unang termino ay tumutukoy sa kapangyarihan o omnipotensya (cf. Exodo 27:2; 29:12; Deutronomio 33:17; II Cronico 18:10; Awit 112:9; 132:17; Jer. 48:25; Ezekiel 29:21; Zacarias 1:18-21). Ang ikalawang termino ay tumutukoy sa omnisensya ng Diyos (cf. 4:6,8; Ezekiel 1:18; 10:12; Zacarias 3:9 at 4:10). Ang simbolismong ito ay kahawig sa Daniel 7:13-14.

▣ **"na siyang pitong Espiritu ng Dios,"** Tignan Natatanging Paksa sa 1:4 at puna sa 4:5.

**5:8 "At pagkakuha niya ng aklat, ang apat na nilalang na buhay at ang dalawangpu't apat na matatanda ay nangagpatirapa sa harapan ng Cordero"** Ito ay nagpapakita ng pagsamba sa Kordero gayundin sa pagsamba ng Diyos (cf. v. 13), na isang sentral na tema sa Pahayag.

▣ **"at mga mangkok na ginto na puno ng kamangyan, na siyang mga panalangin ng mga banal"** Ang mga anghel ay regular na tagapagdala ng mga panalangin sa Diyos sa inter-biblikal na Hudyong panitkan (cf. Tobit 12:15; III Baruch 11). Ang ideya ng insenso ay kumakatawan sa mga panalangin ay ginamit ng ilang beses sa Kasulatan (cf. 8:3-4; Awit 141:2; Lucas 1:10).

▣ **"mga banal"** Bagamat ang salita "iglesya" ay hindi lumitaw pagkatapos ng kabanata 3, ang konsepto ng "mga banal" ay hindi nagpatuloy sa buong aklat at dapat na tumutukoy sa bayan ng Diyos. Ang konsepto ng mga mananampalataya bilang "mga banal" ay karaniwan sa Pahayag (cf. 8:3-4; 11:18; 13:7,10; 14:12; 16:6; 17:6; 18:20,24; 19:8 and 20:9).

## NATATANGING PAKSA: ANG MGA BANAL

Ito ang Griyegong katumbas ng Hebreong *kadash*, na may pangunahing kahulgan ng pagsasantabi ng isang tao, isang bagay, o isang lugar para sa eksklusibong paggamit ni YHWH (BDB 871). Ito ay nagpapakilala ng Englis na konsepto na "ang sagrado." SI YHWH ay inihiwalay mula sa sangkatauhan sa pamamagitan ng Kanyang kalikasan (eternal na hindi-nilikhang Espiritu) at ang Kanyang karakter (moral na kasukdulan). Siya ang pamantayan na kung saan lahat ay susukatin at hahatulan. Siya ang transendente, ang Nag-iisang Banal, ang Ibang Banal.

Ang Diyos ay nilikha ang mga tao para sa pakikisama, ngunit ang pagbagsak (Genesis 3) ang nagdulot sa relasyonal at moral na hadlang sa pagitan ng isang Banal na Diyos at makasalanang sangkatauhan, Ang Diyos ay pinili na panumbalikin ang Kanyang nakapagiisip na nilikha; samakatuwid, tinatawag Niya ang Kanyang mga tao na maging "banal" (cf. Levitico 11:44; 19:2; 20:7,26; 21:8). Sa pamamagitan ng isang pananampalataya pakikipagrelasyon kay YHWH sa Kanyang mga tao na maging banal sa pamamagitan tipanang posisyon sa Kanya, ngunit tinawag rin na mamuhay ng banal (cf. Mateo 5:48).

Ang banal na pamumuhay na ito ay posible sapagkat ang mga mananampalataya ay lubusang tinanggap at pinatawad sa pamamagitan ng buhay at gawa ni Hesus at ang presensya ng Banal na Espiritu at nasa kanilang mga isipan at puso. Ito ay nagtatatag ng kabalintunaang sitwayson ng

1. pagiging banal dahil sa ipinaratang na katuwiran ni Kristo
2. tinawag na mamuhay ng kabanalan dahil sa presensya ng Espiritu

Ang mga mananampalataya ay "mga banal" (*hagioi*) dahil sa presensya sa ating buhay ng

1. ang kalooban ng Nag-iisang Banal (ang Ama)
2. ang gawa ng Banal na Anak (Hesus)
3. ang presensya ng Banal na Espiritu

Ang NT ay laging tumutukoy sa mga banal bilang PANGMARAMIHAN (maliban ng isang beses sa Felipos 4:12, ngunit maging dito ang konteksto ay ginagawa itong PANGMARAMIHAN). Ang maligtas ay maging bahagi ng isang pamilya, isang katawan, isang gusali! Ang Biblikal na pananampalataya ay nagsisimula sa personal na pagtanggap,

ngunit umuusbong patungo sa isang pangkalahatang pakikisama. Tayong lahat ay pinagkalooban (cf. I Corinto 12:11) para malusog, paglago, at kabutihan ng katawan ni Kristo—ang iglesya (cf. I Corinto 12:7). Tayo ay naligtas upang maglingkod! Ang kabanalan ay isang katangian ng pamilya!

**5:9-10** Mayroong isang mahalagang Griyegong manuskritong baryante kaugnay sa PANGHALIP "tayo." Ang NKJV ay may PANGHALIP "tayo" sa v. 9, "ay tinubos tayo sa Diyos," at sa v. 10, "at ginawa tayong mga hari at saserdote sa ating Diyos." Karamihan ng modernong mga salin (NASB, NRSV, TEV, NJB) ay tinanggal ang "tayo" sa parehong mga talata. Kung ang "tayo"ay PANGKASALUKUYAN sa parehong mga talata magkagayon ang sakripisyal na kamatayan ni Hesus ay nagsasama sa dalawamput -apat na mga matatanda na tila mga mala-anghel na nilalang. Wala saan man sa Bibliya na ang kamatayan ni Hesus ay naugnay sa mala-anghel na pagtutubos. Gayundin, ang presesnya ng "kanila" (*autous*) sa v. 10 ay gramatikal na inalis ang posibilidad ng "tayo" bilang orihinal. Ang United Bible Society's ikaapat na edisyon ay nagmarka sa dalawang PANGMARAMIHAN PANGHALIP na pag-alis bilang "tiyak."

**5:9 "At sila'y nangagaawitan ng isang bagong awit"** Sa OT mayroong maraming mga pahiwatig sa bagong awitin (cf. Awit 33:3; 40:3; 98:1; 144:9; 149:1 at Isaias 42:10). At bawat pangunahing pangyayari sa OT, ang bayan ng Diyos ay inudyukan na umawit ng isang bagong awitin ng pagpupuri sa aktibidad ng Diyos. Ito ay ang sukdulang awit patungkol sa pagpapahayag ng Diyos sa Kanyang sarili sa Mesyas at ang trabaho ng pagtutubos ng Mesyas alang-alang sa lahat ng mga mananampalataya (cf. vv. 9,12,13; 14:3).

Ang pagbibigay-diin sa "bago" mga bagay ay katangi-tangi sa bagong panahon sa Isaias 42-66.

1. "bagong mga bagay," 42:9
2. "bagong awitin," 42:10
3. "gumawa ng isang bagong bagay," 43:19
4. "bagong mga bagay," 48:6
5. "bagong pangalan," 62:6
6. "bagong mga langit at ang bagong mundo," 65:17; 66:22.

Sa Pahayag mayroon din maraming "bagong mga bagay."

1. "bagong Jerusalem," 3:12; 21:2
2. "bagong pangalan," 2:17; 3:12
3. "bagong awitin," 5:9,10,12,13; 14:3
4. "bagong langit at bagong mundo," 21:1

▣ **"Ikaw ang karapatdapat na kumuha ng aklat, at magbukas ng mga tatak nito"** Ang bagong awitin na ito(vv. 9-10) ay limahang deskripsyon ng kahalagahan ng Kordero.

1. naghahaliling kamatayan (cf. 5:6,9,12; 13:8; I Pedro 1:18-19)
2. pagtubos na presyo ay binayaran (cf. 5:9; 14:3-4; Marcos 10:45; I Corinto 6:19-20; 7:23; I Timoteo 2:6)
3. binil ang mga tao mula sa bawat bansa (cf. 5:9; 7:9; 14:6)
4. ginawa ang mga mananampalataya na isang kaharian ng mga saserdote (cf. 1:6; 5:10)
5. sila ay maghahari na kasama Niya (cf. 3:21; 5:10; 20:4)

▣ **"sa bawa't angkan, at wika, at bayan, at bansa"** Ito ay isang pabalik-balik na metapora ng unibersalidad (cf. 7:9; 11:9; 13:7; 14:6). Ito ay maaring isang pahiwatig sa Daniel 3:4,7.

▣ **"at binili mo sa Dios ng iyong dugo ang mga tao"** Ito ay tiyak na reperensiya sa naghahaliling pampalubag-loob ng Kordero ng Diyos. Ang konseptong ni Hesus bilang ang sakripisyo para sa kasalanan ay sentral sa Pahayag (cf. 1:5; 5:9,12; 7:14; 12:11; 13:8; 14:4; 15:3; 19:7; 21:9,23; 22:3) at gayundin din sa lahat ng NT (cf. Mateo 20:28; 26:28; Marcos 10:45; Roma 3:24-25; I Corinto 6:20; 7:23; II Corinto 5:21; Galacia 3:13; 4:5; Efeso 1:7; Felipos 2:8; I Timoteo 2:6; Tito 2:14; Hebreo 9:28; and I Pedro 1:18-10).

## NATATANGING PAKSA: PANUBOS/TUBUSIN

I. LUMANG TIPAN

A. Mayroong panimulang dalawang Hebreong legal na mga terminoino na nagdadala ng konseptong ito.

1. *Gaal* (BDB 145, I), na ang pangunahing kahulugan ay "palayain sa pamamagitan ng pagbabayd ng presyo." Isang anyo ng terminoinong *go'el* ay nagdadagdag sa konsepteo ng isang personal na tagapamagitan, kadalasan au miyembro ng pamilya (i.e., kamag-anak na manunubos). Ang kultural na apetong ng karapatang bilhin pabalik ang mga bagay, mga hayop, at lupain (cf. Levitico 25,27), o mga kamag-anak (cf. Ruth 4:15; Isaias 29:22) ay naisalin ng teolohikal sa pagpapalaya ni YHWH sa Israel

mula sa Ehipto (cf. Exodo 6:6; 15:13; Awit 74:2; 77;15; Jeremias 31:11). Siya ay naging "ang manunubos" (cf. Job 19:25; Awit 19:14; 78:35; Kawikaan 23:1; Isaias 41:14; 43:14; 44:6,24; 47:4; 48:17; 49:7,26; 54:5,8; 59:20; 60:16; 63:16; Jeremias 50:34).

2. *Padah* (BDB 804), na ang pangunahing kahulugan ay "palayain" o "iligtas"
   a. ang pagtutubos sa mga panganay (Exodo 13:13,14 at Bilang 18:15-17)
   b. pisikal na pagtutubos ay isinalungat sa espiritwal na pagtutubos (Awit 49:7,8,15)
   c. si YHWH ay tutubuson ang Israel mula sa kanilang kasalanan at rebelyon (Awit 130:7-8)

B. Ang teolohikal na konsepto ay nagsasangkot ng ilang magkakaugnay na mga bagay.
1. Mayroong isang pangangailangan, isang pagkaalipin, isang pagkatalo, isang pagbilanggong.
   a. pisikal
   b. sosyal
   c. espiritwal (cf. Awit 130:8)
2. Isang presyo ang dapat bayaran para sa kalayaan, pagkawala, at panunumbalik.
   a. ng bayan ng Israel (cf. Deutronomio 7:8)
   b. ng isang indibidwal (cf. Job 19:25-27; 33:28)
3. Isang tao ang dapat umakto bilang tagapamagitan at tagatangkilik. Sa *gaal* ang isang ito ay madalas na miyembro ng pamilya o malapit na kamag-anak (i.e., *go'el*, BDB 145).
4. Si YHWH ay madalas na inilalarawan ang Kanyang sarili sa makapamilyang mga terminoino.
   a. Ama
   b. Asawang Lalake
   c. Malapit na kamag-anak na manunubos/tagapaghiganti

   Ang pagtutubos ay segurado sa pamamagitan sa personal na ahensya ni YHWH; isang presyo ang binayaran, at ang pagtutubos ay nakamit!

II. BAGONG TIPAN

A. Mayroong ilang mga terminoino ang ginamit upang ipahayag ang teolohikal na konsepto.
1. *Agorazō* (cf. I Corinto 6:20; 7:23; II Pedro 2:1; Pahayag 5:9; 14:34). Ito ay isang komersyal na terminoino na nagpapakita ng isang presyong binayaran para sa isang bagay. Tayo ay mga tao na binili ng dugo na hindi nagkokontrol sa ating mga sariling buhay. Tayo ay mga pag-aari ni Kristo.

2. *Exagorazō* (cf. Galacia 3:13; 4:5; Efeso 5:16; Colosas 4:5). Ito rin ay isang komersyal na terminoino. Ito ay nagpapakita ng naghahaliling kamatayan ni Hesus para sa atin. Si Hesus ibinaon ang "sumpa" ng batay sa pagsasagawang kautusan (i.e., Mosaik na Kautusan, cf. Efeso 2:14-16; Colosas 2:14), na hindi makakamit ng makasalanang mga tao. Ibinaon Niya ang sumpa (cf. Deutronomio 21:23) para sa ating lahat (cf. Marcos 10:45; II Corinto 5:21)! Kay Hesus, ang katarungan at pag-ibig ng Diyos ay nagsama patungo sa lubusang pagpapatawad, pagtanggap, at paglapit!
3. *Luō,* "upang palayain"
   a. *Lutron*, "isang presyong binayaran" (cf. Mateo 20:28; Marcos 10:45). Ang makapangyarihang mga salita na ito mula sa sariling bibig ni Hesus patungkol sa layunin ng Kanyang pagdating, ang maging Tagapagligtas ng mundo sa pamamagitan ng pagbabayad ng utang-kasalanan na hindi Niya inutang (cf. Juan 1:29).
   b. *Lutroō*, "pakawalan"
      (1) tubusin angIsrael (Lucas 24:21)
      (2) bigyan ang Kanyang sarili na tubusin at pagdalisayin ang mga tao (Tito 2:14)
      (3) para maging walang salang tagapaghalili (I Pedro 1:18-19)
   c. *Lutrōsis*, "pagtutubos," "pagpapalaya," o "liberasyon"
      (1) ang propesiya ni Zacharias patungkol kay Hesus, Lucas 1:68
      (2) si Anna ay nagpuri sa Diyos para kay Hesus, Lucas 2:38
      (3) si Hesus ay mas lalong mainam, minsanang paghahandog na sakripisyo, Hebreo 9:12
4. *Apolytrō sis*
   a. Pagtutubos sa Ikalawang Pagdating (cf. Gawa 3:19-21)
      (1) Lucas 21:28
      (2) Roma 8:23

(3) Efeso 1:14; 4:30
(4) Hebreo 9:15
b. Pagtutubos sa kamatayan ni Kristo
(1) Roma 3:24
(2) I Corinto 1:30
(3) Efeso 1:7
(4) Colosas 1:14
5. *Antilytron* (cf. I Timoteo 2:6). Ito ay isang krusyal na teksto (gaya ng sa Tito 2:14) n a nagdudugotng sa pagpapalaya sa naghahaliling kamatayan ni Hesus sa krus. Siya ang isa at tanging nag-iisang katanggap-tanggap na sakripisyo, ang isa na namatay para sa "lahat" (cf. Juan 1:29; 3:16-17; 4:42; I Timoteo 2:4; 4:10; Tito 2:11; II Pedro 3:9; I Juan 2:2; 4:14).

B. Ang teolohikal na konsepto sa NT.
1. Ang sangkatauhan ay napaalipin sa kasalanan (cf. Juan 8:34; Roma 3:10-18; 6:23).
2. Ang pagkaalipin ng sangkatauhan ay naipahayag sa OT Mosaik Kautusan (cf. Galatia 3) at sa sermon ni Hesus sa Bundok (cf. Mateo 5-7). Ang pagsasagawa ng tao ay naging sentensyang kamatayan (cf. Colosas 2:14).
3. Si Hesus, ang walang salang kordero ng Diyos, ay dumating at namatay para sa atin (cf. Juan 1:29; II Corinto 5:21). Tayo ay nabili mula sa kasalanan upang tayo ay makapaglingkod sa Diyos (cf. Roma 6).
4. Sa pagpapahiwatig ang parehong YHWH at Hesus ay mga "malapit na kamag-anak" na umaakto para sa atin. Ito ay nagpapatuloy sa pampamilyang mga metapora (i.e., ama, asawang lalake, anak, kapatid na lalake, malapit na kamag-anak).
5. Ang pagtutubos ay hindi isang presyo na binayaran kay Satanas (i.e., Medieval na teolohiya), ngunit ang pagkakasundo sa salita ng Diyos at sa katarungan ng Diyos kasama ng pag-ibig ng Diyos at ang buong probisyon kay Kristo. Sa krus ang kapayapaan ay napanumbalik, ang pagrebelde ng tao ay napatawad, ang imahe ng Diyos sa sangkatauhan ay lubusan na ngayung gumaganang muli sa matalik na pakikisama!
6. Mayroon paring panghinaharap na aspeto ng pagtutubos (cf. Roma 8:23; Efeso 1:14; 4:30), na nagsasangkot ng ating muling binuhay na katawan at personal na pagkakalapit sa Triune na Diyos. Ang ating mga muling binuhay na katawan ay magiging kagaya ng sa Kanya (cf. I Juan 3:2). Siya ay may pisikal na katawan, ngunit mayroong mga karagdagang mga aspetong dimensyonal. Napakahirap na ipaliwanag ang kabalintunaan ng I Corinto 15:12-19 kasama ng I Corinto 15:35-58. Halatang mayroong isang pisikal, makalupa ng katawan at mayroong din makalangit, espritwal na katawan. Si Hesus ay mayroon ang pareho!

**5:10 "At sila'y iyong ginawang kaharian at mga saserdote sa aming Dios"** Ito ay isang pahiwatig sa Exodo 19:6 at Isaias 61:6. Ang terminohiyang ito ay ginamit para sa Iglesya, ang bagong Dakilang Komisyon sa bayan ng Diyos (cf. Pahayag 1:6; 20:6; I Pedro 2:5,9). Tignan puna sa 1:6.

▣ **"at sila'y nangaghahari sa ibabaw ng lupa"** Ilang mga tagasalin ay nakita ito sa isang panghinaharap na pakahulugan at ang ilang ay nakita ito bilang PANGKASALUKUYAN realidad. Mayroong isang Griyegong manuskritong baryante sa pagitan ng PANGHINARAP NA PAMANAHON sa MSS ¥, P at ang PANGKASALUKUYAN PAMANAHON sa MS A (Alexandrinus). Kung ito ay nasa isang PANGKASALUKUYAN pakahulugan ito ay kahawig sa Roma 5:17 at Efeso 2:6. Kung ang PANGHINAHARAP ito ay posibleng tumatalakay sa paghahari ng bayan ng Diyos kasama si Kristo (cf. Mateo 19:28; Lucas 22:30; I Corinto 4:8; II Timoteo 2:12; Pahayag 3:21; 5:10). Maging ang panghinaharap na paghahari ay makikita sa dalawang mga paraan.
1. sa Pahayag 20:4 & 6 ito ay tila tumutukoy sa isang milenyal na paghahari
2. sa Pahayag 22:5 ito ay tila tumutukoy sa eternal na paghahari (cf. Awit 145:13; Isaias 9:7; Daniel 2:44; 7:14,18,27)
3. posibleng ang milenyum ay isang simbolo ng walang hanggan The UBS[4] ay nagbibigay sa panghinaharap na pamanahon bilang "A" na marka (tiyak).

## NATATANGING PAKSA: PAMAMAHALA SA KAHARIAN NG DIYOS

Ang konsepto ng pamamahala kasama si Kristo ay bahagi ng mas malaking kauriang teolohiko na tinatawag na "ang Kaharian ng Diyos." Ito ay isang pagpapatuloy mula sa konsepto sa OT ng Diyos bilang tunay na hari ng Israel (cf. I Samuel 8:7). Siya na namahala sa simbulo (I Samuel 8:7; 10:17-19) sa pamamagitan ng isang nagmula sa lahi ni Judah (cf. Genesis 49:10) at sa pamilya ni Jessie (cf. II Samuel 7).

Si Hesus ang katuparan ng propesiya patungkol sa Mesias. Pinasinayaan Niya ang Kaharian ng Diyos sa Kanyang pagkakatawang-tao sa Betlehem. Ang Kaharian ng Diyos ay naging pangunahing sandigan ng pangangaral ni Hesus. Ang Kaharian ay lubusang damating sa Kaniya (cf. Mateo 10:7; 11:12; 12:28; Marcos 1:15; Lucas 10:9,11; 11:20; 16:16; 17:20-21).

Gayunman, ang Kaharian ay isa ring panghinaharap (eskatolohiko). Ito ay nandito na ngunit wala pang kaganapan (cf. Mateo 6:10; 8:11; 16:28; 22:1-14; 26:29; Lucas 9:27; 11:2; 13:29; 14:10-24; 22:16,18). Si Hesus ay dumating sa unang pagkakataon bilang isang nagdurusang lingkod (cf. Isaias 52:13-53:12); bilang mapagbakumbaba (cf. Zacarias 9:9) ngunit Siya ay babalik bilang Hari ng mga (cf. Mateo 2:2; 21:5; 27:11-14). Ang konsepto ng "pamamahala" ay tiyakang isang bahagi ng "pang-kaharian" teolohiya. Ang Diyos ang nagbigay ng kaharian sa mga tagasunod ni Hesus (tingnan ang Lucas 12:32).

Ang konsepto ng pamamahala ni Kristo ay may maraming mga aspeto at mga tanong.

1. Ang mga talata ba ng nagbibigay-diin na ang Diyos ay nagbigay sa mga mananampalataya ng "kaharian" sa pamamagitan ni Kristo ay tumutukoy sa "pamamahala" (cf. Mateo 5:3,10; Lucas 12:32)?
2. Ang mga salita ba ni Hesus sa orihinal na mga alagad sa konteksto ng unang siglong Hudyo ay tumutukoy lahat sa mga mananampalataya (cf. Mateo 19:28; Lucas 22:28-30)?
3. Ang pagbibigay-diin ba ni Pablo sa pamamahala sa kasalukuyang buhay ay sumasalungat o humuhusto sa mga talata sa itaas (cf. Roma 5:17; I Corinto 4:8)?
4. Paano naging magkaugnay ang pagdurusa at pamamahala (cf. Roma 8:17; II Timoteo 2:11-12; I Pedro 4:13; Pahayag 1:9)?
5. Ang umuulit na paksa ng Pahayag is sharing the glorified Kristo's paghahari, but that paghahari is
   a. Pang-mundo, 5:10
   b. milenyo, 20:5,6
   c. walang hanggan, 2:26; 3:21; 22:5 at Daniel 7:14,18,27

## TALATA SA NASB (BINAGO): 5:11-14

**[11]At nakita ko, at narinig ko ang tinig ng maraming mga anghel sa palibot ng luklukan at ng mga nilalang na buhay at ng matatanda; at ang bilang nila ay sangpung libong tigsasangpung libo at libolibo, [12]na nangagsasabi ng malakas na tinig, "Karapatdapat ang Cordero na pinatay upang tumanggap ng kapangyarihan, at kayamanan, at karunungan, at kalakasan, at kapurihan, at kaluwalhatian, at pagpapala." [13]At ang bawa't bagay na nilalang na nasa langit, at nasa ibabaw ng lupa, at nasa ilalim ng lupa, at nasa ibabaw ng dagat, at lahat ng mga bagay na nasa mga ito, ay narinig kong nangagsasabi, "Sa kaniya na nakaupo sa luklukan, at sa Cordero ay ang pagpapala, at kapurihan, at kaluwalhatian, at paghahari, magpakailan kailan man." [14]At ang apat na nilalang na buhay ay nagsabi, "Siya nawa." At ang matatanda ay nangagpatirapa at nangagsisamba.**

**5:11 "maraming mga anghel"** Ang talatang ito ay naglista ng tatlo mga grupo ng mga anghel: (1)maraming mga anghel (libo libo); (2) nabubuhay na nilalang (apat); o (3) mga matatanda (dalawamput-apat).

▣ **"at ang bilang nila ay sangpung libong tigsasangpung libo at libolibo"** Ito ay tila isang pahiwatig sa makalangit korte ng Daniel 7:10 (tignan puna sa 5:1).

**5:12 "Karapatdapat ang Cordero na pinatay upang tumanggap ng kapangyarihan"** Ito ay ang apirmasyon ng Anak mula sa mala-anghel na nabubuhay. "Ay pinatay" ay isang GANAP PASAKALING BALINTIYAK (cf. 5:6; 13:8), na nagpapahiwatig "pinatay sa nakaipas" na may mga marka at epekto ng pagkitil ay nananatili. Kapag nakikita natin si Hesus mayroon parin Siyang mga marka ng pagpapako sa krus. Ang mga ito ay naging sagisag ng karangalan Niya! Ang konsepto ng krus ay walang pasubali at sentral sa Pahayag. Tignan puna sa 5:9.

Sa talatang ito may pitong mga katangian ang ibinigay ng Kordero sa pamamagitan ng mala-anghel na pagkakasunod-sunod:

1. kapangyarihan
2. kayamanan
3. karunungan
4. katapangan
5. karangalangan
6. kaluwalhatian
7. pagpapala

Ang mga katangiang ito ay maaring mula sa I Cronico 29:10-12, na maari rin na OT pinagmula para sa liturhiyang konklusyon sa Panalangin ng Panginoon sa Mateo 6:13 sa Griyegong manuskritong tradisyon.

Ang NASB Study Bible (p. 1855) ay nagdagdag ng puna na ang mga katangian ng Diyos ay nagsimula sa tatlo sa 4:11, pagkatapos ay apat sa 5:13, at sa kahulihan ay pito sa 5:12 at 7:12. Tandaan na ang apokaliptiko panitikan ay isang napakaestrukturang dyanra na gumagamit ng simbolikong mga bilang ng madalas.

**5:13** Lahat ng nag-iisip na mga taong nilikha (ang pinakamalaking posibleng koro ng mga tao), mga tao (kapwa buhay at patay) sa v. 13 nagpuri sa Ama at sa Anak kasama ng apatang pagpapala (cf. v. 14; Awit 103:19-20; Felipos 2:8-11) at ang mala-anghel na antas (ang apat na nabubuhay na nilalang at ang dalawamput- -apat na mga matatanda) pumapaligid sa trono ay nagpahayag ng pagpapala (cf. v. 14).

5:14 "Amen" Ito ay isang apirmasyon mula sa apat na tronong mga anghel (ang apat na nabubuhay na nilalang). Tignan Natatanging Paksa sa 1:6.

## MGA TALAKAYANG TANONG

Ito ay isang komentaryong gabay sa pag-aaral, na nangangahulugan na ikaw ay may pananagutan sa iyong sariling interpretasyon sa Bibliya. Ang bawat isa sa atin ay dapat lumakad sa liwanag na mayroon tayo. Ikaw, ang Bibliya, at ang Banal sa Espiritu ay pangunahin sa interpretasyon. Hindi mo dapat iasa ito sa taga-pagsuri.

Ang mga talakayang tanong na ito ay inihanda upang tulungan kang mag-isip sa pamamagitan ng mga pangunahing paksa sa bahaging ito ng aklat. Ito ay nangahulugang dapat maging mapukaw-isip, hindi pang kahulugan lamang.

1. Paanong ang mga kabanata 4 at 5 ay tumugma sa pangkalahatang layunin ng aklat?
2. Ano ang pampanitikang dyanra ng mga kabanata 4 at 5?
3. Mula sa anong mga pinagmulan si Juan ay humugot ng kanyang paglalarawan?
4. Sino ang mga matatanda?
5. Ang mga nilalang ba na inilarawan sa 4:7-10 cherubim o seraphim?
6. Ilista ang mga OT titulo ng Mesyas na natagpuan sa kabanata 5.
7. Ilista ang limahang deskripsyon ng kahalagahan ng Mesyas na natagpuan sa 5:9 at 10.

# PAHAYAG 6:1-7:17

## MGA BAHAGI NG TALATAAN NG MGA MAKABAGONG SALIN*

| UBS[4] | NKJV | NRSV | TEV | NJB |
|---|---|---|---|---|
| Ang mga Tatak o Selyo | Ang Unang Selyo: ang Manlulupig | Ang Pagbubukas ng Unang Anim na mga Selyo | Ang mga Selyo | Sinira ng Kordero ang Pitong mga Selyo |
| 6:1-2 | 6:1-2 | 6:1-2 | 6:1-2 | 6:1-2 |
| | Ikalawang Selyo: Labanan sa Mundo | | | |
| 6:3-4 | 6:3-4 | 6:3-4 | 6:3-4 | 6:3-4 |
| | Ikatlong Selyo: Kagutuman sa Mundo | | | |
| 6:5-6 | 6:5-6 | 6:5-6 | 6:5-6 | 6:5-6 |
| | Ikaapat na Selyo: Ang Laganap na Kamatayan sa Mundo | | | |
| 6:7-8 | 6:7-8 | 6:7-8 | 6:7-8 | 6:7-8 |
| | Ikalimang Selyo: Ang Pag-iyak ng mga Martir | | | |
| 6:9-11 | 6:9-11 | 6:9-11 | 6:9-11 | 6:9-11 |
| | Ikaanim na Selyo: Kosmikong Kaguluhan | | | |
| 6:12-17 | 6:12-17 | 6:12-17 | 6:12-17 | 6:12-17 |
| Ang 144,000 ng Israel ay Tinatakan | Ang Pagtatak sa Israel | Ang Intermedyo | Ang 144,000 mga Tao ng Israel | Ang mga Lingkod ng Diyos ay Iningatan |
| 7:1-8 | 7:1-8 | 7:1-8 | 7:1-8 | 7:1-8 |
| Ang Makapal na Taong Mula sa Bawat Bansa | Ang Makapal na Tao Mula sa Matinding Tribulasyon | | Ang Napakalaking Dami ng Tao | Ang Pagpapabuya sa mga Banal |
| 7:9-12 | 7:9-17 | 7:9-12 | 7:9-12 | 7:9-12 |
| 7:13-17 | | 7:13-17 | 7:13 | 7:13-17 |
| | | | 7:14a | |
| | | | 7:14b-17 | |

## IKATLONG TAPUSANG PAGBASA (tingnan p. v sa panimulang seksyon)

***PAGSUNOD SA ORIHINAL NA LAYUNIN NG MAY-AKDA AYON SA ANTAS NG TALATA***

Ito ay isang komentaryong gabay sa pag-aaral, na nangangahulugan na ikaw ay may pananagutan sa iyong sariling interpretasyon sa Bibliya. Ang bawat isa sa atin ay dapat lumakad sa liwanag na mayroon tayo. Ikaw, ang Bibliya, at ang Banal sa Espiritu ay pangunahin sa interpretasyon. Hindi mo dapat iasa ito sa taga-pagsuri.

Basahin ang kabanata ng isang upuan. Alamin ang mga paksa. Ihambing ang iyong pagkakabahagi ng paksa sa limang makabagong salin. Ang pagkakatalata ay hindi isang inspirasyon, ngunit ito'y isang susi sa pagsunod sa layunin ng may akda na siyang puso ng interpretasyon. Bawat talata ay may isa at isa lamang na paksa.

1. Unang Talata
2. Ikalawang Talata
3. Ikatlong Talata
4. Atbpa.

## KONTEKSTWAL NA MGA KAUNAWAAN

A. Ang seksyon na ito ay naguugnay ng kontekstwal sa mga kabanata 4 at 5. Ang mga kabanata 4 at 5 ay naglalarawan ng mga pangyayari sa langit, habang ang 6:1-8:1 ay naglalarawan ng paglalatag na mga hatol ng Diyos sa mundo. Sa katunayan ang, 4:1-16:21 nagbubuo ng isang pampanitikang yunit.

B. Ang pagkakailanlan ng unang mananakay (cf. v. 2) ay napakahirap, nguni ang pagpapalagay nito ay isang simbolo ng kasamaan, ang apat na mananakay ay simbolo ng mga persekusyon ng mga mananampalataya nakakaharap sa isang makasalanan, salungat na mundo (cf. Mateo 24:6-7). Ang terminong "tribulasyon" (thlipsis) ay ginamit ng palagian at nag-iisa sa persekusyon sa mga Kristyano ng mga di-mananampalataya.

Ang ikaanim na selyo na nagsisimula sa v. 12 ay naglalarawan sa poot ng Diyos sa mga di-mananampalataya. Ang mga mananampalataya ay hindi kasama sa poot (*orgē*, cf. v. 16) ng Diyos, ngunit sila man rin ay nakakaharap ng persekusyon at galit ng di-mananampalatayang mundo.

C. Mayroong tatlong pangunahing mga pakahulugang mga problema sa seksyon na ito.
1. paanong ang mga selyo, mga trumpeta, at mga mangkok ay kaugnay sa bawat isa sa kasaysayan
2. sino ang mga 144,000 ng 7:4 at paano sila nauugnay sa ikalawang grupo na binanggit sa 7:9
3. saang periyod ng tribulasyon at anong tipo ng tribulasyon ang mga grupong ito sa 7:14 tumutukoy

## SALITA AT PARIRALANG PAG-AARAL

**TALATA SA NASB (BINAGO): 6:1-2**

**[1]At nakita ko nang buksan ng Cordero ang isa sa pitong tatak, at narinig ko sa isa sa apat na nilalang na buhay, na nagsalitang gaya ng tunog ng kulog, "Halika." [2]At tumingin ako, at narito, ang isang kabayong maputi, at yaong nakasakay dito ay may isang busog; at binigyan siya ng isang putong: at siya'y yumaong nagtatagumpay, at upang magtagumpay.**

**6:1 "nang buksan ng Cordero ang isa sa pitong tatak"** Ang talatang ito ay nagpapakita ng koneksyon sa pagitan ng mga kabanata 5 at 6. Ang mga selyong ito ay sinira bago ang aklat at binasa, kaya maraming mga interpreter ay nagpalagay na sila ay mga kumakatawang mga problema na nangyari sa bawat panahon (cf. Mateo 24:6-12). Gayunpaman, dahil sa lumalagong intensidad ng paghahatol, ang ilang ay nakita ito bilang kagyat na paghahanda sa pagtatapos ng panahon. Narito ang nagpapakahulgang tensyon sa pagitan ng kaharian bilang PANGKASALUKUYAN at PANGHINAHARAP. Mayroong pagdadaloy sa NT sa pagitan ng "na" at ang "hindi pa." Ang aklat ng Pahayag mismo ang naglarawan ng tensyon na ito. Ito ay isinulat para sa mga inusig na mga mananampalataya ng unang siglo (at bawat siglo) subalit propetikong tinalakay ang huling henerasyon ng mga mananampalataya. Ang mga tribulasyon ay karaniwan sa bawat panahon!

Ang ika-pitong selyo ay ang pitong mga mga trumpeta at ang ika-pitong trumpeta ay ang pito mga mangkok. Na gaya na rin ng pinuna, bawat isa ay mas matindi kaysa sa nauna Ang unang dalawa ay may nagtutubos na layunin. Sila ay pangunahing nagpapakita na ang paghahatol ng Diyosay patas sapagkat ang mga di-mananampalataya ay hindi magsisisi, kaya ang huling siklo (i.e., mga mangkok)ay walang pagkakataon para sa pagsisisi, tanging kahatulan! Ngunit tila para sa akin na ang ikaanim na selyo at ang ikaanim na trumpeta ay naglalarawan sa pagwawakas ng panahon. Samakatuwid, ang mga ito ay kasabay sa kalikasan at hindi sa kronolohikal na sekwensiya.

Ang Ikalawang Pagdating ay tinalakay ng tatlong beses, sa hulihan ng mga selyo (cf. 6:12-17) at mga trumpeta (cf. 11:15-18), at hindi lamang sa hulihan ng mga mangkok sa 16:17-21 at muli sa kabanata 19:11-21. Ito ang estruktural na tularan ng aklat. Ito ay isang apokaliptikong dula sa ilang mga akto! Tignan Panimula sa Pahayag, C.

▣ **"isa sa apat na nilalang na buhay, na nagsalitang gaya ng tunog ng kulog"** Ang apat na nabubuhay na nilalang, gaya ng mga matatanda, ay mga lebel ng mala-anghel na nilikha. Ang boses na ito, gaya ng kulog, ay binanggit rin sa 14:2 at 19:6.

▣ **"'Halika'"** Ang terminong ito ay nangahulugan alinman sa "dumatin" o "umalis." Ang teksto ng sinauna Griyego unsyal na manuskrito na Sinaiticus (¥) ay nagdagdag "at nakita" (cf. KJV, NKJV, n a maaring tumukoy sa Juan),ngunit Alexandrinus (A) ay mayroon lamang "dumating" (na maaring tumukoy sa apat na mga kabayo). UBS4 ay nagbigay ng mas maikling anyo na "B" na marka (halos tiyak). Sa konteksto ang kautusang ito (PANGKASALUKUYANG PAUTOS) ay <u>hindi</u> tumutukoy kay Juan o sa the iglesya, kundi sa apat na mangangabayo (cf. 6:3,5,7).

**6:2 "At tumingin ako, at narito, ang isang kabayong maputi"** Ang kontekstong ito ay isang alusyon sa Zacarias 1:8 (ang apat na kabayo) at 6:1-8 (ang apat na kalesa).

Mayroong naging matinding talakayan patungkol sa pagkakakilanlan ng mangangabayo na ito. Ang mga interpretasyon ay sa pagitan ng lahat ng mula kay Hesus (Irenaeus) hanggang sa Antikristo. Dahil sa uri ng kalituhan na ito, ang dogmatismo ay hindi naangkop. Ang ilan ay naniniwala na ito ay tumutukoy kay Kristo dahil sa kahawig na deskripsyon na natagpuan sa 19:11-21, ngunit tanging ang pagkakahalintulad ay tila ang kulay ng kabayo. Ang iba ay nakita ito bilang isang reperensiya sa pagkakalat ng ebanghelyo. Ito ay dahil nakikita nila ang mga kabanatang ito bilang paghahanay sa Usapan sa Olibo ng Mateo 24; Marcos 13, at Lucas 21. Samakatuwid, ito ay pinagpalagay na isang reperensiya sa Mateo 24:14 at Marcos 13:10.

Iminungkahi na, batay sa Ezekiel 39, na ito ay tumutukoy sa Gog na pinangungunahan ang kanyang mga tropa laban sa bayan ng Diyos. Ito ay maaring nagsisimbolo sa pangwakas na panahong Antikristo (cf. II Tesalonica 2). Ito ay tila

sobrang hindi karaniwan na ang anghel ay makakapag-utos kay Hesus na pumarito. Bagamat si Hesus ay may suot na korona sa mga kabanata 6 at 19, ang Griyegong mga salita ay naglalarawan sa mga koronang ito ay magkaiba. Doon, si Hesus ay tinawag na "matapat at totoo," hindi dito. Ang pananakop ng mananakop ay hindi naglalarawan ng lubusan. Ang mananakay ay naglalarawan na may dalang isang pana sa kabanata 6, ngunit sa kabanata 19, si Kristo ay may dobleng talim na espada sa Kanyang bibig, samakatuwid, ang pagkakapareho ay malayong nalililiman ng mga pagkakaiba. Ito ay maaring isa lamang sa salot ng OT. Ang mga salot, na isang alusyon sa Levitico 26 at Ezekiel 14:21, ay binaybay sa v. 8. Ang puti ay hindi lamang ang tanging kulay na nagsimbolo para sa katuwiran, ngunit isa ring Romanong simbolo ng militar na tagumpay. Ang Romanong heneral na naging matagumpay sa labanan ay nakasakay sa kalesa sa mga lansangan ng Roma na hila-hila ng mga puting kabayo.

▣ **"at yaong nakasakay dito ay may isang busog"** Ang pana ay ang sandatang kinatatakutan ng mga inimuntar na tagapana ng Parthian Hordes (na nakasakay sa puting mga kabayo). Ang pana ay madalas na ginamit sa OT upang maglarawan kay YHWH bilang Mandirigma (cf. Awit 45:4-5; Isaias 41:2; 49:2-3; Habakkuk 3:9; Zacarias 9:13 at posibleng Genesis 9:13). Mayroon ring mga halimbawa kay YHWH na naghahatol sa ibang mga bansa na metapora ng Kanyang pagsisira ng kanilang mga pana (cf Awit 46:9; Jeremias 51:56 at Hosea 1:5).

▣ **"at binigyan siya ng isang putong"** Ito ay isang"*stephanos*" putong, ibig sabihin putong ng mananagumpay, habang ang isa ay binanggit sa 19:11 kay Kristo ay ang "*diadema*," isang maharlikang putong.

▣ **"at siya'y yumaong nagtatagumpay, at upang magtagumpay"** Ang mga simbolo sa v. 1 ay para sa digmaan at pananakop. Dahil sa una at ikalawang mga mangangabayo ay inilarawan na may kaparehong mga layunin, ang ilang ay nakita ang unang ito bilang isang digmaan ng pananakop at ang ikalawa ay isang sibil na digmaan. Ito ay espekulasyon, ngunit ang dalawang mga kabayo ay parang kahanay.

## TALATA SA NASB (BINAGO): 6:3-4

**[3]At nang buksan niya ang ikalawang tatak, ay narinig ko sa ikalawang nilalang na buhay, na sinasabi, "Halika." [4]At may lumabas na ibang kabayo, na kabayong mapula: at ang nakasakay dito, ay pinagkaloobang magalis sa lupa ng kapayapaan, at upang mangagpatayan ang isa't isa: at binigyan siya ng isang malaking tabak.**

**6:4 "ibang kabayo, na kabayong mapula**" Ito ay isang alusyon sa ilang uri ng militar na pagpatay.

▣ **"at binigyan siya ng isang malaking tabak"** Ito ang maliit na Romanong tabak na tinawag na "machaira." Ito ay isinuot sa sinturon ng Romanong mga sundalo at ginamit para sa kapital na kaparusahan ng Romanong mamayan (cf. Roma 13:4). Ang parirala na "ang mga tao ay magpapatayan sa bawat isa" ay nakakainteres dahil sa OT ito ay isa sa mga paraan ni YHWH na ginamit ng Kanyang bayan upang lupigin ang kaaway (cf. Hukom 7:22; I Samuel 14:20; II Cronico 20:22).

## TALATA SA NASB (BINAGO): 6:5-6

**[5]At nang buksan niya ang ikatlong tatak, ay narinig ko sa ikatlong nilalang na buhay, na nagsasabi, "Halika." At tumingin ako, at narito, ang isang kabayong maitim; at yaong nakasakay dito ay may isang timbangan sa kaniyang kamay. [6] At narinig ko ang gaya ng isang tinig sa gitna ng apat na nilalang na buhay na nagsasabi, "Sa isang denario ay isang takal na trigo, at sa isang denario ay tatlong takal na sebada; at huwag mong ipahamak ang langis at ang alak."**

**6:5 "At tumingin ako, at narito, ang isang kabayong maitim"** Ito ay isang simbolo ng taggutom (cf. Mateo 24:7) na sumusunod sa digmaan.

**6:6 "Sa isang denario ay isang takal na trigo"** Ang denario ay isang araw na sahod para sa isang sundalo o mangagawa (cf. Mateo 20:2). Natutunan natin mula kay Herodotus na ito ay makakabili ng normal na dami ng pagkain na kinakailangan para sa isang tao sa isang araw. Ito ay nagpapakita ng katindihan ng taggutom: na ang isang tao ay magtratrabaho ng isang araw at magkakaroon lamang ng isang beses na pagkain para sa kanyang sarili.

## NATATANGING PAKSA: MGA BARYA NA GINAMIT SA PALESTINA SA PANAHON NI HESUS

I. Tanso na mga barya
   A. *cherma* – maliit na halaga (cf. Juan 2:15)
   B. *chalchos* – maliit na halaga (cf. Mateo 10:9; Marcos 12:41)

C. *assarion* – isang Romanong tanso na barya na nagkakahalaga ng mahigit 1/16 ng isang *dēnarius* (cf. Mateo 10:29)

D. *kodrantes* – isang Romanong tanso na barya na nagkakahalaga ng mahigit 1/64 ng isang *dēnarius* (cf. Mateo 5:26)

E. *lepton* – isang makaHudyong tanso na barya na nagkakahalaga ng mahigit 1/128 ng isang *dēnarius* (cf. Marcos 12:42; Lucas 21:2)

F. *quadrans/farthing* – isang Romanong tanso na barya na may maliit na halaga

II. Pilak na mga barya

A. *arguros* ("Pilak na barya") – higit na may halaga kaysa sa tanso o bronze na barya(cf. Mateo 10:9; 26:15)

B. *dēnarius* – isang Romanong Pilak na barya na nagkakahalaga ng isang araw na pagtratrabaho (cf. Mateo 18:28; Marcos 6:37)

C. *drachm*s – isang Griyegong Pilak na barya na kapareho ng halaga ng isang *dēnarius* (cf. Lucas 15:9)

D. *di-drachmon* – ang dobleng *drachmas* ay kapareho ng isang makaHudyong ½ ng shekel (cf. Mateo 17:24)

E. *statēr* – isang Pilak na barya na may halagang mahigit sa apat na *dēnarii* (cf. Mateo 17:27)

III. Ginto na barya– *chrusos* ("Ginto na baryas") – pinakamahalagang barya (cf. Mateo 10:9)

IV. Pangkalahatang Termino para sa timbang ng mga metal

A. *mnaa* – Latin *mina*, isang bigat ng metal na nagkakahalaga ng 100 ng *dēnarii* (cf. Lucas 19:13)

B. *talanton* – isang Griyego panukat ng timbang (cf. Mateo 18:24; 25:15,16,20,24,25,28)

1. Pilak ang halaga ay 6,000 *dēnarii*
2. Ginto ang halaga 180,000 *dēnarii*

C. *sheqel* –isang makaHudyong sa OT na timbang ng Pilak (cf. Genesis 23:15; 37:28; Exodo 21:32)

1. *p[illegible]m* – 2/3 shekel
2. *beka* – ½ shekel
3. *gerah* – 1/20 shekel

Mas malaking mga panukat

1. *maneh* – 50 shekels
2. *kikkar* – 3,000 shekels

▣ **"at sa isang denario ay tatlong takal na sebada"** ang Barley ay isang pangunahing diyeta ng mahihirap. Ang Griyegong salita na ito "kuwarts" ay *"choinix"* at katumbas ng 1.92 pinta.

▣ **"at huwag mong ipahamak ang langis at ang alak**" Nakakamangha kung gaano karami ang mga interpretasyon mayroon ang mga detalyeng ito. marami ang nagsubok na bumalik sa Trmplong balumbon ng Dead Sea Scrolls upang makakuha ng ilang mga alusyon sa Hudyong mga sakripisyo. Langis at alak at pangunahing diyeta ng Mediterranean mga tao. Ang katotohanan na ang ito ay hindi makakasakit na nagpapakita ng isang limitadong taggutom. Ang limitasyon ay makikita rin sa v. 8. Ang Diyos ay nililimitahan ang Kanyang paghatol upang ang di-mananampalataya ay magkakaroon ng panahon upang magsisi (cf. 16:9). Posible rin na ang kapwa ay ginamit para sa medikal na mga layunin.

## TALATA SA NASB (BINAGO): 6:7-8

**7 At nang buksan niya ang ikaapat na tatak, ay narinig ko ang tinig ng ikaapat na nilalang na buhay na nagsasabi, "Halika." 8 At tumingin ako, at narito, ang isang kabayong maputla: at ang nakasakay dito ay may pangalang Kamatayan; at ang Hades ay sumusunod sa kaniya. At sila'y pinagkalooban ng kapamahalaan sa ikaapat na bahagi ng lupa, na pumatay sa pamamagitan ng tabak, at ng gutom, at ng salot, at ng mga ganid na hayop sa lupa.**

**6:8**

| | |
|---|---|
| **NASB** | **"ang isang kabayong maputla"** |
| **NKJV** | **"isang maputlang kabayo"** |
| **NRSV** | **"maputlang berdeng kabayo"** |
| **TEV** | **"isang maputlang kinulayan na kabayo"** |
| **NJB** | **"isang mamatay na kabayo"** |

Ang terminong "maputla" tumukoy sa isang madilaw na berde o mapusyaw na puting kulay. Sa Englis nakuha ang salitang "chlorine" mula sa Griyegong salita. Posibleng ito ang kulay ng isang katawan ng patay. Dahil ang listahan ang mga kaparaanan ng kamatayan sa v. 8, ito ay maaring tumutukoy doon sa mga pinatay o kinain ng mga mababangis na hayop, na isa

sa OT mga sumpa (cf. Levitico 26:22; Jeremias 15:3; Ezekiel 5:17; 14:21).

▣ **"ang nakasakay dito ay may pangalang Kamatayan; at ang Hades ay sumusunod sa kaniya"** Ito ay isang OT alusyon sa Kawikaan 5:5 o Hosea 13:14. Ito ay isang personipikasyon ng mga termino para sa terminasyon ng pisikal na buhay. Ang dalawang mga termino ay ginamut ng tatlong beses na magkasama sa Pahayag (cf. 1:18; 20:13-14).

Ang terminong "*Hades*" ay magkasingkahulugan sa OT termino "*Sheol*," na ibig sabihin ay "ang pinaglalagayan ng mga patay." Tignan Natatanging Paksa: Nasaan ang mga Patay? sa 1:18.

▣ **"At sila'y pinagkalooban ng kapamahalaan sa ikaapat na bahagi ng lupa,"** Pansinin ang PANGHALIP "kanila" ay tumutukoy sa lahat ng apat na mga kabayo at kanilang mga mananakay. Mayroong isang intensipikasyon ng paghahatol sa mga trumpeta (i.e.,ikatlong bahagi, cf. 8:7,8,10,12); mayroong kompletong destruksyon sa mga mangkok (cf. 16:1-21). Ang mga praksyon na ito ay isang kasangkapan upang ipakita ang mga paghahatol ng Diyos ay may isang pagtutubos na layunin (cf. 9:20- 21; 14:7; 16:9,11), ngunit ang makasalanan, pinatigas na sangkatauhan ay maaring hindi tumugon (Bagamat ang ilan ay maaring mayroon, cf. 11:13).

▣ **"na pumatay sa pamamagitan"** Ang apat na mangangabayo na ito ay kumakatawan sa OT tipanag mga paghahatol (cf. Levitico 26:21-26; Jeremias 15:2-3; 24:10; 27:8; 29:17- 18; 32:24,36; 34:17; Ezekiel 5:12,17; 14:21; Amos 4:6-10). Ang termino para sa "tabak" ay iba mula sa v. 4. Ito ay tumutukoy sa malaking labananan ng tabak, *hromphaia*. Lahat ng apat na OT na mga paghahatol ng digmaan,taggutom, salot, at mababangis na mga hayop ay inilista sa Levitico 26:21-26 at Ezekiel 14:21. Ang tipanang mga paghahatol na ito ay malinaw na tinalakay sa Deutronomio 27-29. Tandaan, sa orihinal ang kanilang mga layunin ay nagdulot sa Israel na magsisi at muling bumalik kay YHWH. Sila ay gumagawa sa kaparehong pagtutubos na pakahulugan dito (cf. 9:20-21; 11:13; 14:7; 16:9,11).

TALATA SA NASB (BINAGO): **6:9-11**

**[9]At nang buksan niya ang ikalimang tatak, ay nakita ko sa ilalim ng dambana ang mga kaluluwa ng mga pinatay dahil sa salita ng Diyos, at dahil sa patotoong sumakanila; [10] at sila'y sumigaw ng tinig na malakas, na nagsasabi, "Hanggang kailan, Oh Panginoong banal at totoo, hindi mo hahatulan at ipaghihiganti ang aming dugo, sa mga nananahan sa ibabaw ng lupa?" [11]At binigyan ang bawa't isa sa kanila ng isang maputing balabal; at sa kanila'y sinabi, na mangagpahinga pa ng kaunting panahon, hanggang sa maganap ang *bilang* ng kanilang mga kapuwa alipin at ng kanilang mga kapatid, na mga papatayin namang gaya nila.**

**6:9 "ay nakita ko sa ilalim ng dambana"** Mayroong matinding talakayan patungkolsa kung aling ito tumutukoy. Ang termino para sa "altar" ay ginamit ng medyo madalas sa Pahayag (cf. 8:3,5; 9:13; 11:1; 14:18; 16:7). Ang ilan ay naniniwala na ito tumutukoy sa sakripisyal na altar na binanggit sa Levitico 4:7 at ni Pablo sa Felipos 2:17, habang ang iba ay naniwala na ang altar ng ito ng insenso sa Banal na Lugar ng Tabernakulo (cf. 8:3-5) o templo ng Pahayag 11:1. Ito marahil ang altar ng sakripisyo sapagkat

1. ang mga rabi ay nakita ito bilang isang lugar ng dakilang karangalan
2. ito ay tumutukoy sa kamatayan (i.e., dugo) ng martir

Maaring itanong na, "Bakit ang mga martir ay nagsama sa ilalim ng?" Tandaan na sa OT "dugo" ay ang simbolo ng buhay (cf. Genesis 9:4; Levitico 17:11,14). Sa sakripisyal na sistema ng Israel ang dugo ay hindi inilagay sa mga sungay ng sakripisyal na altar, ngunit ito ay ibinuhos sa patungan (i.e., Exodo 29:12; Levitico 4:7,18,25; 8:15; 9:9). Samakatuwid, ang buhay (i.e.,mga kaluluwa) ng pinatay na mga martir ay nasa patungan ng altar.

▣ **"ang mga kaluluwa ng mga pinatay"** Ang mga kaluluwa ay mga walang katawan (sa pagitan ng kamatayan at resureksyon) naging martir na mga mananampalataya (cf. 13:15; 18:24; 20:4). Ito ay nakakabigla dahil ito ay mas higit sa isang Griyegong kaisipan kaysa sa isang Hebreong konsepto. Lahat ng ga Kristyano ay tinawag upang maging martir kung hinihingi ng sitwasyon (cf. 2:10,13; Mateo 10:38-39; 16:24).

Tila walang koneksyon sa pagitan doon sa mga pinatay ng apat na mangangabayo ng 6:1-8 at ang mga martir na ito!

▣

| | |
|---|---|
| **NASB** | **"dahil sa salita ng Dios, at dahil sa patotoong sumakanila"** |
| **NKJV** | **"dahil sa salita ng Diyos at para sa testimonya na kanilang pinanghawakan"** |
| **NRSV** | **"para sa salita ng Diyos at para sa testimonya na kanilang ibinigay"** |
| **TEV** | **"sapagkat sila ay nagprokalam ng salita ng Diyos at nagign tapat sa kanilang mga patotoo"** |
| **NJB** | **"sa tala ng Salita ng Diyos, para sa pagpapatotoo nito"** |

Ang pariralang ito ay ang pabalik-balik na tema sa Pahayag (cf. 1:9; 12:11,17; 19:10; 20:4). Ito ay napakapareho sa kahulgan sa parirala na "sa kanya na nakapanaig" (cf. 2:6,11,17,26; 3:5,12,21). Ang mga ito ay pinatay dahil sa sila at aktibong mga Kristyano.

**6:10 "Hanggang kailan. . . hindi mo hahatulan at ipaghihiganti ang aming dugo"** Maraming mga komentarista ay tinigna ito bilang mas mababang uri na Kristyano. Ito ay marahil sa ang mga komentaristang ito ay hindi nakaranas ng matinding persekusyon mula sa di-mananampalataya. Ang mga tao na ito ay hindi nanghingi ng paghihigante, ngunit para sa katarungan! Ito ay maaring isang alusyon sa Deutronomio 32:43 (cf. Pahayag 19:2). Ang kahilingin na ito ay sumusunod sa admonisyon ni Pablo sa Roma 12:19.

▣ **"O Panginoon"** Ang termino na "Panginoon" (*despotēs*) ay naglalarawan ng total na awtoridad. Nakuha natin ang Englis na termino "despota" mula sa Griyegong salita na ito. Ito ay ginamit kay YHWH sa Lucas 2:29 at Gawa 4:24 at kay Hesus sa II Pedro 2:1 at Jude v. 4.

▣ **"sa mga nananahan sa ibabaw ng lupa"** Ito ay isang napakakaraniwang parirala sa Pahayag; ito ay laging tumutukoy sa mga di-mananampalataya (cf. 3:10; 8:13; 11:10; 13:8,12,14; 17:2,8).

**6:11** "**At binigyan ang bawa't isa sa kanila ng isang maputing balabal;**" Ito ay isang metapora para sa "kapahingahan," "kaligayahan," o "katagumpayan." Para sa ilan ang teolohikal na problema ay kasangkot dito ay kung paano ang walang katawan na kaluluwa ay maaring makapagsuot ng isang piraso ng damit. Maging maingat sa hayper na literalismo, lalo na sa pag-iinterpret ng isang apokaliptikong drama! Ang katotohanan na ang mga komentarista ay tinatalakay ito ay nagpapakita kung gaano katindi nila hindi naunawaan ang dyanra ng aklat! Huwag ipilit ang mga detalye sa Pahayag!

▣ **"hanggang sa maganap ang bilang ng kanilang mga kapuwa alipin at ng kanilang mga kapatid, na mga papatayin namang gaya nila"** Isang pangunahing mga katotohanan ng aklat na ito ay ang Diyos ay may kontrol ng lahat ng mga bagay (cf. v. 8), maging sa kamatayan ng mga Kristyanong martir! Lahat ng kasaysayan ay nasa Kanyang kamay. Ang Diyos ay hindi nasorpresa sa anumang mga pangyayari, mga aksyon, o kalalabasan. Subalit mayroon paring sakit, pagdurusa, at pagkawalang katarungan sa makasalanang mundo na ito. Para isang mabuting talakayan ng problema ng kasamaan tigna John W. Wenham's *The Goodness of God*.

Ang konseptong ito ng isang natapos na bilang mga martir (cf. I Enoch 47:4) ay isang simbolikong paraan ng pagtutukoy sa kaalaman ng Diyos at plano para sa sangkatauhan. Ang kaparehong konseptong ito ni Pablo sa kapunuan ng mga Hentil" (cf. Roma 11:12,25) na tumutukoy sa kaalaman ng Diyos sa lahat ng mga Hentil na maliligtas.

## TALATA SA NASB (BINAGO): 6:12-17

**[12]At nakita ko nang buksan niya ang ikaanim na tatak, at nagkaroon ng malakas na lindol; at ang araw ay umitim na gaya ng isang magaspang na kayong buhok na maitim, at ang buong buwan ay naging gaya ng dugo; [13]At ang mga bituin sa langit ay nangahulog sa lupa, gaya ng puno ng igos na isinasambulat ang kaniyang mga bungang bubot pagka hinahampas ng malakas na hangin. [14]At ang langit ay nahawi na gaya ng isang lulong aklat kung nalululon; at ang bawa't bundok at pulo ay naalis sa kanilang kinatatayuan. [15]At ang mga hari sa lupa, at ang mga prinsipe, at ang mga pangulong kapitan, at ang mayayaman, at ang mga makapangyarihan, at ang bawa't alipin at ang bawa't laya, ay nagsipagtago sa mga yungib at sa mga bato sa mga bundok; [16]At sinasabi nila sa mga bundok at sa mga bato, "Mahulog kayo sa amin, at kami'y inyong itago sa mukha noong nakaupo sa luklukan, at sa galit ng Cordero; [17]Sapagka't dumating na ang dakilang araw ng kanilang kagalitan; at sino ang makatatayo?"**

**6:12 "buksan niya ang ikaanim na tatak"** Ang talatang ito ay Hudyo apokaliptikong wika para sa pagwawakas ng panahon (cf. Joel 2:30-31; 3:15-16; Isaias 13:9,10; 34:4; Jeremias 4:23-28; Haggai 2:6; Mateo 24:29; at *The Assumption of Moses*, 10:5). Pansinin ang pitong mga bagay sa vv. 12-14. Ang wikang ito ay ginamit sa OT para sa Araw ng Panginoon. Ang gamit nito dito ay ang ikaanim na selyo at sa kalaunan sa ikaanim na trumpeta ay ang isang rason, Ako ay naniniwala, na ang bawat isang serye ng pitong ay nagtatapos sa pagtatapos ng panahon, ang Ikalawang Pagdating ni Kristo (cf. 6:12-17; 11:15-18; 14:14-20; 16:17-21; 19:11-21; 22:6-16). Ang Pahayag ay <u>hindi</u> kronolohikal na sekwensyal. Ito ay isang drama ng pitong mga akto.

▣ **"nagkaroon ng malakas na lindol"** Mayroong maraming mga lindol na binanggit sa aklat na ito (cf. 8:5; 11:13,19; 16:18). Nakakaaliw na pansinin na mayroong pitong mga aspeto ng pangwakas na panahon na ito, ang apokaliptikong pangyayari. Mayroon ding pitong magkaibang mga kategorya na inilista sa v. 15 (Tignan Natatanging Paksa: Simbolikong Bilang sa Kasulatan sa 1:4). Ito ay isang halimbawa mataas na estrukturang, pampanitikang tularan ng apokaliptikong panitikan (cf. 5:12).

▣ **"ang araw ay umitim na gaya ng isang magaspang na kayong buhok na maitim . . ang buong buwan ay naging gaya ng dugo"** Ito ay isang OT alusyon sa araw ng paghahatol (cf. Isaias 13:10; 24:23; 50:3; Ezekiel 32:7; Joel 2:2,10,31; 3:15; Mateo 24:29; Marcos 13:24-25; Lucas 21:25).

**6:13 "At ang mga bituin sa langit ay nangahulog sa lupa"** Ang metaporang ito ay maaring may dalawang pinagmulan:

1. ang estabilidad ng nilikhang ayos ng Diyos (cf. Job 38:31-33; Awit 89:36-37; Isaias 13:10; Jeremias 31:35-36; 37:20-26; Enoch 2:1) ay natunaw sa gitna ng mga paghatol ng Diyos (cf. Mateo 24:29)
2. ang mga bituin ay bumagsak sa isang karaniwang intertestamental apokaliptikong metapora (na madalas na tumutukoy sa mga anghel, i.e., 12:4; Daniel 8:10) Sa kontekstong ito ang #1 ang tumugma ng pinakamainam.

**6:14 "ng mga bituin sa langit ay nangahulog sa lupa"** Ang sinauna ay tinignan ang alapaap bilang isang solidong doma ng inunat na balat (cf. Job 22:14; Awit 104:2; Kawikaan 8:27; Isaias 40:22). Ito ay isang metapora ng diyos na pumasok sa natural na pagkakaayos (cf. Isaias 34:4).

▣ **"at ang bawa't bundok at pulo ay naalis sa kanilang kinatatayuan"** Sa OT, kapag ang Diyos ay binista ang Kanyang nilikha, alinman na para sa pagpapala o sa paghahatol, ito ay nakakapangatal. Ang deskripsyon ay madalas na inilarawan sa apokaliptikong mga termino. A n g m g a Talata 15-17 ay naglalarawan ng poot ng Diyos sa mga di-nananampalatayang mga taga-usig (cf. 16:20). Ang mga kaparehong deskripsyon na ito ay ginamit sa OT upang gumawa ng mas madaling pisikal na daanan sa presensya ng Diyos, gaya ng pagpapababa ng mga bundok, pagpapatuyo ng mga ilog, atbpa. (cf. Isaias 40:4).

**6:15 "ay nagsipagtago sa mga yungib at sa mga bato sa mga bundok"** Habang ang mga inusig na bayan ng Diyos nay kailangang magtago mula sa persekusyon di-mananampalataya (cf. Hebreo 11:38), kaya ngayon ang mga mayaman at makapangyarihan (posibleng alusyon sa Awit 2:2) ay naghahanap ng kanlungan mula sapoot ng Diyos (cf. Isaias 2:10,19,21). Ang talatang ito ay naglalarawan ng maksalanan, di-naniniwalang sangkatauhan sa pitong mga paraan. Ang paggamit ng pitong ito ay pangunahing tularan sa aklat ng Juan (Tignan Natatanging Paksa sa 1:4).

**6:16 "Mahulog kayo sa amin, at kami'y inyong itago sa mukha noong nakaupo sa luklukan,:"** Ito ay isang alusyon sa Hosea 10:8 (cf. Isaias 2:19,21 at Lucas 23:30). Pansinin ang galit ng Ama at ang Anak ay magkadugtong habang sila ay nalulumbay sa kung ano ang nangyari sa kanilang pamilya ng pananampalataya. Sila ay umakto sa kasaysayan upang maipagtanggol ang matapat at parusahan ang mga mapanghimagsik (cf. Galacia 6:7).

▣ **"at sa galit ng Cordero"** Ito ay isang makapangyarihang pinaghalong metapora. Ang imahe na ito ay isang matagumpay na kordero ay mula sa Hudyong interbiblikal na panitikan. Para sa "poot" (*orge*) tignan puna sa 7:14.

**6:17** Ang Talata 17 ay tila isang alusyon alinman sa Joel 2:11 o Malakias 3:2. Maraming mga komentarista ay naniwala na ang v. 17 ay naglalatag ng entablado para sa intermisyon na natagpuan sa kabanata 7, na nagtatangka na sagutin ang katanungan, "Paano naman ang mga mananampalataya na nasa mundo pa sa panahon ng apokaliptikong pangyayaring ito at sa mga serye ng paghahatol?" Mayroong lagingf debate sa mga komentarista kung ang mga selyo sa kabanata 6 ay nagtutubos o judisyal (cf. 9:20-21; 14:7-8; 16:9,11). A n g kabanata 6 ay tumutukoy paghahatol ng Diyos sa di-mananampalataya na tumanggi na maniwala. Ang mga paghahatol ay nagsimula sa mabungang 1/4 ng mundo, pagkatapos 1/3 at sa katapusan sa mga mangkok ang kabuuang di-naniniwalang mundo (cf. Zephania 1:14-18).

## KONTEKSTWAL NG MGA KAUNAWAAN SA 7:1-17

A. Ang mga kabanata 7 nagbubuo ng isang intermisyon sa pagitan ng ikaanim na selyo at ang pagbukas ng ikapitong selyo (cf. 8:1, gaya ng sa 10:1-11:13 sa pagitan ng ikaanim at ikapitong mga trumpeta). Ito ay tumatalakay sa mga tanong kung ano ang nangyayari sa mga mananampalataya sa panahon ng mga siklong ito ng paghahatol ng Diyos sa di-mananampalataya. Ang ikapitong selyo ay naging ang pitong mga trumpeta.

B. Ang intermisyong ito ay tumatalakay sa dalawang mga grupo ng mga mananampalataya
   1. Ang 144,000 mua sa Labindalawang mga Tribu sa mundo (cf. vv. 1-8, esp. v. 4)
   2. Ang di-mabilang na mga tao mula sa mga tribu ng buong mundo na ngayon ay nasa langit na (cf. vv.9-17, lalo na v. 9)

C. Ang Diyos ay gumagalaw sa makapangyarihan, nagproprotekta, may kasiguraduhang mga paraan para sa Kanyang bayan. Walang pagkakaiba sa Pahayag sa pagitan ng naniniwalang mga Hudyo at mga Hentil (cf. Roma 2:28-29; 3:22; I Corinto 12:13; Galacia 3:28; Col. 3:11). Ang panlahing distinksyon ng OT ay naging unibersalismo tungo sa mga mananampalataya at di-mananampalataya.

## SALITA AT PARIRALANG PAG-AARAL

**TALATA SA NASB (BINAGO): 7:1-3**

**[1]At pagkatapos nito ay nakita ko ang apat na anghel na nakatayo sa apat na sulok ng lupa, na pinipigil ang apat na hangin ng lupa, upang huwag humihip ang hangin sa lupa, o sa dagat man, o sa anomang punong kahoy.**

**[2]At nakita ko ang ibang anghel na umaakyat mula sa sikatan ng araw, na taglay ang tatak ng Diyos na buhay: at siya'y sumigaw ng tinig na malakas sa apat na anghel na pinagkaloobang maipahamak ang lupa at ang dagat, [3]na nagsasabi, "Huwag ninyong ipahamak ang lupa, kahit ang dagat, kahit ang mga punong kahoy, hanggang sa aming matatakan sa kanilang mga noo ang mga alipin ng ating Diyos."**

**7:1 "nakita ko ang apat na anghel. . . na nakatayo sa apat na sulok ng lupa, na pinipigil ang apat na hangin ng lupa"** Sa OT numerong simbolismo, ang apat ay tumukoy sa buong mundo (cf. Isaias 11:12; Jeremias 49:36; Daniel 7:2; Zacarias 1:8; 6:1,5; Mateo 24:31, Tignan Natatanging Paksa sa 1:4).

Mayroong naging ilang l mga interpretasyon ng apat na mga hangin na ito.

1. ang mga rabi ay tinignan ito bilang ang minsan sa tatlong buwan na hangin bilang masama (cf. Gawa 27:14)
2. ang ilan ay tinukoy ito sa masamang mga hangin o posibleng ang mga paghahatol ng Diyos sa Jeremias 49:36 a Daniel 7:2
3. ang ilan ay nakita ito bilang isang alusyon sa bilang na apat sa Zacarias 1:8 at 6:5, kung saan ang apat na mangangabayo at apat na mga karwahe ay mga tagapaglingkod ng Diyos sa buong mundo mundo (cf. Mateo 24:31)

▣ **"upang huwag humihip ang hangin sa lupa, o sa dagat man, o sa anomang punong kahoy"** Ito, gaya ng sa 6:6 at 8, ay nagpapakita ng limitadong paghahatol (cf. 7:3; 9:4).

**7:2 "nakita ko ang ibang anghel na umaakyat mula sa sikatan ng araw"** Ang silangan (araw) ay isang simbolo ng buhay, kalusugan, o isang bagong araw.

▣ **"na taglay ang tatak ng Dios na buhay"** Ang selyo ng Diyos ay tumukoy muli sa 9:4 at 14:1 at marahil sa 22:4. Ang selyo ni Satanas ay binanggit sa 13:16; 14:9; at 20:4. Ang layunin ng selyong ito ay kilalanin ang bayan ng Diyos upang ang poot ng Diyos ay hindi makaapekto sa kanila. Ang selyo ni Satanas ay nakikipagkilanlan sa kanyang mga tao, ng pakay ng poot ng Diyos.

Sa Pahayag ang "tribulasyon" (i.e., *thlipsis*) ay laging ang di-mananampalataya nang-uusig sa mga mananampalataya, habang ang poot/galit (i.e., *orge* o *thumos*) ay laging paghahatol ng Diyos sa di-mananampalataya upang sila ay makapagsisi at bumalik sa pananampalataya kay Kristo. Ang positibong layunin ng paghahatol ay maaring makita sa tipanang mga sumpa/pagpapala ng Deutronomio 27-28.

Ang parirala "ang buhay na Diyos" ay isang salitang paglalaro sa titulo ni YHWH (cf. Exodo 3:14; Awit 42:4; 84:2; Mateo 16:16, Tignan Natatanging Paksa at 1:8). Ang kaparehong salitang paglalaro na ito ay madalas na matatagpuan sa biblikal na mga pangako, "habang ang Panginoon ay nabubuhay."

## NATATANGING PAKSA: TATAK

Ang tatak ay maaaring isang sinaunang paraan ng pagpapakita ng

1. katotohanan (cf. Juan 3:33)
2. pagmamay-ari (cf. Juan 6:27; II Timoteo 2:19; Pahayag 7:2-3)
3. katiyakan o proteksyon (cf. Genesis 4:15; Mateo 27:66; Roma 15:28; II Corinto 1:22; Efeso 1:13; 4:30)
4. ito rin ay maaring tanda ng katotohanan ng pangako na kaloob ng Diyos (cf. Roma 4:11 at I Corinto 9:2)

Ang layunin ng tatak na ito ay upang kilalanin ang tao ng Diyos nang sa gayon ang bagsik ng Diyos ay hindi makaapekto sa kanila. Ang tatak ni Satanas ay kumikalala sa kanyang mga tao, na siyang layon ng bagsik ng Diyos. Sa Pahayag "ang kapighatian" (i.e., *thlipsis*) ay laging ang mga hindi mananampalataya na nagpapahirap sa mga mananampalataya , habang ang bagsik/galit (i.e., *orgē* or *thumos*) ay laging sa hatol ng Diyos sa mga hindi mananampalataya upang sila ay magsisi at bumalik sa pananampalataya kay Kristo. Ang positibong layuning ito ng paghuhukom ay makikita sa tipanang pagsusumpa/pagpapala ng Deuteronomio 27-28.

▣ **"sa apat na anghel na pinagkaloobang maipahamak ang lupa at ang dagat"** Ito ay isang AORIST BALINTIYAK INDIKATIBO. Ang Diyos ay may kontrol sa mga paghahatol sa mundo at di-mananampalataya. Ang Kanyang mga limitasyon sa paghahatol ay mayroong dalawang mga layunin:

1. upang ang mga mananampalataya ay hindi nila masaktan
2. upang ang mga di-mananampalataya ay makapagsisi, tumawag sa Kanyang pangalan, at magbigay sa Kanya ng luwalhati (cf. 9:20-21; 14:6-7; 16:9,11; 21:7; 22:17)

**7:3 "hanggang sa aming matatakan sa kanilang mga noo ang mga alipin ng ating Dios"** Ito ay isang alusyon sa Ezekiel 9:4,6 (cf. Pahayag 9:4; 14:1). Ang kabaligtaran ng pagseselyong ito ay si Satanas ay nagseselyo, ang marka ng halimaw (cf. 13:16,17; 14:9,11; 16:2; 19:20; 20:4).

## TALATA SA NASB (BINAGO): 7:4

[4]**At narinig ko ang bilang ng mga natatakan, na isang daan at apat na pu't apat na libo, na natatakan, sa bawa't angkan ng mga anak ni Israel:**

**7:4 "na isang daan at apat na pu't apat na libo"** Ang kaparehong misteryosong grupo na ito ay binaggit sa 14:1,3. Mayroong naging matinding diskusyon patungkol sa numero na ito at sino ang kumakatawan nito. Ang numerong ito ay simboliko, hindi literal, para sa mga sumusunod na mga dahilan.

1. ang numero mismo ay isang paikot na numero at lahat ng mga tribu ay may katumbas na numero (na kailanman ay wala sila sa OT)
2. ang numero ay pangkatan ng labindalawa na isang biblikal na numero ng organisasyon (o posibleng ang bayan ng Diyos) at sampu, na isang biblikal na numero ng komplesyon (Tignan Natatanging Paksa sa 1:4)
3. ang kabanata 7 ay nasa apokaliptikong wika
4. ang listahan ng mga tribu ng Israel ay bahagyang binago (Dan ay tinanggal, at ang Ephraim ay pinalitan ni Jose). Isang Hudyo ay malalaman na ito ay hindi para mangahulugan ng literal.

Ilang possibleng mga interpretasyon ng grupong ito ay maaring:

1. na ito ay literal na pangwakas na panahon ng nanininwalang Israel (cf. Zacarias 12:10)
2. na ito ay yaong mga bagong kombertidong mga mananampalataya na naroon pagkatapos ng sekretong raptyur ng Iglesya
3. na ito ay ang naniniwalang Hudyong natira (cf. Romans 11)
4. na ito ay titulo para sa NT Iglesya (cf. 1:6)

Ang pagseselyo ay hindi limitado sa Pahayag sa isang grupo, ngunit ito ay kumakatawan sa pagmamay-ari ng Diyos at proteksyon ng Kanyang bayan (cf. 2:20; 11:18; 19:2,5; 22:36). S i Satanas ay sinelyuhan ang lahat ng kanyang mga tagasunod (cf. 13:16,17; 14:9,11; 16:2; 19:20; 20:4), paggagaya saDiyos (cf. 3:12; 7:3;14:1; 22:4).

Ang NT ay madalas na naglalarawan sa Iglesya sa mga termino na ginamit ng Israel (cf. Roma 2:28-29; 4:11; 9:6,8; Galacia 3:29; 6:16; Felipos 3:3) at partikular sa aklat ng Pahayag kung saan ang 1:6 ang Iglesya ay tinalakay sa pamamagitan ng isang titulong ginamit sa Israel sa Exodo 19:4-6 (cf. I Pedro 2:5,9). Sa mga aklat ng Santiago (cf. 1:1) at I Pedro (cf. 1:1) ang Iglesya ay naglarawan rin bilang isang "Diaspora," ang pangalan para sa nakalat na mga Hudyo na hindi naninirahan sa Palestina.

Tila pinakamainam para sa akin sa puntong ito ng aking pag-aaral ng aklat na ito na kilalanin ang 144,000 sa v. 4 at"ang dakilang nakararami" ng v. 9 bilang ang NT bayan ng Diyos—yaong mga nagtiwala kay Kristo, ngunit tinignan sa dalawang magka-ibang mga pakahulugan (naniniwalang mga Hudyo at naniniwalang mga Hentil).

## NATATANGING PAKSA: ANG BILANG NA LABINDALAWA

Ang Labindalawa ay laging simbolong bilang ng isang organisasyon

A. sa labas ng Bibliya
   1. labindalawa mga tanda ng Zodiac
   2. labindalawa mga buwan ng taon
B. sa OT (BDB 1040 plus 797)
   1. ang mga anak ni Jacob (ang makaHudyong mga tribo)
   2. nakikita sa
      a. labindalawang haligi ng altar sa Exodo 24:4
      b. labindalawa mga alahas sa baluti ng punong saserdote (na kumakatawanwhich sa mga tribo) sa Exodo 28:21
      c. labindalawang mga tinapay sa banal na lugar ng tabernakulo sa Levitico 24:5
      d. labindalawang mga espiya na ipinadala sa Canaan sa Bilang 13 (isa sa mula sa bawat tribo)
      e. labindalawang mga pamalor (tribong mga pamantayan) sa pagrerebelde ni Korah sa Bilang 17:2
      f. labindalawang mga baton ni Josuesa Joshua 4:3,9,20
      g. labindalawang mga administratibong mga distrito sa pamamahala ni Solomon sa I Hari 4:7
      h. labindalawang mga bato sa altar ni Elijah kay YHWH sa I Hari 18:31
C. sa NT
   1. labindalawang mga apostol na pinili
   2. labindalawang mga basket ng tinapay (isa para sa bawat apostol) sa Mateo 14:20
   3. labindalawang mga trono na kung saan ang NT na mga disipulo ay nakaupo (tumtukoy sa 12 mga

tribo ng Israel) sa Mateo 19:28

4. labindalawang mga hukbo ng mga anghel para iligtas si Hesus sa Mateo 26:53
5. ang simbolismo sa Pahayag
   a. 24 mga matatanda sa trono sa 4:4
   b. 144,000 (12x12,000) sa 7:4; 14:1,3
   c. labindalawang mga bituin sa korona ng babae sa 12:1
   d. labindalawang mga tarangkahan, labindalawang mga anghel na nagpapakita ng labindalawang mga tribo sa 21:12
   e. labindalawang pundasyon ng mga bato sa bagong Herusalem at sa kanila ang mga panganlan ng labindalawa mga Apostol sa 21:14
   f. labindalawang libong mga stadia sa 21:16 (sukat ng bagong bayan, Bagong Herusalem)
   g. ang pader ay 144 cubits sa 21:17
   h. labindalawang tarangkahan na perlas sa 21:21
   i. mga puno sa bagong Herusalem na may labindalawang mga uri ng bunga (isa sa bawat buwan ) sa 22:2

## TALATA SA NASB (BINAGO): 7:5-8

**5 Sa angkan ni Juda ay labingdalawang libo ang tinatakan; Sa angkan ni Ruben ay labingdalawang libo; Sa angkan ni Gad ay labingdalawang libo, 6 Sa angkan ni Aser ay labingdalawang libo; Sa angkan ni Neftali ay labingdalawang libo; Sa angkan ni Manases ay labingdalawang libo, 7 Sa angkan ni Simeon ay labingdalawang libo; Sa angkan ni Levi ay labingdalawang libo; Sa angkan ni Isacar ay labingdalawang libo, 8 Sa angkan ni Zabulon ay labingdalawang libo; Sa angkan ni Jose ay labingdalawang libo; Sa angkan ni Benjamin ay labingdalawang libo ang tinatakan.**

**7:5 "Sa angkan ni Juda"** Ang listahan ng mga tribu sa v. 5 ay hindi sumasang-ayon sa anoman sa lagpas dalawampu na mga listahan na natagpuan sa OT. Ito ay lalo na hindi sumasang-ayon sa Ezekiel 48:2-7, na lista sa eskatolohikal na bayan ng Diyos. S i Dan ay tinanggal, si Judah ay inililstang una, S i Ephraim ay iniwan, ngunit si Jose ay inilista sa kanyang lugar at si Levi ay isinama kasama ng ibang mga mga tribu. Sinomang Hudyo ay makikilala na ang listahang ito ay iregular at dapat tanggapin ng simboliko.

F. F. Bruce, *Answers to Questions*, p. 139, ay nagbabanggit na ang dahilan na ang tribu ni Dan ay tinanggal mula sa listahan sa tradisyon ng Iglesya ay mula pa sa interpretasyon ni Irenaeus sa Jeremias 8:16 sa Septuagint. Mababasa rito ang:

> "Ating maririnig ang halinghing ng kanyang mabilis na mga kabayo papunta kay dan: ang buong lupain ay nangatog sa tunog ng halinghing ng kanyang mga kabayo; at siya ay darating, at lalapain ang lupain at ang kabuuan nito; ang bayan, at sila ay mananahan dito."

Si Irenaeus ay nakita ang pagdating ng AntiKristo na nagmumula sa tribu ni Daniel Ito ay pawang mga espekulasyon, hindi eksegesis!

## TALATA SA NASB (BINAGO): 7:9-12

**9 Pagkatapos ng mga bagay na ito ay tumingin ako, at narito, ang isang lubhang karamihan na di mabilang ng sinoman, na mula sa bawa't bansa at lahat ng mga angkan at mga bayan at mga wika, na nakatayo sa harapan ng luklukan at sa harapan ng Cordero, na nangadaramtan ng mapuputing damit, at may mga palma sa kanilang mga kamay; 10 at nagsisigawan ng tinig na malakas, na nangagsasabi, "Ang pagliligtas ay sumaaming Diyos na nakaupo sa luklukan, at sa Cordero." 11 At ang lahat ng mga anghel ay nangakatayo sa palibot ng luklukan, at ng matatanda at ng apat na nilalang na buhay; at sila'y nangagpatirapa sa harapan ng luklukan, at nangagsisamba sa Diyos, 12 Na nangagsasabi, "Siya nawa: Pagpapala at kaluwalhatian, at karunungan, at pagpapasalamat, at karangalan, at kapangyarihan, at kalakasan, nawa ang sumaaming Diyos magpakailan kailan man. Siya nawa."**

## NASB (UPDATED) TEKSTO: 7:9-12

**9 Pagkatapos ng mga bagay na ito ay tumingin ako, at narito, ang isang lubhang karamihan na di mabilang ng sinoman, na mula sa bawa't bansa at lahat ng mga angkan at mga bayan at mga wika, na nakatayo sa harapan ng luklukan at sa harapan ng Cordero, na nangadaramtan ng mapuputing damit, at may mga palma sa kanilang mga kamay; 10 at nagsisigawan ng tinig na malakas, na nangagsasabi, "Ang pagliligtas ay sumaaming Diyos na nakaupo sa luklukan, at sa Cordero." 11 At ang lahat ng mga anghel ay nangakatayo sa palibot ng luklukan, at ng matatanda at ng**

**apat na nilalang na buhay; at sila'y nangagpatirapa sa harapan ng luklukan, at nangagsisamba sa Diyos, [12]Na nangagsasabi, "Siya nawa: Pagpapala at kaluwalhatian, at karunungan, at pagpapasalamat, at karangalan, at kapangyarihan, at kalakasan, nawa ang sumaaming Diyos magpakailan kailan man. Siya nawa."**

**7:9** Ang dakilang nakakararami ay binanggit sa talatang ito ay halatang magkaiba mula sa isandaan at apatnaput-apat na libon na binanggit sa v. 4. Habang ang unang grupo ay nagmula sa ibang mga tribu ng Israel, ang grupong ito ay nagmumula sa bawat tribu ng mundo. Ito ay tila na ang dalawang grupo na ito ay kumakatawan sa magkaparehong grupo sa dalawang magkaibang mga pakahulugan. Kung ang vv. 1-8 ay tumutukoy sa nananiniwalang mga Hudyo, magkagayon ang v. 9 ay tumutukoy sa bayan ng Diyos lahat ng tayo sa mga grupo (cf. 5:9; 11:9; 13:7; 14:6; 17:15).

Gayunpaman, ang katotohanan na sila ay sinasabi na (1) ay nagmula sa matinding tribulasyon (cf. v. 14); (2) ay nakatayo sa harap ng trono (cf. v. 9); at (3) sila ay may puting mga kasuotan (cf. 6:11) ay maaring makilala sila bilang ang kompletong numero ng mga martir (cf. 6:11; 17:6;18:24; 19:2; 20:4).

▣ **"na di mabilang ng sinoman"** Ito ay maaring isang alusyon sa mga pangako kay Abraham ng masaganang mga anak.

1. alikabok ng mundo – Genesis 13:16; 28:14; Num. 23:10
2. mga bituin ng langit – Genesis 15:5; 22:17; 26:4; Deutronomio 1:10
3. buhangin sa dalampasigan – Genesis 22:17; 32:12
4. isang pangkalahatang pananalita – Genesis 16:10

▣ **"at may mga palma sa kanilang mga kamay"** Ang ilan ay nagsubok na kilalanin ang Levitico 23:40 o Nehemias 8:15 bilang isang tanda ng kagalakan at tagumpay. Ang iba ay inuugnay ito sa mga ritwal ng Kapistahan ng Paskuwa sa Juan 12:13 at ang iba rin, dahil sa ang siping ito ay idinugtong sa Paglalakbay sa Ilang na Periyod (cf. vv. 15-16), sa Kapistahan ng Tabernakulo. Ang mga sanga ng palaspas ay maaring simpleng isang simbolo ng tagumpay.

**7:10 "ng pagliligtas ay sumaaming Dios"** Ito ay ang Griyegong termino para sa "kaligtasan" (*sOteria* mula *sOzO*), ngunit ito ay maaring ginamit sa pakahulugan sa pakahulugan ng "tagumpay" (NEB) o "ay lubusang nagtagumpay." Samakatuwid, ito ay maaring tumutukoy sa (1) pagpapalaya mula sa mga problema ng buhay sa mundo o (2) espiritwal, eternal na kaligtasan. Ang OT termino (*yasha*) ay nangahulugang pisikal na pagpapalaya (cf. Santiago 5:15). Ang kaparehong termino ay ginamit sa isang serye ng mga pagpapala sa Diyos tatlong beses sa Pahayag (cf. 7:10; 12:10; 19:1).

▣ **"at sa Cordero"** Pansinin na ang Mesyas ay pinagpala sa kaparehong paraan kay YHWH. Ito ay nagdidiin sa banal na esensya ng Anak.

**7:11** Pansinin na ilang mga grupo ay pinag-iiba.

1. ang mga anghel
2. ang mga matatanda
3. ang apat na nabubuhay na mga nilalang

Ang mga grupo ay lahat na konektado sa trono ng silid ng Diyos sa langit. Sila ay magkahiwalay mula sa 144,000 at ang dakilang nakararami.

Para sa "ang mga matatanda" Tignan Natatanging Paksa: matanda sa 4:4.

**7:12 "Na nangagsasabi"** Pansinin na ang pituhang pagpapala sa Diyos (at Mesyas, cf. v. 10), na kapareho sa pituhang pagpapala ng pinatay na kordero sa 5:12.

▣ **"Amen"** Pansinin kung paano ito nagsisimula at nagtatapos sa pagpapala. Tignan Natatanging Paksa sa 1:6.

## TALATA SA NASB (BINAGO): 7:13-17

**[13]At sumagot ang isa sa matatanda na, nagsasabi sa akin, "Ang mga ito na nangadaramtan ng mapuputing damit, ay sino-sino at saan nagsipanggaling?" [14]At sinabi ko sa kaniya, "Panginoon ko, Ikaw ang nakakaalam." At sinabi niya sa akin, "Ang mga ito'y ang nanggaling sa malaking kapighatian, at nangaghugas ng kanilang mga damit, at pinaputi sa dugo ng Cordero. [15] Kaya't sila'y nasa harapan ng luklukan ng Diyos; at nangaglilingkod sa kaniya araw at gabi sa kaniyang templo: at siyang nakaupo sa luklukan, ay lulukuban sila ng kaniyang tabernakulo. [16]Sila'y hindi na magugutom pa, ni mauuhaw pa man; ni hindi na sila tatamaan ng araw, o ng anomang init; [17] Sapagka't ang Cordero na nasa gitna ng luklukan ay siyang magiging pastor nila, at sila'y papatnugutan sa mga bukal ng tubig ng buhay: at papahirin ng Diyos ang bawa't luha ng kanilang mga mata."**

**7:14 "At sinabi ko sa kaniya, Panginoon ko, Ikaw ang nakakaalam"** Ito ay isang karaniwang pagtugon ng tao sa malaanghel na mga mensahero (cf. Zacarias 4:5,13; Daniel 10:16), na nagpapalakas sa identipikasyon ng matatanda sa isang

grupo ng malaanghel na mga nilalang.

Apokaliptikong panitikan ay kinilala sa pamamagitan ng mala-anghel na pamamagitan at interpretasyon. Ang mga interpretasyon na ito ay naging krusyal (gaya ng mga awit sa koro) sa paglalarawan at pag-uunawa ng simbolikong wika.

▣ **"Ang mga ito'y ang nanggaling sa malaking kapighatian"** Ito ay isang PANGKASALUKUYANG PANDIWARI at isang alusyon sa inusig na mga iglesya sa panahon ni Juan (cf. 1:9; 2:9,10,22). Gayunpaman, halata na ito ay ang historikal na mga alusyon sa Pahayag na tumalakay sa persekusyon ng mga banal sa bawat panahon at tumuturo rin sa isang pangwakas na panahon intensipikasyon ng persekusyon (cf. Daniel 12:1). Ito ay kaugnay sa

1. ang persekusyon ng mga anak ng Diyos (cf. Mateo 24:21-22; Marcos 13:19; II Thess. 2:3ff; Pahayag 2:10; Daniel 12:1)
2. ang pagdating ng poot ng Diyos sa mga di-mananampalataya (cf. II Tesalonica 1:6-9; Pahayag 3:10; 6:17; 8:2ff; 16:1ff)

Ang mga problemang ito, sa ilang antas, ay naging may kinalaman sa bawat panahon. Ang mga Kristyano ay madalas na nagdusa alang-alang sa pangalan ni Hesus (cf. Juan 16:33; Gawa 14:22; Roma 5:3; I Pedro 4:12-16). Kapwa ang mga pangyayaring ito ay madalas na tinawag na hapdi ng panganganak ng bagong panahon ng katuwiran (cf. Marcos 13:8 at ang apokripal na aklat ng II Baruch, mga kabanata 25-30).

Ang Griyegong termino *thlipsis* (tribulasyon) sa Pahayag ay laging ginamit sa pagdurusa ng mga mananampalataya ng persekusyon sa mga kamay ng di-mananampalataya (cf. 1:9; 2:9,10,22; 7:14). Ang Griyegong mga termino *thumos* (cf. 12:12; 14:8,10,19; 15:1,7; 16:1; 18:3; 19:15) at *orge* (cf. 6:16,17; 11:18; 14:10; 16:19; 19:15) ay laging ginamit sa Ama o sa poot ng Anak sa mapanghimagsik, matigas ang ulo na mga di-mananampalataya.

Habang ang teolohikal ay isasantabi, kung ang aklat ay isinulat upang magpalakas sa mga mananampalataya na dumaranas ng mga tribulasyon, bakit ang ilang mga interpreter ay pinagpipilitan ang isang sekretong raptyur sa mga natirang ilang panghinaharap na henerasyon ng mga mananampalataya na persekusyon? Ang persekusyon ay ang hantungan ng karamihan ng unang mga pinuno ng Iglesya, at bawat henerasyon ng mga mananampalataya. Bakit ang may isang panghinaharap na grupo ang maliligtas?

▣ **"at nangaghugas ng kanilang mga damit, at pinaputi sa dugo ng Cordero"** Ito ay kagyat na tumutukoy sa mga martir na namatay para sa kanilang pananampalataya kay Kristo sa panahon ng Dakilang Tribulasyon. Isang malakas na metapora ng pagtutubos (cf. 22:14)! Ang ideyang ito ng paglilinis sa pamamagitan ng sakripisyal na kamatayan ni Kristo ay maaring makita sa Roma 3:25; 5:9; II Corinto 5:21; Efeso 1:7; Colosas 1:20; Hebreo 9:14; I Pedro 1:19; at I Juan 1:7. Ang katotoahan ng krus ay madalas na nagpahiwatig sa Pahayag (cf. 1:5; 5:12; 7:14; 12:11; 13:8; 14:4; 15:3;19:7; 21:9,23; 22:3).

Pansinin ang kombinasyon ng probisyon ni Kristo at ang pangangailangan ng sangkatauhan na tumugon sa imbetasyon ng Diyos. Ang tipanang aspeto ng parehong mga Testamento ay nagsaad ng inisasyon at probisyon ng Diyos, ngunit ang soberinong Diyos ay pinili rin ang makasalanang sangkatauhan na dapat na tumugon (cf. Juan 1:12; Marcos 1:15; Gawa 3:16,19; 20:21; Roma 10:9-13).

**7:15-16**Ang panghinaharap na panahon ng lubos na kaligayahan at makalangit na kapayapaan ay inilarawan din sa OT mga termino. Ito ay isang alusyon sa paglalagalag sa ilang na periyod at ang Tabernakulo (cf. Exodo 40:34-38; Bilang 9:15-23). Ito ay isang karagdagan na alusyon sa *Shekinah* na ulap ng kaluwalhatian, na nagsimbolo sa presensya ng Diyos sa mga tao (cf. Isaias 49:10; Mateo 5:6; Juan 4:14; 6:35; 7:37). Ang periyod na ito ng kasaysayan ng Israel ay isang realidad na periyod ng paghahatol. Gayunpaman, si YHWH ay kailanman na higit na malapit at mas higit na nag-aaruga kaysa sa panahon na ito ng periyod na paghahatol. Ito ay madalas na tumukoy sa mga rabi bilang pagsasama ni YHWH at Israel.

**7:15 "at nangaglilingkod sa kaniya araw at gabi"** Sa OT ito ay tumukoy sa Levitikal na mga saserdote (cf. Awit 134:1; I Cronico 9:33). Ang daanan tungo sa Diyos at ang paglilingkod ng Diyos ay mas pinalawak pa sa (1) inusig na mga mananampalataya at (2) lahat ng mga mananampalataya. Wala nang Hudyo elitistang pagkasaserdote! Lahat ng mga mananampalataya ay mga saserdote (cf. I Pedro. 2:5,9; Pahayag 1:6).

Ang pariralang "araw at gabi" ay isang metapora para sa pagpapatuloy. Ito ay natagpuan ng ilang mga beses sa Pahayag (cf. 4:8; 7:15; 12:10; 14:11; 20:10).

▣ **"sa kaniyang templo"** Ito ay parang mahirap na iugnay sa sipi na ito (at Ezekiel 40-48) sa Pahayag 21:22 na nagsasabi na walang templo sa langit. Ang ilan ay nagsubok na gumawa ng isang distinksyon sa pagitan ng temporal na milenyal at ang eternal na pamamahala. Halata na, ang mga metapora at ang panahon na saklaw ng aklat na ito ay dumadaloy. Ito ay maaring tumutukoy sa espiritwal na Tabernakulo sa langit (cf. Hebreo 9:23).

▣ **"ay lulukuban sila ng kaniyang tabernakulo"** Ito ay isang pasalitang metapora ng matalik na pananahan ng Diyos kasama ng Kanyang bayan. Ang tolda ng Diyos ay kumakatawan sa Kanyang permanenteng presensya kasama ng Kanyang bagong bayan mula sa bawat tribu ang lahi. Ang inisyal na layunin ng Harden ng Eden ay pinanumbalik. Ang sangkatauhan ay natubos (cf. Genesis 3:15). Ang matalik na pakikisama sa Diyos ay posibleng muli (i.e., Genesis 3:8).

**7:16-17** Ang mga pagpapalang ito (mula sa OT) para sa lahat ng mga mananampalataya, hindi lamang mga martir.

**7:16 "Sila'y hindi na magugutom pa, ni mauuhaw pa man"** Ang talata 16 ay isang alusyon sa Isaias 49:10-13. Ang pisikal na probisyon ng Diyos ay ginamit bilang isang simbolo ng espiritwal na probisyon ng Diyos (cf. Mateo 5:6; Juan 4:14; 6:35; 7:37).

▣ **"ni hindi na sila tatamaan ng araw, o ng anomang init:"** Ito ay isang alusyon sa lilim na ibinigay sa pamamagitan ng *Shekinah* ulap ng kaluwalhatian sa panahon ng 38 taon ng Paglalagalag sa Ilang na Periyod (cf. Awit 121:5-7).

**7:17 "Sapagka't ang Cordero na nasa gitna ng luklukan ay siyang magiging pastor nila"** Ito ay isang OT alusyon sa Ezekiel 34:23. Pansinin na ang pinatay ngunit muling nabuhay na Manunubos ay ang pokal na punto ng nagtutubos na aktibidad ng Diyos. Ang Mabuting Pastol ng Juan 10:11 ay ang Pastol ngayon ng lahat ng tupa (cf. Juan 10:16).

▣ **"at sila'y papatnugutan sa mga bukal ng tubig ng buhay"** Para sa mga tao ng disyerto ang tubig ay laging nagsisimbolo ng kasaganaan ng buhay. Ito ay isang alusyon sa Isaias 49:10 (cf. Awit 23:2), na nag-uulit at nagsasara ng aklat sa Pahayag 21:6; 22:1.

▣ **"at papahirin ng Dios ang bawa't luha ng kanilang mga mata."** Ang alusyon na ito ay isang Mesyanikong handaan at bagong bayan ng Diyos sa Isaias 25:6-9 (cf. Pahayag 21:4). Isang kaginhawaan ang tiyak na naibibigay nito sa mga inusig na mga mananampalataya sa panahon ni Juan at sa bawat panahon!

## MGA TALAKAYANG TANONG

Ito ay isang komentaryong gabay sa pag-aaral, na nangangahulugan na ikaw ay may pananagutan sa iyong sariling interpretasyon sa Bibliya. Ang bawat isa sa atin ay dapat lumakad sa liwanag na mayroon tayo. Ikaw, ang Bibliya, at ang Banal sa Espiritu ay pangunahin sa interpretasyon. Hindi mo dapat iasa ito sa taga-pagsuri.

Ang mga talakayang tanong na ito ay inihanda upang tulungan kang mag-isip sa pamamagitan ng mga pangunahing paksa sa bahaging ito ng aklat. Ito ay nangahulugang dapat maging mapukaw-isip, hindi pang kahulugan lamang.

1. Sino ang 144,000? Ipaliwanag ang iyong kasagutan mula sa teksto ng Pahayag.
2. Paanong ang 144,000 ay nauugnay sa mas malakawak na grupo ng v. 9?
3. Bakit ang mga simbolong ito ay napakahirap na iinterpret?
4. Ano ang pangunahing puwersya ng mga kabanata 6 at 7?
5. Ano ang ibig sabihin kapag sinabi na ang kabanata 7 ay isang intermisyon ? Saan pa ang ibang mga intermisyon matatagpuan sa aklat?

# PAHAYAG 8:1-9:21

## MGA BAHAGI NG TALATAAN NG MGA MAKABAGONG SALIN*

| UBS[4] | NKJV | NRSV | TEV | NJB |
|---|---|---|---|---|
| Ang Ikapitong Selyo at Ginituang Pangsuob | Ikapitong Selyo: Pambungad sa Pitong mga Trumpeta | Ang Ikapitong Selyo | Ang Ikapitong Selyo | Ang Ikapitong Selyo |
| 8:1-2 | 8:1-6 | 8:1-2 | 8:1-2 | 8:1 |
| | | | | Ang Panalangin ng mga Banal Nagdadala ng Paparating na Dakilang Araw |
| | | | | 8:2-5 |
| 8:3-5 | | 8:3-5 | 8:3-5 | |
| Ang mga Trumpeta | | Ang Unang Anim na mga Trumpeta | Ang mga Trumpeta | Ang Unang Apat na mga Trumpeta |
| 8:6 | Ang Unang Anim na mga Trumpeta | 8:6 | 8:6 | 8:6-12 |
| 8:7 | 8:7 | 8:7 | 8:7 | |
| | Ikalawang Trumpeta: Ang ay Humampas Estruktura ng Selyo | | | |
| 8:8-9 | 8:8-9 | 8:8-9 | 8:8-9 | |
| | Ikatlong Trumpeta: Ang Katubigan ay Humampas | | | |
| 8:10-11 | 8:10-11 | 8:10-11 | 8:10-11 | |
| | Ikaapat na Trumpeta: Ang Kalangitan ay Humampas | | | |
| 8:12 | 8:12 | 8:12 | 8:12 | |
| 8:13-9:6 | 8:13 | 8:13 | 8:13 | 8:13 |
| | Ikalimang Trumpeta: Ang mga Balang mula sa Hindi Maarok na Hukay | Ang Salot ng Malademonyong mgaBalang | | Ikalimang Trumpeta |
| | 9:1-12 | 9:1-6 | 9:1-6 | 9:1-6 |
| 9:7-11 | | 9:7-11 | 9:7-11 | 9:7-11 |
| 9:12 | Ikaanim na at Trumpeta: Ang Anghel mula sa Euphrates | 9:12 | 9:12 | 9:12 |
| 9:13-19 | 9:13-21 | 9:13-19 | 9:13-19 | 9:13-21 |
| 9:20-21 | | 9:20-21 | 9:20-21 | |

## IKATLONG TAPUSANG PAGBASA (tingnan p. v sa panimulang seksyon)

***PAGSUNOD SA ORIHINAL NA LAYUNIN NG MAY-AKDA AYON SA ANTAS NG TALATA***

Ito ay isang komentaryong gabay sa pag-aaral, na nangangahulugan na ikaw ay may pananagutan sa iyong sariling interpretasyon sa Bibliya. Ang bawat isa sa atin ay dapat lumakad sa liwanag na mayroon tayo. Ikaw, ang Bibliya, at ang Banal sa Espiritu ay pangunahin sa interpretasyon. Hindi mo dapat iasa ito sa taga-pagsuri.

Basahin ang kabanata ng isang upuan. Alamin ang mga paksa. Ihambing ang iyong pagkakabahagi ng paksa sa limang makabagong salin. Ang pagkakatalata ay hindi isang inspirasyon, ngunit ito'y isang susi sa pagsunod sa layunin ng may akda na siyang puso ng interpretasyon. Bawat talata ay may isa at isa lamang na paksa.

1. Unang Talata

2. Ikalawang Talata

3. Ikatlong Talata

4. Atbpa.

## KONTEKSTWAL NA MGA KAUNAWAAN SA 8:1-9:21

A. Habang ang pitong mga trumpeta ay lumalabas sa ikapito selyo, ang tanong ay, "ano ang relasyon sa pagitan ng mga trumpeta, ang mga selyo, at mga mangko?" Mayroong bahagya, kung hindi kompletong, rekapitulasyon. Sila ay sumasaklaw ng kaparehong panahong periyod. Sila ay itinatag sa kaparehong tularan at lumabas sa bawat isa. Ang bahagyang rekapitulasyon na toerya ay tila sumulong ng una noong ikatlong siglo sa pamamagitan ni Victorinus ng Pettau (tignan *The Ante-Nicene Fathers*, vol. 7, pp. 344-360). Nabanggit lamang siya ng isang kahanay na relasyon sa pagitan ng mga trumpeta at mga mangkok. Kung ikukumpara ang tatlo, sila ay tila isang apokaliptiko, progresibong nakasisirang mga metapora ng kaparehong eskatolohikal na periyod. Posibleng na ang ikaanim selyo (cf. 6:12-17) ay nagdadala ng katapusan, ang pitong mga trumpeta (cf. 11:15-19) at pitong mga mangkok (cf. 16:17-21) ay naglarawan ng mga pangyayari ng katapusan.

B. Kung saan si Juan ay gumawa ng kanyang pag-iimahe para sa apokaliptikong mga pangitain na ito? Mayroong ilang mga teorya:
   1. Mayroong mga alusyon sa ilang OT mga sipi, partikular sa mga kabanata 8 at 9, sa mga salot ng Ehipto at sa pananakop ng balang sa Joel 2. Gaya ng lagi sa Pahayag, ang pag-iimahe ng Daniel, Ezekiel at Zacarias ay nagbuo ng pangunahing kinaligiran.
   2. Hudyo intertestamental na apokaliptiko mga kasulatan, gaya ng I Enoch. I Enoch ay lubhang kilala sa unang siglong Judaismo, gayundin sa iglesya at ipinahiwatig sa pamamagitan ng NT mga may-akda (cf. II Pedro 2 at Jude).
   3. Ang historikal na tagpuan ng unang siglo, partikular na ang Romanong Emperor na pagsamba at lokal na pag-uusig.

   Ang opsyon na ating pinili ay ang pangunahing pinagkukunan ng pag-iimahe ay magdedetermina kung paano tayo mag-interpret sa dalawang mga kabanatang ito. Kung nakikita natin ito laban sa kinaligiran ng Imperyal na Roma, tayo ay tutugma sa Romanong kasaysayan (preterista). Kung nakikita natin ito laban sa Hudyo apokaliptiko wika, tayo ay mas mag-iinterpret nito bilang simbolikong (ideyalista). Kung nakikita natin ito laban sa mga OT propesiya, ating itong ipapatama sa pangwakas na panahong Hudyong tagpuan (panghinaharap).

C. Ang dalawang mga kabanatang ito ay naglarawan ng isang umaangat at tumitinding paghahatol sa mga di-mananampalataya. Gayunpaman, dapat na bigyan-diin na ang Diyos ay nagdadala ng paghahatol sa kanila para sa layunin ng kanilang pagtutubos (cf. 9:20-21; 14:7; 16:9,11). Samakatuwid, sila ay gumagawa gaya ng tipanang mga sumpa ng Deutronomio 27-29.

D. Gaya ng naunang mga kabanata, ang simbolismo ay napakalabo kung ano ang idinadahilan ng ilang mga komentarista kay Kristo, ang ilan ay idinahilan kay Satanas. Sa ganyang pagkakadaloy ng simbolismo, ang dogmatismo ay lubusang di-naangkop. Ang interpreter ay dapat na binalangkas ang kompletong pangitain sa isang sentral na katotohanan. Ang sentral na katotohanan ay dapat na maggabay sa interpretasyon ng mga detalye at manatili sa sentral na teolohikal na isyu ay dapat bigyan-diin!

## SALITA ATPARIRALANG PAG-AARAL

### TALATA SA NASB (BINAGO): 8:1-2

**1 At nang buksan niya ang ikapitong tatak, ay nagkaroon ng katahimikan sa langit na may kalahating oras.**
**2 At nakita ko ang pitong anghel na nangakatayo sa harapan ng Diyos; at sila'y binigyan ng pitong pakakak.**

**8:1 "At nang buksan niya ang ikapitong tatak," B** Hesus ay Siyang nagbukas ng ikapitong selyo, ngunit mula sa puntong ito sa mga anghel ay magsasangkot sa pag-aanunsyo sa pitongng mga trumpeta at sa kalaunan ay ang pitong mga mangkok.

▣ **"ay nagkaroon ng katahimikan sa langit na may kalahating oras"** Mayroong naging ilang mga teorya na konektado sa katahimikan. Ang mga rabi ay inuugnay ito sa isang periyod ng katahimikan upang hayaan ang mga panalangin ng mga Banal ay dapat na marinig
1. ilang inuugnay ito sa aklat ng II Esdras 7:29-31, kung saan ang katahimikan ay ang pagsisimula ng Bagong Panahon
2. ang iba ay inuugnay ito sa ilang OT mga sipi kung saan mga tao ay dapat na tumahimik sa pagdating ng presensya ng (cf. Habakkuk 2:20; Zepania 1:7; Zacarias 2:13)
3. ang ilan inuugnay ito sa dramatikong epekto para sa pagdating ng matinding paghahatol sa mga di-mananampalataya
4. si Victorinus ay inuugnay ito sa pagsisimula ng walang hanggan

**8:2 "At nakita ko ang pitong anghel na nangakatayo sa harapan ng Dios"** Nakakawili na ang DEPENITIBONG PANTUKOY ay lumitaw, "ang pitong mga anghel." Sa rabinikal na Judaismo ang presensya ng pitong mga anghel ay pinangalanan sa Tobit 12:15; Jubilees 1:27,29; 2:1-2,18; at I Enoch 20:1-7. Sila ay sina Uriel, Raphael, Raguel, Michael, Saraqael o Sariel, Gabriel, at Remiel. Ang iba ay nakita ang pariralang ito bilang kaugnay sa Mesyas (inihanay sa "ang Anghel ng Kanyang Presensya") sa Isaias 63:9 o sa paghahatol doon sa mga nagrebelde at nagpighati sa Banal na Espiritu (cf. Isaias 63:10). Ang Exodo na koneksyon ay maaring makita sa anghel ng Exodo 23:20-23; 33:12-16.

▣ **"at sila'y binigyan ng pitong pakakak."** Mayroong pitong mga anghel na tumutugma sa pitong mga trumpeta (cf. v. 6). Sa OT ang mga trumpeta ay madalas na ginamit upang ipagbigay alam sa bayan ng Diyos, alinman ang relihiyoso o pangmilitar (cf. Exodo 19:16; Bilang 10:1-10; Isaias 27:13; Jeremias 4:5-9; Joel 2:1; Zepania 1:16; Zacarias 9:14; II Esdras 6:23, Tignan Natatanging Paksa sa1:10). Sa NT ang trumpeta ay mag-aanunsyo ng Ikalawang Pagdating ni Kristo (cf. Mateo 24:31; I Corinto 15:52-53; I Tesalonica 4:16).

## TALATA SA NASB (BINAGO): 8:3-5

**3 At dumating ang ibang anghel at tumayo sa harap ng dambana, na may hawak na isang gintong pangsuob ng kamangyan; at binigyan siya ng maraming kamangyan, upang idagdag ito sa mga panalangin ng lahat ng mga banal sa ibabaw ng dambanang ginto, na nasa harapan ng luklukan. 4 At ang usok ng kamangyan, kalakip ng mga panalangin ng mga banal, ay napailanglang mula sa kamay ng anghel, sa harapan ng Diyos. 5 At kinuha ng anghel ang pangsuob ng kamangyan; at pinuno niya ng apoy ng dambana, at itinapon sa lupa: at nagkaroon ng mga kulog, at mga tinig, at mga kidlat, at ng isang lindol.**

**8:3 "At dumating ang ibang anghel at tumayo sa harap ng dambana, na may hawak na isang gintong pangsuob ng kamangyan"** Ang tekstong ito at 5:8 ay ginamit upang itaas ang rabinikal na teolohikal na konsepto na ang mga anghel ay tagapagdala ng mga panalangin sa Diyos. Ang Bibliya ay tahimik sa kung paano iinterpet ang tipo ng detalyeng ito. Ang mga simbolikong mga siping ito ay hindi dapat ginamit upang magbigay kahulugan ng espekulative na teolohikal na mga detalye. Ito ay isang pangitain at hindi upang magbigay ng kahulugan sa bahagi ng ilang mga anghel. Ito ay sumasang-ayon na ang mga panalangin ng mga banal ay nakakaapekto sa Diyos.

Ang altar ay kinilala bilang alinman ang insenso sa harap ng nakatalukbong sa Banal na Lugar (cf. Exodo 30:1-10) o altar ng sakripisyo (cf. v. 5; 9:13). Gayunpaman, ang pangitaing ito ay hindi pang mundong Tabernakulo o Templo sa Jerusalem, ngunit ang tronong silid ng Diyos sa langit (cf. Hebreo 8:2; 9:11,24). Ang insensong altar ay tumutugma sa kontekstong ito ng pinakamainam.

▣ **"sa mga panalangin ng lahat ng mga banal"** Eksaktong anong grupo ng mga Banal ito ay kumakatawan ay hindi tiyak, ngunit ito ay nagpapakita na ang Diyos ay nakakaalam at tumutugon sa mga pangangailangan ng Kanyang bayan (cf. Exodo 3:7). Insenso ay isang simbolo ng panalangin (cf. Awit 141:2; Pahayag 5:8) sapagkat ang usok ay umakyat at naglaho mula sa nakikitang kaharian tungo sa di-nakikitang kaharian.

Para sa "mga Banal" tignan Natataging Paksa sa: Mga Banal sa 5:8.

**8:4** Sa buong aklat ng Levitico ang insenso ay umakyat sa presensya ng Diyos, Samakatuwid, ang insenso ay naging kinatawan sa mga panalangin sa bayan ng Diyos.

**8:5 "At kinuha ng anghel ang pangsuob ng kamangyan; at pinuno niya ng apoy ng dambana, at itinapon sa lupa"** Ito ay isang alusyon sa Ezekiel 10:2. Ang mga uling para sa insenso sa altar sa harap ng talukbong ay dapat na orihinal na kinuha mula sa altar ng sakripisyo sa harap ng Tabernakulo (cf. 9:13; Levitico 16:11-13). Ang mga ito ay Tabernakulong simbolo na ang kahulugan ay dumadalaw. Ang susing teolohikal na kaisipan ay ito ay nangyayari sa harap ng Diyos sa langit.

▣ **"at nagkaroon ng mga kulog"** Ang mga ito ay mga tipo ng pisikal na penomena na madalas na inuugnay sa presensya ni YHWH (cf. 4:5; 11:19; 16:18; Exodo 19:16-19; Awit 18:10-13).

## TALATA SA NASB (BINAGO): 8:6

**6 At ang pitong anghel na may pitong pakakak ay nagsihanda upang magsihihip.**

**8:1-6** Ang mga talatang ito ay kumakatawan sa mga aksyon sa panahon ng periyod ng katahimikan.

## TALATA SA NASB (BINAGO): 8:7

**7 At humihip ang una, at nagkaroon ng granizo at apoy, na may halong dugo, at itinapon sa lupa: at ang ikatlong bahagi ng lupa ay nasunog, at ang ikatlong bahagi ng mga punong kahoy ay nasunog, at ang lahat ng sariwang damo ay nasunog.**

**8:7 "at nagkaroon ng granizo at apoy, na may halong dugo"** Higit sa pag-iimahe ay nakuha mula sa Ehiptong mga salot. Ang siping ito ay isang alusyon sa Exodo 9:24. Posible rin na ito ay kinuha mula sa Ezekiel 38:22, ang pagpapatalsik sa nananakop na hukbo ng Gog.

▣ **"at ang ikatlong bahagi ng lupa ay nasunog"** Ito ay limitado, ngunit malaman, ang prosyento ay binanggit na medyo madalas sa ilang kasunod na mga kabanata (cf. 8:7-8,9,10,11,12; 9:15,18; 12:4). Ang ikalawang serye ng mga paghahatol ay mas matindi kaysa sa una (cf. 6:8, kung saan ang isang kwarter ay binanggit). Si YHWH ay nagtatangka pa rin na abutin ang makasalanang sangkatauhan sa pamamagitan ng pisikal na mga salot (cf. Exodo 7-11; Deutronomio 28-29), ngunit sila ay hindi tutugon sa pagsisisi at pananampalataya!

▣ **"at ang lahat ng sariwang damo ay nasunog."** Ito ay dapat na tumugon sa kompletong destruksyon ng luntiang damuhan sa loob ng ikatlong bahagi na lugar, sapagkat ang luntiang dami ay protektado sa 9:4.

## TALATA SA NASB (BINAGO): 8:8-9

**[8]At humihip ang ikalawang anghel, at ang tulad sa isang malaking bundok na nagliliyab sa apoy ay nabulusok sa dagat: at ang ikatlong bahagi ng dagat ay naging dugo, [9]At namatay ang ikatlong bahagi ng mga nilalang na nasa dagat, na mga may buhay; at ang ikatlong bahagi sa mga daong ay nawalat.**

**8:8 "at ang tulad sa isang malaking bundok na nagliliyab sa apoy ay nabulusok sa dagat"** Muli ang isyu ay ang pinagmumulan ng pag-iimahe ni Juan— Roman, Hudyo inter-biblikal, o OT.

1. Kung ito ang OT, magkagayon Awit 46:2 o Exodo 7:20-21 ay ang reperensiya.
2. Kung Hudyong apokaliptiko, magkagayon ang reperensiya ay I Enoch 18:13-16 o posibleng ang Sibylline Oracles 5:158.
3. Kung Roman o magkagayon posibleng ito ay isang historikal na alusyon sa pagsabog ng Bundok Vesuvius, na ininterpret ng mga Hudyo bilang paghahatol ng Diyos sa Roma para sa pagwawasak sa Jerusalem.

Ang eksaktong pinagmulan ng mga metapora ni Juan ay di-tiyak, ngunit sila ay nagsasalita sa poot ng Diyos tungo sa mga mapanghimagsik na mga nilikha na may layunin sa isip ng pagtutubos.

▣ **"ang ikatlong bahagi ng dagat ay naging dugo"** Ito ay isang na namang alusyon sa Ehiptong mga salot (cf. Exodo 7:20-21).

**8:9 "At namatay ang ikatlong bahagi ng mga nilalang"** Ito ay isang na namg alusyon to the Ehiptong mga salot (cf. Exodo 7:21).

▣ **"at ang ikatlong bahagi sa mga daong ay nawalat"** Ito walang kahanay sa OT, sa apokaliptikong panitikan, o sa unang siglo Romanong panitikan. Halatang ang komersyo ay naapektuhan at ang mga bilihin at pagkain ay hindi sapat. Ito ay nagkompirma ng limitado, progresibong paghahatol ng Diyos. Ang Kanyang paghahatol ay tumitindi (1/4 sa mga selyo, 1/3 sa mga trumpeta) hanggang ang mga mangkok sa panahon ng pagsisisi ay lumipas at ang total, kompletong paghahatol ay lumitaw.

## TALATA SA NASB (BINAGO): 8:10-11

**[10]At humihip ang ikatlong anghel, at nahulog mula sa langit ang isang malaking bituin, na nagliliyab na gaya ng isang sulo, at nahulog sa ikatlong bahagi ng mga ilog, at sa mga bukal ng tubig; [11]At ang pangalan ng bituin ay Ajenjo: at ang ikatlong bahagi ng tubig ay naging ajenjo; at maraming tao ay nangamatay dahil sa tubig, sapagka't mapait ang tubig.**

**8:10 "at nahulog mula sa langit ang isang malaking bituin"** Ito ay maaring isang alusyon sa Isaias 14:12. Marami ang nagsubok na iugnay ito sa Pahayag 6:13 o 9:1, ngunit ito ay maaring pagsubok na ikandado ang pag-iimahe ni Juan ng napakahigpit. Maging maingat sa pagtatangka na iinterpret ang bawat isa at detalye. Ito ang dramatikong pag-iimahe. Madalas sa Hudyong apokaliptikong panitikan ang biutin na bumagsak ay tumutukoy sa isang anghel (i.e. 9:1).

**8:11 "At ang pangalan ng bituin ay Ajenjo"** Sa OT ang ajenjo ay inuugnay sa idolatrya (cf. Deutronomio 29:17-18). Ito rin ay nakikita bilang may kahalong lason at samakatuwid, nakamamatay (cf. Jeremias 9:15; 23:15; Amos 6:12). Ajenjo, sa kanyang sarili (cf. TEV), ay mapait ngunit hindi nakamamatay. Dito ito ay isang metapora para sa Banal na paghahatol.

Isang mabuting halimbawa ng di-naangkop na mga moderno na nagsusubok na puwersahin ang mga detalye ng Pahayag tungo sa kanilang panahon ay ang asersyon na ang Rusong Chernobyl nukleyar na kagamitan na nakaranas ng pagkatunaw ay natupad na propesiya sapagakat ang pangalan ay nangahulugang ajenjo sa Russian. Ang gawain na ito ng pag-iinterpret ng Bibliya batay sa pangumagang pahayagan ay naging karaniwan sa buong huling dalawang libong taon at dapat na magbabala

sa atin ng kaparehong pamamaraan!

**TALATA SA NASB (BINAGO): 8:12**

**[12]At humihip ang ikaapat na anghel, at nasugatan ang ikatlong bahagi ng araw, at ang ikatlong bahagi ng buwan, at ang ikatlong bahagi ng bituin; upang magdilim ang ikatlong bahagi nila, at upang ang ikatlong bahagi ng maghapon ay huwag lumiwanag, at gayon din naman ang gabi.**

**8:12** Ang kadiliman ay laging isang tanda ng paghahatol ng Diyos (cf. Exodo 10:21; Isaias 13:10; 34:4; 50:3; Ezekiel 32:7-8; Joel 2:2,10,31; 3:15; Amos 5:18; Mark 13:24). Ang makalangit na mga katawan ay madalas na sinasamba bilang espiritwal na mga kapangyarihan. Sila ay nilikha ng Diyos (cf. Genesis 1:14- 19; Isaias 40:26); pinangalanan sila (cf. Awit 147:4; Isaias 40:26); nagkokontrol sa kanila (cf. Isaias 48:13); at nagpuri sa Kanya (cf. Awit 148:3).

**TALATA SA NASB (BINAGO): 8:13**

**[13]At nakita ko, at narinig ko ang isang anghel, na lumilipad sa pagitan ng langit, na nagsasabi ng malakas na tinig, "Sa aba, sa aba, sa aba ng mga nananahan sa ibabaw ng lupa, dahil sa mga ibang tunog ng pakakak ng tatlong anghel, na magsisihihip pa!"**

**8:13 "At nakita ko, at narinig ko ang isang anghel, na lumilipad sa pagitan ng langit, na nagsasabi"** Ang KJV ay may "anhel" sa halip na "agila," ngunit ito ay nagmumula sa huling ikasiyam na siglong Griyegong manuskrito. Parehong sina Sinaiticus (¥) at Alexandrinus (A) ay may "agila." Ito ay maaaring tumukoy sa: buwitre (o agila), na madals ay isang simbolo ng pagkakatay (cf. Ezekiel 17:3; Habakkuk 1:8; Mateo 24:28; Lucas 17:37)
isang alusyon sa paghahatol na senaryo sa Ezekiel 39:17-20; Hos. 8:1
isang alusyon sa intertestamental apokaliptikong aklat ng II Baruch 77:21-22, kung saan isang buwitre ang nagdadala ng mensahe sa nasasaktang bayan ng Diyos
ang Romanong hukbo na mga pamantayan na pinangungunahan ng mga agila
Ang "lumilipad sa gitnang langit" ay marahil ay isa na namang alusyon sa mga ibon na maninila na lumilipad sa ibabaw ng mundo (cf. Pahayag 14:6; 19:17).

▣ **"Sa aba, sa aba, sa aba"** Ito ay posibleng umaayon sa huling tatlong mga trumpeta na darating (cf. 9:12; 11:14; 12:12); ito ay maarin ring isang simbolo ng intensidad (gaya "banal, banal, banal" of 4:8). Sa Hebree isang tatluhang pag-uulit ay isang PANUKDULAN (cf. Banal, banal, banal ng Isaias 6:3). Sa OT "kapighatian" ay marka ng isang tiyak na patulang panaghoy na kaugnay sa kamatayan at paghahatol.

▣ **"ng mga nananahan sa ibabaw ng lupa"** Ang pariralang ito ay tumutukoy sa di-natubos (cf. 3:10; 6:10; 11:10; 13:8; 17:2).

# PAHAYAG 9

**TALATA SA NASB (BINAGO): 9:1-6**

**[1]At humihip ang ikalimang anghel, at nakita ko ang isang bituin na nahulog sa lupa mula sa langit: at sa kaniya'y ibinigay ang susi ng hukay ng kalaliman. [2]At binuksan niya ang balon ng kalaliman; at napailanglang ang usok mula sa hukay, na gaya ng usok ng isang malaking lutuang-bakal; at nagdilim ang araw at ang himpapawid dahil sa usok ng hukay. [3]At nangagsilabas sa usok ang mga balang sa lupa; at binigyan sila ng kapangyarihan, na gaya ng mga alakdan sa lupa na may kapangyarihan. [4]At sinabi sa kanila na huwag ipahamak ang damo sa lupa, ni ang anomang bagay na sariwa, ni ang anomang punong kahoy, kundi ang mga tao lamang na walang tatak ng Diyos sa kanilang mga noo. [5]At pinagkalooban silang huwag patayin ang mga ito, kundi pahirapan nilang limang buwan: at ang kanilang pahirap ay gaya ng pahirap ng alakdan kung kumakagat sa isang tao. [6]At sa mga araw na yaon ay hahanapin ng mga tao ang kamatayan, at sa anomang paraa'y hindi nila masusumpungan; at mangagnanasang mamatay, at ang kamatayan ay tatakas sa kanila.**

**9:1 "at nakita ko ang isang bituin na nahulog sa lupa mula sa langit"** Mayroong naging ilang mga teorya patungkol sa pagkakakilanlan ng binigyan katauhan na bituin na ito na tinawag na anghel.

1. sapagkat ang PANDIWA ay GANAP NA PAMANAHON, ito ay maaring tumukoy kay Satanas na bumagsak noong nakalipas at patuloy na bumababagsak mula sa langit (cf. Isaias 14:12; Ezekiel 28:16; Lucas 10:18; Pahayag 12:9)
2. dahil sa konteksto ito ay maaring isa na namang tagapaglingkod na anghel na kasangkot sa paghahatol ng Diyos (cf. 20:1). Ang mga anghel bilang mga bumababagsak na bituin ay madalas na natagpuan sa intertestamental Hudyong apokaliptikong panitikan.

▣ **"sa kaniya'y ibinigay ang susi ng hukay ng kalaliman"** Isang "susi" ay binanggit sa 1:18 at 20:1. Ito ay nagsisimbolo ng awtoridad. Ang Diyos nagpapakita ng awtoridad laban sa malademonyong kawan ng paghahatol.

Ang kailaliman ay isang Griyegong termino na nangahulugang "malalim" pinanegatibo ng isang ALPHA PRIBATIBO.

1. Ito ay ginamit sa Septuagint (Griyegong salin ng OT) sa Genesis 1:2; 7:11; Awit 42:7; 107:26 para sa kailaliman ng mga tubig ng nilikha.
2. Sa Awit 71:20 ito tumutukoy sa sa lugar na pinagdadalhan ng mga patay.
3. Ito rin ay totoo sa I Enoch 18:12-16; 21:7-10; 108:3-6, kung saan ito ay kapwa usang pangsamantala at panghuling bilangguan ng makasalanang mga anghel.
4. Tila ito ay naging kasingkahulugan sa terminong "tartarus" (cf. II Pedro 2:4 at I Enoch 21:7), isang lugar kung saan ang masasamang mga anghel ay ikinulong sa bilangguan (cf. Lucas 8:31; Jude 6; Pahayag 11:7; 17:8; 20:1-3; and I Enoch 10:4; 86:1; 88:1; Jubilees 5:6-11).
5. Pablo ay ginamit ang terminong ito (kailaliman) sa Roma 10:7 para sa lugar ng mga patay (cf. Isaias 24:21-22).
6. Sa kalaunan ang mga rabi ay nagsabi na ito ang pangalan ng di-matuwid na bahagi ng ng Sheol/Hades (Tignan Natatanging Paksa sa1:18).

▣ **"sa kaniya'y ibinigay"** Mayroong isang serye ng BALINTIYAK NA MGA PANDIWA sa parehong mga kabanata 8 at 9, na nagbibigay-diin sa pagkontrol ng Diyos sa parehong kasaysayan at ang malademonyo (cf. 8:3,7,8,11,12; 9:1,3,4,5). Madlas ang Hudyong manunulat ay ginamit ang BALINTIYAK NA TINIG bilang isang KALIGUYAN para sa mga aksyon ng diyos.

**9:2 "at napailanglang ang usok mula sa hukay, na gaya ng usok ng isang malaking lutuang-bakal"** Ang terminolohiyang ito ay ginamit sa ilang mga pakahulugan sa OT:

1. ito ay naghahatid ng paghahatol sa Sodom at Gomorrah (cf. Genesis 19:28)
2. ito ay naghahatid ng paghahatol ng Diyos sa mga bansa (cf. Isaias 34:10)
3. ito ay naghahatid ng presensya ng Diyos sa Bundok Sinai (cf. Exodo 19:18)

**9:3 "mga balang"** Ang mga ito ay ang madalas na ginamit bilang mga simbolo ng poot ng Diyos (cf. Exodo 10:12-15; Joel 1:4; 2:1ff) sapagkat sila ay sinisimbolo ng isang nanankop na hukbo (cf. v. 7; Joel. 2:4-5, 7-9).

**9:4 "At sinabi sa kanila na huwag ipahamak ang damo sa lupa, ni ang anomang bagay na sariwa, ni ang anomang punong kahoy"** Ang mga malademonyo puwersya na ito ay limitado sa kanilang mga kaparusahan. Hindi dapat nila wasakin ang buhay halamanan at makakapagpahirap lamang sila ngunit hindi sila makapapatay, ang mga di-mananampalataya (cf. v. 5; 7:4); ang mga mananampalataya ay protektado ng Diyos (gaya ng sa Ehiptong mga salot).

▣ **"tatak ng Dios sa kanilang mga noo"** Tignan buong puna sa 7:2. Ito ay isang alusyon mula sa Ezekiel 9:4.

**9:5 "limang buwan"** Ang ilan ay naginterpret sa maikling panahon na ito gaya ng haba ng buhay ng isang balang . Gayunpaman, ito ay posibleng kalahating na numerong sampu, na isa na namang metapora para sa isang limitadong paghahatol (cf. 6:6,8; 8:7-12).

▣ **"pahirap ng alakdan"** Ang kagat ng isang alakdan isang na namang OT metapora (cf. II Cronico 10:11,14).

**9:6** Ito ay isang direktang kahanay sa 6:15-16, na maaring isang karagdagang ebidensya para sa rekapitulasyong teorya sa mga selyo, ang mga trumpeta, at ang mga mangkok. Ito ay maaring isang alusyon sa paghahatol ng mga walang pananampalatayang sumasamba sa diyus-diyosang mga Hudyo ng Jerusalem sa Jeremias 8:2-3.

## TALATA SA NASB (BINAGO): 9:7-11

**7At ang anyo ng mga balang ay katulad ng mga kabayong nahahanda sa pagbabaka; at sa kanilang mga ulo ay gaya ng mga putong na katulad ng ginto, at ang kanilang mga mukha ay gaya ng mga mukha ng mga tao. 8At sila'y may buhok na gaya ng buhok ng mga babae, at ang kanilang mga ngipin ay gaya ng sa mga leon 9At sila'y may mga baluti, na gaya ng baluting bakal; at ang ugong ng kanilang mga pakpak ay gaya ng ugong ng mga karro, at ng maraming kabayo na dumadaluhong sa pagbabaka. 10At sila'y may mga buntot na gaya ng sa mga alakdan, at mga tibo; at sa kanilang mga buntot naroroon ang kanilang kapangyarihan upang ipahamak ang mga taong limang buwan.. 11Sila'y may pinakahari na anghel ng kalaliman: ang kaniyang pangalan sa wikang Hebreo ay Abaddon, at sa Griego ay may pangalan siyang Apolyon.**

**9:7-9 "At ang anyo ng mga balang"** Ang pisikal na deskripsyon ng mga balang na ito ay napakapareho sa Joel 2:4-9 at sa isang sikat na Arabong kawikaan na nagsasabi na, "ang mga balang ay may ulo na gaya ng isang kabayo, dibdib ng isang leon, paa ng isang kamelyo, at katawan ng isang serpeyente, at antena na gaya ng buhok ng isang dalaga."

Ito ay halatang isang alusyon sa aklat ng Joel sa kanyang deskripsyon ng:
1. mga ngipin ng leon (cf. v. 8; Joel 1:6)
2. ang malaking bilang ng mga karwahe at mga kabayo na nagmamadali para sa labanan (cf. v. 9 at Joel 2:5)

**9:8** Ang ilan ay nakita ito bilang isang reperensiya sa Parthiang kawan, kalbaryo na may mahabang buhok. Ang mga ito ay kilala para sa kanilang kakayahan bilang mga mamana. Ang mga Romano ay natatakot sa barbarong mananakop na ito.

**9:11 "Sila'y may pinakahari"** Ang Kawikaan 30:27 ay nagsasabi na ang mga balang ay walang hari, ngunit ito ay isang alusyon sa isang malademonyo na kawan, hindi pisikal mga balang.

▣ **"na anghel ng kalaliman"** Ang terminong "kailaliman" ay tumutukoy sa sa kaharian ng mga patay (cf. 9:1,2,11; 11:7; 17:8; 20:1,3; at Roma 10:7). Tignan buong puna sa 9:1.

▣ **"ang kaniyang pangalan sa wikang Hebreo ay Abaddon, at sa Griego ay may pangalan siyang Apolyon"** Ang Hebreong (Aramaic) termino ay nangahulugang "destruksyon" at ang Griyegong termino ay nangahulugan "mangwawasak." Ang Hebreo termino ay kinilala na *Sheol*, ang kaharian ng mga patay (cf. Job 26:6; 29:22; 31:12; Awit 88:11 Kawikaan 15:11; 27:20).

Robert B. Girdlestone ay may nakakwiling komento sa terminong ito sa kanyang aklat *Synonyms of the Old Testament:* "Ang salitang ito ay nagsasalin ng "malipol" sa mahigit isang daang mga sipi. Kapag ginamit sa mga tao ito ay pangkalahatang nagpapakita ng kamatayan, kapag ginamit sa mga lupain ito ay nagpapahiwatig ng desolasyon" (p. 273).

Sa Job 28:22 ito ay nagsasatao sa Kamatayan. Ang personipikasyong ito ay katangi-tangi rin sa Dead Sea Scrolls at ang intertestamental Hudyong apokaliptikong panitikan. Ito ay tila hindi karaniwan dahil ang anghel ng kamatayan sa OT ay tagapaglingkod ni YHWH (cf. Exodo 12:23; Job 15:21) o maging isang personipikasyon ni YHWH (cf. Exodo 12:13,29). Ngunit dito ang anghel ay tila tagapamahala ng binilanggo, malademonyo kawan. Ito ay maaring isa na namang paraan upang ipakita ang pagkontrol ng Diyos sa lahat ng bagay.

Ang ilang ay nagsaaad pa na ang mga emperador na sina Nero at Domitian ay nag-angkin na isang pagkakatawang tao ni Apollo, na nag Griyegong pangalan na ito ay isang nasirang anyo at isang alusyon kay Apollyon. Mayroong dalawang mga piraso ng mga ebidensya upang suportahan ito,
1. ang mga balang ay isang simbolo ni Apollo
2. ang terminong Apollo at Apollyon ay kapwa mula sa parehong Griyegong ugat.

## TALATA SA NASB (BINAGO): 9:12

**[2]Ang unang Pagkaaba ay nakaraan na: narito, darating pa ang dalawang Pagkaaba sa haharapin.**

**9:12** Ang talatang ito ay nagdudugtong sa 11:14 at 12:2.

## TALATA SA NASB (BINAGO): 9:13-19

**[13]At humihip ang ikaanim na anghel, at narinig ko ang isang tinig mula sa mga sungay ng dambanang ginto na nasa harapan ng Diyos, [14]na nagsasabi sa ikaanim na anghel na may pakakak, Kalagan mo ang apat na anghel na nagagapos sa malaking ilog ng Eufrates." [15]At kinalagan ang apat na anghel, na nangahahanda sa oras at araw at buwan at taon upang patayin ang ikatlong bahagi ng mga tao. [16] At ang bilang ng mga hukbong nangangabayo ay makalawang sangpunglibong tigsasangpung libo: aking narinig ang bilang nila. [17]At nakita kong sa pangitain ang mga kabayo, at ang mga nakasakay dito, na may mga baluting gaya ng apoy at ng jacinto at ng asupre: at ang mga ulo ng mga kabayo ay gaya ng mga ulo ng mga leon; at sa kanilang mga bibig ay lumalabas ang apoy at usok at asupre. [18]Sa pamamagitan ng tatlong salot na ito ay napatay ang ikatlong bahagi ng mga tao, sa pamamagitan ng apoy at ng usok at ng asupre, na nangagsisilabas sa kanilang mga bibig. [19]Sapagka't ang kapangyarihan ng mga kabayo ay nasa kanilang bibig, at nasa kanilang mga buntot; sapagka't ang kanilang mga buntot ay kawangis ng mga ahas, at may mga ulo; at siya nilang ipinananakit.**

**9:13 "at narinig ko ang isang tinig mula sa mga sungay ng dambanang ginto"** Ito ay isang alusyon sa altar ng insenso sa Tabernakulo (cf. Exodo 30:2,3,10). Mayroong dalawang mga altar na binanggit sa seksyon na ito: ang altar ng sakripisyo sa ilalim ng mga kaluluwa ng mga martir na natagpuan (cf. 6:9-11), at ang altar ng insenso kung saan ang mga panalangin ng bayan ng Diyos ay inilagak (cf. 8:3-5). Ang mga sungay ay isang OT simbolo ng kapangyarihan. Kapwang insensong altar at altar ng sakripisyo ay may mga sungay. Tignan puna sa 8:3.

**9:14 "'Kalagan mo ang apat na anghel na nagagapos sa malaking ilog ng Eufrates'"** Yaong mga tumitingin para sa historikal na unang siglo ang mga alusyon ay tinitignan ito bilang Parthiang kawan na lagpas sa Ilog ng Euphrates (i.e., ang hangganan ng Romanong Emperyo, cf. I Enoch 56:5-8). Ang iba, Gayunpaman, ay nakikita ito bilang isang alusyon sa OT kung saan, habang ang apat na mga kabayo ng apokalipto ay matatagpuan sa Zacarias 1:8 at 6:1-8, ang apat na mga anghel na

ito ay tila isa na namang metapora para sa mga itinalaga na tagapaglingkod ng Diyos na nagdadala ng paghahatol sa makasalanan, mapanghimagsik na mundo (cf. 7:1). Gayunpaman, sapagkat ang mga anghel ay nakagapos, ito ay maaring isang reperensiya sa mga masasamang mga anghel (cf. Jude v. 6). Ang mga anghel na ito ay nagdadala ng kamatayan sa ikatlong bahagi ng sangkatauhan (cf. v. 18).

Ang hilagang bahagi ng punong-tubigan ng Ilog ng Euphrates ay nasa hilagang-silangang hangganan ng Lupang Ipinangako (cf. Genesis 15:18; Deutronomio 1:7; 11:24; Josue 1:4).

**9:15 "At kinalagan ang apat na anghel, na nangahahanda sa oras at araw at buwan at taon upang patayin ang ikatlong bahagi ng mga tao"** Mayroon isang TAHAS NA ARTIKULO na may terminong "oras," na nagpapahiwatig ng katiyakan ng kompletong pariralang ito. Ito ay isang reperensiya sa soberenidad at kontrol ng Diyos sa kasaysayan (cf. I Enoch 92:2). Ito ay dakilang tulong para doon sa dumaranas ng persekusyon.

**9:16 "At ang bilang ng mga hukbong nangangabayo ay makalawang sangpunglibong tigsasangpung libo"** Ito ay isang simbolikong numero ng malademonyo kawan na sumasakop sa di-natubos na sangkatauhan. Ang numerong ito ay isang maihahambing sa isang laksa-laksang mga anghel na naglilingkod sa Diyos (cf. 5:11; Deutronomio 33:2; Awit 68:17; Daniel 7:10; Hebreo 12:22; Jude v. 14).

Muli, ang subukan na iugnay ito sa modenrong bansa ng China ay isang na namang halimbawa ng pagpipilit sa matalinghagang panitikan tungo sa kasalukuyang kasaysayan. A ng pagnanasa ng mga Kristyano na alamin ang panghinaharap at ipilit sa bawat isa na may kasamang esoterikong kaalaman ay isang pabalik-balik na problema.

**9:17-19 "At nakita kong sa pangitain ang mga kabayo, at ang mga nakasakay dito"** Ang deskripsyon na sumusunod ay nakikita ang mga kabayo at mananakay bilang isang yunit. Ang tunay na ahente ng kamatayan at pagpapahirap ay mga kabayo mismo (cf. v. 19). Ang mga kulay ng mga kabayo—pula (apoy),bughaw (hyacinth) at dilaw (asupre)—ay kinilala ito ang partikular na malademonyo kawan at inugnay ito sa tatlong mga salot ng apoy, bugaw na usok, at asupre na binanggit sa v. 18.

## TALATA SA NASB (BINAGO): 9:20-21

**[20]At ang nalabi sa mga tao, na hindi napatay sa mga salot na ito, ay hindi nagsipagsisi sa mga gawa ng kanilang mga kamay, upang huwag sumamba sa mga demonio, at sa mga DiyosDiyosang ginto, at pilak, at tanso, at bato, at kahoy; na hindi nangakakakita, ni nangakaririnig man, ni nangakalalakad man; [21] At sila'y hindi nagsipagsisi sa kanilang mga pagpatay, kahit man sa kanilang panggagaway, kahit man sa kanilang pakikiapid, kahit man sa kanilang pagnanakaw.**

**9:20 "At ang nalabi sa mga tao, na hindi napatay sa mga salot na ito, ay hindi nagsipagsisi"** Ito ay isang malinaw, di-kalabuan na pananalita ng pagtutubos na mga layunin ng mga salot na ito (cf. v. 21; 14:6-7; 16:9,11; 21:7; 22:17).

Habang ang Diyos ay ginamit ang mga salot sa Ehipto bilang isang motibasyon para sa (1) Ehipto upang maniwala at maglingkod sa Kanya at (2) Israel upang manatiling tapat at maglingkod sa Kanya (cf. Deutronomio 27-28), kaya ang kaparehong mga salot na ito ay para ang mga di-nanampalatayang sangakatauhan ay bumalik sa manlilikha, ngunit sila ay tumanggi. Ang kanilang matigas na kawalang pananampalataya ay naging isang nananahang kalagayan ng rebelyon (cf. Roma 1:24,26).

▣ **"sa mga gawa ng kanilang mga kamay"** Ito ay isang alusyon sa idolatrya (i.e., ang pagsamba sa mga demonyo, cf. Deutronomio 32:17; Awit 106:37; I Cor. 10:20) binanggit ng madalas sa OT (cf. Deutronomio 4:28; 28:36,64; 29:17; 32:17; Awit 115:4-8; 135:15-18; Isaias 2:8; 37:19; 40:19-20; 44:17; Jeremias 1:16; 10:3-5; Daniel 5:23; Mic. 5:13). Pansinin sa NT na ang idolatrya ay idinugtong sa malademonyo (cf. 16:14; I Corinto 10:20; I Timoteo 4:1).

**9:21** Ang apat na mga bagay na ito (idolatrya, pagpatay, pangkukulam, imoralidad) ay kinundina sa OT (cf. Deutronomio 18:10-11,14,20; Exodo 22:18; Levitico 20:6) at sila ay nagpapakilala ng imoral na pamumuhay ng mga di-mananampalataya (cf. Roma 1-2; I Timoteo 4:1; Pahayag 18:23). Ang kaparehong nagsasamang grupo ng di-nagsising mga di-mananampalataya ay binanggit sa 13:15-17; 14:9; 16:2,9,11.

▣

| | |
|---|---|
| **NASB, NKJV,** | |
| **NRSV** | **"mangkukulam"** |
| **TEV** | **"mahika"** |
| **NJB** | **"mangkukulam"** |

Nakuha natin ang Englis na termino "parmasya" mula sa Griyegong salita para sa pangkukulam (*pharmakeia*, cf. Galacia 5:20). Ito ay maaaring naging isang reperensiya sa mahikang posyon o paglalason, gaya ng ajenjong binanggit ng nauna (cf. 8:11). Sa sinaunang mundo ang mga gamot ay madalas na ginamit upang hikayatin ang "relihiyosong" karanasan.

## MGA TALAKAYANG TANONG

Ito ay isang komentaryong gabay sa pag-aaral, na nangangahulugan na ikaw ay may pananagutan sa iyong sariling interpretasyon sa Bibliya. Ang bawat isa sa atin ay dapat lumakad sa liwanag na mayroon tayo. Ikaw, ang Bibliya, at ang Banal sa Espiritu ay pangunahin sa interpretasyon. Hindi mo dapat iasa ito sa taga-pagsuri.

Ang mga talakayang tanong na ito ay inihanda upang tulungan kang mag-isip sa pamamagitan ng mga pangunahing paksa sa bahaging ito ng aklat. Ito ay nangahulugang dapat maging mapukaw-isip, hindi pang kahulugan lamang.

1. Saan natin matatagpuan ang pinagmumulan ng pag-iimahe ng mga kabanata:
   (1) sa OT;
   (2) Hudyong apokaliptikong panitikan; o
   (3) historikal mga pangyayari ng Romanong Emperyo?
2. Ang mga pangyayaring ito ay tumutukoy sa (1) ang unang siglo, (2) bawat siglo, o (3) ang panghinaharap?
3. Ang mga kabanatang ito ay para kunin ng literal o apokaliptiko?
4. Ano ang pangunahing puwersa ng mga kabanata 8-9?
5. Paanong ang pitong mga selyo at ang pitong mga mangkok ay inugnay sa mga kabanata 8 at 9?
6. Bakit may pagdami ng mala-anghel at malademonyong aktibidad bago ang Ikalawang Pagdating?

# PAHAYAG 10:1-11:19

## MGA BAHAGI NG TALATAAN NG MGA MAKABAGONG SALIN*

| UBS[4] | NKJV | NRSV | TEV | NJB |
|---|---|---|---|---|
| Ang Anghel at ang Maliit na Pergamino | Ang Makapangyarihang Anghel na may Pergamino | Ang Pambungad | Ang Anghel at ang Maliit na Pergamino | Ang Panganib ng Huling Kaparusahan |
| 10:1-7 | 10:1-7 | 10:1-7 | 10:1-4 | 10:1-7 |
| | Kinain ni Juan ang Maliit na Aklat | | 10:5-7 | Kinain ng Propeta ang Maliit na Pergamino |
| 10:8-11 | 10:8-11 | 10:8-10 | 10:8 | 10:8-11 |
| | | | 10:9 | |
| | | | 10:10-11 | |
| | | 10:11 | | Ang Dalawang mga Saksi |
| Ang Dalawang mga Saksi | Ang Dalawang mga Saksi | Ang Pagsusukat ng Templo at ang Dalawang mga Saksi | Ang Dalawang mga Saksi | |
| 11:1-13 | 11:1-6 | 11:1-3 | 11:1-3 | 11:1-10 |
| | Ang Saksi ay Pinatay | 11:4-6 | 11:4-6 | |
| | 11:7-10 | 11:7-10 | 11:7-13 | |
| | Ang Saksi ay Binuhay namang Muli | | | |
| | 11:11-14 | 11:11-13 | | 11:11-13 |
| | | Ang Ikapitong Trumpeta | | |
| 11:14 | | 11:14 | 11:14 | 11:14 |
| Ang Ikapitong Trumpeta | Ikapitong Trumpeta: ang Kaharianay Ipinoroklama | | Ang Ikapitong Trumpeta | Ang Ikapitong Trumpeta |
| 11:15-19 | 11:15-19 | 11:15-19 | 11:15-18 | 11:15-18 |
| | | | 11:19 | 11:19 |

## IKATLONG TAPUSANG PAGBASA (tingnan p. v sa panimulang seksyon)

***PAGSUNOD SA ORIHINAL NA LAYUNIN NG MAY-AKDA AYON SA ANTAS NG TALATA***

Ito ay isang komentaryong gabay sa pag-aaral, na nangangahulugan na ikaw ay may pananagutan sa iyong sariling interpretasyon sa Bibliya. Ang bawat isa sa atin ay dapat lumakad sa liwanag na mayroon tayo. Ikaw, ang Bibliya, at ang Banal sa Espiritu ay pangunahin sa interpretasyon. Hindi mo dapat iasa ito sa taga-pagsuri.

Basahin ang kabanata ng isang upuan. Alamin ang mga paksa. Ihambing ang iyong pagkakabahagi ng paksa sa limang makabagong salin. Ang pagkakatalata ay hindi isang inspirasyon, ngunit ito'y isang susi sa pagsunod sa layunin ng may akda na siyang puso ng interpretasyon. Bawat talata ay may isa at isa lamang na paksa.

1. Unang Talata
2. Ikalawang Talata
3. Ikatlong Talata
4. Atbpa.

## KONTEKSTWAL NA MGA KAUNAWAAN

A. Ang unang patalng sa (kabanata 7) ay dumating sa pagitan ng ikaanim at ikapitong mga selyo. Ang ikawalang interlud (10:1-11:14) ay dumarating sa pagitan ng ikaanim at ikapitong mga trumpeta. Walang interlud sa pagitan ng ikaanim at ikapitong mga mangkok (kabanata 16), ngunit mayroong isa pang interlud bago sila (mga kabanata 12-14).

B. Ang interlud na ito, gaya ng sa kabanata 7, ay gumagamit ng OT mga termino (tabernakulo, altar, Jerusalem). Gayunpaman, gaya ng ang mga Hudyo mga ay alusyon sa kabanata 7 ito ay tumutukoy NT bayan ng Diyos, ang Iglesya, gayundin, sa kabanatang ito. Ang mga alusyon ay kinuha mula sa Daniel 9 ngunit sila at nakibagay sa Greko-Romano, unang siglo tagpuan.

Narito ang isang maikling sipi mula sa Alan Johnson's *Commentary on Revelation*, "Ang Hudyo ay tinitignan ang pagdurusa mula sa kawalang kakahayan nito na maiugnay ang kabanatang ito sa kabanata 10, tungo sa pararelismo ng selyong interlud (ch. 7), sa ministeryo at kahalagahan ng dalawang mga saksi, at sa mas higit na mga kabanata Pahayag (lalo na mga kabanata. 12-13). Samakatuwid, mas mainam na maunawaan ang kabanata 11 bilang tumutukoy sa kabuuan ng Kristyanong komunidad" (p. 104).

C. Habang Alan Johnson nakikita ang kabanata 11 sa kanyang relasyon sa kabanata 7, 10, at 12-13, si George Ladd ay nakikita ito bilang isang nagsasariling pampanitikang yunit kaugnay sa preserbasyon sa Hudyo mga tao at sa kanilang pangwakas na kaligtasan (cf. Mateo 23:39; Lucas 21:24; Roma 11:26). Tignan ang kanyang *Commentary on the Revelation of John*, pp. 150-151.

Napakahirap na magdesisyon sa pagitan ng dalawang mga pananaw na ito. Aking tiyak na nararamdaman na dahil sa pangako ng Diyos sa Israel, magkakaroon ng pangwakas na panahong paglakas sa mga natural o binagong Israel kung saan marami ay mananampalataya kay Kristo (cf. Zacarias 12:10); ito ay bahagi sa argumento ni Pablo sa Roma 11 (siguradong posible na nag paglakas ay ipinahiwatig sa Zacarias 12:10 na nangyari sa Palestinang iglesya ng unang siglo). Gayunpaman, ang konteksto ng Pahayag 7,10, at 12-13 ay nagpapahiwatig ng isang unibersal na saklaw ng parehong proteksyon sa lahat ng bayan ng Diyos nat sa paghahatol sa lahat ng mga di-mananampalataya. Sa kontekstong ito isang nanampalatayang Hudyong pagbibigay-diin o maging isang Hudyo-laban-sa Hentil na pagbibigay-diin ay wala sa lugar.

D. Kung mayroon bang dalawang pangwakas na panahong mga saksi, o ito ba ay isang simboliko ng pangwakas na panahong mga saksi? napakahirap na maging panatag sa pag-iinterpret sa mga simbolo ng aklat na ito. Kung si Juan ay ninais sila na maging literal, dapat sana ay gumamit siya ng magkaibang dyanra upang ipahayag ang mga mananampalataya sa lahat ng panahon.

Ito ba ay reperensiya sa "dalawang mga saksi" ay may espesyal na ibig sabihin sa unang siglo mga mananampalataya na dumaranas ng persekusyon (marahil ang Emperador na kultong pagssamba)? Hindi ito masasagot ng may kawakasan. Ang pagpili ni Juan ng matalinghagang paglalarawan ay kinuha mula sa ilang mga pinaggalingan: the Lumang Tipan, apokaliptikong literatura, Greko-Romanong kultura at ilan sa Near Eastern mitolohiya (kabanata 12). Ang unang tagapakinig ba ay lubusan at kompletong naunawaan ang kanyang pinagkuhaan at simbolismo? Posibleng hindi, hindi sa partikular na paraan, ngunit naunawaan naman nila ang dyanra! Hindi nila pupuwersahin ang isang literal historikal na katuparan para sa lahat ng mga detalye.

Ang aking tanging kinatatakutan sa paggawa ng pananaliatang ito ay kung paano ang OT prediktibong propesiya ay ininterpret ng mga kinasihang NT mga may-akda! Madalas nakita nila ang literal na katuparan ng OT mga detalye sa buhay ni Kristo. Ilan sa mga katuparang ito ay mga rabinikal na salitang paglalaro o tip/anti-tipong mga simbolo. Sa ilalim ng paggagabay ng Espiritu (o katuruan ni Hesus, cf. Lucas 24:13-35) ang kasalukuyang historikal na tagpuan ng Apostoles ay tumingin sa pamamagitan ng OT propetikong mga teksto. Ang kaparehong bagay na ito ay maaring lumitaw para sa huling henerasyon ng inusig na mga mananampalataya. Gayunpaman, ang pumapagitang mga interpreter ay hindi nagawang hulaan ang alinmang sa mga detalye sa pamamagitan ng teolohiya o hermenyutika! Ang mga makabagong mga interpreter ay dapat hindi (1)puwersahin ang kanilang kasaysayan tungo sa apokaliptikong mga teksyong ito o maging (2) maghanap ng literal na katuparan sa bawat detalye ng labis na simboliko dyanrang ito. Ang panahon ang makakapagsabi!

E. Ang pampanitikan mga tularan at matalinghagang paglalarawan ng mga selyo at ang mga trumpeta ay halos kapareho. Kapwa taong kasaysayan hanggang sa kahulihulihan (cf. 6:12-17 at 11:15-19).

## SALITA AT PARIRALANG PAG-AARAL

### TALATA SA NASB (BINAGO): 10:1-7

**1 At nakita ko ang ibang malakas na anghel na nanaog na mula sa langit, na nabibihisan ng isang alapaap; at ang bahaghari ay nasa kaniyang ulo, at ang kaniyang mukha ay gaya ng araw, at ang kaniyang mga paa ay gaya ng mga haliging apoy; 2 At may isang maliit na aklat na bukas sa kaniyang kamay: at itinungtong ang kaniyang kanang paa sa dagat, at ang kaniyang kaliwa ay sa lupa; 3 At sumigaw ng malakas na tinig, na gaya ng leon na umaangal: at pagkasigaw niya, ay ang pitong kulog ay umugong. 4 At pagkaugong ng pitong kulog, ay isusulat ko sana: at narinig ko ang isang tinig na mula sa langit, na nagsasabi, " Tatakan mo ang mga bagay na sinalita ng pitong kulog, at huwag mong isulat." 5 At ang anghel na aking nakita na nakatayo sa ibabaw ng dagat at sa ibabaw ng lupa ay itinaas ang kaniyang kanang kamay sa langit, 6 At ipinanumpa yaong nabubuhay magpakailan kailan man, na**

**lumalang ng langit at ng mga bagay na naroroon, at ng lupa at ng mga bagay na naririto, at ng dagat at ng mga bagay na naririto, na hindi na magluluwat ang panahon, [7]Kundi sa mga araw ng tinig ng ikapitong anghel, pagka malapit nang siya'y humihip, kung magkagayo'y ganap na ang hiwaga ng Diyos, ayon sa mabubuting balita na kaniyang isinaysay sa kaniyang mga alipin na mga propeta.**

**10:1 "At nakita ko ang ibang malakas na anghel na nanaog na mula sa langit"** Pansinin na si Juan ay nakabalik sa mundo pagkatapos ng pangitain ng mga kabanata 4-5 (kung tinawag si Juan sa langit sa kabanata 4 ay ang raptyur ng iglesya, ito ba ay pagbagsak ng iglesya?). Ang anghel ay inilarawan sa mga termino na maiaangkop kay YHWH sa OT at kay Kristo sa Pahayag 1:12-20. Dahil dito, marami ang nagsasabi na ito ay si Kristo mismo. Gayunpaman, ito ay kahinahinala para sa mga sumsunod na mga dahilan:

1. si Kristo ay kailanman hindi tinawag na isang anghel sa Pahayag
2. mayroong pang ibang mga malalakas na mga anghel na inilista sa Pahayag (cf. 5:2; 18:21)
3. ang anghel na ito ay isusumpa ng Diyos sa v. 6, na hindi nararapt para kay Kristo
4. mayroong isang anghel sa Daniel 10 na inilirawan rin sa kaparehong mga termino.

Ang pinahabang deskripsyon na ito ay kasalungat sa anghel ng liwanag kasama ng mga anghel sa kailaliman sa Pahayag 9. Habang ang anghel sa Pahayag 9 ay dinerektahan, ang anghel ay may sariling pagdidirekta. Ito ay maaring isang alusyon sa makapangyarihang anghel ng Daniel 10:5-6 o kay Michael, ang arkanghel ng Israel sa Daniel 10:13 at 12:1.

▣ **"na nabibihisan ng isang alapaap"** SaOT ang alapaap ay natatanging transportasyon ng diyos (cf. Awit 97:2; 104:3; Daniel 7:13; Gawa 1:9).

▣ **"at ang bahaghari ay nasa kaniyang ulo"** Marami ang nakita ito bilang isang alusyon sa 4:3 at samakatuwid isa na namang titulo ng kapangyarihan at awtoridad na nag-aalala sa diyos. Ang alusyon ay maaring nagmula pa sa Ezekiel 1:28, kung saan ang bahag-hari ay ang portabol na trono/karwahe ni YHWH.

▣ **"at ang kaniyang mukha ay gaya ng araw"** Ito ay sumusunod sa deskripsyon kay Kristo na natagpuan sa 1:16 (cf. Mateo 17:2).

▣ **"at ang kaniyang mga paa ay gaya ng mga haliging apoy"** Ang deskripsyong ito ay kapareho kay Kristo sa Pahayag 1:15.

**10:2 "At may isang maliit na aklat na bukas sa kaniyang kamay"** Mayroong naging isang matinding diskusyon patungkol sa maliit na aklat na ito. Ang ilan ay nakita ito bilang maliit na aklat ng 5:1, ngayun ay bukas, ngunit dalawang magkaibang Griyegong mga salita ang ginamit (5:1, *biblion*; 10:2, *biblaridion*). Ang iba ay nakita ito bilang kaugnay sa Ezekiel 2:8-3:14. Dahil sa ito ay isang anghel at hindi Kristo, si Ezekiel ang pinakamainam na alusyon.

▣ **"at itinungtong ang kaniyang kanang paa sa dagat, at ang kaniyang kaliwa ay sa lupa"** Ang sukat ng anghel ay nagsasalit ang unibersal na mensahe. Ang mga rabi (sa Talmud) ay tinalakay ang anghel na may pangalang Sandelfon, na ang labis na taas ay kaparehong distansya ng 500 na milya mas mataas sa ibang mga anghel (cf. Hagigah 13b).

**10:3 "At sumigaw ng malakas na tinig, na gaya ng leon na umaangal"** Ang terminong "atungal" (*mukaomai*) ay madalas na ginamit para sa boses ng baka (isang mababang pag-atungal). Gayunpaman, tila di-nararapat dahil sa ang alusyon na ito sa OT mga sipi ay kung saan ang Diyos ay nagsalita gaya ng isang leon (cf. Jeremias 25:30; Hosea 11:10; Joel 3:16; Amos 3:8).

▣ **"ay ang pitong kulog ay umugong"** Ang pagkakakilanlan ng pitong mga kulog na ito ay pinag-aawayan. Ito ay maaring:

1. isang alusyon sa pitong "mga tinig" ng Diyos sa Awit 29:3-9
2. kahanay sa pitong mga selyo at pitong mga trumpeta, na mga siklo ng paghahatol ng Diyos sa mga di-mananampalataya (cf. 8:5; 11:19; 16:18) para sa layunin ng pagtutubos
3. isang matunog na pagdating ng trono ng Diyos (cf. 4:5)
4. ito ay maaring maiugnay sa pitong mga espiritu ng Diyos (cf. 1:4; 4:5; 5:6 mula sa Isaias 11:22)

**10:4 "Tatakan"** Mayroong ilang mga lugar sa Bibliya kung saan isang tao ay nakatanggap ng isang pahayag mula sa Diyos ngunit hindi maipahayag ito. Dalawa sa mga ito ay sina (1) Daniel (cf. Daniel 8:26; 12:4,9) at (2) Pablo (cf. II Corinto 12:4). Gayunpaman, ito ay isang labis na nakabibiglang pananalita. si Juan ay sinabihang isulat anoman ang kanyang nakita (cf. 1:11,19; 14:13; 19:9; 21:5). Si Juan ay sinabihan sa 22:10 na ang mga salita ng propesiyang ito ay hindi dapat selyuhan. Ito dapat ay tumukoy sa mensaheng ito lamang!

**10:5 "ay itinaas ang kaniyang kanang kamay sa langit"** Ito ay isang pagkilos ng panunumpa (cf. Genesis 14:22; Exodo 6:8;

Bilang 14:30; Deutronomio 32:40; Ezekiel 20:15,28; Daniel 12:7). Ang anyo ng sumpang ito ay napakalakas ng dating sa kanyang mga titulo para sa Diyos.

**10:6 "At ipinanumpa yaong nabubuhay magpakailan kailan man"** Ang karakterisasyon na ito ng Diyos ay nagpapaalala ng Kanyang pinakakaraniwang OT na mga pangalan:

1. YHWH mula sa Hebreo PANDIWA "maging" (cf. Exodo 3:14). "Ako na Ako nga" ay tipanang pangalan para sa diyos; ito ay nagbigay-diin sa Diyos bilang isang Tagapagligtas at Manunubos (cf. Genesis 14:19; Exodo 20:11; Nehemias 9:6; Awit 146:6).
2. *Elohim*, ay ginamit sa Diyos sa Genesis 1 bilang manlilikha, tagatukod, at tagapagtustos ng lahat ng bagay sa mundo (cf. Genesis 14:19; Exodo 20:11; Nehemias 9:6; Awit 146:6).

Ang sumpang ito ay isang paraan ng pagsasaad ng pagkamakapagtitiwalaan ng menshae ng anghel.

▣ **"na hindi na magluluwat ang panahon"** Ito ay maaring isang pagtugon sa katanungan ng mga martir sa 6:10. Ito ay literal na "ang panahon (*chronos*) na hindi na magiging ito." Ang konsepto ng panahon ay napaanod sa aklat para sa ilang mga dahilan.

1. Mayroong dalawang magkaibang Griyegong mga salita na nagpapahayag ng oras
   a. *chronos*, ang paglipas ng oras (cf. 10:6)
   b. *kairos*, isang espesyal na oras, panahon, o pangyayari (cf. 1:3; 11:18;12:12,14).
2. Mayroong ilang mga idyoma na ginamit:
   a. "ang bagay ay dapat na dagling maganap" (cf. 1:1; 22:6)
   b. "ang oras ay nalalapit" (cf. 1:3; 3:11; 22:10)
   c. "Ako ay darating ng mabilis" (cf. 2:5,16; 22:7,12,20)
   d. "Ako ay darating na g aya ng magnanakaw" (cf. 3:3; 16:15)

Ang lahat ng ito ay nagsasalita sa kamadalian (tignan Natatanging Paksa sa 1:3). Gayunpaman, ilang mga sipi ay nagsasalita sa isang pagpapaliban (cf. 6:11; 10:6; 14:13). Isa pang idyoma ay ang araw ng paghahatol at pagpapabuya ay dumating na, "natapos na" (cf. 16:17; 21:6) o "ang oras ay dumating na" (cf. 11:18; 20:12).

Ang pagsunuds pagkasunud-sunuran ay pinagsamantalahan ng nag-iibang sistema upang magbigay-diin sa isang tiyak na aspeto ng panahon (unang siglo, bawat panahon, o huling henerasyon). Ang pormal na panunumpa ng anghel ay ang pangwakas na panahong mga pangyayari ay dapat ngayon magsimula. Ang mga panalangin ng mga martir ay nasagot na! Ang Pahayag ay dapat na mainterpret ayon sa kanyang unang mambabasa (tignan John Bray, *Mateo 24 Fulfilled*).

**10:7**
**NASB "ganap na ang hiwaga ng Dios"**
**NKJV "ang hiwaga ng Diyos ay naganap na"**
**NRSV "ang hiwaga ng Diyso ay matutupad na"**
**TEV "Ang Diyos ay tutupad sa kanyang sekretong plano"**
**NJB "ang hiwaga ng Diyos ay matutupad"**

Angtermino ay may ilang mga konotasyon.

1. si Pablo ay ginagamit ito ng madalas upang tumukoy sa eternal na plano ng Diyos ng pagtutubos sa mga Hudyo at mga Hentil sa pamamagitan ng pananampalataya kay Kristo (cf. Efeso 2:11-3:13, tignan Natatanging Paksa sa 4:1).
2. ang Pahayag ay madalas na tumutukoy sa isang misteryo patungkol sa bahagi ng isang pangitain (cf. 1:20; 17:5,7).
3. Sa 10:7 ito ay tumutukoy eternal na plano ng ng pagtutubos, na ginawa ni Pablo sa Roma 16:25-26 at Efeso 2:11-3:13.

Posibleng ito ay kinuha ni Juan ang termino mula sa Daniel, partikular ang kabanata 2 (cf. 2:18,19,27,28,29,30,47). Kung magkagayon, ito ay tumutukoy sa abilidad ng Diyos na ipahayag ang Kanyang mga aksyon. AngDiyos ay may kaalaman ay may kontrol ng lahat ng sa kasaysayan.

## NATATANGING PAKSA: MISTERYO SA MGA EBANGHELYO

A. Sa Sinoptikong mga Ebanghelyo "misteryo" ay ginamit sa espiritwal na mga kaunawaan na napulot mula sa mga parabula ni Hesus.
   1. Marcos 4:11
   2. Mateo 13:11
   3. Lucas 8:10

B. Si Pablo ay ginagamit ito sa ilang magkaibang mga paraan.
   1. Ang bahagyang pagpapatigassa Israel upang pahintulutan ang mga Hentil na maisama. Ang pagpasok na ito

ng mga Hentil ay gumagawa bilang isang mekanismo para sa mga Hudyo na tanggapin si Hesus bilang ang Kristo ng propesiya (cf. Roma 11:25-32).

2. Ang ebanghelyo ay ginawa upang malaman ng mga bansa, na nagsasabi sa kanila na sila ay kasama kay Kristo at sa pamamagita ni Kristo (cf. Roma 16:25-27; Colosas 2:2).
3. Ang mga bagongkatawan ng mga mananampalataya sa Ikawalang Pagbabalik (cf. I Corinto 15:5-57; I Tesalonica 4:13-18).
4. Ang pagsasama ng lahat ng mga bagay kay Kristo (cf. Efeso 1:8-11).
5. Ang mga Hentil at mga Hudyo bilang tagapag-mana (cf. Efeso 2:11-3:13).
6. Pagkamatalik sa relasyon sa pagitan ni Kristo at ang Iglesya inilarawan sa pag-aasawa na mga termino (cf. Efeso 5:22-33).
7. Ang mga Hentil na isinama sa tipanang bayan at pinanahanan ng Espiritu ni Kristo upang makapag-gawa ng pagiging wangis ni Hesus na pagkahinog, yan ay, panumbalikin ang nasira imahe ng Diyos sa tao (cf. Genesis 1:26-27; 5:1; 6:5,11-13; 8:21; 9:6; Colosas 1:26-28).
8. Ang pangwakas na panahon na Anti-Kristo (cf. II Tesalonica 2:1-11).
9. Ang naunang iglesyang himno patungkol sa misteryo ng ebanghelyo ay matatagpuan sa I Timoeteo 3:16.

C. Sa Pahayag ni Juan ito ay ginamit sa kahulugan ng apokaliptikong mga simbolo ni Juan.
1. 1:20
2. 10:7
3. 17:5,6

D. Ang mga ito ay mga katotohanan na ang mga tao ay hindi makakadiskobre, sila ay dapat na ipahayag ng Diyos. Ang mga kaunawaang ito ay krusyal para sa isang tunay na pagkakaunawa sa eternal na plano ng Diyos para sa pagtutubos ng lahat ng tao (cf. Genesis 3:15).

▣ **"ang mga propeta"**

## NATATANGING PAKSA: PROPESIYA NG LUMANG TIPAN

I. PANIMULA

A. Pambungad na mga Pangungusap

1. Ang naniniwalang komunidad ay hindi nagsasangayon sa kung paano iinterpret ang propesiya. Ang ibang mga katotohanan ay naitayo sa isang ortodoks na posisyon sa loob ng ilang mga siglo, ngunit hindi ang isang ito.
2. Mayroong ilang mga malilinaw na baitang sa OT Propersiya

a. premonarkyal

(1) ang mga indibidwal ay tinatawag na mga propeta
(a) Abraham – Genesis 20:7
(b) Moses – Bilang 12:6-8; Deuteronomio 18:15; 34:10
(c) Aaron – Exodo 7:1 (tagapagsalita para kay Moses)
(d) Miriam – Exodo 15:20
(e) Medad at Eldad – Bilang 11:24-30
(f) Deborah – Hukom 4:4
(g) di-pinangalanan – Hukom 6:7-10
(h) Samuel – I Samuel 3:20

(2) reperensya sa mga propeta bilang isang grupo – Deuteronomio 13:1-5; 18:20-22
(3) makapropetang grupo o samahan – I Samuel 10:5-13; 19:20; I Hari 20:35,41; 22:6,10-13; II Hari 2:3,7;4:1,38; 5:22; 6:1, etc.
(4) Ang Mesias ay tinawag na propeta – Deuteronomio 18:15-18

b. hindi-sumusulat na monarkyal (sinasabihan nila ang hari):
(1) Gad – I Samuel 22:5; II Samuel 24:11; I Cronika 29:29
(2) Nathan – II Samuel 7:2; 12:25; I Hari 1:22

(3) Ahijah – I Hari 11:29

(4) Jehu – I Hari 16:1,7,12

(5) unnamed – I Hari 18:4,13; 20:13,22

(6) Elijah – I Hari 18 - II Hari 2

(7) Milcaiah – I Hari 22

(8) Elisha – II Hari 2:8,13

c. klasikal na sumusulat na mga propeta (sinasabihan nila ang bansa at gayon din ang hari): Isaiah-Malachi (maliban kay Daniel)

B. Biblikal na mga Terminoino

1. *Ro'eh* = "seer," I Samuel 9:9. Ang sariling reperensya na ito ay nagpapakita ng paglilipat patungo sa salitang *nabi*. *Ro'eh* ay nagmula sa pangkalahatang salita "makita." Ang taong ito ay nauunawaan ang paraan at plano ng Diyos at kinunsulta ang katiyakan ng kalooban ng Diyos sa bagay na iyon.

2. *Hozeh* = "seer," II Samuel 24:11. Ito ay karaniwang kasingkahulugan ng Ro'eh. Ito ay mula sa bihirang salita "makita." Ang pantukoy na anyo ay ginamit ng pinakamadalas upang tukuyin ang mga propeta (i.e., "pagmasdan").

3. *Nabi'* = "propeta," mula sa Akkadian na PANDIWA *Nabu* = "tawagin" at Arabic *Naba'a* = "ihayag." Ito ay pinakakaraniwang salita sa Lumang Tipan na nagtatalaga sa propeta. Ito ay ginamit ng higit ng 300 beses. Ang eksaktong etimolohiya ay hindi tiyak ngunit ang "tawagin" sa kasalukuyan ang pinakamahusay na opsyon. Posibleng ang pinakamahusay na pagkakaunawa ay nagmula sa paglalarawan ni YHWH sa relasyon nio Moses kay Paraon sa pamamagitan ni Aaron (cf. Exodo 4:10-16; 7:1; Deuteronomio 5:5. A propeta ay isang tao na nagsasalita para sa Diyos sa Kanyang tao (Amos 3:8; Jeremias 1:7,17; Ezekiel 3:4.)

4. Ang tatlong mga salita ay ginamit para sa opisina ng propeta sa I Cronika 29:29; Samuel - *Ro'eh*; Nathan - *Nabi'* and Gad–*Hozeh*.

5. Ang talatang, *'ish ha - 'elohim*, "Tao ng Diyos," ay isa ring malawak na designasyon para sa tagapagsalita ng Diyos. Ito ay ginamit ng 76 beses sa OT sa pakahulugan ng "propeta."

6. Ang salitang "propeta" ay sa Griyegong pinagmulan. Ito ay nagmula sa: (1) *pro* = "bago" o "para" at (2) *phemi* = "magsalita."

II. ANG PALIWANAG SA PROPESIYA

A. Ang salitang "PROPESIYA" ay mayroong mas malawak na semantikong larangan sa Hebreo kaysa Englis. Ang kasaysayan ng mga aklat ng Josue hanggang sa mga Hari(maliban sa Ruth) ay pinangalanan ng mga Hudyo bilang "ang mga dating mga propeta." Parehong si Abraham (Genesis 20:7; Awit 105:5) at Moses (Deuteronomio 18:18) ay itinalagang mga propeta (at saka si Miriam, Exodo 15:20). Samkatwid, mag-ingat sa pag-aakala ng Englis na paliwanag!

B. "Propetisismo ay lehitimong maipapaliwanag bilang isang pagkakaunawa sa kasaysayan na tumatanggap lamang ng kahulugan sa pamamagitan ng banal na pag-aalala, banal na layunin, at banal na partisipasyon," *Interpreter's Dictionary of the Bibliya*, vol. 3, p. 896.

C. "Ang propeta ay hindi alinman na isang pilosopo o sistematikong teolohiko, ngunit isang tipanang tagapamagitan na nagdadala ng salita ng Diyos sa Kanyang mnga tao upoang hubugin ang kanilang hinaharap sa pamamagitan ng pagrereporma sa kanilang pangkasalukuyan, "Ang mga propeta at propesiya," *Encyclopedia Judaica* vol. 13 p. 1152.

III. LAYUNIN NG PROPESIYA

A. Ang propesiya ay paraan ng Diyos para magsalita sa Kanyang mga tao, nagtutustus ng paggagabay sa kanilang pangkasalukuyang tagpuan at pag-asa sa Kanyang pagkokontrol sa kanilang mga buhay at mga pangyayari sa mundo. Ang mensaheng ito ay pangunahing pangkalahatan. Ito ay para, pagsabihan, palakasin, patatagin ang pananampalataya, at bigyan ng impormasyon ang mga tao ng Diyos patungkol sa Kanyang sarili at sa Kanyang mga plano. Hinawakan nila ang mga tao ng Diyos sa pagiging tapat sa tipanan ng Diyos. Dapat idagdag ditto ang madalas na paggamit ng malinaw na pagpapahayag sa pagpili ng Diyos ng Kanyang tagapagsalita (Deuteronomio 13:1-3; 18:20-22). Kapag, ito ay inunawa ng sukdulan, ay tumutukoy sa Mesias.

B. Madalas, ang propeta ay kinukuha ang isang makasaysayan o teolohikal na krisis sa kanyang panahon at ibinabato sa ekastolohikal na tagpuan. Itong pagwawakas ng panahong pananaw ng kasaysayan ay

natatangi sa Israel at ang pakahulugan nito sa banal na eleksyon at tipanan mga pangako.

C. Ang katungkulan ng propeta ay para ibalanse (Jeremias 18:18) at agawin ang katungkulan ng Punong Saserdote nilang paraan sa pagkilala ng kalooban ng Diyos. Ang Urim at Thummim ay nasasaklawan ang pasalitang mensahe mula sa tagapagsalita ng Diyos. Ang katungkulan ng propeta ay parang nawawala na rin saIsrael pagkatapos ng Malachi. Hindi na ito muling bumalik hanggang sa makalipas ang 400 na taon hanggang kay Juan na Tagabauitismo. Hindi tiyak kung paano ang Bagong Tipan na kaloob ng "PROPESIYA" ay naiuugnay sa Lumang Tipan. Ang mga Bagong Tipan na mga propeta (Mga Gawa11:27-28; 13:1; 15:32; I Corinto 12:10,28-29; 14:29,32,37; Efeso 4:11) ay hindi mga tagapamahayag ng mga bagong Kapahayagan o Kasulatan, ngunit mga tagapag-alala at tagapagbigay babala ng mga kalooban ng Diyos sa mga tipanang tagpuan.

D. Ang propesiya ay <u>hindi</u> eklusibo o pangunahing likas na prediksyon. Ang prediksyon ay isang paraan upang kompirmahin ang kanyang katungkulan at ang kanyang mensahe, ngunit dapat na pansinin " mababa sa 2% ng OT na propesiya ay makaMesyas. Mababa sa 5% sa particular ay naglalarawan sa Bagong Tipanang Panahon. Mababa sa1% ay nagmamalasakit sa mga darating ng mga pangyayari." (Fee at Stuart, *How to Read the Bibliya For All Its Worth*, p. 166)

E. Ang mga propeta ay kumakatawan sa Diyos sa mga tao, habang ang mga Saserdote ay kumakatawan sa mga tao para sa Diyos. Ito ay pangkalahatang pangungusap. Mayroon mga eksepsyon gaya ng Habakkuk, na tumutugon sa mga katanungan sa Diyos.

F. Isang dahilan na mahirap na maunawaan ang mga propeta ay dahil hindi natin alam kung paano ang istruktura ng kanilang mga aklat. Hindi sila kronolohikal. Sila ay parang may tema ngunit hindi lagi sa paraan na ating inaasahan. Madalas, walang kapansin-pansing makasaysayang tagpuan,balangkas ng panahon o malinaw paghahati-hati sa pagitan ng mga orakulo. Ang mga aklat na ito ay mahirap (1)na basahin sa isang upuan lamang; (2) na ibanghay sa mga paksa; at (3) na matiyak ang sentrong katotohanan o may-akdang intensyon ng bawat orakulo.

## IV. MGA KATANGIAN NG PROPESIYA

A. Sa Lumang Tipan mayroong parang pagbabago sa konsepto ng "propeta" at "propesiya." Sa sinaunang Israel mayroong nabuong isang pagsasama-sama ng mga propeta, na pinangungunahan ng matibay at karismatik na pinuno gaya nina Elijah o Elisha. Minsan ang talatang, " mga anak ng propeta," ay ginamit sa pagtatalaga sa grupong ito (II Hari 2). Ang mga propeta ay kinikilala sa pamamagitan ng hubog ng labis na kaligayahan (I Samuel 10:10-13; 19:18-24).

B. Gayumpaman, ang panahong ito ay lumipas ng mabilis patungo sa mga indibidwal na propeta. Mayroong mga propeta (parehong totoo at huwad) na nakikila kasama ng Hari, at namumuhay sa palasyo (Gad, Nathan). At saka, mayroong mga nagsasarili, minsan ay lubusang hindi nakakonekta ay katayuan sa lipunan ng Israel (Amos). Sila ay parehong lalake at babae (II Hari22:14.)

C. Ang propeta ay madalas na tagahayag ng hinaharap, nakakondisyon sa kagyat ng pagtugon ng tao. Madalas ang gawain ng propeta ay ilatag ang pangkalahatang plano ng Diyos para sa Kanyang nilalang na hindi apektado ng pagtugon ng tao. Ang pangkalahatang ekastolohikal na plano ay natatangi sa mga propeta ng Ancient Near East. Ang Prediksyon at Tipananang katapatan ay kambal na pokus ng mga propetang mensahe(cf. Fee at Stuart, p. 150). Ito ay nagpapahiwatig na ang mga propeta ay unang una na pangsama-sama ang pokus. Sila ay madalas, ngunit, hindi eklusibo, na tumutugon sa bansa.

D. Karamihan sa mga makapropetang materyal ay pasalitang ipinakita. Sa kalaunan ito ay pinagsama sa pamamagitan ng tema, kronolohiya o ibang mga huwaran ng Literatura ng Near Eastern na wala na sa atin ngayun. Sapagkat ito ay pasalita hindi ito nakaistruktura na gaya ng isinulat na prosa. Ito ang naging dahilan kung bakit ito mahirap basahin na tuloy-tuloy at mahirap na maunawaan ng walang espisipikong makaysaysayang tagpuan.

E. Ang mga propeta ay gumagamit ng ilang mga paraan upang ipahayag ang kanilang mga mensahe.

1. Tagpuan sa Korte – Ang Diyos ang nagdadala sa Kanyang mga tao sa korte, madalas ito ay isang kaso ng dibosyo na kung saan si YHWH ay itinatakwil ang Kanyang asawa (Israel) dahil sa kanyang pagtataksil (Hosea 4; Micah 6).
2. Paglalamay na Panambitan – ang espesyal na sukat ng tipong ito ng mensahe at ang mga katangian nito na"pighati" ang naghihiwalay nito bilang espesyal na anyo (Isaiah 5; Habakkuk 2).
3. Tipanang Pagpapalang Pagproproklama - ang likas na kondisyonal ng Tipanan ay binigyan diin at ang kahihinatnan, parehong positibo at negatibo, ay binaybay para sa panghinaharap (Deuteronomio 27-28).

V. MAKAKATULONG NA MGA ALINTUTUNIN PARA SA PAGBIBIGAY-KAHULUGAN NG PROPESIYA

A. Hanapin ang intensyon ng orihinal na propeta(editor) sa pamamagitan ng paglista ng makasaysayang tagpuan at ang kontekstong literatura ng bawat orakulo.Madalas ito ay nagsasangkot ng pagsuway ng Israel sa Mosaik na Tipanan sa ilang mga paraan

B. Basahin at bigyan pakahulugan ang buong orakulo, hindi lamang ang isang bahagi;bangyahin ito gaya ng sa nilalaman. Tigna kung paano ito nauugnay sa sa nakapaligid na mga orakulo. Subuking banghayin ang buong aklat.

C. Isipin ang literal na interpretasyon ng talata hanggang sa ang isang bagay sa teksto ang magturo sa iyo sa matalinghagang pagkakagamit; pagkatapos ay ilagay ang matalinghagang lenggwahe sa prosa.

D. Pag-aralan ang simbolikong aksyon sa liwanag ng makasaysayang tagpuan at mga kahanay na mga pasehe. Siguraduhing tandaan na ang literatura ng Ancient Near Eastern ay hindi kanluranin o modernong literatura

E. Asikasuhin ang prediksyon ng may pag-iingat.
1. Sila ba ay ekslusibong sa panahon lamang ng may-akda?
2. Sila ba ay natupad sa loob ng kasaysayan ng Israel?
3. Sila ba ay mga pangyayari sa hinaharap?
4. Meron na ba silang mga pangkasalukuyang pagkakatupad ngunit may inaasahang panghinaharap na katuparan pa?
5. Payagan ang mga may-akda ng Bibliya, hindi ang mga modernong may-akda, ang maggabay sa iyo sa kasagutan.

F. Mahahalagang Alalahanin
1. Ang prediksyon ba ay isang kwalipikadong kondisyonal na pagtugon?
2. May katiyakan ba kung kanino ipinapahayag ang propesiya (at bakit)?
3. Mayroon bang posibilidad na ang parehong Biblikal at/o makasaysayan ay para sa pangmaramihang pagkakatupad?
4. Ang mga NT na may-akda na nasa ilalim ng inspirasyon ay nagawang makita ang Mesias sa ibat-ibang lugar ng OT na hindi halata sa atin. Sila marahil ay gumamit ng tipolohiya o paglalaro ng salita. Dahil sa tayo ay hindi inspirado pinakamainam na iwanan natin ang paraan na ito sa kanila.

VI. MAKATUTULONG NA MGA AKLAT


A. *A Guide to Biblical Prophecy* ni Carl E. Amending at W. Ward Basque

B. *How to Read the Bible for All Its Worth* by Gordon Fee at Douglas Stuart

C. *My Servants the Prophets* ni Edward J. Young

D. *Plowshares and Pruning Hooks: Rethinking the Language of Biblical Prophecy and Apocaliptic* ni D. Brent Sandy

E. *New International Dictionary of Lumang Tipan Theology and Exegesis*, vol. 4, pp. 1067-1078


## TALATA SA NASB (BINAGO): 10:8-11

**8At ang tinig na aking narinig na mula sa langit, ay muling nagsalita sa akin, at nagsabi, "Humayo ka, kunin mo ang aklat na bukas na nasa kamay ng anghel na nakatayo sa ibabaw ng dagat at sa ibabaw ng lupa." 9At ako'y naparoon sa anghel na nagsabi ako sa kaniya na ibigay sa akin ang maliit na aklat. At kaniyang sinabi sa akin, "Kunin mo ito, at ito'y kanin mo; at papapaitin ang iyong tiyan, datapuwa't sa iyong bibig ay magiging matamis na gaya ng pulot." 10At kinuha ko ang maliit na aklat sa kamay ng anghel, at aking kinain; at sa aking bibig ay matamis na gaya ng pulot: at nang aking makain, ay pumait ang aking tiyan. 11At sinasabi nila sa akin, "Dapat kang manghulang muli sa maraming mga bayan at mga bansa at mga wika at mga hari."**

**10:8 "At ang tinig na aking narinig na mula sa langit, ay muling nagsalita sa akin"** Mayroong matinding espekulasyon patungkol sa identipikasyon sa tagapagsalita. Ang ilan ay nagsaad na ito ay Diyos, o Kristo, o ang Banal na Espiritu, o isang makapagyarihang mga anghel.

Sa v. 11 ang tinig ay PANGMARAMIHAN, posibleng tumutukoy sa Triune na Diyos. Ang mga PANGMARAMIHAN ay ginamit sa diyos ng OT (ang pangalan na *Elohim* at ang "tayo" ng Genesis 1:26; 3:22; 7:11; Isaias 6:8) ay naipaliwanag na ng ilang mga paraan.

1. isang gramatikal nagbuo na tinawag na "ang PANGMARAMIHAN ng kamaharlikaan" kung saan ang

PANGMARAMIHAN ay nagpapatinidi ng konsepto o termino

2. si YHWH ay nagsasalita na magkasamang mala- anghel na konseho (cf. I Hari 22:19; Job 1:6; 2:1; Jeremias 23:18; Daniel 7:10)
3. ang simulang anyo sa konsepto ng isang Triune Diyos o Trinidad (cf. Awit 110:1; Zacarias 2:8; 17:10)

Tignan NATATANGING PAKSA: Mga Pangalan para sa Pagkadiyos sa 1:8.

**10:9 "'Kunin mo ito, at ito'y kanin mo'"** Ito ay isang alusyon sa Ezekiel 2:8-3:14 o Jeremias 15:16-17. Ito ay nagsisimbolo na pagiging ikinomisyon na magsalita ng mensahe ng Diyos. Ang maliit na aklat ay nagsisimbolo sa mensahe ng Diyos na naglalaman ng parehong kasiguruhan sa mga mananampalataya (pulut, cf. Awit 19:10-11; 119:103) at paghahatol sa mga di-mananampalataya (mapait). Ang balumbon na ito ay hindi kapareho gaya ng sa isa na binuksan ni Hesus sa kabanata 6. Ito ay tumutukoy sa mensahe ng makapangyarihang anghel (cf. vv. 7-11).

**10:11 "At sinasabi nila sa akin"** Ang makapangyarihang anghel o ang Triune Diyos ay naninindigan kay Juan bilang propetikong tagapagtala at tagapagsalita.

▣ **"maraming mga bayan at mga bansa at mga wika at mga hari"** Ang terminolohiyang ito ay ginamit sa parehong mga di-mananampalataya (cf. 11:9; 13:7-8; 14:6; 17:15) at mga mananampalataya (i.e.,bago ang Araw ng Paghuhukom cf. 7:9; 15:4 at pagkatapos ng Araw ng Paghuhukom cf. 21:24,26; 22:2). Ang talatang ito ay maaring tumutukoy sa pangangaral ng ebanghelyo (cf. 10:11; 14:6) sa lahat ng mga bansa (cf. Mateo 24:14; Marcos 13:10) o ang prediksyon ng mas higit na temporal na mga paghahatol ng poot ng Diyos.

# PAHAYAG 11

## TALATA SA NASB (BINAGO): 11:1-6

**[1]At binigyan ako ng isang tambong katulad ng isang panukat: at may isang nagsabi, Magtindig ka, at sukatin mo ang templo ng Diyos, at ang dambana, at ang mga sumasamba doon. [2]"At ang loobang nasa labas ng templo ay pabayaan mo, at huwag mong sukatin; sapagka't ibinigay sa mga Gentil; at kanilang yuyurakang apat na pu't dalawang buwan ang banal na siudad. [3]"At may ipagkakaloob ako sa aking dalawang saksi, at sila'y magsisipanghulang isang libo at dalawang daan at anim na pung araw, na nararamtan ng magagaspang na kayo." [4]Ang mga ito'y ang dalawang punong olibo at ang dalawang kandelero, na nangakatayo sa harapan ng Panginoon ng lupa. [5]At kung nasain ng sinoman na sila'y ipahamak, ay apoy ang lumalabas sa kanilang bibig, at lumalamon sa kanilang mga kaaway; at kung nasain ng sinoman na sila'y ipahamak ay kailangan ang mamatay sa ganitong paraan.. [6]Ang mga ito'y may kapangyarihang magsara ng langit, upang huwag umulan sa loob ng mga araw ng kanilang hula: at may kapangyarihan sila sa mga tubig na mapaging dugo, at mapahirapan ang lupa ng bawa't salot sa tuwing kanilang nasain.**

**11:1 "isang tambong katulad ng isang panukat"** Sa naunang seksyon na pinagmasdan ni Juan habang ang mga anghel ay nagsasagawa ng mga tungkulin, ngunit sa ikapitong trumpeta na si Juan ay kasangkot sa aksyon.

Ang termino "panukat na tambo" (*kalamos*, ginamit lamang sa ganitong pakahulugan dito) posibleng nagpapakita ng OT pagkakagamit sa mga tambo sa ilog na ginamit bilang pahalang na mga panukat na instrumento (tignan NATATANGING PAKSA: Katuwiran sa 19:11). Sila ay nasa mga pagitan ng walo at dalawampu na talampakang haba (cf. Ezekiel 40:5-42:20).

▣ **"Magtindig ka, at sukatin mo"** Ang pagsusukat ay isang tanda ng (1) ipinangakong paglago at proteksyon (cf. Jeremias 31:38-40; Pahayag 21:15). Ito ay maaring isang alusyon sa pangwakas na panahong templo ni Ezekiel (cf. 40-48) o bagong Jerusalem ni Zacarias (cf. 1:16; 2:1-13); or (2) paghahatol (cf. II Samuel 8:2; II Hari 21:13; Isaias 28:17; Panaghoy 2:8). Dito, gaya ng pagseselyo sa kabanata 7, ito ay isang tanda ng proteksyon ng Diyos sa mga mananampalataya. Kung ang interlud na ito ay humahanay sa kabanata 7 magkagayon ang templong ito ay ang pagkabuuang bayan ng Diyos (naniniwalang mga Hudyo at naniniwalang mga Hentil). Ito ngayon ay kahanay rin ng kabanata 12.

▣ **"ang templo ng Dios, at ang dambana, at ang mga sumasamba doon"** Ang pagkakakilanlan ng templong ito ay nakadepende sa pag-iinterpret ng mga presuposisyon.

1. Kung ating ipagpapalagay ang na ang matalinghagang paglalarawan ni Juan ay kinuha mula sa Ezekiel 40-48, magkagayon ito ay literal na pangwakas na panahong templo sa Jerusalem (cf. II Tesalonica 2:4).
2. Kung, Gayunpaman, ating ipagpapalagay na ang alusyon ay ang Zacarias 2 magkagayon ang matalinghagang paglalarawan ay ang bayan ng Diyos, bagong Jerusalem.
3. Kung ating ipagpapalagay ang makalangit na templo (cf. 7:15; 11:19; 15:58; Hebreo 9:23) magkagayon ang maraming tao ng 7:9 (ang Iglesya, at ang babae sa kabanata 12)ang maaring pokus (cf. 21:15-16).

Nakakawili na pansinin na si Juan na sinabihan ang mga tao na magpuri doon. Ito ay hindi karaniwang terminolohiya.

Ang imahe na ito ay nagsasangkot ng higit pa sa isang gusali. Ito ay isang matalinghagang paglalarawan na pag-aalis ng mga tao sa pananampalataya mula sa mga di-mananampalataya patungkol sa karanasan ng poot ng Diyos. Samakatuwid, ito ay kahanay sa mga marka ng Diyos sa mga noo ng mga mananampalataya (cf. 7:3-4).

**11:2 "At ang loobang nasa labas ng templo"** Ang konsepto ng panglabas korte na tumutukoy sa historikal sa korte ng mga Hentil sa Templo ni Herodes. Mayroong ilang OT mga alusyon sa ideya ng Jerusalem at sa Templo na pinababagsak ng mga Hentil (cf. Awit 79:1-7; Isaias 63:18; Daniel 8:13; Zacarias 12:3 Sa Septuagint). Si Hesus ay tila gumawa ng isang direktang alusyon sa Daniel 8:13 sa Lucas 21:24.

▣ **"ang mga bansa"** Tignan puna sa 2:26 at 10:11.

▣ **"pat na pu't dalawang buwan"** Tignan NATATANGING PAKSA sa ibaba.

## NATATANGING PAKSA: APATNAPUT-DALAWANG MGA BUWAN

Ang numberong apatnaput-dalawang mga buwan ay propetikal na katangian ng isang periyod ng persekusyon. Ang pagyurak sa panlabas na korte ay isang kasabihan para sa bayan ng Diyos sa ilalim ng dominasyon ng mga di-mananampalataya sa magkaibang mga periyod sa kasaysayan—Antiochus Epiphanes, ang Roma sa A.D. 70, at ang pangwakas na panahong AntiKristo.

Apatnaput-dalawang mga buwan, o ang katumbas nito, ay bianggit ng ilang beses sa Bibliya. Ang pinagmulan ay tila sa aklat ng Daniel.

1. Daniel 7:25; 12:7 binanggit ang "isang panahon, mga panahon, at kalahati ng panahon" o 1277 mga araw (ipagpalagay na "panahon" ay katumbas ng isang taon)
2. Daniel 8:14 binanggit ang 2300 mga gabi at mga umaga
3. Daniel 12:11 binanggit ang 1290 mga araw

Daniel 12:12 binanggit ang 1335 mga araw. Kahawaig ang pagpaparila na natagpuan sa Pahayag 12:6 (1260 mga araw) at 13:5 (42 mga buwan). Kapag ang mga pangyayari na ito ay ikokonsedera, ang kanilang pagkakaiba ay tila nagsasalita sa simbolikong kalikasan ng mga numero, habang ang kanilang kalapitan sa apatnaput-dalawang mga buwan ay tila nagpapakita na ito ay isang simbolikong numero para sa isang periyod ng persekusyon. Dahil ang tatlo at kalaheti ng pito, ito ay tila isang reperensiya sa isang kompletong periyod ng persekusyon na pinaikli (cf. Mateo 24:22; Marcos 13:20; Lucas 21:24). Persekuyon ay limitado sa pagmamahal ng Diyos bilang isang paghahatol.

▣ **"na banal na siudad"** Ito ay maaring tumutukoy sa Jerusalem (cf. Isaias 52:1; Mateo 27:53). Gayunpaman, sa pagsunod ng interpretasyon ng templo sa Pahayag 3:12 bilang tumutukoy sa NT mga mananampalataya, ang kaparehong paraan ay dapat na sundan ng pariralang ito. Sa huling mga kabanata ng Pahayag ito ay tumutukoy sa NT bayan ng Diyos (cf. 20:9; 21:2,10; 22:19).

Si Juan ay humuhugot ng mga metapora mula sa OT ngunit inaaplay ang mga ito sa NT bayan ng Diyos. Ang iglesya ay binubuo ng nanampalatayang mga Hudyo at mga Hentil. Walang pagbibigay diin sa panlahing mga Hudyo laban sa mga Hentil sa Pahayag. Wala nang higit na mga Hudyo at Griyego (cf. I Corinto 12:13; Galacia 3:28; Colosas 3:11).

**11:3 "At may ipagkakaloob ako sa aking dalawang saksi"** Ito ay tila nagpahiwatig sa Diyos Ama na nagsasalita sapagkat si Hesus ay tinukoy sa v. 8 (bagamat mayroong isang Griyegong manuskrito na may PANGHALIP, na inalis sa $P^{47}$ at ¥).

▣ **"dalawang saksi"** Mayroong naging maraming mga teorya patungkol sa pagkakakilanlan sa dalawang makapagyarihang mangangaral na ito:

1. Ang alusyon (cf. v. 4) ay mula sa Zacarias 4:3,11,14. Ito ay orihinal na tumukoy sa pagbabalik ng Davidikong punla , Zerubbabel, at ang pagbabalik ng Punong Saserdoteng punla, Josue, na dalawang ginabayan ng Espiritung pinuno (dalawang puno ng olibo) na nanguna sa pagbabalik mula sa Babiloniang kaptibidad (i.e., ang pinanumbalik na bayan ng Diyos).
2. Ang dalawang kandelasyo (cf. 1:20) maaaring nagpahiwatig ng dalawang matapat na mga iglesya, Smyrna, 2:8-11 at Philadelphia, 3:7-13.
3. Ang dalawang mga saksi maaaring nagpahiwatig ng testimonya sa korte (cf. Bilang 35:30; Deutronomio 17:6; 19:15).
4. Ang deskripsyon ng dalawang mga saksi na ito ay nagpapahiwatig na si Elijah (kinuha tungo sa alapaap v. 6, cf. I Hari 17:1; 18:1; Lucas 4:25; Santiago 5:17 at nagtawag ng apoy paibaba, cf. I Hari 18:24,38; II Hari 1:10,12) at Moses (ginawa ang tubig na dugo mula sa v. 6, cf. Exodo 7:17-19). Ang mga ito ay kapwa lumitaw kay Hesus sa bundok ng Transpigurasyon (cf. Mateo 17:4).
5. Ang intertestamental apokaliptikong aklat ng I Enoch 90:31 at dalawang naunang iglesyang ama, Tertullian at Hippolitus, ay nagsaad na sila ay ang dalawang mga persona mula sa OT na hindi namatay ng natural na

kamatayan, Enoch (cf. Genesis 5:21-24) at Elijah (cf. II Hari 2:11).

6. Ang NJB na talababa ay nagsaad na ito ay tumutukoy kay Pedro at Pablo, kapwa naging martir sa Roma sa pamumuno ni Nero (p. 435).

Ako ay personal na nakita sila bilang mga simboliko ng patotoo sa kabuuang bayan ng Diyos dahil sa kahanay na estruktura ng pitong mga selyo at interlud at pitong mga trumpeta at interlud. Samakatuwid, parehong ang 144,000 (nanampalatayang mga Hudyo) at ang di-mabilang na grupo (nanampalatayang mga bansa), gayundin ang dalawang mga saksi, ay tumutukoy sa iglesya.

▣ **"nakasuot ng tela ng sako"** Ito ay alinmang sa (1) isang tanda ng pagluluksa at pagsisisi (cf. Genesis 37:34; II Samuel 3:31) o (2)simpleng normal na kasuutan ng propeta (cf. II Hari 1:8; Isaias 20:2; Zacarias 13:4).

▣ **"sila'y magsisipanghulang isang libo at dalawang daan at anim na pung araw"** Apatnaput-dalawang mga buwan ng tatlumpung araw bawat isa ay katumbas ng labindalawang daan at animnapung mga araw. Ang ebanghelyo ay ipoproklama sa panahon ng periyod na ito ng persekusyon ng mga di-nanampalatayang mga bansa (cf. Mateo 24:8-14, 21-22). Ang simbolikong ito ng numero ay nagmumula sa Daniel 7:25; 12:7 at ito ay ginamit ng madalas sa Pahayag (cf. 12:6; 13:5).

**11:4 "ang dalawang punong olibo"** Ito ay isang alusyon kay Zerubbabel, ang Davidikong punla at ang pagbabalik sa pagpapatapon at Josue, ang Aaronik na punla sa pagpapabalik mula sa pagpapatapon (cf. Zacarias 4:3,11,14). Ito ay maaring nagpahiwatig na ang ebanghelyong saksi ng pangwakas na panahong ay kumakatawan ng isang maharlikang Mesyaniko at makasaserdote Mesyanikong pagbibigay-diin (Hesus bilang Hari at Saserdote, cf. Awit 110; Hebreo 1:3). Ang dalawang kinasihang mga mangangaral ng pagsisisi ay nagdadala liwanag ng Diyos (cf. Zacarias 4) sa isang mapanghimagsik na mndo (ang mapanghimagsik na Israel ay ngayon ay isang mapanghimagsik na sangkatauhan, cf. Isaias 6:9-11; 43:8-13; Jeremias 5:21-29; Ezekiel 12:2).

**11:5 "At kung nasain ng sinoman na sila'y ipahamak… at kung nasain ng sinoman na sila'y ipahamak"** Pareho sa mga ito ay ang UNANG KLASENG KONDISYONAL NA MGA PANGUNGUSAP na nagpapalagay na mayroon yaong mga nais na saktan sila, ngunit sila ay banal na protektado hanggang sa ang kanilang misyon ay makamit.

▣ **"ay apoy ang lumalabas sa kanilang bibig, at lumalamon sa kanilang mga kaaway"** Pansinin na ang kapangyarihan sa kanilang mga bibig na nagpapahiwatig na ang kapangyarihan ng mensahe na kanilang ipinahayag. Sa Pahayag ang bibig ay isang sandata, ang dila ay isang tabak (cf. 9:17; 19:15; Hebreo 4:12).

**11:6** Ang mga OT na mga aksyon na ito ay nagpapaalala kina Elijah (cf. I Hari 17:1) at Moses (cf. Exodo 7:17-19).

## TALATA SA NASB (BINAGO): 11:7-10

**[7]At pagka natapos nila ang kanilang patotoo, ang hayop na umahon mula sa kalaliman ay babaka sa kanila, at pagtatagumpayan sila, at sila'y papatayin. [8]At ang kanilang mga bangkay ay nasa lansangan ng malaking bayan, na ayon sa espiritu ay tinatawag na Sodoma at Egipto, na doon din naman ipinako sa krus ang Panginoon nila. [9]At ang mga tao mula sa gitna ng mga bayan at mga angkan at mga wika at mga bansa, ay nanonood sa kanilang mga bangkay na tatlong araw at kalahati, at hindi itutulot na ang kanilang mga bangkay ay malibing. [10]At ang mga nananahan sa ibabaw ng lupa ay mangagagalak tungkol sa kanila, at mangatutuwa; at sila'y mangagpapadalahan ng mga kaloob; sapagka't ang dalawang propetang ito ay nagpahirap sa nangananahan sa ibabaw ng lupa.**

**11:7 "ang hayop na umahon mula sa kalaliman"** Kung ito ay isang alusyon sa Daniel 7, magkagayon ang hayop ay ang pinaghalong pigura ng lahat ng apat na mga hayop na binanggit sa Daniel 7, na tumatayo para sa sukdulang Anti-Kristo ng pangwakas na panahon (cf. II Tesalonica 2:3).

Ang "kailaliman" ay ang tahanan ng malademonyo (cf. 9:1; 20:1). Ang konseptong ito ng isang hayop ay nahubog sa mga kabanata 13 at 17.

▣ **"ay babaka sa kanila, at pagtatagumpayan sila, at sila'y papatayin"** Ito ay isang alusyon sa Daniel 7:21 na mas higit na ipapaliwanag sa Pahayag 13. Dito, ang parirala ay maaring magpahiwatig na ang dalawang mga saksi ay mga simboliko ng isang malaking bilang ng mga tao (cf. 13:7 i.e., ang bayan ng Diyos). Pansinin na sila ay hindi pinalampas sa persekusyon at kamatayan.

**11:8 "At ang kanilang mga bangkay ay nasa lansangan"** Ang panghahamak na ito ng lantad na mga katawan ay isang paraan upang ipahayag ang pag-aalipusta (cf. v. 9; Deutronomio 28:26; Awit 79:2; Jeremias 7:33; 8:2; 16:4; 19:7; 34:20). Gayunpaman, ang Diyos ay ginamit ang kanilang nakikitang mga katawan sa isang makapangyarihang resureksyong manipestasyon ng Kanyang kapangyarihan at kompirmasyon ng kanilang mensahe.

▣ **"ng malaking bayan"** Ito ay tila naging isang deskripsyon ng Jerusalem; Gayunpaman, ang matalinghagang wika ay nagpapahiwatig ng espiritwal na paglalaban sa pagitan ng ng makamundong kaharian at ang makalangit na kaharian. Narito ang mga dahilan.

1. Ang parirala "ang dakilang bayan" ay ginamit sa Babilonia o Roma (cf. 16:19; 17:18; 18:10,16,18,19,21).
2. Bagamat ang Jerusalem ay tinawag na Sodom sa Ezekiel 16:46-49 at Isaias 1:9-10, siya ay kailanman hindi tinawag na Ehipto; Sodom at Ehipto ay tila mga metapora para sa kasalanan at pagkaalipin.
3. "Kung saan ang Panginoon ay napako" tila tumutukoy sa Jerusalem, ngunit ito ay maaring isa na namang paraan sa pagsasalita patungkol sa anti-diyos na mga kaharian ng mundong ito.
4. "Ang mga tao at mga tribu at mga dila at mga bansa" sa v. 9 ay nagpapahiwatig
   a. isang bayan kung saan ang buong mundo ay naroroon, na tumugma sa Roma higit kaysa Jerusalem
   b. "bayan" ginamit bilang isang metapora ng mapanghimagsik na tao (cf. Genesis 4:17; 10:8-10)
5. "Yaong nananahan sa daigdig ay magsasaya sa kanila at magagalak" sa v. 10 ay nagpapahiwatig na ang mensahe ng dalawang mga saksing ito ay hindi simpleng para sa mga Hudyo, ngunit para sa buong mundo ng mga di-mananampalataya.

Ito ay naglalarawan sa patuloy na labanan sa pagitan ng mga kaharian ng daigdig na ito at ang Mesyanikong kaharian (cf. 11:15), partikulara na sa Daniel 2 at Awit 2.

**11:9 "At ang mga tao mula sa gitna ng mga bayan at mga angkan at mga wika at mga bansa"** Tignan puna sa 10:11.

▣ **"na tatlong araw at kalahati,"** Ang panahon sa v. 9 kasama ng v. 11 ay katumbas ng numero ng pito, ginamit ng madalas sa Pahayag. Ang pangyayaring ito ay perpektong oras ng Diyos.

**11:10 "at mangatutuwa; at sila'y mangagpapadalahan ng mga kaloob"** Ang ilan ay nakita ito bilang isang nadungisang Pista ng Purim (cf. Esther 9:19,22). Ito ay mas parang isang alusyon sa Juan 16:20 ("ang mnudo ay magagalak"). Ang muling pagsasanib ng mga di-mananampalatayang mundo ay nagpahayag ng kapangyarihan ng mensahe ng dalawang mga saksi, ngunit ang mga di-mananampalataya ay hindi magsisisi (cf. 9:20-21; 16:9,11).

## TALATA SA NASB (BINAGO): 11:11-13

**[11]At pagkatapos ng tatlong araw at kalahati, ang hininga ng buhay na mula sa Diyos ay pumasok sa kanila, at sila'y nangagsitindig; at dinatnan ng malaking takot ang mga nakakita sa kanila. [12]At narinig nila ang isang malakas na tinig na nagsasabi sa kanila, "Umakyat kayo rito." At sila'y umakyat sa langit sa isang alapaap; at pinagmasdan sila ng kanilang mga kaaway. [13]At nang oras na yaon ay nagkaroon ng isang malakas na lindol, at nagiba ang ikasangpung bahagi ng bayan; at may nangamatay sa lindol na pitong libo katao: at ang mga iba ay nangatatakot, at nangagbigay ng kaluwalhatian sa Diyos ng langit.**

**11:11 "ng tatlong araw at kalahati**" Ito ay isang alusyon mula sa Daniel at isang simboliko periyod ng persekusyon. Tignan buong puna sa 11:9.

▣ **"ang hininga ng buhay na mula sa Diyos ay pumasok sa kanila**" Ito ay isang alusyon sa Ezekiel 37, ang lambak ng mga tuyong mga buto. Ito ay isang paglalaro sa Hebreong salita "*ruach*" na ibig sabihin ay hininga, hangin, at espiritu gaya ng sa Griyegong saliuta na *pneuma*).

## NATATANGING PAKSA: ESPIRITU SA BIBLIYA

I. Ang Griyegong mga termino
   A. *pneō* , hingahan
   B. *pnoē,* hangin, hininga
   C. *pneuma***,** **e**spiritu, hangin
   D. *pneumatik*os**,** patungkol sa espiritu
   E. *pneumatikōs,* espiritwal

II. Griyegong pilosopikal na kinaligiran (*pneuma*)
   A. Aristotle ay ginamit ang termino bilang ang buhay na puwersa na nahubog mula sa pagkapanganak hanggang sa sariling disiplina
   B. Ang mga Stoics ay ginamit ang termino bilang kasingkahulugan sa *psuchē*, (soul) maging sa *nous* (mind) sa pakahulugan ng limang pisikal na mga pandama at pantaong kaalaman
   C. Griyegong kaisipan - ang termino aynaging katumbas sa banal na aksyon (i.e., dibinasyon na mahika, hindi

karaniwan, propesiya, atbp.)

III. Lumang Tipan (*ruah*)

A. Ang mga aksyon ng monoteistikong Diyos (i.e., Espiritu, ay ginamit mahigit ng 90 na beses sa OT)

1. positibo,
Genesis 1:2

2. negatibo, I Samuel 16:14-16,23; I Hari 22:21-22; Isaias 29:10

B. Ang ibinigay ng Diyos na buhay sa sangkatauhan (i.e., hininga ng Diyos, cf. Genesis 2:7)

C. Ang Septuagint ay nagsalin sa *ruah* ng *pneuma* (ginamit ng mahigit 100 na beses sa LXX)

D. Sa huling rabinikal na mga kasulatan, apokaliptikong kasulatan ng Dead Sea Scrolls, naimpluwensahan ng Zoroastrianismo, *pneuma* ay ginamit sa ng mga anghel at mga demonyo

IV. Bagong Tipan (*pneuma*)

A. Ang espesyal na presensya ng Diyos,kapangyarihan, at pagpapalakas

B. Ang Espiritu ay konektado sa aktibidad ng Diyos sa iglesya

1. propesiya
2. mga himala
3. katapangan sa pagproprokalan ng ebanghelyo
4. karunungan (i.e., ang ebanghelyo)
5. kagalakan
6. nagdadala sa bagong panahon
7. kombersyon (i.e., panunuyo at pananahan)
8. pagiging wangis ni Kristo
9. espesyal na mga kaloob sa ministeryo
10. mga panalangin para sa mga mananampalataya

Ang Espiritu ay naggigising sa pagnanasa ng sangkatauhan para sa pakikisama sa Diyos, kung saan sila ay nilikha. Ang pakikisama na ito ay posible dahil sa persona at gawa ni Hesus, ang Mesyas ng Diyos. Ang bagong espiritwal na paggigising ay nagdadalala ng pagiging wangis ni Kristong pamumuhay, paglilingkod, at pagtitiwala.

C. Pinakamainam na maunawaan bilang isang espirtiwal na daluyan kasama ng Banal na Espiritu sa isang bahagi at sangkatauhan bilang isang pisikal na nilikha ng planetang ito, ngunit isang espirtiwal din na nilikha ayon sa imahe ng Diyos, sa isang bahagi.

D. Pablo ay ang NT may-akda na naghubog ng isang teolohiya ng Espiritu/espiritu.

1. Si Pablo ay gumagamit ng Espiritu upang salungatin ang laman (i.e., kasalanang likas)
2. si Pablo ay gumagamit ng espiritu upang salungatin ang pisikal.
3. si Pablo ay gumagamit ng Espiritu/espiritu upang magsalungat sa pantaong kaisipan, pagkilala, at pagiging

E. Ilang mga halimbawa mula sa I Corinto

1. ang Banal na Espiritu, 12:3
2. ang kapangyarihan at karunungan ng Diyos ipinagbigay-alam sa pamamagitan ng Banal na Espiritu, 2:4-5
3. ang mga akson ng Diyos sa mananampalataya
   a. bagong kaisipan, 2:12; 14:14,32
   b. bagong templo, 3:16; 6:19-20
   c. bagong buhay (i.e., morality), 6:9-11
   d. bagong buhay sinimbolo sa bautismo, 12:13
   e. kaisa ng Diyos (i.e., kombersyon), 6:17
   f. ang karunungan ng Diyos, hindi makamundong karunungan, 2:12-15; 14:14,32,37
   g. espiritwal na pagkakaloob ng bawat mananampalataya para sa ministeryo, mga kabanata 12 at 14
4. ang espiritwal na kasalungat sa pisikal, 9:11; 10:3; 15:44
5. espiritwal na kaharian sa pisikal na kaharian, 2:11; 5:5; 7:34; 15:45; 16:18
6. isang paraan ng pagtutukoy sa espiritwal/pangloob na buhay ng tao na kaiba mula sa pisikal na katawan, 7:34

Mga buhay ng tao sa dalawang kaharian ng nilikha (i.e., ang pisikal at espiritwal). Ang sangkatauhan ay nawala sa

matalik na pakikisama sa Diyos (Genesis 3). Sa pamamagitan ng buhay ni Kristo, mga katuruan, kamatayan, resureksyon, at pangakong pagbabalik, ang Espiritu ay nanunuyo sa makasalanang mga tao na magpakita ng pananampalataya sa ebanghelyo, kung saan sa puntong ito sila ay may pakikisama na sa Diyos. Ang Espiritu ay personal na bahagi ng Trinidad na nagpapakilala ng Bagong Panahon ng katuwiran. Ang Espiritu ay Diyos ang ahente ng Ama at ng Anak sa "panahon" na ito. Isang problema ang lumilitaw sa pagitan ng bagong panahon ang lumabas sa paglipas ng panahon, habang ang lumang panahon ng makasalanang rebelyon ay nananatili parin. Ang Espiritu ay nagbabago sa luma tungo sa bago, maging ang pareho ay umiiral.

**11:12 "At narinig nila ang isang malakas na tinig na nagsasabi sa kanila, 'Umakyat kayo rito'"** Habang ang ilan ay nakikita ang sekretong raptyur ng Iglesya sa 4:1 kung saan si Juan ay tinawag sa langit, ang iba ay nakakita rito ng isang gitnang-trobulasyong sektretong raptyur ng Iglesya habang ang dalawang mga saksi na ito ay tinawag sa langit sa talatang ito. Dito muli ang ating presuposisyon at teolohikal na mga grid ang nagtulak sa interpretasyon ng simboliko, may kalabuang mga teksto!

▣ **"At sila'y umakyat sa langit sa isang alapaap"** Ito ang banal na transportasyon. Ang Mesyas ay sumakay sa kaulapan sa langit sa Daniel 7:13. Si Hesus ay umakyat sa langit sa pamamagitan ng mga ulap (cf Gawa 1:9). Si Hesus ay babalik na nakasakay sa mga ulap ng langit (cf. Mateo 24:30; 26:64; Marcos 13:26; I Tesalonica 4:17; Pahayag 1:7; 14:14).

**11:13 "At nang oras na yaon ay nagkaroon ng isang malakas na lindol, at nagiba ang ikasangpung bahagi ng bayan"** Mayroong pitong mga reperensiya sa Pahayag sa lindol (cf. 6:12; 8:5; 11:13,19; 16:18). Ito ay nagpapakita ng nagpapatuloy, kasalukuyang, limitadong mga paghahatol ng Diyos sa mga di-mananampalataya. Ito ay maaring isang alusyon sa Ezekiel 38:17-23.

▣ **"at ang mga iba ay nangatatakot, at nangagbigay ng kaluwalhatian sa Dios ng langit"** Mayroong naging isang matinding talakayan patungkol sa pagkakakilanlan ng terminong "ang kapahingahan." Ito ay maaring tumutukoy sa

1. ang literal mga naninirahan ng Jerusalem (cf. Zacarias 12:10) o Roma
2. yaong mga nailigtas sa panahon ng tribulasyong periyod, i.e.,yaong mga tunay na nagsisi
3. ang nanampalatayang mga Hudyo, mula sa Roma 11
4. ang mga tao, gaya nina Nebuchadnezzer at Cyrus, na pinahanga sa pamamagitan ng mga gawa ng Diyos, ay hindi tunay na nabago. Dahil sa 9:20-21; 14:7-8 at 16:10, #4 ay ang pinakamainam na opsyon.

Gayunpaman, sa 16:9, ang pagbibigay ng kaluwalhatian ay may kaugnayan sa pagsisisi. Ito ay siguradong posible na ang mga (mga Hudyo o pagano)ay naniwala! Ito ay inilahatad sa layuning ng mga paghahatol ng Diyos (cf. 9:20-21; 16:9,11)

## TALATA SA NASB (BINAGO): 11:14

**[14] Nakaraan na ang ikalawang Pagkaaba: narito, nagmamadaling dumarating ang ikatlong Pagkaaba.**

**11:14** Ito ay isang transisyonal na kagamitan (cf. 9:12; 12:12).

## TALATA SA NASB (BINAGO): 11:15-16

**[15]At humihip ang ikapitong anghel; at nagkaroon ng malalakas na tinig sa langit, at nagsasabi, "Ang kaharian ng sanglibutan ay naging sa ating Panginoon, at sa kaniyang Cristo: at siya'y maghahari magpakailan kailan man." [16]At ang dalawangpu't apat na matatanda na nakaupo sa kanikaniyang luklukan sa harapan ng Diyos ay nangagpatirapa, at nangagsisamba sa Diyos**

**11:15 "Ang kaharian ng sanglibutan"** Ang KJV at NKJV ay may "ang mga kaharian ng mundong ito." Ang PANGMARAMIHAN ay nakikita sa anumang sinaunang Griyegong mga manuskrito.

▣ **"ay naging"** Ito ay isang AORIST PANGGITNANG (deponente) INDIKATIBO. Ito ay isang deskripsyon ng pagwakas ng pamumuno ng makasalanang pantaong mga pamahalaan at ang pagsisimula ng paghahari ng ating Diyos (cf. 12:10). Ang bagong panahon ng Espiritu ay tunay na dumating na. Ito ay nagkokompirma sa rekapitulasyong teorya na ang Ikawalang Pagbabalik ay nangyari sa katapusan ng bawat ng tatlong mga siklo ng paghahatol: ang mga selyo (cf. 6:12-17), ang mga trumpeta (cf. 11:15-18), at ang mga mangkok (cf. 19). Ang Pahayag ay hindi nasa kronolohikal na sekwuwensyal na pagakakaayos, ngunit isang dramatikong presentasyon sa pitong mga siklo, bawat isa ay tumitingin sa parehong periyod, ngunit ang mga selyo, mga trumpeta, at mga mangkok sa magkakasunod at tumitinding mga antas ng paghahatol (1/4, 1/3,

lubusan).

▣ **"sa ating Panginoon, at sa kaniyang Cristo"** Pansinin kung gaano kalapit ang Ama at Anak ay pinagdugtong (cf. Awit 2). Pansinin, rin, na ang pagbibigay-diin ng I Corinto 15:24-28 at Efeso 5:5 na ngayon ay natupad. Ila ay nakita ito bilang isang alusyon sa Zacarias 14:9 na posible dahil ang paboritong paingkukuhanan ni Juan ng apokaliptiko mga imahe sa Daniel, Ezekiel, at Zacarias.

▣ **"at siya'y maghahari magpakailan kailan man"** Ito ay tumutukoy sa eternal paghahari ng ating Diyos (cf. Exodo 15:18; Awit 10:16; 29:10; Isaias 9:6-7; Daniel 2:44; 4:34; 7:14,27; Zacarias 14:9; Lucas 1:33; I Tesalonica 4:17; II Pedro 1:11), hindi isang milenyal na paghahari (cf. Pahayag 20) of Kristo. Ito ay totoong isang katuparan ng mga panalangin ni Hesus sa Mateo 6:10 na ang kalooban ng Diyos ay magaganap sa lupa para nang sa langit.

Ang kaharian ng Diyos ay isang pangunahing tema sa mga Ebanghelyo at sa Pahayag. Mayroong pagkasunud-sunuran at tensyon sa pagitan ng kasalukuyang realidad nito (post-milenyal at amilenyal) at ang panghinaharap na kaganapan nito (historikal premilenyal at dispensasyonal premilenyal). Ang kaparehong pagkasunud-sunuran ay mayroon din sa pagitan ng pangmundong aspeto nito (milenyal) at eternal na aspeto nito. Ilang mga komentarista, mga paaralan, at denominasyon ay nananahan sa isang aspeto ng pagkasunud-sunuran, ngunit nagwalang bahala sa iba upang tumugma sa kanilang mga presuposisyon at teolohikal na mga sistema. Napakahirap para sa kanluraning tao na apresyahin ang pagkasunud-sunuran, pagiging matalinghaga, at tensyon ng silanganing literatura, lalo na ang apokaliptiko dyanra nito. Ang ating Diyos at Kanyang Kristo ay nanghari, at naghahari at maghahari; ang mga detalye ay hindi mahalaga! Maaring mayroong isang pangmundong mesyanikong paghahari ng ilang periyod (cf. I Corinto 15:23-28);ang pambansang Israel ay may ilang bahagi (cf. Roma 11). Gayunpaman, ang mga pigura at mga simbolo ng Pahayag ay tumalakay sa Iglesyang unibersal, hindi Israel (cf. Daniel 2:34-35,44). Ako ay personal, na iniiwang bukas ang posibilidad ng Israel na mayroong bahagi sa pangwakas na panahong mga pangyayari dahil sa mga OT na pangako ng Diyos sa mga inapu ni Abraham (cf. Isaias 9:6-7; Zacarias 12:10) batay sa karakter ng Diyos (cf. Ezekiel 36:22-38).

**11:16 "ang dalawamput-apat na mga matanda"** Tignan Natatanging Paksa sa 4:4.

## TALATA SA NASB (BINAGO): 11:17-18

[17]**"Pinasasalamatan ka namin, Oh Panginoong Diyos, na Makapangyarihan sa lahat, na ikaw ngayon, at naging ikaw nang nakaraan; sapagka't hinawakan mo ang iyong dakilang kapangyarihan, at ikaw ay naghari.** [18]**"At nangagalit ang mga bansa, at dumating ang iyong poot, at ang panahon ng mga patay upang mangahatulan, at ang panahon ng pagbibigay mo ng ganting-pala sa iyong mga alipin na mga propeta, at sa mga banal, at sa mga natatakot sa iyong pangalan, maliliit at malalaki; at upang ipahamak mo ang mga nagpapahamak ng lupa."**

**11:17-18** Ang panalangin ng pagpupuri ay naisulat sa patulang anyo sa NKJV, NRSV, at TEV at sa prosang anyo sa NASB at NJB. Ang mga pagbulalas ng panalangin at madalas ang pinakamainam na mga interpreter ng naunang mga pangitain (kasama ng mga awit at mala-anghel na mga interpretasyon).

**11:17 "At ang dalawangpu't apat na matatanda"** Ito ay tumutukoy sa tatlong pangunahing OT mga titulo para sa Diyos.

1. YHWH, ang tipanang Diyos bilang Tagapagligtas (cf. Exodo 3:14; Awit 103)
2. *Elohim*, ang Manlilikha na Diyos bilang tagapagustos at tagapagtukod (cf. Genesis 1:1; Awit 104)
3. *El Shaddai* (cf. 1:8), ang malaks o mahabagin na Diyos na isang Patriyarkang pangalan para sa diyos (cf. Exodo 6:3) Tignan NATATANGING PAKSA: Mga Pangalan Para sa Pagkadiyos sa 1:8.

▣

**NASB "na ikaw ngayon, at naging ikaw nang nakaraan"**
**NKJV "ang Isa na siya at naging at magiging na darating"**
**NRSV "siya na naging at magiging"**
**TEV "ang isa na magiging at naging"**
**NJB "Siya na ngayon, at Siya na magiging"**

Pansinin ang panghinaharap na aspeto ng karaniwang deskripsyong ito ng Diyos (maliban sa ilang ikalabing-anim na siglong huling miniskula na Griyegong mga manuskrito) ay naalis sapagkat ang Diyos ay nagsimulang naghari. Ang huli sa tatlong mga kronolohikal na mga aspetong ito ay kailanman hindi binanggit muli sa aklat ng Pahayag. Ang Kaharian ay dumating (cf. 11:15-16)! Ito ay nagbibigay ng ebidensya na ang rekapitulasyong teorya ng kahanay na relasyon sa pagitan ng mga selyo, mga trumpeta, at mga mangkok ay totoo!

▣

**NASB "sapagka't hinawakan mo ang iyong dakilang kapangyarihan, at ikaw ay naghari"**
**NKJV "Sapagkat Iyong kinuha ang Iyong dakilang kapangyarihan at naghari"**

**NRSV** **"sapagkat iyong kinuha ang iyong dakilang kapangyarihanat simulang naghari"**
**TEV** **"na iyong nakuha ang iyong dakilang kapangyarihan at simulang namuno"**
**NJB** **"Sapagkat iyong ipinagpalagay ang iyong dakilang pangalan at nagsimula ng iyong paghahari"**

Ito ay isang GANAP NA AKTIBONG INDIKATIBO na sinundan ng isang AORIST AKTIBONG INDIKATIBO. Ang kapangyarihan ay laging nasa Kanya, ngunit ang Kanyang paghahari ay nagsimula na ngayon (PUMAPASOK NA AORIST).

**11:18 "At nangagalit ang mga bansa"** Ito ay isang alusyon sa Awit 2; 46:6; at Ezekiel 38-39 (at posibleng ang apokaliptiko introduksyon sa Esther sa Septuagint). Ang galit na ito sa mga bansa ay maaring makita sa dalawang mga paraan.

1. ang makasalanang sistema ng mundo ay nagagalit sa Diyos at sa Kanyang mga plano at sa Kanyang pamumuno sa Kanyang bayan
2. mayroong isang pangwakas na panahong rebelyon laban sa Diyos na kinakikitaan ng isang labanan (Armageddon, cf. Pahayag 20)

▣ **"at dumating ang iyong poot"** Ito ay maaring isang alusyon sa Awit 2 o 110:5-6. Ito ang Griyegong termino orge. Tignan buong puna sa 7:14.

▣ **"ng panahon ay dumating"** Ang Araw ng Panginoon ay ang araw ng paghahatol para sa ilan at pabuya para sa iba. Ang mga kambal na aspetong ito ay maaring makita sa Mateo 25:31-46 at Pahayag 20:11-15. Lahat ng mga tao (ang simple at mga dakila) ay isang araw ay haharap sa Diyos at magbibigay ng tala ng kanilang mga buhay (cf. Galacia 6:7; II Corinto 5:10).

## NATATANGING PAKSA: ANG ARAW NA YAON

Ang pariralang ito, "sa araw na yaon" o "sa araw na iyon," ay isang paraaan para sa ikawalaong siglong mga propeta upang magsalita sa pagbibisita ng Diyos (presensya), kapwang para sa paghahatol at restorasyon.

| Hosea | | Amos | | Micah | |
|---|---|---|---|---|---|
| positibo | negatibo | positibo | negatibo | positibo | negatibo |
| 1:11 | 1:5 | | 1:14(2) | | 2:4 |
| | 2:3 | | 2:16 | | 3:6 |
| 2:15 | | | 3:14 | 4:6 | |
| 2:16 | | | 5:18(2) | | 5:10 |
| 2:21 | | | 5:20 | | 7:4 |
| | 5:9 | | 6:3 | 7:11(2) | |
| | 7:5 | | 8:3 | 7:12 | |
| | 9:5 | | 8:9(2) | | |
| | 10:14 | | 8:10 | | |
| | 9:11 | | 8:13 | | |

Ang tularan ay isang tipikal sa mga propeta. A n g Diyos ay gagawa ng aksyon laban sa kasalanan sa paglipas ng panahon, ngunit Siya rin ay nag-aalok ng isang araw ng pagsisisi at pagpapatawad doon sa mga magbabago ng kanilang puso at mga aksyon! Ang layunin ng Diyos ng pagtutubos at restorasyon ay matutupad! Magkakaroon Siya ng bayan na magpapakita ng Kanyang karakter. Ang layunin ng paglilikha (pakikisama sa pagitan ng Diyos at mga tao) ay matutupad!

▣ **"at ang panahon ng mga patay upang mangahatulan"** Ang pangwakas na panahong paghahatol ng Diyos ay tinalakay sa Mateo 25 at Pahayag 20. Ang pariralang ito ay nagkokompirma ng interpretasyon ng Pahayag sa pitong mga akto (mga senasyo) kung saan pangwakas na panahon ay lumilitaw pagkatapos ng bawat yunit (lalo ng malinaw sa mga selyo, mga trumpeta at mga mangkok).

▣ **"a iyong mga alipin na mga propeta"** Ang eksaktong parirala ay lumitaw sa 10:7. Kinikilala ni Juan ang kanyang sarili bilang isang propeta at ang kanyang aklat bilang isang propesiya, Samakatuwid, ang terminong ito ay ginamit ng madalas sa aklat ng pahayag Pahayag. Ito ay halos sinasabi na ang terminong ay gumaganap sa bahagi ng isang titulong "apostol" (cf. 10:7; 11:10,18; 16:6; 18:20,24; 22:6,9). Tignan NATATANGING PAKSA: NT Propesiya sa 16:6.

▣ **"sa mga banal,"** Ang terminong "mga banal" ay tumutukoy sa posisyon ng mga mananampalataya kay Kristo, hindi kanilang kawalang kasalanan. Dapat rin na ilarawan sa kanilang proresibong pagiging wangis ni Kristo. Ang termino ay laging PANGMARAMIHAN maliban sa Felipos 4:21. Gayunpaman, maging sa kontekstong ito ay pangkalahatan. Ang maging isang Kristyano ay maging bahagi ng isang komunidad, isang pamilya, isang katawan. Tignan NATATANGING PAKSA: Mga Banal sa 5:8. Ang designasyon ay tunay na kumakatawan sa NT bayan ng Diyos, ang iglesya.

▣ **"maliliit at malalaki"** Tila mayroong tanging dalawang mga grupo na binanggit sa talatang ito, ang mga propeta at mga banal. Ang pariralang ito na "maliit at malalaki" ay natagpuan sa 19:5. Ito ay isang paboritong ekspresyon sa Ebanghelyo ni Juan (cf. 13:16; 19:5,18; 20:12; 19:5 ay isang alusyon sa Awit 115:13, na naglalaman ng lahat ng isang ibinigay na grupo).

▣ **"at upang ipahamak mo ang mga nagpapahamak ng lupa"** Ang karakterisasyong ito ng makasalanang tao ay nagpapakita ng Genesis 3 at Roma 8:18-22. Ang mga masasamang mga tao ay nagpahintulot sa sakim at sarili na gamitin, abusuhin, at paggamit ng mali sa pisikal na nilikha ng Diyos.

Ito ay maaring bigyang kahulugan bilang masamang sangkatauhan na nagpupuwersa sa Diyos na magdala ng paghahatol sa mundo (ang pagbaha, Genesis 6-9; ang mga salot ng Ehipto, Exodus 7-12; ang tipanang mga sumpa, Deutronomio 27-28; o ang mundo ay wawasakin sa pamamagitan ng apoy, II Pedro 3:10). Sa Pahayag, ang mga selyo ay nagwasak sa 1/4, ang mga trumpeta 1/3, at ang mga mangkok sa total pisikal na destruksyon ng mundo.

**TALATA SA NASB (BINAGO): 11:19**

**19 At nabuksan ang templo ng Diyos na nasa langit: at nakita sa kaniyang templo ang kaban ng kaniyang tipan; at nagkaroon ng mga kidlat, at mga tinig, at mga kulog, at isang lindol, at malaking granizo.**

**11:19 "At nabuksan ang templo ng Dios na nasa langit"** Tandaan na ang pangitaing ito ay nagsimula sa isang pinto na binuksan sa langit (cf. 4:1; 15:5). Ngayon, ang pinakaloob na sanktum ng makalangit na templo ng Diyos ay maaring makita sa (cf. Hebreo 8:5; 9:23-28).

Nang si Hesus ay namatay ang tabing sa Templo ay nahati mula sa itaas pababa, nagpapakita na ang daanan sa Diyos ay ngayon ay nakalaan sa lahat sa pamamagitan ni Kristo (cf. Mateo 27:51; Marcos 15:38; Lucas 23:45; ipinahiwatig sa Hebreo 9:8; 10:20). Ang kaparehong simbolismong ito ay inulit dito. Ang Diyos ay nakalaan para sa lahat. Ang panloob na sanktum ng Langit ay lubusan na ngayong bukas at nakikita na.

▣ **"ang kaban ng kaniyang tipan"** Ang arko ng tipan ay nawala ng ilang panahon sa panahon ng Babiloniang Pagpapatapon (o kay Pharaoh Shishak ng Ehipto, cf. I Hari 14:25). Ito ay nagsimbolo ng presensya ng Diyos pagkatapos ng pagtawid sa Ilog ng Jordan tungo sa Lupang Pangako. Ito rin ay nagsisimbolo ng tipanang mga pangako ng Diyos, na maarirng tumutukoy sa misteryo (cf. 10:7), ang plano ng Diyos ng pagtutubos para sa lahat ng tao (cf. Roma 16:25-26). Sa OT tanging ang Punong Saserdote ay maaring makalapit sa artikulong ito ng banal na kasangkapan, isang beses isang taon sa Araw ng Pagpapalubag Loob (cf. Levitico 16). Ngayon, lahat ng bayan ng Diyos ay makakalapit na sa pinakapresensya ng Diyos.

▣ **"at nagkaroon ng mga kidlat, at mga tinig, at mga kulog, at isang lindol, at malaking granizo"** Ito ay pinakapareho sa 8:5 at 16:18-21, na nagpapakita sa Exodo 9:24 at 19:16-19.

## MGA TALAKAYANG TANONG

Ito ay isang komentaryong gabay sa pag-aaral, na nangangahulugan na ikaw ay may pananagutan sa iyong sariling interpretasyon sa Bibliya. Ang bawat isa sa atin ay dapat lumakad sa liwanag na mayroon tayo. Ikaw, ang Bibliya, at ang Banal sa Espiritu ay pangunahin sa interpretasyon. Hindi mo dapat iasa ito sa taga-pagsuri.

Ang mga talakayang tanong na ito ay inihanda upang tulungan kang mag-isip sa pamamagitan ng mga pangunahing paksa sa bahaging ito ng aklat. Ito ay nangahulugang dapat maging mapukaw-isip, hindi pang kahulugan lamang.

1. Ano ang layuning ng interlud na ito?
2. Bakit maraming mga interpreter ay nagsubok na kilalanin ang anghel sa kabanata 10 kasama si Kristo?
3. Ano ang misteryo ng Diyos na binanggit sa 10:7?
4. Ano ang maliit na aklat na inutos kay Juan na kainin?
5. Sino ang dalawang mga saksi? Ano ang kanilang mensahe?
6. Ang 11:9 ba ay naglarawan ng bayan ng Jerusalem o laban saDiyos na mundong mga kaharian? Bakit?
7. Ilista ang Lumang Tipan na mga alusyon na natagpuan sa interlud na ito.

# PAHAYAG 12-14

## MGA BAHAGI NG TALATAAN NG MGA MAKABAGONG SALIN*

| UBS[4] | NKJV | NRSV | TEV | NJB |
|---|---|---|---|---|
| Ang Babae at ang Dragon | Ang Babae, ang Bata, at ang Dragon | Ang Pangitain ng Babae, at ang Bata, at ang Dragon | Ang Babae at ang Dragon | Ang Pangitain ng Babae at ang Dragon |
| 12:1-6 | 12:1-6 | 12:1-6 | 12:1-2 | 12:1-6 |
| | Si Satanas ay Pinalayas sa Langit | | 1:2-6 | |
| 12:7-12 | 12:7-12 | 12:7-9 | 12:7-9 | 12:7-12` |
| | Ang Babae ay Inusig | 12:10-12 | 12:10-12 | |
| 12:13-17 | 12:13-17 | 12:13-17 | 12:13-18 | 12:13-17 |
| Ang Dalawang Hayop | Ang Hayop Mula sa Karagatan | Ang Dalawang Hayop | Ang Dalawang Hayop | Ang Dragon ay Isinugo ang Kanyang Kapangyarihan sa Hayop |
| 12:18 | 12:18 | 12:18 | | 12:18-13:10 |
| 13:1-4 | 13:1-10 | 13:1-4 | 13:1-4 | |
| 13:5-8 | | 13:5-8 | 13:5-8 | |
| 13:9-10 | Ang Hayop mula sa Lupa | 13:9-10 | 13:9-10 | Ang Bulaang Propeta Bilang Alipin ng Hayop |
| 13:11-18 | 13:11-18 | 13:11-18 | 13:11-17 | 13:11-17 |
| Ang Awit ng 144,000 | Ang Proklamasyon ng Tatlong Anghel | | Ang Tatlong Anghel | Inanunsyo ng mga Anghel ang Araw ng Paghuhukom |
| 14:6-7 | 14:6-13 | 14:6-7 | 14:6-7 | 14:6-7 |
| 14:8 | | 14:8 | 14:8 | 14:8 |
| 14:9-12 | | 14:9-11 | 14:9-11 | 14:9-13 |
| | | 14:12 | 14:12 | |
| 14:13 | | 14:13 | 14:13 | |
| | | | 14:13b | |
| Ang Pag-aani sa Mundo | Ang Paggagapas sa Ani ng Mundo | | Ang Pag-aani sa Mundo | Ang Pag-aani at ang Antigo ng mga Hentil |
| 14:14-16 | 14:14-16 | 14:14-16 | 14:14-16 | 14:14-16 |
| | Ang Paggagapas sa Ubas ng Poot | | | |
| 14:17-20 | 14:17-20 | 14:17-20 | 14:17 | 14:17-20 |
| | | | 14:18-20 | |

## IKATLONG TAPUSANG PAGBASA (tingnan p. v sa panimulang seksyon)

***PAGSUNOD SA ORIHINAL NA LAYUNIN NG MAY-AKDA AYON SA ANTAS NG TALATA***

Ito ay isang komentaryong gabay sa pag-aaral, na nangangahulugan na ikaw ay may pananagutan sa iyong sariling interpretasyon sa Bibliya. Ang bawat isa sa atin ay dapat lumakad sa liwanag na mayroon tayo. Ikaw, ang Bibliya, at ang Banal sa Espiritu ay pangunahin sa interpretasyon. Hindi mo dapat iasa ito sa taga-pagsuri.

Basahin ang kabanata ng isang upuan. Alamin ang mga paksa. Ihambing ang iyong pagkakabahagi ng paksa sa limang makabagong salin. Ang pagkakatalata ay hindi isang inspirasyon, ngunit ito'y isang susi sa pagsunod sa layunin ng may akda na siyang puso ng interpretasyon. Bawat talata ay may isa at isa lamang na paksa.

1. Unang Talata
2. Ikalawang Talata
3. Ikatlong Talata
4. Atbpa.

## KONTEKSTWAL NA MGA KAUNAWAAN SA PAHAYAG 12:1-17

A. Isa na namang interlud ay nagsimula sa 12:1 at nagpatuloy hanggang sa 14:20. Marami ang nagsaad na ito ay tunay na isa na namang serye ng mga pito. Ang pampanitikang yunit na ito ay naglalarawa ng espritiwal na ay naglalarawans the spiritual hidwaan sa dalawang mga termino sa
   1. ang dalawang mga kaharian
   2. ang dalawang mga bayan
   3. ang dalawang pinaslang na mga saksi at ang kanilang mamamatay-tao

B. Ang mga talata 1-6 ay naglalarawan ng sukdulang (kosmiko) labanan sa pagitan mabuti at masama sa mala-alamat na mga termino kinuha mula sa Sinaunang Near Eastern mga kultura (cf. Grant Osborne, *The Hermeneutical Spiral* p. 229).
   1. Babiloniang talang paglikha—Tiamat (kaguluhan), ang pitong ulong halimaw na nagpabagsak sa 1/3 ng mga bituin sa kalangitan, laban kay Marduk, ang punong diyos ng bayan ng Babilonia, na pumatay sa kanya at naging puno ng panteon.
   2. Ehiptong katha-katha—Set (Typhon), isang pulang dragon laban kay Isis (Hathor), nagpanganak kay Horus. Sa kalaunay ay pumatay kay Set.
   3. Ugaritic Baal legend—Yam (mga tubig) laban kay Ba'al. s i Ba'al ay pinatay si Yam.
   4. Persianong katha-katha—Azhi Dabaka (masamang dragon) laban sa anak ng Ahura Mazda (ang punong mabuting Diyos).
   5. Griyegong katha-katha—ang Python (pag-iimahe ni Juan/dragon) laban sa buntis na si Leto (siya ay nagluwal kay Apollo, na pumatay kay Python).

C. Napakahirap na na malaman kung paano iinterpret kabanatang ito. Ang ilan ay nagsubok na iinterpret ito sa historikal na mga termino, ngunit tila ito para sa akin ay simboliko ng labanan sa pagitan ng laban sa Diyos na mga kaharian ng panahon na ito at ang bagong panahon kaharian ng ating Kristo (cf. 11:18; Awit 2). Samakatuwid, ito ay parehong isang historikal alusyon sa kapanganakan ni Kristo at isang pagbibigay-diin sa pagdating ng Mesyanikong kaharian. Ito ay isang dualismo ng isang indibidwal (Mesyas) at isang grupo (ang bayan ng Diyos) laban sa isang indibidwal (Satanas) at isang grupo (malademonyong kinasihan na di-mananampalataya). Ang kaparehong dualismong it ay makikita sa Awit ng Tagapaglingkod ng Isaias. Ang tagapaglingkod ng Israel (cf. Isaias 41-50), ngunit ang Mesyas (cf. Isaias 52:13-53:12).

C. Tinalakay ni Pablo ang kosmikong pagkapanginoon ni Kristo sa Colosas1-2 (pansinin rin ang Hebreo 1:2-3).

## SALITA AT PARIRALANG PAG-AARAL

### TALATA SA NASB (BINAGO): 12:1-6

**[1]At ang isang dakilang tanda ay nakita sa langit: isang babae na nararamtan ng araw, at ang buwan ay nasa ilalim ng kaniyang mga paa, at sa kaniyang ulo ay may isang putong na labingdalawang bituin; [2]At siya'y nagdadalang tao; at siya'y sumisigaw, na nagdaramdam sa panganganak, at sa hirap upang manganak. [3]At ang ibang tanda ay nakita sa langit: at narito, ang isang malaking dragong mapula, na may pitong ulo at sangpung sungay, at sa kaniyang mga ulo'y may pitong diadema. [4]At kinaladkad ng kaniyang buntot ang ikatlong bahagi ng mga bituin sa langit, at ipinaghagis sa lupa: at lumagay ang dragon sa harapan ng babaing manganganak na, upang lamunin ang kaniyang anak pagkapanganak niya. [5] \At siya'y nanganak ng isang anak na lalake, na maghahari na may panghampas na bakal sa lahat ng mga bansa: at ang kaniyang anak ay inagaw na dinala hanggang sa Dios, at hanggang sa kaniyang luklukan. [6]At tumakas ang babae sa ilang, na doon siya'y ipinaghanda ng Dios ng isang dako, upang doon siya ampuning isang libo dalawang daan at anim na pung araw.**

**12:1 "At ang isang dakilang tanda ay nakita sa langit"** Ito ay maaring ang pasimula ng "ang pitong mga tanda" ng Pahayag. Ito ay isang espesyal na teolohikal na mga termino (*sēmeion*) ginamit ng madalas sa Ebanghelyo ni Juan (cf. 2:11,23; 3:2; 4:54; 6:2,14,30; 7:31; 9:16; 10:41; 11:47; 12:18,37;20:30). Ito ngayon ay lumitaw ng pitong beses sa pagitan 12:1 atd 19:20—tatlong beses sa mga tanda sa langit (cf. 12:1,3; 15:1) at apat na beses sa mga tanda sa daigdig (cf. 13:13,14; 16:14; 19:20).

▣ **"sa langit"** Ito marahil ay nangahulugang "sa alapaap" at hind ang langit mismo. Ang mga termino langit sa OT ay maaring tumutukoy sa himpapawid sa itaas ng daigdig (cf. Genesis 1:1,8-9,17,20; Awit 104:2-3) o ang lugar kung saan nananahan ang Diyos (cf. Awit 11:4; 103:19; Isaias 66:1; II Corinto 12). Ang kalabuan na ito ay nagudyok sa mga rabi na mag-isip sa bilang ng mga langit—tatlo o pito.

Tignan Natatanging Paksa: Ang mga Langit sa 4:1.

▣ **"isang babae na nararamtan"** Ang babaeng ito ay magandang inilarawan, sa antitesis ng dakilang patutot ng 17:4 na nagsimbolo ng laban sa Diyos na emperyo ng mundo gaya ng Babilonia, Roma, at pangwakas na panahong anti-Kristo sistema ng mundo. May naging dalawang mga teorya patungkol sa pinagkukunan ng pag-iimahe ni Juan:

1. Genesis 3, kung saan mayroong isang babae, isang serpyente at isang lalake-bata
2. ibang malakas na mga alusyon sa "pag-aanak" sa OT (cf. Isaias 26:17-18 sa Septuagint at Isaias 66:7-13)

Ang Israel ay inilarawan bilang isang babaeng nanganganak (cf. Micah 4:10), Samakatuwid, ang babaeng ito ay kumakatawan sa tunay na bayan ng Diyos (cf. vv. 1-6), ngunit sa vv. 13-17 siya ay magiging ang NT bayan ng Diyos tumatakas mula sa poot ng dragon. Para sa ibang mga teorya tignan Alan Johnson's *Revelation*, pp. 117-119.

Sa *Answers to Questions* F. F. Bruce ay nagsabi, "Ang babae sa aking palagay bilang ang Mesyanikong komunidad o 'inapu ng Israel na lalo nang ipinakita ng Diyos sa lokal na Palestinang iglesya, ang inang -iglesya higit sa lahat; . . . Ang 'natira sa kanyang mga angkan ay mga Kristyano sa ibang mga bahagi ng mundo, ang pakay ng pag-atake sa 13:7" (p. 140).

Sa *New Bible Commentary* George R. Beasley-Murray ay nagsabi, "Ang mga relihiyosong mga tao ng sinaunang mundo ay nakita ang paghihirap ng babae sa isang walang Diyos na korona kasama ang labindalawang mga bituin ng zodiac; ang Hudyo ay mauunawaan siya bilang ang Inang Zion (tignan Isaias 26:16027:1; 49:14-25; 54:1-8; 66:7-9), ngunit para kay Juan siya ay nagkatawan sa 'Ina' ng Mesyanikong komunidad, ang naniniwalang bayan ng Diyos ng luma at bagong tipan" (p. 1441).

▣ **"labingdalawang bituin"** Narito muli ang mga presuposisyon nagtulak sa interpretasyon.

1. kung ito ay OT samakatuwid ito ay tumutukoy sa labindalawang Hudyong mga tribu
2. kung ito ay intertestamental apokaliptikong panitikan ito tumutukoy sa mga tanda ng zodiac
3. kung ito ay NT samakatuwid ito tumutukoy labindalawang mga Apostoles

Ang labindalawang ay ang regular na biblikal simboliko numero ng organisasyon. Tignan Natatanging Paksa: ang Bilang na Labindalawang sa 7:4.

Gayunpaman, ang kahulugan ng kabanata 12 ay hindi kinondisyon ng isang nararapat na identipikasyon ng simbolismo ni Juan, ngunit ang sentral na katotohanan ng konteksto. Ang prinsipyong ito ay dapat na mapanatili. Hindi tayo dapat na

1. magpilit sa mga detalye
2. pumili ng ilang mga bagay na literal at ilang bagay na simboliko
3. puwersahin ang ating mga interpretasyon sa ating historikal na tagpuan

**12:2** Ang sakit ng panganganak ay ginamit bilang isang simbolo para sa

1. inaasahan, ngunit dagliang mga pangyayari
2. ang sakit o mga problema na kaugnay sa inaasahang pangyayari
3. ang pagsisimula ng isang bagay na bago na may matinding potensyal

Ang mga Hudyo ay naniwala na ang pagdating ng "bagong panahon" ay maaaring magsangkot ng persekusyon at mga problema (cf. Isaias 13:8; 21:3; 26:17; 66:7-13; Mateo 24:8; Marcos 13:8; I Tesalonica 5:3). Si Juan ay gumagamit ng konseptong ito upang ilarawan ang hidwaan sa pagitan Satanas at kanyang mga tagasunod at ang Diyos at Kanyang mga tagasunod (cf. Isaias 66:7-24).

Ang mga pangyayari sa mundo ay magiging magulo pa ng husto, ngunit ang Diyos ay may kontrol ng kasaysayan (ito ang pananaw ng premilenyanismo and amilenyalismo, habang ang postmilenyalismo ay mas higit na optimista patungkol sa kasaysayan ng mundo). Ang Kanyang mga tagasunod ay protektado sa gitna ng persekusyon at mananagumpay sa gitna ng pansamantalang pagkatalo, maging pisikal na kamatayan (cf. Juan 16:20-21). Ang katanungan ay, "Paanong ang Diyos ay proproteksyonan ang Kanyang mga tagasunod?" Ang Kanyang selyo sa kanilang mga noo ang nagprotekta sa kanila mula sa "ang poot ng Diyos," ngunit hindi mula sa mga persekusyon ng di-mananampalataya (tribulasyon). Ang Diyos ay para sa kanila, kasama nila, at nagmamahal sa kanila, ngunit marami parin ang mamamatay!

**12:3 "ang isang malaking dragong mapula, na may pitong ulo at sangpung sungay, at sa kaniyang mga ulo'y may pitong diadema"** Ito ay isang deskripsyon ng masama at dakilang kapangyarihan (cf. 13:1 at 17:3). Ang mga sungay at mga ulo ay nagsimbolo ng perpektong kapangyarihan (cf. Daniel 7) at ang diyadems ay kumakatawan sa masamang isa na nagtangka sa pangangamkam sa maharlikang lugar ni Kristo.

Ang mga terminong "dragon" ay maaring nagmula pa sa OT

1. ang serpyente ng Genesis 3
2. ang dalawang masamang mga halimaw ng kaguluhan
   a. Rahab (cf. Awit 89:10; Isaias 51:9-10; Job 26:12-13)
   b. Leviathan (cf. Awit 74:13-14; 104:26; Job 3:8; 7:12; 41:1; Isaias 27:1; Amos 9:3)

Mayroong ilang mga titulo para sa masamang isa na natagpuan sa NT

1. "Satanas," ginamit ng 33 beses
2. ang "Diablo," ginamit ng 32 beses
3. ang "Manunukso," (cf. Mateo 4:3; I Tesalonica 3:5)

4. ang "masamang isa," (cf. Mateo 6:13; 13:19; I Juan 5:18)
5. ang "Kaaway," (cf. Mateo 13:39)
6. ang "Prinsipe ng mga Demonyo," (cf. Mateo 9:34; 12:24)
7. "ang Pinuno ng mundong ito," (cf. Juan 12:31; 14:30; 16:11)
8. "ang Prinsipe ng Kapangyarihan ng kalawakan," (cf. Efeso 2:2)
9. "Ang diyos ng mundong ito," (cf. II Corinto 4:4)
10. "Belial," (cf. II Corinto 6:15)
11. "Beelzebul," (cf. Marcos 3:22; Lucas 11:15,18-19)
12. "ang Dragon," (cf. Pahayag 12:3,4,7,9; 20:2)
13. "ang Serpyente," (cf. Pahayag 12:9,15; 20:2)
14. "ang Taga-usig," (cf. Pahayag 12:10,15)
15. "ang Adbersaryo," (cf. I Pedro 5:8)
16. "ang umaatungal na leon," (cf. I Pedro 5:8)

## NATATANGING PAKSA: SATANAS

Ito ay napakahirap na paksa dahil sa ilang mga kadahilanan:

1. Ang OT ay nagpapahayag na hindi kaaway ng kabutihan, ngunit isang tagapaglingjod ni YHWH na nag-aalok sa sangkatauhan ng alternatibo at nag-aakusa rin sa sangkatauhan na kabuktutan. Mayroon lamang iisang Diyos (monoteismo), isang kapangyarihan, isang pinagmulan sa OT—YHWH.
2. Ang konsepto ng isang personal na kaaway ng Diyos ay nahubog sa interbiblikal (di-makanoniko) mga literatira sa ilalim ng impluwensya ng dalawahang relihiyon ng Persia (*Zoroastrianismo*). Ito, sa kalaunay, labis na nakaimpluwensya sa rabinikal na Judaismo at sa komunidad ng Essene (i.e., Dead Sea Scrolls).
3. Ang NT hinuhubog ang OT mga tema sa panay na nakabibigla, ngunit mga piling, mga kategorya. Kung ang isa ay tutunguhin ang pag-aaral ng kasamaan mula sa perspektibo ng biblikal na teolohiya (bawat aklat o may-akda o dyanra ay pinag-aralan at ibinalangkas ng magkakahiwalay),magkagayon ay labis na magkakaibang mga pananaw sa kasamaan ang maihahayag.

Kung, gayunpaman, ang isa ay tutunguhin ang pag-aaral ng kasamaan mula sa di-biblikal o dagdag na biblikal na paglapit sa mga relihiyon ng mundo o silanganing mga relihiyon, samakatuwid higit sa mga pagbabago sa NT ay binabala sa dualismoo ng Persia at Greco-Roman Espiritismo.

Kung ang isa ay magpapalagay ng katapatan sa banal na awtoridad ng Kasulatan, samkatuwid ang pagbabago sa NT ay dapat tignan bilang isang progresibong kapahayagan. Ang mga Kristyano ay dapat na magbantay laban sa pagpapayag sa alamat ng mga Hudyo o kanluraning panitikan (Dante, Milton) na higit na makaimpluwensya sa konsepto. Mayroong tiyak na misteryo at kalabuan sa lugar na ito ng kapahayagan. Ang Diyos ay pinili na hindi ipahayag ang lahat ng aspeto ng kasamaan, ang pinagmulan nito, ang pagyabong nito, ang layunin nito, ngunit Siya ay nagpahayag sa pagkatalo nito!

Sa OT ang mga terminong "satanas" o "taga-usig" (BDB 966) ay maaring maiuugnay sa tatlong grupo

1. Taong taga-usig (cf. I Samuel 29:4; II Samuel 19:22; I Hari 11:14,20,29; Awit 109:6)
2. Mala-anghel na taga-usig (cf. Bilang 22:22-23; Job 1-2; Zacarias 3:1)
3. Mala-demonyong taga-usig (cf. I Cronico 21:1; I Hari 22:21; Zacarias 13:2)

Tanging sa kalaunan, sa panahon ng intertestamental ang pag-iimahe ni Juan ng Genesis 3 kinilala bilang si Satanasas (cf. *Aklat of Wisdom* 2:23-24; *II Enoch* 31:3), at maging sa kalaunay ito ay naging isang rabinikal na opsyon (cf. *Sot* 9b at *Sanh.* 29a). Ang "anak na lalake ng Diyos" ng Genesis 6 ay naging mga anghel sa *I Enoch* 54:6. Binanggit ko ito, hindi upang pagdiinan at teolohikal na katumpakan nito, ngunit upang ipakita ang pagyabong nito. Sa NT ang mga OT aktibidad na ito ay ipinaparatang sa mala-anghel, binigyan katauhang kasamaan (cf. I Corinto 11:3; Pahayag 12:9).

An g pinagmulan ng binigyan katauhang kasamaan ay napakahirap o imposibleng (depende sa iyong puntong pananaw) na malaman mula sa OT. Isang dahilan nito ay malakas na monoteismo ng Israel (cf. I Hari 22:20-22; Eccl. 7:14; Isaias 45:7; Amos 3:6). Lahat ng pinagmulan ay galing kay YHWH upang itanghal ang Kanyang natatangi at pangunguna (cf. Isaias 43:11; 44:6,8,24; 45:5-6,14,18,21,22).

Mga posibleng pinagkuhaan ng mga impormasyon ay mga (1) Job 1-2, kung saan si Satanasas isa sa mga "anak na lalake ng Diyos" (i.e., mga anghel) o (2) Isaias 14 at Ezekiel 28, kung saan ang mayabang na silanganing mga hari (Babiloniaia at Tyre) ay posibleng ginamit upang ipakita ang yabang ni Satanasas (cf. I Timoteo 3:6). Naghahalo ang aking damdamin patungkol sa paglapit na ito. Ang Ezekiel ay ginagamit ang mga metapora sa Harden ng Eden, hindi lamang para sa hari ng Tyre bilang Satanasas (cf. Ezekiel 28:12-16), ngunit para rin sa hari ng Ehipto bilang ang Puno ng Kaalaman ng Mabuti at Masama (Ezekiel 31). Gayunpaman, ang Isaias 14, paritkular ang mga vv. 12-14, ay waring naglalarawan sa isang malaanghel na pag-aaklas sa pamamagitan ng kayabangan. Kung ang Diyos ay ninais na

ipahayag sa atin ang mga espisipikong kalikasan at pinagmulan ni Satanasas, ito ay isang napakatagilid na paraan at lugar upang gawin ito. Dapat tayong magbantay laban sa kalakaran ng sistematikong teolohiya sa pagkuha ng maliit, may kalabuang mga parte ng magkakaibang testamento, mga may-akda, mga aklat, at mga dyanra at pagsama-samahin ang mga ito bilang mga bahagi ng isang banal na palaisipan.

Ako ay sumasang-ayon kay Alfred Edersheim (*The Life and Beses of Jesus the Mesyas*, vol. 2, apendise XIII [pp. 748-763] at XVI [pp.770-776]) na ang rabinikal na Judaismo ay labis na naimpluwensyahan ng dualismoo ng Persia at malademonyong espekulasyon. Ang mga rabi ay hindi mabuting pinagmulan ng katotohan sa lugar na ito. Si Hesus ay radikal na humihiwalay mula sa katuruan ng Sinagoga sa lugar na ito. Naisip ko na ang konsepto ng malaarkanghel na kaaway ni
YHWH ay nahubog mula sa dalawang mataas na mga Diyos ng Iraniang dualismoo, *Ahkiman* at *Ormaza*, at na kung saan ay hinubog ng mga rabi patungo sa biblikal na dualismoo ni YHWH at Satanas.

Mayroong tiyak na progresibong kapahayagan sa NT bilang pagbibigay katauhan sa kasamaan, ngunit hindi bilang isang pagpapalawak na gaya ng sa mga rabi. Isang mabuting halimbawa ng pagkakaibang ito ay ang "digmaan sa langit." Ang pagbagsak ng Satanasas ay isang lohikal na pangangailangan, ngunit ang mga partikular ay hindi ibinigay. Maging anumang ibinigay ay tinaklubungan sa apokaliptikong dyanra (cf. Pahayag 12:4,7,12-13). Bagamat si Satanasas tinalo ni Hesus at ipinatapon sa daigdig, siya ay gumagawa parin bilang tagapaglingkod ng YHWH (cf. Mateo 4:1; Lucas 22:31-32; I Corinto 5:5; I Timoteo 1:20).

Dapat nating pigilan ang ating pagkamausisa sa lugar na ito. Mayroong isang personal na pwersa ng pagtukso at kasamaan, ngunit mayroon paring tanging nag-iisang Diyos at tayo ay responsible parin sa ating mga desisyon. Mayroong espiritwal na labanan, parehong bago at pagkatapos ng kaligtasan. Ang tagumpay ay maari lamang na dumating at manatili sa loob at sa pamamagitan ng Triune Diyos. Ang kasamaan ay natalo na at mawawala na sa hinaharap!

**12:4 "At kinaladkad ng kaniyang buntot ang ikatlong bahagi ng mga bituin sa langit, at ipinaghagis sa lupa"** Sapagkat ang mga termino "ang bituin ng langit" ay ginamit ng medyo madalas sa OT upang tumukoy sa mga banal ng Diyos (cf. Genesis 15:5; Jeremias 33:22; Daniel 12:3), ang ilan ay nagpalagay na ito tumutukoy sa mga banal, ngunit ang konteksto ay maaringtumutukoy sa mga anghel (cf. Daniel 8:10; II Pedro 2:4; Jude v. 6). Makasalanang mga anghel (i.e., bumagsak na mga bituin) ay isang karaniwang paksa sa apokaliptikong panitikan (i.e., I Enoch).

Si Satanas ay ipinakita kasama ng mga anghel sa langit sa harap ng Diyos sa Job 1-2 at Zacarias 3. Siya ay posibleng isang "nagtatakip na cherub" (cf. Ezekiel 28:12-18). Ang deskripsyon na ito, na gumagamit ng mga metapora mula sa Hardin ng Eden, hindi tumugma sa Hari ng Tira, ngunit ang kayabangan at pagmamataas ng hari ay naggaya kay Satanas (Ako ay mas hindi nagiging komportable sa paglapit na ito sapagkat sa Ezekiel 31 ang hari ng Ehipto ay inilarawan bilang ang puno ng karunungan ng mabuti at masama. Si Ezekiel ay regular na gumagamit ng Eden na mga termino upang ilarawan ang mga hari). Sa OT Satanas ay hindi kaaway ng Diyos, ngunit ng sangkatauhan (cf. 12:10). Si Satanas ay hindi nilikhang masama ngunit nahubog tungo sa isang matinding kaaway ng lahat ng bagay na mabuti at banal (cf. A. B. Davidson's *An Old Testament Theology,* pp. 300-306). Ilang beses siya ay sinabihan na pinalayas sa langit (cf. Isaias 14:12; Ezekiel 28:16; Lucas 10:18; Juan 12:31; at Pahayag 12:9,12). Ang problema ay kapag. Ito ay:

1. sa panahon ng OT periyod
   a. bago pa ang paglikha ng tao
   b. ilang panahon pagkatapos ng Job bago ang Ezekiel 28
   c. sa panahon ng post-eksilik na periyod, ngunit pagkatapos ng Zacarias
2. sa panahon ng NT na periyod
   a. pagkatapos ng temtasyon ni Hesus (cf. Mateo 4)
   b. sa panahon ng misyong paglalakbay ng pitumpu (cf. Lucas 10:18)
   c. sa isang pangwakas na panahong sandaling rebelyon (cf. Pahayag 12:9). Tignan Natatanging Paksa sa 12:7.

Ang isa ay nagtataka kapag ang ikatlong mga bituin ay tumutukoy sa mga anghel na nagrebelde laban sa Diyos at piniling sumunod kay Satanas. Kung magkagayon, ito ay maaring ang tanging Kasulatang basehan para sa malademonyo ng NT kaugnay sa bumagsak na mga anghel (cf. 12:9,12). Ang numero, 1/3, ay maaring kaugnay sa limitasyon ng destruksyon sa panahon ng trumpetang mga paghahatol (cf. 8:7-12; 9:15,18) at hindi partikular na numero. O, ito ay maaring kumatawan sa pagkatalo ni Satanas sa bahagi ng mga anghel sa labanan. Ito rin ay osibleng simpleng nagpapakita ng sinaunang mitolohiya ng Babilonia. Tignan Kontekstwal na mga Kaunawaan, B. 1.

Sa puntong ito, maaring makatulong na tandaan na bagamat ang isyung ito ay nakakawili, ito marahil ay hind intensyon ng may-akda sa konteksto upang talakayin (1) ang pinagmulan ng malademonyo; (2) ang pagbasak ni Satanas; o (3) isang mala-anghel na rebelyon sa langit. Sa apokaliptikong panitikan ang sentral na tema ng pangitain ay krusyal, ngunit ang pagiging literal ng presentasyon, ang mga detalye at mga imahe ay dramatiko, simboliko, piksyonal. Ang ating pagkamausisa at respeto sa Bibliya ang nag-uudyok sa ating detalyado, lohikal, at doktrinal na mga pormulasyon. Maging maingat sa pagtutulak ng mga detalye; ang panitikan ay madalas na tunay na teolohiya na ipinakita sa isang maimahinasyong balangkas. Ito ay totoo, ngunit simbolikong ipinakita!

▣ **"upang lamunin ang kaniyang anak pagkapanganak niya"** Ang batang ito tumutukoy sa ipinangakong Mesyas (cf. 12:5). Si Satanas ay nagnais na naghadlang sa mga plano ng Diyos sa bawat lebel, kapwa ang unibersal na plano ng pagtutubos (unkondisyonal na mga tipan) at ang indibidwal na plano ng pagtutubos (kondisyonal na mga tipan, cf. Mateo 13:19; II Corinto 4:4).

**12:5 "At siya'y nanganak ng isang anak na lalake"** Ito ay maaring isang alusyon sa Isaias 66:7-8. Pansinin kung paanong si Juan gumalaw mula sa inkarnasyon ni Hesus tungo sa eskatolohikal ng paghahari. Lahat ng mga bagay na nasa pagitan ay tinalakay sa loob ng Ebanghelyo ni Juan, ngunit hindi sa Pahayag.

▣ **"na maghahari na may panghampas na bakal sa lahat ng mga bansa"** Ito ay isang alusyon sa Awit 2:9 at ay, Samakatuwid, Mesyaniko. Sa Pahayag 19:15 ang pariralang ito ay ginamit ng Mesyas, habang sa Pahayag 2:26-27 ito ay ginamit sa mga banal. Mayroong pagkakasunod-sunuran sa pagitan ng Mesyas (indibidwal) at ang naniniwalang komunidad (pangkalahatan) dito, na gaya ng sa tagapaglingkod na mga awit ng Isaias (i.e., pambansang Israel, cf. Isaias 42:1-9,19; 49:1-7; 50:4-11; 52:13-53:12). Habang ang masamang isa ay ngayon ay namumuno sa mga bansa, isang bahong pinuno ang darating at isang araw ay lubusang mamamahala.

▣ **"At ang kaniyang anak ay inagaw na dinala hanggang sa Dios, at hanggang sa kaniyang luklukan"** Ang ilan ay nakita ito bilang asensyon ni Kristo, ngunit hindi natin nakuha ang punto ng pampanitikang yunit na ito kung gagawin nating labis na malakas ang isang alusyon sa historikal na buhay ni Kristo. Juan, sa aklat ng Pahayag, ay hindi tinalakay ang pangmundong buhay o kamatayan ni Hesus. Siya ay gumalaw ng teolohikal mula sa inkarnasyon tungo sa eksaltasyon. Ang pokus ng Pahayag ay ang niluwalhati, ang itinaas na Kristo (cf. 1:4-20). Ang presentasyon ni Juan ng Ebanghelyo sa Pahayag ay nagpopokus sa pagsisisi at pagbibigay luwalhati sa Diyos. Hindi ito ginusto upang ibaba ang sentral na tungkulin ni Hesus (cf. 5:9,12; 7:14; 12:11),ngunit magpokus sa Kanyang papel sa pagdadala ng eternal kaharian (cf. I Corinto 15:25-28); ang kaharian ng parehong Ama at ang Anak!

**12:6 "At tumakas ang babae sa ilang"** Marami ang nakita ito bilang ang alusyon sa Exodus, na natagpuan sa kabuuang kontekstong ito. Ang panahon ng paglalagalag sa ilang ay nakita ng mga rabi bilang isang pagpapakasala na periyod sa pagitan ni YHWH at Israel. Sa panahon na ito, Siya ay naglaan ng lahat ng kanilang mga pangangailangan at matalik na nagpresenta kasama nila.

▣ **"ipinaghanda ng Dios ng isang dako"** Bagamat ang pangkalahatang konteksto ay nagpapakita ng Paglalagalag sa Ilang na Periyod, ang pariralang ito ay nagdadala ng ibang historikal mga alusyon.

1. Elias sa batis ng Cherith (cf. I Hari 17:1-7)
2. pagtakas Elias sa Sinai peninsula (cf. I Hari 19:1-14)
3. ang pitong libong matapat (cf. I Hari 19:18)
4. yaong mga tumakas sa pagwasak ng Jerusalem noong A.D. 70 (cf. Mateo 24:15-20; Marcos 13:12-18)

▣ **"isang libo dalawang daan at anim na pung araw"** Muli, ito ay tila ito ay maging isang di-madetermina, ngunit limitado, periyod ng persekusyon. Ang kaparehong periyod ng panahon ay tumukoy sa ilang magkaibang mga paraan na katumbas ng mahigit tatlo at kalahating mga taon.

1. "panahon, at mga panahon at ang kalahating panahon" (cf. Daniel 7:25; 12:7; Pahayag 12:14)
2. "2,300 mga gabi at mga umaga" (cf. Daniel 8:14)
3. "apatnapung-dalawang mga buwan" (cf. Pahayag 11:2; 13:5); "1,260 mga araw" (cf. Pahayag 11:3; 12:6); "1,290 mga araw" (cf. Daniel 12:11); at "1,335 mga araw" (cf. Daniel 12:12).

Pito ay ang perpektong numero sa Hebreo numerolohiya (cf. Genesis 1:1-2:3). Anomang mas mababa sa pito ay nagpapahayag ng imperpeksyon ng tao at 666 (cf. Pahayag 13:17-18) ay ang sukdulang di-perpektong tao, ang AntiKristo (cf. II Tesalonica 2). Sa kaparehong ugat, tatlong at ½ ay simboliko ng isang limitado, ngunit sa maliwanag, periyod ng persekusyon. Tignan Natatanging Paksa: Apatnapung-Dalawang mga Buwan sa 11:2.

## TALATA SA NASB (BINAGO): 12:7-10a

**7At nagkaroon ng pagbabaka sa langit: si Miguel at ang kaniyang mga anghel ay nakipagbaka sa dragon; at ang dragon at ang kaniyang mga anghel ay nakipagbaka, 8At hindi sila nanganalo, ni nasumpungan pa man ang kanilang dako sa langit. 9At inihagis ang malaking dragon, ang matandang ahas, ang tinatawag na Diablo at Satanasas, ang dumadaya sa buong sanglibutan; siya'y inihagis sa lupa, at ang kaniyang mga anghel ay inihagis na kasama niya. 10At narinig ko ang isang malakas na tinig sa langit, na nagsasabi,**

**12:7 "nagkaroon ng pagbabaka sa langit"**

## NATATANGING PAKSA: DIGMAAN SA LANGIT

Mayroong maraming pagtalakay sa kung ano ang petsa ng paglalaban. Tila binanggit ito ni Hesus sa Lucas 10:18 at Juan 12:31. Ngunit ang subukang maglagay ng isang pagkakasunod-sunod na panahon sa pangyayaring ito ay lubang napakahirap.

1. bago sa Genesis 1:1 (bago ang paglalalang)
2. sa pagitan ng Genesis 1:1 at 1:2 (teoriya ng puwang)
3. sa OT pagkatapos ng Job 1-2 (si Satanas sa langit)
4. sa OT pagkatapos ng I Hari 22:21 (si Satanas ay nasa konseho ng langit)
5. sa OT pagkatapos ng Zacarias 3 (Satan in langit)
6. sa OT sa Isaias 14:12; Ezekiel 28:15 at II Enoch 29:4-5 (Mga hinatulang hari sa silangan)
7. sa NT pagkatapos ng pagtukso kay Hesus (cf. Mateo 4)
8. sa NT sa panahon ng pagmi-misyon ng pitumpu (nikita si Satanas na bumagsak mula sa langit, cf. Lucas 10:18)
9. sa NT pagkatapos ng matagumpay na pagpasok sa Herusalem (ang pinuno ng mundo ay itinapon, cf. Juan 12:31)
10. sa NT pagkatapos ng muling pagkabuhay at pag-akyat sa langit (cf. Efeso 4:8; Colosas 2:15)
11. a huling panahon (cf. Pahayag 12:7, maaaring si Satanas ay binagyo ang langit sa paghahap sa bata)

Dapat nating tingnan ito nang payak bilang eternal na pakikidigma ng Diyos at ng hukbo ng kasamaan; ang paglalabang ito ay magpapatuloy hangang sa pagkalubos ng ganap na pagkatalo ng dragon at ng kanyang mga hukbo. Sa Pahayag 20, sila ay tinanggal at inihiwalay!

▣ **"Miguel l"** Mayroon lamang dalawang pinangalanan na mga anghel sa Bibliya (i.e., Michael, Gabriel). Ang anghel na ito ay pinangalanan bilang ang anghel ng bansa ng Israel sa Daniel 10:13,21 at 12:1. Siya ay tinawag na arkanghel sa Jude v. 9. Ang kanyang pangalan ay nangahulugan "siya na kagay ng Diyos." Ang ilan ay nakita ito bilang isa na namang pangalan para kay Kristo, ngunit ito ay tila naging lubhang malayo na. Ang Diyos ay hindi nababahala ng rebelyon ng masamang isa. Ang Bibliya ay hindi isang dualismo, gaya ng Persian Zoroastrianism. Ang Diyos ay natalo ang masamang isa sa pamamagitan ng paggamit ng isang anghel (Bagamat sa realidad ito ay ang pagtutubos na gawa ni Kristo).

Sa legal metapora, si Michael ay ang depensang abugado, habang si Satanas ay umaakto bilang isang prosekusyong abugado at si YHWH ay ang Hukom! Si Michael ang nanalo sa kaso sa pamamagitan ng

1. ang sakripisyal na kamatayan, resureksyon, at asensyon ni Kristo (cf. 12:16)
2. ang matapat na saksi ng iglesya (cf. 12:11b)
3. ang pagsusumigasig ng iglesya (cf. 12:11c)

▣ **"at ang kaniyang mga anghel ay nakipagbaka sa dragon"** Ganap na sino ang mga anghel ni Satanas ay napakahirap na mailarawan ng biblikal. Marai ang nakakita sa kanila bilang ang malademonyo (cf. Mateo 25:41; Efeso 6:10ff). Ngunit mayroon laging mapag-angil na katanungan sa mga anghel sa Tartarus (cf. II Pedro 2:4), at ang mga anghel na binaggit sa Pahayag 9:14, na halatang kinotrol ng Diyos ngunit tila ang masama mga anghel. Marami sa hidwaan sa mala-anghel na mundo ay simpleng hindi maipaliwanag (cf. Daniel 10).

Mayroong rin na patuloy na pagkilos na talakayan na kaugnay sa relasyon sa pagitan ng makasalanang mga anghel ng OT at ang mga demonyo ng NT. Ang Bibliya ay tahimik sa paksang ito. Ang Interbiblikal na apokaliptikong panitikan (partikular ang I Enoch) ay nagsasaad na ang kalahating-anghel, kalahating -anak ng tao sa Genesis 6:1-4 ay mga NT demonyo na naghahanap ng katawan ng tao upang muling tirhan. Ito ay espekulasyon lamang, ngunit hindi ito nagpapahayag ng anomang ilan ng unang siglo mga Hudyo ng kaisipan patungkol sa paksang ito.

Ang AORIST PAWATAS ay hindi tila tumutugma sa kontekstong ito . Posible na ito ay isang Semitismo at maaring naisalin na "kailanangang makipaglaban" (cf. *The Expositor's Bible commentary,* vol. 12, "Revelation" ni Alan Johnson, p. 519, talababa #7. Ito ang isa sa aking paboritong komentarista sa Pahayag).

**12:8** Ito ang una sa mga serye ng nagpapakalaks ng loob na mga salita sa isang inusig na Iglesya. Ang mga Talata 8, 11, at 14 ay nagbibigay ng dakilang kaginhawaan sa bayan ng Diyos na dumaranas ng persekusyon sa unang siglo at sa bawat siglo. Si Satanas ay natalo na ng dalawang beses: una sa kanyang pagtatangka na patayin ang Bata (cf. v. 4) at ngayon sa kanyang pagtatangka na bagyuhin ang trono ng Diyos (cf. vv. 7-9); siya rin ay matatalo sa kanyang pagtatangka na lipulin ang bayan ng Diyos sa mundo.

▣ **"ni nasumpungan pa man ang kanilang dako sa langit"** Ito ay nagpapahiwatig na si Satanas ay nasa langit ng ilang mga panahon (cf. Job 1-2; Zacarias 3; and I Hari 22:21). Pansinin na ang PANGMARAMIHAN NA PANGHALIP, na nagpapahiwatig ng ibang mga anghel sa liga ni Satanas.

**12:9 "At inihagis ang malaking dragon, ang matandang ahas, ang tinatawag na Diablo at Satanas"** Dito at sa Pahayag

20:2 (cf. Ang  Karunungan ni Solomon 2:24), ay ang tanging mga lugar kung saan si Satanas ay tahasang kinilala kasama ng serpyente ng Genesis 3 at di-tahasan sa II Corinto 11:3.  Ang mga termino "diablo" ay ang Griyegong mga termino para "maninirang-puri," habang ang mga termino "Satanas" ay ang Hebreong salita para sa "kaaway"  (cf.  II Samuel 19:22; I Hari 11:14).  Sila ay kapwa nagbibigay-diin sa tungkulin ng masamang isa bilang ang taga-usig ng kapatiran (cf. v. 10).  Ang  mga terminong "Satanas" sa OT (Tignan Natatanging Paksa sa 12:3) ay hindi nararapat na PANGALAN, ngunit ito ay nasa tatlong partikular na pangyayari: (1) Job  1-2; (2) Zacarias 3:1-3; at (3) I Cronico 21:1.  Para sa  "ay ipinatumba" tignan buong puna sa sa 12:4 at 7.

## NATATANGING PAKSA: PERSONAL (PANSARILING) KASAMAAN

Ito ay isa sa pinakamahirap na paksa sa maraming mga kadahilanan.

1. Ang OT ay hindi naghahayag ng punong kaaway ng mabuti, ngunit isang lingkod ni YHWH na nagbibigay sa sangkatauhan ng isang kapalit at nagbibintang sa sangkatauhan sa kawalang katuwiran (A. B. Davidson, *Old Testament Theology,* pp. 300-306).
2. Ang konsepto sa isang personal na punong kaaway ng Diyos ay lumago sa mga panitikang *inter-biblikal* (wala sa kanon) sa ilalim ng inpluwensiya ng relihiyong Persiyano (*Zoroastrianism*).  Ito, sa kabilang banda, ay malaki ang inpluwensiya sa rabinikong Judaismo.
3. Ang NT ay pinaunlad ang paksa ng OT sa nakakagulat na katapangan, ngunit sa mga piling, mga uri.

Kung ang isa ay lalapit sa pag-aaral ng kasamaan mula sa pananaw ng teolohiyang biblikal (bawat aklat o may-akda o  dyanra ay may bukod na pag-aaral at pagbabalangkas) kung gayon ay may mga  iba't-ibang mga pananaw sa kasamaan ay nahahayag.

Kung, subalit, ang isa ay lalapit sa pag-aaral sa kasamaan mula sa isang di-biblikal o labas sa bibliyang paglapit sa mga relihiyon ng mundo o silangang mga relihiyon, kung gayon maraming pag-unlad sa NT ay anino sa Persyanong dualismo at espiritualismo ng *Greco-Roman*.

Kung ang isa ay may paunang-pagpapalagay ng pagtitiwala sa kapamahalaan ng Banal na Kasulatan, gayunman ang pag-unlad ng NT ay kailangang tingnan bilang isang lumalagong kapahayagan. Ang mga Kristiyano ay kailangang magbantay laban sa pagpayag na ang kwentong Hudyo o panitikang Ingles (i.e., Dante, Milton) na lalong malinawagan ang mga kaalaman.  May mga tiyak sa hiwaga at kalabuan sa bahaging ito ng kapahayagan. Pinili ng Diyos na hindi ihayag ang lahat ng aspeto ng masama, ang panimula, ang layunin, ngunit kanyang inihayag ang pagkatalo nito!

Sa OT ang salitang Satanas (BDB 966) o tagapag-usig ay tila maiuugnay sa tatlong magkakaibang pangkat.

1. Mga taong tagapag-usig (I Samuel 29:4; II Samuel 19:22; I Hari 11:14,23,25; Awit 109:6)
2. Mga anghel na tagapag-usig (Bilang 22:22-23; Zacarias 3:1)
3. Mga demonyong tagapag-usig (I Cronika 21:1; I Hari 22:21; Zacarias 13:2)

Noon lamang mga huling bahagi ng panahon sa pagitan ng dalawang tipan, ang ahas sa Genesis 3 ay naiugnay kay Satanas (cf. Aklat ng Karunungan 2:23-24; II Enoch 31:3), at sumunod na naging rabinikal na pamimilian (cf. *Sot* 9b and *Sanh*. 29a).  Ang "mga anak ng Diyos" ng Genesis 6 ay naging masamang anghel sa I Enoch 54:6.  Sila ang naging simula ng kasamaan sa rabinikal na teolohiya.  Binanggit ko ito, hindi upang bigyang-diin ang katumpakang teolohikal, ngunit upang ipakita ang kanyang paglago.   Sa NT ang mga pangyayari sa OT ay inuugnay sa mala-anghel, personal na kasamaan (i.e., Satanas) sa II Corinto 11:3; Pahayag 12:9.

Ang pinagmulan ng personal na kasamaan ay mahirap o imposibleng (nababatay sa iyong pananaw) malaman mula sa OT.  Isang dahilan nito ay nag malakas na paniniwala ng Israel sa iisang Diyos (cf. I Hari 22:20-22; Eccl. 7:14; Isaias 45:7; Amos 3:6).  Ang lahat ng sanhi ay inuukol sa Diyos upang maipakita ang Kanyang pagiging tangi at pagiging mataas (cf. Isaias 43:11; 44:6,8,24; 45:5-6,14,18,21,22).

Ang mga pinagmulan ng maaaring kaalaman ay (1) Job 1-2, kung saan si Satanas ay isa sa mga "anak ng Diyos" (i.e., mga anghel) o (2) Isaias 14; Ezekiel 28, kung saan ang mayabang na mga haring nasa malapit na silangan (Babilonya at Tiro) ay ginamit upang ilarawan ang kayabangan ni Satanas (cf. I Timoteo 3:6). Mayroon akong magkahalong damdamin patungkol sa  paglapit na ito.  Si Ezekiel ay gumagamit ng mga talinghaga ng Hardin ng Eden hindi lang sa hari ng Tirobilang si Satanas (cf. Ezekiel 28:12-16), ngunit gayundin para sa hari ng Ehipto bilang Puno ng Pagkaalam ng Mabuti at Masama (Ezekiel 31).  Subalit, ang Isaias 14, partikular sa vv. 12-14, ay tila naglalarawan ng isang paghihimagsik ng mga anghel sa pamamagitan ng kayabangan.  Kung ang Diyos ay nais na ihayag sa atin ang partikular na kalikasan at pinagmulan ni Satanas ito ay lubhang di-ganap na paraan o lugar na gawin ito.  Kailangan nating magbantay laban sa pagpapasikat ng sistematikong teolohiya sa pagkuha ng maliliit, malabong mga bahagi ng iba't-ibang mga tipan, mga may-akda, mga aklat, at mga uri ng panitikan at ang pagsasama nila bilang mga piraso ng isang palaisipang pang-Diyos.

Si Alfred Edersheim (*The Life and Times of Jesus the Messiah*, tomo 2, dagdag-dahon XIII [pp. 748-763] at XVI [pp. 770-776]) ang nagsabing na ang rabinikal na Judaismo ay lubhang naimpluwensiyahan ng Persyanong dualimso at mga demonyong pagpapalagay.  Ang mga rabi ay hindi isang mabuting paggagalingan ng katotohanan para sa bahaging ito. Si Hesus ay radikal ang paghihiwalay sa mga katuruan ng Sinagoga.  Sa aking pang-unawa ang rabinikal na pagkakaunawa sa pagpapagitan sa mga anghel at ang pagsalungat ng pagbibigay ng kautusan ka Moises sa Bundok ng Sinai ay nagbukas ng pintosa kaunawaanng isang punong anghel na kaaway ni YHWH gayundin ang sangkatauhan.  Mayroong dalawang mataas na diyos ang Persyanong (*Zoroastrian*) dualismo, *Ahkiman* at *Ormaza*,  mabuti at masama.  Ang dualismong ito ay umunlad

sa isang may hangganang pang-Hudyong dualismo ni YHWH at Satanas.

Mayroong tiyak na nagpapatuloy na pahayag sa NT tulad ng paglago ng kasamaan, ngunit hindi upang ipaliwanag nang husto katulad ng sinasabi ng mga rabi. Isang magandang halimbawa nito ay ang "digmaan sa kalangitan." Ang pagbagsak ni Satanas ay isang lohikal na pangangailangan, ngunit ang mga detalye ay hindi binigay. Kahit na kung ano ang binigay ay may lambong ng dyanra na *apokaliptikong* (cf. Pahayag 12:4,7,12-13). Bagaman si Satanas ay natalo na at ipinatapon sa mundo, siya pa rin ay gumaganap bilang isang lingkod ni YHWH (cf. Mateo 4:1; Lucas 22:31-32; I Corinto 5:5; I Timoteo 1:20).

Kailangan nating pigilin ang pagkasabik sa bahaging ito. May isang personal na lakas ng tukso at kasamaan, ngunit mayroon pa ring iisang Diyos at ang sangkatauhan ay may pananagutan sa kanyang mga pagpili. Mayroong isang Espirituwal na pakikidigma, kapwa bago at pagkatapos ng kaligtasan. Ang tagumpay ay maaari lamang dumating at manatili sa at pamamagitan ng Trinidad na Diyos. Ang kasamaan ay natalo na at matatanggap!

▣ **"ang dumadaya sa buong sanglibutan"** Ito ay naglalarawan sa misyon ng masamang isa. Bilang ang Ebanghelyo ay unibersal (cf. Mateo 28:18-20; Lucas 24:47; Acts 1:8), gayundin ang anti-Ebanghelyo! Ang pinakamainam na aklat na aking nabasa sa paghubog ni Satanas sa Bibliya, mula sa pagiging tagapaglingkod tungo sa kaaway, ay A. B. Davidson's *A Theology of Old Testament*, pp. 300-306. Ang misyon ni Satanas ay inilarawan sa II Corinto 4:4; I Pedro 5:8; Pahayag 13:14; 19:20; 20:3,8,10; II Juan 7. Napakahirap na maisip kay Satanas bilang isang tagapaglingkod ng Diyos ngunit ikumpara ang II Samuel 24:1 kasama ng I Cronico 21:1.

▣ **"siya'y inihagis sa lupa"** Ang mga termino "inihagis" ay ginamit ng ilang beses sa kontekstong ito : dalawang beses sa v. 9; sa v. 10, atd 13. Ito rin ay ginamit sa 19:20; 20:3,10,14,15 at posibleng isang alusyon sa Isaias 14:12 o Lucas 10:18; at posibleng sa Juan 12:31. Ang mundo ay naging kaharian ng mga aktibidad ni Satanas. Tignan mas buong puna sa pagbagsak ni Satanas sa 12:4 at 7.

## TALATA SA NASB (BINAGO): 12:10b-12

**[10]"Ngayo'y dumating ang kaligtasan, at ang kapangyarihan, at ang kaharian ng ating Dios, at ang kapamahalaan ng kaniyang Cristo: sapagka't inihagis na ang tagapagsumbong sa ating mga kapatid na siyang sa kanila'y nagsusumbong sa harapan ng ating Dios araw at gabi. [11]"At siya'y kanilang dinaig dahil sa dugo ng Cordero, at dahil sa salita ng kanilang patotoo, at hindi nila inibig ang kanilang buhay hanggang sa kamatayan. [12]"Kaya't mangagalak kayo, Oh mga langit at kayong nagsisitahan diyan. Sa aba ng lupa at ng dagat: sapagka't ang diablo'y bumaba sa inyo, na may malaking galit, sa pagkaalam niya na kaunting panahon na lamang mayroon siya."**

**12:10b-12** Ito ay ang mensehe ng isa na may malakas na boses sa langit.

**12:10 "Ngayo'y dumating ang kaligtasan, at ang kapangyarihan, at ang kaharian ng ating Dios, at ang kapamahalaan ng kaniyang Cristo"** Ito ay isang pampanitikang katumbas sa 11:15-18. Ang katapusan ay nasa kasalukuyan na at ang Diyos ay matagumpay! Ito ay labis na makakatulong sa isang grupo ng mga mananampalataya na nagdurusa ng labis na persekusyon, maging kamatayan.

▣ **"ang tagapagsumbong sa ating mga kapatid"** Ito ay nagpapakita na ang boses ng v. 10 ay hindi isang anghel, ngunit wari ang mga mananampalataya, posibleng ang mga martir ng 6:9-11.

Ang Hebreong mga termino si *Satanas* nangahulugan "taga-usig." Nakita natin si Satanas sa papel na ito Job 1:9-11 at Zacarias 3:1.

▣ **"na siyang sa kanila'y nagsusumbong sa harapan ng ating Dios araw at gabi."** Si Satanas ay pinatalsik sa langit ngunit siya parin ay nag-aakusa sa mga matapat sa harap ng Diyos. Ito ay ang pagkakasunod-sunuran ng dyanra na ito. Ang kanyang kapangyarihan ay nawarak na, ngunit siya ay aktibo parin (Gayunpaman, nilimitahan ng Diyos, cf. Job 1-2).

**12:11 "At siya'y kanilang dinaig dahil sa dugo ng Cordero, at dahil sa salita ng kanilang patotoo"** Ang tagumpay ay napanalunan na sa pamamagitan ng naghahaliling pampalubag-loob ng Mesyas ng Diyos (cf. 1:5; 7:14; I Pedro 1:18-19; I Juan 1:7). Ang pampalubag na loob na ito ay nagsasangkot ng parehong

1. ang biyaya ng Diyos sa pamamagitan ng sakripisyal na kamatayan ni Kristo (cf. Marcos 10:45; II Corinto 5:21)
2. ang mga kinakailangang pananampalatayang pagtugong ng mga mananampalataya (cf. 6:9; Marcos 1:15; Juan 1:12; 3:16; Gawa 3:16,19; 20:21) at kanilang pagbabahagi ng pananampalataya (i.e., pamumuhay at pagsasalita)

Ang pariralang ito ay mas higit na kagaya ng 14:12. Mayroong isang matinding pagkakahawig sa pagitan vv. 11 at 17. Ang talata 11 tila ay naglalarawan ng kaligtasan habang v. 17 tila ito ay naglalarawan ng Kristyanong pagkahinog at pagsusumigasig. Pansinin ang tagumpay ni Kristo ay lumitaw sa Calvary, hindi sa milenyum.

▣

**NASB "at hindi nila inibig ang kanilang buhay hanggang sa kamatayan"**
**NKJV "at hindi nila inibig ang kanilang buhay hanggang sa kamatayan"**
**NRSV "sapagakat hindi sila kumapit sa buhay maging sa harap ng kamatayan"**
**TEV "sapagkat sila ay nakahandang ibigay ang kanilang mga buhay at mamatay"**
**NJB "sapagkat maging sa harap ng kamatayan hindi sila kumapit sa kanilang mga buhay"**

Unang siglo mga mananampalataya at kanilang mga pamilya ay nakaharap ang nakakakilabot na mga kamatayan (gaya ng marami sa bawat panahon). Sila ay selyado at protektado ng Diyos, ngunit sila pa rin ay nasa ilalim ng persekusyon ng mga di-mananampalataya. Ang kanilang pananampalataya kay Kristo ay mas malakas kaysa sa kanilang takot sa kamatayan (cf. 2:10; Marcos 8:35; 13:13; Lucas 14:26; Juan 12:25).

**12:12 "Kaya't mangagalak kayo, Oh mga langit at kayong nagsisitahan diyan"** Ito ay isang PANGKASALUKUYANG PANGGITNANG PAUTOS (cf. 18:20). Ito ay maaring isang alusyon sa Awit 96:11 o Isaias 49:13. Ang langit ay dapat na magdiwang sapagkat si Satanas ay naipatapon na, ngunit kalungkutan tungo sa mundo!

Ang PANGMARAMIHANG "mga langit" ay ginamit sa OT upang magpakita ng (1) ang atmospera sa ibabaw ng mundo (cf. Genesis 1) at (2) ang lugar kung saan ang Diyos ay nananahan. Sa konteksto ito ay #2.

Ang mga terminong "manahan" (NASB, NKJV, NRSV) o "manirahan doon" (TEV, NJB) ay mula sa PANGALAN "tabernakulo." Ito ay nagpapahiwatig ng isang permanenteng residesnya kasama ang Diyos (cf. 7:15; 12:12; 13:6; 21:3 at Juan 1:14 ni Kristo na kasama natin).

▣ **"malaking galit"** Tignan buong puna sa 7:14.

▣ **"sa pagkaalam niya na kaunting panahon na lamang mayroon siya"** Ito ay tila tumutukoy sa periyod ng panahon sa pagitan ng Asensyon ni Kristo (cf. Acts 1:9-11) at ang Ikalawang Pagdating kung saan si Juan at ang unang siglo mga Kristyano ay nagisip na sa isang maikling periyod ng panahon. Mahigit 2,000 mga taon na ngayon; bawat henerasyon ay may pag-asa sa anumang-panahong pagbabalik ng Panginoon. Ang mga mananampalataya ay binalaan ng pag-antala na ito sa II Tesalonica at Mateo 24:45-51. Maging maingat na ang pag-antala ay hindi nakabawas sa pananampalataya (cf. II Pedro 3:3-4).

## NATATANGING PAKSA: ANG ANUMANG-PANAHAONG PAGBABALIK NI HESUS LABAN SA ANG HINDI PA (NT NA KABALINTUNAAN)

A. Ang Bagong Tipan na eskatolohikal na mag sipi ay nagpapakita ng Lumang Tipan propetikong kaunawaan na tumingin sa pangwakas na panahong sa pamamagitan ng pangkasalukuyang mga pangyayari .

B. Mateo 24, Marcos 13, at Lucas 21 ay napakahirap na mainterpret sapagkat sila ay tumatalakay sa ilang mga katanungan ng sabay-sabay.
   1. kailan ang Templo mawawasak?
   2. ano ang tanda ng pagbabalik ng Mesyas?
   3. kailan magwawakas ang panahon na ito (cf. Mateo 24:3)?

C. Ang dyanra ng Bagong Tipan g eskatolohikal na mga sipi ay madalas na isang kombinasyon ng apokaliptiko at propeteking wika na puno ng layuning kalabuan at labis na simboliko.

D. Ilang mga sipi sa NT (cf. Mateo 24, Marcos 13, Lucas 17 at 21, I at II Tesalonica at Pahayag) ay tumalakay sa Ikalawang Pagdating. Ang mgasiping ito ay nagbibigay-diin sa:
   1. ang eksaktong oras ng pangyayari ay di-nalalaman, ngunit ang pangyayari ay tiyak
   2. malalaman natin ang pangkalahatang oras, ngunit hindi ang partikular na oras., ng mga pangyayari
   3. ito ay biglang mangyayari at hindi inaasahan
   4. dapat tayong maging mapanalagini, handa, at matapat sa nakatalagang mga tungkulin .

E. Mayroong isang teolohikal na kabalintuaang tensyon sa pagitan (1) ang anomang panahong pagbabalik (cf. Lucas 12:40,46; 21:36; Mateo 24:27,44) at (2) ang katotohanan na ang ilang mga pangyayari sa kasaysayan ay dapat na lumitaw.

F. Ang NT ay nagsasabi na ilang mga pangyayari ay lilitaw bago ang Ikalawang Pagdating:
   1. Ang Ebanghelyo ay naipangral sa buong mundo (cf. Mateo 24:14; Marcos 13:10)
   2. ang matinding apostasya (cf. Mateo 24:10-13, 21; I Timoteo 4:1; II Timoteo 3:1ff.; II Tesalonica 2:3)

3. ang kapahayagan ng “lalake ng kasalanan” (cf. Daniel 7:23-26; 9:24-27; II Tesalonica 2:3)
4. pagtatanggal ng /siyang nagpipigil (cf. II Tesalonica 2:6-7)
5. muling pagsigla ng mga Hudyo (cf. Zacarias 12:10; Roma 11)

Lucas 17:26-37 ay hindi kahanay ng Marcos. Ito ay sadyang mayroong bahagyang Synoptikong pagkahanay sa Mateo 24:37-44.

## TALATA SA NASB (BINAGO): 12:13-17

**[13]At nang makita ng dragon na siya'y inihagis sa lupa, ay inusig niya ang babaing nanganak ng sanggol na lalake [14]At sa babae'y ibinigay ang dalawang pakpak ng agilang malaki, upang ilipad sa ilang mula sa harap ng ahas hanggang sa kaniyang tahanan, na pinagkandilihan sa kaniyang isang panahon, at mga panahon, at kalahati ng isang panahon. [15] At ang ahas ay nagbuga sa kaniyang bibig sa likuran ng babae ng tubig na gaya ng isang ilog, upang maipatangay siya sa agos. [16]At tinulungan ng lupa ang babae, at ibinuka ang kaniyang bibig at nilamon ang ilog na ibinuga ng dragon sa kaniyang bibig. [17]At nagalit ang dragon sa babae, at umalis upang bumaka sa nalabi sa kaniyang binhi, na siyang nagsisitupad ng mga utos ng Dios, at mga may patotoo ni Hesus.**

**12:13 “ang babae”** Posibleng sa orihinal “ang babae” tumukoy sa OT naniniwalang komunidad; ngayon ito ay tumutukoy sa NT bayan ng Diyos (cf. v. 17; 13:7). In *Word Pictures of the New Testament,* Vol. 6, A. T. Robertson tinawag siyang “ang tunay na Israel sa dagidig” (p. 395).

**12:14 “At sa babae'y ibinigay ang dalawang pakpak ng agilang malaki”** Ang pakpak na ito ng agila simboliko ng proteksyong at probisyon ng Diyos (cf. Exodo 19:4; Deutronomio 32:11; Awit 36:7; 57:1; 63:7;90:1,4; at Isaias 40:31). Ito ay maaring iba na namang alusyon sa panibagong exodo.

▣ **“upang ilipad sa ilang mula sa harap ng ahas hanggang sa kaniyang tahanan”** Ang ilang ay nakita bilang isang lugar ng banal na proteksyon, na nagpapahiwatig sa Paglalagalag sa Ilang na Periyod ng kasaysayan ng Israel (cf. v. 6). Ito ay maaring maging isang magandang pagpapalakas ng loob sa isang nasasaktan na iglesya.

▣ **“at mga panahon, at kalahati ng isang panahon”** Ito ay isang alusyon sa Daniel 7:25; 12:7. Para sa isang buong puna ng pariralang ito tignan 11:2 at 12:6.

**12:15 “At ang ahas ay nagbuga sa kaniyang bibig”** Walang eksaktong OT kahanay dito. Ito ay maaring isang metapora konektado sa poot ng Diyos sa Hosea 5:10 o ang mga metapora ng panahon ng beses ng presyon at pighati gaya ng sa Awit 18:4; 124:4-5. Ngunit dahil sa kabanata 12 ay kumuha ng maraming mga imahe nito mula sa Sinaunang Near Eastern nilikhang mga mitolohiya, ito ay posibleng tumutukoy sa matubig na kagulugan, ang primebal ng labanan ng mabuti laban sa masama, kaayusan laban sa kaguluhan.

Ang kalikasan ay lumaban para kay Barak at Deborah laban sa Canaanite na bayan ni Hazor at kanyang militar na heneral, si Sisera: (1) ang ulan ay nagpatigil sa kanilang mga karwahe (cf. Hukom 5:4) at (2) maging ang mga bituin (inisip bilang mala-anghel na mga kapangyarihan) lumaban laban sa Sisera (cf. Hukom 5:20).

**12:17 “. . . upang maipatangay siya sa agos”** Ang masamang isa ay nagsubok na wasakin ang mesyanikong komunidad sa pamamagitan ng

1. pagwawasak sa Mesyas
2. pagwawasak sa inang iglesya
3. sa pamamagitan ng pagwawasak ng lahat ng Mesyanikong tagasunod.

Ang pariralang “makipaglaban” ay metaporikal ng espiritwal, politkal, at ekonomikal na mga oposisyon. Ito ay isang alusyon sa Daniel 7:21 (cf. 11:7; 13:7). Ang persekusyon na ito ay ang pinakasaksi sa tagumpay ng iglesya sa pamamagitan ni Kristo (cf. Felipos 1:28).

## MGA TALAKAYANG TANONG

Ito ay isang komentaryong gabay sa pag-aaral, na nangangahulugan na ikaw ay may pananagutan sa iyong sariling interpretasyon sa Bibliya. Ang bawat isa sa atin ay dapat lumakad sa liwanag na mayroon tayo. Ikaw, ang Bibliya, at ang Banal sa Espiritu ay pangunahin sa interpretasyon. Hindi mo dapat iasa ito sa taga-pagsuri.

Ang mga talakayang tanong na ito ay inihanda upang tulungan kang mag-isip sa pamamagitan ng mga pangunahing

paksa sa bahaging ito ng aklat. Ito ay nangahulugang dapat maging mapukaw-isip, hindi pang kahulugan lamang. to help you think through the major issues of this section ng aklat. They are meant to be thought provoking, not definitive.

1. Ito ba ay naglalarawan ng nilalaman ng ikapitong trumpeta.
2. Bakit ang pangitain ng Arko ng Tipan ay napaka nakakapagpalakas ng loob sa unang siglong mga Kristyanong ito?
3. Sino ang babae sa Pahayag 12?
4. Kailan nangyari ang labanang ito sa langit?
5. Paanong ang mga anghel ng diablo ay kaugnay sa malademonyo?
6. Ano ang ibig sabihin ng parirala "isang panahon, mga panahon at kalahating panahon" sa Daniel at Pahayag?
7. Paano ang siping ito ay nakapagpalakas ng loob sa unang siglo, inusig na mga Kristyano?

## KONTEKSTWAL NA MGA KAUNAWAAN SA PAHAYAG 13:1-18

A. Ang mga kabanata 13 ay ang mas malawak na pag-unlad ng pag-iimahe ng 12:13-17.

B. Ang OT kinaligiran ng kabanatang ito ay sa Daniel 7. Ang apat na hinulaang Near Eastern mga emperyo ng Daniel ay pinagsama sa isang sukdulan, unibersal, laban saDiyos, na pangwakas na panahong kaharian.

C. Ang emperador na pagsamba ng unang siglo (lalo na sa Asya Minor) ay isang historikal na katuparan ng pagsamba sa hayop, gayundin din sa pangwakas na panahong lalake ng kasalanan (cf. II Tesalonica 2), at ang maliit na sungay ng Daniel 7 (cf. vv. 8,11,20,25), na wala sa ikaapat na kaharian, ng Roma.

D. Ang hayop ay kinilala sa dalawang mga paraan
   1. Bilang ang nagpapatuloy, na huwag na katuruaan/guro (cf. I Juan 2:18,22; 4:3; II Juan 7). Ito ay kapwang PANGMARAMIHAN at PANG-ISAHAN, kapwa pangkasalukuyan at panghinaharap.
   2. Bilang ang aktwal na persona, posibleng nagpahiwatig sa masama mga persona sa buong kasaysayan (Antiochus, Romanong mga Emperador, Hitler, atbp, ngunit sa sukdulan ay binigyan katauhan sa isang pangwakas na panahong pigura, cf. II Tesalonica 2:1-10).

E. Tignan Natatanging Paksa sa ibaba.

### NATATANGING PAKSA: PAMAHALAAN NG TAO

I. PANIMULA
   A. Pakahulugan – Ang pamahalaan ay sangkatauhang inayos ang kanilang sarili upang magbigay at siguraduhin ang nararamdamang mga pangangailangan (i.e., Genesis 4 at 11). Ang mga tao ay mga panlipunang nilalang (maging bago pa ang Pagbagsak (cf. Genesis 2:18). Mga pamilya, mga tribo, mga bansa ay nagbibigay sa ating ng komunidad.
   B. Layunin – Ang Diyos ay ninais ay ang kaayusan ang mas kanais nais kay sa anarkya.
      1. Ang Mosaic legislasyon, parikular ang Sampung Utos, ay kalooban ng Diyos para sa lipunan ng sangkatauhan. Ito ay nagbabalanse sa pagsamba at buhay.
      2. Walang anyo o istruktura ng pamahalaan ang itinataguyod ng Kasulatan, bagamat ang sinaunang teokrasya ng Israel ay ang inaasahang anyo sa kalangitan. Wala alinman sa demokrasya o maging kapitalismo ang biblikal na katotohana. Ang mga Kristyano ay dapat umakto ng nararapat sa kung anumang sistemang pamahalaan matatagpuan nila ang kanilang mga sarili. Ang layunin ng ebanghelyo at ministeryong Kristyano, ay hindi rebolusyon. Lahat ng mga pamahalaan ay napaparam!
   C. Pinangmulan ng pamahalaan ng tao
      1. Ang Romanong Katolisismo ay naninindigan na ang pamahalaan ng tao ay isang likas na pangangailangan, maging bago pa ang Pagbagsak. Si Aristotle ang marahil unang nagsiguro sa saligang ito. Sinabi niya na, "ang tao ay isang politikal na hayop" at sa pamamagitan nito ibig niyang sabihin na ang pamahalaan " ay umiiral para sa pagpapalaganap ng mabuting buhay."
      2. Ang Protestantismo, lalo na si Martin Luther, ay naninidigan na ang pamahalaan ng tao ay namana sa Pagbagsak. Tinawag niya itongt "ang Kaharian ng kaliwang kamay ng Diyos." Sinabi niya na "ang paraan ng Diyos na upang makontrol ang masasamang tao ay dapat ilagay ang masasamang tao sa ilalim ng kontrol."
      3. Si Karl Marx ay nanindigan na ang pamahalaan ay isang paraan na kung saan ang ilang mga elitista ay panatilihin ang masama sa ilalim ng pagkokontrol. Para sa kanya, ang pamahalaan at relihiyon ay gumaganap ng parehong tungkulin.

II. KAGAMITANG BIBLIKAL

A. Lumang Tipan

1. Ang Israel ay ang huwaran na magagamit sa langit. Sa sinaunang Israel si YHWH ay ang Hari. Ang Teokrasya ay ang salitang ginamit upang ilarawan ang direktang pamumuno ng Diyos (cf. I Samuel 8:4-9).
2. Ang kapangyarihan ng Diyos sa pamahalaan ng tao ay maaring makita ng malinaw sa Kanyang pagtatalaga
   a. lahat mga hari, Daniel 2:21; 4:17,24-25
   b. ang paghahari ng Mesias, Daniel 2:44-45
   c. Nebuchadnezzar (neo-Babilonia), Jeremias 27:6; Daniel 5:28
   d. Cyrus II (Persia), II Cronika 36:22; Ezra 1:1; Isaias 44:28; 45:1
3. Ang mga tao ng Diyos ay dapat na magpasakop at gumalang maging sa mga nananakop at nananahang pamahalaan:
   a. Daniel 1-4, Nebuchadnezzar (neo-Babilonia)
   b. Daniel 5, Belshazzar (neo-Babilonia)
   c. Daniel 6, Darius (Persia)
   d. Ezra at Nehemias (Persia)
4. Ang pinanumbalik na Judah ay dapat na manalangin para kay Cyrus at sa paghahari ng kanyang mga kaapu-apuhan
   a. Ezra 6:10; 7:23
   b. Ang mga Hudyo ay dapat na manalangin para sa awtoridad na sibil na si, Mishnah, Avot. 3:2

B. Bagong Tipan

1. Si Hesus ay nagpapakita ng paggalang sa mga pamahalaan ng tao
   a. Mateo 17:24-27; Nagbayad Siya ng buwis sa Templo (relihiyoso at sibil na mga awtoridad ay dapat na iisa, cf. I Pedro2:17)
   b. Mateo 22:15-22; Marcos 12:13-17; Lucas 20:20-26, Siya ang nagtuyog ng lugar para sa buwis ng Roma at magkagayon ay Romanong sibil na awtoridad
   c. Juan 19:11, Ang Diyos ay pumapayag sa awtoridad sibil
2. Ang mga salita ni Pablo ay may kaugnayan sa mga pamahalaan ng tao
   a. Roma 13:1-5, ang mga mananampalataya ay dapat na magpasakop sa mga awtoridad sibil sapagkat sila ay itinatag ng Diyos
   b. Roma 13:6-7, ang mga mananampalataya ay dapat na magbayad ng mga buwis at parangalan ang mga awtoridad sibil
   c. I Timoteo 2:1-3, mga mananampalataya ay dapat ipanalangin ang mga awtoridad sibil
   d. Tito 3:1, ang mga mananampalataya ay dapat na magpasailalim sa mga awtoridad sibil
3. Ang mga salita ni Pedro kaugnay sa sa mga pamahalaan ng tao
   a. Mga Gawa 4:1-31; 5:29, Si Pedro ay Juan sa harap ng Sanhedrin (ito ay nagpapakita ng biblikal na pamarisan para sa pagsuway sibil)
   b. I Pedro 2:13-17, ang mga mananampalataya ay dapat na magpasakop sa mga awtoridad sibil para sa ikabubuti ng lipunan at para sa ebanghelismo
4. Ang mga salita ni Juan kaugnay sa mga pamahalaan ng tao
   a. Pahayag 17, ang babaeng mababa ang lipat sa Babilonia ay tumatayo para sa makataong pamahalaan isinaayos at gumagawa ng hiwalay sa Diyos
   b. Pahayag 18, ang babaeng mababa ang lipad sa Babilonia ay sinira

III. PAGLALAGOM

A. Ang pamahalaan ng tao (sa makasalanang sanglibutan) ay itinakda ng Diyos. Hindi ito "ang banal na karapatan ng mga Hari," ngunit ang banal na tungkulin ng pamahalaan. Walang isang anyo ang itinataguyod ng higit sa iba.

B. Ito ay isang relihiyosong tungkulin para sa mga mananampalataya na tupdin at ipagdasal ang mga sibil awtoridad.

C. Nararapat para sa mga mananampalataya na sumuporta sa pamahalaan ng tao sa pamamagitan ng pagbubuwis na may kasamang nararapat na paggalang na saloobin.

D. Ang pamahalaan ng tao ay para sa layuning sibil na kaayusan. Sila ang lingkod ng Diyos para sa gawaing ito.

E. Ang pamahalaan ng tao ay hindi sukdulan. Ito ay limitado sa kanyang awtoridad. Ang mga mananampalataya ay dapat na kumilos alang-alang sa kanilang mga konsensya sa pagtatakwil sa awtoridad sibil kung ito ay lumalagpas na sa hangganan ng itinakdang banal na pagtatalaga sa kanya. Gaya ng isinasaysay ni Augustine sa *The City of God*, tayo ay mga mamayan ng dalawang kaharian, isa ang pansamantala at isa ay eternal. (cf. Filipos 3:20). Mayroon tayong responsibilidad sa pareho, ngunit ang kaharian ng Diyos ang sukdulan! Mayroong parehong indibidwal at sama-samang pokus sa ating responsibilidad sa Diyos.

F. Dapat nating palakasin ang loob ng mga mananampalataya sa demokratikong sistema na aktibong makipagtulungan sa proseso ng pamahalaan at isakatuparan, kung possible, ang mga katuruan ng Kasulatan.

G. Ang panlipunang pagbabago ay dapat na pangunahan ng indibidwal na pagbabalik-loob. Walang tunay na magtatagal na ekatolohikal na pag-asa sa pamahalaan ng tao. Lahat ng mga pamahalaan ng tao, bagamat ninais

at ginamit ng Diyos, ay makasalanang ekspresyon ng makataong organisasyon na hiwalay sa Diyos. Ang konseptong ito ay ipinahayag sa pagkakagamit ni Juan ng mga salita "ang sanglibutan" (i.e., I Juan 2:15-17).

## SALITA AT PARIRALANG PAG-AARAL

### TALATA SA NASB (BINAGO): 13:1-6

**[12:18] At siya'y tumayo sa buhanginan ng dagat. [13: 1]At nakita ko ang isang hayop na umaahon sa dagat, na may sangpung sungay at pitong ulo, at sa kanilang mga sungay ay may sangpung diadema, at sa kaniyang mga ulo ay mga pangalan ng kapusungan. [2]At ang hayop na aking nakita ay katulad ng isang leopardo, at ang kaniyang mga paa ay gaya ng sa oso, at ang kaniyang bibig ay gaya ng bibig ng leon: at ibinigay sa kaniya ng dragon ang kaniyang kapangyarihan, at ang kaniyang luklukan, at dakilang kapamahalaan. [3]At *nakita* ko ang isa sa kaniyang mga ulo na waring sinugatan ng ikamamatay; at ang kaniyang sugat na ikamamatay ay gumaling: at ang buong lupa'y *nanggilalas* sa hayop; [4] At sila'y nangagsisamba sa dragon, sapagka't ibinigay niya ang kaniyang kapamahalaan sa hayop; at nangagsisamba sa hayop, na nangagsasabi, "Sino ang kagaya ng hayop? at sinong makababaka sa kaniya?" [5]At binigyan siya ng isang bibig na nagsasalita ng malalaking bagay at mga kapusungan: at binigyan siya ng kapamahalaan, upang magpatuloy na apat na pu't dalawang buwan. [6]At binuka niya ang kaniyang bibig sa mga kapusungan laban sa Dios, upang pusungin ang kaniyang pangalan, at ang kaniyang tabernakulo, gayon din naman ang mga nananahan sa langit.**

**13:1 "At siya'y tumayo sa buhanginan ng dagat"** NASB, NKJV at NJB nagsimula sa kabanata 13 kasama ng pariralang ito (i.e.,12:18), habang ang TEV ay nagtapos sa kabanata 12 kasama nito.

Mayroong isang manuskrito baryante na kaugnay sa PANDIWA sa 12:18/13:1, "tumayo"

1. "siya ay tumayo," tumutukoy sa hayop/dragon na naguugnay sa kabanata 12 – MSS $P^{47}$, א, A, C, (NASB, NRSV, TEV, REB, NET, NIV)
2. "Ako ay tumayo," tumutukoy kay Juan na nag-uugnay ng pasulong sa kabanata 13 – MSS P, 046, 051 (NKJV, NJB)

Ang $UBS^4$ ay nagbibigay ng opsyon sa #1 na "B" marka (halos tiyak).

Ang "dagat" ay maaring isang alusyon kay Daniel 7:2-3. Ito ay isang simbolo ng

1. ang buong sangkatauhan (cf. Isaias 17:12-13; 57:20; Pahayag 17:15)
2. ang mga puwersa ng kaguluhan (cf. Genesis 1; Isaias 51:9-10)

▣ **"At nakita ko ang isang hayop na umaahon sa dagat"** Ang mabangis na hayop (cf. 13:14,15; 15:2; 16:13; 15:8) ay unang binanggit ng wala ang tokata sa 11:7 bilang paglabas mula sa kailaliman (cf. 17:8). Ito tila ay tumutukoy sa "ang Antikristo" ng I Juan 2:18a,22; 4:3; II Juan v. 7, kilala rin bilang "ang lalake ng kawalang batas" sa II Tesalonica 2:3. Ang parehong deskripsyon ng hayop na ito ay natagpuan sa 12:3 at 17:3,8.

Ang parirala "umahon mula sa dagat" ay nainterpret sa ilang mga paraan.

1. sa literal, habang ang intertestamental Hudyong apokaliptikong panitikan bilang ang Leviathan at sa v. 11 bilang ang Behemoth
2. isang alusyon sa Daniel 7, kung saan ang hayop ay lumabas mula sa dagat sa v. 3 at lumabas mula sa lupa sa v. 17, na nasa Daniel 7 ay mga magkasingkahulugan, ngunit si Juan ay pinaghiwalay ang huling mga hayop sa dalawang magkahiwalay na pangwakas na panahong masamang mga personalidad: ang hayop ng dagat, v. 1 at ang hayop ng lupain, v. 11
3. isang simbolo ng makasalanang mga tao (cf. partikular ang Pahayag 17:15, ngunit gayundin ang Daniel 7:2-3; Isaias 17:12-13; 57:20)

Ang dahilan na ang dalawang mga hayop ng kabanata 13 ay bianggit bilang umahon mula sa dagat at lupa ay (1) dahila ng kabanatang ito ay sumusunod sa Daniel 7 ng napakalapit o (2) dahil sila ay pinagsama upang kumatawan ng buong daigdig. Posible rin na ang dalawang mga hayop na ito at ang s Satanas ay nagbuo ng isang masamang parodya ng Trinidad.

▣ **"na may sangpung sungay at pitong ulo, at sa kanilang mga sungay ay may sangpung diadema"** Ito ay hindi eksaktong kagaya ng isang dragon (cf. 12:3) ngunit ito ay labis na kahawig (cf. 17:3,7-12). Ang sampung mga sungay ay nagsasalita patungkol sa kompletong kapangyarihan; ang pitong mga ulo na kumatawan ng isang perpektong manipestasyon ng masama, at ang sampung diyadema ay isang pag-angkin sa kamaharlikaan. Ang Masama ay madalas na imitasyon ng mabuti. Ito ay ang una sa ilang mga parodya ni Kristo.

▣ **"mga pangalan ng kapusungan"** Ang Griyegong mga manuskrito ay kapantay na hinati sa pagitan ng PANGMARAMIHAN (MS A) "mga pangalan" (NRSV, NJB) at PANG-ISAHAN (MSS $P^{47}$, א, C, P) "pangalan" (NKJV, TEV).

UBS[4] ay hindi makapagdesisyon kung alin ang orihinal. Alinman ang totoo, ito ay halatang isang alusyon sa Daniel 7:8,11,20,25 o 11:36. Ang mga mapaglapastangang mga titulo na konektado sa (1) pag-angkin sa pagkadiyos o (2) masamang mga titulo (cf. 17:3).

**13:2 "At ang hayop na aking nakita ay katulad ng isang leopardo. . . gaya ng sa oso. . . ng leon"** Ang kombinasyong ito ng ilang mga hayp ay isa na namang alusyon sa Daniel 7:4,5,6, kung saan ito ay tumutukoy sa isang serey ng mga hari, ngunit dito ang simbolismo ay binago tungo sa isang pinagsamang lahat ng laban sa Diyos na sistema ng mundo na binigyan katauhan ng isang pinuno (cf. Daniel 7:24).

▣ **"at ibinigay sa kaniya ng dragon ang kaniyang kapangyarihan, at ang kaniyang luklukan, at dakilang kapamahalaan"** Ito ay kahanay sa II Tesalonica 2:9, na nagsasalita sa isang makaSatanas na kinasihang kapangyarihan. Ang hayop ay hindi si Satanas, ngunit isa ng supernatural na pinalakas na taong manipestasyon o kanyang inkarnasyon (cf. vv.4,12). Ito ay isa na namang parodya kay Kristo (cf. 5:6).

**13:3 "At nakita ko ang isa sa kaniyang mga ulo na waring sinugatan ng ikamamatay"** Ito ay isang GANAP BALINTIYAK NA PANDIWARI, na sintaktikal na kahanay sa Kordero ng 5:6. Ito ay isa na namang parodya sa kamatayan at resureksyon ni Hesus.

▣ **"at ang kaniyang sugat na ikamamatay ay gumaling"** Si Satanas ba ay may abilidad na muling buhayin ang persona na ito o ito lamang ay isang pandaraya, panlilinlang, at isang panggagaya (cf. 13:15)? Si Satanas ay nagpa parodya ng kapangyarihan ng Diyos sa pagbuhay kay Kristo.

Ito ay maaaring isang historikal na alusyon sa "Nero redivivus" katha-katha, na nagsaad na si Nero ay muling babalik sa mga buhay, at babalik na may kasamanag malaking silanganin mga hukbo (mga Parthian), at aatake sa Roma (cf. *Sibylline Oracles*, Books III-V).

▣ **"at ang buong lupa'y nanggilalas sa hayop"** Si Satanas ay gagamit ng mga himala upang makombinse ang di-naniniwalang mundo na sumunod sa kanya (cf. Mateo 24:24; Marcos 13:22; II Tesalonica 2:9; Pahayag 13:5; 17:8), na isa pang parodya ng Kristo. Ang mundo ay namangha sa kapangyarihan ng dalawang mga saksi sa Pahayag 11:13; ngayon ang kanilang kasalawahan ay nakikita sa kanilang pagsamba sa hayop.

**13:4 "At sila'y nangagsisamba sa dragon. . . at nangagsisamba sa hayop"** Ang mga masamang mga nais hindi lamang sa politikal na kapangyarihan, ngunit sa relihiyosong pagsamba (cf. v. 8). Si Satanas ay nagnais na masamba (cf. 13:12; 14:9,11; 16:2; 19:20; Mateo 4:8-9). Nais niya na maging kagaya ng Diyos (cf. posibleng sa Isaias 14:12-15). Ipinahiwatig na, ito ay kaugnay sa pagsisinungaling ng Serpyente sa Genesis 3:5 at sa Mateo 4:9; Lucas 4:5-7.

▣ **"Sino ang kagaya ng hayop"** May naging tatlong imungkahing mga pinagmula para sa pariralang ito. Ang ilan ay nakita ito bilang

1. isang parodya para sa titulo ni YHWH na natagpuan sa Exodo 15:11; Awit 35:10; 113:4
2. isang parodya kay YHWH sa Isaias 40:18-22;43:11; 44:6,8,9-20 45:6
3. isang reperensiya sa Leviathan ar Behemoth sa Hudyong apokaliptikong panitikan (isang halimbawa sa OT ay Job 41, lalo na ang vv. 33-34)

**13:5** Sa mga talata 5-7 at 14-15 mayroong ilang mga BALINTIYAK NAPANDIWA na nagpahiwatig na ang permiso ay ibinigay kay Satanas at sa kasukdulan ay ng Diyos (cf. Job). Ang Diyos ay ginagamit si Satanas para sa Kanyang sariling mga layunin! Ang masama ay naihahayag sa kanyang sariling mga motibo sa kanyang sariling mga salita at mga aksyon.

▣ **"isang bibig na nagsasalita ng malalaking bagay at imga kapusungan"** Ito ay isang alusyon sa:

1. "ang hayop" sa Daniel 7:8,11,20,25; 11:36
2. Antiochus IV Epiphanes sa Daniel 8; I Macabeo 1:24
3. "ang lalake ng kasalanan" sa II Tesalonica 2:4
4. ang abominasyon ng desolasyon ng Mateo 24:15, na tumutukoy sa pagsakop at pagwasak ng Jerusalem sa ilalim ng Romanong heneral, at sa kaluanay naging Emperador, Titus, noong A.D. 70

Ito ay isang mabuting halimbawa kung paano ang historikal na pokus ng mga simbolong ito ay nagbago. Sa Daniel 8 ito ay tumutukoy kay Antiochus IV Epiphanes ng interbiblikal na periyod; sa Mateo 24 ito tumutukoy sa destruksyon ng Jerusalem noong A.D. 70 at sa Daniel 7 (at posibleng 11:36-39) ito ay tumutukoy sa aktibidad ng pangwakas na panahong Antikristo.

▣ **"upang magpatuloy na apat na pu't dalawang buwan"** Ito ay isang direktang alusyon kay Daniel 7:25. Ito ay unang binanggit sa 11:2-3. Ito ang metapora na ibig sabihin ay isang periyod ng persekusyon. Tignan Natatanging Paksa sa 11:2

at mga puna sa 12:6.

**13:6 "At binuka niya ang kaniyang bibig sa mga kapusungan"** Ito ay alinmang sa dalawahan o tatluhang paglapastangan sa talata laban sa pangalan ng Diyos, ang tabernakulo ng Diyos, at ang bayan ng Diyos. Ito ay nakadepende kung paano ang isa ay nagsasalin sa Griyegong pariralang ito.

## TALATA SA NASB (BINAGO): 13:7-10

**7At ipinagkaloob sa kaniya na makipagbaka sa mga banal, at pagtagumpayan sila; at binigyan siya ng kapamahalaan sa bawa't angkan at bayan at wika at bansa. 8At ang lahat ng nananahan sa lupa ay magsisisamba sa kaniya, na ang *kanikaniyang* pangalan ay hindi nasusulat sa aklat ng buhay ng Cordero na pinatay buhat nang itatag ang sanglibutan. 9 Kung ang sinoman ay may pakinig, ay makinig. 10 Kung ang sinoman ay sa pagkabihag, ay sa pagkabihag paroroon siya: kung ang sinoman ay papatay sa tabak, ay dapat siyang mamatay sa tabak. Narito ang pagtitiyaga at ang pananampalataya ng mga banal.**

**13:7 "At ipinagkaloob sa kaniya na makipagbaka sa mga banal, at pagtagumpayan sila"** Ito ay isang AORIST BALINTIYAK NA INDIKATIBO at an AORIST AKTIBONG PAWATAS. Ang implikasyon ng BALINTIYAK NA BOSES ay ang Diyos ay nagpahintulot nito na mangyari. Hindi natin nalalaman ang lahat na nasa likod nito nguni halata mula sa aklat ng Pahayag na ang Diyos ay may kontrol ng lahat ng nasa kasaysayan. Ang digmaang ito ng Kanyang mga banal ay binanggit sa Daniel 7:21,25. Ito ay tumutukoy sa pisikal na kamatayan ng bayan ng Diyos. Mayroong panahon na tila ang kaaway ay ang mananagumpay (gaya ng sa Kalbaryo), ngunit ang Pahayag at Daniel nagturo sa tagumpay na ito ay pansamantala lamang! Pansinin na ang bayan ng Diyos ay protektado mula sa poot ng Diyos, ngunit hindi mula sa poot ng hayop at kanyang mga tagasunod. Pinahintulutan ng Diyos ang masama at tila kasalukuyang mananagumpay upang ipahayag ang tunay na intensyon at kalikasan.

▣ **"sa mga banal"** Tignan Natatanging Paksa sa 5:8.

▣ **"at binigyan siya ng kapamahalaan sa bawa't angkan at bayan at wika at bansa"** Ang pariralang ito ay nagpapakita na (1) ang Pahayag ay kailanagang iinterpret sa mas malawaka na pakahulugan kay sa Romanong Emperyo lamang, dahilsa unibersal nito, kasama ng parirala o (2) na ito ay tumutukoy sa isang Emperyong lawak na pangyayari.

**13:8 "At ang lahat ng nananahan sa lupa"** Ito ay isang pabalik-balik na parirala tumutukoy sa di-mananampalataya sa Pahayag (cf. 3:10; 6:10; 8:13; 11:10; 13:8,12,14; 17:8).

▣ **"na ang kanikaniyang pangalan ay hindi nasusulat sa aklat ng buhay ng Cordero na pinatay buhat nang itatag ang sanglibutan"** Hindi tiyak kung sintaktikal ang alinman sa parirala "mula sa pundasyon ng mundo" ay dapat na kunin literal kasama ng (1) "ating pangalan ay naisulat" (cf. RSV, NRSV, TEV, NJB and 17:8; Efeso 1:4) o (2) "ang Kordero ay pinatay" (cf. KJV, NKJV at I Pedro 1:19-20). Ang pagkakaayos ng salita ng tekstong ito at ang 17:8 nagpapahiwatig na ang parirala ay marahil naglalarawan sa pangalan ng mga mananampalataya naisulat sa aklat ng buhay maging bago paman ang paglikha!

Ang parirala "ang pundasyon ng mundo" ay ginamit ng ilang beses sa NT (cf. Mateo 25:34; Juan 17:24; Efeso 1:4; I Pedro 1:19- 20). Mayroon rin napakaparehong parirala sa Mateo 13:35; Lucas 11:50; Hebreo 4:3; 9:26 at Pahayag 17:8. Ang kombinasyon ng pariralang ito ay nagpapakita ng pagtutubos na aktibidad ng Diyos bago pa man ang paglikha ng mundo. Angmga mananampalataya ay sigurado kay Kristo (cf. 7:4; 11:1; 13:8). Angmasama ay nilimatahan ng soberinidad ng Diyos (bilang ng BALINTIYAK NA MGA PANDIWA sa kabanata at limitadong panahon). Ito ay pangit tignan sa maikling panahon, ngunit tignan ang mas malaking larawan!

▣ **"sa aklat ng buhay"** Mula sa Daniel 7:10 at Pahayag 20:11-15 ating naunawaan na mayroong dalawang metaporikal na binanggit sa koneksyon ng tadhana ng tao:

1. ang Aklat ng Buhay, na naglalaman ng mga pangalan ng yaong may personal na pagkilala sa Diyos (OT) at tinanggap si Kristo (NT) [cf. Exodo 32:32-33; Awit 69:28; Daniel 12:1; Isaias 4:3; 34:16; Lucas 10:20; Felipos 4:3; Hebreo 12:23; Pahayag 13:8; 17:8; 20:15; 21:27]
2. ang Aklat ng mga Gawa ng Sangkatauhan, na nagtala ng aktibidad ng tao, kapwa positibo at negatibo (cf. Awit 56:8; 139:16; Isaias 65:6; Malakias 3:16)

Ang mga ito ay halatang mga metapora, ngunit sila ay hustong naglalarawan sa abilidad ng Diyos na makilala yaong mga Kanya at gawing may pananagutan yaong mga nagtakwil sa Kanya (cf. Galacia 6:7).

▣ **"na pinatay"** Tignan puna sa 5:12.

**13:9 "Kung ang sinoman ay may pakinig, ay makinig."** Ito ay isang pabalik-balik na tema sa mga sulat sa pitong mga iglesya (cf. 2:7,17; 3:6,13,22). Ito, gaya ng ibang mga parirala sa vv. 9-10, ay isang UNANG KLASENG KONDISYONAL NA MGA PANGUNGUSAP, na nagpalagay na totoo para sa pampanitikang layunin ng may-akda. Ang katotohanan na ang mga pariralang ito ay kaugnay sa mga iglesya ay tila upang magpahiwatig na nag kasunod parirala (v. 10) ay idinirekta rin sa bayan ng Diyos.

**13:10** Ang talatang ito ay maaring isang alusyon sa Jeremias 15:2 or 43:11, na nagsasalita sa paghahatol ng Diyos. Mayroong ilang mga Griyegong manuskrito m g a baryante kaugnay sa PANDIWA "patayin." Ito ang nagdulot sa magkaibang Englis na mga salin ng talatang ito.

1. Ang KJV at NKJV inugnay ang parheong mga pariralang ito sa tagausig ng bayan ng Diyos.
2. Ang RSV at NRSV ginawa ang unang sugnay na kaugnay sa inusig na mga Kristyano at ang ikalawang sugnay sa laban sa Diyos na mga taga-usig.
3. Ang ikatlong posibleng interpretasyon (TEV and NJB) ay ang parehong mga sugnay ay tumutukoy sa inusig na mga Kristyano.

Ang pinakakatotohanan na mayroong higit na pagkakaiba sa mga salin ay nagpapakita ng kawalang katiyakan. Posibleng ito ay isang espiritwal na katotohanan na ang Diyos ay may kontrol ng kasaysayan. Ang tanging katanungan lamang ay kanino ang parirala itinuwiran.

1. sa mga Kristyano upang palakasin sila at manatiling tapat (cf. Mateo 26:52; Felipos 1:28)
2. sa mga taga-usig upang mabigyan sila ng kasiguraduhan na balang araw sila ay nagsusulit sa harap ng Diyos para sa kanilang mga pagpili at mga aksyon?

▣

**NASB "Narito ang pagtitiyaga at ang pananampalataya ng mga banal"**
**NKJV "Narito ang pagtitiyaga at ang pananampalataya ng mga banal"**
**NRSV "Narito ang pagkatawag para sa pagtitiis at pananampalataya ng mga banal"**
**TEV "Ito ay pagkatawag para sa pagtitiis at pananampalataya sa bahagi ng bayan ng Diyos"**
**NJB "Ito ang dahilan kung bakit sila ay dapat na magtiis at manampalataya"**

Talata 9 at ang katapusan ng v. 10 ay nagpapakita na ang pariralang ito ay dapat na tumutukoy sa bayan ng Diyos (cf. Mateo 26:52). Ang talatang ito rin ay naglalarawan sa tunay na mga mananampalataya (cf. 14:12; 12:11,17). Sila ay pinalakas ang loob upang kumapit hanggang sa wakas (cf. 2:3,7,11,17,26; 3:5,12,21; 21:7). Ang pagsusumigasig ay ebidensya ng tunay na kaligtasan (cf. I Juan 2:19). Tignan puna at Natatanging Paksa sa 2:2.

## TALATA SA NASB (BINAGO): 13:11-18

**11At nakita ko ang ibang hayop na umaahon sa lupa; at may dalawang sungay na katulad ng sa isang kordero, at siya'y nagsasalitang gaya ng dragon. 12At kaniyang isinasagawa ang buong kapamahalaan ng unang hayop sa kaniyang paningin. At pinasasamba niya ang lupa at ang nangananahan dito sa unang hayop, na gumaling ang sugat na ikamamatay. 13At siya'y gumagawa ng mga dakilang tanda, na ano pa't nakapagpapababa ng kahit apoy mula sa langit hanggang sa lupa sa paningin ng mga tao. 14At nadadaya niya ang mga nananahan sa lupa dahil sa mga tanda na sa kaniya'y ipinagkaloob na magawa sa paningin ng hayop; na sinasabi sa mga nananahan sa lupa, na dapat silang gumawa ng isang larawan ng hayop na mayroon ng sugat ng tabak at nabuhay. 15At siya'y pinagkaloobang makapagbigay ng hininga sa larawan ng hayop, upang ang larawan ng hayop ay makapangusap, at maipapatay naman ang lahat ng hindi sumasamba sa larawan ng hayop. 16At ang lahat, maliliit at malalaki, at mayayaman at mga dukha, at ang mga laya at ang mga alipin ay pinabigyan ng isang tanda sa kanilang kanang kamay, o sa noo, 17At nang huwag makabili o makapagbili ang sinoman, kundi siyang mayroong tanda, sa makatuwid ay ng pangalan ng hayop o bilang ng kaniyang pangalan. 18Dito'y may karunungan. Ang may pagkaunawa ay bilangin ang bilang ng hayop; sapagka't siyang bilang ng isang tao: at ang kaniyang bilang ay Anim na raan at anim na pu't anim.**

**13:11 "At nakita ko ang ibang hayop na umaahon sa lupa"** Ito ay isang alusyon sa Daniel 7:17. Maramin ang nagpalagay na ang dalawang hayop na ito ay isang parodya ng dalawang mga saksi ng Diyos sa 11:13-14, habang ang iba ay nagpalagay na ang dragon at ang dalawang mga hayop ay parodya ng Trinidad.

Habang ang hayop mula sa karagatan ay isang alusyon sa Leviathan (cf. Job 41:1-34), ang sinaunang maestro ng matubig na kaguluhan, gayundin ang hayop mula sa lupain ay isang alusyon sa Behemoth (cf. Job 40:15-24), ang katugon na lupang halimaw (hindi ito tumutukoy sa dinosauro, ngunit sa sinaunang silanganing mitolohiya).

Ang mga hayop na ito ay simbolo ng masama (kaguluhan) at rebelyon sa pagkakaayos ng nilikha ng Diyos (cf. Awit 74:12-14; Job. 3:8; Isaias 51:9-11; Amos 9:3). Minsan ang Leviathan ay tinawga na *Rahab* ("ang isang binaluktot," i.e., ang serpyente, cf Isaias 51:9). Sa ibang mga lugar *Rahab* ay pangalan para sa Ehipto (ang Nile, i.e., bumabaluktot na ilog, cf. Awit 87:4; Isaias 30:7 at posibleng Ezekiel 32, lalo na ang vv. 2-3).

▣ **"at may dalawang sungay na katulad ng sa isang kordero at siya'y nagsasalitang gaya ng dragon"** Ang reperensiya sa isang kordero ay isang halatang parodya kay Kristo (cf. 5:6). Ang kanyang tinig at /o mensahe ay nagpapakita ng kanyang

tunay na karakter. Sa kalaunan sa Pahayag ang ikalawang hayop ay laging tumukoy sa huwad na propeta (cf. 16:13; 19:20; 20:10). Hindi Niya hinangad ang kaluwalhatian para sa kanyang sarili, ngunit kinukuha ang mundo upang sumamba sa hayop (cf. v. 12). Ito ay isang parodya ng gawa ng Banal na Espiritu (cf. Juan 14-16) sa pagpapakilala kay Kristo. Kaya mayroon tayong hindi banal na trinidad:

1. Satanas bilang ang parodya ng Diyos Ama
2. ang hayop sa dagat bilang ang parodya ng Diyos Anak
3. ang hayop sa lupa bilang ang parodya ng Diyos Espiritu

**13:13 "At siya'y gumagawa ng mga dakilang tanda"** Ito ay isang PANGKASALUKUYANG PAMANAHONG PANDIWA na ibig sabihin siya ay nagpapatuloy na gumawa ng mga himala. Ito ay inasahan na ang pangwakas na panahong mga bulaang guro ay gagawa ng mga himala at magdadala sa mga pinili tungo sa pagligaw, kung iyan ay posible (cf. Mateo 24:24; Marcos 13:22; II Tesalonica 2:9-11; ang Didache 16:3,4). Ang mga Himala ay hindi awtomatikong mga tanda ng Diyos (cf. Exodo 7:8-13). Ito ay isa na namang parodya sa ministeryo ni Kristo.

▣ **"na ano pa't nakapagpapababa ng kahit apoy mula sa langit hanggang sa lupa sa paningin ng mga tao"** Ito ay kahawig kay Elias sa I Hari 18:38, na maaring ang pinagkuhaan ng deskripsyon sa dalawang saksing natagpuan sa 11:5. Ito ay maaring tumutukoy sa apoy na bumagsak bilang kahatulan ng Diyos sa Ezekiel 38:22 or 39:6. Ito ay maaring isa na namang parodya

1. ng dalawang mga saksi
2. ng OT na mga gawa ng Diyos
3. ng Penteksote sa Gawa 2

**13:14 "na mayroon ng sugat ng tabak at nabuhay"** Ang salitang "sugat" (*plēge*, cf. 13:3,12,14) ay madals na naisalin na "salot" sa Pahayag (cf. 9:18,20; 11:6; 15:1,6,8; 16:9,21; 18:4,8; 21:9; 22:18). Ang mga talababa ng NRSV ay may

1. para sa v. 3 "ang salot ng kamatayan nito"
2. para sa v. 12 "na ang salot ng kanyang kamatayan"
3. para sa v. 14 "na nakatanggap ng salot ng tabak"

Ang teolohikal na intensyon ng mga salin na ito ay upang ipakita na nag antiKristo ay hindi isang persona, ngunit isang sistema ng mundo. Ang mga termino ay maaring gamitin sa metaporikal ng "ihip ng tadhana" o isang salot (cf. BAGD, p. 674), ngunit ang pangunahing kahulugan nito ay ang marka, o isang sugat.

Ang kasamang parirala na "at muling nabuhay" ay nagpapakita na ang "salot" ay hindi ang pinakamainam na salin ng mga talatang ito kaugnay sa hayop. Ang ideya ng isang pangwakas na panahong, laban sa Diyos na AntiKristo na nangunguna sa mga bansan sa rebelyon ay hinulaan sa OT ng Ezekiel 38-39; Zacarias 14; Daniel 7:21-27; 9:24-27; 11:36-39 at sa intertestamental apokaliptikong panitikan, Sibylline Oracles, Book III; IV Esdras 5.4,6 at Apocalypse ni Baruch XL, at sa NT, II Tesalonica 2:3,8-9.

**13:15 "At siya'y pinagkaloobang makapagbigay ng hininga sa larawan ng hayop, upang ang larawan ng hayop ay makapangusap"** Saan man ang hayop na ito ay mula sa lupain na tinawag na bulaang propeta (cf. 16:13; 19:20; 20:10). Marahil ito ay ang metapora ng pagbibigay buhay (i.e.,Hebreo *ruah* = breath) sa paggalaw nito (cf. Ezekiel 37).

**13:16 "ay pinabigyan ng isang tanda sa kanilang kanang kamay, o sa noo"** Habang ang mga banal ay sinilyuhan para sa Diyos sa 7:3 (cf. 13:16; 14:9), dito ang masamang isa ay ginagaya ang aksyon ng Diyos sa pamamagitan ng pagmamarka ng kanyang mga sarili. Ang Griyegong salita ay nagpapahiwatig ng isang uri ng hayop o isang selyo sa pampamahalaang dokumento. Dahil sa lokasyon ng tanda, ang ilan ay nag-isip na ito ay

1. isang perbersyon ng isang Hudyong pilakteri (cf. Deutronomio 6:8)
2. iuugnay sa unang siglo Romanong kultura, kung saan ang mga alipin ay tinatakan ng pangalan ng kanilang may-ari
3. ang mga sundalo ay tinatakan para sa karangalan ng kanilang mga heneral

**13:17** Ang marka ng hayop ay nag-uugnay sa pagbili ng pagkain, at posibleng pagtratrabaho. Ang bayan ng Diyos ay hindi protektado sa ekonomikong pagpripribado na ito.

**13:17-18 "at ang kaniyang bilang ay" Ang mga** sinaunang mga wika ay gumait ng mga titik sa kanilang mga alpabeto upang kumatawan rin sa mga numero. Habang ang Hebreong mga katinig ng pangalan ni Hesus ay makakabuo ng hanggang 888 (cf. *Sibylline Oracles*, 1.324), kaya ang pangalan ng hayop, ang pangwakas na panahong inkarnasyon ni Satanas, ay makakabuo ng hanggang 666. Ang anim ay tanda ng imperpeksyon kaysa sa perpektong numero na 7 (cf. Genesis 1:1-2:3, pitong araw ng paglikha); inulit ng tatlong beses ito ay nagbubuo ng isang Hebreo PANUKDULAN (cf. Isaias 6:3; Jeremias 7:4).

Ito rin ay posible na dahil ang anim ay ang pantaong numero, ito ay maaring tumutukoy sa isang personipikasyon ng bawat persona ng hindi banal na trinidad—ang dragon (Satanas), ang hayop ng dagat(AntiKristo) at ang hayop ng lupain(huwad na propeta). Ito ay tila para sa akin na ang unang hayop ay ang personipikasyon ng isang laban sa Diyos politikal na sistema at ang ikalawang hayop ay ang personipikasyon ng isang laban sa Diyos sistema ng relihiyon. Tayo ay

gumagalaw tungo sa dakilang patutot ng kabanata 17, ang epitomya ng isang laban sa Diyos na sistema ng mundo mula sa Daniel 7. Kung ito man ay sinaunang Babilonia, unang siglo Roma, o isang pangwakas na panahong pinagsamang kaharian ng mundo, ito ay nagpapakita na ang pantaong kasaysayan ay gumagalaw tungo sa sukdulang hidwaan sa pagitan "ang Diyos ng mundong ito" (cf. II Corinto 4:4) at ang kanyang mga alagad laban sa Diyos ng nilikha at Kanyang Mesyas (cf. Awit 2).

**13:18 "ay Anim na raan at anim na pu't anim"** Walang konsensus sa kung sino ang numerong ito tumutukoy. May naging hindi mabilang na mga sapantaha, ngunit wala ang naging konklusibo. Dito ang tatlong pinakamainam na mga teorya sa aking opinyon.

1. Dahil sa mayroong isang manuskrito baryante sa pagitan 666 at 616, posible na ito ay ginamit ni Nero Caesar. Ang Griyegong mga titik na isinalin sa Hebreo katumbas ng 666 at ang Griyegong mga titik ay isinalin sa Latin katumbas sa 616.
2. Dahil sa ang tatluhang pag-uulit ay bumibilang para sa Hebreong PANUKDULAN, ang 666 ay maaring mangahulugan ng pinakamasamang persona.
3. Dahil sa ang konteksto ay nagpapakita ng isang parodya sa Trinidad, ang tatlong Banal na mga Persona ay ipinakita sa 777, habang ang tatlong manloloko ay ang 666.

## KONTEKSTWAL NA MGA KAUNAWAAN SA PAHAYAG 14:1-20

A. Posible na ang kabanata 14 ay isang pagtugon sa presentasyon ng labis-labis na kasamaan ng mga kabanata 12 at 13. Ako ay sigurado na ang mga mambabasa ay nagtaka kung ano ang mangyayari sa mga banal sa panahon ng teribleng pangwakas na panahong persekusyon na ito.

B. Ang ilan ay nakita ang isa na namang pampanitikang estruktura ng "pito" sa vv. 6-20. Mayroong isang serye ng pitong mga anghel, ngunit ang estrukturang ito ay hindi tila naging teolohikal na mahalaga.

## SALITA AT PARIRALANG PAG-AARAL

### TALATA SA NASB (BINAGO): 14:1-5

**[1]At tumingin ako, at narito, ang Cordero ay nakatayo sa bundok ng Sion, at ang kasama niya'y isang daan at apat na pu't apat na libong may pangalan niya, at pangalan ng kaniyang Ama, na nasusulat sa kanikaniyang noo. [2]At narinig ko ang isang tinig na mula sa langit, na gaya ng lagaslas ng maraming tubig, at gaya ng ugong ng malakas na kulog: at ang tinig na aking narinig ay gaya ng sa mga manunugtog ng alpa na *tumutugtog* ng kanilang mga alpa: [3]At sila'y nangagaawitan na wari'y isang bagong awit sa harapan ng luklukan, at sa harap ng apat na nilalang na buhay at ng matatanda: at sinoman ay hindi maaaring matuto ng awit kundi ang isang daan at apat na pu't apat na libo lamang, sa makatuwid ay siyang mga binili mula sa lupa. [4]Ang mga ito'y ang hindi nangahawa sa mga babae; sapagka't sila'yni mga malilinis. At ang mga ito'y ang nagsisisunod sa Cordero saan man siya pumaroon. Ang mga ito'y ang binili sa gitna ng mga tao, na maging mga pangunahing bunga sa Dios at sa Cordero. [5]At sa kanikaniyang bibig ay walang nasumpungang kasinungalingan: sila'y mga walang dungis.**

**14:1 "ang Cordero"** Ito ay isang reperensiya sa Mesyas (cf. 5:6,8,12-13; 13:8; Isaias 53:7; Juan 1:29,36; I Pedro 1:18-19).

▣ **"ay nakatayo sa bundok ng Sion"** May naging maraming mga teorya na kumikilala sa pariralang ito.

1. na ito ay kumakatawan para sa Bundok Moriah at ang Templong lugar sa Jerusalem (cf. Isaias 24:23; Joel 2:32)
2. na ito ay kumakatawan para sa makalangit na Jerusalem (cf. Hebreo 11:10,16; 12:22-23; 13:14; Galacia 4:26)
3. na ito ay isang apokaliptikong simbolong natagpuan sa hindi kanonikal na aklat ni II Esdras 2:42-47; 13:35,39-40
4. na ito ay tumutukoy sa OT mga sipi na nagsasalita ng pangwakas na panahong pagsasama ng bayan ng Diyos (cf. Awit 48; Isaias 24:23; Joel 2:32; Micah 4:1,7; Obadiah vv. 17,21)
5. na ang kinaligiran, gaya ng ilang ibang mga sipi sa ibang seksyon Awit 2, particular na ang v. 6. Tandaan na ang mga komentarista ay inuugnay ang bawat isa sa mga pangitain na ito sa alinmang

1. ang OT mga sipi o Palestinang mga lugar
2. intertestamental apokaliptikong panitikan
3. unang siglo Greko-Romanong kasaysayan

Para sa akin ang mga pangitain ito OT mga bagay simula sa kabanata 6, ay nagugnay sa NT bayan ng Diyos (mga naniniwalang mga Hudyo at mga Hentil), ang mga banal, ang iglesya. Sa partikular na kaso, ito ay isang alusyon sa makalangit na Templo (cf. Hebreo 8:2; 9:11,24).

▣ **"at ang kasama niya'y isang daan at apat na pu't apat na libong"** Ito ay ang kaperehong grupo ng tinubos sa 5:9; ng sinelyohan sa 7:4-8 (tignan buong puna sa 7:4); ng yaong mga hinugasan ng dugo ng Kordero sa 7:14-17. Samakatuwid, sa aking opinyon, ito ay kumakatawan sa NT bayan ng Diyos, ang mga banal, ang iglesya. Para sa buong puna sa pagkakakilanlan

ng 144,000, tignan 7:4. Sa naunang mga reperensiya sila ay tinatakan ngunit inusig parin, ngunit dito sila ay mga mananagumpay!

▣ **"may pangalan niya, at pangalan ng kaniyang Ama, na nasusulat sa kanikaniyang noo"** Ito ba ay tumutukoy sa isang pangalan o sa dalawa? Ito ay maaring tumutukoy sa mga titulo ng Isaias 9:6, na naguugnbay sa parehong Ama at Anak. Ang mga ito ay yaong tinatakan at nagmumula sa Diyos (cf. Pahayag 7). Tignan puna sa 7:2.

**14:2 "At narinig ko ang isang tinig na mula sa langit, na gaya ng**" Ang mga naglalarawan na mga pariralang ito ay ginamit sa boses ng Diyos sa Ezekiel 43:2, ng boses ni Hesus sa 1:15, at ng makalangit na mga tinig ng maraming tao sa 19:6. Madalas ito ay ginamit upang magpahayag na nag nagsasalita ay nasa langit (cf. 4:5; 11:19; 16:8).

**14:3 "At sila'y nangagaawitan na wari'y isang bagong awit sa harapan ng luklukan"** Ito ay isang alusyon sa Pahayag 5:9. Ang "sila" ay maaring tumutukoy sa (1) Ang mala-anghel na mga nilalang na umaawit ng isang awit sa Pahayag 5:9 o (2) ang awit ng isandaan at apatnapung libo sa pagtatapos ng bahagi ng v. 3 at 15:2. Ang panibagong awitin na ito ay isang alusyon sa Isaias 42:10 at posibleng Awit 33:3; 40:3; 96:1; 98:1; 144:9; 149:1. Ang ipinangakong bagong panahon ng Espiritu ay dumating na!

▣ **"ng matatanda"** Tignan Natatanging Paksa sa 4:4.

▣ **"siyang mga binili mula sa lupa"** Ito ay ang OT konsepto ng isang malapit na kamag-anak na bumibili ng paglaya ng isang miyembreo ng pamilya (*go'el*, i.e., Ruth at Boaz). Ito ay ginamit ng yaong para si Kristo ay namatay (cf. 5:9; 7:14). Tignan Natatanging Paksa: Panubos/Tinubos sa 5:9.

**14:4 "Ang mga ito'y ang hindi nangahawa sa mga babae"** Mayroong naging matinding diskusyon patungkol sa talatang ito sapagkat ito ay tila nagpahiwatig na ito ay isang pinili, ayaw mag-asawang grupo ng mga lalake mula sa 144,000 ng kabanata 7. Gayunpaman, aking naisip na ang mga pariralang ito ay maaring maipaliwanag sa simboliko, o kahit paano, sa OT mga termino, at kailanman hindi ninais na kunin ng literal. Ang parirala "ay hindi pa nadungisan ng babae" at maaring maunawaan sa ilang mga paraan.

1. ito ay tumutukoy sa literal na buhay walang asawa
2. ito ay tumutukoy sa espiritwal na pangangalunya sa hayop o sa dakilang patutot (cf. 14:8; 17:2; 18:9)
3. ito ay tumutukoy sa partikular na mga komentong ginawa sa pitong mga iglesya (cf. 2:14,20,22; 3:4)ito ay tumutukoy sa OT ritwal paglilinis para sa pagsamba o pakikipaglaban (cf. Exodo 19:14-15; Deutronomio 23:9-10; I Samuel 21:4-5; II Samuel 11:6-13
4. ito ay simpleng isang alusyon sa OT titulo para sa bayan ng Diyos, "ang birheng mga anak na babae ng Zion" (cf. II Hari 19:21; Jeremias 18:13; Panaghoy 2:13; Amos 5:2; II Corinto 11:2; Efeso 5:27).

Dapat na maisaad na ang sekswal na pagtatalik sa pagitan mag-asawang magkapareha ay hindi sa hindi espiritwal na aktibidad. Ang sekswalidad (pag-aasawa) ay ideya ng Diyos, ang Kanyang paraan sa pagpupuno sa mundo, ang Kanyang kautusan (cf. Genesis 1:28; 9:1). Ang buhay walang asawa ay tiyak na isang espiritwal na kaloob para sa ministeryo (cf. I Corinto 7), ngunit hindi ito mas banal na kalagayan. Griyegong asetismo ay hindi biblikal (maging alinman ang pre-marital o ekstra -marital na sekswal na aktibidad)!

▣ **"At ang mga ito'y ang nagsisisunod sa Cordero saan man siya pumaroon"** Ito ay tumatalakay sa pagdidisipulo at paglilingkod (cf. Juan 7:17; 10:4).

▣ **"na maging mga pangunahing bunga sa Dios at sa Cordero"** Ang mga terminong ito ay ginamit sa OT upang ipkaita ang pagkamay-ari ng Diyos sa buong taniman (cf. Exodo 23:19; 34:76). Sa NT ito ay tumutukoy sa iglesya (cf. Hebreo 12:23; Santiago1:18), ang tao ni Hesus, na siyang unang mga bunga ng resureksyon (cf. I Corinto 15:20,23; Pahayag 1:5).

**14:5 "At sa kanikaniyang bibig ay walang nasumpungang kasinungalingan"** Mayroong ilang mga posibleng mga pinagmulan para sa metaporang ito:

1. ito ay kaugnay sa isang kaparehong parirala sa Pahayag 21:27 at 22:15
2. ito ay kaugnay sa Emperador na pagsamba kung saan ang mga Kristyano ay kailanman ay hindi tumugon sa kautusan ng mga tagausig na magsabi na, "si Caesar ay Panginoon"
3. ito ay simboliko ng OT pagkadungis (cf. Awit 32:2; Efeso 3:13)
4. ito ay maaring isang reperensiya sa kawalang pananampalataya sa Roma 1:25; I Juan 2:22

▣ **"sila'y mga walang dungis"** Sa literal ito ay "walang depekto" (cf. Felipos 3:6). Sa orihinal ito ay tumukoy sa

sakripisyal na mga hayop, ngunit ginamit ng metaporikal sa mga tao (cf. Noah, Genesis 6:9,17 at Job, Job 1:1). Ito ay inaplay kay Hesus sa Hebreo 9:14 at I Pedro 1:19. Ito ay isa na namang paraan ng pagtutukoy sa pagiging wangis ni Kristong pamumuhay. Ang pagiging wangis ni Kristo ay kalooban ng Diyos para sa Kanyang bayan (cf. Lev. 19:2; Deutronomio 18:13; Mateo 5:48; I Pedro 1:16).

## NATATANGING PAKSA: WALANG KASALANAN, INOSENTE, WALANG SALA, WALANG KASIRAAN

A. Panimulang mga Pananalita
  1. Ang konseptong ito ay naglalarawan ng teolohikal sa orihinal na estado ng sangkatauhan (i.e., Genesis 1, ang Harden ng Eden).
  2. Ang kasalanan at rebelyon ay nagwasak sa kondisyong ito ng perpektong pakikisama (i.e., Genesis 3).
  3. Ang mga tao (lalake at babae) ay nag-aasam ng pagpapanumbalik ng pakikisama sa Diyos sapagkat sila ay ginawa ayon sa Kanyang wangis at imahe (i.e., Genesis 1:26-27).
  4. Ang Diyos ay pinakitunguhan ang makasalanang mga tao sa ilang mga paraan
     a. makadiyos na mga pinuno (i.e., Abraham, Moses, Isaias)
     b. sakripisyal na sistema (i.e., Leviticus 1-7)
     c. makadiyos na mga halimabawa (i.e., Noah, Job)
  5. Sa kasukdulan ang Diyos ay naglaan ng Mesyas
     a. bilang buong kapahayagan ng Kanyang Sarili
     b. bilang ang perpektong sakripisyo para sa kasalanan
  6. Ang mga Kristyano ay ginawang walang sala
     a. ng legal sa pamamagitan ng pagpaparatang sa katuwiran ni Kristo
     b. ng progresibo sa pamamagitan ng gawa ng Espiritu
     c. ang tunguhin ng Kristyanismo ay pagiging wangis ni Kristo (cf. Roma 8:28-29; Efeso 1:4), na sa realidad, ay ang pagpapanumbalik sa imahe ng Diyos na nawala sa pagbagsak nina Adan at Eba
  7. Ang langit ay ang pagpapanumbalik sa perpektong pakikisama sa Harden ng Eden. Ang langit ay ang Bagong Jerusalem bumaba mula sa presensya ng Diyos (cf. Pahayag 21:2) upang pagdalisayin ang daigdig (cf. II Pedro 3:10). Ang Bibliya ay nagsisimula at nagtatapos sa parehong tema.
     a. matalik, at personal na pakikisama sa Diyos
     b. sa isang harden na tagpuan (Genesis 1-2 at Pahayag 21-22)
     c. sa pamamagitang ng mga hulang pananalita, ang presensya at pagsasama ng mga hayop (cf. Isaias 11:6-9)

B. Lumang Tipan
  1. Mayroong napakaraming magkakaibang mga Hebreong mga salita na nagdadala ng konsepto ng perpeksyon, pagkawalang sala, pagkainosente na napakahirap na pangalanan at ipakita ang lahat na masalimuot na mga relasyon
  2. Ang pangunahing mga termino na nagdadala ng konsepto ng perpeksyon, kawalang sala, o pagkainosente (ayon kay Robert B. Girdlestone, *Synonyms ng Old Testament*, pp. 94-99) ay mga
     a. *shalom* (BDB 1022)
     b. *thamam* (BDB 1070)
     c. *calah* (BDB 478)
  3. Ang Septuagint (i.e., ang Bibliya ng sinauang iglesya) ay isinasalin ang marami sa mga konseptong ito sa Koineng Griyegong mga termino na ginamit sa NT.
  4. Ang susing konsepto ay nakakonekta sa sakripisyal na sistema.
     a. *amōmos* (cf. Exodo 29:1; Levitico 1:3,10; 3:1,6,9; Bilang 6:14; Awit 26:1,11)
     b. *amiantos* at *aspilus* ay mayroon din makakultong mga konotasyon

C. Bagong Tipan
  1. ang legal na konsepto
     a. Ang Hebreo legal na makakultong konotasyon ay isinalin sa *amomos* (cf. Efeso 5:27; Felipos 2:15; I Pedro1:19)
     b. Ang Griyegong legal na konotasyon (cf. I Corinto 1:8; Colosas 1:22)
  2. Si Kristo ay walang kasalanan, walang dungis, Nag-iisang inosente (*amōmos*, cf. Hebreo 9:14; I Pedro 1:19)
  3. Ang mga tagasunod ni Kristo ay dapat na tularan Siya (*amōmos*, cf. Efeso 1:4; 5:27; Felipos 2:15; Colosas 1:22; II Pedro 3:14; Jude v. 24; Pahayag 14:5)
  4. Ang konseptong ito ay ginamit rin ng mga pinuno sa iglesya
     a. *anegklētos*, "walang akusasyon" (cf. I Timoteo 3:10; Tito 1:6-7)
     b. *anepileptos*, "walang mapipintas" o "walang mahawakan para sa ikasisira" (cf. I Timoteo 3:2; 5:7; 6:14; Tito 2:8)

5. Ang konsepto ng “walang halo o dalisay” (*amiantos*) ay ginamit sa
   a. Kay Kristo mismo (cf. Hebreo 7:26)
   b. ang mana ng Kristyano (cf. I Pedro 1:4)
6. Ang konsepto ng “pagkabuo” o “kabutihan” (*holoklēria*, cf. Gawa 3:16; I Tesalonica. 5:23; Santiago 1:4)
7. Ang konsepto ng “walang mali,” walang kasalanang pagkainosente ay ipinarating ng *amemptos* (cf. Lucas 1:6; Felipos 2:15; 3:6; I Tesalonica. 2:10; 3:13; 5:23)
8. Ang konsepto ng “hindi maisasailalim sa paratang” ay ipinarating ng *amōmētos* (cf. I Pedro 3:14)
9. Ang konsepto ng “walang bahid,” “walang mantsa” ay madalas na ginamit sa mga sipi na may isang sa mga itaas na mga termino (cf. I Timoteo 6:14; Santiago 1:27; I Pedro 1:19; II Pedro 3:14)

D. Ang bilang ng mga salita sa Hebreo at Griyego na nagdadala ng konseptong ito ay nagpapakita ng kahalagahan nito. Ang Diyos ay naglaan sa ating pangangailangan sa pamamagitan ni Kristo at ngayon ay tumatawag sa atin na maging kagaya Niya.

Ang mga mananampalataya sa posisyon, sa legal ay idineklara na “matuwid,” “wasto,” “walang sala”sa pamamagitan ng gawa ni Kristo. Ngayun ang mga mananampalataya ay dapat na angkinin ang kanilang posisyon. “Lumakad sa liwanag gaya ng Siya ay sa liwanag” (cf. I Juan 1:7). “Lumakad ng nararapat ayon sa pagkakatawag” (cf. Efeso 4:1,17; 5:2,15). Si Hesus ay pinanumbalik ang imahe ng Diyos. Ang matalik na pakikisama ay posible na ngayon, ngunit tandaan ang Diyos ay naghahangad ng mga tao na nagpapakita ng Kanyang karakter, na gaya ng ginawa ng Kanyang Anak. Tayo ay tinawag ng hindi bababa sa kabanalan (cf. Mateo 5:20,48; Efeso 1:4; I Pedro 1:13-16). Ang kabanalan ng Diyos, hindi lamang legal, ngunit umiiral!

## TALATA SA NASB (BINAGO): 14:6-7

**[6]At nakita ko ang ibang anghel na lumilipad sa gitna ng langit, na may mabuting balita na walang hanggan upang ibalita sa mga nananahan sa lupa, at sa bawa't bansa at angkan at wika at bayan; [7]At sinasabi niya ng malakas na tinig, "Matakot kayo sa Dios, at magbigay kaluwalhatian sa kaniya; sapagka't dumating ang panahon ng kaniyang paghatol: at magsisamba kayo sa gumawa ng langit at ng lupa at ng dagat at ng mga bukal ng tubig."**

**14:6 “At nakita ko ang ibang anghel na lumilipad sa gitna ng langit”** Sa 8:13 mayroong isang agila na lumilipad sa kalagitnaan ng langit, na nagpapahiwatig isang bagay na mainam na nakikita ang nagawang maiproklama sa buong mundo.

▣ **“na may mabuting balita na walang hanggan upang ibalita sa mga nananahan sa lupa”** Ang pariralang ito, “isang eternal Ebanghelyo” ay natagpuan lamang dito. Napakahalaga na ang “Ebanghelyo” dito ay para doon sa mga buhay (nananahan) sa mundo at ito ay ginamit ng madalas sa kapahayagan sa di-mananampalataya. Ang ilan ay nakita ito bilang isang katuparan ng Mateo 28:18-20 o mas partikular, Mateo 24:14 at Marcos 13:10. Ang nilalaman ng Ebanghelyong ito ay higit na kagaya ang mensahe kay Juan na Tagabautismo (cf. Lucas 3:3-14) o sa pananalita ni Hesus sa masamang isa sa Mateo 4:10. Ang mensahe ng paghahatol ay mahalagang element sa Ebanghelyo. Ang mga talata 6-7 ay mahalaga, dahil sila ay nagpapakita sa atin na lahat ng mga ito naipinadala ng Diyos sa paghahatol sa mga naligaw na sangkatauhan ay para sa layunin ng pagtutubos (cf. 9:20-21; 16:9,11).

Sa v. 12 ang tunay na mga mananampalataya ay kinakikitaan na gaya ng yaong sa (1) tumutupad (i.e., PANGKASALUKUYANG PANDIWARI) sa mga kautusan ng Diyos at (1) nanatili sa (i.e., ang kaparehong PANGKASALUKUYANG PANDIWARI) pananampalataya kay Hesus.

▣ **“at sa bawa't bansa at angkan at wika at bayan”** Tignan puna sa 10:11.

**14:7 “Matakot kayo sa Dios, at magbigay kaluwalhatian sa kaniya”** Ito ay isang AORIST BALINTIYAK (deponente) PAUTOS at isang AORIST AKTIBONG PAUTOS. Mayroong tatlong AORIST PAUTOS sa v. 7. Ang sangkatauhan ay inutusan na tumugon sa Diyos sa madesisyong mga akto ng pananampalataya (cf. Juan 1:12; Roma 10:9-13). Sa 11:13 ang makasalanang sangkatauhan ay tila magbibigay ng papuri sa Diyos, ngunit dagling nahatak palayo ng mga himala ng hayop sa kabanata 13 (isang kaparehong teolohiya sa Parabula ng mga Lupa sa Mateo 13; Marcos 4; Lucas 8).

▣ **“sapagka't dumating ang panahon ng kaniyang paghatol”** Ang mga termino “oras” ay mahalaga sa Ebanghelyo ni Juan (cf. 2:4; 4:21,23; 5:25,28; 7:30; 8:20; 12:23,27; 13:1; 16:21,32; 17:1). Ito ay nagsasalita ng banal na pagkakataon ng pangkasalukuyang pangyayari (ang Araw ng Panginoon, cf. 14:15 at 9:15).

## NATATANGING PAKSA: ANG ORAS

Ang mga termino “oras” ay ginamit sa ilang mga paraan sa mga Ebanghelyo, bilang

1. isang panahong reperensiya (cf. Mateo 8:13; Lucas 7:21; Juan 11:9)

2. isang metapora para sa panahon ng pagsusubok at paglilitis (cf. Mateo 10:19; Marcos 13:11; Lucas 12:12)
3. isang metapora para kay Hesus na nagpapasimula ng Kanyang ministeryo (cf. Juan 2:4; 4:23)
4. isang metapora para sa araw ng paghuhukom (i.e., Ikalawang Pagdating, cf. Mateo 24:36,44; 25:13; Marcos 13:32; Juan 5:25,28)
5. isang metapora para sa pasyon ni Hesus (cf. Mateo 26:45; Marcos 14:35,41; Juan 7:30; 8:20; 12:23,27; 13:1; 16:32; 17:1)

▣ **"magsisamba kayo"** Ito ay isa na namang AORIST AKTIBO PAUTOS na isang madesisyong kautusan.

▣ **"sa gumawa ng langit at ng lupa at ng dagat at ng mga bukal ng tubig"** Ito ay kapareho sa apirmasyon na natagpuan sa Gawa 14:15, na nagsisipi sa Genesis 14:19; Exodo 20:11 o Awit 146:6. Ang Diyos ay inilarawan bilang manlilikha gaya ng sa Job 38-41. Ang tanging hindi karaniwang parirala ay "ang bukal ng tubig," na nakikita ng ilan bilang

1. na konektado sa naunang mga sumpa ng mga anghel (cf. 8:10)
2. na kasalungat sa di-mainom na tubig dagat

## TALATA SA NASB (BINAGO): 14:8

**8At ang iba, ang pangalawang anghel, ay sumunod na nagsasabi, "Naguho, naguho ang dakilang Babilonia, na siyang nagpainom sa lahat na bansa ng alak ng kagalitan ng kaniyang pakikiapid."**

**14:8 "'Naguho, naguho ang dakilang Babilonia"** Ang PANDIWA ay hindi lamang inulit, ngunit unang lumitaw sa Griyegong pangungusap, nagbibigay-diin sa AORIST AKTIBO INDIKATIBONG. Napakahirap na iinterpret ang aklat ng Pahayag sapagkat ang mga konsepto ay pinalawak sa magkaibang mga lugar (ang hayop ay maikling binanggit sa 11:7 ngunit lubusang tinalakay hanggang sa kabanata 13). Ang buong talakayan ng pagbagsak ng Babilonia ay matatagpuan sa 16:19 at 17:1-18:24. Ito ay kumakatawan para sa Roma (cf. I Pedro 5:13; II Baruch 11:1; 67:7; Sibylline Oracles 5:143, 159, 424), ngunit sa sukdulan ito ay kumakatawan para sa lahat ng mga pantaong lipunan at gumagawa ng hiwalay sa Diyos (Tignan Natatanging Paksa sa kabanata 13, E). Ang pantaong pagsasarili ay ang direktang resulta ng pagbagsak (cf. Genesis 3) at unang ipinahayag sa Tore ng Babel (cf. Genesis 10-11). Ang emperyo ng mundo ay nagiging mas laban sa Diyos, na uusbong sa sukdulang kaharian ng mundo ng AntiKristo sa pangwakas na panahong (cf. Daniel 2:7-8). Ito ay maaring isang alusyon sa Isaias 21:9; Jeremias 51:8.

▣ **"na siyang nagpainom sa lahat na bansa ng alak ng kagalitan ng kaniyang pakikiapid"** Ang alusyon ay sa Jeremias 51:7-8 (cf. 17:2,4; 18:3). Ang mga terminong "simbuyo" ay ang Griyegong mga termino "*thumos,*" na nag-uugnay sa isang biglang paglabas ng damdamin (tignan buong puna sa 7:14, cf. 17:2,3; 18:3). Yaong mga uminom ng alak ng Babilonia ay iinom ng alak ni YHWH (cf. v. 9)!

## TALATA SA NASB (BINAGO): 14:9-12

**9At ang ibang anghel, ang pangatlo, ay sumunod sa kanila, na nagsasabi ng malakas na tinig, "Kung ang sinoman ay sumasamba sa hayop at sa kaniyang larawan, at tumatanggap ng tanda sa kaniyang noo, o sa kaniyang kamay, 10Ay iinom din naman siya ng alak ng kagalitan ng Dios, na nahahandang walang halo sa inuman ng kaniyang kagalitan; at siya'y pahihirapan ng apoy at asupre sa harapan ng mga banal na anghel, at sa harapan ng Cordero:. 11"At ang usok ng hirap nila ay napaiilanglang magpakailan kailan man; at sila'y walang kapahingahan araw at gabi, silang mga nagsisisamba sa hayop at sa kaniyang larawan, at sinomang tumatanggap ng tanda ng kaniyang pangalan." 12Narito ang pagtitiyaga ng mga banal, ng mga nagsisitupad ng mga utos ng Dios, at ng pananampalataya kay Hesus.**

**14:9 "Kung . ."** Ito ay isang UNANG KLASENG KONDISYONAL NA PANGUNGUSAP na may kasamang dalawang PANDIWA, "sumasamba" at "tumatanggap." Ang ilang mga tao, maraming mga tao, ay magagawa ang mapangalunyang mga aktong ito. Ito ay ang eksaktong kabaligtaran ng pagtanggap sa Mesyas ng Diyos sa vv. 7 at 12. Yaong mga makakaranas ng poot ng Diyos (cf. v. 10).

**14:10 "iinom din naman siya ng alak ng kagalitan ng Dios"** Ang mga tao ay mayroon lamang dalawang espiritwal na mga opsyon, ang Diyos o ang masama. Ang Griyegong mga terminong poot *orgē* ay tumutukoy sa "isang palagiang oposisyon." Tignan buong puna sa 7:14. Ang alusyon ay sa Isaias 51:17 o Jeremias 25:15-16 (cf. Pahayag 16:19; 19:15). Ang mga mananampalataya ay dapat na harapin ang poot ng Babilonia (cf. v. 8), ngunit ang mga di-mananampalataya ay haharapin ang poot ng Diyos (cf. v. 10).

Ang kakaibang kombinasyon na ito ng mga termino (sa literal "pinaghalo di-pinaghalo") ay nangahulugan na ang alak

ng poot ng Diyos ay nahalo sa ibang mga elemento upang gawin itong labis na nakakalason, ngunit hindi inihalo hanggang sa maging malabnaw. Ang mga terminong "saro" ay madalas na ginamit sa OT para sa paghahatol ng Diyos (cf. Isaias 51:17,22; Jeremias 25:15-17,27-29; Awit 75:8). Ininom ni Hesus ang saro ng poot ng Diyos para sa lahat ng sangkatauhan (cf. Marcos 14:36). Ang di-naniniwalang mundo ay hindi tutugon sa Kanya sa pamamagitan ng pananampalataya, at samakatuwid, kakaharapin nila ang saro!

## NATATANGING PAKSA: BIBLIKAL NA SALOOBIN PATUNGKOL SA ALKOHOL AT PAGKAGUMON SA ALKOHOL

I. Biblikal na mga Salita

A. Lumang Tipan

1. *Yayin* – Ito ang pangkalahatang Salita para sa alak (BDB 406), na ginamit ng 141 beses. Ang pinagmulang salita ay di tiyak dahil hindi ito nag-ugat sa Hebreo. Ito ay laging nangangahulugang pinangasim na katas ng bunga, kadalasan ay ubas. Ilang mga tipikal na sipi ay ang Genesis 9:21; Exodo 29:40; Bilang 15:5,10.
2. *Tirosh* – Ito ay "bagong alak" (BDB 440). Dahil sa ma-klimang kondisyon ng Near East, nagsisimula ang pagpapaasim makalipas ang anim na oras matapos ang pagkakatas sa bunga. Ang salitang ito ay tumutukoy sa proseso ng pagpapaasim. Para sa ilang mga tipikal na sipi tignan ang Deuteronomio 12:17; 18:4; Isaias 62:8-9; Osea 4:11.
3. *Asis* – Ito ay halatang isang alkohol na inumin ("matamis na alak," BDB 779, e.g. Joel 1:5; Isaias 49:26).
4. *Sekar* – Ang Salitang ito ay "malakas na pag-inom" (BDB 1016). Ang ugat na Hebreo ay ginamit sa Salitang "lasing" o "lasenggero ." Mayroon itong bagay na idinagdag para ito ay maging nakakalalasing. Ito ay kahanay sa *yayin* (cf. Kawikaan 20:1;31:6; Isaias 28:7).

B. Bagong Tipan

1. *Oinos* – ang Griyegong kapantay ng of *yayin*
2. *Neos oinos* (bagong alak) – ang Griyegong kapantay ng *tirosh* (cf. Marcos 2:22).
3. *Gleuchos vinos* (matamis na alak, *asis*) – alak sa unang baitang pagpapaasim (cf. Gawa 2:13).

II. Biblikal na Gamit

A. Lumang Tipan

1. Ang alak ay kaloob ng Diyos (Genesis 27:28; Awit 104:14-15; Ecclesiastes 9:7; Osea 2:8-9; Joel 2:19,24; Amos 9:13; Zacarias 10:7).
2. Ang alak ay bahagi ng sakripisyong paghahandog (Exodo 29:40; Levitico 23:13; Bilang 15:7,10; 28:14; Deuteronomio 14:26; Hukom 9:13).
3. Ang alak ay ginagamit bilang isang gamot (II Samuel 16:2; Kawikaan 31:6-7).
4. Ang alak ay maaaring maging isang tunay na suliranin (Noah – Genesis 9:21; Lot – Genesis 19:33,35; Samson – Hukom 16; Nabal – I Samuel 25:36; Urias – II Samuel 11:13; Amnon – II Samuel 13:28; Elah – I Hari 16:9; Benhadad – I Hari 20:12; mga pinuno – Amos 6:6; ang mga kababaihan – Amos 4).
5. Ang alak ay maaring abusuhin (Kawikaan 20:1; 23:29-35; 31:4-5; Isaias 5:11,22; 19:14; 28:7-8; Hosea 4:11).
6. Ang alak ay ipinagbabawal sa ilang mga pangkat (mga saserdoteng kasalukuyang nakatalaga, Levitico 10:9; Ezekiel 44:21; mga Nazarito, Bilang 6; at mga namumuno, Kawikaan 31:4-5; Isaias 56:11-12; Hosea 7:5).
7. Ang alak ay ginamit sa ekastolohikal na mga tagpuan (Amos 9:13; Joel 3:18; Zacarias 9:17).

B. *Interbiblikal*

1. Ang alak sa mahinahong pag-inom ay labis na nakakatulong (Ecclesiasticus 31:27-30).
2. Ang sabi ng mga rabi o gurong Hudyo , "Ang alak ay ang higit sa lahat ng mga medisina, kung saan kulang ang alak, tiyak higit na kailangan ang mga gamot" (BB 58b).

C. Bagong Tipan

1. Binago ni Hesus ang madaming tubig na maging alak (Juan 2:1-11).
2. Uminom si Hesus ng alak (Mateo 11:18-19; Lucas 7:33-34; 22:17ff).
3. Si Pedro ay inakusahan sa paglalasing ng "bagong alak" sa Pentecost (Gawa 2:13).

4. Ang alak ay maaring gamitin bilang medisina (Marcos 15:23; Lucas 10:34; I Timoteo 5:23).
5. Ang mga pinuno ay hindi dapat maging abusado. Hindi ito nangangahulugan ng lubusang pag-iwas (I Timoteo 3:3,8; Tito 1:7; 2:3; I Pedro 4:3).
6. Ang alak ay ginamit sa ekastolohikal na mga tagpuan (Mateo. 22:1ff; Pahayag 19:9).
7. Ang paglalasing ay nakalulungkot (Mateo 24:49; Lucas 12:45; 21:34; I Corinto 5:11-13; 6:10; Galacia 5:21; I Pedro 4:3; Roma 13:13-14).

III. Teolohikong na pagkakaunawa

A. Diyalektikong tensyon

1. Ang alak at kaloob ng Diyos.
2. Ang paglalasing ay isang pangunahing suliranin.
3. Ang mananampalataya sa ilang mga kultura ay dapat limitahan ang kanilang kalayaan alang-alang sa ebanghelyo (Mateo 15:1-20; Marcos 7:1- 23; I Corinto 8-10; Roma 14).

B. Ang pagkahilig na lumagpas sa itinakdang mga hangganan

1. Ang Diyos ang pinagmumulan ng lahat ng mabubuting mga bagay.
2. Ang lugmok na sangkatauhan ay inabuso ang kaloob ng Diyos sa pamamagitan ng paglagpas sa itinakdang hangganan ng Diyos.

C. Ang pag-abuso ay nagmumula sa atin, hindi sa mga bagay. Walang masama sa pisikal na nilikha (cf. Marcos 7:18-23; Roma 14:14,20; I Corinto 10:25-26; I Timoteo 4:4; Tito 1:15).

IV. Unang Siglong MakaHudyong Kultura at Pagpapaasim

A. Ang pagpapaasim ay nagsisimula ng mabilisan, halos anim na oras matapos na mapiga ang ubas.

B. Sinasabi ng tradisyon ng Hudyo na kapag may maliit na bula ang lumitaw sa ibabaw ( tanda ng pagaasim), ito ay maaring maging alak- katiting na bahagi (*Ma aseroth* 1:7). Ito ay tinawag na "bagong alak" o "matamis na alak."

C. Ang pangunahing matinding pagpapaasim ay nakokompleto pagkatapos ng isang lingo.

D. Ang ikalawang bahagi ng pagaasim ay inaabot ng 40 araw. Sa ganitong kalgayan ityo itinuturing na "pnatandang alak" at maaring ialay sa altar (*Edhuyyoth* 6:1).

E. Ang alak na inilagak sa kanyang lumang alak ay itinuturing na mabuti, ngunit kailangan muna itong salain bago gamitin.

F. Ang alak ay itinuturing na maayos na pinatanda kadalasan ay inaabot ng isang taon ng pagpapaasim. Tatlong taon ang pinakamahabang takdang panahon ng alak na ligtas itong naka-imbak. Tinatawag iton "matandang alak" at kailangan na haluan ng tubig.

G. Tanging sa nakalipas na 100 taon na may malinis na kilalagayan at nagdadagdag ng kemikal na sangkap ay ang pagpapaasim ay napapatigil. Ang sinaunang mundo ay di kayang pigilan ang natural na proseso ng pagpapaasim.

V. Pangwakas na Paglalahad

A. Siguraduhing ang iyong karanasan, teolohiya , at biblikal na interpretasyon ay hindi nakakapagpababa kay Hesus at sa kultura ng unang siglong Hudyo/Kristyano. Sila ay kapansin-pansin hindi buong lakas na umiiwas.

B. Hindi ko itinataguyod ang panlipunang gamit ng alkohol. Gayunman, marami ang nagbibigay diin sa posisyon ng Biblia sa paksang ito at ngayon ay nag-aangkin na mataas na antas ng kabanalan batay sa kultura/denominasyonal na pagkiling.

C. Para sa akin, ang Roma 14 at I Corinto 8-10 ay nagbigay ng mga kaunawaan at patnubay batay sa pag-ibig at respeto para sa kapwa mga mananampalataya at ang pagkalat ng ebanghelyo sa ating kultura, hindi personal na kalayaan o kritisismong paghuhusga. Kung ang Biblia ang tangin pinagmumulan ng ating paniniwala at kaugalian, kung gayon marahil dapat lahat tayo ay muling isaisip ang usaping ito.

D. Kung patuloy nating pagtutulakan ang tahasang pag-iwas bilang kalooban ng Diyos, anu ang ipinahihiwatig natin kay Hesus, at sa ilang mga modernong kultura na regular na gumagamit ng alak.(e.g., Europa, Israel, Argentina)?

▣ **"at siya'y pahihirapan ng apoy at asupre"** Ito ay isang alusyon sa paghahatol ng Diyos sa Sodom at Gomorrah (cf. Genesis 19:24,28; Lucas 17:29; o paghahatol sa pangkalahatan, cf. Awit 11:6; Isaias 34:8-11; Ezekiel 38:22). Ang pagpapahirap ay ang sukdulang tadhana ng dalawang mga hayop (cf. 19:20), ang masamang isa (cf. 20:10), at ang di-nagsising sangkatauhan (cf. 20:15; 21:8).

Apoy (Tignan Natatanging Paksa sa 16:8) ay isang OT metapora ng kabanalan ng Diyos (cf. Bilang 9:15-16, etc.) Ito ay ginamit bilang isang paraan ng paglilinis (cf. Levetico 8:17,32; 9:11,24; 13:32,55,57, atbap) at paghahatol (cf. Levetico

10:1-2; Bilang 11:1-3, etc.). Ang asosasyon na ito na may paghahatol ay pinalawak upang ilarawan ang isang lugar ng paghahatol. Si Hesus ay ginamit ang bandang ibaba ng Jerusalem sa lambak ng mga anak ni Hinnom (Gehenna) bilang isang simbolo ng eternal na kaparusahan (cf. Pahayag 20:10, 14-15).

**14:11 "At ang usok ng hirap nila ay napaiilanglang magpakailan kailan man"** Ako ay umaasa na ako ay naniniwala sa unibersalismo o maging sa ikalawang pagkakataon na tumugon sa Ebanghelyo, ngunit ayon sa Kasulatan ang mga tao ay dapat na tumugon sa inaalok ng Diyos sa pananampalataya (cf. Marcos 1:15; Gawa 3:16,19; 20:21) habang sila ay nabubuhay (cf. Hebreo 9:27); kung sila ay tatanging tumugon, ang kahihinatnan ang matindi at eternal (cf. Marcos 9:47-48; Mateo 25:46; Juan 5:29; Acts 24:15; II Tesalonica 1:6-9). Ang permanenteng kaparusahan ng masama ay ikinumpara sa napaparam na pagdurusa ng mga banal. Ito ay sinuportahan sa parirala "wala silang pahinga araw at gabi," habang sa v. 13 ang mga banal ay may kapahingahan.

Hindi ito madaling paksa na talakayin. Ang pagmamahal ng Diyos at Kanyang puso para sa pagtutubos ay kasalungat sa Kanyang hatol ng walang hanggang kaparusahan. Karamihan sa mga paghahatol ng Diyos sa Pahayag ay para sa pagtutubos, gaya ng mga sumpa sa Ehipto at ang tipanang mga sumpa ng Deuteronomy 27-29. Subalit, ang sukdulang pagtakwil sa Diyos ay permanente. Hindi ito pangdisiplina, ito ay pangparusa! Napakahirap nito na maunawaan, na dalhin ng emosyonal. Ito ay nagpapatingkad ng pangangailangan ng ebanghelismo!

Bago ko iwanan ang paksa na ito hayaan ninyo na ibahagi ko ang aking kaisipan na mayroon ako sa paksa na ito. Kasing sama ng imperyerno ang para sa sangkatauhan, ito ay mas masama para sa Diyos. Ang Diyos ay nilikha ang mga tao ayon sa Kanyang imahe para sa pakikisama. Ang lahat ng nilikha ay isang entablado para sa Diyos upang katagpuin at makilala ang sangkatauhan. Mahal ng Diyos ang lahat ng mga anak ni Adan (cf. Ezekiel 18:32; I Timoteo 2:4; II Pedro 3:9). Labis Niyang mahal ito na Siya ay kusang loob na ipinadala ang Kanyang bugtoong na Anak upang mamatay alang-alang sa kanila (cf. Juan 3:16; II Corinto 5:21). Ngunit pinili Niya na ang mga makasalanan ay dapat na tumugon sa Kanya sa pagtitiwala, pananampalataya, pagsisisi, pagsunod, paglilingkod, pagsamba, at pagtitiis. Ang Diyos ay hindi ipinadala ang sinoman sa impyerno, ngunit ang mga di-mananampalataya ang nagdala sa kanilang mga sarili (cf. Juan 3:17-21). Ang impyerno ay bukas, dumudugong sugat sa puso ng Diyos na kailanman ay hindi na gagaling! Hindi ko sigurado kung ang Diyos ay kailanman may "magandang araw" Oh, ang sakit ng tahasang rebelyon sa mukha ng sakripisyal na pag-ibig!

**14:12** Pagtitiis ay isang pangunahing tema sa buong aklat (cf. 1:9; 2:7,11,17,19,26; 3:5,10,12,21; 13:10; 21:7). Ang bayan ng Diyos ay pinakitaan na maging matapat maging sa gitna ng persekusyon. Tignan buong puna sa at Natatanging Paksa sa 2:2.

▣ **"mga banal mga banal"** Tignan Natatanging Paksa sa 5:8.

▣ **"ng mga nagsisitupad ng mga utos ng Dios, at ng pananampalataya kay Jesus"** Isang kaparehong deskripsyon ng mga mananampalataya ay matatagpuan sa 12:17. Pansinin na ang pagbibigay-diin ay sa personal na pananampalatayang relasyon kay Hesus, sinundan ng isang pamumuhay ng pagsunod (cf. 12:17; Lucas 6:46).

Hinog na Kristyanismo ay naglalaman ng

1. isang persona na tatanggapin (isang personal relasyon kay Kristo)
2. mga katotohanan patungkol sa persona na paniniwalaan (doktrinal na mga katotohanan ng NT)
3. isang buhay na isasapamuhay na gaya ng persona na iyon (pang-araw araw na pagiging wangis ni Kristo) Lahat ng tatlo ay kinakailangan para sa isang ganap, malsuog, at lumalagong pananampalataya.

## TALATA SA NASB (BINAGO): 14:13

**13 At narinig ko ang isang tinig na mula sa langit na nagsasabi, "Isulat mo, Mapapalad ang mga patay na nangamamatay sa Panginoon mula ngayon: oo, sinasabi ng Espiritu, upang sila'y mangagpahinga sa kanilang mga gawa; sapagka't ang kanilang mga gawa ay sumusunod sa kanila."**

**14:13 "Mapalad"** Ito ay ang ikalawa sa pitong mga pagpapala na natagpuan sa aklat ng Pahayag (cf. 1:3; 14:13; 16:15; 19:9; 20:6; 22:7,14).

▣ **"Mapapalad ang mga patay na nangamamatay sa Panginoon"** Ito ay tumutukoy sa mga martir (gaya ng sa 144,000), ngunit ang eksaktong oras ng kamatayan na ito ay hindi tiyak. Ilang mga komentarista ay inugnay ito sa panahon ni Juan at ang ilang ay inugnay ito sa pangwakas na panahong. Bagamat ang panahong elemento ay hindi tiyak, mahalaga na malaman na nag kamatayan ng mga banal ng Diyos ay napakahalaga sa Kanyang paningin (cf. Awit 116:15).

Bagamat ang grupong ito ay binubuo ng mga Kristyanong martir, pinakamainam na iinterpret ito bilang ang "mga saksi" sa mas pangkalahatang pakahulugan ng mga mananampalataya. Hindi lahat ng mga mananampalataya ay pinatay sa unang siglo, hindi lahat ay papatayin sa tribulasyon ng pangwakas na panahong, ngunit lahat ng mga mananampalataya ay dapat na manatiling tapat kay Kristo. Ang metaporang ito ay inklusibo, hindi ekslusibo.

▣ **"sapagka't ang kanilang mga gawa ay sumusunod sa kanila"** Ito ay kabalintunaan ng Kristyanismo na ang mga mananampalataya ay pinagkalooban ng Espirtu sa kaligtasan para sa epektibong ministeryo upang at para sa katawan ni Kristo

(cf. I Corinto 12:7,11). Ang Diyos ay tumatawag, naghahanda, at gumagawa ng eternal na bunga sa pamamagitan ng di-perpektong mga mananampalataya. Ito ay Kanyang regalo, ang Kanyang Espiritu na nagpapalakas, ngunit ang mga banal ang tumatanggap ng pabuya para sa kanilang katapatan, pagiging nakalaan, at pagtitiis (Tignan Natatanging Paksa sa 2:10). Ang mga mananampalataya ay hindi naligtas sa pamamagitan ng mga gawa (sariling-sikap), ngunit sila ay naligtas upang gumawa ng mabuti (cf. Efeso 2:8-9,10). Ang kalooban ng Diyos para sa bawat mananampalataya ay pagiging wangis ni Kristong paglilingkod (cf. Roma 8:29; Galacia 4:19; Efeso 1:4)!

## TALATA SA NASB (BINAGO): 14:14-16

**[14]At nakita ko, at narito, ang isang alapaap na maputi; at nakita ko na nakaupo sa alapaap ang isang katulad ng isang anak ng tao, na sa kaniyang ulo'y may isang putong na ginto, at sa kaniyang kamay ay may isang panggapas na matalas. [15] At lumabas ang ibang anghel sa templo, na sumisigaw ng malakas na tinig doon sa nakaupo sa alapaap, "Ihulog mo ang iyong panggapas, at gumapas ka; sapagka't dumating ang oras ng paggapas, sapagka't ang aanihin sa lupa ay hinog na." [16]At inihagis ng nakaupo sa alapaap ang kaniyang panggapas sa lupa; at ang lupa ay nagapasan.**

**14:14-16** Mayroong dalawang magkaibang pag-aani (cf. IV Ezra 13:10-11) na inilarawan sa vv. 14-16 at 17-19. Ang una ay ang butil na pag-aani at ang ikalawa ay ang ubas na pag-aani. Kung ang distinksyon na ito ay pananatiliin (sa Joel 3:13 ang dalawang mga pananim ay tinigna bilang isang paghahatol), ang una ay tumutukoy sa pag-aani ng matuwid (cf. Mateo 9:37-38; 13:30,38; Marcos 4:26-29; Lucas 10:2; Juan 4:35-38), habang ang ikalawang ubas na pag-aani na binaggit sa Isaias 63:2-6; Jeremias 51:33; Panaghoy 1:15; Joel 3:13 at Pahayag 19:15 ay tumutukoy sa masasama.

**14:14 "ang isang alapaap na maputi; at nakita ko na nakaupo sa alapaap ang isang katulad ng isang anak ng tao, na sa kaniyang ulo'y may isang putong na ginto"** Ang kaparehong pagkakakilanlan na mga problema sa mga kabanata 6 at 10 naaaplay sa mga talatang ito. Ito ba ay isang deskripsyon ng banal na Mesyas (cf. Daniel 7:13) o isa na namang anghel na naglilingkod alang-alang sa Kanya? Sa aking palagay ito ay isa na namang makapangyarihang anghel, dahil

1. ito ay nasa serye ng mga anghel (cf. vv. 15,17,18)
2. Mateo 13:39, 41-42, 49-50 ay nagsasabi na ang mga anghel ay magsasama at ihihiwalay ang mga tao sa pangwakas na panahong (ang ilan ay para sa pagpapala at ilan para sa paghahatol)
3. isang anghel na nag-uutos sa kanya (cf. v. 15)

**14:15** Ito ay isang alusyon sa Joel 3:13.

## TALATA SA NASB (BINAGO): 14:17-20

**[17]At lumabas ang ibang anghel sa templong nasa langit, na may panggapas din namang matalas. [18] At ang ibang anghel ay lumabas sa dambana, na siyang may kapangyarihan sa apoy, at tinawagan ng malakas na tinig yaong may panggapas na matalas, na sinasabi, "Ihulog mo ang iyong panggapas na matalas, at putihin mo ang mga buwig sa ubasan sa lupa; sapagka't ang kaniyang mga ubas ay mga hinog na." [19] At inihagis ng anghel ang kaniyang panggapas sa lupa, at pinuti ang mga ubas sa lupa, at inihagis sa pisaan ng ubas, sa malaking pisaan ng kagalitan ng Dios. [20]At nayurakan ang pisaan ng ubas sa labas ng bayan, at lumabas sa pisaan ng ubas ang dugo, na umapaw hanggang sa mga preno ng mga kabayo, sa lawak na isang libo at anim na raang estadio.**

**14:17 "lumabas ang ibang anghel sa templong nasa langit"** Ito ay tumutukoy sa espiritwal na tabernakulo sa langit (cf. Hebreo 8:2; 9:11,23-24).

**14:18 "na siyang may kapangyarihan sa apoy"** Ang mga anghel ay may kapangyarihan sa hangin (cf. 7:1), sa apoy (cf. 14:18), at maging sa tubig (cf. 16:5). Ito ay nagpapakita ng rabinikal na konseptong Judaismo ng mala-anghel na pagnsangkot sa natural na mundo. Bagamat ang NT ay hindi nagbigay-diin nito, ay hindi nangahulugan na ito ay hind tama (cf. Hebreo 1:7,14).

**14:20 "sa labas ng bayan"** Ang ilan ay nakita ito bilang isang alusyon kay Kristo na ipinako sa krus sa labas ng bayan (cf. Hebreo 13:12). Ang iba ay nakita ito bilang simpleng isang alusyon sa OT pagpapalinis na mga batas kung saan ang mga marumi ay inilabas sa kampo (cf. Levetico 8:17; 9:11). Gayunpaman, ito ay maaring tumutukoy sa pangwakas na panahong pagsasama ng mga kaaway ng Diyos sa palibot ng bayan ng Jerusalem (cf. Awit 2:2,6; Daniel 11:45; Joel 3:12-14; Zacarias 14:1-4; at ang intertestamental apokaliptikong aklat ng I Enoch 53:1). Muli dito, ang problema ng kung ano ang literal at ano matalinghaga ay ngayon ang naging pangunahing isyu!

▣ **"at lumabas sa pisaan ng ubas ang dugo, na umapaw hanggang sa mga preno ng mga kabayo, sa lawak na isang libo at anim na raang estadio s"** Ito ang magiging resulta ng isang malaking labanan na inilarawan sa kalaunang mga kabanata, o simleng isang metapora nagmula sa kulay ng katas ng ubas. Ang tunay na katanungan ay kung ito ay literal o simboliko. Ito ba ay naglalarawan ng isang labanan sa panahon/espasyo o isang simboliko kosmikong labanan ng mabuti at masama? Ang

dyanra ay nakatuon tungo sa mas huli, ngunit ang mga salita ni Hesus sa Mateo 24: Marcos 13 at Lucas 21 ay nakatuon tungo sa mas nauna.

Ang eksaktong distansya ahi hindi tiyak. Ang ilan ay nagsabi na (1) 165 milya; (2) 184 milya; o (3) 200 milya. Ang eksaktong mga salita ay 6,600 estadyo. Ito ay isang hindi karaniwang simbolikong numero. Ang ilan ay nagsabi na ito tumutukoy sa distansya mula Dan hanggang Beersheba, na ibig sabihin ay paghahatol ng simboliko na nagtatakip ng kabuuang Banal na Bayan.

Ang "pampiga ng ubas" ay isang OT metapora para sa paghahatol (cf. Isaias 63:3; Panaghoy 1:15). Ito ay marahil ay posible dahil ang pagkakapareho sa pagitan pulang katas ng ubas at dugo. Ito rin ay binanggit sa 19:15.

▣ **"kagalitan ng Dios"** Tignan buong puna sa 7:14.

## MGA TALAKAYANG TANONG

Ito ay isang komentaryong gabay sa pag-aaral, na nangangahulugan na ikaw ay may pananagutan sa iyong sariling interpretasyon sa Bibliya. Ang bawat isa sa atin ay dapat lumakad sa liwanag na mayroon tayo. Ikaw, ang Bibliya, at ang Banal sa Espiritu ay pangunahin sa interpretasyon. Hindi mo dapat iasa ito sa taga-pagsuri.

Ang mga talakayang tanong na ito ay inihanda upang tulungan kang mag-isip sa pamamagitan ng mga pangunahing paksa sa bahaging ito ng aklat. Ito ay nangahulugang dapat maging mapukaw-isip, hindi pang kahulugan lamang.

1. Ano ang relasyon sa pagitan ng 144,000 natagpuan sa mga kabanata 7 at 14?
2. Saan ang Bundok Zion tumutukoy?
3. Ang mga kwalipikasyon ba na natagpuan sa 14:4 ay deskripsyon ba ng isang piniling buhay walang asawa na grupo ang buong bayan ng Diyos?
4. Ano ang kahalagahan ng 14:6 at 7?
5. Sino o ano ang Babilonia?
6. Ang impyerno ba ay pangwalang hanggan?
7. Sino ang persona na nakaupo sa mga ulap sa 14:14-16 at bakit?

# PAHAYAG 15-16

## MGA BAHAGI NG TALATAAN NG MGA MAKABAGONG SALIN*

| UBS[4] | NKJV | NRSV | TEV | NJB |
|---|---|---|---|---|
| Ang mga Anghel at ang Huling mga Salot | Pambungad sa Mangkok ng Paghahatol | Ang Pitong mga Mangkok ng Poot ng Diyos | Ang mgaAnghel at ang Huling mga Salot | Ang Himno ni Moses at ang Kordero |
| 15:1 | 15:1-16:1 | 15:1 | 15:1 | 15:1-4 |
| 15:2-4 | | 15:2-4 | 15:2-4 | Ang Pitong mga Mangkok ng Salot |
| 15:5-8 | | 15:5-16:1 | 15:5-8 | 15:5-8 |
| Ang Mangkok ng Poot ng Diyos | | | Ang Mangkok ng Poot ng Diyos | |
| 16:1 | Unang Mangkok: Nakamamatay na mga Sugat | | 16:1 | 16:1 |
| 16:2 | 16:2 | 16:2 | 16:2 | 16:2 |
| | Ikalawang Mangkok: Ang Karagatan ay Naging Dugo | | | |
| 16:3 | 16:3 | 16:3 | 16:3 | 16:3 |
| | Ikatlong Mangkok: Ang Tubig ay Naging Dugo | | | |
| 16:4-7 | 16:4-7 | 16:4-7 | 16:4-7 | 16:4-7 |
| | Ikaapat na Mangkok: Ang mga Lalake ay Pinaso | | | |
| 16:8-9 | 16:8-9 | 16:8-9 | 16:8-9 | 16:8-9 |
| | Ikalimang Mangkok: Kadiliman at Kasakitan | | | |
| 16:10-11 | 16:10-11 | 16:10-11 | 16:10-11 | 16:10-11 |
| | Ikaanim na Mangkok: Euphrates ay Tuluyang Natuyo | | | |
| 16:12-16 | 16:12-16 | 16:12-16 | 16:12-14 | 16:12-16 |
| | Ikapitong Mangkok: Ang Mundo ay Tuluyang Nayanig | | | |
| | | | 16:15 | |
| | | | 16:16 | |
| 16:17-21 | 16:17-21 | 16:17-21 | 16:17-21 | 16:17-21 |

## IKATLONG TAPUSANG PAGBASA (tingnan p. v sa panimulang seksyon)

***PAGSUNOD SA ORIHINAL NA LAYUNIN NG MAY-AKDA AYON SA ANTAS NG TALATA***

Ito ay isang komentaryong gabay sa pag-aaral, na nangangahulugan na ikaw ay may pananagutan sa iyong sariling interpretasyon sa Bibliya. Ang bawat isa sa atin ay dapat lumakad sa liwanag na mayroon tayo. Ikaw, ang Bibliya, at ang Banal sa Espiritu ay pangunahin sa interpretasyon. Hindi mo dapat iasa ito sa taga-pagsuri.

Basahin ang kabanata ng isang upuan. Alamin ang mga paksa. Ihambing ang iyong pagkakabahagi ng paksa sa limang makabagong salin. Ang pagkakatalata ay hindi isang inspirasyon, ngunit ito'y isang susi sa pagsunod sa layunin ng may akda na siyang puso ng interpretasyon. Bawat talata ay may isa at isa lamang na paksa.

1. Unang Talata
2. Ikalawang Talata
3. Ikatlong Talata
4. Atbpa.

## KONTEKSTWAL NA MGA KAUNAWAAN PAHAYAG 15:1-16:21

A. Ang pitong mga mangkok na ipinakilala sa kabanata 15 at inilarawan sa kabanata 16 ay ang ikatlo sa isang set ng tatlong mga siklo ng banal na mga sumpa na ipinadala para sa layunin ng pagtutubos (cf. 9:20-21; 14:6-7; 16:9,11). Bawat siklo ay umaangat at lalong lumalala: 1/4, 1/3, at total na pagkawasak (ang paghahatol at isolasyon ng masama). Ito ay posible batay sa "ang pagsusumpa at pagbibiyaya" na seksyon ng Deutronomio 27-28.

B. Mayroong isang pampanitikang relasyon sa pagitan ng mga siklong ito. Ang ikapitong selyo ay ang pitong mga trumpeta. Ang unang apat na mga trumpeta ay direkta ring kahanay sa unang apat na mga mangkok.

C. Ang ikapitong mangkok ay ang pagbagsak ng Babilonia, na isang simbolo ng makasalanang lipunan inorganisa at gumagawa ng hiwalay sa Diyos. Sa panahon ni Juan ito ay ang Roma. Sa Daniel 2 bawat sumusunod na emperyo ng mundo ay nagiging mas laban sa Diyos hanggang sa huling pandaigidigan, ang laban sa Diyos na emperyo kung saan ang Mesyas ay ipinanganak at ito ay ang Roma (tignan Panimula sa Daniel 8, www.freebiblecommentary.org).

D. Ang mga kabanata 15 at 16 ay kumuha ng kanilang pag-iimahe mula sa Exodong karanasan ng Israel (gaya ng sa mga kabanata 12-14). Ang pangwakas na panahong pagpapalaya na ito mula sa kasamaan ay nakita bilang ang sukdulan sa Exodo (i.e., pagpapalaya).

E. Ang mga hayop at ang patutot na Babilonia (mapanghimagsik na lipunan ng tao) ay natalo sa Armageddon (16:12-16), habang si Satanas ay natalo kasama na ng Gog at Magog (mapanghimagsik na mga tao) sa pinaka huli (cf. 20:7-10). Ang Ikalawang Pagdating ni Kristo sa kabanata 19 ay isang ekstensyon at katuparan sa ikapitong selyo at ang ikapitong trumpeta at ang ikapito mangkok na mga paghahatol. Ito ay sagot ng Diyos sa mga tanong ng mga martir sa 6:9-11.

F. Ang kahirapan sa pagiinterpret ng pangwakas na panahong na mga labanang ito ay:
   1. Ang tipo ng panitikan kung saan sila ay ipinahayag, apokaliptiko/propetiko.
   2. Sila ay tinalakay sa loob ng sunod-sunod na mga yugto, mga siklo, o dramatikong mga akto.
   3. May pagkakasunod-sunuran sa pagitan ng ng mga grupo at mga simbolo.
   4. May kahirapan sa paghihiwalay ng unang siglo katuparan mula sa pangwakas na panahong katuparan.

## SALITA AT PARIRALANG PAG-AARAL

### TALATA SA NASB (BINAGO): 15:1-3a

**[1]At nakita ko ang ibang tanda sa langit, dakila at kagilagilalas. Pitong anghel na may pitong salot, na siyang mga panghuli, sapagka't sa mga yao'y magaganap ang kagalitan ng Dios. [2]At nakita ko ang gaya ng isang dagat na bubog na may halong apoy, at yaong nangagtagumpay sa hayop, at sa kaniyang larawan, at sa bilang ng kaniyang pangalan, ay nangakatayo sa tabi ng dagat na bubog, na may mga alpa ng Dios. [3]At inaawit nila ang awit ni Moises na alipin ng Dios, at ang awit ng Cordero, na sinasabi,**

**15:1 "sa langit"** Ito ay ang ikatlong sa serye ng mga tanda ni Juan na nakita sa langit. Tignan Natatanging Paksa sa 12:1.

▣ **"dakila at kagilagilalas"** Ang pariralang ito ay lumitaw lamang dito at nagtuturo tungo sa OT alusyon sa v. 3, na maaring magmula sa isa sa ilang mga lugar (i.e., Deutronomio 32:3-4; Awit 111:2; 139:14; o Hosea 14:9).

Ang mga talata 3-4 ay gumawa ng isang mahabang pinagsamang OT alusyon mula sa ilang mga posibleng mga lugar.

▣ **"kagalitan ng Dios"** Tignan buong puna sa 7:14.

▣ **"magaganap"** Ito ay isang AORIST BALINTIYAK INDIKATIBO ng *teleō* na tapusin o tuparin. Ang mga mangkok ay ang kompleto at penal na paghahatol sa matigas na kawalang pananampalataya! Wala ng pag-asa pa para sa pagsisisi at pananampalataya, tanging paghahatol at isolasyon!

Ito ay teolohikal na posible na ang sekuwensya ng mga selyo, mga trumpeta, at mga mangkok ay isang paraan ng pagpapakita ng pag-asa ng Diyos sa pagsisisi ng tao, ngunit sa kahulihan, ang Kanyang lahatang paghahatol, pag-alis, at isolasyon ng masama ay nakatuwiran! Ang impyerno ay ang tanging natitirang opsyon.

**15:2 "At nakita ko ang gaya ng isang dagat na bubog"** Ito ay unang binanggit sa Pahayag 4:6. Dahil sa paggamit nito sa Pahayag 21:1, ito ay tila isang metapora para sa kabanalan ng Diyos, na nagpanatili sa makasalanang sangkatauhan sa paglapit sa Kanya (i.e., posibleng isang metapora para sa mga tubig sa langit). Isang araw ang harang na ito ay maaalis. Ang OT alusyon ay alinman sa Exodo 24:10 o Ezekiel 1:22; 10:1. Tignan buong puna sa 4:6.

▣ **"na may halong apoy"** Ito ay isang bagong elemento na hindi natagpuan sa 4:6. Mayroon naging maraming mga teorya.
1. ito ay ang aninag ng papalubog na araw sa kasaysayan ng tao
2. ito ay kumakatawan sa apoy na tumatayo para sa paghahatol ng Diyos
3. ito ay ang dugo ng mga martir
4. ito ay konektado sa tagumpay sa Red Sea at ang Awit ni Moses dahil sa OT kinaligiran ng mga kabanata 15 at 16 ay ang mga sumpa ng Exodo (cf. Exodo 7-12; 15)

▣
**NASB "at yaong nangagtagumpay"**
**NKJV "yaong may katagumpayan"**
**NRSV "yaong mga nakapanlupig"**
**TEV "yaong nagkaroon ng katagumpayan"**
**NJB "yaong mga nakipaglaban"**

Sa una ito ay tila tumutukoy sa mga martir, ngunit ang12:11 ay nagpapakita na ito ay maiaplay doon sa may karanasan ng natural na mga kamatayan ngunit hindi sumamba sa hayop (cf. 20:4).

▣
**NASB "sa hayop, at sa kaniyang larawan, at sa bilang ng kaniyang pangalan"**
**NKJV "laban sa hayop, para sa kanyang imahe at sa kanyang marka"**
**NRSV "ang hayop at imahe nito at ang bilang sa kanyang pangalan"**
**TEV "laban sa hayop at imahe nito at laban sa kung saan ay kinatawan ang pangalan ng isang numero"**
**NJB "ang hayop at ang lalake, at laban sa kanyang katayuan at ang numero na kanyang pangalan"**

Ang hayop ay unang binanggit sa 11:7. Mula sa kabanata 13 halata na mayroong dalawang mabangis na mga hayop; isa ay ang inkarnasyon ni Satanas (i.e., isang parodya ni Kristo) at ang iba ay kanyang huwad na propeta (i.e., isang parodya ng Espiritu). Mula sa13:18 alam natin na ang kanyang numero ay 666, na hindi higit na numero ng isang persona na gaya ng pagkamakasalanan at kakulangan ng lipunan ng tao (i.e., pamahalaan) hiwalay sa Diyos.

▣ **"ay nangakatayo sa tabi ng dagat na bubog"** Ang ilang mga salin ay may "sa" (NASB, NKJV), at ilan ay may "sa tabi" (NRSV) o "sa pamamagitan" (TEV, NJB). Ang Griyegong pangunahing kahulugan ng PREPOSISYON ay "sa ibabaw." Ang metaporang ito ay nagsasalita doon sa mga mananagumpay na nagiging malapit sa Diyos. Ang "dagat" sa Pahayag ay kumakatawan para sa paghihiwalay sa pagitan ng isang banal na Diyos at makasalanang nilikha. Ang dagat na ito ay kompletong inalis sa 21:1 nang ang buong pakikisama ay napanumbalik (i.e., ang pakikisama sa Hardin ng Eden ay napanumbalik).

Para sa nagpapakahulugang mga opsyons sa kahulugan ng "dagat ng kristal" tignan puna sa 4:6.

▣ **"na may mga alpa ng Dios"** An mga anghel ay inilarawan na mayroong mga alpa sa 5:8 at 14:2. Sa kontekstong ito ito ay tumutukoy sa mga mananampalataya na kasingkahulugan sa 144,000 ng kabanata 14. Habang ang mga anghel ay sumamba sa pamamagitan ng musika sa harap ng Diyos sa langit, ngayon din, ang mananagumpay na mga mananampalataya!

**15: At inaawit nila ang awit ni Moisesang… awit ng Cordero,"** Ito ay nagpapakita ng pagkakaisa ng lumang tipan at ang bagong tipan sa awit na ito ng pagtutubos. Ang awit ni Moses ay isang alusyon sa Exodo 15:1-19, kung saan si Moses ay nagpasalamat sa Diyos para sa pagkatalo ng Faraon sa Red Sea. Gayunpaman, posible na si Juan ay nasa isipan ang Deutronomio 32 dahil ang unang parirala ay maaring isang alusyon sa Deutronomio 32:3-4. Ang awit ng Kordero ay naunang napuna sa 5:9 at 14:3. Pansinin na ito awit ng pangkalahatan, hindi indibidwal, kaligtasan (cf. Genesis 3:15).

▣ **"na alipin ng Dios"** Ito ay isang nakakapagparangal na titulo para sa OT mga karakter gaya nina Moses, Josue, at David. Ito marahil ang pinagmulan " tagapaglingkod niKristo" ni Pablo.

## TALATA SA NASB (BINAGO): 15:3b-4

3B"MGA DAKILA AT KAGILAGILALAS ANG IYONG MGA GAWA, OH PANGINOONG DIOS, NA MAKAPANGYARIHAN SA LAHAT; MATUWID AT TUNAY ANG IYONG MGA DAAN, IKAW NA HARI NG MGA BANSA! 4"SINONG HINDI MATATAKOT, OH PANGINOON, AT LULUWALHATIIN ANG IYONG PANGALAN? SAPAGKA'T IKAW LAMANG ANG BANAL; SAPAGKA'T ANG LAHAT NG MGA BANSA AY DARATING AT MAGSISISAMBA SA HARAPAN MO, **sapagka't ang iyong mga matuwid na gawa ay nangahayag."**

▣ **"MGA DAKILA AT KAGILAGILALAS ANG IYONG MGA GAWA"** Ito ay pinagsamang alusyon sa Awit 40:5; 92:5; 111:2; 139:14 at Hosue 14:9.

▣ **"OH PANGINOONG DIOS, NA MAKAPANGYARIHAN SA LAHAT"** Ito ay isang alusyon sa tatlong pinakagamitin na OT mga titulo para sa Diyos (cf. 1:8; 4:8; 11:7; 16:7).
1. "Panginoon" tumutukoy sa YHWH, ang Tagapagligtas, Manunubos, Tipanang Diyos.
2. " Diyos" tumutukoy sa *Elohim*, ang Manlilikha, Tagapagtustos at Tagapagtukod sa lahat ng buhay sa mundo.

3. Ang "Makapangyarihan" tumutukoy sa *El Shaddai*, ang Patriyarkal na pangalan para sa Diyos ni Abraham, Isaac, at Jacob (cf. Exodo 6:3). Tignan Natatanging Paksa sa: Mga Pangalan ng Pagkadiyos sa 1:8.

**"MATUWID AT TUNAY ANG IYONG MGA DAAN"** Sa gitna ng pagdurusa ng mga banal, ang pagbibigay-diin na ito labis na mahalaga (cf. 16:7). Ito ay maaring isang alusyon sa Hosea 14:9.

**NASB, NRSV,**
**TEV, NJB** **"IKAW NA HARI NG MGA BANSA"**
**NKJV** **"O HARI NG MGA BANSA"**

Mayroong tatlong magkaibang mga salin ng talatang ito na nakalaan sa modenrong Englis.

1. "Hari ng mga panahon" (ASV, NIV, REB) na natagpuan sa sinauang Griyegong MSS P[47], א[*,2], at C (cf. I Timoteo 1:17; I Enoch 9:4)
2. "Hari ng mga bansa" (NRSV, TEV, NJB) na natagpuan sa MSS א[a], A, P, at halos lahat na mga miniskula (cf. v. 4; Jeremias 10:7)
3. "Hari ng mga banal" (NKJV) MSS 296, 2049 (Metzter, *Textual Commentary*, p. 753) na nagmumula sa isang maling pag-unawa sa isang lumang Latinong teksto

Opsyon #2 ay marahil ang orihinal. A n g UBS[4] ay nagbibigay ng "B" antas (halos tiyak).

**15:4 "SINONG HINDI MATATAKOT, OH PANGINOON, AT LULUWALHATIIN ANG IYONG PANGALAN"** Ito ay ang transyedentang Banal na Isa ng nilikha (cf. 14:7; Jeremias 10:7-10). Ngunit Siya ay nagaalok ng kaligtasan sa sinoman at sa lahat na may takot sa Kanya at magluluwalhati sa Kanyang pangalan.

**"SAPAGKA'T IKAW LAMANG ANG BANAL; SAPAGKA'T ANG LAHAT NG MGA BANSA AY DARATING AT MAGSISISAMBA SA HARAPAN MO"** Sa OT propesiya lahat ng mga bansa ay isang araw dadaloy sa Jerusalem (cf. Awit 22:27; 66:4; 86:9; Isaias 2:2-4; 19:19-24; 27:13; 56:7; 66:19-24; Malakias 1:11). Si Juan ay gumagamit ng OT propesiya at pag-iimahe upang ilarawan ang unibersal na kaligtasan. Ang Jerusalem ng OT ay naging makalangit na Jerusalem ng naniniwalang Hudyo at Hentil. Ang aklat na ito ay hindi nakapokus sa Hudyo laban sa Hentil na gaya ng OT, ngunit sa mga mananampalataya laban sa di-mga mananampalataya (ikumpara Isaias 45:23 sa Felipos 2:9-11). Tignan Krusyal na Panimula sa pasimula ng komentaryo.

## TALATA SA NASB (BINAGO): 15:5-8

**[5]At pagkatapos ng mga bagay na ito ay tumingin ako, at ang santuario ng tabernakulo ng patotoo sa langit ay nabuksan, [6]At sa santuario ay nagsilabas ang pitong anghel na may pitong salot, na nararamtan ng mahalagang bato, tunay at makintab, at nangabibigkisan ng gintong pamigkis ang kanilang mga dibdib. [7]At isa sa apat na nilalang na buhay ay nagbigay sa pitong anghel ng pitong mangkok na ginto na puno ng kagalitan ng Dios, na siyang nabubuhay magpakailan kailan man. [8]At napuno ng usok ang santuario mula sa kaluwalhatian ng Dios, at sa kaniyang kapangyarihan; at sinoman ay hindi nakapasok sa santuario, hanggang sa matapos ang pitong salot ng pitong anghel.**

**15:5 "at ang santuario ng tabernakulo ng patotoo sa langit ay nabuksan"** Sa 4:1 isang pintuan san langit ay binuksan para kay Juan; sa 11:19 ang Arko ng Tipan ay lumitaw sa templo para sa mga mananampalataya upang makita. Ngayon ang buong maka langit na tabernakulo ay lumitaw (cf. Exodo 25:9,40; 38:21; Bilang 10:11; 17:7; Acts 7:44). Ang OT alusyon na ito ay nahubog sa Hebreo 8:5 at 9:23. Ang pampanitikang yunit na ito ay ginagamit ang Exodo at ang Paglalagalag sa Ilang na Periyod bilang isang OT senaryo. Ito ay nagsisimbolo ng ikalawa at sukdulang Exodo mula sa pagkakaalipin (alipin sa kasalanan).

**15:6 "nakasuot ng linen, malinis at maliwanag"** Ang mga pitong malanghel na nilalang ay nagmula sa pinalooban na bahagi ng templo ng langit, na nagpapakita ng kanilang awtoridad dahil sila ay nagmula sa pinakapresensya ng Diyos. Sa rabinikal na Judaismo mayroong pitong makapangyarihang mga anghel na pumapalibot sa trono ng Diyos, tinawag na "ang mga anghel ng presensya."

Ang kanilang kasuutan ay inilarawan bilang (1) "linen" (*linon* o *linoun* [P[47]]) na sinusuot ng mga saserdote sa Exodo 28:4 (UBS[4], "B" antas) o (2) ang ASV ay isinasalin ito bilang "mamahaling bato" (*lithon*) na sumusunod sa Griyegong unsyal na mga manuskrito A at C, at maaring isang alusyon sa Ezekiel 28:13 bilang isang malanghel na kasuutan ng Hardin ng Eden.

Kung ang dalawang pangunahing mga presuposisyon ng tekstwal na kritisismo (tignan Apendise): (1) ang pinamahirap na pagbabasa ay marahil angh orihinal at (2) ang pagbabasa na pinakamainam na nakapagpaliwanag sa mga baryante ang marahil ang orihinal, magkagayon "bato" ay ang pinaposible piliin.

**"at nangabibigkisan ng gintong pamigkis ang kanilang mga dibdib"** Ito ay napakakapareho sa anghel na natagpuan sa Daniel 10:5 o kay Kristo Mismo sa Pahayag 1:18. Ang mga ito ay ang halatang napakamakapangyarihang mga anghel na kumakatawan sa Diyos o kay Kristo.

**15:7 "ng pitong mangkok na ginto na puno ng kagalitan ng Dios"** Ang mga mababaw na ginintuang mga mangkok ay binanggit sa 5:8, kung saan sila ay naglalaman ng mga panalangin ng mga banal. Mayroong isang koneksyon sa buong Pahayag sa mga panalangin ng Kanyang inusig na mga anak at ang poot ng Diyos sa di-mga mananampalataya (tignan puna sa 7:14).

▣ **"na siyang nabubuhay magpakailan kailan man"** Ito ay isang panunumpa batay sa ugat na kahulugan ng termino YHWH (cf. Exodo 3:14). Si YHWH ay ang tanging nabubuhay na Isa; lahat na ano paman ay kumukuha ng buhay sa Kanya. Tignan Natatanging Paksa sa: Mga Pangalan ng Pagkadiyos sa 1:8.

Para sa "magpakailanman" tignan Natatanging Paksa sa 1:6.

**15:8 "At napuno ng usok ang santuario mula sa kaluwalhatian ng Dios"** Ito ay ang karaniwang OT deskripsyon ng presensya ng Diyos (cf. Exodo 19:18; 40:34; I Hari 8:10-11; II Cronico 5:13-14; Isaias 6:4). Ito ay isang alusyon sa *Shekinah* ulap ng kaluwalhatian na kumakatawan sa presensya ng Diyos sa Israel sa panahon ng Exodo. Ngunit dahil sa kontekstwal na koneksyon sa mga mangkok, ito ay maaring tumutukoy sa kasaganaan ng insenso na kumakatawan sa mga panalangin ng mga anak ng Diyos para sa katarungan.

### NATATANGING PAKSA: KALUWALHATIAN (*DOXA*)

Ang biblikal na konsepto ng "kaluwalhatian" ay napakahirap na bigyan kahulugan. Ang kaluwalhatian ng mga mananampalataya ay nauunawaan nila at ebanghelyo at kaluwalhatian ng Diyos, hindi sa kanilang mga sarili (cf. 1:29-31; Jeremias 9:23-24).

Sa OT ang pinakakaraniwang Hebreong salita para sa "kaluwalhatian" (*kbd*, BDB 217) ay orihinal na komersyong termino nauugnay sa pares ng timbang ("maging mabigat"). Na anomang mabigat at mahalaga o may intrinsikong kahalagahan. Madalas ang konsepto ng kaningningan ay idinadagdag sa salita upang ipahayag ang kamaharlikaan ng Diyos (cf. Exodo 19:16-18; 24:17; Isaias 60:1-2). Siya lamang ang nararapat at kagalang-galang. Siya rin ay napakakinang para sa makasalanang sangkatauhan na pagmasadan (cf. Exod 33:17-23; Isaias 6:5). Si YHWH ay makikilala lamang sa pamamagitan ni Kristo (cf. Juan 12:45; 14:8-11; Colossas1:15; Hebreo 1:3). Ang terminong "kaluwalhatian" ay parang may kalabuan.

1. ito ay maaring kahanay sa "ang katuwiran ng Diyos"
2. ito ay maaring tumutukoy sa "kabanalan" o "perpeksyon" ng Diyos

ito ay tumutukoy sa imahe ng Diyos nang ang sangkatauhan ay nilikha (cf. Genesis 1:26-27; 5:1; 9:6), ngunit sa kalaunan ay nasira dahil sa rebelyon (cf. Genesis 3:1-21). Ito ay unang ginamit sa presensya ni YHWH sa Kanyang bayan sa panahon ng Paglalagalag sa Ilang na Periyod sa Exodo 16:7,10; Levitico 9:23; at Bilang 14:10.

▣ **"at sinoman ay hindi nakapasok sa santuario, hanggang sa matapos ang pitong salot ng pitong anghel."** Ito ay posibleng nangahulugan na walang makakapigil sa poot ng Diyos kapag ito ay nagsimula na. Ang poot na ito ay napakahirap na iugnay ng teolohikal sa 16:9 at 11, na nagpapahiwatig na ang pagtutubos ay siyang layunin pa rin, maging sa mga mangkok ito parin ay pag-asa at nagintensyon na ang makasalanang sangkatauhan, ginawa sa imahe ng Diyos, ay magsisisi at babaliks a Kanya!

# PAHAYAG 16

### TALATA SA NASB (BINAGO): 16:1

[1]**At narinig ko ang isang malakas na tinig na mula sa santuario, na nagsasabi sa pitong anghel, "Humayo kayo, at ibuhos ninyo ang pitong mangkok ng kagalitan ng Dios sa lupa."**

**16:1 "At narinig ko ang isang malakas na tinig na mula sa santuario, na nagsasabi sa pitong anghel"** Pahayag 15:8 nagpapakita na ito dapat ay boses ng Diyos sa Kanyang sarili. Ang huling grupong ito ng mga anghel ay may sukdulang awtoridad upang wasakin ang daigdig ng Diyos. Sa OT ang anghel ng kamatayan at ang anghel ng pagkawasak ay mga tagapaglingkod ng Diyos, hindi ni Satanas.

▣ **"Humayo kayo, at ibuhos ninyo ang pitong mangkok ng kagalitan ng Dios sa lupa"** Ito ay isang OT simbolo para sa paghahatol ng Diyos sa di-naniniwalang mga bansa (cf. Awit 79:6; Jer 10:25; Ezekiel 22:31; Zephania 3:8). Ang terminong ito ay ginamit ng madalas sa kontekstong ito para sa poot ng Diyos di-mga mananampalataya (tignan puna sa 7:14, cf. vv. 1,2,3,4,8,10,12,17) dahils sa

1. kanilang pamumusong (cf. v. 9)
2. kanilang pag-uusig sa mga mananampalataya (cf. v. 6)
3. kanilang katigasan ng ulo na tumangging magsisisi (cf. 9:20-21; 16:9-12) Para "poot ng Diyos" Tignan buong

puna sa 7:14.

**TALATA SA NASB (BINAGO): 16:2**

**[2]At humayo ang una, at ibinuhos ang kaniyang mangkok sa lupa; at naging sugat na masama at mabigat sa mga taong may tanda ng hayop na yaon, at nangagsisamba sa kaniyang larawan.**

**16:2** Ang unang mangkok ay napakapareho ng isa sa Ehiptong mga sumpa (cf. Exodo 9:10-11). Ang ilan ay nakita ito bilang kaugnay sa Deutronomio 28:35, na pagsusumpa at pagpapalang seksyon ng panibagong tipan ni Moses. Dapat na punahin na, gaya ng Ehiptong mga sumpa, ang mga sumpang ito ay di-mga mananampalataya.

**TALATA SA NASB (BINAGO): 16:3**

**[3]At ibinuhos ng ikalawa ang kaniyang mangkok sa dagat; at naging dugo na gaya ng isang patay; at bawa't kaluluwang may buhay, sa makatuwid ay ang nangasa dagat ay nangamatay.**

**16:3-4** Ang ikalawa at ikatlong mga mangkok na kahanay ng ikalawa at ikatlong mga trumpeta (cf. Pahayag 8:8-11) at nagpakita rin ng Exodong mga sumpa sa Exodo 7:17-21; Awit 78:44.

**TALATA SA NASB (BINAGO): 16:4-7**

**[4]At ibinuhos ng ikatlo ang kaniyang mangkok sa mga ilog at sa mga bukal ng tubig; at nangaging dugo. [5]At narinig ko ang anghel ng tubig na nagsasabi, "Matuwid ka, na ngayon at nang nakaraan, Oh Banal, sapagka't humatol ka na gayon; [6]Sapagka't ibinuhos nila ang dugo ng mga banal at ng mga propeta, at pinainom mo sila ng dugo; ito'y karapatdapat sa kanila." [7]At narinig ko ang dambana na nagsasabi "Oo, Oh Panginoong Dios, na Makapangyarihan sa lahat, tunay at matuwid ang iyong mga hatol."**

**16:5 "ang anghel ng tubig"** Ito ay maaring magpakita ng intertestamental Hudyong apokaliptiko terminolohiya ng I Enoch 66:2. Sa Pahayag mayroong naging isang anghel na nakatalaga sa hangin (cf. 7:1) at isang anghel na nakatalaga sa apoy (cf. 14:8), kaya ito ay karaniwan na makakita ng isang anghel na nakatalaga sa tubig. Muli, ang malanghel pamamagitan at aktibidad ay karaniwan sa intertestamental apokaliptikong panitikan. Dapat nating iinterpret ang Pahayag ayon sa sariling dyanra nito, sa kanyang panahon, at ating modernong kanluraning teolohikal na mga sistema ng eskatolohiya.

▣ **"Matuwid ka"** Ito ay isang alusyon sa awit ni Moses sa Deutronomio 32 (lalo na ang v. 5) o posibleng Awit 119:137.

▣ **"siya na at siya na naging"** Pansinin na walang panghinaharap na elemento ng gaya sa 1:4,8; 4:8, dahil walang panghinaharap na panahon (cf. 11:17). Ito ay ang katapusan! Ito ay puno ng layunin; pansinin na ang tatluhang designasyon ng 1:4. Wala na! Ang katapusan ay (i.e., *Parousia*) ay naipahayag ng ilang beses sa Pahayag, hindi lamang sa kabanata 19. Bawat mga selyo, mga trumpeta, at mga mangkok ay nagtapos sa Ikalawang Pagdating at kulminasyon ng kasaysayan. Ito ang dhailan kung bakit aking naisip na ang rekapitulasyong teorya na para sa interpretasyon ng Pahayag ay pinakamainam!

**16:6 "Oh Banal"** Tignan Natatanging Paksa sa 5:8.

▣ **"mga propeta"** Para sa OT Propesiya tignan Natatanging Paksa sa 10:7. Tignan Natatanging Paksa sa ibaba.

**NATATANGING PAKSA: PROPESIYA NG BAGONG TIPAN**

I. Hindi ito kapareho ng OT na propesiya (BDB 611), na mayroong rabinikal na konotasyon ng kinasihang pahayag mula kay YHWH (cf. Mga Gawa 3:18,21; Roma 16:26). Tanging ang mga propeta lamang ang makakasulat ng Kasulatan.
   A. Si Moses ay tinawag na propeta (cf. Deuteronomio 18:15-21).
   B. Kasaysayang mga aklat (Joshua - Hari [except Ruth]) ay tinawag na "dating mga propeta" (cf. Mga Gawa 3:24).
   C. Ang mga propeta ay umaagaw sa lugar ng Punong Saserdote bilang isang pinagmumulan ng impormasyon (cf. Isaias - Malakias)
   D. Ang ikalawang pagkakahati ng Hebreong canon ay "ang mga Propeta" (cf. Mateo 5:17; 22:40; Lucas 16:16; 24:25,27; Roma3:21).

II. Sa NT ang konsepto ay ginamit ng ilang beses sa magkakaibang mga kaparaanan.
   A. tumutukoy sa mga OT na mga propeta at ang kanilang kinasihang mensahe (cf. Mateo 2:23; 5:12; 11:13; 13:14; Roma 1:2).

B. tumutukoy sa isang mensahe para sa indibidwal kaysa sa isang sama-samang grupo (i.e.,ang mga OT na propeta ay nagsalita ng unang-una sa Israel)

C. tumutukoy sa parehong Juan na Tagabautismo (cf. Mateo 11:9; 14:5; 21:26; Lucas 1:76) at kay Hesus bilang tagaproklama ng Kaharian ng Diyos (cf. Mateo 13:57; 21:11,46; Lucas 4:24; 7:16; 13:33; 24:19). Si Hesus rin ay nag-aangkin ng mas higit pa kaysa sa mga propeta (cf. Mateo 11:9; 12:41; Lucas 7:26).

D. ibang mga propeta sa NT

1. mas maagang buhay ni Hesus ay naitala sa Ebanghelyo ni Lucas (i.e., mga alaala ni Maria)
    a. Elizabeth (cf. Lucas 1:41-42)
    b. Zacharias (cf. Lucas 1:67-79)
    c. Simeon (cf. Lucas 2:25-35)
    d. Anna (cf. Lucas 2:36)
2. mga kabalintunaang prediksyon (cf. Caiaphas, Juan 11:51)

E. tumutukoy sa isang taon na nagproproklama ng Ebanghelyo (ang listahan ng nagproproklamang mga kaloob sa I Corinto 12:28-29; Efeso 4:11)

F. tumutukoy sa kasalukuyang pagkakaloob sa iglesya (cf. Mateo 23:34; Mga Gawa 13:1; 15:32; Roma 12:6; I Corinto 12:10,28-29;13:2; Efeso 4:11). Minsan ito ay pwedeng tumukoy sa isang babae (cf. Lucas 2:36; Mga Gawa 2:17; 21:9; I Corinto 11:4-5).

G. tumutukoy sa apokaliptikong aklat ng Pahayag (cf. Pahayag 1:3; 22:7,10,18,19)

III. NT mga propeta

A. Hindi sila nagbibigay ng kinasihang Pahayag ng kagaya ng ibig sabihin ng sa OT na mga propeta (i.e., Kasulatan). Ang pananalitang ito ay posible sapagkat sa pagkakagamit ng talata na " ang pananampalataya" (i.e., isang pakahulugan ng natapos na Ebanghelyo) ginamit sa Mga Gawa 6:7; 13:8; 14:22; Galacia 1:23; 3:23; 6:10; Filipos 1:27; Jude 3,20.

Ang konseptong ito ay malinaw mula sa buong pasehe na ginamit sa Jude 3, "ang pananampalataya na isa para sa lahat ay ipinagkatiwala sa mga banal." Ang "isa para sa lahat" na pananampalataya ay tumutukoy sa mga katotohanan, mga doktrina, mga konsepto, mga katuruan , mga katuruan sa mga pananaw ng mundo ng Kristyanismo. Ang isahang pagbibigay ay nagdidiin sa Biblikal basihan para sa teolohikal na paglilimita ng insiprasyon sa mga kasulatan ng NT at hindi pagpayag sa mga nahuli o ibang mga kasulatan na ikinokonsidera na kapahayagan. Mayroong maraming kalabuan, walang katiyakan at nakapagdududa na mga lugar sa NT, ngunit ang mga mananampalataya ay naninindigan sa pamamagitan ng pananampalataya na ang lahat na "kailagan" para sa pananampalataya at pamumuhay ay kasamang sapat at malinaw sa NT. Ang konseptong ito ay naging isang hugis na tinawag na " ang kapaha-pahayag na tatsulok"

1. Ang Diyos ay ipinahayag ang Kanyang sarili sa panahon-espasyo (PAHAYAG)
2. Pinili Niya ang ilang mga taong manunulat upang idokumento at ipaliwanag ang Kanyang Mga Gawa (INSPIRASYON)
3. Ibinigay Niya ang Kanyang Espiritu upang buksan ang mga isipan at mga puso ng mga tao sa paguunawa ng mga kasulatang ito, hindi ng lubusan, ngunit sapat para sa kaligatasan at epektibong pamumuhay Kristyano (ILUMINASYON). Ang punto ng inspirasyong ito ay upang limitahan ang mga manunulat ng Kasulatan. Wala ng mas higit na awtoridad na mga kasulutan, pangitain, mga kapahayagan. Ang canon ay sarado na. Mayroon na tayong sapat na katotohanan na kailangan natin upang tumugon ng tama sa Diyos. Ang katotohanang ito ay mainam na Makita ng may kasunduan sa mga Biblikal na mga manunulat laban sa walang pagkakasundo ng mga sinserong, mabuting mananampalataya. Walang modernong manunulat o tagapagsalita ay may lebel ng banal na pamumuno na gaya ng sa mga manunulat na Kasulatan.

B. Sa ilang mga kaparaanan ang mga NT na mga propeta ay may pagkakahawig sa mga OT na mga propeta.

1. prediksyon sa hinaharap na pangyayari (cf. Pablo, Mga Gawa 27:22; Agabus, Mga Gawa 11:27-28; 21:10-11; ibang hindi pinangalanang mga propeta, Mga Gawa 20:23)
2. pagproproklama ng paghahatol (cf. Pablo, Mga Gawa 13:11; 28:25-28)
3. simbolikong mga gawa na malinaw na nagpapakita ng isang pangyayari (cf. Agabus, Mga Gawa 21:11)

C. Sila rin ay nagproproklama ng mga katotohanan ng Ebanghelyo minsan sa kaparaanan ng prediksyon (cf. Mga Gawa 11:27-28; 20:23; 21:10-11), ngunit hindi ito ang pangunahing pokus. Ang pagpropropesiya sa

I Corinthians ay isang pagkikipagkomunikasyon ng Ebanghelyo (cf.14:24,39).

D. Sila ay pangkasalukuyang kaparaanan ng Espiritu upang ihayag ang pangkasalukuyan at praktikal na aplikasyon ng mga katotohanan ng Diyos sa bawat bagong sitwasyon, kultura, o panahon (cf. I Corinto 14:3).

E. Sila ay mga aktibo sa sinaunang iglesya na naitatag ni Pablo (cf. I Corinto 11:4-5; 12:28,29; 13:2,8,9; 14:1,3,4,5,6,22,24,29,31,32,37,39; Efeso 2:20; 3:5; 4:11; I Thesalonica 5:20) at binanggit sa *Didache* (isinulat sa huling unag siglo o sa ikalawang siglo, ang petsa ay di-tiyak) at sa Montanismo ng ikalawa at ikatlong siglo ng hilagang Africa.

IV. Ang mga NT na kaloob ay naglaho na ba?

A. Ang katanungang ito ay mahirap sagutin. Tumutulong itong linawain ang isyu sa pagpapaliwanag ng layunin ng mga kaloob. Sila ba ay para makompirma ang paunang pangangaral ng Ebanghelyo o sila ay patuloy na daan para sa pagministeryo sa sarili at sa naliligaw na mundo?

B. Kailangan bang tumingin muli sa kasaysayang ng iglesya o sa Does o NT na mismo? Walang indikasyon sa NT na ang mga espiritwal na mga kaloob ay pansamantala lamang. Yaong mga tao na sinubukang gamitin ang I Corinto 13:8-13 upang talakayain ang isyung ito ay inaabuso ang may-akdang intensyon ng talata, na nagnindigan na ang lahat ng bagay maliban sa pag-ibig ay mawawala.

C. Natutukso akong sabihin na dahjil sa ang NT, hindi ang kasaysayan ng iglesya, ang awtoridad, ang mga mananampalataya ay dapat tanggapin na ang mga kaloob ay nagpapatuloy. Gayumpaman, ako naniniwala na ang kultura ay nakakaapekto sa interpretasyon. Ang ilang napakalinaw na mga teksto ay hindi na maaring gamitin (i.e.,ang banal na halik, mga babae na nagsusuot ng belo, mga pagtitipon ng iglesyo sa mga tahanan, atbp). Kung ang kultura ay nakakaapekto sa mga teksto, bakit hindi ang kasaysayan ng iglesya?

D. Ito ay simpleng katanungan na hindi maliwanag na masasagot. Ang ilang mga mananampalataya ay maglalayon sa "tumigil" at ang iba ay "hindi-tumigil." Sa lugar na ito, gaya ng maraming isyung interpretasyon, ang puso ng mananampalataya ang susi. Ang NT ay may kalabuan at kultural. Ang kahirapan ay sa kakayanang magdesisyon ng kung anung teksto ang apektado ng kultura/kasaysayan at alin ang para sa lahat ng panahon at para sa lahat ng kultura (cf. Fee at Stuart's *How to Read the Bible for All Its Worth*, pp. 14-19 at 69-77). Narito kung saan ang talakayan ng kalayaan at responsibilidad, na matatagpuan sa Roma 14:1-15:13 at I Corinto 8-10, ay krusyal. Paano natin sagutin ang katanungan ay mahalaga sa dalawang paraan.

1. Ang bawat mananampalataya ay dapat ng lumakad ayon sa ilaw na meron sila. Ang Diyos ay tumitingin sa puso at mga motibo.
2. Ang bawat mananampalataya ay dapat pagbigyan ang ibang mga mananampalataya na lumakad ayon sa kanilang pagkakaunawa sa pananampalataya. Mayroon dapat pagpapaubaya na naaayon sa biblikal na hangganan. AngDiyos ay nagnanais na tayo ay magmahala sa bawat isa gaya ng ginagawa Niya.

E. Kung bubuudin ang isyu, ang Kristyanismo ay buhay ng pananampalataya at pag-ibig, hindi perpektong teolohiya. Isang relasyong kasama Niya na nakakaapekto sa ating relasyon sa ibang tao ang mas higit na mahalaga kaysa sa malinaw na impormasyon o perpektong kredong paniniwala.

**16:7 "At narinig ko ang dambana na nagsasabi"** Ang mga sungay ng altar ay nagsalita na sa 9:13. Ito ay tila upang tumukoy sa (1) mga kaluluwa na nasa ilalim ng altar (cf. 6:9; 14:18) o (2) ang mga panalangin ng mga anak ng Diyos (cf. 8:3-5). Ito ay maarin ring isang simpleng personapikasyon para sa grapikong pagbibigay-diin.

▣ **"Oh Panginoong Dios, na Makapangyarihan sa lahat"** Tignan puna sa 15:3b at ang Natatanging Paksa sa 1:8.

▣ **"tunay at matuwid ang Iyong mga paghahatol"** Ito ay maaring isang alusyon sa Awit 19:9; 119:137. Ito ay isang nakatutulong na paalala sa gitna ng ng matinding persekusyon tungo sa mga Kristyano(cf. 15:4 and 19:2). Ang Diyos ay aayusin ang lahat ng bagay balang araw!

## TALATA SA NASB (BINAGO): 16:8-9

**8 At ibinuhos ng ikaapat ang kaniyang mangkok sa araw; at ibinigay nito sa kaniya ng masunog ng apoy ang mga tao. 9 At nangasunog ang mga tao sa matinding init: at sila'y namuawit sa pangalan ng Dios na may kapangyarihan sa mga salot na ito; at hindi sila nangagsisi upang siya'y luwalhatiin.**

**16:8** Ang ikaapat na mangkok ay kahawig sa ikaanim na selyo ng 6:12 at napakapareho sa ikaapat na trumpeta ng 8:12.

▣ **"tunay at matuwid ang iyong mga hatol"** Ang araw ay binigyan katauhan sa Awit 19:1-6. Ang Diyos ay nagkokontrol sa maka-langit na mga nilikha (cf. Genesis 1:14-19). Hindi sila mga diyos. Sila nga ay may tungkulin bilang mga mensahero (natural na kapahayagan) at mga tanda para sa mga panahon (para sa pagsamba).

## NATATANGING PAKSA: APOY

Ang apoy ay mayroong parehong positibo at negatibo mga konotasyon sa Kasulatan.

A. Positibo
1. nagpapainit (cf. Isaias 44:15; Juan 18:18)
2. nagbibigay liwanag (cf. Isaias 50:11; Mateo 25:1-13)
3. nakakaluto (cf. Exodo 12:8; Isaias 44:15-16; Juan 21:9)
4. nagpapadalisay (cf. Bilang 31:22-23; Kawikaan 17:3; Isaias 1:25; 6:6-8; Jeremias 6:29; Malakias 3:2-3)
5. kabanalan (cf. Genesis 15:17; Exodo 3:2; 19:18; Ezekiel 1:27; Hebreo 12
6. pangunguna ng Diyos (cf. Exodo 13:21; Bilang 14:14; I Hari 18:24)
7. pagpapalakas ng Diyos (cf. Mga Gawa 2:3)
8. Proteksyon (cf. Zacarias 2:5)

B. Negatibo
1. nagsusunog (cf. Joshua 6:24; 8:8; 11:11; Mateo 22:7)
2. sumisira (cf. Genesis 19:24; Levitico 10:1-2)
3. galit (cf. Bilang 21:28; Isaias 10:16; Zacarias 12:6)
4. kaparusahan (cf. Genesis 38:24; Levitico 20:14; 21:9; Joshua 7:15)
5. huwad na eskatolohikal na tanda (cf. Pahayag 13:13)

C. Ang galit ng Diyos laban sa kasalanan ay ipinapakita sa apoy na mga metapora
1. Ang Kanyang galit ay nakakasunog (cf. Osea 8:5; Zepanias 3:8)
2. Siya ay nagbubuhos ng apoy (cf. Nahum 1:6)
3. walang hanggang apoy (cf. Jeremias 15:14; 17:4)
4. eskatolohikal na paghahatol (cf. Mateo 3:10; 13:40; Juan 15:6; II Thesalonica 1:7; II Pedro 3:7-10; Pahayag 8:7; 16:8)

D. Gaya ng maraming mga metapora sa Bibliya (i.e., lebadura, leon) ang apoy ay maaring pagpapala p isang sumpa depende sa konteksto.

**16:9 "at hindi sila nangagsisi upang siya'y luwalhatiin"** Ang layunin ng poot ng Diyos ay pagtutubos sa mga selyo at mga trumpeta (cf. 9:20-21; 14:6-7; 16:9,11), bagamat ang matitigas, mapanghimagsik na sangkatauhan ay tumangging magsisi. Sa mga mangkok ang pag-asa ng pagsisisi ay lumipas na; tangin paghahatol ang nanatili!

## TALATA SA NASB (BINAGO): 16:10-11

**[10]At ibinuhos ng ikalima ang kaniyang mangkok sa luklukan ng hayop na yaon; at nagdilim ang kaniyang kaharian; at nginatngat nila ang kanilang mga dila dahil sa hirap, [11]At sila'y namuawit sa Dios ng langit dahil sa kanilang mga hirap at sa kanilang mga sugat; at hindi sila nangagsisi sa kanilang mga gawa.**

**16:10 "ikalima ang kaniyang mangkok sa luklukan ng hayop na yaon"** Ang trono ni Satanas ay ibinigay sa hayop sa 11:7. Ang kanyang kapangyarihan ay inilarawan sa 13:2ff. Ito ay tila tumutukoy sa kapital na siudad ng kanyang pangwakas na panahong, isang mundong pamahalaan.

▣ **"kaniyang kaharian"** Si Satanas ay ginagaya ang Diyos. Gaya ng ang Diyos ay may kaharian, kaya si Satanas ay may kaharian. Sa buong natitirang mga kabanatang ito ang ministeryo ng Diyos kay Kristo ay pinarodya ng masamang trinidad. Ang kaharian ni Satanas, sa pamamagitan ng hayop, ay internasyonal (cf. 13:14-17).

▣ **"at nagdilim"** Ito ay isa na namang alusyon sa Ehiptong mga sumpa (cf. Exodo 10:21-23). Ang Diyos ay may kontrol sa liwanag (cf. 8:12; 9:2; Genesis 1:5,14-18).

**16:11 "At sila'y namuawit sa Dios ng langit"** Ang mga di-mga mananampalataya na ito ay nakilala ang pinagmulan at dahilan kung para sa ang sakit, ngunit ayaw paring magsisisi at bumalik kay Kristo! Ang mga sumpa sa Ehipto ay ipinadala para ibunyag ang huwad na mga Diyos ng Ehipto at magdulot sa mga taga Ehipto na magtiwala sa Diyos ng Israel. Ang "mga sumpa" ng Deutronomio 27-28 ay ipinadala upang mapanumbalik ang di-naniniwalang Hudyo sa pananampalataya at pagsunod. Ang paghahatol ay may pagtutubos na tunguhin (maliban sa huling isa)!

Ang titulo "ang Diyos ng langit" ay ginamit ng nauna sa 11:13 at nagpapakita ng isang Babilonian at Persianong titulo para sa Diyos na ginamit ng madalas ni Daniel (cf. 2:18, tignan ang aking komentaryo sa Daniel sa www.freebiblecommentary.org).

**TALATA SA NASB (BINAGO): 16:12-16**

[12]**At ibinuhos ng ikaanim ang kaniyang mangkok sa malaking ilog na Eufrates; at natuyo ang tubig nito, upang mahanda ang dadaanan ng mga haring mula sa sikatan ng araw.** [13] **At nakita kong lumabas sa bibig ng dragon, at sa bibig ng hayop, at sa bibig ng bulaang propeta, ang tatlong espiritung karumaldumal, na gaya ng mga palaka;** [14] **Sapagka't sila'y mga espiritu ng mga demonio, na nagsisigawa ng mga tanda; na pinaparoonan nila ang mga hari sa buong sanglibutan, upang tipunin sa pagbabaka sa dakilang araw ng Dios, na Makapangyarihan sa lahat.** [15]**("Narito, ako'y pumaparitong gaya ng magnanakaw. Mapalad siyang nagpupuyat, at nagiingat ng kaniyang mga damit, na baka siya'y lumakad na hubad, at makita nila ang kaniyang kahihiyan.")** [16] **At tinipon sila sa dako na sa Hebreo ay tinatawag na Armagedon.**

**16:12 "ibinuhos ng ikaanim ang kaniyang mangkok sa malaking ilog na Eufrates"** Ang ilog na ito ay binanggit sa 9:13-19 nang ang maladenonyong hukbo ay tumawid sa hangganan upang pahirapan ang sangkatauhan. Ang punongtubigan ng Euphrates ay ang hilagang hanagganan ng Lupang Pangako at ang panlabas na mga limitasyon ay ang Romanong Emperyo. Ang posibleng historikal na basehan para sa metaporikal na malademonyong hukbong ito ay ang Parthian kalbaryo. Ang mga mababangis na laban sa Roma na mananakop na ito ay bangungot sa Romanong lehiyon.

▣ **"at natuyo ang tubig nito"** Medyo madalas sa OT ang pagpapatuyo sa tubig ay tinignan bilang isang akto ng Diyos na nakikita sa

1. sa Red Sea (cf. Exodo 14:21)
2. sa Ilog Jordan (Josue 3:17)
3. ilang mga alusyon sa propetiko panitikan (cf. Isaias 11:15-16; 44:27; Jeremias 51:36; Zacarias. 10:11)

Ang pisikal na aktong ito ay nagsisimbolo na ang Diyos ay nagpapahintulot sa pangwakas na panahong labanan na mangyari. Ito ay teolohikal na kahanay sa II Tesalonica 2:6-7, "ano/sino ang nagpipigil."

▣ **"upang mahanda ang dadaanan ng mga haring mula sa sikatan ng araw"** Mayroong naging matinding talakayan sa kung paano "hair ng sikatan ng araw" sa v. 12 ay kaugnay sa "ang mga hari ng buong mundo" sa v. 14:

1. sila ay magkapareho
2. sila ay magkasalungat (Nero Redivivus mitolohiya at ang Parthiang hukbo)
3. ang mga hari ng silangan ay tumutukoy sa hukbo ng Diyos

Kung magkagayonj, ito ay alusyon sa pagtawag ng Diyos sa Kanyang bayan mula sa Babilonia(cf. Isaias 41:2,25; 45:1-3; 46:11). Posible mula sa konteksto na ang mga hari sa silangan ay mga karangkapan ng Diyos upang atikin ang mga hukbo ng hayop (i.e., isang historikal na alusyon sa Parthians na umaatake sa Roma). Gayunpaman, v. 14 at mga kabanata 19 at 20 ay nagpahiwatig na mayroon lamang isang hukbo ng tao at ito ay nagkaisa laban sa Diyos (cf. Awit 2; Jeremias 25:15-26).

**16:13 "dragon, ng hayop, ng bulaang propeta"** Ito ay ang unang pagkakataon na ang ikalawang hayop (cf. 13:11) ay tinawag na "ang huwad na propeta," ngunit mula ngayon siya ay tutukuyin sa pangalan na ito lagi-lagi (cf. 16:13; 19:20; 21:10).

Ang tatlong mga ito ay tumutukoy sa Satanastikong trinidad na tatalunin sa dalawang yugto: ang dalawang mga hayop sa lambak ng Megiddo (cf. vv. 12-16) at si Satanas sa pagtatapos ng paghahari ni Kristo sa mundo (cf. 20:7-10).

▣ **"ang tatlong espiritung karumaldumal, na gaya ng mga palaka"** Ang terminong "marumi" ay ginamit sa NT mga ebanghelyo upang tumukoy sa mga demonyo. Bakit sila kinilala bilang mga palaka ay matinding pinag-aawayan:

1. ito ay isa na namang reperensiya sa Ehiptong mga sumpa (cf. Exodo 8:6)
2. sa Zoroastrianismo ang mga palaka ay ang simbolo ng sukdulang kasamaan
3. sila ay tumutukoy sa maruming mga hayop (cf. Levitico 11:10,31)

## NATATANGING PAKSA: ANG DEMONYO (MASAMANG ESPIRITU)

A. Ang mga sinaunang tao ay mga *animists*. Kanilang inuugnay ang mga sariling katangiang pantao sa mga puwersa ng kalikasan, mga hayop at likas na mga bagay. Ang buhay ay naipaliwanag sa pamamagitan ng pakikipag-ugnayan sa mga espirituwal na nilalang ng sangkatauhan.

B. Ang pagbibigay ng katauhang ito ang naging *polytheism* (maraming diyos). Karamiwang ang mga demonyo (*genii*) ay mga mababang uring diyos o *demi Diyos* (mabuti o masama) na nakaka-apekto sa bawat pamumuhay ng mga tao.

1. Mesopotamia, ganap na kaguluhan at tunggalian
2. Ehipto, kaayusan at tungkulin
3. Canaan, tingna si W. F. Albright sa kanyang *Archaeology and the Religion of Israel*, Ika-5 Edisyon,

pp. 67-92

C. Ang OT ay hindi nagtatalakay o nagsusulong ng paksa patungkol sa mga mababang uring diyos, mga anghel, o ang demonyo, marahil ay dahil sa pagiging mahigpit na paniniwala sa iisang Diyos o *monotheism* (cf. Exodo 8:10; 9:14; 15:11; Deuteronomio 4:35,39; 6:4; 33:26; Awit 35:10; 71:19; 86:8; Isaias 46:9; Jeremias 10:6-7; Micah 7:18). Binabanggit nito ang mga bulaang diyos ng mga paganong bansa (Shedim, cf. Deuteronomio 32:17; Awit 106:37) at pinangalanan nito ang ilan.

1. *Se'im* (mga buktot or mabalahibong demonyo, cf. Levitico 17:7; II Cronika 11:15)
2. *Lilith* (babae, isang mapanlinlang na demonyo, cf. Isaias 34:14)
3. *Mavet* (Hebreong salita para sa kamatayan na ginamit para sa diyos ng Canaan sa kalaliman ng lupa, *Mot*, cf. Isaias 28:15,18; Jeremias 9:21; and possibly Deuteronomio 28:22)
4. *Resheph* (salot, cf. Deuteronomio 32:24; Awit 78:48; Habakuk 3:5)
5. *Dever* (peste, cf. Awit 91:5-6; Habakuk 3:5)
6. *Az'azel* (di-tiyak na pangalan, ngunit maaaring isang demonyo sa disyerto o pangalan ng lugar, cf. Levitico 16:8,10,26) (Ang mga halimbawang ito ay kinuha mula sa *Encyclopaedia Judaica*, tomo 5, p. 1523.)

Datapwat, walang dualismo o pagsasariling maka-anghel mula kay YHWH ang matatagpuan sa OT. Si Satanas ay isang alipin ni YHWH (cf. Job 1-2; Zecharias 3), hindi isang nagsasariling kaaway na may pansariling pamamahala (cf. A. B. Davidson, *A Theology of the Old Testament*, pp. 300-306).

D. Ang Judaismo ay lumago sa panahon ng pagpapatapon sa Babilonya (586-538 B.C.). Ito ay nahikayat sa teolohiya ng mga Persyanong kinakatawang dualismo ng Zoroastrianismo, isang mabuting mataas na diyos na si Mazda o Ormazd at ang masamang katunggaling si Ahriman. Pinahintulutan nito sa loob ng Judaismo pagkatapos ng pagpapatapon ang kinakatawang dualismo sa pagitan ni YHWH at Kanyang mga anghel at si Satanas at ang kanyang mga anghel o mga demonyo.

Ang teolohiya ng Judaismo ng kinatawang kasamaan ay ipinaliwanag at mahusay na itinala ni Alfred Edersheim sa kanyang *The Life and Times of Hesus the Messiah*, tomo 2, dahong-dagdag XIII (pp. 749-863) at XVI (pp. 770-776). Ang Judaismo ay kinakatawan ang kasalanan sa tatlong mga kaparaanan.

1. Satanas o Sammael
2. ang masamang hangarin (yetzer hara) sa loob ng sangkatauhan
3. ang Anghel ng Kamatayan

Pinapakilala nito ni Edersheim bilang (1) ang Tagapagsumbong; (2) ang Tagapagtukso; and (3) ang Tagapagparusa (tomo 2, p. 756). Ito ay isang tinandaang pagkakaiba sa teolohiya sa pagitan ng Judaismo pagkatapos ng pagpapatapon at ng pagpapakilala ng at pagpapaliwanag ng kasalanan sa NT.

E. Ang NT, lalo na sa mga Ebanghelyo, ay binibigyang-diin ang pag-iral at pagsalungat ng mga masasamang Espirituwal na nilalang sa sangkatauhan at kay YHWH (sa Judaismo, si Satanas ay isang kaaway ng sangkatauhan, ngunit hindi sa Diyos). Sinasalungat nila ang kalooban, pamumuno, at kaharian ng Diyos.

Hinarap at pinalayas ni Hesus ang mga demonyong nilalang, tinatawag ding (1) mga karumal-dumal na espiritu (cf. Lucas 4:36; 6:18) o (2) mga masasamang Espiritu (cf. Lucas 7:21; 8:2), na galing sa mga tao. Si Hesus ay maliwanag ang ginawang kaibahan sa pagitan pagkakasakit (pisikal at mental) at ang demonyo. Ipinahayag Niya ang Kanyang kapangyarihan at espirituwal na kaunawaan sa pamamagitan ng pagkakilala at pagpapaalis sa mga masasamang espiritu. Kadalasang nilang nakikilala Siya at nagtatangkang kausapin Siya, ngunit itinakwil ni Hesus ang kanilang patotoo, inutusang manahimik, at pinalayas. Ang mga pagpapalayas ng demonyo ay isang tanda ng pagkatalo ng kaharian ni Satanas.

May nakakakagulat na kakulangan ng kaalaman sa mga sulat ng mga Apostol sa NT sa paksang ito. Ang pagpapalayas ng demonyo ay hindi kailanman nakatala bilang isa sa espirituwal na kaloob, o isa sa kaparaanan o tuntuning ipagkakaloob sa mga susunod na mga salinlahi ng mga mangangaral o mga mananampalataya.

F. Ang kasamaan ay totoo; ang kasamaan ay personal; ang kasamaan ay umiiral. Maging ang kanyang simula o ang kanyang layunin ay hindi naihayag. Ang Bibliya ay nagpapahayag ng kanyang katunayan at tahasang tinututulan ang kanyang impluwensya. Walang tunay na dualismo sa katotohanan. Ang Diyos ay nakapangyayari nang lubusan; ang kasamaan ay talunan at nahatulan na at tatanggalin sa mga linikha.

G. Kailangang labanan ng mga tao ng Diyos ang kasamaan (cf. Santiago 4:7). Hindi dapat sila supilin nito (cf. I Juan 5:18), ngunit maaari silang matukso at ang kanilang patotoo and impluwensiya ay mapinsala (cf. Efeso 6:10-18). Ang kasamaan ay isang hayag na bahagi ng pangmundong pananaw ng mga Kristiyano. Ang makabagong Kristiyano ay walang karapatang baguhin ang kahulugan ng kasamaan (ang *demythologizing* ni Rudolf Baltmann); gawing hindi personal ang kasamaan (ang panlipunang kayarian in Pablo Tillich), o tangkaing ipaliwanag nang lubusan sa pamamagitan ng mga salitang sikolohikal (Sigmund Freud). Ang kanyang impluwensya ay mapanghikayat, ngunit talunan. Ang mga mananampalataya ay

kailangang lumakad sa tagumpay ni Kristo!

**16:14 "sila'y mga espiritu ng mga demonio, na nagsisigawa ng mga tanda"** Nakakawili na punahin na ang mga tanda at himala na ito ay magdadala sa lahat ng di-mananampalataya sa pagkaligaw, ngunit maging sa ilang mga anak ng Diyos (cf. 13:13; Mateo 24:24; Marcos 13:22; II Tesalonica 2:9-11). Ang huling pampanitikang yunit (ang mga mangkok) ay isang pagkukumpara sa pagitan ng kung ano ang mangyayari sa mga anak ng Diyos at ano ang mangyayari sa naninirahan sa mundo. Si Kristo ay nagsasalita ng mga salita ng katotohanan, katuwiran, at habag upang magdala ng kapayapaan sa mundo, ngunit ang malademonyong mga palaka ay nagsasalita ng kasinungalingan at dinadala ang mga bansa sa digmaan.

▣ **"na pinaparoonan nila ang mga hari sa buong sanglibutan,"** Ito ay maaring isang alusyon sa Awit 2:2, na nagbubuo ng pagiimahe ng huling mga kabanatang ito ng Pahayag.

▣ **"upang tipunin sa pagbabaka sa dakilang araw ng Dios"** Ang deskripsyon ng isang pangwakas na panahong labanan ay pumitaw sa 6:2-8; 11:7-10; 12:17; 16:14; 17:14; 19:19 at 20:8. Ito ay posibleng na ang lahat ng mga tio ay kumatawan sa isang labanan mula sa magkaibang perspektibo (i.e., pararelismo).

**16:15** Ang parentetikal na parirala ay naglalaman ng mga salita ni Kristo na idinagdag upang magpalakas ng loob at magbabala sa bayan ng Diyos. Ito ay ang ikatlo sa pitong mga pagpapala sa mga mananampalataya (cf. 1:3; 14:13; 16:15; 19:9; 20:6; 22:7,14).

▣ **"ako'y pumaparitong gaya ng magnanakaw"** Ang mga salitang ito ni Hesus (cf. Mateo 24:43-44; Lucas 12:39-40) ay ginamit ng nauna sa Pahayag 3:3 at ipinahiwatig sa I Tesalonica 5:2 at II Pedro 3:10. Ito ay tila tumutukoy sa anomang panahon, dagliang pagdating ni Kristo sa paghahatol at ang *Parousia* (Ikalawang Pagdating).

## NATATANGING PAKSA: ANG IKALAWANG PAGDATING

Ang literal nito ay "hanggang ang *parousia,*" na ibig sabihin "presensya," at ginamit sa maharlikang pagbisita. Ang ibang NT mga termino ay ginamit para sa Ikalawang Pagdating ay mga (1) *epiphaneia,* "mukha sa mukha na paglilitaw"; (2) *apokalupis*, "pag-aalis ng talukbong"; at (3) "ang Araw ng Panginoon" at ang mga baryante ng pariralang ito.

Ang NT sa kabuuan ay isinulat sa loob ng mundong pananaw ng OT, na nagsasaad ng

1. isang kasalukuyang kasamaan, mapanghimagsik na panahon
2. isang paparating na bagong panahon ng katuwiran
3. ito ay maaring dalhin ng ahensya ng Espiritu sa pamamagitan ng gawa ng Mesyas (Ang Pinahirang Isa)

Ang teolohikal na pagpapalagay ng progresibong kapahayagan ay kinailangan dahil ang NT mga may-akda ay bahagyang binago ang ekspektasyon ng Israel.

Sa halip ng isang militar, pambansang pokus (Israel) na pagdating ng Mesyas, mayroong dalawang mga pagdating. Ang unang pagdating ay ang inkarnasyon ng diyos sa konsepsyon at kapanganakan ni Hesus ng Nazareno. Siya dumating bilang hindi militar, hindi panghukuman na "nagdurusang tagapaglingkod" ng Isaias 53; gayundin ang malumanay na mananakay ng isang bisiro o isang asno (hindi pangdigma o pangharing kabayo), ng Zacarias. 9:9. Ang unang pagdating na pinasinayaan ng Bagong Mesyanikong Panahon, ang Kaharian ng Diyos sa mundo. Sa isang pakahulugan ang Kaharian ay narito, ngunit syempre, sa iba pa ito ay malayo pa rin. Sa tensyong ito sa pagitan ng dalawang mga pagdating ng Mesyas na, sa pakahulugan, ay ang pagpapatong ng dalawang Hudyong mga panahon na hindi nakikita, o medyo hindi malinaw, mula sa OT. Sa realidad, ang dalawahang pagbibigay-diin na sa pagtupad sa pangako ni YHWH upang tubusin ang lahat ng sangkatauhan (cf. Genesis 3:15; 12:3; Exodo 19:5 at ang pangangaral ng mga propeta, lalo na ang Isaias at Jonah).

Ang iglesya ay hindi naghihintay para sa katuparan ng OT propesiya dahil lahat ng mga propesiya ay tumutukoy sa unang pagdating (cf. *How to Read the Bible For All Its Worth*, pp. 165-166). Ano ang inaasahan ng mga mananampalataya sa maluwalhating pagdating ng muling binuhay na Hari ng mga Hari at Panginoon ng mga Panginoon, ang inasahang historikal na katuparan ng bagong panahon ng katuwiran sa mundo na gaya ng sa langit (cf. Mateo 6:10). Ang OT mga presentasyon ay hindi mali, ngunit hindi kompleto. Siya muli ay darating bilang mga propeta na hinulaan, sa kapangyarhan at awtoridad ni YHWH.

Ang Ikalawang Pagdating ay hindi isang biblikal termino, ngunit ang konsepto ay nagbubuo ng mundong pananaw at balangkas ng buong NT. Ang Diyos ay itutuwid ang laht. Ang pakikisama sa pagitan ng Diyos at sangkatauhan na ginawa sa Kanyang ay mapapanumbalik. Ang masama ay hahatulan at aalisin. Ang mga layunin ng Diyos ay hindi, hindi maaring mabigo!

▣ **"Mapalad siyang nagpupuyat, at nagiingat ng kaniyang mga damit"** Ito ay ang ikatlo sa pitong mga pagpapala na ibinigay sa matapat na mga mananampalataya (cf. 1:3; 14:13; 16:15; 19:9; 20:6; 22:7,14). Ito ay tila upang maging buod sa eskatolohikal na babala na natagpuan sa Marcos 13:33-37; Lucas 12:37. Ang talatang ito ay dapat na maalis sa lugar kung ang teorya ng isang sekretong raptyur ng Iglesya bago ang panahon na ito ng persekusyon ay pinanindigan. Kanino, magkagayon, si Hesus ay nagsasalita? Tignan Mateo 24:37-42 online sa www.freebiblecommentary.org.

▣ **"na baka siya'y lumakad na hubad, at makita nila ang kaniyang kahihiyan"** Ito ay maaring isang alusyon sa Pahayag 3:18. Sa OT ang kahubaran ay isang simbolo ng paghahatol (cf. Ezekiel 23:29; Hosea 2:3; Amos 2:16; Mic. 1:8). Gayunpaman, ito ay tumutukoy hindi sa kawalan ng kaligtasan, ngunit sa mga Kristyano na mahihiya sa kanilang mga aktibidad at kawalan ng buhay pananampalataya sa Ikawalang Pagdating ni Hesus. Ang pagdating ni Hesus bilang Hukom at Mananakop, na eksaktong inasahan ng mga Hudyo kung paano dumating si Hesus, ay inilarawan sa 19:11-16.

**16:16 "At tinipon sila sa dako"** Ito ay inulit sa 20:8.

▣

**NASB** **"na sa Hebreo ay tinatawag na Armagedon"**
**NKJV, NJB** **"sa Hebreo, Armageddon"**
**NRSV** **"sa Hebreo na tinawag na Harmagedon"**
**TEV** **"sa Hebreo ay Armageddon"**

Ang salitang ito ay binaybay ng iba sa ilang mga Griyegong mga manuskrito. May ilang naging mga teorya upang ilarawan ang pangalang ito (na hindi lumitaw saan man sa Hebreo o Griyegong panitikan).

1. ito ay tumutukoy sa "ang bundok ng Megiddo," isang hilagang bayan sa pantribung alokasyon ni Manasseh, itinayo sa burol
2. ito ay tumutukoy sa "ang bayan ng Megiddo," ngunit ang problema ay ito ay hindi eksaktong baybay ng bayan an iyan
3. ito ay salin sa parirala "ang bundok ng asembliya" natagpuan sa Isaias 14:13, na tumutukoy sa sukdulang bundok ng Diyos kung saan si Satanas ay umaatake
4. ito ay tumutukoy sa buong Lupang Pangako (cf. "ang mga bundok ng Israel" ay binanggit sa Ezekiel 38:8,20,21; 39:2,4,17)
5. ito ay tumutukoy sa "ang mabungang bundok" na nagsisimbolo ng Jerusalem, ang pangwakas na panahong lugar ng maraming huling mga labanan sa pagitan ng mabuti at masama (cf. ang propesiya ni Joel)
6. ang ugat na kahulugan ng "megiddo" ay maaring "putulin o umatake," na ginagawa itong isang reperensiya sa "ang nangwawasak na bundok" ng Jeremias 51:25, isang simbolo ng pagkawasak ng Roma.

Si Juan ay pinili ang bayan na kilala at medyo binago ang baybay nito (tignan Metztger, *Textual Commentary*, p. 755). Ito ay kahawig sa kanyang hindi tumpak na listahan ng labindalawang mga tribu sa 7:5-8 upang ipakita ang simbolikong kalikasan. Ang simbolikong interpretasyon ay mas higit na nakita sa paggamit ng parirala "sa Hebreo," na nagsasaad ng simbolismo gaya ng sa 9:11. Tunay na ang Lambak ng Jezreel o ang Kapatagan ng Esdraelon ay lugar ng maraming OT mga labanan (cf. Hukom 5:19-21; II Hari 9:27; 23:29-30; II Cronico 35:22; Zacarias 12:11). Ang hilagang pagsakop na ruta ng Mesopotamiang mga kapangyarihan ay naging isang kultural na simbolo ng kasamaan (cf. Isaias 14:31; Jeremias 1:13-14; 4:6; 10:22; 46:20-24; 47:2-7; 50:3,9,41; 51:48; Ezekiel 38:6,15; 39:2).

## TALATA SA NASB (BINAGO): 16:17-21

**[17] At ibinuhos ng ikapito ang kaniyang mangkok sa hangin; at lumabas sa santuario ang isang malakas na tinig, mula sa luklukan na nagsasabi, "Nagawa na." [18]At nagkaroon ng mga kidlat, at mga tinig, at mga kulog; at nagkaroon ng malakas na lindol, na di nangyari kailan man mula nang magkatao sa lupa, isang lindol na lubhang malakas, lubhang kakilakilabot. [19] At ang dakilang bayan ay nabahagi sa tatlo, at ang mga bayan ng mga bansa ay nangaguho: at ang dakilang Babilonia ay napagalaala sa paningin ng Dios, upang siya'y bigyan ng inuman ng alak ng kabagsikan ng kaniyang kagalitan. [20]At tumakas ang bawa't pulo, at ang mga bundok ay hindi nangasumpungan. [21] At malaking granizo na kasinglaki ng talento ay lumagpak sa mga tao buhat sa langit, at namuawit ang mga tao sa Dios dahil sa salot na granizo; sapagka't ang salot na ito ay lubhang malaki.**

**16:17 "At ibinuhos ng ikapito ang kaniyang mangkok sa hangin"** Ito ay maaring isang reperensiya sa kaharian ni Satanas na natagpuan sa Efeso 2:2. Ang hangin sa itaas ng mundo ay itinuring na kaharian ng masama ng unang siglong mundo. Ang labanan sa kasamaan ay natapos na (cf. vv. 17c-21).

**16:18** Ang pag-iimahe na ito ay ginamit ng ilang beses sa Pahayag (cf. 4:5; 8:5; 11:19; 16:18).

**16:19 "ang dakilang bayan"** Ang ilan ay nakita ito bilang isang reperensiya sa Jerusalem dahil ang 11:8. Gayunpaman, sa akin palagay maging ang 11:8 ay isang simbolo ng Roma (cf. 11:8; 16:19; 17:18; 18:10,18-19,21). Ang Roma ay inilarawan bilang ang dakilang patutot ng Babilonia(cf. 14:8) na isang sinaunang upuan ng walang diyos na lipunan. Sa panahon ni Juan ang Roma ay ang sentro ng emperador na kulto na inusig na Iglesya. Sa periyod ng pangwakas na panahong AntiKristo ito ay maaring isa pang bayan ng mundo. Si Juan ay nagpatuloy upang ilarawan ang pagkawasak ng upuan ng makasalanang tao, laban sa Diyos na pamahalaan sa mga kabanata 17-18.

▣ **"ay nabahagi sa tatlo"** Ito ay posibleng isang alusyon sa pangitain ng Ezekiel 5, na naglalarawan ng lubos na pagkatalo.

▣ **"at ang mga bayan ng mga bansa ay nangaguho"** Ito ay nagpapakita ng kawalang epekto ng alyansa ng makasalanang pamahalaan ng tao laban sa Diyos at sa Kanyang Kristo (cf. Awit 2). Tignan puna sa 10:11.

▣ **"at ang dakilang Babilonia ay napagalaala sa paningin ng Dios"** Ang parirala "magkagayon inalala ng Diyos" ay madalas na isang simbolo ng paghahatol ng Diyos (cf. 18:5; 19:15). Ang partikular na saro ng paghahatol ay tinalakay sa nauna sa 14:10.

▣ **"ng inuman ng alak ng kabagsikan ng kaniyang kagalitan"** Ang kalasingan ay isang OT metapora para sa paghahatol ng Diyos (cf. Awit 60:3; 75:8; Isaias 51:17,22; Jeremias 25:15-16, 27-28; tignan Natatanging Paksa sa 14:10).

"Poot" ay ang termino *orge*. Tignan buong puna sa 7:14.

**16:20 "At tumakas ang bawa't pulo"** Ito ay kahawig sa ikaanim na selyo (cf. 6:14).

▣ **"ang mga bundok ay hindi nangasumpungan"** Ang mga ito ay OT simbolikong mga parirala para sa kataklismikong pangwakas na panahong mga pangyayari (cf. Awit 97:5; Micah 1:4; Nahum 1:5).

**16:21 "malaking granizo"** Ang mga granizo ay laging naging tanda ng paghahatol ng Diyos (cf. Josue 10:11; Isaias 28:2). Ito ay isa na namang posibleng alusyon sa Ehiptong mga sumpa (cf. Exodo 9:23-24). Sa Ezekiel 38:22 granizo ay ginamit sa pangwakas na panahong mga kaaway ng Diyos. Ang bigat ng granizo ay nag-iiba.

▣ **"kasinglaki ng talento"** Sa literal ito "isang talentong bigat." Ang bigat ng "talento" sa Sinaunang Near East ay may nag-iiba mula sa 45 hanggang 138 libra. Ang kanilang eksaktong bigat ay hindi nalalaman, ngunit ang mga ito ay halatang pinalabis na mga bigat upang ipakita ang kapinsalaan at kamatayan na maidudulot nila.

## MGA TALAKAYANG TANONG

Ito ay isang komentaryong gabay sa pag-aaral, na nangangahulugan na ikaw ay may pananagutan sa iyong sariling interpretasyon sa Bibliya. Ang bawat isa sa atin ay dapat lumakad sa liwanag na mayroon tayo. Ikaw, ang Bibliya, at ang Banal sa Espiritu ay pangunahin sa interpretasyon. Hindi mo dapat iasa ito sa taga-pagsuri.

Ang mga talakayang tanong na ito ay inihanda upang tulungan kang mag-isip sa pamamagitan ng mga pangunahing paksa sa bahaging ito ng aklat. Ito ay nangahulugang dapat maging mapukaw-isip, hindi pang kahulugan lamang..

1. Ano ang sinisimbulo ng "dagat ng kristal"?
2. Bakit ipinakita ng Diyos kay Juan ang isang pangitain ng makalangit na tabernakulo?
3. Ilista ang mga pagkakapareho sa pagitan ng mga selyo, mga trumpeta, mga mangkok, at ang mga sumpa ng Ehipto.
4. Paano ang mga hari ng silangan sa 6:12 kaugnay sa mga hari ng buong mundo sa 6:14?
5. Ano o saan ang Armageddon? (16:16)
6. Kanino itinutukoy sa "dakilang bayan"? (16:19)

# PAHAYAG 17-18

## MGA BAHAGI NG TALATAAN NG MGA MAKABAGONG SALIN*

| UBS$^4$ | NKJV | NRSV | TEV | NJB |
|---|---|---|---|---|
| Ang Dakilang Patutot at ang Hayop | Ang Iskarlatang Babae at ang Iskarlatang Hayop | Ang Pagbagsak ng Babyloniaia | Ang Kilalang Patutot | Ang Dakilang Patutot |
| 17:1-6a | 17:1-6 | 17:1-6a | 17:1-2 | 17:1-7 |
| | Ang Kahulugan ng Babae at ng Hayop | | | |
| 17:6b-14 | | 17:6b-8 | 17:6b-8 | |
| | 17:7-18 | | | Ang Simoloismo ng Hayop at ang Patutot 17:8 |
| | | 17:9-14 | 17:9-11 | 17:9-11 |
| | | | 17:12-14 | 17:12-14 |
| 17:15-18 | | 17:15-18 | 17:15-17 | 17:15-17 |
| | | | 17:18 | |
| Ang Pagbagsak ng Babyloniaia | Ang Pagbagsak ng Dakilang Babyloniaia | Ang Sambitan sa Bumagsak na Bayan | Ang Pagbagsak ng Babyloniaia | Ang Pag-aanunsyo ng Anghel sa Pagbagsak ng Babyloniaia |
| 18:1-3 | 18:1-8 | 18:1-3 | 18:1-3 | 18:1-3 |
| | | | | Ang Bayan ng Diyos ay Tinatawagan na Tumakas |
| 18:4-8 | Ang Mundo ay Nagluksa sa Pagbagsak ng Babyloniaia | 18:4-8 | 18:4-8 | 18:4-8 |
| 18:9-10 | 18:9-20 | 18:9-10 | 18:9-10 | 18:9-13 |
| 18:11-20 | | 18:11-20 | 18:11-17a | |
| | | | | 18:14 |
| | | | | 18:15-17a |
| | | | 18:17b-19 | 18:17b-19 |
| | Ang Kawakasan ng Pagbagsak ng Babyloniaia | | 18:20 | |
| 18:21-19:4 | 18:21-24 | 18:21-24 | 18:21-23 | 18:21-24 |
| | | | 18:24-19:4 | |

## IKATLONG TAPUSANG PAGBASA (tingnan p. v sa panimulang seksyon)

***PAGSUNOD SA ORIHINAL NA LAYUNIN NG MAY-AKDA AYON SA ANTAS NG TALATA***

Ito ay isang komentaryong gabay sa pag-aaral, na nangangahulugan na ikaw ay may pananagutan sa iyong sariling interpretasyon sa Bibliya. Ang bawat isa sa atin ay dapat lumakad sa liwanag na mayroon tayo. Ikaw, ang Bibliya, at ang Banal sa Espiritu ay pangunahin sa interpretasyon. Hindi mo dapat iasa ito sa taga-pagsuri.

Basahin ang kabanata ng isang upuan. Alamin ang mga paksa. Ihambing ang iyong pagkakabahagi ng paksa sa limang makabagong salin. Ang pagkakatalata ay hindi isang inspirasyon, ngunit ito'y isang susi sa pagsunod sa layunin ng may akda na siyang puso ng interpretasyon. Bawat talata ay may isa at isa lamang na paksa.

1. Unang Talata
2. Ikalawang Talata
3. Ikatlong Talata
4. Atbpa.

## KONTEKSTWAL NA MGA KAUNAWAAN SA PAHAYAG 17:1-18:24

A. Ang dalawang mga kabanatang ito na inilarawan ng detalye ang destruksyon ng Babylonia na ang pagbagsak ay binanggit ng nauna sa 14:8 at 16:19, gayundin ang 18:2,21. Bawat isa sa mga ito ay lumitaw sa isang magkahiwalay na pampanitikang yunit (12-14), (15-16), at (17-19). Ito ay maaring isa na namang halimbawa ng pararelismo o rekapitulasyon.

B. Ang Lumang Tipan na kinaligiran ng dalawang mga kabanatang ito ay natagpuan sa panambitang awit sa lamay ng patay na isinulat upang palakpakan ang pagbagsak ng sinaunang walang Diyos na mga bayan:
   1. Babylonia (cf. Isaias 13,14,21 at Jeremias 50-51)
   2. Tyre (cf. Isaias 23 at Ezekiel 26-28)
   3. Nineveh (cf. Nahum)
   4. masamang Jerusalem (cf. Isaias 1:1-26; Ezekiel 16:51-52)

C. Ang konseptong ito ng isang makasalanang sistema ng mundo na palaban sa Diyos ay ipiniresenta sa Awit 2, Daniel 2; 7; 9:24-27; Mateo 24: Marcos 13; Lucas 21; at I Juan 2:15-20.

D. Ang Pahayag ay gumagamit ng OT panambitang awit sa lamay ng patay upang ilarawan ang pagbagsak ng Roma, ang laban sa Diyos na emperyo ng mundo sa panahon ni Juan. Gayunpaman, ang kaparehong nagsasarile, arogante, mateyarlistiko, laban sa Diyos na sistema ng mundo ay nakikita sa bawat panahon (cf. I Juan 2:18). Ito rin ay sukdulang ipapakita ang kanyang sarili gaya ng sa pangwakas na panahong pinuno at emperyo ng mundo (cf. II Tesalonica 2). Ang mga detalye na makakatulong sa huling henerasyong mambabasa ni Juan ay kinilala ang pangwakas na panahong Antikristo ay maaring muling lumitaw sa huling panahon. Ang problema ay ang bawat henerasyon ng mga mananampalataya ay sinubukang puwersahin ang Pahayag sa kanyang sariling panahon!

   Ang aklat na ito na may unang siglong kaugnayan, bawat siglong kaugnayan, at huling siglong kaugnayan. Pinakamainam na huwag itulak ang mga detalye. Sila ay may kahuugan (unang tagapakinig); sila ay magkakaroon ng kahulugan muli (ang henerasyon). Ngunit para sa higit na nakararami ng mga henerasyon ng mga mananampalataya, sila ay mga misteryo. Mas mainam na isaad na ang sentral na katotohanan ng pitong mga pampanitikang yunit. Ang mga ito ay eterna na may kahalagahan! Kung ang mga detalye ay naging estriktong literal para sa huling mga henerasyon ng inusig na mga mananampalataya hindi sila mangangailangan isang komentarista na magsasabi sa kanila!

E. William Hendriksen, *More Than Conquerors*, ay nagsasaad ng pararelismo ng lahat ng pitong mga seksyon ng Pahayag (tignan puna sa C. p. 10). Sa pagagawa nito siya ay nagsaad ng kahanay sa pagbagsak ng mga kaaway ng mananampalataya (Satanas; dalawang mga hayop; at ang Babylonia, laban sa Diyos, laban kay Kristo na sistema ng mundo). Bagamat ang kanilang destruksyon ay trinato ng magkahiwalay (Satanas, 20:7-10; ang dalawang mga hayop, 19:17- 21; at Babylonia, 18:1-19:4), sila ay tunay na magkasabay, gaya ng sa mga selyo, mga trumpeta, and mga mangkok.

   Sa maraming mga paraan ito ay isang nakakaakit na nagpapakahulugang estruktura na lumagpas sa halatang pararelismo ng mga selyo (4-7), mga trumpeta (8-11), at mga mangkok (15-16) sa kabanata 17-19 at 20-22.

## SALITA AT PARIRALANG PAG-AARAL

### TALATA SA NASB (BINAGO): 17:1-7

**[1]At dumating ang isa sa pitong anghel na may pitong mangkok, at nagsalita sa akin, na nagsasabi,**
**"Pumarito ka, ipakikita ko sa iyo ang hatol sa bantog na patutot na nakaupo sa maraming tubig; [2]Na siyang**
**pinakiapiran ng mga hari sa lupa, at ang mga nananahan sa lupa ay nalasing sa alak ng kaniyang pakikiapid."**
**[3]At ako'y kaniyang dinalang nasa Espiritu sa isang ilang: at nakita ko ang isang babae na nakasakay sa isang**
**hayop na pula, na puno ng mga pangalang pamumusong, na may pitong ulo at sangpung sungay. [4]At nararamtan**
**ang babae ng kulay-ube at ng pula, at nahihiyasan ng ginto at ng mga mahalagang bato at mga perlas, na sa kaniyang kamay ay may isang sarong ginto na puno ng mga kasuklamsuklam, at ng mga bagay na marurumi ng**
**kaniyang pakikiapid, [5]At sa kaniyang noo ay nakasulat ang isang pangalan, "HIWAGA, DAKILANG BABILONIA, INA NG MGA PATUTOT AT NG MGA KASUKLAMSUKLAM SA LUPA." [6]At nakita ko ang babae na lasing sa dugo ng mga**
**banal, at sa dugo ng mga martir ni Hesus. At nang aking makita siya ay nanggilalas ako ng malaking panggigilalas.**

**[7] At sinabi sa akin ng anghel, "Bakit ka nanggilalas? Sasabihin ko sa iyo ang hiwaga ng babae, at ng hayop na sinasakyan niya, na may pitong ulo at sangpung sungay.**

**17:1 "ang isa sa pitong anghel"** Isa na namang anghel ang inilarawan sa parehong paraan sa 21:9. Ang kronolohikal na relasyon sa pagitan ng kabanata 17 at 18 at ang pagbuhos ng mga mangkok sa kabanata 16

1. ay maaring mauna sa pagbubuhos ng mga mangkok
2. ito ay maaring mas malawak na deskripsyon ng resulta ng mga mangkok

▣ **"ipakikita ko sa iyo ang hatol sa bantog na patutot"** Ang espiritwal na mang-aakit ay inilarawan sa v. 5 bilang "makapangyarihang Babylonia, ang ina ng mga patutot," at sa 18:10 bilang "ang dakilang bayan, Babylonia." Ayons a sa naunang kabanata ang mga designasyon na ito ay tumutukoy sa isang makasalanang sistema ng mundo na inipetomya sa:

1. ang Babylonia ni Daniela
2. ang interbiblikal na Antiochus IV ni Daniel
3. ang Romanong Emperador ni Juan na nag-aangkin ng pagkadiyos.

Sa kabanata 17 ang mang-akit na kapangyarihan ng karangyaan at kasakiman ay tinambalan ng komersyal na kapangyarihan ng kabanata 18. Sa OT tatlong mga bayan ay tinawag na mga patutot.

1. Tyre (Phoenicia) sa Isaias 23:15-16
2. Nineveh (Assyria) sa Nahum 3:4
3. Jerusalem (walang bunga na Judah) sa Isaias 1:21; Ezekiel 16:31,35; 23.

▣ **"na nakaupo sa maraming tubig"** Ang OT pahiwatig ay Jeremias 51:11-14, na tumutukoy sa sinauang bayan ng Babylonia, na makikita sa Euphrates (gaya ng ang Nineveh ay makikita sa Ilog ng Tigris) at mayroong ekstensibong sistema ng gawa ng tao na irigasyon at transportasyong mga kanal. Gayunpaman, ayon sa v. 15, ang pariralang ito ay binigyan kahulugan bilang isang internasyonal na kaharian (cf. Daniel 7:2,3).

**17:2**
**NASB "Na siyang pinakiapiran ng mga hari sa lupa"**
**NKJV, NRSV "kung saan ang mga hari ng daigdig ay nakagawa ng imoralidad"**
**TEV "ang mga hari ng daigdig ay nagsasagawa ng imoralidad"**
**NJB "kung saan lahat ng hari ng mundo ay nakipatutot sa kanilang sarili"**

Ang prostitusyong ito ay may dalawang mga aspeto:

1. komersyal na mga alyansa (cf. Tyre, Isaias 23:13-18; at Nineveh, Nahum 3:4)
2. politikal na mga alyansa na kasangkot sa kontraktwal na pagsamba sa mga diyos ng mga bansa sa ratipikasyong mga seremonya (cf. Jerusalem ay tinawag rin na isang patutot sa Isaias 1:21 at Jeremias 3)
3. ang pagsamba sa Romanong Emperador bilang isang kabanalan

▣ **"at ang mga nananahan sa lupa ay nalasing sa alak ng kaniyang pakikiapid"** Ito ay isang pahiwatig sa Jeremias 51:7. Ito rin ay ipinakilala sa 14:8. Ang pariralang "yaong nananahan sa daigdig" ay ang pabalik-balik na tema sa Pahayag na nagpahayag ng di-binagong loob, makasalanang sangkatauhan hiwalay sa Diyos (cf. 3:10; 6:10; 8:13; 11:10; 13:8,14; 17:8).

"Uminom" ay isang OT metapora para sa paghahatol (cf. Awit 75:6-8).

**17:3 "At ako'y kaniyang dinalang nasa Espiritu"** Ang pariralang ito ay ginamit upang ipakilala ang mga pangitain ni Juan (cf. 1:10; 4:2; 17:3; 21:10). Maraming mga kometarista ay ibinatay ang kanilang mga pagkakaunawa sa estruktura ng kapahayagan ng mga pangitaing ito. Tandaan, ang apokaliptikong panitikan ay labis na estrukturang dyanra. Ang estruktura ay naging susi ng interpretasyon.

▣ **"sa isang ilang"** Ito ay maaring

1. isang metapora ng lugar ng kaligtasan (cf. 12:6,14, kung saan ito ay isang pahiwatig sa paglalagalag sa ilang na periyod ng Israel)
2. isang lugar kung saan ang masama at malademonyo ay naninirahan (i.e., Levitico 16:8; 17:7)
3. isang pahiwatig sa sinaunang bayan ng Babylonia na natagpuan sa Isaias 21:1-10, kung saan ito ay isang metapora ng paghahatol

An pag-iimahe ni Juan ay napakasunod-sunuran. Sa v. 1 ang babae ay nakaupo sa maraming mga tubig (ang Ilog ng Euphrates) at sa v. 3 siya ay nakaupo sa isang mapulang hayop sa ilang.

▣ **"at nakita ko ang isang babae na nakasakay sa isang hayop na pula"**

Ang terminong "mapula" ay maaring tumukoy sa

1. pagpatay, cf. 17:6-7
2. karangyaan, f 18:12-16
3. si Satanas bilang ang mapulang dragon, cf. 12:3

Ang hayop ay inilarawan sa detalye sa 13:1-10. Ito ay tumutukoy sa pangwakas na panahong Antikristo (cf. Daniel 7:9-14; 9:24-27; 11:36-45; II Tesalonica 2; I Juan 2:18).

▣ **"na puno ng mga pangalang pamumusong"** Ito ay kapareho sa 13:1,5-6. Ang mga titulong ito ay kaugnay ng historikal sa sariling pagdidiyos ng Romanong Emperador ng. Inangkin nila ang mga titulo para sa kanilang mga sarili gaya ng "banal," "tagapagligtas," "panginoon." Ang sukdulang tunguhin ng hayop ay hindi pangmundong politikal na kapangyarihan, ngunit relihiyong pagsamba (cf. Daniel 7:8,20; 8:11,25; 9:36,37) bilang kinatawang o inkarnasyon ni Satanas (posibleng ipinakita sa Isaias 14:13-14 at Ezekiel 28:16-17).

▣ **"na may pitong ulo at sangpung sungay"** Ang deskripsyon na ito ay kahawig sa pulang dragon (cf. 12:3) at ang hayop sa dagat (cf. 13:1). Ang pagkakapareho na ito ay ginusto upang ipakita ang pagkakaisa ng mga laban sa Diyos na mga personang ito.

Sa numerikal na simbolismo (1) ang pitong mga ulo ay nauugnay sa "perpekto" kaalaman o ang sukdulang pangwakas na panahong pinuno ng mundo, habang ang (2) sampung mga sungay ay kaugnay sa kompletong kapangyarihan o makamundong awtoridad (cf. 17:7,9,12,16).

**17:4 "At nararamtan ang babae ng kulay-ube at ng pula"** Ang mga kulay na ito ay maaring tumukoy sa kamaharlikaan (kulay-ube) at imoralidad (mapula) o simpleng isang metapora para sa karangyaan, kayamanan, at kariwasaan (cf. 18:12,16).

▣ **"at nahihiyasan ng ginto at ng mga mahalagang bato at mga perlas"** Ito ay isang simbolo ng pangmundo o espiritwal na kapangyarihan at posisyon (ginamit ni Ezekiel bilang malaEden na metapora para sa kayabangan ng Hari ng Tyre cf. Ezekiel 28:13).

▣ **"sang sarong ginto"** Ito ay isang pahiwatig sa bayan ng Babylonia (cf. Jeremias 51:7).

**17:5 "At sa kaniyang noo ay nakasulat ang isang pangalan"** Seneca's *Controversies* 1:2 at Juvenal's *Satires* 6:122-123, ay itinala na ang Romanong patutot ay nagsuot ng isang bandana na mayroon alinman ang kanilang sariling pangalan o ang pangalan ng kanilang may-ari sa kanilang mga noo. Ito ay maaring isang historikal na pahiwatig sa panahon ni Juan o sa konteksto ng Pahayag; ito maari ay isang reperensiya sa pagmamarka sa noo ng di-mga mananampalataya (cf. 13:16-17; 14:9,11; 15:2; 16:2; 19:20; 20:4) na gumagaya sa pagseselyo ng Diyos sa mga mananampalataya (cf. 7:2; 9:4).

▣

**NASB "HIWAGA, DAKILANG BABILONIA"**
**NKJV "HIWAGA, DAKILANG BABILONIA"**
**NRSV "HIWAGA, BABILONIANG DAKILA"**
**TEV "isang sekretong kahulugan: 'Dakilang Babyloniaia'"**
**NJB "isang pangalan, isang krytikong pangalan: Babyloniaiang Dakila'"**

Mayroong ilang mga di-pagkakaunawaan sa kung ang terminong "misteryo" ay dapat na bahagi ng titulo o isang paraan sa pagtutukoy sa simbolikong kalikasan ng titulo (cf. v. 7). Ang Babylonia ay may pinagmulan sa unang sibilisasyon, nagmula pa kay Nimrod (Babel), na naghimagsik laban sa Diyos at ipinakalat sa Genesis 11. Mula sa pagkakagamit na ito at mula sa katotohanan na ang Babylonia ay kinuha ang mga tao ng Diyos (Judah) sa pagpapatapon, ito ay naging kasingkahulugan para sa isang masama, pangimperyo pangmundong kapangyarihan. Sa panahon ni Juan , ang kapangyarihan na ito ay ang Roma (cf. I Pedro 5:13).

**17:6** Ang talatang ito ay nagsasalita sa persekusyon at pagkamartir ng mga mananampalataya (cf. 11:7; 13:7; Daniel 7:21).

▣ **"nanggilalas ako ng malaking panggigilalas"** Ang KJV ay isinalin ito bilang "na may dakilang pangigilalas" ang NKJV ay may "Ako ay namangha na may dakilang panggigilalas."Si Juan ay hindi siya hinahangaan, ngunit siya ay labis na namangha sa kanyang mga aksyon. Siya ay pianhintulutan na usigin ang bayan ng Diyos (cf. 13:5,7,15; 11:7).

## TALATA SA NASB (BINAGO): 17:8-14

**8"At ang hayop na nakita mo ay naging siya, at wala na; at malapit ng umahon sa kalaliman, at patungo sa**

**kapahamakan. At silang mga nananahan sa lupa ay manggigilalas na ang kanilang pangalan ay hindi nakasulat sa aklat ng buhay mula nang itatag ang sanglibutan, pagkakita nila sa hayop, kung paano naging siya at wala na, at darating. [9]Narito ang pagiisip na may karunungan. Ang pitong ulo ay pitong bundok na kinauupuan ng babae, [10]At sila'y pitong hari; ang lima ay nanga buwal, ang isa'y narito, ang isa ay hindi pa dumarating; at pagdating niya ay dapat magtagal na sangdaling panahon [11]At ang hayop na naging siya, at wala na, ay siya ring ikawalo at siya'y sa pito at siya'y patungo sa kapahamakan. [12]At ang sangpung sungay na iyong nakita ay sangpung hari, na hindi pa nagsisitanggap ng kaharian; datapuwa't magsisitanggap sila ng kapamahalaang paghahari na isang oras na kasama ng hayop. [13]Ang mga ito ay may isang kaisipan, at ibinibigay nila ang kanilang kapangyarihan at kapamahalaan sa hayop. [14]Makikipagbaka ang mga ito laban sa Cordero, at sila'y dadaigin ng Cordero, sapagka't siya'y Panginoon ng mga panginoon at Hari ng mga Hari; at ng mga kasama niya, na mga tinawag at mga pili at mga tapat ay nananaig din."**

**17:8 "At ang hayop na nakita mo ay naging siya, at wala na; at malapit ng umahon sa kalaliman"** Ang kronolihikal na deskripsyon ay nagdulot ng matinding pangingilabot sa mga komentarista.

1. Ilan sa kanila ay nakita ito bilang isang historikal na pakahulugan na naaplay ng partikular sa alamat ng pagbabalik ni Nero.
2. Ang iba ay bilang isang progresyon ng mga emperyo ng mundo kaugnay sa Daniel 2, na humantong sa labanan sa Diyos sa pangwakas na panahong na sistema ng mundo.
3. Ang iba ay nakita ito bilang ang pangwakas na panahong aktibidad ng hayop na inilarawan sa 13:3,12,14, na nauugnay sa panggagaya nito o pagpaparodya sa ministeryo ni Kristo.
4. Ito ay maaring maugnay sa konsepto ng I Juan ng espiritu ng Antikristo sa bawat panahon, na humahantong sa Antikristo ng huling panahon (cf. I Juan 2:18,22; 4:3; II Juan 7).

Ito rin ay isang parodya sa pangalan ni YHWH (cf. 1:4,8).

▣ **"sa kapahamakan."** Ito ang Griyegong termino para sa "lalim" na may ALPHA PRIBATIBO. Ito ay unang binanggit sa 9:1 at 11:7. Ito ay ang matalinghagang tahanan ng masama at ang malademonyo. Tignan puna sa 9:1.

▣ **"sa aklat ng buhay"** Tignan puna sa 5:1 at 13:8.

▣ **"mula nang itatag ang sanglibutan"** Tignan puna sa 3:5 at 13:8.

**17:9**
**NASB, NKJV "Narito ang pagiisip na may karunungan"**
**NRSV "Ito ay nangangailangan ng isang kaisipan na may karunungan"**
**TEV "Ito ay naghahangad ng karunungan at kaunawaan"**
**NJB "Ito ay nangangilangan ng katalasan"**

Ang pariralang ito ay kapareho sa 13:18, na tumatalakay sa bilang ng pangalan ng hayop. Ang maliit na panimulang Kasulatan na ito ay nagdulot sa bawat isa na ilagay ang kanyang sariling teorya! Gayunpaman, ang pinaka katotohanan na mayroong pangkatan ng mga interpretasyon ay nagpapakita na walang sinoman ang marunong sa atin! (cf. I Corinto 1:26-31). Para sa akin, ito lamang ay isa na namang paraan ni Juan upang isaad ang misteryoso, simboliko, kriptikong kalikasan ng kanyang kasulatan (cf. Frank Stagg, *New Testament Theology*, p. 317).

▣ **"Ang pitong ulo ay pitong bundok na kinauupuan ng babae"** Ito ay isang pahiwatig sa Roma. Ang Roma, gaya ng Jerusalem, ay itinatag sa pitong burol. Ang pariralang ito ay lumitaw sa maraming sinaunang mga kasulatan upang ilarawan ang bayan ng Roma. Magkagayon, pananagutan ng mga interpreter kahit kaunti ay makita ito ayon sa Romanong Emperyo, bagamat halata ang buong pahiwatig sa kabanata 17 at 18 na isang laban sa Diyos na sistema ng mundo na na mailalagay sa pangwakas na panahong at sa realidad ay nasa lugar ng bawat panahon.

**17:10-11** Ilang mga komentarista ay nakita ito bilang isang serye ng Romanong mga Emperador ng: Augustus, Tiberius, Caligula, Claudius, at Nero bilang "ang lima na mga makasalanan." si Vespasian ay "ang siyang kasalukuyan" at si Titus ay "ang siyang na darating sa sandaling panahon" (cf. F. F. Bruce, *Answers to Questions*, p. 141). Ang interpretasyon ay medyo nagkataon; ang tatlong medyo minor na mga Emperador (Galba, Otho, at Vitellius) na nakipagtunggali sa trono noong A.D. 68-69 ay inalis na. Gayunpaman, maging sa problema na ito, ito ay tila ang naging pokus ng vv. 10 at 11, na may pagbibigay-diin sa mitolohiya ng muling pagbuhay at pagbalik ni Nero kasama ng mgaa hukbo ng mga Parthian upang atakihin sa Roma (ito ay maaring maipaliwanag sa v. 16, cf. Ang Sibyllian Oracles, 5:361-368).

Ang iba ay nakita propesiyang ito bilang natupad sa pag-uusig ng Domitian. Mayroong ilang mga pangunahing mga handlang sa interpretasyong ito:

1. ito ay maghahangad sa Pahayag na maaring isinulat sa panahon ng pamumuno ni Vespasian, na nasa baryante

ng sinaunang iglesya na si Juan ay nagsulat sa panahon ng pamumuno ni Domitian
2. ang simbolikong paggamit ng mga numero sa buong aklat

Bakit gawin itong historikal na literal? Muli, ito ay maaring naging isang bagay na hindi ginusto ni Juan upang ipakita ang simbolikong kalikasan ng kanyang mga pangitain, na hindi ninais na maging lubusang nakakulong sa anumang historikal na periyod.

Isa pang posibleng interpretasyon ay ito ay tumutukoy sa mga serye ng OT mga emperyo na kaaway ng bayan ng Diyos: Ehipto, Assyria, Babylonia, Persia, Greece ("lima na makasalanan"), Roma ("isa nito"), ang pangwakas na panahong laban sa Diyos emperyo ("ang iba ay hindi pa dumating"). Ang interpretasyon na ito ay tumutugma sa pangkalahatang tularan ng isang serye ng laban sa Diyos na mga emperyo ng mundo mula sa Daniel 2:1-8 (cf. George Ladd, *Revelation*, pp. 227-231).

Isa pa rin ang sinaunang interpretasyon ay ang simbolikong kalikasan ng lahat ng maga numero at mga detalye ng Pahayag, na maaring simpleng makakapagpaikot sa kabanatang ito tungo sa isa na namang halimbawa ng dukdulang labanan sa pagitan ng Diyos at ang masamang isa (cf. Alan Johnson's *Revelation*, pp. 152-153, 157-161).

Ito ay isang mabuting halimbawa ng aking panloob na labanan bilang isang interpreter. Mayroong napakaraming magkaibang mga interpretasyon ng mga makadiyos na iskolar na aking pinagkakatiwalaan. Ang unang teorya ay sa aking paboritong manunulat, F. F. Bruce. Ang kasunod na dalawa ay sa aking paboritong komentarista ng Pahayag, George Ladd at Alan Johnson. Silang lahat ay hindi nagkasundo! Ang krusyal na isyu ay sa kung ang teksto ay isang pahiwatig sa unang siglong Roma (F. Bruce), ang OT (George Ladd), o apokaliptikong pag-iimahe (Alan Johnson). Sa puntong ito sa aking personal na pag-aaral sa aking palagay ang pananaw ni Johnson ang pinakaminam.

**17:12 "At ang sangpung sungay na iyong nakita ay sangpung hari"** Ito ay isang pahiwatig sa Daniel 7:7,23-24. Ang Daniel 7 ay isang deskripsyon sa pangwakas na panahong Antikristo. Ang ilan ay nakita ito bilang kaugnay ng historikal sa sampung basal na mga hari ng Roma, habang ang iba ay nakita ito bilang ang malademonyong hukbo sa Pahayag 9. Sa marami, ang simbolikong kalikasan ng mga numero sa aklat ng Pahayag ay simpleng gumagawa sa v. 12 na tumutukoy sa pangwakas na panahong mga pinuno ng mundo, ngunit walang pagkapartikular.

Marami ang nagdetalye sa, literal na mga interpretasyon ng aklat ng Pahayag ay batay sa partikular na mga detalye of vv. 10-12. Ang mga propesiya na ito ay napaka partikular, na may pagkiling na nagpahiwatig ng isang literal na katuparan sa pangwakas na panahon. Gayunpaman, ang kalikasan ng pampanitikang dyanra ay nagtuturo tungo sa isang simbolikong interpretasyon ng mga numerong ito at mga detalye (kahit papaano para sa atin na hindi huling henerasyon ng mga inusig na mananampalataya).

**17:13** Ang talatang ito ay nagpapakita ng pagkakaisa ng masama, habang ang v. 15-16 ay nagpapakita ng kawalang pagkakaisa ng masama. Ang kasamaan sa sukdulan ay lalabanan ang kanyang sarili gaya ng sa 16:12.

**17:14 "Makikipagbaka ang mga ito laban sa Cordero"** Ang Kordero ay kinilala kasama ng Kanyang mga tao (cf. Mateo 25:35-40; Gawa 9:4).

▣ **"at sila'y dadaigin ng Cordero,. . . at ng mga kasama niya"** Pansinin ang malapit na identipikasyon sa pagitan ng tagumpay ni Kristo at tagumpay ng Kanyang tao.

▣ **"Siya'y Panginoon ng mga panginoon at Hari ng mga Hari"** Ang parehong titulo na ito ay binanggit sa 19:16 bilang isang karakterisasyon ng nagbabalik na Mesyas. Ang mga pinagmulan nito ay matatagpuan sa (1) isang deskripsyon ni YHWH mula sa Deutronomio 10:17; Awit 136:2-3 o (2) isang Babyloniang titulo ginamit para kay Nebuchadnezzar sa Daniel 2:37,47. Ang halaga ng numero ng pariralang ito ay katumbas ng 777 sa Aramaic, bagamat ito ay hindi binanggit sa teksto.

▣ **"mga tinawag at mga pili at mga tapat"** Pansinin ang pahiwatig sa predestinasyon na natagpuan sa mga termino "pinili" at "tinawag," ngunit gayundun pansinin na sila ay tinawag upang magtiis na kadugtong sa "katapatan." Tayo ay sa Kanya sa pamamagitan ng pagtawag at pananampalataya (kapwa panimula at nagpapatuloy). Tignan Natatanging Paksa sa Pagtitiis sa 2:2.

## TALATA SA NASB (BINAGO): 17:15-18

**[15]At sinabi niya sa akin, "Ang tubig na iyong nakita, na kinauupuan ng patutot, ay mga bayan, at mga karamihan, at mga bansa, at mga wika. [16]At ang sangpung sungay na iyong nakita, at ang hayop, ay siyang nangapopoot sa patutot, at siya'y pababayaan at huhubaran, at kakanin ang kaniyang laman, at siya'y lubos na susupukin ng apoy. [17]Sapagka't inilagay ng Diyos sa kanilang mga puso na gawin ang kaniyang kaisipan, at mangagkaisa ng kaisipan, at ibigay ang kanilang kaharian sa hayop, hanggang sa maganap ang mga salita ng Diyos. [18]At ang babae na iyong nakita ay ang dakilang bayan, na naghahari sa mga hari sa lupa.."**

**17:15** Ang talatang ito ay nagpapakita ng unibersal na pamamahala ng pangwakas na panahong laban sa Diyos na pinuno at ang kanyang emperyo. Tignan puna sa 10:11.

**17:16** Ito ay isang pahiwatig sa Ezekiel 16:39-40; 23:25-27; 28:18. Ito ay tila tumutukoy sa panloob na pag-aaway ng mga puwersa ng kasamaan, gaya ng sa 16:12. Ang panloob na labanan na ito ay isang stratehiya ng Diyos (cf. v. 17).

**17:17 "mga puso"** Tignan Natatanging Paksa sa 2:23.

**17:18** Ang dakilang bayan na ito ay binanggit sa 11:8 at 16:19 na may mga pahiwatig sa alinman sa Jerusalem (dispensasyonalista) o Roma (preterista). Ang konteksto ng pampanitikang yunit ay nagmumungkahi ng isang laban sa Diyos na kapangyarihang estruktura na sinimbolo bilang isang siudad. Aling bayan ay hindi ang isyu; ang punto ay ang pag-iiral ng isang pampamahalaang sistema na lubusang hiwalay sa Diyos, ang mga tao ay nagtatangka na matugunan ang lahat ng kanilang sariling mga pangangailangan (ateistikong humanismo).

# PAHAYAG 18

## TALATA SA NASB (BINAGO): 18:1-3

[1]**Pagkatapos ng mga bagay na ito ay nakita ko ang ibang anghel na nananaog mula sa langit, na may
dakilang kapamahalaan; at ang lupa ay naliwanagan ng kaniyang kaluwalhatian.** [2]**At siya'y sumigaw ng malakas
na tinig, na nagsasabi, "Naguho, naguho ang dakilang Babilonia, at naging tahanan ng mga demonio, at kulungan
ng bawa't espiritung karumaldumal, at kulungan ng bawa't karumaldumal at kasuklamsuklam na mga ibon.**
[3]**"Sapagka't dahil sa alak ng galit ng kaniyang pakikiapid ay nangaguho ang lahat ng mga bansa; at ang mga hari
sa lupa ay nangakiapid sa kaniya, at ang mga mangangalakal sa lupa ay nagsiyaman dahil sa kapangyarihan ng
kaniyang kalayawan."**

**18:1 "Pagkatapos ng mga bagay na ito ay nakita ko ang ibang anghel na nananaog mula sa langit, na may dakilang kapamahalaan; at ang lupa ay naliwanagan ng kaniyang kaluwalhatian"** Ito ay ang kamangha-manghang kapangyarihan ng isang anghel. Ang terminong "awtoridad" (*exousia*) ay hindi ginamit para sa anomang ibang anghel sa aklat. Sa Juan 5:27, ito ay ginamit sa awtoridad ng Diyos na ibinigay kay Hesus. Sa 22:16 si Hesus ay nagsasabi na isinugo Niya ang isang anghel upang magsalita para sa Kanya bilang kinatawan.

**18:2 "'Naguho, naguho ang dakilang Babilonia!'"** Ito ay isang halimbawa ng kahirapan sa pagiinterpret ng aklat ng Pahayag. Isang piraso ng impormasyon ay nagdadala sa isang punto sa pangitain, bahagyang nahubog sa ibang punto, at lubusang nahubog sa ibang mga pangitain (e.g., cf. 11:8; 14:8; and 16:19-20 o ito ay maaring isa na namang halimbawa ng rekapitulasyon sa pagitan ng mga pitong pampanitikang yunit). Ito ay isang pahiwatig sa Isaias 21:9 at/o Jeremias 51:8.

▣ **"at naging tahanan ng mga demonio, at kulungan ng bawa't espiritung karumaldumal, at kulungan ng bawa't karumaldumal at kasuklamsuklam na mga ibon"** Ito ay isang pahiwatig sa mga natira ng sinaunang mga bayan:

1. Babylonia (cf. Isaias 13:21-22; 14:23; Jeremias 50:39; 51:37)
2. Edom (cf. Isaias 34:10-15)
3. Nineveh (cf. Zephania 2:14)

Sa OT ang mga hayop ay madalas na sinasabi na gumagala sa paligid ng mga bayan. Ito ay isang simbolo ng parehong destruksyon at presensya ng masasamang mga espiritu (cf. NEB). Marami sa mga ibong ito ay kumatawan sa mga demonyo.

Ang mga kasulatan ni Juan ay napakasunod-sunuran. Ang talatang ito ay naglalarawan sa siudad bilang isang wasak at pinanahanan ng mga demonyo, habang ang 19:3 inilalarawan ito bilang isang nasusunog at nagbabaga.

**18:3 "ang lahat ng mga bansa; at ang mga hari sa lupa ay nangakiapid sa kaniya"** Ang pariralang ito ay isang pahiwatig sa OT propesiya ng pagkawasak ng Babylonia (cf. Jeremias 51:7). Si Jeremias ay partikular na gumagamit ng pagkalasing (i.e., "isang ginintuang saro") bilang simbolo ng kasakiman sa kayamanan.

▣ **"galit"** Sa literal ito ay "galit" (*thumos*). Tignan buong puna sa 7:14.

▣ **"at ang mga mangangalakal sa lupa ay nagsiyaman dahil sa kapangyarihan ng kaniyang kalayawan"** Ito ay isang pahiwatig sa pangunahing problema ng makasalanang sangkatauhan na kinatawan ng pagkamakasarili at materyalismo ng isang pangwakas na panahong, laban sa Diyos na sistema ng mundo. Mayroong tatlong mga grupo ng mga tao na nagtangis sa pagbagsak ng ng dakilang patutot:

1. mga mangangalakal (cf. vv. 3,11-16)
2. mga hari ng mundo (cf. vv. 3,9-10)
3. mga mandaragat na mangangalakal (cf. vv. 3,17-19)

Ang tatlo na ito ay kumakatawan sa pandaigidigang pantaong pangekonomikong sistema ng mga tao.

## TALATA SA NASB (BINAGO): 18:4-8

**4 At narinig ko ang ibang tinig na mula sa langit, na nagsasabi, "Mangagsilabas kayo sa kaniya, bayan ko, upang huwag kayong mangaramay sa kaniyang mga kasalanan, at huwag kayong magsitanggap ng kaniyang mga salot; 5 Sapagka't ang kaniyang mga kasalanan ay umabot hanggang sa langit at naalaala ng Diyos ang kaniyang mga katampalasanan. 6 Ibigay din ninyo ang ayon sa ibinigay niya sa inyo, at ibayuhin ninyo ng ibayo sa kaniyang mga gawa: sa sarong kaniyang pinaghaluan ay ipaghalo ninyo siya ng ibayo. 7 Kung gaano ang pagkakapagmapuri, at pagkapamuhay na malayaw, ay gayon din naman ang ibigay ninyo sa kaniyang pahirap at pagluluksa: sapagka't sinasabi niya sa kaniyang puso, AKO'Y NAKAUPONG REINA, AT HINDI AKO BAO, at hindi ko makikita kailan man ang pagluluksa.' 8 Kaya't darating sa isang araw ang mga salot sa kaniya, kamatayan at pagluluksa, at gutom; at siya'y lubos na susunugin sa apoy; sapagka't malakas ang Panginoong Diyos na humatol sa kaniya."**

**18:4 "Mangagsilabas kayo sa kaniya, bayan ko, upang huwag kayong mangaramay sa kaniyang mga kasalanan, at huwag kayong magsitanggap ng kaniyang mga salot"** Ito ay isang OT pahiwatig sa Isaias 48:20; 52:11; Jeremias 50:8,28; 51:6,9,45 o Zacarias 2:6-7. Ito ay isang AORIST AKTIBONG PAUTOS na nagsasalita sa pangangailangan ng madaling pagkilos ng mga tao ng Diyos na hindi madala ng makasalanang na sistema ng mundo na ito.

**18:5 "Sapagka't ang kaniyang mga kasalanan ay umabot hanggang sa langit"** Ito ay isang pahiwatig sa Genesis 18:20-21 o Jeremias 51:9. Ang pasensya ng Diyos ay ginamit bilang isang paumanhin sa upang magkasala pa sa halip na magsisi (cf. 2:21; Roma 2:4).

▣ **"at naalaala ng Dios"** Madalas sa Bibliya, kapag naaalala ng Diyos ang mga gawa ng masasama ito ay nagreresulta sa paghahatol (cf. 16:19; Awit 79:8; Isaias 64:9; Jeremias 14:10; 17:1-4; 44:21-23; Hos. 7:2; 8:13; 9:9; Amos 8:7).

**18:6 "Ibigay din ninyo ang ayon sa ibinigay niya sa inyo"** Ito ay isang pahiwatig sa katotohanan na ating naaani anoman ang ating itinanim (cf. Galacia 6:7; para sa buong listahan tignan www.freecommentary.org). Ang katotohanan na ito ay ipiniresenta sa maraming magkaibang mga anyo sa Bibliya (cf. Awit 137:8; Jeremias 50:15,29; Mateo 7:2; Pahayag 13:10).

▣ **"bayuhin ninyo ng ibayo sa kaniyang mga gawa"** Ito ay isang pahiwatig sa Jeremias 16:18 at 17:18, ngunit ang katotohanan ay ipinahayag sa maraming mga konteksto (cf. Exodo 22:4-9; Awit 75:7-8; Isaias 40:2). Ang idyoma na ito ay nagsasalita sa kompleto at buong paghahatol, na gaya ng ginawa sa kasunod na parirala. Ang talatang ito ay maaring naging pampalakas ng loob sa inusig na mga Kristyano.

▣ **"sa sarong kaniyang pinaghaluan ay ipaghalo ninyo siya ng ibayo"** "Saro" ay isang OT metapora para sa paghahatol ng Diyos (cf. Awit 11:6; 60:3; 75:6-8; Isaias 51:17,22; Jeremias 25:15-16,27-28).

**18:7 "sapagka't sinasabi niya sa kaniyang puso 'AKO'Y NAKAUPONG REINA, AT HINDI AKO BAO, at hindi ko makikita kailan man ang pagluluksa"** Ito ay partikular na nauugnay sa Zepania 2:15 at Isaias 47:7-8. Ito ay nagpapahiwatig sa kasarinlan at kayabangan, na maaring ang pinagkukuhaan ng pagbagsak ni Satanas (posibleng ipinahiwatig sa Isaias 14 at Ezekiel 28), ang pagbagsak ng sangkatauhan (cf. Genesis 3), at ang pangwakas na panahong na sistema ng mundo na ito. Ang problema ay ang aroganteng pagsasarili!

Para sa "puso" Tignan Natatanging Paksa sa 2:23.

**18:8 "Kaya't darating sa isang araw ang mga salot sa kaniya"** Ito ang partikular na pahiwatig sa Isaias 47:9. Ang konsepto ng paglalampas ng kalungkutan sa kanya sa isang araw ay inulit sa vv. 17-19, kung saan ang makaJuan na termino "oras" ay ginamit. Ito ang pangunahing pampalakas ng loob sa inusig na mga Kristyano.

▣ **"at siya'y lubos na susunugin sa apoy"** Ito ay maaring isang pahiwatig sa Levitico 21:9. Tignan Natatanging Paksa: Apoy sa 16:8.

▣ **"sapagka't malakas ang Panginoong Dios na humatol sa kaniya."** Ito ay isang pahiwatig sa Jeremias 50:34.

**TALATA SA NASB (BINAGO): 18:9-10**

**[9]"At ang mga hari sa lupa, na nangakiapid at nangabuhay na malayaw na kasama niya, ay mangagsisiiyak at mangagsisitaghoy tungkol sa kaniya, pagkakita nila ng usok ng kaniyang pagkasunog, [10] At nangakatayo sa malayo dahil sa takot sa pahirap sa kaniya, na nangagsasabi, Sa aba, sa aba ng dakilang bayang Babilonia, ng bayang matibay! sapagka't sa isang oras ay dumating ang hatol sa iyo.'"**

**18:9-10 "At ang mga hari sa lupa"** Mayroong dapat pagkakaiba mula sa mga hari na binanggit sa 17:12,16, na nakisalamuha sa destruksyon at pagbagsak ng dakilang patutot. Ang mga haring ito ay tila mga mangangalakal na mga bansa na nakikinabang mula sa komersyong kalakalan sa mga laban sa Diyos na sistema ng mundo. Ito ay isang pahiwatig sa makapangyarihang komersyal na bayan ng Tyre at ang mayabang na hari nito sa Ezekiel 26-28. Ang natirang kabanata 18 ay tumalakay sa nakakalasong komersyal na kapangyarihang sinasamahan ng lahat ng mga makasalanang na sistema ng mundo.

**TALATA SA NASB (BINAGO): 18:11-20**

**[11]"At ang mga mangangalakal sa lupa ay mangagsisiiyak at mangagluluksa tungkol sa kaniya, sapagka't wala nang bibili pa ng kaniyang kalakal— [12]Ng kalakal na ginto at pilak, at mahalagang bato, at mga perlas, at mainam na lino, at kayong kulay ube, at sutla, at kayong pula; at sarisaring mababangong kahoy, at bawa't kasangkapang garing, at bawa't kasangkapang mahalagang kahoy, at tanso, at bakal, at marmol, [13]At kanela, at especias, at incienso, at ungguento, at kamangyan, at alak, at langis, at mainam na harina, at trigo, at mga baka, at mga tupa; at kalakal na mga kabayo at mga karo, at mga alipin; at mga kaluluwa ng mga tao. [14]At ang mga bungang pinipita mo ay nangapalayo sa iyo, at lahat ng mga bagay na maiinam at mariringal ay nangalipol sa iyo, at hindi na mangasusumpungan pa. [15]Ang mga mangangalakal ng mga bagay na ito, na nangagsiyaman dahil sa kaniya, ay mangagsisitayo sa malayo dahil sa takot sa pahirap sa kaniya, na nagsisiiyak at nagsisipagluksa, [16]Na nangagsasabi, Sa aba, sa aba, niyaong dakilang bayan, siya na nararamtan ng mahalagang lino at ng kayong kulay ube, at pula, at napapalamutihan ng ginto at ng mahalagang bato at ng perlas!; [17]Sapagka't sa loob ng isang oras ay nalipol ang gayong malaking kayamanan. At bawa't pinunong daong, at bawa't naglalayag saan mang dako, at ang mga mangdaragat, at lahat ng nagsisipaghanap-buhay sa dagat, ay nangakatayo sa malayo, [18] At nangagsisisigaw pagkakita sa usok ng kaniyang pagkasunog, na nangagsasabi, 'Anong bayan ang katulad ng dakilang bayan?' [19]At sila'y nangagbubuhos ng alabok sa kanilang mga ulo, at nagsisigawan, na nagiiyakan at nagtataghuyan, na nangagsasabi, Sa aba, sa aba, ang dakilang bayan, na siyang iniyaman ng lahat na may mga daong sa dagat dahil sa kaniyang mga kayamanan! sapagka't sa loob ng isang oras ay nalipol!' [20]Magalak ka tungkol sa kaniya, Oh langit, at kayong mga banal, at kayong mga apostol, at kayong mga propeta; sapagka't inihatol ng Diyos ang inyong hatol sa kaniya.."**

**18:11-19 "At ang mga mangangalakal sa lupa ay mangagsisiiyak at mangagluluksa tungkol sa kaniya"** Ito ay kapareho sa Ezekiel 27:

1. v. 11 – Ezekiel 27:31,36
2. vv. 12-13 – Ezekiel 27:12,13,22
3. v. 15 – Ezekiel 27:31,36
4. v. 17 – Ezekiel 27:26-30
5. v. 18 – Ezekiel 27:32
6. v. 19 – Ezekiel 27:30-34

Ito ay naglalarawan sa internasyonal na kalakalan:

1. pilak mula sa Espanya
2. pinong ilo mula sa Ehipto
3. seda mula sa Tsina
4. sitron na kahoy mula sa Hilagang Africa
5. garing mula sa Africa
6. bakal mula sa Espanya o sa Black Sea
7. kanela mula sa India
8. ang unibersal na praktis ng pangangalakal sa alipin

**18:13**

**NASB, NKJV,**
**NRSV, NJB** **"mga kalesa"**
**TEV** **"mga karwahe"**

Ito ay tumutukoy sa pribado, apat na gulong, na marangyang karwahe, hindi pandigmang mga karwahe.

**18:14 "maiinam at mariringal"** Ito ay isang salitang paglalaro sa Griyegong mga termino *lipara* (karangyaan) at *lampra* (kahanga-hanga).

**18:17** Ito ay isang pahiwatig sa Ezekiel 26-28 (bayan ng Tyre), kung saan yaong mga nagtrabaho sa transportasyon ng mga mararangya ay nagtangis dahil sa ang kanilang sariling pinagkikitaan ay naapektuhan.

**18:19 "At sila'y nangagbubuhos ng alabok sa kanilang mga ulo"** Tignan Natatanging Paksa: Mga Paghihinagpis na mga Ritwal sa 1:7.

**18:20 "Magalak ka tungkol sa kaniya"** Ito ay isang pahiwatig sa Jeremias 51:48, bagamat ang ilan ay nakita ito bilang tumutukoy sa Deutronomio 32:43 (sa Septuagint) bilang ekonomikong kahalili na nalungkot sa pagbagsak ng Babylonia,a ng mga mananampalataya ay nagalak!

▣ **"ang Diyos ay nagbigkas ng paghahatol para sa iyo laban sa kanya"** Sa buong aklat, ang paghahatol ng Diyos ay konektado sa mga panalangin ng Kanyang mga anak (cf. 6:10).

## TALATA SA NASB (BINAGO): 18:21-24

**21 At dinampot ng isang anghel na malakas ang isang bato, na gaya ng isang malaking gilingang bato, at inihagis sa dagat, na sinasabi, Gayon sa isang kakilakilabot na pagkahulog, igigiba ang Babilonia, ang dakilang bayan, at hindi na masusumpungan pa. 22 At ang tinig ng mga manunugtog ng alpa, at ng mga musiko at ng mga manunugtog ng plauta, at ng mga manunugtog ng pakakak ay hindi na maririnig pa sa iyo; at wala nang manggagawa ng anomang gawa ay masusumpungan pa sa iyo; at ang ugong ng gilingan ay hindi na maririnig pa sa iyo; 23 At ang ilaw ng ilawan ay hindi na liliwanag pa sa iyo, at ang tinig ng kasintahang lalake at ng kasintahang babae ay hindi na maririnig pa sa iyo; sapagka't ang mga mangangalakal mo ay naging mga pangulo sa lupa; sapagka't dinaya ng iyong panggagaway ang lahat ng mga bansa. 24 At nasumpungan sa kaniya ang dugo ng mga propeta, at ng mga banal, at ng lahat ng mga pinatay sa lupa."**

**18:21 "dinampot ng isang anghel na malakas ang isang bato, na gaya ng isang malaking gilingang bato, at inihagis sa dagat,"** Ito ay isang pahiwatig sa Jeremias 51:63- Ito ay malakas na sipi na nagpapakita na ang Babylonia ay kailanman hindi, hindi na muling babangon. Sa katunayan, sa vv. 21-33, mayroong anim na DOBLENG NEGATIBO, "tiyak na hindi," "hindi sa anomang mga pagkakataon," at "hindi kailanman, hindi, hindi maari."

▣ **"at hindi na masusumpungan pa"** Ito ay nagpapakita ng lubusan, permanenteng pagkawasak (cf. Ezekiel 26:21).

**18:22-23** Ang mga ito ay ang tunog sa pangaraw-araw na pamumuhay sa Sinaunang Near East. Ang paghahatol ng Diyos ay nagdadala ng katapusan sa walang diyos na lipunang ito (cf. Isaias 24:8; Jeremias 7:34; 25:10; Ezekiel 26:13).

**18:23 "sapagka't dinaya ng iyong panggagaway ang lahat ng mga bansa"** Ito ay isang pahiwatig sa Nahum 3:4. Pansinin na ito ay ang vv. 23-24 mayroong mga nakalistang tatlong mga dahilan para sa pagbagsak ng dakilang bayan.

1. kayabangan at kayamanan ( cf. Isaias 23:8)
2. idolatrya at pangkukulam (cf. Levitico 19:26,33; Deutronomio 18:9-12)
3. persekusyon sa bayan ng Diyos (cf. 16:6, 17:6).

18:24 Ito ay isang pahiwatig sa Jeremias 51:49.

## MGA TALAKAYANG TANONG

Ito ay isang komentaryong gabay sa pag-aaral, na nangangahulugan na ikaw ay may pananagutan sa iyong sariling interpretasyon sa Bibliya. Ang bawat isa sa atin ay dapat lumakad sa liwanag na mayroon tayo. Ikaw, ang Bibliya, at ang Banal sa Espiritu ay pangunahin sa interpretasyon. Hindi mo dapat iasa ito sa taga-pagsuri.

Ang mga talakayang tanong na ito ay inihanda upang tulungan kang mag-isip sa pamamagitan ng mga pangunahing paksa sa bahaging ito ng aklat. Ito ay nangahulugang dapat maging mapukaw-isip, hindi pang kahulugan lamang..

1. Ang mga kabanata 17 at18 ba ay isang pampanitikang yunit? Kung magkagayon, bakit?
2. Bakit napakahirap na iinterpret kung kailan bumagsak ang Babylonia?
3. Kanino ang Babylonia, ang dakilan patutot, tumutukoy sa panahon ni Juan ? Sa ating panahon? Sa pangwakas na panahon?
4. Ano ang imoralidad at alak tumutukoy sa 14:8; 17:2; 18:3 sa koneksyon ng sistema ng mundo na ito?
5. Maari bang iyong ipaliwanag ang iyong interpretasyon ng 17:10-11.
6. Mula sa anong aklat ng OT halos lahat ng mga pahiwatig ni Juan kinuha?

# PAHAYAG 19

## MGA BAHAGI NG TALATAAN NG MGA MAKABAGONG SALIN*

| UBS[4] | NKJV | NRSV | TEV | NJB |
|---|---|---|---|---|
| (18:21-19:4) | Ang Langit ay Inaangat ng Higit sa Babilonia | Mga Pagpupuri sa Kalangitan | (18:21-19:4) | Mga Awit ng Tagumpay sa Langit |
| Ang Pag-aasawang Paghahapunan ng Kordero | 19:1-10 | 19:1-10 | Ang Pag-aasawang Kapistahan ng Kordero | 19:1-4 |
| 19:5-8<br>19:9-10 | | 19:5-8<br>19:9-10 | 19:5-8<br>19:9<br>19:10a-b<br>19:10c | 19:5-10 |
| Ang Mangangabayo ng Puting Kabayo | Si Kristo sa Puting Kabayo | Ang Tagumpay ni Kristo at ang Kanyang Makalangit na mga Hukbo | Ang Mangangabayo ng Puting Kabayo | Ang Unang Eskatolohikal na Labanan |
| 19:11-16 | 19:11-16<br>Natalo ang Hayop at ang Kanyang mga Hukbo | 19:11-16 | 19:11-16 | 19:11-16 |
| 19:17-21 | 19:17-21 | 19:17-21 | 19:17-18<br>19:19-21 | 19:17-18<br>19:19-21 |

## IKATLONG TAPUSANG PAGBASA (tingnan p. v sa panimulang seksyon)

***PAGSUNOD SA ORIHINAL NA LAYUNIN NG MAY-AKDA AYON SA ANTAS NG TALATA***

Ito ay isang komentaryong gabay sa pag-aaral, na nangangahulugan na ikaw ay may pananagutan sa iyong sariling interpretasyon sa Bibliya. Ang bawat isa sa atin ay dapat lumakad sa liwanag na mayroon tayo. Ikaw, ang Bibliya, at ang Banal sa Espiritu ay pangunahin sa interpretasyon. Hindi mo dapat iasa ito sa taga-pagsuri.

Basahin ang kabanata ng isang upuan. Alamin ang mga paksa. Ihambing ang iyong pagkakabahagi ng paksa sa limang makabagong salin. Ang pagkakatalata ay hindi isang inspirasyon, ngunit ito'y isang susi sa pagsunod sa layunin ng may akda na siyang puso ng interpretasyon. Bawat talata ay may isa at isa lamang na paksa.

1. Unang Talata
2. Ikalawang Talata
3. Ikatlong Talata
4. Atbpa.

## KONTEKSTWAL NA MGA KAUNAWAAN SA PAHAYAG 19:1-21

A. Ang kabanatang pagkakabahagi sa seksyon na ito ng Pahayag ay ginawa sa di-naaangkop na lugar (mga kabanatang pagkakabahagi, talataang pagkakabahagi, , talatang pagkakabahagi, kapitalisasyon, at pagbabantas ay hindi bahagi ng kinasihang orihinal na Griyegong teksto). Ang Pahayag 19:1-10 ay halatang nagtatapos sa pagmamasaid patungkol sa pagkawasak sa dakilang patutot inilarawan sa 17:1- 18:24. Habang ang tao ay nagpuri sa pagbagsak ng Assyria a Babilonia sa OT, ngayon ang mga banal na anghel (cf. v. 4) ay naggalak sa pagbagsak ng Babilonia, ang pakakak (i.e., pantaong pamahalaang hiwalay sa Diyos),na gaya ng ginawa ng mga mananampalataya sa18:20.

B. Ang serye ng mga pagpupuri sa 19:1-10 bilang pagtugon sa 18:20.

C. Ang pangkalahatan ay naunawaan ito bilang ang kabanata na naglalarawan sa Ikawalang Pagdating ni Kristo (cf. 19:11-16). Ngunit dapat makita na ang kabanatang ito ay nagsasara sa isa pang siklo ng paghahatol. Ang pagbabalik ni Kristo ay inilarawan sa kabanatang ito sa pinkaHudyong mga termino, na tila sama-samang iba mula sa makaPablo na deskripsyon of I Tesalonica 4:14-18. Ang Hudyo ay inasahan ang Mesyas na bumalik sa paraang inilarawan sa vv. 11-16. Ang NT ay naglalarawan sa Ikawalang Pagdating sa ilang magkaibang ngunit

kaugnay, na mga paraan. Karamihan sa mga Kristyano ay nakita ang pangwakas na panahong sa mga termino ng Bundok sa Olibo na talakayan ni Hesus (cf. Mateo 24; Marcos 13; Lucas 21) at diskusyon ni Pablo sa "tao ng kasalanan" (cf. II Tesalonica 2).

D. Para doon sa dumaranas ng pag-uusig, si Hesus bilang Mandirigma, Tagapagtanggol, at Hukom ay isang kaginhawaag perspektibo.

## SALITA AT PARIRALANG PAG-AARAL

**TALATA SA NASB (BINAGO): 19:1-5a**

**[1]Pagkatapos ng mga bagay na ito ay narinig ko ang gaya ng isang malaking tinig ng isang makapal na karamihan sa langit, na nagsasabi, Aleluya; Kaligtasan, at kaluwalhatian, at kapangyarihan, ay nauukol sa ating Diyos; [2] SAPAGKA'T TUNAY AT MATUWID ANG KANIYANG MGA PAGHATOL; pagka't hinatulan niya ang bantog na patutot, na siyang nagpasama sa lupa ng kaniyang pakikiapid, AT IGINANTI NIYA ANG DUGO NG KANIYANG MGA ALIPIN SA PAMAMAGITAN NG KANIYANG KAMAY" [3]At sila'y muling nangagsabi, "Aleluya! AT ANG USOK NIYA AY NAPAIILANGLANG MAGPAKAILAN KAILAN MAN." [4] At nangagpatirapa ang dalawangpu't apat na matatanda at ang apat na nilalang na buhay, at nangagsisamba sa Diyos na nakaupo sa luklukan, na nangagsasabi, "Siya nawa; Aleluya!" [5]At lumabas ang isang tinig sa luklukan, na nagsasabi,**

**19:1 "ay narinig ko ang gaya ng isang malaking tinig ng isang makapal na karamihan sa langit"** Ito ay isang pahiwatig sa Jeremias 51:48. Ang mga kabanata 17-18 ay kumuha ng matindi mula sa Jeremias 50-51 (ang pagkawasak ng Babilonia) para sa kanilang pag-iimahe. Ang kaparehong pariralangito o konsepto ay matatagpuan rin sa Pahayag 11:15 (ang Ikawalang Pagdating pagkatapos ng ikapitong trumpeta) at 19:6. Mayroong naging matinding talakayan patungkol sa kng sino ang mga karamihan, ngunit ito ay simpleng persekusyon sa kung ito ay matapat na mala-anghel na hukbo, tinubos na sangkatauhan, o pareho.

▣ **"Aleluya"** Ang Hebreong terminong ito ay nangahulugan ng "purihin si YHWH" (BDB 237 II at 219). Ito ang tanging paglitaw ng terminong ito sa NT. Lumilitaw sa kontekstong ito ng apat na beses: vv. 1,3,4, at 6. Ang OT kinaligiran dito ay matatagpuan sa papuring awit na ginamit sa liturhiya ng parehon Paskuwa at ang Pista ng mga TAbernakulo (cf. 104:35; 105:45; 106:48; 111:1; 112:1; 113:1; 116:19; 117:2; 125:1,21; 146:1,10; 147:1;148:1,14; 149:1,9; 150:1,6). Isang kahilera parirala ay matatagpuan sa v. 5b.

▣ **"Kaligtasan"** Ito ay kumikilala sa pagnanasa ng Diyos para sa lahat ng sangkatauhan (cf. 9:20-21; 14:6-7; 16:9,11; 21:7; 22:17; Ezekiel 18:23,30-32; Juan 3:16; 4:42; I Timoteo 2:4; 4:10; II Pedro 3:9; I Juan 4:14). Ito ay maaring tumutukoy sa OT konsepto ng pisikal na pagpapalaya, ngunit marahil nauugnay sa isang total, eternal, kosmikong kaligtasan para sa naniniwalang mga indibidwal, at lahat ng pisikal na nilikha (cf. Gawa 3:21; Roma 8:18-25; Colossas 1:19).

▣ **"kaluwalhatian, at kapangyarihan"** Sa buong aklat makalangit na koro ay biglang umawit ng mga papuri sa Diyos. Madalas ang mga papuring awit na ito ay ang susi sa pag-iinterpret ng kagyat na konteksto.

**19:2 "SAPAGKA'T TUNAY AT MATUWID ANG KANIYANG MGA PAGHATOL"** Ito ay maaring isang pahiwatig sa Awit 19:9; 119:138 at 142. Ang paghahatol ng Diyos ay naaangkop at patas (nakita sa tatlong mga siklo ng paghahatol). Ito ay maaring napakagaan sa kalooban ng isang grupot ng mga Kristyano na dumaranas ng persekusyon (cf. v. 11; 15:3,4; 16:7).

▣ **"ang bantog na patutot**" Ang makasalanan, laban sa Diyos na sistema ng mundo ay tinawag sa ilang mga pangalan:

1. ang bantog na bayan
2. Babilonia
3. ang patutot (cf. 14:8; 16:19-21; 17:1-18:24)

Ang mga talata 1-4 ay ipinagpatuloy ang konteksto mula sa mga kabanata 17 at 18.

▣ **"na siyang nagpasama sa lupa ng kaniyang pakikiapid"** Ito ay tumutukoy sa materyalismo, idolatrya, o imoral na paganong pagkayabong na pagsamba, o emperador na pagsamba (cf. 2:14,20,21; 9:21; 14:8; 17:2,4; 18:3).

**NATATANGING PAKSA: WASAKIN, SIRAIN, DUNGISAN (*PHTHEIRŌ*)**

Ang pangunahing kahulugan ng terminong *phtheirō* ay wasakin, pagkagiba, dungisan, o sirain. Ito ay maaring

gamitin para sa

1. pananalaping pagkagiba (posibleng II Corinto 7:2)
2. pisikal na pagkawasak (cf. I Corinto 3:17a)
3. sekswal na pag-aakit (cf. II Corinto 11:3)
4. eternal pagkawasak (cf. II Pedro 2:12,19)
5. nabubulok na mga tradisyon ng tao (cf. Colossas 2:22; I Corinto 3:17b)

Madalas ang terminong ito ay ginamit sa parehong konteksto habang ito ay nagpapanegatibo ng kasalungat (cf. Roma 1:23; I Corinto 9:25; 15:50,53). Pansinin ang kahilera pagkakasalungat sa pagitan ng ating pandaigdig na pisikal na mga katawan at ating makalangit na eternal na mga katawan.

1. nabubulok laban sa di-nabubulok, I Corinto 15:42,50
2. kawalang karangalan laban sa kaluwalhatian, I Corinto 15:43
3. kahinaan laban sa kapangyarihan, I Corinto 15:43
4. natural na katawan laban sa espiritwal na katawan, I Corinto 15:44
5. unang Adan laban sa huling Adan, I Corinto 15:45

▣ **"AT IGINANTI NIYA ANG DUGO NG KANIYANG MGA ALIPIN"** Ito ay maaring isang pahiwatig sa Deutronomio 32:43 o II Hari 9:7 (cf. Roma 12:19). Ang Diyos ay umakto alang-alang sa mga panalangin ng Kanyang mga banal (cf. 6:9-11; Mateo 7:7-8; 21:22; Juan 21:22; 14:13-14; 15:7,16;16:23-24, 26; Santiago 4:2; I Juan 3:22; 5:14-16).

Ang laban sa Diyos na sistema ng mundo ay laging kasangkot sa pag-uusig at pagpatay sa mga tao ng Diyos. Ang Diyos ay nagpahintulot sa masama upang ihayag ang tunay na intensyon nito (cf. 13:5,7,15).

**19:3 "AT ANG USOK NIYA AY NAPAIILANGLANG MAGPAKAILAN KAILAN MAN"** Ito ay isang pahiwatig sa Isaias 34:10 na naglalarawan sa unibersal na paghahatol. Dapat nating tandaan na ang pampanitikang dyanrang ito (apokaliptikong) ay gumagamit ng mga simbolo upang ipagbigay-alam ang katotohanan. Ang katotohanan dito ay tila isa sa dalawang mga posibleng pokus:

1. eternal kaparusahan (cf. 6:10; Mateo 3:12; 25:41; Lucas 3:17; Marcos 9:43,48)
2. kompletong pagkawasak (cf. Isaias 34:8-10). Ang kaparehong katotohanan na ito ay natagpuan sa Pahayag 14:11

**19:4 "ang dalawangpu't apat na matatanda"** Tignan Natatanging Paksa sa 4:4.

▣ **"Amen"** Ang terminong ito ay ginamit sa 1:6,7; 3:14; 5:14 at 7:12; 19:4; 22:20; at 22:21. Ito ay isang anyo ng OT Hebreong salita para sa "pananampalataya" (*emeth*, cf. Habakkuk 2:4). Ang orihinal na etimolohiya nito ay "maging matatag" o "maging sigurado." Ito ay naiaplay sa OT sa pagkamapagkakatiwalaan ng Diyos. Gayunpaman, sa NT, ang gamit nito ay unang-una sa liturhikal na pakahulugan ng "Ako ay sumasang-ayon" o "Ako ay naninindigan." Tignan Natatanging Paksa: Amen sa 1:6.

## NATATANGING PAKSA: MANIWALA, MAGTIWALA, MANAMPALATAYA, AT KATAPATAN SA LUMANG TIPAN (אמן)

I. Paunang Pangungusap

Kailangan banggitin na ang paggamit ng teolohikal na pagkaunawa, ay napakahalaga sa NT, hindi ito malinaw na binigyan kahulgan sa OT. Ito ay tiyak na nandoon, ngunit iponakita sa ilang mga talata at mga katauhan.

Ang paghahalo sa OT

1. ang pangsarili at panlipunan
2. ang personal pagtatagpo at pangkasunduang pagsunod

Ang pananampalataya ay parehong personal pagtatagpo at pang-araw-araw na pamumuhay! Mas madaling ilarawan ang isang tao kaysa sa *lexical* na anyo. (i.e.,pag-aaral ng salita). Ang pangsariling aspeto ay pinakamahusay na mailalarawan kina

1. Abraham at ang lipi
2. David at Israel

Ang mga lalaking ito ay nasumpungan/ natagpuan ang Diyos at kanilang mga buhay ay pamalagiang nabago (hindi sakdal na mga buhay, ngunit nagpapatuloy sa pananampalataya). Ang pagsubok ay nagpapakita ng mga kahinaan at mga kalakasan ng kanilang pananampalataya sa pagtatagpo sa Diyos, ngunit ang malalim, mapagkakatiwalaang pakikipag-ugnayan ay magpapatuloy sa mahabang panahon! Ito ay sinubok at pinadalisay,

ngunit itoy nagpatuloy bilang katunayan ng kanilang debosyon at lakad ng buhay.

II. Pangunahing Ugat na ginamit

A. אמן (BDB 52)

1. PANDIWA

a. *Qal* na tangkay – sumuporta, palusugin (i.e., II Hari 10:1,5; Ester 2:7, ang di-teolohikal na pagkakagamit)

b. *Niphal* na tangkay – siguruhin o patatagin, pagtibayin, patunayan, maging tapat o katiwa-tiawala

(1) sa tao, Isaias 8:2; 53:1; Jeremias 40:14 (2) sa mga bagay, Isaias 22:23

(3) sa Diyos, Deuteronomio 7:9; Isaias 49:7; Jeremias 42:5

c. *Hiphil* ang tangkay – tumayo ng matatag, maniwala, magtiwala

(1) Naniwala si Abraham sa Diyos, Genesis 15:6

(2) ang mga Israelita sa Ehipto ay naniwala Exodo 4:31; 14:31 (nawala sa Deuteronomio 1:32)

(3) ang mga Israelita ay naniwala sa YHWH nagsalita sa pamamagitan ni Moses, Exodo 19:9; Awit 106:12,24

(4) Si Ahaz ay hindi nagtiwala sa Diyos, Isa 7:9

(5) kung sinoman ang maniwala sa kanya, Isaias 28:16

(6) naniwala sa mga katotohanang tungkol sa Diyos Isaias 43:10-12

2. PANGNGALANG (PANGLALAKE)– katapatan (i.e., Deuteronomio 32:20; Isaias 25:1; 26:2)

3. PANG-ABAY – tunay nga, sa katotohanan, ako ay sumasang-ayon, maaring ito na nga (cf. Deuteronomio 27:15-26; I Hari 1:36; I Chronika 16:36; Isaias 65:16; Jeremias 11:5; 28:6). Ito ay ang liturhikal na gamit ng "amen" sa mga OT and NT.

B. א מה (BDB 54) PAMBABAENG PANGNGALAN, katatagan, katapatan, katotohanan

1. ng tao, Isaias 10:20; 42:3; 48:1

2. ng Diyos, Exodo 34:6; Awit 117:2; Isaias 38:18,19; 61:8

3. ng katotohanan, Deuteronomio 32:4; I Hari 22:16; Awit 33:4; 98:3; 100:5; 119:30; Jeremias 9:5; Zacarias 8:16

C. אמונה (BDB 53), katotohanan, pagiging matibay, katapatan

1. ng mga kamay, Exodo 17:12

2. sa mga panahon, Isaias 33:6

3. ng mga tao, Jeremias 5:3; 7:28; 9:2

4. ng Diyos, Awit 40:11; 88:11; 89:1,2,5,8; 119:138

III. Ang paggamit ni Pablo ng kaunawaang ito ng OT

A. Si Pablo ay nagbatay ng kanyang pagkakaunawa ng YHWH at ang OT sa kanyang personal na pagtatagpo kay Hesus sa landas sa Damascus (cf. Gawa 9; 22; 26).

B. Natagpuan niya ang tulong ng OT sa kanyang bagong pagkakaunawa sa dalawang susing OT na talata na gumait ng ugat na אמן.

1. Genesis 15:6 – Ang personal na pagtatagpo ni Abraham na sinimulan ng Diyos (Genesis 12) na nagbunga sa masunuring buhay pananampalataya (Genesis 12-22). Binanggit ni Pablo ito sa Roma 4 at Galatia 3.

2. Isaias 28:16 – yaong mga naniwala dito ay (i.e., Ang Diyos ay nagsubok at matatag na naglagay ng patibayang bato) ay hindi kailanman

a. Roma 9:33, "mailalagay sa kahihiyan" o "mabigo"

b. Roma 10:11, kagaya nang nasa itaas

3. Habakuk 2:4 – yaong mga nakakilala sa tapat na Diyos ay dapat na mamuhay ng tapat na buhay (cf. Jeremias 7:28). Si Pablo ay gumamit ng talatang ito sa Roma 1:17 at Galacia 3:11 (tingnan din sa Hebreo 10:38).

IV. Ang paggamit ni Pedro ng kaunawaang ito ng OT

A. Pinagsama ni Pedro

1. Isaias 8:14 – I Pedro 2:8 (batong katitisuran)

2. Isaias 28:16 – I Pedro 2:6 (patibayang bato)

3. Awit 118:22 – I Pedro 2:7 (batong itinakwil)

B. Ibinaling niya ang natatanging wika na naglalarawan sa Israel, “ang piniling lahi, ang maharalikang pagkasaserdote, ang banal na bayan, ang tao para sa sariling pag-aari ng Diyos” mula sa

1. Deuteronomio 10:15; Isaias 43:21
2. Isaias 61:6; 66:21
3. Exodo 19:6; Deuteronomio 7:6

at ngayon ay ginagamit ito para pananampalataya ng iglesya kay Kristo

V. Ang paggamit ni Juan ng konsepto

A. Ang pagkakagamit sa NT

Ang katagang “naniwala” ay nagmula sa Griyegong katagang (*pisteuō*). na maaring maisalin sa “maniwala,” manampalataya,” o “ magtiwala.” Halimbawa, ang PANGNGALAN ay hindi nakita sa Ebanghelyo ni Juan, ngunit ang PANDIWA ay madalas na ginamit. Sa Juan 2:23-25 mayroon hindi tiyak sa pagiging tunay ng mga pangako ng mga tao kay Hesus ng Nazaret bilang isang Mesias. Ibang mga halimbawa ng mapa-imbabaw na gamit ng katagang “maniwala” ay sa mga Juan 8:31-59 at Gawa 8:13, 18-24. Ang totoong biblikal na pananampalataya ay higit sa panimulang pagtugon. Ito ay dapat na sundan ng proseso ng pagiging-alagad (cf. Mateo 13:20-22,31-32).

B. Ang paggamit nito na may PANG-UKOL

1. *eis* nangunguhulang “sa.” Ang natatanging pagkabuo na ito ay nagbibigay-diin sa mga mananampalataya na ilagak ang kanilang pagtitiwala/pananampalataya kay Hesus
   a. sa Kanyang Pangalan (Juan 1:12; 2:23; 3:18; I Juan 5:13)
   b. sa Kanya (Juan 2:11; 3:15,18; 4:39; 6:40; 7:5,31,39,48; 8:30; 9:36; 10:42; 11:45, 48; 12:37,42; Mateo 18:6; Gawa 10:43; Filipos 1:29; I Pedro 1:8)
   c. sa Akin (Juan 6:35; 7:38; 11:25,26; 12:44,46; 14:1,12; 16:9; 17:20)
   d. sa Anak (Juan 3:36; 9:35; I Juan 5:10)
   e. kay Hesus (Juan 12:11; Gawa 19:4; Galacia 2:16)
   f. sa Liwanag (Juan 12:36)
   g. sa Diyos (Juan 14:1)
2. *en* nangangahugang “nasa” gaya ng sa Juan 3:15; Marcos 1:15; Gawa 5:14
3. *epi* nangangahulugang “sa” or “sa ibabaw,” gaya ng sa Mateo 27:42; Gawa 9:42; 11:17; 16:31; 22:19; Roma 4:5, 24; 9:33; 10:11; I Timoteo 1:16; I Pedro 2:6
4. ang DATIVE CASE na walang PANG-UKOL gaya ng sa Galacia 3:6; Gawa 18:8; 27:25; I Juan 3:23; 5:10
5. *hoti*, na nangangahulugang “paniwalaang ang,” nagbibigay ng nilalaman ng kung ano ang paniniwalaan
   a. Si Hesus ay ang Nag-iisang Banal ng Diyos (Juan 6:69)
   b. Si Hesus ay ang Ako nga (Juan 8:24)
   c. Si Hesus ay nasa Ama at ang Ama ay nasa Kanya (Juan 10:38)
   d. Si Hesus ay ang Mesias (Juan 11:27; 20:31)
   e. Si Hesus ay ang Anak ng Diyos (Juan 11:27; 20:31)
   f. Si Hesus ay ipinadala ng Ama (Juan 11:42; 17:8,21)
   g. Si Hesus ay kaisa ng Ama (Juan 14:10-11)
   h. Si Hesus ay nagmula sa Ama (Juan 16:27,30)
   i. Si Hesus ay kinilala ang sarili sa pangkasunduang pangalan ng Ama, “Ako ay” (Juan 8:24; 13:19)
   j. Tayo ay mamumuhay ng kasama Niya (Roma 6:8)
   k. Si Hesus ay namantay at muling nabuhay (I Thesalonica 4:14)

VI. Buod

Ang Biblikal na pananampalataya ay isang makataong pagtugon sa Banal na salita/pangako. Ang Diyos ay palaging nagsisimula (i.e., Juan 6:44,65), ngunit bahagi ng Banal na pakikipag-usap ay ang pangangailangan na ang tao ay tumugon.

A. pagtitiwala

B. pagtalima ayon sa kasunduan

Ang Biblikal na pananampalataya

1. isang personal na kaugnayan (panimulang pananampalataya)
2. ang paninindigan sa Biblikal na katotohanan (pananampalataya sa kapahayagan ng Diyos)
3. ang angkop na mapagtalimang pagtugon (pang-araw-araw na pananampalataya)

Ang Biblikal na pananapalataya ay hindi tiket sa langit o patakarang pagsisiguro. Ito ay personal na ugnayan. Ito ang layunin ang paglilikha at mga taong na ginawa ayon sa larawan at wangis (cf. Genesis 1:26-27) ng Diyos. Ang usapin ay "pagiging malapit." Ninanais ng Diyos ang pakikipagsalamuha, hindi ang isang panindigan teolohikal! Ngunit ang pakikisalamuha kasama ang banal na Diyos ay nangangailang ang mga anak ay magpakita ng "pampamilyang" katangian (i.e., kabanalan, cf. Levitico 19:2; Mateo 5:48; I Pedro 1:15-16). Ang Pagbagsak (cf. Genesis 3) nakaapekto sa ating kakayahan na tumugon ng angkop. Samakatuwid, Kumilos ang Diyos para sa atin (cf. Ezekiel 36:27-38), binigyan tayo ng "bagong puso" at "bagong espiritu," kung saan sa pamamagitan ng pananampalataya at pagsisisi, tayo ay nagkaroon ng pakikisalamuha ang pagsunod sa Kanya!

Lahat ng tatlong ito ay napakamahalaga. Ang lahat ng tatlo ay dapat mapanatili. Ang layunin ang makilala ang Diyos (kapwa Hebreo at Griyegong mga kaunawaan) at ipakita ang Kanyang katangian sa ating mga buhay. Ang tunguhin ng ating pananampalataya ay hindi ang langit balang-araw, ngunit ang pagiging katulad ni Kristo araw-araw!

Ang pananampalataya ng tao ay ang bunga (NT), hindi ang batayan (OT) n gating pakikipag-ugnaya sa Diyos: ang pananampalataya ng tayo ay ang Kanyang katapatan; ang pagtitiwala ng tao ay ang Kanyang pagiging mapagkakatiwalaan. Ang puso ng pananaw ng NT sa kaligtasan ay ang mga tao ay dapat may panimulang pagtugon at nagpapatuloy upang simulant ang biyaya at awa ng Diyos, na napakita sa kay Kristo. Siya ay minahal, Siya ay ipinadala, Siya ang naglaan; kailangan tayong tumugan nang may pananampalataya at katapatan (cf. Efeso 2:8-9 and 10)!

Ang matapat ng Diyos ay nais ng matatapat ng tao upang ihayag ang Kanyang sarili sa isang mundong walang pananampalataya at dalhin sila sa personal na pananampalataya sa Kanya.

**19:5 "At lumabas ang isang tinig sa luklukan, na nagsasabi"** Dahil sa parirala "ating Diyos" (v. 5b), ito ay dapat na isang anghel, hindi Diyos. Si Hesus kailanman hindi tinawag ang Diyos "ating Diyos" (Michael MaGill, *NT Transline*, p. 1011).

## TALATA SA NASB (BINAGO): 19:5b-6a

**5b"Purihin ninyo ang ating Diyos, ninyong lahat na mga lingkod niya, ninyong lahat na mga natatakot sa kaniya, maliliit at malalaki." 6At narinig ko ang gaya ng isang tinig ng isang makapal na karamihan, at gaya ng lagaslas ng maraming tubig, at gaya ng ugong ng malalakas na kulog na nagsasabi,**

▣ **"Purihin ninyo ang ating Diyos,"** Ito ay isang pahiwatig sa Awit 115:13; 134:1; 135:1. Ang termino ay isang PANGKASALUKUYANG AKTIBO PAUTOS, ngunit ito ay magkaibang termino kaysa "Hallelujah," na natagpuan sa vv. 1,3,4 at 6. Ito ay teolohikal na hindi karaniwan na ang isang anghel ay maaring gumamit ng mga salita, "Ating Diyos," ngunit ang v. 10 Ay nagpapakita na ang mga anghel ay kinilala ang kanilang mga sarili hinid lamang kasama ng mga banal sa paglilingkod, ngunit kasama rin ng mga banal sa kanilang testimonya patungkol kay Hesus.

▣ **"ninyong lahat na mga lingkod niya, ninyong lahat na mga natatakot sa kaniya, maliliit at malalaki"** Ito ay isang pahiwatig sa Awit 115:13 (ginamit sa una sa Pahayag 11:18).

**19:6** Ang mga naglalarawang mga pariralang ito ay ginamit sa

1. ng Diyos sa Ezekiel 43:2
2. ng isang makapangyarihang anghel sa Daniel 10:6
3. ni Kristo sa Pahayag 1:15
4. ng tinubos na komunidad sa Pahayag 14:2
5. sa konteksto ito ay tila isang mala-anghel na koro

## TALATA SA NASB (BINAGO): 19:6b-8

**6b"Aleluya' sapagka't naghahari ang Panginoong ating Diyos na Makapangyarihan sa lahat. 7Tayo'y mangagalak at tayo'y mangagsayang mainam, at siya'y ating luwalhatiin; sapagka't dumating ang pagkakasal ng Kordero, at ang kaniyang asawa ay nahahanda na. 8At sa kaniya'y ipinagkaloob na damtan ang kaniyang sarili ng mahalagang lino, makintab at tunay; sapagka't ang mahalagang lino ay siyang mga matuwid na gawa ng mga banal."**

▣ **"ang Panginoong ating Diyos na Makapangyarihan sa lahat"** Ang tatluhang titulo na ito para sa Diyos mula sa OT (YHWH, *Elohim*, and *El Shaddai*, Tignan Natatanging Paksa: Mga Pangalan ng Pagkadiyos sa 4:8) ay lumitaw sa ilang mga anyo sa 1:8; 4:8;11:7; 15:3; 16:7,14; 19:15; at 21:22.

Ang PANGHALIP "na atin" ay napaka karaniwan dahil ito ay binigkas ng isang anghel. Ito ay hindi na lumitaw pa sa tatluhang titulo na ito. Gayunpaman, ang tekstwal na ebdiensya para sa pagsama nito ay malakas.

1. "Panginoon ang Diyos natin" sa naunang mga korektor ng MS א[2] (UBS[4] inilagay ito sa teksto ngunit binigyan ito ng "C" na antas)
2. "ang Diyos, ang Panginoon natin" sa orihininal MS ng א*
3. sa ilang mga kalunang mga miniskula Griyegong mga teksto, "ang Diyos natin" (MSS 051, 209)
4. "Panginoong Diyos" (MS A)
5. "Panginoon" (Peshitta at Coptic bersyon)

▣ **"naghahari"** Mayroong naging matinding talakayan patungkol sa AORIST PAMANAHONG PANDIWA (cf. 11:17). Ang ilan na ito ay nakita ito bilang ang Diyos ay nagsimulang namahala (isang INGRESIBO O INSEPTIBO AORIST, cf. Awit 93:1; 97:1, NJB). Gayunpaman, ang Diyos ay laging naghahari (isang KONSTATIBO O GNOMIC AORIST, cf. Awit 99:1). Ang ilan ay nakita ito bilang ang Diyos ay naghahari sa mundo ngayon habang Siya ay na sa langit (isang KULMINATIBO or EPEKTIBO AORIST, cf. Mateo 6:10). Ang pagwakas ng panahon at kaganapan ng kaharian ng Diyos ay lumitaw ng ilang beses sa Pahayag sa hulihan ng magkaibang mga siklo ng paghahatol (mga selyo, mga trumpeta, mga mangkok). Ito ay tila kahilera sa 11:15. Ito ay maaaring isang pahiwatig sa Isaias 24:23; 52:7 o Micah 4:7. Tignan Natatanging Paksa: Paghahari sa Kaharian ng Diyos sa 5:10.

**19:7** Ang unang dalawang PANDIWA sa v. 7 ay mga PASAKALI.

1. tayo ay maggalak – PANGKASALUKUYANG AKTIBO
2. ating itaas – PANGKASALUKUYANG AKTIBO

Ang ikatlong PANDIWA ay ilang mga baryante.

1. *dōsōmen* (DI-REGULAR AORIST AKTIBONG PASAKALI) – MS P
2. *dōsomen* (PANGHINAHARAP), "tayo ay magbibigay luwalhati" – MSS א[2], A
3. *dōmen* (AORIST AKTIBONG PASAKALI) – MS א*

Ang bilang 1 at 3 ay maaring maisalin gaya ng unang dalawang PANDIWA, "tayo ay magbigay luwalhati." Ang bilang 2 ay maaring maisalin na "tayo ay magibigay luwalhati" (RSV). Ang UBS[4] ay nagbigay #1 na "C" antas; ang UBS[3] ay binigyan ito ng "D" antas. Ang komite ay hindi makapagdesisyon kung ano ang orihinal.

▣ **"siya'y ating luwalhatiin"** Ito ay maaaring isang metaporikal. Ito ay maaring isang parirala para sa pagtitiwala, paniniwala, paglalagak ng pananampalataya kay Kristo. Sa 11:13 ito ay maaring mangahulugan na ang ilan ay nagsisi at naging mananampalataya bilang resulta ng mga akto ng paghahatol ng Diyos. Ang pariralang ito ay ginamit sa mga tao ng Diyos sa 14:7 at pagtanggi pinahirapang mga di-mananampalataya na sumamba sa Diyos sa 16:9.

▣ **"dumating ang pagkakasal ng Kordero"** "Kordero" ay may OT sakripisyal na konotasyon (cf. Levitico 1-7). Ang pariralang ito ay nagdugtong sa isang sakripisyong elemento na may kasamang isang komunyal na hapunan (pangkapayapaang paghahandog). Mayroong isang pahiwatig sa pistang pagkakasala na ito sa Mateo 8:11; 26:29; Lucas 14:15; 22:16. Ito ay nakapokus sa Hudyong pagkakasala na kaugalian ng isang kasunduan ng pagkakasala na periyod, isang paghihintay na periyod, at isang pitong-araw na pista ng kasalan. Nakakawili na pansinin na sa mismong mga sipi ang metapora nagbago sa tao ng Diyos hindi bilang asawa, ngunit bilang panauhin (cf. v. 9 at Mateo 22:1-14). Ang metapora ay magbabagong muli sa 21:2,9 tungo sa bayan ng Diyos bilang "ang Bagong Jerusalem." Ang konsepto ng isang marital na relasyon sa pagitan ng Diyos at Kanyang Iglesya na natagpuan sa OT sa Isaias 54:4-8; 62:5; Jeremias 31:32; Ezekiel 16; at Hosea 2:14-19. Ang metapora ay nakita sa NT sa II Corinto 11:2; Efeso 5:21-31; Pahayag 19:9; 21:2,9; 22:17. Gayundin, si Hesus ay ipinakita bilang ang asawang lalake (cf. Mateo 9:15; Marcos 2:19-20; Lucas 5:34-35; Juan 3:29). Ilang mga parabula sa Mateo ay nagaptuloy sa ganitong tema (cf. Mateo 22:1-14; 25:1- 13). Ang pag-aasawa ay maaring pinakamainam na pantaong halimbawa ng konsepto ng isang biblikal na tipan.

▣ **"at ang kaniyang asawa ay nahahanda na"** Ito ay isang AORIST AKTIBONG INDIKATIBO. Ilan ay nag-interpret nito bilang isang karapat-dapat sa papuring mga pantaong gawa. Ang AORIST BALINTIYAK ng v. 8 ay nagpapakita na ang interpretasyon na ito ay hindi maaring maging totoo. Ang kontekstong ito ay naninindigan sa kabalintunaang relasyon sa pagitan ng nagpapasimulang aktibidad ng Diyos (cf. Juan 6:44,65) na nakita sa imbetasyon ng v. 9, na isang GANAP BALINTIYAK KATAGA, at kinakailangang pananampalatayang pagtugon ng sangkatauhan (cf. Marcos 1:15; Acts 3:16,19; 20:21). Ang kabalintunaang relasyon na ito ay maaring makita sa Felipos 2:12-13. Ito ay sinuportahan ng katotohanan sa v. 8 Ang Diyos ay nagbibigay ng permiso na magsuot, ngunit ang kasuotan ay tumutukoy sa mga mabubuting gawa (matuwid na mga gawa)

bayan ng Diyos (cf. 14:13; Efeso 2:10; I Timoteo 5:25).

Sa *Word Pictures in the New Testament* A. T. Robertson ay may nakakaaliw na komento sa v. 7. “Tatlong mga metapora ng babae ay lumitaw sa Apocalypse (ang Ina sa kabanata 12, ang Patutot sa 13 sa 19, at ang Asawa ni Kristo dito hanggang sa huli). ‘Ang una at ikatlong ipinakilala ang Iglesya sa ilalim ng dalawang magkaibang mga aspeto sa kanyang buhay, habang ang ikalawa ay sumasagot sa kanyang matinding kaaway at katunggali (Swete)’” (p. 449).

**19:8 “mga matuwid na gawa ng mga banal.”** Ang terminong “matuwid na mga gawa” (*dikaiōma*) ay may ilang mga pagkakagamit sa NT.

1. ito ay tumutukoy sa mga akto ng katarungan ng Diyos (cf. 15:4)
2. ito ay tumutukoy sa akto ng kamatayan ni Hesus alang-alang sa sangkatauhan (cf. Roma 5:16,18)
3. ito ay tumutukoy sa buhay ng katarungan ng mga mananampalataya (cf. 19:8)
4. ito ay tumutukoy sa isang kautusan, isang batas, o isang ordinansa, kadalasan ang Kautusan ni Moses (cf. Lucas 1:6; Roma 1:32; 2:26; 8:4; Hebreo 9:1,10).

Ang pangunahing teolohikal na isyu kaugnay sa pamilya ng mga Griyegong termino (*dikaioō, dikaiōsis*, *dikaios*, *dikaiosune*) ay kung paano ang makasalanang sangkatauhan ay maaring mag-angkin na maging tama, matuwid, tuwid, at inaring ganap. Dapat na isaad ng may pakikiramay na ang espiritwal na kondisyong ito ay hindi nakamit sa pamamagitan ng pantaong pagpupunyagi (cf. Roma 3:21-30; Eph. 2:8-9), ngunit sa pamamagitan ng Banal na pagpili (ang Ama), sa pamamagitan ng Banal na akto (ang Anak), at ang Banal na paghihikayat ng Espiritu (cf. Juan 6:44,65). Ang sangkatauhan ay maaring makakatanggap lamang ng isang natapos na resulta (cf. Roma 5; II Corinto 5:21).

Ang tunguhin ng tamang katayuan ng isang tamang pamumuhay, ang pagiging wangis ni Kristong pamumuhay (cf. Roma 9:29; Galacia 4:19; Efeso 1:4; 2:10). Ang matuwid na pamumuhay ay ebidensya ng isang relasyon sa Diyos (cf. 14:13), hindi ang dahilang ng relasyon na iyan (cf. Galacia 3:1-3)! Tignan Natatanging Paksa sa 19:11.

## TALATA SA NASB (BINAGO): 19:9-10

**9 At sinasabi niya sa akin, "Isulat mo, Mapapalad ang mga inanyayahan sa paghapon sa kasalan ng Kordero. At sinasabi niya sa akin, Ang mga ito'y siyang tunay na mga salita ng Diyos." 10 At ako'y nagpatirapa sa kaniyang paanan upang siya'y aking sambahin. At sinasabi niya sa akin, "Ingatan mong huwag gawin iyan: ako'y kapuwa mo alipin at ng iyong mga kapatid na mayroong patotoo ni Hesus: sumamba ka sa Diyos: sapagka't ang patotoo ni Hesus ay siyang espiritu ng hula."**

**19:9 “Mapapalad ang mga”** Ito ang ikaapat sa pitong mga pagpapala sa mga tinubos sa Pahayag (cf. 1:3; 14:13; 16:15; 19:9; 20:6; 22:7,14).

▣ **“ang mga inanyayahan”** Ito ay isang GANAP BALINTIYAK KATAGA, na nagbibigay-diin sa pagkattawag ng Diyos sa kaligtasan (cf. 17:14; Juan 6:44,65).

▣ **“Ang mga ito'y siyang tunay na mga salita ng Diyos”** Ang pariralang ito nagbibigay-diin sa pagkamapagkakatiwalaan ng mensahe ng anghel (cf. 21:5; 22:6).

**19:10 “At ako'y nagpatirapa sa kaniyang paanan upang siya'y aking sambahin”** Mayroong naging matinding talakayan patungkol sa pagtatangka ni Juan sa sumamba sa isang anghel (cf. 22:8). Posibleng si Juan ay isinama ito ng may intensyon bilang isang salita laban sa anghel na pagsamba (cf. 22:9; Colossas 2:18). Si Juan ay namangha sa makapangyarihan malangghel na personang ito ay maaring nagpalagay na siya ay alinman sa banal na personapikasyon (cf. Genesis 16:7-13; 22:11-15; 31:11,13; 48:15-16; Exodo 32,4; 13:21; 14:19; Hukom 2:1; 6:22-23; 13:3-22; Zacarias 3:1-2; Lucas 24:5) o isang pisikal na manipestasyon ng Espiritu (cf. 22:8-9).

▣ **“ako'y kapuwa mo alipin at ng iyong mga kapatid na mayroong patotoo ni Hesus”** Tinawag ni Juan ang kanyang sarili sa pamamagitan ng kaparehong terminong ito sa 1:1. Ang anghel ay kinilala ang kanyang sarili hindi lamang bilang isang lingkod ng Diyos (cf. Deutronomio 33:2; Awit 103:21; Daniel 17:10) ngunit ng sa tinubos na sangkatauhan din(cf. Hebreo 1:14). Ang anghel na ito ay kinilala rin ang kanyang sarili kasama ng testimonya ni Hesus, na normal na sinasabing mga banal kaysa sa mga anghel (cf. 12:17).

▣ **“sapagka't ang patotoo ni Hesus ay siyang espiritu ng hula”** Ito ay isang labis na hindi karaniwang parirala at malawakang binigyan kahulugan. Ito ay maaring tumutukoy sa alinman

1. Hesus bilang ang pokus ng propesiya
2. ang katotohanan na ang propesiya ay bumalik bilang tanda na si Hesus ay dinala ang bagong panahon ng Epsiritu Spirit (cf. 1:2; 6:9; 12:17 at 14:12 para sa kaparehong gamit ng pariralang ito)

3. si Hesus a ng pinakahininga ng propesiya (kahawig sa "hiningahan ng Diyos" ng II Timoteo 3:16)

Ang konteksto ay nagpapakita na yaong mga nagtiwala kay Kristo ay pinangunahan ng Espiritu. Walang makakalapit kay Kristo maliban sa

1. ang Espiritu ay nag-udyok sa kanya (cf. Juan 6:44,65)
2. tinulungan siya na maunawaan ang ebanghelyong mensahe
3. pinalakas ang kanyang loob na magtiwala kay Kristo
4. bautismuhan siya kay Kristo
5. mabuo si Kristo sa kanya (cf. Juan 16:8-11) Ang ministeryo ng Espiritu ay palakihin si Kristo!

**TALATA SA NASB (BINAGO): 19:11-16**

**[11]At nakita kong bukas ang langit; at narito, ang isang kabayong maputi, at yaong nakasasakay dito ay tinatawag na Tapat at Totoo; at sa katuwiran siya'y humahatol at nakikipagbaka. [12]At ang kaniyang mga mata ay ningas ng apoy, at sa kaniyang ulo ay maraming diadema; at siya'y may isang pangalang nakasulat, na sinoman ay di nakaaalam kundi siya rin. [13]At siya'y nararamtan ng damit na winisikan ng dugo: at ang kaniyang pangalan ay tinatawag na Ang Salita ng Diyos. [14]At ang mga hukbong nasa langit ay sumusunod sa kaniya na mga nakasakay sa mga kabayong puti, at nangararamtan ng mahalagang linong maputi at dalisay. [15]At sa kaniyang bibig ay lumalabas ang isang tabak na matalas, upang sa pamamagitan nito'y sugatan niya ang mga bansa: at kaniyang paghaharian ng tungkod na bakal: at niyuyurakan niya ang pisaan ng ubas ng kabangisan ng kagalitan ng Diyos na Makapangyarihan sa lahat. [16]At siya'y mayroong isang pangalang nakasulat sa kaniyang damit at sa kaniyang hita, "HARI NG MGA HARI AT PANGINOON NG MGA PANGINOON."**

**19:11 "nakita kong bukas ang langit"** Ito ay isang GANAP BALINTIYAK BERBAL na anyo at maaring kaugnay sa Ezekiel 1:1. Ilang mga pagkakataon sa Pahayag ang langit ay bumukas (sa bahagyang mga paraan) upang ihayag ang katotohanan kay Juan sa progresibong mga yugto (cf. 4:1;11:19; 15:5). Tignan Natatanging Paksa sa 3:7.

▣ **"ang isang kabayong maputi"** Ang asawang lalake sa naunang mga talataan ay ipinahayag ng mas malawak gaya ng nasakop lahat na mandirigma. Ito ay naglalarawan sa pagdating ni Hesus na gaya ng inasahan ng mga Hudyo sa Kanya sa unang pagkakataon, isang makapangyarihan militar na heneral. Ito ay parang magkaiba mula sa deskripsyon ni Pablo Ikawalang Pagdating (ang *Parousia*) na natagpuan sa I Tesalonica 4:13-18. Para sa isang grupo ng inusig na mga Kristyano Ito ay isang labis na nakakapagpalakas ng loob na metapora. Ang mga interpreter ay dapat na tandaan

1. na ito ay hindi buo at kompletong diskusyon ng Ikawalang Pagdating
2. na ito ay binihisan sa simboliko, apokaliptikong wika
3. na ito ay totoo; ating Diyos, kay Kristo, ay personal na darating muli upang tanggapin ang Kanyang pag-aari (cf. Juan 14:2-3) at upang hatulan ang lahat ng sangkatauhan ayon sa kanilang mga gawa (cf. Galacia 6:7)

▣ **"at yaong nakasasakay dito"** Bagamat mayroong isang puting kabayo sa 6:2, Ito ay halatang magkaiba.

▣ **"tinatawag na Tapat at Totoo"** Ang mga termino "Matapat at Totoo" sa Hebreong ay nagpapahayag ng pagkamapagkakatiwalaan (cf. Pahayag 3:14 gayundin sa 1:5; 3:7).

## NATATANGING PAKSA: "KATOTOHANAN" (ANG KONSEPTO) SA MGA KASULATAN NI JUAN

Sa isang pagtingin si Juan ay isinama ang Hebreong at Griyegong pinanggalingan ng *alētheia* "katotohanan" tulad ng kanyang ginawa sa *logos* (cf. 1:1-14). Sa Hebreong *emeth* (BDB 53) ay nagpapakahulugan ng totoo, o magpagkakatiwalaan (madalas sinasamahan sa Septuagint ng *pisteuō).* Sa Griyego ito ay isinasama sa realidad ni Plato laban sa hindi realidad, makalangit laban sa makamundo. Ito ay tumutugma sa dualism ni Juan. Ang Diyos ay malinaw na nagpahyag (ang etimolohiya ng alētheia ay isiwalat, huwag pagtakpan, malinaw na magpakita) ang Kanyang sarili sa Kanyang Anak. Ito ay naipahayag sa ilang mga kaparaanan.

1. PANGALAN, *alētheia*, katotohanan
   a. Si Hesus ay puno ng biyaya at katotohanan (cf. 1:14,17 – OT tipanan mga salita)
   b. Si Hesus ay ang pokus sa pagsaksi ni Juan na Tagabautismo (cf. 1:32-34; 18:37 – huling OT na propeta
   c. Si Hesus ang nagsasalita ng katotohanan (cf. 8:40,44,45,46 – ang kapahayagan ay proposyonal at personal)
   d. Si Hesus ay ang daan, ang katotohanan, at ang buhay (cf. 14:6)
   e. Si Hesus ang nagpapabanal sa kanila sa katotohanan (cf. 17:17)
   f. Si Hesus (ang *Logos*, 1:1-3) ay katotohanan (cf. 17:17)

2. PANG-URI, *alēthēs*, totoo, mapagkakatiwalaan
   a. Ang pagsaksi ni Hesus (cf. 5:31-32; 7:18; 8:13-14)
   b. Ang paghuhukom ni Hesus (cf. 8:16)
3. PANG-URI, *alēthinus*, tunay
   a. Si Hesus ang tunay na ilaw (cf. 1:9)
   b. Si Hesus ang tunay na tinapay (cf. 6:32)
   c. Si Hesus ang tunay na puno ng ubas (cf. 15:1)
   d. Si Hesus ang tunay na saksi (cf. 19:35)
4. PANG-ABAY, *alēthōs*, napakatunay
   a. Ang pagsaksi ng Samaritana kay Hesus bilang Tagapagligtas ng mundo(cf. 4:42)
   b. Si Hesus ang tunay na pagkain at inumin, bilang pagsalungat sa manna sa panahon ni Moses (cf. 6:55)

Ang salitang katotohanan at ang mga sanga nito ay nagpapahayag ng ibang terstimonya ni Hesus, *alēthēs*
   a. Ang testimonya ni Juan na Tagabautismo ay totoo (cf. 10:41)
   b. Ang testimonya ni Juan (ang may-akda ng Ebanghelyo) ay totoo (cf. 19:35; 21:24)
   c. Nakita si Hesus bilang totoong propeta (cf. 6:14; 7:40)

Para sa isang magandang talakayan patungkol sa katotohanan sa OT at NT tignan George E. Ladd's *A Theology of the New Testament,* pp. 263-269.

## NATATANGING PAKSA: "TOTOO" (ANG TERMINO) SA MGA KASULATAN NI JUAN

1. Diyos Ama
   a. Diyos ay totoo/mapagkakatiwalaan (cf. Juan 3:33; 7:18,28; 8:26; 17:3; Roma 3:4; I Tesalonica 1:9; I Juan 5:20; Pahayag 6:10)
   b. ang mga paraan ng Diyos ay totoo (cf. Pahayag 15:3)
   c. ang paghahatol ng Diyos ay totoo (cf. Pahayag 16:7; 19:2)
   d. ang mga kasabihan ng Diyos totoo (cf. Pahayag 19:11)
2. Diyos Anak
   a. Anak ay totoo/katotohanan
      1) totoong liwanag (cf. Juan 1:9; I Juan 2:8)
      2) totoong puno ng ubas (cf. Juan 15:1)
      3) puno ng biyaya at katotohanan (cf. Juan 1:14,17)
      4) Siya ay katotohanan (cf. Juan 14:6; 8:32)
      5) Siya ay totoo (cf. Pahayag 3:7,14; 19:11)
   b. Ang testimonya/saksi ng Anak ay totoo (cf. Juan 18:37)
3. Ito ay maaring mayroong nagkukumparang pakahulugan
   a. ang batas ni Moses laban sa biyaya at katotohanan ni Hesus (cf. Juan 1:17)
   b. ang tabernakulo sa ilang laban sa makalangit na tabernakulo (cf. Hebreo 8:2; 9:1)
4. Gaya ng sa madalas sa Juan ang salitang ito ay may ilang mga konotasyon (Hebreo at Griyego). Si Juan ay ginagamit silang lahat upang ilarawan ang Ama at Anak, bilang mga persona, bilang tagapagsalita, at bilang kanilang mensahe na ipinasa sa kanilang mga tagasunod (cf. Juan 4:13; 19:35; Hebreo 10:22; Pahayag 22:6).

Para kay Juan ang dalawang pang-uri na ito ay inilarawan ang Diyos Ama bilang ang isa at tanging mapagkakatiwalaan diyos (cf. 5:44; I Juan 5:20) at si Hesus habang ang Kanyang totoo at kompletong Pahayag para sa layunin ng pagtutubos, hindi lamang kognitibo, mga katotohanan!

▣ **"at sa katuwiran siya'y humahatol at nakikipagbaka"** Ito ay isang pahiwatig sa Isaias 11:3-5 (cf. Isaias 9:7; 16:5; 32:1; Awit 96:13), na naglalarawan sa Bagong Panahon ng katuwiran, ang Bagong Panahon ng Espiritu. Tignan Natatanging Paksa sa ibaba.

## NATATANGING PAKSA: KATUWIRAN

Ang "Katuwiran" ay isang tunay na napakahalagang paksa na ang estudyante ng Bibliya ay dapat gumawa ng matinding personal na pag-aaral sa konsepto.

Sa OT ang katangian ng Diyos ay inilarawan bilang "makatarungan" o "matuwid" (BDB 841). Ang

Mesopotamyang salita mismo ay nagmula sa tambo ng ilog na ginamit kagamitan sa pagkakayari (konstruksyon) upang hatulan ang pahalang na katuwidan ng mga haligi at bakod. Ang Diyos ay pinili ang salita upang gamitin ng metaporikal para sa Kanyang sarili kalikasan. Siya ay tuwid na pinuno na ang lahat ay hinahatulan. Ang konseptong ito ay nagsasaysay sa katuwiran ng Diyos gayun din ang Kanyang wastong paghahatol.

Ang tao ay nilalang ayon sa wangis ng Diyos (cf. Genesis 1:26-27; 5:1,3; 9:6). Ang sangkatauhan ay nilikha para sa pakikisama sa Diyos. Lahat ng nilikha ay isang entablo o senaryo para sa interaksyon ng Diyos at sangkatauhan. Ang Diyos ay nagnais na ang Kanyang pinkamataas na nilikha, ang sangkatauhan, ay makilala Siya, mahalin Siya, paglingkuran Siya, ang maging kagaya Niya! Ang katapatan ng sangkatauhan ay nasubukan(cf. Genesis 3) at ang orihinal na mag-asawa ay nabigo sa pagsubok. Ito ay nagbunga ng pagkabuwag ng ugnayan sa pagitan ng Diyos at mga tao (cf. Genesis 3; Roma 5:12-21).

Ang Diyos ay nangako na aayusin at papanumbalikin ang samahan (cf. Genesis 3:15). Ginawa Niya ito sa pamamagitan ng Kanyang sariling kalooban at Kanyang sariling Anak. Ang mga tao ay walang kakayanang mapanumbalik ang pagkakasira (cf. Roma 1:18-3:20).

Pagkatapos ng Pagbagsak, ang unang hakbang ng Diyos patungo sa pagpapanumbalik ay konsepto ng tipanan batay sa Kanyang paanyaya at nagsisisi, matapat, at masunuring pagtugon ng sankatauhan. Sapagkat dahil sa Pagbagsak, ang mga tao ay nawalan ng kakayahan na nararapat na pagkilos (cf. Roma 3:21-31; Galacia 3). Ang Diyos mismo ay kailangan gumawa ng paunang pagkilos upang mapanumbalik ang mapanirang tipanang mga tao. Ginawa Niya ito sa pamamagitan ng

1. paghahayag na ang sangkatauhan ay matuwid sa pamamagitan ng gawa ni Kristo (i.e., legal na katuwiran).
2. malayang pagbibigay sa sangkatauhan ng katuwiran sa pamamagitan ng gawa ni Kristo (i.e., ibinilang na katuwiran).
3. pagkakaloob ng nananahang Espiritu na gumagawa ng katuwiran (i.e., pagiging wangis ni Kristo, ang pagpapanumbalik sa imahe ng Diyos) sa sangkatuhan.

Gayunpaman, Diyos ay nangangailangan ng tipanang pagtugon. Ang Diyos ay nag-uutos (i.e., libreng ibinigay) at nagbibigay, ngunit ang mga tao ay dapat na tumugon at magpatuloy na tumugon sa

1. pagsisisi
2. pananampalataya
3. pamumuhay na pagsunod
4. pagtitiis

Ang katuwiran, samaktuwid, ay isang tipanang, nagpapalitang pagkilos sa pagitan ng Diyos at ng Kanyang pinakamataas na nilikha. Batay sa karakter ng Diyos, ang gawa ni Kristo, at ang pagpapalakas ng Espiritu, na ang bawat indibidwal ay dapat personal at patuloy na tumugon ng nararapat. Ito ang konsepto na tinawag na "pagbibigay katuwiran sa pamamagitan ng pananampalataya o pag-aaring ganap." Ang konsepto ay ipinahayag sa mga Ebanghelyo, ngunit hindi sa mga salitang ito. Ito paunang ipinaliwanag ni Pablo, na gumagamit ng Griyegong salita na "katuwiran" sa ibat-ibang mga anyo na nito na higit sa 100 beses.

Si Pablo, na sinanay bilang rabi, gumagamit ng salita *dikaiosunē* sa Hebreong pakahulugan nito sa salitang *SDQ* ginamit ang Septuagint, hindi mula sa Griyegong panitikan. Sa Griyegong mga kasulatan ang salita ay kaugnay sa isang tao na sumusunod sa mga inaasahan ng Diyos at lipunan. Sa Hebreong pakahulugan nito ay laging nakabalangkas sa kasunduang mga salita. Si YHWH ay makatarungan, etikal, at moral na Diyos. Nais Niya na ang Kanyang mga tao ay magpakita ng Kanyang katangian. Ang tinubos na sangkatauhan ay nagiging bagong nilalang. Ang kabaguhang ito ay magdudulot ng bagong maka-Diyos na pamumhay (ang Romano Katoliko ay nakatuon sa pag-aaring ganap). Dahil sa ang Israel ay teokrasya, walang malinaw na guhit-balangkas sa pagitan ng secular (o mga pamantayan ng lipunan) at sa sagrado (kalooban ng Diyos). Ang pagkakaibang ito ay ipinahayag sa Hebreo at Griyegong mga salita na siyang isinalin sa Ingles na "katarungan" (na inuugnay sa lipunan) at "katuwiran" (na inuugnay sa relihiyon).

Ang ebanghelyo (mabuting balita) ni Hesus ay ang makasalanang sangkatauhan na muling napanumbalik sa pakikisama sa Diyos. Ito ay natapos sa pamamagitan ng pag-ibig, awa, at biyaya ng Ama; ang buhay, kamatayan, at muling pagkabuhay ng Anak; at ang pag-anyaya, at pagdadala ng Espiritu sa ebanghelyo. Ang pag-aaring ganap ay walang bayad na pagkilos ng Diyos, ngunit ito ay dapat na lumago sa pagiging maka-Diyos (ang kinatatayuan ni Augustino, na nagpapakita ng kapwa pagbibigay-diin ng Repormasyon at sa kawalang-bayad ng ebanghelyo at sa pagbibigay-diin ng Romano Katoliko sa binagong-buhay ng pag-ibig at katapatan). Para sa mga *Reformers* ang salitang "ang katuwiran ng Diyos" ay isang LAYONG DYENITIBO (i.e., ang pagkilos na gumagawa sa makasalanang sanlibutan na katanggap-tanggap sa Diyos [posisyonal na pagpapaging-banal], habang para sa mga Katoliko ito ay isang PASAKALING DYENITIBO, na pamamaraan ng pagiging katulad ng Diyos [pangkaranasang umuunlad na pagpapaging-banal]. Sa katunayan, ito ay kapwa totoo!!)

Sa aking pananaw lahat ng sa Bibliya mula sa Genesis 4 - Pahayag 20 ay isang tala ng pagpapamunbalik ng Diyos sa samahan sa Eden. Ang Bibliya ay nagsimula sa Diyos at sangkatauhan na nasa pakikisama sa isang mundong tagpuan (cf. Genesis 1-2) at ang Bibliya ay magtatapos sa katulad na tagpuan (cf. Pahayag 21-22). Ang larawan ng Diyos at layunin ay mapapanumbalik!

Upang maitalata ang pagtalakay sa itaas, pansining ang mga sumusunod na piniling mga tala sa NT na nagpapakita ng pangkat ng salita sa Griyego.

1. Ang Diyos ay matuwid (madalas naiuugnay sa Diyos bilang Hukom)
   a. Roma 3:26
   b. II Thesalonica 1:5-6
   c. II Timoteo 4:8
   d. Pahayag 16:5
2. Si Hesus ay matuwid
   a. Gawa 3:14; 7:52; 22:14 (titulo ng Mesias)
   b. Mateo 27:19
   c. I Juan 2:1,29; 3:7
3. Ang kalooban ng Diyos para sa Kanyang nilikha ay katuwiran
   a. Levitico 19:2
   b. Mateo 5:48 (cf. 5:17-20)
4. Ang paraan ng Diyos para sa pagbibigay at paggawa ng katuwiran
   a. Roma 3:21-31
   b. Roma 4
   c. Roma 5:6-11
   d. Galacia 3:6-14
   e. Ibinigay ng Diyos
      1) Roma 3:24; 6:23
      2) I Corinto 1:30
      3) Efeso 2:8-9
   f. Tinanggap sa pamamagitan ng pananampalataya
      1) Roma 1:17; 3:22,26; 4:3,5,13; 9:30; 10:4,6,10
      2) II Corinto 5:21
   g. Sa pamamagitan ng mga gawa ng Anak
      1) Roma 5:21
      2) II Corinto 5:21
      3) Filipos 2:6-11
5. Kalooban ng Diyos na ang Kanyang mga tagasunod ay maging matuwid
   a. Mateo 5:3-48; 7:24-27
   b. Roma 2:13; 5:1-5; 6:1-23
   c. I Timoteo 6:11
   d. II Timoteo 2:22; 3:16
   e. I Juan 3:7
   f. I Pedro 2:24
6. Ang Diyos ay maghahatol sa mundo sa pamamagitan ng katuwiran
   a. Gawa 17:31
   b. II Timoteo 4:8

Ang katuwiran ay katangian ng Diyos, walang bayad na ibinigay sa makasalanang sangkatauhan sa pamamagitan ni Kristo. Ito ay

1. Isang kautusan ng Diyos
2. Isang kaloob ng Diyos
3. Isang pagkilos ng Kristo

Ngunit ito rin ay pamamaraan ng pagiging matuwid na dapat na masigla at matimtimang tinutugis, na baling araw ay mararanasan sa Ikalawang Pagdating. Ang pakikisapa sa Diyos ay napanumbalik sa kaligtasan ngunit nagproprogreso sa buong buhay sa pamamagitan ng mukha sa mukha na engkwentro sa kamatayan o sa *Parousia*! Narito ang mabuting sipi para sa talakayang ito. Ito ay kinuha mula sa *Dictionary of Pabloand His Letters* mula sa IVP

"Si Calvin, na gaya din ni Luther, ay nagbibigay diin sa pang-ugnayang aspeto ng katuwiran ng Diyos. Ang pananaw ni Luther sa katuwiran ng Diyos ay waring naglalalaman ng aspeto ng pagwawalang-sala. Si Calvin ay nagbibigay -iin sa kamangha-manghang kalikasan ng paghahatid o pagbabahagi ng katuwiran ng Diyos sa atin" (p. 834).

Para sa akin pakikipagrelasyon ng mananampalataya sa Diyos ay mayroong tatlong mga aspeto.

1. ang ebanghelyo ay isang persona (pagbibigay-diin ng mga Silanganin Iglesya at si Calvin)

2. ang ebanghelyo ay isang katotohanan (pagbibigay-diin nina Augustino at Luther)
3. ang ebanghelyo ay isang binagong buhay (pagbibigay diin ng Katoliko)

Silang lahat ay totoo at dapat na hawakan ng sama sama para sa malusog, malalim, na biblikal na Kristyanismo. Kung alinman sa kanila ang labis na nabigyan halaga o pinababa, ang mga suliranin ay lilitaw.

Dapat nating tanggapin si Hesus!
Dapat nating paniwalaan ang ebanghelyo!
Dapat nating itaguyod ang pagiging katulad ni Kristo!

**19:12 "At ang kaniyang mga mata ay ningas ng apoy"** Ito ay isang deskripsyon kay Hesus mula sa 1:14 at 2:18. Ito ay may OT ng malaanghel kinaligiran mula sa Daniel 10:6.

▣ **"at sa kaniyang ulo ay maraming diadema"** Ito ay tumutukoy sa maharlikang korona. Si Hesus ay may mas maraming korona kaysa kay

1. ang mananakay sa puting kabayo sa 6:2 (na nagsisimbolo na epektibong labanan)
2. Satanas (ang pulang dragon 12:3)
3. ang hayop ng 13:1

▣ **"at siya'y may isang pangalang nakasulat, na sinoman ay di nakaaalam kundi siya rin"** Ito ay maaring isang pahiwatig sa Pahayag 2:17, ngunit kung ito nga, ang kahulugan nito ay hindi parin tiyak. Ang ilan ay nakita ito bilang isang pahiwatig sa sinaunang paniniwala na ang malaman ang pangalan ng diyos ay magkaroon ng kapangyarihan sa kanila. Ang iba ay naniniwala na ito ay kumakatawan sa katotohanan na walang kompletong nakakakilala kay Kristo. Dahil anh titulo ay hindi nalalaman, ito ay hindi tumutukoy sa anumang mga titulo kay Hesus ("Matapat at Totoo" ng v. 11, at "Ang Salita ng Diyos" ng v. 13) na natagpuan sa siping ito (o sa aklat ) kasama na ang "Hari ng mga Hari at Panginoon ng mga Panginoon" ng v. 16.

**19:13 "*At siya'y nararamtan ng damit na winisikan ng dugo*"** Ito ay isang pahiwatig sa isang tula ng paghahatol ni YHWH mula sa Isaias 63:3, na ipinahiwatig rin sa v. 15. Ang terminong "inilubog" (MS A, UBS[4] ay nagbibigay dito ng B antas) o "winisikan" (MSS א*, P mula sa Isaias 63:3) ay nasa GANAP PAMANAHON; ang mga komentarista ay hindi nagkasundo sa kung ito ay tumutukoy sa

1. ang dugo ng kanyang kaaway, na tila ang pokus ng talataan at ipinakita sa Targum sa Genesis 49:10-11 (Gayunpaman, sa konteksto, ang labanan ay hindi lumitaw)
2. Kanyang sariling pagtutubos, sakripisyal na dugo kung saan ang mga banal ay hinugasan ang kanyang sariling kasuutang puti (cf. 7:14)
3. ito ay posibleng dugo ng Kanyang mga saksi, na napakahalaga ng

Kanya sa konteksto ang opsyon #1 tila ang pinakamainam.

▣ **"at ang kaniyang pangalan ay tinatawag na Ang Verbo ng Diyos"** Ito ang termino *logos*, na nakadugtong sa aklat ng Pahayag at kay Apostol Juan, dahil siya ang tanging biblikal na may-akda na gumagamit ng titulong ito ni Hesus (cf. Juan 1:1,14; I Juan 1:1).

Ang ebanghelyo ay kapwa persona (ang Buhay na Salita ng Diyos, si Hesus) at isang mensahe (ang isinulat na Salita ng Diyos, ang Bibliya). Ang kaparehong dalawahang aspeto ay ipinakita sa biblikal na gamit ng terminong "pananampalataya," na parehong personal na akto ng pagtatanggap kay Hesus at isang kognitibong akto ng paniniwala sa doktrinal na mga katotohanan ("ang pananampalataya," cf. Jude vv. 3,20).

## NATATANGING PAKSA: HEBREO AT GRIYEGO KINALIGIRAN NG *LOGOS*

Kinaligiran ng terminong Logos

1. Hebreong kinaligiran
   a. ang kapangyarihan ng binigkas na salita (Isaias 55:11; Awit 33:6; 107:20; 147:15,18), gaya ng sa paglikha (Genesis 1:3,6,9,11,14,20,24, 26,29) at ang Patriyarkal na pagpapala (Genesis 27:1ff; 49:1)
   b. Kawikaan 8:12-23 a binigyan katauhan "Karunungan" bilang unang nilikha ng Diyos at ahente ng lahat ng paglikha (cf. Awit 33:6 at di-kanonikal *Wisdom of Solomon*, 9:9)
   c. ang mga Targum (Aramaic na mga salin at mga komentaryo) ay naghalili sa parirala "Salita ng Diyos" para sa *logos* dahil sa kanilang kahirapan sa antromorpikong mga termino
2. Griyego kinaligiran
   a. Heracleitus –ang mundo ay nasa flux; isangimpersonal banal at di-nagbabagong *logos* hinawakan sila ng magkasama at ginabayan ang nagbabagong proseso

b. Plato – ang impersonal at di-nagbabagong *logos* ay pinanatiling mga planeta sa kurso at nagdetermina ng mga panahon

c. Stoics – ang *logos* ay ang "dahilan ng panahon" o tagapamahala, ngunit semi-personal

Philo –binigyan katauhan niya ang konsepto ng *logos* bilang "Punong Saserdote na nagtakda ng kaluluwa ng tao sa harap ng Diyos," o "ang tulay sa pagitan ng tao at Diyos," o "ang naglilinang kung saan ang Pilot ng sandaigdigan ay nagpatnubay sa lahat ng mga bagay" (*kosmocrater*)

**19:14 "At ang mga hukbong nasa langit"** Ito ay binigyan kahulugan sa dalawang mga paraan.

1. Dahil sa ang 17:14 at ang deskripsyon ng mga banal sa v. 8 sa kagyat na kontekstong ito, marami ang nagpalagay na ito tumutukoy sa mga banal.
2. Dahil sa OT kinaligiran ng Deutronomio 33:2; Awit 68:17; at Zacarias 14:5 gaya ng sa NT mga sipi ng Mateo 13:41; 16:27; Marcos 8:38; 13:27; Lucas 9:26; I Tesalonica 3:13; II Tesalonica 1:7, marami ang naniniwala na ito ay dapat na tumutukoy sa mga anghel.

Ang kaparehong kalabuan ay nakikita sa maraming mga sipi.

**19:15 "sa kaniyang bibig"** Ito ay isang pahiwatig sa Isaias 11:4 at Pahayag 1:16 at 2:16. Ang kaparehong paghahatol metapora ay natagpuan sa Hudyo apokaliptikong panitikan (cf. IV Esdras 12:6; ang Awit ni Solomon 17:10,45,49; at ang aklat ng I Enoch 62:6).

▣ **"isang tabak na matalas"** Ito ay isang metapora para sa kapangyarihan ng ebanghelyoo ang binigkas na salita ng Diyos(cf. Genesis 1; Isaias 55:11; Juan 1:1; II Tesalonica 7:8), hindi isang literal na deskripsyon.

Ang pangwakas na panahong pagkawasak ng mapanghimagsik na pantaong mga hukbo ay inilarawan sa Ezekiel 38-39. Ang pagkawasak na ito natupad sa pamamagitan ng (1) ang tabak (cf. Ezekiel 38:21 at Pahayag 19:15,21) o (2) apoy mula sa langit, cf. Ezekiel 38:22; 39:6; at Pahayag 20:9. Ang kahilera sa pagitan ng Pahayag 19 at Pahayag 20 (i.e., ang magkaibang mga paraan sa pagwawasak ng mga hukbo ng mga bansabansa), kapwa nito ay ipinakita sa Ezekiel 38-39, ay nagpapahiwatig ng isang rekapitulasyon. Ang Ikawalang Pagdating ni Kristo sa 19 ay inulit sa magkaibang wika sa 20:1-10. Ang rekapitulasyon ay nakita na sa sa pagitan ng mga selyo, mga trumpeta, at mga mangkok.

▣ **"ang mga bansa"** Ang OT pinagmulan ng mga hukbong ito ay ang walang diyos na mga bansa na inilista sa Ezekiel 38 mula sa lahat ng Sinaunang Near East (cf. vv. 2,5,6,13). Si Juan ay gumagamit ng pangwakas na panahong labanan ng Ezekiel 38-39 (o posibleng Awit 2) bilang pinagkuhaan ng kanyang pag-iimahe patungkol sa pagitan ng mabuti at masama! Si Hesus ay sa kasalukuyan ang may pinakamalaking tabak! Tignan mga puna sa 2:26 at 10:11.

▣ **"kaniyang paghaharian ng tungkod na bakal"** Ito ang ikalawa sa tatlong mga deskripsyon patungkol sa isa na sumasakay ng puting kabayo. Ang deskripsyong ito ng paghahatol ay nagmula sa Awit 2:9 at 110:5-6 (cf. Pahayag 2:27; 12:5).

▣ **"at niyuyurakan niya ang pisaan ng ubas ng kabangisan ng kagalitan ng Diyos na Makapangyarihan sa lahat"** Ang ikatlong deskripsyong ito ng paghahatol ay isang pahiwatig sa Isaias 63:2-3; Jeremias 51:33; Panaghoy 1:15; Joel 3:13 (cf. Pahayag 14:19-20). Ang kulay na dinurog na mga ubas ay nagpaalala ng mga sinaunang dugo, kamatayan, at labanan!

Para sa "poot ng Diyos" tignan puna sa 7:14.

**19:16 "isang pangalang nakasulat sa kaniyang damit at sa kaniyang hita**" Mayroong naging matinding talakayan patungkol sa termino "Kanyang hita":

1. ito ang lugar kung saan ang espada ay normal na nakasabit
2. ito ang lugar na Kanyang kasuutan ay pinakamalinaw na nakita sa likod ng kabayo
3. ito ang pinamalakas na laman ng kanyang katawan at ito simboliko ng Kanyang lakas

▣ **"HARI NG MGA HARI AT PANGINOON NG MGA PANGINOON**" Ito ay tumutukoy sa isang pangalan o dalawa? Ang Pahayag 17:14 ay nagpapakita na ito tumutukoy sa isang pangalan (cf. I Timoteo 6:15). Ito ay may posibleng OT mga kinaligiran:

1. isang deskripsyon ng YHWH (cf. Deutronomio 10:17 at Enoch 9:4)
2. isang Babiloniang at sa kalaunan ay Persianong titulo ng diyos ay inilipat kay YHWH (cf. Daniel 2:37)

Nakakaaliw na punahin na pariralang ito sa Aramaic ay katumbas sa 777, sa pagkokontra sa bilang ng hayop, na 666. Sukdulang kaganapan laban sa sukdulang di-kaganapan.

**TALATA SA NASB (BINAGO): 19:17-18**

**[17]At nakita kong nakatayo ang isang anghel sa araw; na siya'y sumisigaw ng malakas na tinig, na nagsasabi sa lahat ng mga ibong lumilipad sa gitna ng himpapawid, "Halikayo at mangagkatipon sa dakilang hapunan ng Diyos, [18]Upang kayo'y makakain ng laman ng mga hari, at ng laman ng mga pangulong kapitan, at ng laman ng mga taong makapangyarihan, at ng laman ng mga kabayo at ng mga nakasakay dito, at ng laman ng lahat ng mga taong laya at mga alipin man, at maliliit at malalaki."**

**19:17 "sa lahat ng mga ibong"** Ang nakakapangilabot na talataan ay isang pahiwatig sa dalawang OT mga sipi na tumalakay sa eksenang mga labanan. Ang kontekstong ito ay kaparehong laban na tinalakay sa 16:12-16, tinawag na Armageddon. Ang maninilang mga ibon ay inilarawan na kinuha sa mga lugar ng labanan gaya ng sa I Samuel 17:46 (cf. Mateo 24:28; Lucas 17:37) at Ezekiel 39:17-20, na nasa pangwakas na panahong labanan ng Gog at Magog. Si Juan ay madalas na gumagamit ng OT pag-iimahe sa bagong mga paraan. Sa kabanata 20 ang labanan ng Gog at Magog ay tumatalakay kay Satan pagkatapos ng milenyo, kung saan ang labanan sa kabanata 19 ay lumitaw bago ang milenyo at tumalakay sa mga mabangis na hayop at kanyang huwad na propeta.

▣ **"Halikayo at mangagkatipon sa dakilang hapunan ng Diyos"** Ang salita ay isinalin na "halikayo" ay isang PANG-ABAY ginamit bilang AORIST AKTIBONG PAUTOS PANGMARAMIHAN na nagtutugma sa ikawalang salita, "magkatipon," na isang AORIST BALINTIYAK PAUTOS PANGMARAMIHAN. Ito ay isang antitesis sa handaang ng Kordero na binanggit sa vv. 7 at 9. Ang Kordero ay nag-aanyaya sa naligaw na mga tao na lumapit at maligtas at sumama sa Kanyang handaang kasalan. Ngunit ang anghel ay nagaanyaya sa mga maninilang ibon na lumapit sa pista ng mga patay na katawan (at patay na mga kaluluwa) sa dakilang pangwakas na panahong labanan (cf. Jeremias 12:9; Ezekiel 39:17). Ang poot ng Diyos ay tunay at nagsimbolo bilang pista, sa kanyang laman at Kanyang mga kaaway (cf. Isaias 34:6; Jeremias 12:12; 46:10; Zephania 1:7).

**19:18** Ito ay mula sa 6:15, na isa ring eskatolohikal na tagpuan kung saan ang kaparehong pangkalahatang mga kategorya ng sangkatauhan ay binanggit rin. Ang malaking takot ng hindi inilibing ay espesyal na nakakagimbal sa mga tao ng Sinauang Near East.

Ang matagumpay na pagbabalik ni Hesus ay lumitaw sa huli ng bawat paghahatol na siklo: mga selyo, 6:12-17; mga trumpeta, 11:15-18; at mga mangkok, 19:1-21.

**TALATA SA NASB (BINAGO): 19:19-21**

**[19]At nakita ko ang hayop, at ang mga hari sa lupa, at ang kanilang mga hukbo, na nangagkakatipon upang makipagbaka laban doon sa nakasakay sa kabayo, at laban sa kaniyang hukbo. [20]At sinunggaban ang hayop, at kasama niya ang bulaang propeta na gumawa ng mga tanda sa harapan nito, na siyang ipinangdaya sa mga nagsitanggap ng tanda ng hayop at sa mga sumamba sa larawan nito: ang dalawang ito ay inihagis na buhay sa dagatdagatang apoy na nagliliyab sa asupre. [21]At ang mga iba ay pinatay sa tabak na lumalabas sa bibig niyaong nakasakay sa kabayo, at ang lahat ng mga ibon ay nangabusog ng mga laman nila.**

**19:19** Ang aktwal na labanan ay nagsisimula. Ito ay isang pahiwatig sa Awit 2. Does this tumutukoy sa a specific, literal pangwakas na panahong labanan, o ito ba ay simboliko ng labanan sa pagitan ng mabuti ay masama? Ang dyanra ng Pahayag ay nagpapahiwatig ng simboliko; ang kahilerang mga sipi sa Mateo 24; Marcos 13; Lucas 21; at II Tesalonica 2 ay nagpahiwatig ng literal. Ang kalabuan na ito ay ang pinagkuhaan ng matinding di-pagkakaunawaan sa interpretasyon ng Pahayag ng makadiyos na mga tao. Ang dogmatismo ay tunay na di-naangkop!

**19:20 "ang bulaang propeta"** Siya ang ikalawang hayop (cf. 13:11-18; 16:13). Ito ay mula pa sa 13:12-13, Kung saan ang relasyon ng huwad na propeta sa hayop ng dagat ay isang parodya ng Banal na Espiritu sa relasyon kay Kristo.

▣ **"nagsitanggap ng tanda ng hayop"** (cf. 13:16-17).

▣ **"ang dalawang ito ay inihagis na buhay sa dagatdagatang apoy"** Ang pariralang "lawa ng apoye" ay natatangi sa aklat ng Pahayag, ngunit kasingkahulugan para sa termino *Gehenna* (Tignan Natatanging Paksa sa 1:18), na ginamit ni Hesus ng madalas upang magpahayag ng Impyerno. Ang partikular na OT na pahiwatig ay maaring Isaias 30:23-33 at Daniel 7:11. Mayroong maraming mga propetikong mga sipi na nagkonekta sa paghahatol sa apoy o pagsusunog. Ang temang ito ng isang eternal na apoy ay nahubog sa apokaliptikong Judaismo (cf. Enoch 27:1ff; 54:1ff; 56:3ff; 90:26; IV Ezra 7:36; Apokaliptiko of Baruch 59:10; 85:13 [list taken from George E. Ladd, *Revelation*, p. 258]). Ang pariralang ito ay ginamit sa Pahayag sa 20:10,14; 21:8. Ito ay isang lugar na inihanda para kay Satanas at kanyang mga anghel, ngunit mga tao na nag rebelde laban sa Diyos ay makakatagpo rin ito bilang mga sukdulang pinanahananang lugar. Ito ang huling lugar na pinanahanang lugar ni Satanas. Ito ang natural na resulta ng rebelyon laban sa Diyos at isang permanenteng anyo ng mga kailaliman (cf. Mateo 25:46; Pahayag 9:11; 11:7; 17:8; 20:1,3).

**19:21** Yaong mga tumanggap na marka ng hayop (cf. 13:16; 14:9,11), ang pinakainusig na mga mananampalataya, ay ngayon ay pinatay ng salita ni Kristo (bilang hayop ng dagat ay, cf. II Tesalonica 2:8).

## MGA TALAKAYANG TANONG

Ito ay isang komentaryong gabay sa pag-aaral, na nangangahulugan na ikaw ay may pananagutan sa iyong sariling interpretasyon sa Bibliya. Ang bawat isa sa atin ay dapat lumakad sa liwanag na mayroon tayo. Ikaw, ang Bibliya, at ang Banal sa Espiritu ay pangunahin sa interpretasyon. Hindi mo dapat iasa ito sa taga-pagsuri.

Ang mga talakayang tanong na ito ay inihanda upang tulungan kang mag-isip sa pamamagitan ng mga pangunahing paksa sa bahaging ito ng aklat. Ito ay nangahulugang dapat maging mapukaw-isip, hindi pang kahulugan lamang.

1. Ilista ang magkaibang mga grupo na nagpuri sa Diyos sa vv. 1-8 at ang mga dahilan na ito para sa kanilang pagpupuri.
2. Saan ang konsepto pista ng pag-aasawa ng Kordero nagmula at ano ang mga implikasyon nito?
3. Ano ang ipinipahiwatig ng v. 10 ng mga anghel?
4. Ipaliwanag ang kahalagahan ng mga talata 11-16 kung sila iaaplay kay Kristo.
5. Ano ang inilarawan ng labanan sa vv. 17-21? Gaano karaming mga labanan mayroon sa pangwakas na panahong?

# PAHAYAG 20

## MGA BAHAGI NG TALATAAN NG MGA MAKABAGONG SALIN*

| UBS[4] | NKJV | NRSV | TEV | NJB |
|---|---|---|---|---|
| Ang Isang Libong Taon | Si Satanas ay Iginapos ng Isang Libong Taon | Ang Paggagapos kay Satanas at ang Paghahari ng mga Martir | Ang Isang Libong mga Taon | Ang Paghahari ng isang Libong mga Taon |
| 20:1-3 | 20:1-3 | 20:1-3 | 20:1-3 | 20:1-3 |
| | Ang mga Banal ay Naghari Kasama ni Kristo sa Loob ng Isang Libong Taon | | | |
| 20:4-6 | 20:4-6 | 20:4-6 | 20:4-6 | 20:4-6 |
| Ang Pagkatalo ni Satanas | Ang Satanikong Rebelyon ay Dinurog | Ang Pagpapakawala kay Satanas at ang Pangwakas na Labanan | Ang Pagkatalo ni Satanas | |
| 20:7-10 | 20:7-10 | 20:7-10 | 20:7-10 | 20:7-10 |
| Ang Paghahatol sa Dakilang Puting Trono | Ang Dakilang Puting Tronong Paghahatol | Ang Huling Paghuhukom | Ang Huling Paghuhukom | Ang Huling Paghuhukom |
| 20:11-15 | 20:11-15 | 20:11-15 | 20:11-15 | 20:11-12<br>20:13-15 |

### IKATLONG TAPUSANG PAGBASA (tingnan p. v sa panimulang seksyon)

***PAGSUNOD SA ORIHINAL NA LAYUNIN NG MAY-AKDA AYON SA ANTAS NG TALATA***

Ito ay isang komentaryong gabay sa pag-aaral, na nangangahulugan na ikaw ay may pananagutan sa iyong sariling interpretasyon sa Bibliya. Ang bawat isa sa atin ay dapat lumakad sa liwanag na mayroon tayo. Ikaw, ang Bibliya, at ang Banal sa Espiritu ay pangunahin sa interpretasyon. Hindi mo dapat iasa ito sa taga-pagsuri.

Basahin ang kabanata ng isang upuan. Alamin ang mga paksa. Ihambing ang iyong pagkakabahagi ng paksa sa limang makabagong salin. Ang pagkakatalata ay hindi isang inspirasyon, ngunit ito'y isang susi sa pagsunod sa layunin ng may akda na siyang puso ng interpretasyon. Bawat talata ay may isa at isa lamang na paksa.

1. Unang Talata
2. Ikalawang Talata
3. Ikatlong Talata
4. Atbpa.

### KONTEKSTWAL NA MGA KAUNAWAAN SA PAHAYAG 20:1-15

A. Ang kabanata 20 ay dapat na iugnay ng teolohikal sa mga kabanata 19 (ang Ikalawang Pagbabalik) at 21-22 (ang eternal na kaharian). Ang nagpapakahulugang katanungan ay kung ang Ikalawang Pagbabalik ay mauuna sa milenyal pamumuno ni Kristo, kung magkagayon samakatuwid ilang anyo ng pre-milenyalismo ay tiyak na mangyayari (kung ito ay bibigyan kahulugan bilang historikal na salaysay). Ngunit paano kung ang mga kabanata 20-22 ay isang yunit na nagsasalaysay muli ng mahalagang bahagi 17-19 (cf. W. Hendriksen, *More Than Conquerors*)? Ang pagbabago na ito ay maaring kahawig sa rekapitulasyon sa pagitan ng mga selyo, mga trumpeta, at mga mangkok, samakatuwid ilang mga anyo ng ideyalismo o amilenyalismo ang tumutugma ng pinakamainam.

B. Ang kabanata 20 ay nagpapakilala ng ilang teolohikal na mga konsepto na hindi ipinahayag sa ibang mga bahagi ng Bibliya:
   1. isang dalawang-yugtong muling pagkabuhay
   2. isang limitadong temporal na pamumuno ng mga martir
   3. isang Makamesyas na pangmundong pamumuno sa loob ng 1000 mga taon
   4. isang walang bisa na pamumuno ng Mesyas (sangkatauhan ay nagrebelde laban sa insitgasyon ni Satanas apagkatapos ng 1,000 taong pamumuno ni Kristo)
   5. isa na namang labanan sa mga di-mga mananampalataya pagkatapos ng Dakilang Puting Tronong paghuhukom

C. Kahirapan sa interpretasyon ay umiiral dahil sa
  1. ang teolohikal na pagiging iba ng kabanata 20
  2. ang kalabuan sa ilang mga susing lugar
    a. ang paggagapos kay Satanas, v. 2
    b. bilang ng mga grupo sa v. 4
    c. sino ang kasangkot sa unang muling pagkabuhay, v. 5
    d. ang sino, saan, at paano, ang pamumuno ni Kristo, v. 6
    e. saan "ang mga bansa" sa v. 8 nagmula
    f. kahulugan at lokasyon ng "ang minamahal na bayan," v. 9
    g. sino ang kasangkot sa Dakilang Puting Tronong Paghahatol ng vv. 11-15 at paano ito nauugnay sa Mateo 25:31ff
  3. Mayroong matinding kakulangan sa pagkakasundo sa mga makadiyos, naniniwalang mga komentarista, maging doon sa kaparehong milenyal na teorya. Ang milenyal na teorya ng sinoman ay hindi dapat makaapekto sa realidad ng isang pisikal, literal na Ikalawang Pagbabalik na tinukoy ng madalas sa NT.
  4. ilang mabubuting mga sipi ng mga taong aking pinagkakatiwalaan
    a. sa kanyang komentaryo, *Revelation*, George E. Ladd ay nagsasabi "Amerikanong Ebanghelismo ay naglagay ng di-sapilitang pagbibigay-diin sa doktrinang ito ng milenyum. . .Isang bagay ang malinaw; siya (Hesus) ay hindi nag-aalala na ituro ang isang a temporal pangmundong kaharian bago ang eternal na order sa Panahon na Darating."
    b. sa *Word Pictures in the New Testament*, A. T. Robertson ay nagsasabi, "Ang kamangha-manghang aklat na ito ay naisulat upang magbigay kaginhawaan sa mga banal sa panahon ng matinding paglilitis, hindi upang magbigay ng hidwaan sa kanila" (pp. 457-458).
    c. sa *Worthy is the Lamb*, Ray Summers ay nagsasabi, "Ang kabanatang ito ay kailangang lapitan ng may matinding pagpapakumbaba sa Espiritu, isang pagkilala sa kahirapan nito, ang pag-iwas sa dogmatikong mga pananalita, at respeto para sa matapat na interpretasyon ng iba. Ang kabanatang ito ay may isang mapait na pagdedebating katwiran para sa mga Kristyano sa loob ng maraming mga siglo" (p. 202).
    d. sa kanyang komentaryo sa *The Book of Revelation*, *New International Commentary Series*, Robert H. Mounce, ay nagsasabi, "Kung hahatulan mula sa bilang ng atensyon na ibinigay ang maraming manunulat sa unang sampung mga talata ng kabanata 20, maaring makapagpasiya dito na isang pinakamahalagang sangay ng aklat ng Pahayag. Ang pagkahilig ng maraming mga interpreters sa puntong ito ay naging apolihista para sa isang partikular na pananaw sa milenyo. Walang pagtatanggi sa kahalagahan ng importanteng sipi na ito, hindi dapat ito iangat ng higit sa iba na ang mga pangunahing mga tema gaya ng sa pagbabalik ni Kristo, ang huling paghahatol at pag-aalis ng lahat ng kasamaan, at ang karangyaan ng eternal na estado. Isang maingat na pagbabasa ng milenyal na sipi (vv. 1-10) ay magpapakita na ito ay marahil limitado sa mga muling binuhay na mga martir lamang, at ito ay naglalaman ng walang partikular na indikasyon na ang kanilang pamumuno kasama ni Kristo ay naganap sa mundo na ito ay kinakailangang sundan ng ikalawang pagdating" (p. 351).

D. Ang milenyal na pamumuno ay hindi kapareho ng sa
  1. ang Makamesyas na Panahon, o
  2. ang Kaharian ng Diyos (kapwa #1 at #2 ay mga eternal, cf. Daniel 7:14,27; Isaias 9:7; Lucas 1:33; II Pedro 1:11; Pahayag 11:15; 22:5)

E. Ang konsepto ng isang 1,000 mga taon ng lubos na kaligahayan kasama ni Kristo ay maaring nagmula sa ideya ng 6,000 mga taon ng kasaysayan at pagkatapos ay isang Sabbath na kapahingahan ng kasaganaan mula sa Genesis 1. Ang tila (historikal pre-milenyalismo) na ito ay bagagi ng ilang naunang Kristyanong mga kasulatan (cf. Epistle of Barnabas 15 at II Enoch 33).

F. Ang kabanatang ito ay halatang kinasihang kapahayagan at may banal na layunin. Gayunpaman, ano ang layunin na iyan: (1) pagbabalangkas ng pangwakas na panahong pangyayari o (2) pagbibigay ng Espiritwal na kaunawaan sa Espiritwal na labanan sa bawat panahon?

Ang mga interpreter ay dapat na maging maingat sa pagpipilit ng kanilang sariling adyenda at hindi ng kay Juan. Ang pagmausisa, ang pagmamaraas ng sinoman, o katapatan sa isang teolohikal positsyon o guro ay nagdulot ng isang lehiyon ng mga interpretasyon at pangit na mga saloobin. Ang layunin/tunguhin ni Juan ay ipinagbigay alam sa kanyang pagpili ng dyanra at kanyang pagpili sa OT, hindi NT, na pag-iimahe! Angt pagkuha sa apokaliptikong panitikan ay hindi tanda ng konserbatismo, ngunit maling paggabay na kasigasigan! Paanong ang mga modernog mga interpreter na nagsubok na gawin ang mga simbolo ni Juan na literal at ang iba ay matalinghaga? Silang lahat ay matalinghaga (hindi ito nangahulugan na sila ay hindi totoo)! Ang pangwakas na panahon na presentasyon ni Juan ay unang-una ay isang OT estruktura. Siya ay tila puno ng layunin di pinansin ang eskatalohikal na mga katuruan nina Hesus Pablo. Ang biblikal na mga manunulat, kapwa OT at NT, ay hindi nagpahayag ng isang sistematikong eskatolohiya. Sila ay tiyak na nagpresenta ng isang katotohanan, ngunit hindi lohikal, kronolohikal, o sistematikong paraan! Ating panindigan ang

sentral na mga katotohanan ng mga pangitain at hindi ang dogmatikong mga detalye .

G. Ang kabanatang ito ay ginawang magdala ng teolohikal na bigat ng labas sa proporsyon sa kanyang bahagi sa pangkalahatang estruktura at mensahe ng aklat! Hindi ito ang pangunahing pagbibigay-diin ng may-akda! Ang milenyum ay isang prekursor sa pamumuno ng Diyos. Tanging ang Pahayag ay piniling banggitin ang temporal na Makamesyas na pamumunong ito. Ito ay lumilitaw na isang dyanra na nakikipagkomunikasyon ng katotohanan sa pamamagitan ng simbolikong wika. S a personal, hindi ang milenyal pamumuno ang nagpapabigla sa akin (ayon sa liwanag ng OT mga teksto), ngunit
   1. ang dalawang-yugtong paghahatol
   2. ang paghahalo ng muling binuhay na mga banal at normal na mga tao ng magkasama sa pangmundong tagpuan
   3. ang presensya ng rebelyon pagkatapos ng mahabang Makamesyas na pamumuno

   Ang personal ba na pamumuno ni Kristo ay walang bisa sa mga matuwid maging sa kawalang presensya ni Satanas? O ito ay isang simbolikong paraan upang malinaw na maipakita ang sakop at kasamaan ng sangkatauhan?

H. Ang Diyos ay tutulungan tayong lahat ayon sa 22:18-19! Tayong lahat ay apektado ng ating mga likas na kasalanan, ating panahon, ating karanasan, at ating mga guro!

## MAKATUTULONG NA MGA MAY-AKDA

A. Alan Johnson, "Revelation," *The Expositors Bible Commentary*, vol. 12
B. George Ladd, *Revelation of John*
C. Leon Morris, "The Revelation of St. John," *Tyndale New Testament Commentaries*, vol. 20
D. Robert Mounce, "The Book of Revelation," *The New International Commentary*
E. Ray Summers, *Worthy Is the Lamb*
F. Craig Blaising and Darrell Bock, *Progressive Dispensationalism*
G. D. Brent Sandy, *Plowshares and Pruning Hooks*

## SALITA AT PARIRALANG PAG-AARAL

### TALATA SA NASB (BINAGO): 20:1-3

**1At nakita ko ang isang anghel na nananaog mula sa langit, na may susi ng kalaliman at isang malaking tanikala sa kaniyang kamay. 2At sinunggaban niya ang dragon, ang matandang ahas, na siyang Diablo at Satanas, at ginapos na isang libong taon; 3At siya'y ibinulid sa kalaliman at sinarhan, at tinatakan ito sa ibabaw niya, upang huwag ng magdaya sa mga bansa, hanggang sa maganap ang isang libong taon: pagkatapos nito ay kailangang siya'y pawalang kaunting panahon.**

**20:1 "nakita ko ang isang anghel na nananaog mula sa langit, na may susi ng kalaliman"** Ito ay kahawig sa anghel na may susi sa kailaliman sa 9:1-2,11. Nakakawili na si Satanas ay iginapos ng di-pinangalanang anghel.

▣ **"na may susi ng kalaliman"** Nakita natin ang dalawang "mga susi" sa Pahayag. S i Hesus ay may mga susi sa Kamatayan at Hades sa 1:18 at ang di-pinangalanang anghel ay may susi sa kailaliman sa 9:1. Ang terminong "susi" ay metaporikal para sa "awtoridad sa."

Ang terminong "kailaliman" ay ang Griyegong salita para sa "lalim" na may isang ALPHA PRIBATIBO (ang walang hanggang hukay) at tinalakay sa 9:1. Tila ito ay isang bilangguan ng malademonyong mga espiritu. Gayunpaman, hindi ito maaring maging isang lubusang interpretasyon dahil sa pagkakagamit ni Pablo nito sa Roma 10:7. Ito ay maaring isang kasingkahulugan sa "Tartarus" bilang ang lugar ng kulungan para sa lahat ng mga masasamang espiritu (cf. Lucas 8:31; Jude v. 6; II Pedro 2:4). Sa rabinikal Judaismo ng 2nd at 3rd mga siglo ito ay naunawaan bilang di-matuwid na bahagi ng Hades.

**20:2 "ang dragon, ang matandang ahas, na siyang Diablo at Satanas"** Ang apatang mga titulong ito ng masamang isa, na tinalakay sa 12:9, ay binigyan-diin upang maipaliwanag ng wasto kung sino ang iginapos at sa kalaunan ay itatapon sa lawa ng apoy (cf. v. 10). Ito ay nagdudugtong sa Pasimula (cf. Genesis 3) sa Huli (Pahayag 20-22).

Ang terminong "dragon" ay maaring
1. kahilera sa "serpyente." Sa OT ange Hebreong termino *tannin* ay maaring tumutukoy sa
   a. ahas sa lupa ( cf. Exodo 7:9,10,12; Deutronomio 32:33; at posibleng Awit 91:13)
   b. ahas sa dagat (cf. Genesis 1:21; Awit 148:7)
2. kahilera sa mitikal na hayop sa dagat, Leviathan (cf. Job 7:12; Awit 74:13-14; Isaias 27:1), na ginamit sa isa sa mga nilikha ng Diyos (cf. Job 41; Awit 104:24-26), o bilang isang simbolo ng kasamaan (gaya ni Rahab, cf. Isaias 51:9)
3. ginamit ng simboliko ng mga pinuno ng mga kaaway ng Israel

a. Ehipto (cf. Awit 87:4; Rahab; Ezekiel 29:3)
b. Babylonia (cf. Jeremias 51:34)

4. ginamit sa Mesopotamiang mitolohiya bilang ang halimaw ng kaguluhan (cf. Panimula sa Pahayag 12 #B at partikular sa 12:3) Ang King James Version mga salin g kapwa *tannin* at *tannim* (mga mang-uungol o mga dyakal, cf Job 30:29; Awit 44:19; Isaias 13:22; 34:13; 35:7; 43:20; Jeremias 9:11; 10:22; 49:33; 51:37; Ezekiel 29:3 at Micah 1:8) bilang "dragon," ngunit sila ay hindi magkaugnay na mga termino. Ang mga dyakal ay ang pangmaramihan ng *tan*.

▣ **"at ginapos na isang libong taon"** Ang mga tao ay laging naramdaman na ang pangkalahatang kpndemnasyon na nagresulta mula pagpili nina Adan at Eba au hindi patas. Maaring ang pag-alis ng kasamaan at tukso ay naglaan ng isang tagpuang teolohikal na kahawig sa Hardin ng Edin. Hindi lamang ang sangkatauhan ay palalagpasin ng tukso mula kay Satanas, sila ay magsasaya sa presensya ng Niluwalhating Mesyas sa loob ng pinahabang panahon. Ang trahedya ay ang sangkatauhan ay muling magrerebelde sa pamumuno ng Diyos sa pamamagitan ni Kristo (cf. 20:7-9)!

Ang OT konsepto ng dalawang Hudyong mga panahon ay isang paraan ng paglalarawan ng labanan sa pagitan ng mabuti at masama (limitadong dualismo). Ang mga Hudyo ay inilarawan ang kosmikong labanang ito bilang naresolba sa sa pangwakas na panahong labanan (cf. Awit 2). Si Juan ay gumagamit ng pag-iimaheng ito upang tulungan ang inusig na mga Kristyano ng kanyang panahon at bawat araw. Sa isang aklat ng halatang tiyak na simbolismo , at isang kapahayagan na labis na nag-iisa at di-inulit bilang ang 1000 taong pamumuno, bakit nais ng sinoman na iinterpret ito ng literal? Ang sagot ay nakasalalay sa presuposisyon ng interpreter, hindi sa eksihesis. Hindi ito isang bagay ng paniniwala sa Bibliya; ito isang bagay ng naaangkop, di-nagbabagong interpretasyon ng apokaliptikong panitikan. Ang mga nais ng mga mananampalataya para sa mas higit na impormasyon patungkol sa pangwakas na panahong ay nagtulak sa kanila (1) na gawin ang aklat na ito tungo sa nagpapakahulugang presentasyon ng Ikalawang Pagbabalik at (2) ang puwersahin ang mga detalye upang tumugma sa kanilang sariling kasaysayan, kultura, at nagpapakahulugang, teolohikal na grid. Kung ito ay tangggapin ng literal, tanging ang mga Kristyano na nabuhay at namatay sa panahon ng periyod na ito ay mamamuno kasama ni Kristo (cf. vv. 4-5)!

**20:3 "At siya'y ibinulid sa kalaliman at sinarhan, at tinatakan ito sa ibabaw niya"** Mayroong limang mga PANDIWA kaugnay sa paggagapos ni Satanas ng isang di-pinangalanang anghel: (1) "hinawakan niya ng mabuti"; (2) "iginapos siya"; (3) "itinapon siya"; (4) "isinara ito"; at (5) "sinelyuhan ito." Lahat ng mga ito ay mga AORIST AKTIBONG INDIKATIBO. Ito ay nagpapakita ng isang kompletong pagtatanggal ng impluwensya ni Satan. Ito marahil ay isang pahiwatig sa Isaias 24:22.

▣ **"upang huwag ng magdaya sa mga bansa"** Ang pandaraya ay laging layunin ng masamang isa at ng kanyang mga ahente (cf. 12:9 13:11-14; 16:14; 19:19; 20:8). Sapagkat nalalaman niya na ang kanyang panahon ay maikli na (cf. 12:12), sinusubukan niyang pangunahan hanggat maari ang maraming mahal na nilikha ng Diyos, lalake at babae, palayo sa Kanya tungo sa rebelyon at di-paniniwala. Nagnanais din siya na sambahin, na makikita sa pagtukso kay Hesus sa Mateo 4:9 at 13:4.

Ang may pinakamay kinalamang tanong ay, kanino "ang mga bansa" tumutukoy? Ang di-naniniwalang mga bansa ay naunang winasak sa 17:2; 18:3 at 19:18-21. Ang ilan ay nagsabi na ito ay tumutukoy sa kaparehong mga bansa, ngunit hindi ito ang mga natira sa kanila, hindi ang kanilang natalong hukbo. Ang iba ay nagsabi na ito ay ibang mga bansa na hindi kasangkot sa laban sa Diyos, laban kay Kristo na sabwatan. Ang simbolismo ng of "mga bansa" ay napakahirap (tignan puna sa 2:26 at 10:11) sapagkat sila ay nakita muli sa Pahayag 22:2, maging pagkatapos ng destruksyon ni Satanas at ng lahat ng di-mga mananampalataya.

Posibleng na ang 19:11-21 (i.e., mga kabanata 17-19) ay isinilaysay muli sa 20:1-10 (i.e., ang mga kabanata 20-22). Ito ay maaring makalutas sa katanungan ng presensya ng "mga bansa" pagkatapos ng kompleto at huling paghahatol ng kabanata 19. "Ang mga bansa" ay madalas na tumutukoy sa masama, walang Diyos na mga tao (Tignan Puna sa 2:26 at 10:11 at ang artikulo ni Dave Mathewson, "Isang muling- pagsusulit ng Milenyum sa 20:1-6: Consummation and Recapitulation," JETS, vol. 44 #2, June 2001, pp. 237-251). Ang pagtagpo Satanas sa 20:1-10 ay maaring analogo sa Lucas 10:17-20 (si Satanas ay ipintapon mula sa langit); Mateo 12:26-29 (ang kaharian ni Satan ay natalo ng eksorsismo ni Hesus); Colossas 2:10,15 (tinanggalan ng armas na mga pinuno at mga awtoridad). Ang Pahayag 20:1-10 ay maaring tumutukoy sa tagumpay ni Kristo at ang Kanyang unang pagdating ang mga nananahang mga resulta hanggang bago ang Kanyang Ikalawang Pagbabalik (amilenyalismo).

Kung ang muling pagsalaysay na ito ay totoo magkagayon ito ay nagpapakita kung paano si Juan ay naimpluwensahan ng isang pangwakas na panahong labanang paksa sa Ezekiel 38-39 (at ang Awit 2 rin). Si Juan ay kinuha ang OT komprontasyon na ito ng mga walang Diyos na mga bansa sa Asya Minor at pinagsama ito sa eskatolohikal na labanan sa pagitan ng bayan ng Diyos at ang bayan na naimpluwensahan ng kawalan ng paniniwala.

▣ **"hanggang sa maganap ang isang libong taon: pagkatapos nito ay kailangang siya'y pawalang kaunting panahon"** Mayroong naging matinding talakayan patungkol sa kung bakit si Satanas"dapat" (*dei*) na pakawalan ng pansamantala. Ang ilan ay nakita ito bilang ang Diyos ay nagpapakita ng katarungan ng Kanyang kondemnasyon sa mapanghimagsik na mga tao; ang iba ay nakita ito bilang posibleng isang pagkakataon ng pagtutubos sa 9:20-21; 14:6-7; 16:9,11.

Posible rin na makita si Satanas na iginagapos bilang simbolo ng huling pagkatalo ng kasamaan na ginagamit ang Hudyong apokaliptikong mga imahe mula sa I Enoch 10:4-6,11-13, kung saan si Azazel (ang desyertong demonyo ng Levitico

16:8,10,26) ay ibinilanggo ng isang anghel upang hindi niya mailigaw ang mga tao. Ang pagkakabilanggo ay isang paraan ng pagpipigil sa mga masasamang mga anghel hanggang sa araw ng paghahatol sa Isaias 24:21-22; II Pedro 2:4; at Jude v. 6.

Posible rin na ang kanyang paglaya ay nagdulot ng pangwakas na panahon, isa para sa lahat na komprontasyon sa pagitan ng Diyos, Mesyas, Espiritu, at kanilang mga tagasunod laban kay Satanas, ang hayop sa dagat, hayop sa lupa at kanilang mga tagasunod. Ang nilikha ay matatanggalan ng kasamaan. Ang kasaysayan ay magiging lugar ng labanan, ang kasaysayan ay magiging eksena ng huling komprontasyon. Ang OT paksa ay mula sa Awit 2 at Ezekiel 38-39. Ang kaparehong pangwakas na panahong paghahatol ay nakita sa 19:19-21. Kung ito ay totoo magkagayon ang mga kabanata 17-19 at 20 ay kahilera at takip ng kaparehong periyod mula sa unang pagdating ni Kristo hanggang sa Kanyang Ikalawang Pagbabalik.

## TALATA SA NASB (BINAGO): 20:4-6

**4At nakakita ako ng mga luklukan, at may mga nagsisiluklok sa mga ito, sila'y pinagkalooban ng paghatol: at nakita ko ang mga kaluluwa ng mga pinugutan ng ulo dahil sa patotoo ni Hesus, at dahil sa salita ng Diyos, at ang mga hindi sumamba sa hayop, o sa kaniyang larawan man, at hindi tumanggap ng tanda sa kanilang noo at sa kanilang kamay; at sila'y nangabuhay, at nagsipagharing kasama ni Kristo sa loob ng isang libong taon. 5Ang mga iba sa mga patay ay hindi nangabuhay hanggang sa naganap ang isang libong taon. Ito ang unang pagkabuhay na maguli. 6Mapalad at banal ang makalakip sa unang pagkabuhay na maguli: sa mga ito'y walang kapangyarihan ang ikalawang kamatayan; kundi sila'y magiging mga saserdote ng Diyos at ni Kristo, at mangaghaharing kasama niya sa loob ng isang libong taon.**

**20:4 "At nakakita ako ng mga luklukan"** Ito ay isang pahiwatig sa Daniel 7:9. Maraming bilang ng mga trono ay binanggit sa Pahayag: (1)ang trono ng Diyos (cf. 5:1,1,17; 6:16; 7:10,15; 19:4; 21:5); (2) ang trono ni Satanas (cf. 2:13); at (3) ang trono ng hayop (cf. 13:2; 16:10). Ito ay isang metapora ng awtoridad at kapangyarihan.

▣ **"at may mga nagsisiluklok sa mga ito"** Ito ay isang pahiwatig sa Daniel 7:22. Ang katanungan ay, kanino ang "sila" tumutukoy? Sa Daniel ito ay maaring isang mala-anghel na hukbo ng mga banal. Mayroong naging matinding talakaayan sa mga komentarista patungkol sa kung ilang mga grupo ang binanggit sa talatang ito.

1. ang ilan ay nakita ang tatlong mga grupo (yaong nasa mga trono, naging martir na mga Kristyano, at ibang mga Kristyano na hindi sumamba sa hayop)
2. ilan ay nakita ang dalawang mga grupo
3. ang ilan ay isang grupo.

Kung ito ay isang grupo, ito ay tumutukoy sa Kristyano mga martir. Gayunpaman, walang pang Kasulatang kahilera sa isang limitadong pamumuno ng mga martir. Ang Bibliya ay nangako ng isang pamumuno sa lahat ng mga banal (cf. Pahayag 3:21; 5:10; 22:5; Mateo 19:28; Lucas 22:29-30; II Timoteo 2:12). Tignan Natatanging Paksa sa 5:10.

Ang iba ay ibinatay ang kanilang pananaw sa dalawang mga grupo sa maliit na parirala sa huling bahagi ng v. 4, "na tumangging sumamba sa mabangis na hayop." Nakita nila ito bilang ikalawang grupo ng mga Kristyano, lahat ng mga mananampalataya na namatay ng natural na kamatayan ngunit tumangging sumamba sa hayop. Ayon sa Ikalawang Pagbabalik sa kabanata 19 at ang Dakilang Puting Tronong paghuhukom ng 20:11, ito marahil ang pinamainam na interpretasyon. Kung ang interpretasyong ito ay, samakatuwid ang Dakilang Puting Tronong paghuhukom ng vv.11ff ay tumutukoy lamang sa naligaw at hindi direktang kahilera sa Mateo 25:31ff.

▣

**NASB "sila'y pinagkalooban ng paghatol"**
**NKJV "at ang paghahatol ay ipinaratang sa kanila"**
**NRSV "ay binigyan ng awtoridad na maghatol"**
**TEV "ay binigyan ng kapangyarihan na maghatol"**
**NJB "ay isinangguni ang kapangyarihan na magbigay ng kahatulan"**

Ang Griyegong pariralang ito ay maaring tumukoy alinman sa (1) sa kanilang pamumuno kasama ni Kristo (cf. 2:26-27; I Corinto 6:2, Tignan Natatanging Paksa sa 5:10) o kanilang pagtanggap sa katarungan (cf. 6:9-11; Daniel 7:22).

▣ **"ang mga kaluluwa ng mga pinugutan ng ulo"** Ang ilan ay ininterpret ito bilang isang walang katawan na mga espiritu (cf. 6:9). Ang terminong "pinugutan ng ulo" ay tumutukoy sa dalawang talim na palakol na ginamit para sa kapital na kaparusahan sa Romanong Republika (cf. Roma 13:4 at Josephus, *Antiquities of the Jews*, 14:9:4). Ito ay tumutukoy sa Kristyano mga martir.

▣ **"at ang mga hindi sumamba sa hayop"** Kung ang nasa itaas na parirala ay tumutukoy sa mga martir, magkagayon ang pariralang ito ay tumutukoy sa iba na namatay sa panahon ng periyod na ito (cf. 13:15). Nagyon kung an larawan na ito ng periyod sa pagitan ng dalawang pagdating ni Kristo, samakatuwid ito ay tumutukoy sa lahat ng mga mananampalataya. Kung ito lamang ay pangwakas na panahong periyod, samakatuwid tanging ang henerasyon lamang na yaon.

▣ **"at hindi tumanggap ng tanda"** Tignan Puna sa13:16-17. Ang marka ay kahilera sa "sa sinoman na hindi sumamba sa hayop o sa kanyang imahe."

▣ **"at sila'y nangabuhay"** Ang terminong (*zōē*) ay madalas na tumutukoy sa pisikal na resureksyon (cf. Mateo 9:18; Juan 4:25; Gawa 1:3, 9-11; Roma14:9; Pahayag 1:18; 2:8; 13:14). Ang mga interpreter ay hindi mainterpret ang ginamit na termino sa v. 4 bilang espiritwal na muling pagkabuhay at ang ikalawang gamit sa v. 5 bilang pisikal na muling pagkabuhay. Ang mga martir na na namuno kasamam ni Kristo ay may resureksyong mga katawan o pisikal na mga katawan na nabubulok? Kung sila ay may resureksyong mga katawan, samakatuwid ano naman "sa mga bansa"?

▣ **"at nagsipagharing kasama ni Kristo sa loob ng isang libong taon"** Ang konsepto ni Hesus na pamumuno ay binanggit sa Pahayag 12:5; 19:5 at tila ipinahiwatig sa Awit 2:8-9; ang pamumuno ng mga banal kasama ni Kristo ay binanggit sa Mateo 19:28; Lucas 22:28-30; II Timoteo 2:12; Pahayag 3:21; 5:10; 20:4,6 at 22:5. Ang pamumuno ba ng milenyal o eternal (cf. Daniel 7:14,18,27 at Pahayag 22:5)? Ang pamumunong pangmundo (cf. 5:10) sa Palestinang konteksto o isang unibersal na konteksto? Tignan Natatanging Paksa sa Pamumuno sa Kaharian ng Diyos sa 5:10. Tignan tsart ng magkaibang milenyal na mga pananaw sa Apendise Lima.

Kung ang 1,000 mga taon ay simboliko ng panahon ng iglesya (inkarnasyon sa *Parousia*), samakatuwid ang 1,000 taon na ito (10x10x10 – Hebreo PANUKDULAN anyo ng numero para sa kakumpletohan) tumutukoy sa walang hanggan.

Gayunpaman, ang senaryo na ito ay hindi tugma sa vv. 5-6 ng maayos. Ito ay isang mabuting halimbawa kung paano ang nagpapakahulugang paglapit ng isa ay sumasagot ng ilang mga teksto ng maayos, ngunit hindi lahat. Ang magkaibang mga nagpapakuhulugang mga panukala na nahubog na gaya ng ibat-ibang mga interpreter ay nagbigay-diin sa magkaibang mga teksto at binabasa ang buong NT sa pamamagitan ng ilang piniling mga "susing" teksto. Mayroong pagkakasunod-sunuran dito, kalabuan dito, misteryo dito. Huwag nating langkapan ang problema ng eksklusibismo at dogmatismo!

**20:5** Ang NRSV at ang TEV mga salin ay ginawa ang v. 5 na isang panaklong. Sinomang ang kasangkot sa unang resureksyon na ito ay magdedetermina kung sino ang kasangkot sa pangkalahatang paghahatol ng 20:11ff. Narito ang mga opsyon para sa "ang iba pang mga patay."

1. ang mga di-ligtas (cf. v. 6; Daniel 12:2)
2. ang mga Kristyano mula sa naunang mga periyod (cf. v. 6; II Timoteo 2:12)
3. ang mga Kristyano mula sa periyod na ito, ngunit namatay ng natural na mga kamatayan (cf. v. 4c)

▣ **"ang unang pagkabuhay na maguli"** Sa buong NT mayroong naging isang pagbibigay-diin sa muling pagkabuhay ng patay (cf. Juan 5:28-29; Lucas 14:14; Gawa 24:15; I Corinto 15:52; Felipos 3:3; I Tesalonica 4:16; II Tesalonica. 1:7-10). Gayunpaman, walang kahilera sa Bibliya para sa dalawang magkahiwalay na muling pagkabuhay para sa mga mananampalataya, maliban na ito ay isang pahiwatig sa dalawahang resureksyon ng Daniel 12:2 (ang napahamak at naligtas), bagamat si George Ladd ay nakikita ang Juan 5:29 at I Corinto 15:24-25 bilang mga posibleng mga kahilera. Lahat ng teolohikal mga sistema, maging doon sa mga naniwala sa literal na isang libong taong pamumuno, ay may pangunahing nagpapakahulugang mga problema sa hiwalay na resureksyon na ito. Ang mga naraptyur na mga Kristyano ba (cf. I Tesalonica. 4:13-18; Pahayag 4:11 or 11:12) ay kasangkot sa isang libong taon na pamumuno; ang OT mga mananampalataya na kasangkot sa isang libong taong pamumuno? Ito ba ay nagsasama sa OT mga martir, o tanging yaong mga naging martir sa panahon ng pangwakas na panahong tribulasyon?

▣ **"sila'y magiging mga saserdote ng Dios at ni Kristo"** Ito ay isang pahiwatig sa Exodo 19:5-6. Ang terminolohiya na ito, na tumutukoy sa Israel bilang instrumento ng Diyos sa kapahayagan at pagtutubo sa mga Hentil , ay mayroon sa NT ay pinalawak upang magsama sa lahat ng iglesya (cf. I Pedro 2:5,9 at Pahayag 1:6; 5:10). Sa sulat sa iglesya ng Philadelphia, isang pahiwatig ang ginawa sa mga banal kaugnay sa isang templo (cf. 3:12). Ang metapora ay binago mula sa mga tagapaglingkod ng Diyos alang-alang sa mundong ito tungo sa matalik na pakikisaman sa Diyos.

**20:6** Ang talatang ito ay nagdadagdag sa nagpapakahulugang problema. Bakit ang sinomang mananampalataya ay dapat na magpasailalim sa ikalawang kamatayan, na isang metapora para sa impyerno (cf. v. 6)? Ang mga martir ay tanging saserdote ba sa Diyos o ang lahat ng mga banal (cf. 1:6; 5:10; II Pedro 2,5,9)? Ang tanging unang siglong mga martir ay mamumuno o ang mga OT martir ay maisasama, ang mga mga martir ba sa bawat panahon ay masasama o ang mga Kristyano na nanatiling tapat ay maisasama?

## TALATA SA NASB (BINAGO): 20:7-10

**[7]At kung maganap na ang isang libong taon, si Satanas ay kakalagan sa kaniyang bilangguan, [8]At lalabas upang dumaya sa mga bansa na nasa apat na sulok ng lupa, sa Gog at sa Magog, upang tipunin sila sa pagbabaka: na ang bilang nila ay gaya ng buhangin sa dagat. [9]At nangagsipanhik sila sa kalaparan ng lupa, at kinubkob ang kampamento ng mga banal, at ang bayang iniibig: at bumaba ang apoy mula sa langit, at sila'y nasupok. [10]At ang diablo na dumaya sa kanila ay ibinulid sa dagatdagatang apoy at asupre, na kinaroroonan din naman ng hayop at ng bulaang propeta; at sila'y pahihirapan araw at gabi magpakailan kailan man.**

**20:7 "si Satanas ay kakalagan sa kaniyang bilangguan"** Ezekiel 36-39 ang kinaligiran ng kontekstong ito. Sa Ezekiel ang kapahingahan ng bayan ng Diyos na sinigurado sa isang eskatolohikal na tagpuan (Judah o Jerusalem o ang Lupang Pangako ), ngunit inatake parin ng masasamang bansa (Gog at Magog). Sa rabinikal Judaismo ang dalawang mga kaaway na ito ay ginamit upang ilarawan ang lahat ng mga kaaway ng Mesyas at ng bayan ng Diyos. Sa orihinal, ang Gog ay isang lalake mula sa lupain ng Magog, ngunit sa kabanatang ito, ang mga termino ay biniyan katauhan tungo sa dalawang kambal na mga kaaway. Si Juan ay laging ginagawang muli ang kanyang OT mga pahiwatig upang tumugma sa kanyang unang siglong mga mambabasa.

**20:8 "lalabas upang dumaya"** Nakakamangha na ang sangkatauhan ay maaring madala tungo sa rebelyon pagkatapos ng 1,000 pamumuno ni Kristo! Ang mga bansa ba na ito "di-mga mananampalataya" o "panuang mga mananampalataya?" Ang presensya at pamumuno ba ni Kristo ay hindi nakaapekto ng permanenteng epekto sa lipunanang ng tao?

▣ **"Gog at Magog"** Ito ay isang pahiwatig sa nagpapatuloy na rebelyon ng di-naniniwalang mga bansa. Pagkatapos ng Israel ay mapanumbalik muli sa lupang pangako (cf. Ezekiel 37), batay sa mga aksyon ng Diyos (cf. Ezekiel 36), siya pa rin ay may mga problema sa mga bansa na muling mananakop sa kanya ("Gog sa lupain ng Magog, ang prinsipe ng Rosh, Meshech at Tubal," Ezekiel 38:2). Ang mga ito ay kumakatawan sa mga pangalan ng pinuno o pangrehiyong mga pangalan ng nananakop na hukbo; Ezekiel 38:5-6,13 na gumagawa dito na internasyonal na hukbo. Ang mga kabanata 38-39 ng Ezekiel ay may pangwakas na panahong tagpuan (cf. 38:8,10,14,16,18; 39:11). Ang mga kabanatang ito ay naging pinagkukunan ng higit na mga OT pangwakas na panahong mga pahiwatig ni Juan. Ang mga bagay na ito ay mas magiging malala (sakit ng kapanganakan ng bagong panahon) bago pa sila magiging mainam (bagong Jerusalem).

Pansinin kung paano kinuha ni Juan ang OT mga teksto ngunit muling ginawa ang mga ito ayon sa liwanag ng unang siglong Greko-Romanongk ultura. Gog, Magog, at Babylonia ay hindi mga kalaban mula sa Mesopotamia o Turkey, ngunit ang Roma.

▣ **"sa mga bansa na nasa apat na sulok ng lupa"** Ito ay halatang isang unibersal na panlilinlang at rebelyon (cf. 7:1). Ang bilang na "apat" ay may simbolikong kahalagahan na kumakatawan sa buong mundo.

▣ **"na ang bilang nila ay gaya ng buhangin sa dagat"** Ang pariralang ito ay orihinal na ginamit sa punla ni Abraham (cf. Genesis 15:5; 22:17; 32:12 at Hebreo 11:12). Ito ay maaaring isa na namang halimbawa ng masama na gumagaya sa mga termino na naglalarawan sa bayan ng Diyos. Gayunpaman, dahil sa unang parirala ng v. 9, ito ay tila isa na namang depinisyon ng isang napakalaking hukbo.

**20:9** Ang talata ba na ito ay tumutukoy sa isang literal na labanan sa lambak ng Megiddo bilang isang pangwakas na panahong hukbo na gumagalaw tungo sa bayan ng Palestina o Jerusalem? Mayroong maraming mga pahiwatig sa senaryo na ito sa OT (cf. Awit 2; Ezekiel 38-39; Daniel 9:24-27; Zacarias 13-14). Gayunpaman, ang Jerusalem ay maraming milya ang layo mula sa Megiddo.

Sa Pahayag "ang bayan"ay madalas (1)organisadong lipunan ng tao at gumagawa ng hiwalay mula sa Diyos, na binigyang katauhan bilang Babylonia at (2) historikal na tumutukoy sa Roma sa panahon ni Juan's day (cf. 14:8; 16:19; 17:18; 18:2,10,16,18,19,21). Gayunpaman, ang bayan ng Jerusalem ay posibleng tinukoy sa 11:8 at dito.

Ang NT mga may-akda sa pangkalahatang, at sa Juan sa partikular, ay kinuha ang OT pag-iimahe at pinangkalahatan ito upang iugnay sa lahat ng sangkatauhan. Ang isyu sa Pahayag ay hindi Hudyo laban sa mga Hentil, ngunit mananampalataya laban sa mga di-mananampalataya. Ito ngayon ay ang kaparehong pangwakas na panahong labanan gaya ng sa 6:15-16; 11:18; 16:12,14,16; 19:19 (pararelismo).

▣ **"at bumaba ang apoy mula sa langit, at sila'y nasupok"** Ito ay isang pahiwatig sa Ezekiel 38:22 at 39:6. Ang tagumpay ay sa Diyos!

**20:10 "At ang diablo na dumaya sa kanila ay ibinulid sa dagatdagatang apoy at asupre"** Dito ang hayop at ang huwad na propeta ay ipinatapon sa 19:20. Dito ang Kamatayan at Hades ay ipapatapon sa 20:14 at kung saan ang lahat na hindi nagtiwala kay Kristo ay ipapatapon sa 20:15. Ito ay kasingkahulugan ng *Gehenna* (impyerno) at kumakatawan sa paghihiwalay mula sa pakikisama sa Diyos at ng Kanyang Kristo (cf. Marcos 9:43,48).

▣ **"at sila'y pahihirapan araw at gabi magpakailan kailan man."** Ang napakapareho sa Pahayag 14:10-11 at 19:5. Ang konseptong ito na isang permanenteng paghihiwalay ay ipinahiwatig sa Mateo 25:46 kung saan ang kaparehong termino (*aiōnios*), ay ginamit para sa langit, ay ginamit para sa impyerno.

Halos ang paghahatol ng Diyos ay may pagtutubos na mga layunin; iyan ay totoo sa OT at sa NT. Ang impyerno ay walang nalalamang pagtutubos na layunin. Ito ay tumutupad sa pangako ng Diyos na ipanumbalik ang katarungan at katuwiran. Ang impyerno ay ang isolasyon ng kasamaan mula sa mabuting nilikha ng Diyos. Ang kasindakan ng impyerno para sa tao, ito ay mas malubha para sa Diyos. Sa pamamagitan ng pagpapahintulot sa Kanyang pinakamataas na nilikha, ang

sangkatauhan, ang magkaroon ng pagpili, ( isang aspeto ng imahe ng Diyos sa tao, alam ng Diyos ng mahalagang porsyento ay pipiliin ang sarili at kasalanan. Ang impyerno ay isang bukas, nagdurugong sugat sa puso ng Diyos na kailanman ay hindi na gagaling. Ang impyerno ay isang trahedyang misteryo ng kabalintunaan ng eternal na pag-ibig at katarungan ng Diyos!

## TALATA SA NASB (BINAGO): 20:11-15

**[11]At nakita ko ang isang malaking luklukang maputi, at ang nakaluklok doon, na sa kaniyang harapan, ang lupa at ang langit ay tumakas; at walang nasumpungang kalalagyan nila. [12]At nakita ko ang mga patay, malalaki at maliliit, na nangakatayo sa harapan ng luklukan; at nangabuksan ang mga aklat: at nabuksan ang ibang aklat, na siyang aklat ng buhay: at ang mga patay ay hinatulan ayon sa mga bagay na nasusulat sa mga aklat, ayon sa kanilang mga gawa. [13]At ibinigay ng dagat ang mga patay na nasa kaniya; at ibinigay ng kamatayan at ng Hades ang mga patay na nasa kanila: at sila'y hinatulan bawa't tao ayon sa kanikaniyang mga gawa. [14]At ang kamatayan at ang Hades ay ibinulid sa dagatdagatang apoy. Ito ang ikalawang kamatayan, sa makatuwid ay ang dagatdagatang apoy. [15]At kung ang sinoman ay hindi nasumpungang nakasulat sa aklat ng buhay, ay ibinulid sa dagatdagatang apoy.**

**20:11 "At nakita ko ang isang malaking luklukang maputi"** Ito ay isang pahiwatig sa Daniel 7:9. Ang dakilang puting trono ay tila isang kahilera sa Mateo 25:31-46, ngunit kung ito ang tanging paghahatol sa mga naligaw, hindi ito maaring maging kahilera sa Mateo 25 dahil mayroong tupa (naligtas) at ang mga kambing (di-ligtas) ay tinalakay ng magkasabay.

▣ **"at ang nakaluklok doon"** Ito ay isang pahiwatig sa Daniel 7:9. Sa NT ang Diyos ay ginawa si Kristo na Hukom (cf. Juan 5:22,27; 9:39; Gawa 10:42; 17:31; II Corinto 5:10; II Timoteo 4:1 at I Pedro 4:5). Gayunpaman, sa ilang mga sipi, si Kristo ay nagsabi na hindi Siya dumating upang maghusga (cf. Juan 3:17-21; 12:47-48). Si Kristo ay hindi dumating upang manghusga, ngunit upang magligtas, Gayunpaman, ang katotohanan na ang mga tao ay itinakwil Siya ay nagdala ng paghahatol sa kanilang mga sarili . Kaya, sino ang nakaupo sa trono? Hindi ba si Hesus? Ito ay posible dahil sa Mateo 25:31-46 at partikular na ang Juan 5:22 at II Corinto 5:10, Gayunpaman, karamihan ng pagkakataon sa NT at lalo na sa aklat ng Pahayag, ang Diyos Ama ay Siyang nakaupo sa trono (cf. Roma 14:10; Pahayag 5:1,7,13; 6:16; 7:10,15; 19:4 and 21:5).

▣ **"na sa kaniyang harapan, ang lupa at ang langit ay tumakas"** Ang ilan ay nakita ito bilang pagtanggal ng sumpa na iniligay sa pisikal na nilikha nang si Adan at Eba ay nagrebelde at bumagsak sa kasalanan (cf. Genesis 3:17-19 at Roma 8:19-22). Ang iba ay nakita ito bilang isang metapora para sa kompletong destruksyon ng kasalukuyang pisikal na pagkakaayos na inilarawan sa II Pedro 3:10,12 (cf. Gawa 3:21; Roma 8:21).

Ito ang OT wika na nagpakita ng: (1) ang pagdating ng Diyos sa Kanyang nilikha, cf. Awit 114:3-6; Isaias 13:10; 24:19-20,23; Joel 2:10,30-31; 3:15; Zacarias 14:6) o (2) ang Diyos ay hindi kailangan ang Kanyang dalawang eternal na mga saksi kailanman, cf. Bilang 35:30; Deutronomio 17:6; 19:15. Siya ay namumuno!

Ang langit sa kontekstong ito ay hindi tumutukoy sa trono ng Diyos, ngunit sa atmospera sa itaas ng daigdig gaya ng sa Genesis 1:1.

**20:12 "At nakita ko ang mga patay, malalaki at maliliit, na nangakatayo sa harapan ng luklukan"** Ang eksaktong kabuuan ng malaking grupo na ito ay hindi tiyak at madalas batay sa presuposisyon ng sinoman, na gaya ng maraming mga interpretasyon ng mga detalye ng mga pangitaing ito sa aklat ng Pahayag.

Ang pariralang "ang malaki at maliit" ay maaringtumutukoy sa (1) mga mananampalataya (cf. Awit 115:13; Pahayag 11:18; 19:5) o (2) di-mga mananampalataya (cf. 13:16; 19:18). Sa kontekstong ito, ito ay kahilera sa "tupa at mga kambing" ng Mateo 25:31-46 o "yaong nasa langit, at nasa mundo, at nasa ilalim ng lupa" ng Felipos 2:10-11.

▣ **"at nangabuksan ang mga aklat"** Ito ay isang pahiwatig sa Daniel 7:10. Mayroong dalawang mga aklat na binanggit: ang aklat ng mga gawa o mga alaala at ang aklat ng buhay (cf. 3:5; at 13:8). Ang aklat ng buhay ay inilarawan sa Exodo 32:32-33; Awit 69:28; Isaias 4:3; Daniel 12:1; Lucas 10:20; Felipos 4:3; Hebreo 12:23; Pahayag 3:5; 13:8; 17:8; 20:15; 21:27. Ang aklat ng mga gawa o alaala ay inilarawan sa Awit 56:8; 139:16; Isaias 65:6; Malakias 3:16 at Pahayag 20:12-13. Ang mga ito ay mga metapora para sa memorya ng Diyos. Ang Diyos ay pakikitunguhan ng patas ang Kanyang nilikha; ang mga tao ay responsable para sa kanilang mga aksyon at mga motibo at may pananagutan sa Diyos (cf. Galacia 6:7). Mayroon lamang isang paghahatol.

▣ **"at ang mga patay ay hinatulan ayon sa mga bagay na nasusulat sa mga aklat"** Ang mga paghahatol ay batay sa pagpiling pamumuhay ng mga tao (cf. Mateo 25:31-46). Ating inaani anoman ang ating itinanim (cf. Galacia 6:7). Ang teolohikal na katotohanan na lahat ng mga tao ay hahatulan sa pamamagitan ng kanilang mga gawa ay makikita sa Jeremias 17:10; Mateo 16:27; II Corinto 5:10; Pahayag 2:23; 20:13. Para sa buong listahan ng mga reperensiya Tignan Puna sa 2:23.

**20:13 "ng dagat. . . ng kamatayan. . . ng Hades ang mga patay na nasa kanila"** Hindi ito tumutukoy sa katotohanan na ang patay ay inilagak sa tatlong magkaibang mga lugar; ang kahilerang metapora ay nagsaad na ang lahat ng mga patay ay tatayo

sa harap ng Diyos (cf. Felipos 2:10-11).

**20:14 "At ang kamatayan at ang Hades ay ibinulid sa dagatdagatang apoy"** Ang mga ito ay tinukoy ng una sa 6:8. Ang kamatayan, ang matinding kaaway ng sangkatauhan (cf. Hebreo 2:14-15), ay natalo na at tinanggal na (cf. I Corinto 15:26,54-55; II Timoteo 1:10; Pahayag 1:18; 21:4).

▣ **"ang ikalawang kamatayan"** Ang Bibliya ay nagsasalita sa tatlong mga yugto ng kamatayan:

1. Espiritwal na kamatayan, cf. Genesis 3; Isaias 59:2; Roma 5:12-21; 7;10-11; Efeso 2:1,5; Colossas 2:13; Santiago1:15
2. pisikal na kamatayan, cf. Genesis 5
3. eternal na kamatayan tinawag na "ang ikalawang kamatayan" sa Pahayag 2:11; 20:6,14; 21:8, na tumutukoy sa Impyerno

**20:15 "kung ang sinoman"** Ang pangungusap na ito ay isang UNANG KLASENG KONDISYONAL na nagpapalagay na mayroong mga hindi nakasulat sa aklat ng buhay (isang metapora para doon sa hindi nagtiwala kay Kristo).

▣ **"aklat ng buhay"** Tignan Puna sa 13:8.

## MGA TALAKAYANG TANONG

Ito ay isang komentaryong gabay sa pag-aaral, na nangangahulugan na ikaw ay may pananagutan sa iyong sariling interpretasyon sa Bibliya. Ang bawat isa sa atin ay dapat lumakad sa liwanag na mayroon tayo. Ikaw, ang Bibliya, at ang Banal sa Espiritu ay pangunahin sa interpretasyon. Hindi mo dapat iasa ito sa taga-pagsuri.

Ang mga talakayang tanong na ito ay inihanda upang tulungan kang mag-isip sa pamamagitan ng mga pangunahing paksa sa bahaging ito ng aklat. Ito ay nangahulugang dapat maging mapukaw-isip, hindi pang kahulugan lamang.

1. Bakit lubhang maraming makadiyos, naniniwalang sa Bibliya mga komentarista ay hindi nagkasundo sa interpretasyon ng talatang ito kabanata?
2. Kung ang aklat na ito aklat ay isinulat sa simbolikong wika (apokaliptikong dyanra), bakit maraming mga tao ay tinanggap ang kabanatang ito ng napakaliteral at historikal?
3. Bakit si Satanas ay iginapos ng pansamantala? Saan nagmula ang mga bansa sa vv. 3 at 8?
4. Gaano karaming mga grupo ang kasangkot sa v. 4 at bakit ito napakahalaga?
5. Bakit nakakabiglang malaman ang dalawang yugtong resureksyon sa kabanatang ito?
6. Paano ang muling binuhay na mga banal ay kasabay na umiiral kasama ng pisikal na mga bansa?
7. Sino ang kasangkot sa Dakilang Puting Tronong paghuhukom ng vv. 11-15?

# PAHAYAG 21-22

## MGA BAHAGI NG TALATAAN NG MGA MAKABAGONG SALIN*

| UBS[4] | NKJV | NRSV | TEV | NJB |
|---|---|---|---|---|
| Ang Bagong Langit at ang Bagong Lupa | Ang Lahat ng Bagay ay Pinagbagong Muli | Pangitain ng Bagong Jerusalem<br>(21:1-22:5) | Ang Bagong Langit at ang Bagong Lupa | Ang Makalangit na Jerusalem |
| 21:1-4<br>21:5-8 | 21:1-8 | 21:1-4<br>21:5-8 | 21:1-4<br>21:5-8 | 21:1-4<br>21:5-8 |
| Ang Bagong Jerusalem | Ang Bagong Jerusalem | Ang Pagsusukat ng Bayan | Ang Bagong Jerusalem | Ang Makamesyas na Jerusalem |
| 21:9-14<br>21:15-21 | 21:9-21<br>Ang Kaluwalhatian ng Bagong Jerusalem | 21:9-14<br>Ang Ilog at ang Puno ng Buhay | 21:9-21 | 21:9-14 |
| 21:22-22:5 | 21:22<br>Ang Ilog ng Buhay<br>22:1-5 | 21:22-22:5 | 21:22-22:3a | |
| | | | 22:3b-5 | 22:3-5 |
| Ang Pagbabalik ni Kristo | Ang Oras ay Nalalapit na | Ang Epilogo | Ang Pagdating ni Hesus | |
| 22:6-7 | 22:6-11 | 22:6<br>22:7 | 22:6<br>22:7 | 22:6-7 |
| 22:8-11 | Si Hesus ay Nagpapatotoo sa mga Iglesya | 22:8-9<br>22:10-11 | 22:8-11 | 22:8-9 |
| 22:12-13 | 22:12-17 | 22:12-13 | 22:12-13 | |
| 22:14-15 | | 22:14-15 | 22:14-15 | Epilogo |
| 22:16-17 | | 22:16-17 | 22:16 | 22:16 |
| | | | 22:17a | 22:17 |
| | | | 22:17c | |
| | Isang Babala | | Konklusyon | |
| 22:18-19 | 22:18-19 | 22:18-19<br>22:20b | 22:18-19<br>22:20b | 22:18-19<br>22:20b |
| | Ako Ay Madaling Dumarating | | | |
| 22:20 | 22:20-21 | 22:20 | 22:20 | 22:20 |
| | | 22:20b | 22:20b | 22:20b |
| 22:21 | | 22:21 | 22:21 | 22:21 |

## IKATLONG TAPUSANG PAGBASA (tingnan p. v sa panimulang seksyon)

***PAGSUNOD SA ORIHINAL NA LAYUNIN NG MAY-AKDA AYON SA ANTAS NG TALATA***

Ito ay isang komentaryong gabay sa pag-aaral, na nangangahulugan na ikaw ay may pananagutan sa iyong sariling interpretasyon sa Bibliya. Ang bawat isa sa atin ay dapat lumakad sa liwanag na mayroon tayo. Ikaw, ang Bibliya, at ang Banal sa Espiritu ay pangunahin sa interpretasyon. Hindi mo dapat iasa ito sa taga-pagsuri.

Basahin ang kabanata ng isang upuan. Alamin ang mga paksa. Ihambing ang iyong pagkakabahagi ng paksa sa limang makabagong salin. Ang pagkakatalata ay hindi isang inspirasyon, ngunit ito'y isang susi sa pagsunod sa layunin ng may akda na siyang puso ng interpretasyon. Bawat talata ay may isa at isa lamang na paksa.

1. Unang Talata

2. Ikalawang Talata

3. Ikatlong Talata

4. Atbpa.

## KONTEKSTWAL NA MGA KAUNAWAAN

A. Ang Pahayag 20-22 ay nagbuo ng ikapitong pampanitikang yunit. Ang Pahayag 21-22 ay nagwakas sa mga aksyon ng Diyos sa kasaysayan ng tao at nagpasimula sa eternal na kaharian (cf. Daniel 7:13-14,27; I Corinto 15:27-28). Ang Pahayag 22:6-21 ay ang konklusyon sa buong aklat.

B. Halos lahat ng bawat elemento sa dalawang mga kabanatang ito ay isang pahiwatig sa (1) Genesis 1-3; (2) Awit 110; o (3) intertestamental Hudyong apokaliptiko panitikan.

C. Mayroong naging matinding talakayan patungkol sa di karaniwang mga elemento sa huling seksyon na ito.
   1. pagbanggit ng "ang mga bansa" – 21:14; 22:2
   2. pagbanggit ng "Ang mga hari ng mundo" – 21:24,26
   3. pagbanggit ng ang "ang marumi sa labas ng bayan" – 21:27; 22:15

   Dito ay tila may ilang mga posibleng mga dahilan para sa pagsama ng mga elementong ito:
   1. Si Juan ay nagpahiwatig sa OT mga propesiya. Gaya ng mga parabula sa Ebanghelyo, ang mga interpreter ay hindi ginusto na iinterpret ng literal ang mga detalye, ngunit kilalanin ang pangunahing mga pagbibigay-diin.
   2. Ang layunin ni Juan ay upang ipakita ang purpose is to show the tiyak na mga distinksyon sa pagitan ng ang naligtas at ang hindi ligtas.
   3. Ang "mga bansa" na binanggit sa seksyon na ito ay ginamit sa pangkalahatang etnikong pakahulugan gaya ng "ang bayan ng Diyos" sa 5:9; 7:9; 21:14 at 22:5.
   4. Dahil sa mga elementong ito ang ilan ay nakita ang mga naligtas na Hudyo sa loob ng bayan at ang naligtas na mga Hentil sa labas ng bayan. Ngunit, dahil sa Galacia 3:29 at Efeso 2:11-3:13, ito ay simpleng hindi buhay na teolohikal na opsyon.
   5. Sa aking palagay mayroong muling pagsasalaysay sa pagitan ng mga kabanata 17-19 at 20-22. Ito ang nagpapaliwanag ng pabalik-balk na mga tema sa buong seksyon.

D. Mayroong isa pang serye ng "pito" na matatagpuan sa dalawang mga kabanatang ito. Ang mga ito ang mga bagay na wala na
   1. Ang dagat – 21:1
   2. Kamatayan – 21:4
   3. Pagpipighati – 21:4
   4. Pag-iyak – 21:4
   5. Sakt – 21:4
   6. Gabi – 21:25
   7. Ang sumpa – 22:3

E. Gaya nang ang mga paghuhukom ay inuugnay sa Ikalawang Pagbabalik ni Kristo ay inilarawan sa dramatikong paraan sa tatlong mga pangitain (ang mga selyo, ang mga trumpeta, at mga mangkok), posibleng ang langit ay inilarawan sa dramatikong paraan sa tatlong mga OT metapora:
   1. Ang Tabernakulo, 21:1-8
   2. Ang Bagong Jerusalem, 21:9-26
   3. Ang Hardin ng Eden, 22:1-5

   Ito rin ay maaring totoo sa Prologo (1:1-8), na nagbibigay-diin sa
   1. Ang kamadalian ng pagbabalik ni Kristo
   2. Ang katapatan ng mga salita ng Diyos
   3. Ang pangangailangan ng kabanalan ng bayan ng Diyos

## SALITA AT PARIRALANG PAG-AARAL

### TALATA SA NASB (BINAGO): 21:1-4

**1 At nakita ko ang isang bagong langit at ang isang bagong lupa: sapagka't ang unang langit at ang unang lupa ay naparam; at ang dagat ay wala na. 2 At nakita ko ang bayang banal, ang bagong Jerusalem, na nananaog mula sa langit buhat sa Diyos, na nahahandang gaya ng isang babaing kasintahan na nagagayakang talaga sa kaniyang asawa. 3 At narinig ko ang isang malakas na tinig na mula sa luklukan, na nagsasabi, Narito, ang tabernakulo ng Diyos ay nasa mga tao, at siya'y mananahan sa kanila, at sila'y magiging mga bayan niya, at ang Diyos din ay sasa kanila, at magiging Diyos nila, 4 At papahirin niya ang bawa't luha sa kanilang mga mata; at hindi na magkakaroon ng kamatayan; hindi na magkakaroon pa ng dalamhati, o ng pananambitan man, o ng hirap pa man: ang mga bagay nang una ay naparam na."**

**21:1 "nakita ko"** Mayroong pagitan ng ilang periyod ng panahon, kung gaano karaming panahon nakadepende ang iyong interpretasyon ng "ang libong mga taon" ng kabanata 20.

▣ **"ang isang bagong langit at ang isang bagong lupa"** Ang Griyegong terminong ito para sa "bago," *kainos*, aynagbibigay-diin sa kalidad, hindi kronolohikal na panahon (cf. 2:17; 3:12; 5:9; 14:3; 21:1,2,5). Ito ay isang OT tema, isang muling nilikha na mundo (cf. Isaias 11:6-9; 65:17; 66:22; tignan rin Roma 8:18-25; II Pedro 3:10,12). Lahat ng mga mananampalataya ay mamamayan ng bagong Kaharian na ito (cf. Felipos 3:20; Efeso 2:19; Hebreo 12:23) at nakikibahagi sa bagong nilikha na ito (cf. II Corinto 5:17; Galacia 6:15; Efeso 4:24). Isang kahilerang teolohikal na konsepto ay ang "bayan ng Diyos hindi gawa ng mga kamay ng tao" ng Hebreo 11:10,16; 12:22; 13:14.

Ang bagong nilikha ay magiging kagaya ng paunang nilikha. Ang langit ay maaring mapanumbalik sa Gardin ng Eden. Ang Diyos, sangkatauhan, ang mga hayop, at lahat ng natural na nilikha ay magsasama at magsasaya muli! Ang Bibliya ay nagsisimula sa Diyos, sangkatauhan, at mga hayop sa perpektong pakikisama sa isang hardin (cf. Genesis 1-2). Ang Bibliya ay magtatapos sa Diyos at sangkatauhan sa isang hardin na tagpuan (cf. Pahayag 21-22) at sa pamamagitan ng propetikong implikasyon, ang mga hayop (cf. Isaias 11:6-8; 65:25). Ang mga mananampalataya ay hindi pupunta sa langit; ang bagong Jerusalem ay bababa mula sa langit (cf. Pahayag 21:2) at darating upang muling likhain at linisin ang mundo. Ang Diyos at sangkatauhan ay magsasamang muli (cf. Genesis 3:15; Isaias 7:14; 8:8,10; Pahayag 21:3).

▣ **"sapagka't ang unang langit at ang unang lupa ay naparam"** Magkakaroon ng pinanumbalik na nilikha (cf. Gawa 3:21; Roma 8:21; Colossas 1:20), na hindi na apektado ng kasalanan (cf. II Baruch 37:6; II Pedro 3:10-12; Pahayag 20:11).

▣ **"at ang dagat ay wala na"** Mayroong naging ilang mga interpretasyon sa pariralang ito (tignan puna sa 4:6):

1. dahil ang dagat ay binanggit sa 4:6 bilang paraan ng pagsasalita ng kabanalan ng Diyos na naghihiwalay sa Kanya mula sa makasalanang sangkatauhan, ang ilan ay nakita ang pagpapalayas nito dito bilang pagpapanumbalik sa perpekyong pakikisama sa pagitan ng Diyos at sangkatauhan
2. dahil sa Pahayag 20:13 ang dagat ay tila isa sa tatlong pinaglalagyang lugar sa mga patay, ito ay isang paraan ng pagsasabi na lahat ng mga patay ay itinilaga sa isa sa dalawang eternal na mga destinasyon
3. dahil sa ang unang hayop sa Pahayag 13:1 ay lumabas mula sa dagat at mayroong isang pahiwatig sa dagat bilang tumutukoy sa masasamang tao sa Isaias 57:20, posibleng ang masasamang mga tao ay wala na
4. dahil ang Pahayag 17:15 ay isang sipi mula sa Isaias 17:12-13 kung saan ang mga tubig ay kumakatawan para sa mga tao, marami ang nagsaad na ito ay tumutukoy sa masasamang mga bansa, gaya ng sa Awit 2. Gusto ko ang #1 ng higit.

**21:2 "At nakita ko ang bayang banal, ang bagong Jerusalem"** Ang Jerusalem sa Palestina ay tinawag na "ang banal na bayan" sa Isaias 52:1 (cf. Isaias 48:2; 64:10; Daniel 9:24; Neh. 11:1). Ang bagong Jerusalem ay unang binanggit sa 3:12 at ipinahiwatig sa Hebreo 11:10; 12:22; at 13:14. Ito ay nagpapakita kung paano si Juan ay kinuha ang OT mga propesiya, mga termino, mga titulo, at mga pangako at inaplay ang mga ito sa bagong bayan ng Diyos. Ang bayan ay hindi ang lumang tipan Jerusalem sa Palestine na ipinagpalagay ng ilang mga milenyalista, ngunit ang bagong tipan makalangit na Jerusalem.

▣ **"na nananaog mula sa langit buhat sa Diyos"** Mayroong dalawang hindi bumababa, isa sa v. 2 at ang isa naman ay sa v. 10. Apokaliptiko wika ay napaka sunod-sunuran at dapat hindi eestruktura ng kronolohikal. lohikal, o literal.

▣ **"na nahahandang gaya ng isang babaing kasintahan na nagagayakang talaga sa kaniyang asawa"** Ito ay isang pahiwatig sa Isaias 61:10 (cf. 19:7). Sa huling mga kabanatang ito ilang mga metapora ang ginamit upang ilarawan ang bayan ng Diyos: (1)asawang babae (cf. 19:7; 21:2); (2) bisita sa kasal (cf. 19:9); and (3) a bayan (cf. 21:22,9; 22:2).

Ang OT metapora ng YHWH (cf. lalo na ang Hosea 1-3) bilang asawang lalake at Israel bilang asawang babae sa kinaligiran ng imahe ng Iglesya bilang asawa ni Kristo (cf. Efeso 5:21-31).

**21:3 "'Narito, ang tabernakulo ng Diyos ay nasa mga tao, at siya'y mananahan sa kanila"** Ang Griyegong pariralang ito ay inulit ang OT mga pangako ng Diyos na mananahan kasama ng mga tao sa tatlong magkaibang mga paraan:

1. ito ay isang pahiwatig sa tabernakulo, isang simbolo ng presensya ni YHWH
2. "Siya ay mananahan kasama nila" ay ang ibig sabihin ng terminong "Immanuel" ng Isaias 7:14 (cf. Juan 1:14)
3. "sila ay magiging bayan Niya" ay tipanang terminolohiya; ngayon lahat ng mga naniniwalang mga tao (cf. Juan 10:16) ay ang piniling bayan ng Diyos (cf. Levitico 26:11-12; Ezekiel 37:23,27).

**21:4 "At papahirin niya ang bawa't luha sa kanilang mga mata"** Ito ay isang pahiwatig sa Isaias 25:8 (cf. Mateo 5:4; 7:17). Ang bagong panahon ay magiging panahon ng kagalakan, kapayapaan, kabuuan, at pagpupuri!

▣ **"at hindi na magkakaroon ng kamatayan"** Ang huling kaaway na ito (cf. Pahayag 20:14) ay wawasakin (cf. I Corinto 15:26). Ang mga mananampalataya ay magkakaroon ng kanilang panibagong katawn gay ng muling binuhay na katawan ni Kristo (cf. I Corinto 15:50-57; II Corinto 3:18; I Tesalonica 4:15-16; I Juan 3:2).

▣ **"hindi na magkakaroon pa ng dalamhati, o ng pananambitan man"** Ito ay isang pahiwatig sa Isaias 65:19 at nagpaakita rin ng Isaias 35:10.

▣ **"ang mga bagay nang una ay naparam na"** Ang unang nilikhang kaayusan ay apektado ng Pagbagsak sa kasalanan (cf. Genesis 3; 6:5,1-12,13), nguni isang bagong kaayusan ay hindi na maaapektuhan ng kasalanan (cf. Hebreo 12:27-28).

## TALATA SA NASB (BINAGO): 21:5-8

**5At yaong nakaluklok sa luklukan ay nagsabi, "Narito, ginagawa kong bago ang lahat ng mga bagay." At sinabi niya, "Isulat mo: sapagka't ang mga salitang ito ay tapat at tunay." 6 At sinabi niya sa akin, "Nagawa na. Ako ang Alpha at ang Omega, ang pasimula at ang wakas. Ang nauuhaw ay aking paiinuming walang bayad sa bukal ng tubig ng buhay. 7 Ang magtagumpay ay magmamana ng mga bagay na ito; at ako'y magiging Diyos niya, at siya'y magiging anak ko. 8Nguni't sa mga duwag, at sa mga hindi mananampalataya, at sa mga kasuklamsuklam, at sa mga mamamatay-tao, at sa mga mapakiapid, at sa mga manggagaway, at sa mga mapagsamba sa diyos-diyosan, at sa lahat na mga sinungaling, ang kanilang bahagi ay sa dagatdagatang nagniningas sa apoy at asupre; na siyang ikalawang kamatayan."**

**21:5 "At yaong nakaluklok sa luklukan ay nagsabi"** Ang Diyos ay nagsalita ng ilang beses sa Pahayag (cf. 1:8 at marahil ang 16:1,17). Dito ay tila puno ng layuning kalabuan patungkol sa kung sino ang nakaupo sa trono, si YHWH ba o ang Mesyas (cf. 22:3). Tignan buong puna sa 20:11. Gaya ng unang nilikha ay lumitaw dahil sa Diyos (i.e., Ama sa pamamagitan ng Anak) binigkas na salita (cf. Genesis 1:3,6,9,14,20,24; Awit 33:6,9), gayundin ang Kanyang bagong nilikha.

▣ **"ginagawa kong bago ang lahat ng mga bagay"** Ito ang pangako ng Isaias 60-66. Ito ay tumutukoy sa bagong panahon ng Espiritu, ang panahon ng Mesyas, ang panahon ng katuwiran, na pinasinayaan ni Hesus sa Kanyang unang pagdating at magkakatuparan sa Kanyang Ikalawang Pagbabalik. Ito ay isang metapora para sa katiyakan ng kalooban ng Diyos na magiging realidad (cf. 1:19; 14:13; 17:17; 19:9).

▣ **"sapagka't ang mga salitang ito ay tapat at tunay"** Ang pariralang ito ay ginamit upang ilarawan si (1) Hesus, cf. 1:5; 3:7,14; 19:11; (2) ang tagasunod ni Hesus, cf. 17:14; at (3) salita ng Diyos cf. 19:9; 21:5; 22:6. Madalas ang Diyos ay inilarawan bilang "matuwid at totoo" (cf. 15:3; 16:7; 19:2). Ang Hebreo kaisipan sa likod ng Griyegong parirala ay maaring magpahiwatig ng pagkamapagkakatiwalaan.

**21:6 "Nagawa na"** Ito ay isang GANAP AKTIBO INDIKATIBO. Ito ay maaring magugnay sa katiyakan ng mga pangako ng Diyos patungkol sa parehong galit para sa di-mga mananampalataya at pagpapalaya para sa mga mananampalataya (cf. 6:11; 10:7; 16:17), o ang katangian ng pangako ng Diyos (cf. 1:1,3; 3:11; 10:6; 12:12; 22:7,10).

▣ **"Ako ang Alpha at ang Omega"** Ito ay ginamit sa Diyos sa Isaias 44:6 at Pahayag 1:8; gayunpaman, ito lubhang mahalaga na ang pariralang ito, bagamat isang titulo para sa Ama, ay ginamit rin para sa Mesyas sa 1:17 at 22:13. Ito ay isa na namang halimbawa nge NT mga may-akda applying mga titulo for Diyos to the Son.

Mayroong ilang inklusibong mga tipo ng mga parirala na naglalarawan sa eternal, natatanging pag-iiral ng Diyos:

1. "ang una at ang huli," cf. Isaias 41:4; 44:6; 48:12; Pahayag 1:17; 2:8; 22:13
2. "simula at ang wakas," cf. 21:6; 22:13; at KJV 1:8
3. "siya na isa, naging siya at magiging siya na darating," cf. 1:4,8; 4:8

Lahat ng mga ito ay kaugnay sa tipanang pangalan ng Diyos, si YHWH, na isang CAUSATIBONG anyo ng Hebreong PANDIWA "maging" (cf. Exodo 3:14; Isaias 43:10,13; 46:41; Awit 90:2; 93:2).

▣ **"Ang nauuhaw ay aking paiinuming walang bayad sa bukal ng tubig ng buhay"** Ang OT pahiwatig ay sa Isaias 55. Ang imbitasyon para sa bawat isa at ito ay tiyak na libre (cf. Roma 3:24; 6:23; Efeso 2:8)! Anong pambihirang imbitasyon mula sa Diyos Mismo na naglaan kapatawaran. Ang pagtutubos ng sangkatauhan ay laging naging sentral sa puso at isipan ng Diyos (cf. 9:20- 21; 14:6-7; 16:9,11; 22:17).

Sa OT ang bukal ng tubig ay madalas inuugnay sa paglalaan ng Diyos para sa espiritwal na pangangailangan ng sangkatauhan (cf. Awit 36:9; Isaias 12:3; 44:3; 49:10; Jeremias 2:13; 17:13; gayundin Juan 4:10).

**21:7 "Ang magtagumpay"** Ito ay isang PANGKASALUKUYAN AKTIBO PANDIWARI, na isang nagpapatuloy na reperensiya sa doktrina ng pagsususmigasig sa gitna ng panahon ng teribleng persekusyon. Ang pariralang ito ay lumitaw sa buong mga sulat sa pitong mga iglesya (cf. 2:7,11,17,26; 3:3,5,12,21), na nagdugtong sa pambukas na mga kabanata ng Pahayag hanggang sa konkulsyon. Tignan Natatanging Paksa sa Pagsusumigasig sa 2:2.

▣ **"ay magmamana ng mga bagay na ito"** Ang pabuya na mana sa v. 7 (cf. I Pedro 1:4,5; Roma 8:17) at ang mga babala sa v. 8 ay laban sa senaryo ng potensyal na apostasya sa isang panahon ng persekusyon. Ang mga serye ng masasamang tumalikod sa pananampalataya (cf. v. 8) ay parang kapareho sa isa na natagpuan sa I Corinto 6:9-10.

▣ **"ako'y magiging Diyos niya, at siya'y magiging anak ko"** Ang mga ito ay ang tipanang mga parirala (cf. v. 3) na

karaniwan sa OT (cf. Exodo 6:7; 29:45,46; Levitico 26:11-12; II Samuel 7:14; Awit 89:26-27; Jeremias 7:23; 11:4; 30:22; 33:38; Ezekiel 11:20; 14:11; 34:30; 36:28; Hosea 2:23; Zacarias 8:8; 13:9) and are also ginamit sa in the NT (cf. II Corinto 6:16,18).

Ang konsepto ng tipan ay marahil ang nagkakaisang tema ng Bibliya. Ang sangkatauhan ay nahiwalay sa Diyos (cf. Isaias 53:6; Roma 3:9-18,23). Ang sangkatauhan ay hindi mahanap ang Diyos. Ang Diyos ang nag-abot sa atin; ang Diyos ang naghanap sa atin! Ang Kanyang alok para sa muling pagsasama ay isa sa tipan. Siya ang nagpapasimula (cf. Jeremias 31:3; Juan 6:44,65); Siya ang nagtatakda ng adyenda, ngunit ang sangkatauhan ay dapat na tumugon sa partikular na mga paraan. Ang mga paraan na ito ay nag-iiba sa nilalaman (Adan/Eba, ipinagbabawal na puno; Noah, isang bangka; Abraham, isang lupain, isang anak; Moses, isang koda ng kautusan), ngunit ang anyo ng pagtanggap, pananampalataya sa katapatan ng Diyos, ay nananatiling paeho (cf. Roma 4). Ang Lumang Tipan ay may mga kinakailangan; gayundin ang Bago (cf. Marcos 1:15; Gawa 3:16,19; 20:21). Ang sangkatauhan ay dapat na tumugon ng kapwa panimula at nagpapatuloy sa pananampalataya, pagsisisi, pagsunod, paglilingkod, pagsamba, at pagsusumigasig.

Tignan Natatanging Paksa : Ang Anak ng Diyos sa 2:18.

**21:8** Hindi karaniwan na matagpuan ang seryeng ito ng mga kasalanan kapag ang paghuhukom ay nangyari na at ang masasama ay dapat natanggal na (sa pamamagitan ng tagumpay ni Hesus sa Ikalawang Pagbabalik, cf. 19:5-21 at ang Puting Trono, cf. 20:11-15). Hindi ito nagsasabi na ilang mga mananampalataya ay hindi nagawa ang mga kasalanang ito ngunit ang kanilang mga buhay ay hindi kinakikitaan ng ganitong mga kasalanan (cf. I Juan 3:6,9). Ito ay tila isang pampanitikang teknik upang ipakita ang eternal na pagkakaibasa pagitan ng naligtas at ang hindi ligtas o isang aspeto ng apokaliptikong drama (inulit na pagbibigay-diin).

▣ **"ang lawa na nasusunog na apoy, ang ikalawang kamatayan"** Halata na ang lawa ng apoy ay kasingkahulugan ng ikawalang kamatayan o ating konsepto ng Impyerno, na tinawag ni Hesus na *Gehenna* (isang Griyegong termino na hindi lumitaw sa Pahayag). Tignan Natatanging Paksa : Nasaan ang mga Patay? sa 1:18.

## TALATA SA NASB (BINAGO): 21:9-14

**[9]At dumating ang isa sa pitong anghel na may pitong mangkok, na mga puno ng pitong huling salot; at nagsalita sa akin, na nagsasabi, "Halika, ipakikita ko sa iyo ang babaing kasintahan, ang asawa ng Kordero." [10] At dinala niya akong nasa Espiritu sa isang malaki at mataas na bundok, at ipinakita sa akin ang bayang banal na Jerusalem, na nananaog mula sa langit buhat sa Diyos, [11]Na may kaluwalhatian ng Diyos: ang kaniyang ilaw ay katulad ng isang totoong mahalagang bato, na gaya ng batong jaspe, na malinaw na gaya ng salamin. [12]Na may isang malaki at mataas na kuta; na may labingdalawang pintuan, at sa mga pintuan ay labingdalawang anghel; at may mga pangalang nakasulat sa mga yaon, na siyang sa labingdalawang angkan ng mga anak ng Israel. [13] Sa silanganan ay may tatlong pintuan; at sa hilagaan ay may tatlong pintuan; at sa timugan ay may tatlong pintuan; at sa kalunuran ay may tatlong pintuan. [14]At ang kuta ng bayan ay may labingdalawang pinagsasaligan, at sa mga ito'y ang labingdalawang pangalan ng labingdalawang apostol ng Kordero.**

**21:9 "ang isa sa pitong anghel"** Ito ang eksaktong deskripsyon ng anghel sa 15:1,6-8; 16:1; at 17:1 siya na nagbuhos ng pitong mga mangkok. Mayroong tradisyon sa rabinikal na Judaismo na mayroong pitong mga anghel sa Presensya na naglilingkod sa Diyos. Dito, mayroong isang anghel sa bawat salot.

**21:10 "At dinala niya akong nasa Espiritu"** Ito ay isang pampanitikang teknik upang ipakita ang magkaibang mga pangitain (cf. 1:10; 4:2; 17:3; 21:10).

▣ **"at isang malaki at mataas na bundok"** Marami ang naniwala na ito ay nasa direktang antitesis sa dakilang patutot na nasa talampas. Gayunpaman, si Juan ay nagpahiwatig sa maraming OT mga sipi, kaya dito siya ay maaring tumutukoy sa misteryosong hilagang bundok kung saan ang diyos ay naninirahan (cf. Ezekiel 40:2; Isaias 2:2; 14:13; Micah 4:1; I Enoch 18:8; 25:3). Posible na ito ay nagpahiwatig sa temtasyon ni Satanas kay Hesus sa Mateo 4:8.

▣ **"at ipinakita sa akin ang bayang banal na Jerusalem, na nananaog mula sa langit buhat sa Diyos"** Ito ang makalangit na Jerusalem, isang metapora sa presensya ng Diyos (cf. v. 2). Ang makamundong makasalanang Jerusalem na tinalakay sa 11:1-13. Ang kapitolyo ng bayan ni David ay naging pangkalahatan sa pangwakas na panahon tirahan ng lahat ng tao ng Diyos (cf. Juan 14:2-3).

**21:11 "ang kaniyang ilaw ay katulad ng isang totoong mahalagang bato, na gaya ng batong jaspe, na malinaw na gaya ng salamin"** Ang bayan (cf. vv. 11-27) ay inilarawan sa napakaganda, pisikal, at moral na mga termino. Gaya ng lahat ng aklat ng Pahayag, ang kabanatang ito ay simboliko. Ang makasalanan, limitadong isipan ng mga tao ay simpleng hindi maunawaan ang sukdulang kagalakan at kaluwalhatian ng presensya ng Diyos (cf. I Corinto 2:9). Ang literal na mga alahas at isang nakakatuwang sinauang bayan ay maaring mabuting mga metapora, ngunit sila ay hind tiyak na realidad! Ang langit ay tunay na kapwa isang persona (Hesus), at isang lugar (para sa pakikisama sa Triune na Diyos).

**21:12 "na may labingdalawang pintuan, at sa mga pintuan ay labingdalawang anghel"** Ito ay isang pahiwatig sa Ezekiel 48:31-34. Ang bilang "labindalawa" ay lumitaw ng paulit-ulit sa natirang bahagi kabanatang ito at ang unang ilang mga talata ng kabanata 22. Ito ang biblikal na numerikal na simbolo ng organisasyon (labindalawang buwan, labindalawang mga tribu, o labindalawang mga apostol) o angbayan ng Diyos. Tignan Natatanging Paksa : Ang Bilang ng Labindalawa sa 7:4.

▣ **"at may mga pangalang nakasulat sa mga yaon, na siyang sa labingdalawang angkan ng mga anak ng Israel"** Ang listahan ng labindalawang mga tribu sa Pahayag 7:5-8 ay medyo binago upang ipakita ang kanilang simbolikong kalikasan. Dito, napakahalaga na punahin na ang OT tao ng Diyos, ay inilarawan gaya ng mga tarangkahan sa v. 12, ay pinagkaisa sa NT bayan ng Diyos, ay inilarawan bilang pundasyong mga bato, sa v. 14. Mayroong naging laging tanging isang bayan ng Diyos, ngunit ang misteryong ito ay hindi malinaw na ipinahawag hanggang sa ebanghelyo (cf. Efeso 2:11-3:13).

**21:14 "may labingdalawang pinagsasaligan at sa mga ito'y ang labingdalawang pangalan ng labingdalawang apostol ng Kordero"** Lahat ng mga metapora ay nagpahiwatig sa pangwakas na panahong templo ni Ezekiel (cf. Ezekiel 40-48).

Maraming mga komentarista ay nagsaad na ang talatang ito ay nagpapakita na ang may-akda ay hindi maaring si Juan na Apostol. Gayunpaman, si Pablo ay gumagamit ng kaparehong parirala sa Efeso 2:20.

## TALATA SA NASB (BINAGO): 21:15-21

**15 At ang nakikipagusap sa akin ay may panukat na tambong ginto upang sukatin ang bayan, at ang mga pintuan nito, at ang kuta nito. 16 At ang pagkatayo ng bayan ay parisukat, at ang kaniyang haba ay gaya ng kaniyang luwang: at sinukat niya ng tambo ang bayan, ay labingdalawang libong estadio: ang haba at ang luwang at ang taas nito ay magkakasukat. 17 At sinukat niya ang kuta nito, ay isang daan at apat na pu't apat na siko, ayon sa sukat ng tao, sa makatuwid baga'y ng isang anghel. 18 At ang malaking bahagi ng kuta niya ay jaspe: at ang bayan ay dalisay na ginto, na katulad ng malinis na bubog. 19 Ang mga pinagsasaligan ng kuta ng bayan ay may pamuting sarisaring mahahalagang bato. Ang unang pinagsasaligan ay jaspe; ang ikalawa ay zafiro; ang ikatlo ay calcedonia; ang ikaapat ay esmeralda; 20 Ang ikalima ay sardonica; ang ikaanim ay sardio; ang ikapito ay crisolito; ang ikawalo ay berilo; ang ikasiyam ay topacio; ang ikasangpu ay crisopasio; ang ikalabingisa ay jacinto; ang ikalabingdalawa ay amatista. 21 At ang labingdalawang pintuan ay labingdalawang perlas; at bawa't pinto ay isang perlas; at ang lansangan ng bayan ay dalisay na ginto, na gaya ng nanganganinag na bubog.**

**21:15 "At ang nakikipagusap sa akin ay may panukat na tambong ginto upang sukatin ang bayan"** Ang pagsusukat ay ginamit sa nauna upang ipakita ang proteksyon at pag-aaruga ng Diyos (cf. 11:1-2; Jeremias 31:38-40; Zacarias 2:1-5). Ang pangwakas na panahon propesiya ng Ezekiel 40 na nagsasangkot rin ng pagsusukat.

**21:16 "At ang pagkatayo ng bayan ay parisukat"** Ito ay maaring isang pahiwatig sa Banal ng mga Banal (cf. I Hari 6:19-20), na isa ring perpektong kubo.

Ang dahilan kung bakit walang templo (cf. 21:22) ay dahil ang Diyos Mismo ang magiging templo. Ito marahil ang paraan ni Juan ng pagpapakita na ang OT mga propesiya gaya ng Ezekiel 40-48 ay mga simboliko o natupad sa ibang paraan.

▣ **"ay labingdalawang libong estadio"** Sa literal ito ang "labindalawang libong stadio—isang daan at apatnapung mga kubito." Ang mga ito ay pangkatan ng labindalawa; hindi sila tumutukoy sa isang literal na bayan, ngunit perpektong pagsusukat na nagpapakita na ang Diyos ay naglaan ng natatanging atmospera para sa permanenteng kagalakan at pakikisama sa pagitan ng Kanyang sarili at Kanyang bayan (cf. Juan 14:2-3) sa isang perpektong kubong simbolo gaya ng OT "Banal ng mga Banal."

**21:18-20 "Ang mga pinagsasaligan ng kuta"** Ang sereyng ito ng mga bato ay maaring kinilala kasama ng

1. ang mga bato sa ng Punong Saserdote (cf. Exodo 28:17-20), gayunpaman, ang pagkakaayos at mga pangalan ay magkaiba. Hindi ito karaniwan dahil ang mga pangalan ng sinaunang mga bato ay nagbago mula sa bawat bansa at sa bawat siglo.
2. ang maalahas na bayan ng Isaias 54:11-17
3. ang karangyaan ng hari ng Tira (o Satanas) ipinagbigay-alam sa maharlika (o makalangit) na mga alahas sa Ezekiel 28:12-13
4. ang Zodiac, ngunit kinatawan ng pabaligtad na pagkakaayos (Philo at Josephus)

**21:21 "At ang labingdalawang pintuan ay labingdalawang perlas; at bawa't pinto ay isang perlas"** Ito ay simboliko. Ito ay mula pa sa rabinikal na mga tradisyon ng Talmud, "ang *Sanhedrin*" 100, na nagsasaad na ang pangwakas na panahon tarangkahan ng bayan gates ay gawa sa iisang bato na may taas na 45 piye.

▣ **"at ang lansangan ng bayan ay dalisay na ginto, na gaya ng nanganganinag na bubog"** Ito ay simboliko. Dapat nating maunawaan na ang bayan ng Diyos ay hindi simpleng kasaganaan ng tao, ngunit nagsisimbolo ng di-masukat na kahalagahan at kalinisan ng presensya ng Diyos.

**TALATA SA NASB (BINAGO): 21:22-27**

**[22]At hindi ako nakakita ng templo doon: sapagka't ang Panginoong Diyos, ang Makapangyarihan sa lahat, at ang Kordero ay siyang templo doon. [23]At ang bayan ay hindi nangangailangan ng araw, o ng buwan man, upang lumiwanag sa kaniya: sapagka't nililiwanagan ng kaluwalhatian ng Diyos, at ang ilaw doon ay ang Kordero. [24]At ang mga bansa ay lalakad sa pamamagitan ng liwanag nito: at ang mga hari sa lupa ay mangagdadala ng kanilang karangalan sa loob niyaon. [25]At ang mga pintuan niyaon ay hindi ilalapat kailan man sa araw (sapagka't hindi magkakaroon doon ng gabi); [26]At dadalhin nila sa loob niyaon ang karangalan at kapurihan ng mga bansa; [27]At hindi papasok doon sa anomang paraan ang anomang bagay na karumaldumal, o siyang gumagawa ng kasuklamsuklam at ng kasinungalingan: kundi yaon lamang na mga nakasulat sa aklat ng buhay ng Kordero.**

**21:22 "At hindi ako nakakita ng templo doon: sapagka't ang Panginoong Diyos, ang Makapangyarihan sa lahat, at ang Kordero ay siyang templo doon"** Ito ay labis na hindi karaniwan kapag ikinumpara sa mga sipi ng Pahayag kung saan ang here a makalangit na templo ay inilarawan (cf. 3:12; 7:15; 11:1,2,9,19; 14:15,17; 15:5,6,8; 16:1,17). Ang kaparehong konseptong ito ng isang templo sa langit ay ipinahayag sa aklat ng Hebreo (cf. 8:2-5; 9:11,23-24.)

▣ **"ang Panginoong Diyos, ang Makapangyarihan sa lahat"** Dito muli ang tatlo ay higit na ginamit sa OT mga titulo para Diyos (YHWH, *Elohim* at *El Shaddai*) ginamit sa kombinasyon (cf. 1:8; 4:8; 11:17; 15:3; 16:7; Tignan Natatanging Paksa : Mga Pangalan ng Pagkadiyos sa 1:8) upang ipakita ang kamaharlikaan Niya na nakaupo sa trono. Pansinin ang Kanyang malapit na koneksyon sa Kordero ng Pahayag 5. Sila ay namumuno ng magkasama at dito ay iisang trono lamang (cf. 22:1,3).

**21:23 "At ang bayan ay hindi nangangailangan ng araw, o ng buwan man, upang lumiwanag sa kaniya: sapagka't nililiwanagan ng kaluwalhatian ng Diyos, at ang ilaw doon ay ang Kordero"** Ang kaluwalhatian ng Ama at Anak ay lahat na iluminasyon na kinakailangan (cf. Awit 36:9; Isaias 24:23; 60:19-20; Zacarias 14:6-7 ant ang Pahayag 22:5). Ito ay posibleng isang paraan ng binigyang-diing pagtatakwil sa astral na pagsamba.

**21:24 "At ang mga bansa ay lalakad sa pamamagitan ng liwanag nito: at ang mga hari sa lupa ay mangagdadala ng kanilang karangalan sa loob niyaon"** Napakahirap na maunawaan kung bakit "ang mga bansa" ay binanggit pa rin dito natapo-Puting Tronong seksyon ng Pahayag. Ito ay maaaring simpleng isang OT pahiwatig sa Awit 72:10-11; Isaias 49:23; 60:3,15,16. Hindi ito literal, ngunit pampanitikan! Ito ay kumakatawan sa lahat ng mga tao mula sa lahat ng mga tribu at mga bansa na bumubuo sa baya ng Diyos.

**21:25 "At ang mga pintuan niyaon ay hindi ilalapat kailan man sa araw (sapagka't hindi magkakaroon doon ng gabi)"** Ito ay isang pahiwatig sa Isaias 60:11 o Zacarias 14:6-7. Ang konsepto ng kadiliman sa Bibliya ay madalas isang metapora para sa kasamaan (cf. Mateo 6:23; 8:12; 22:13; 25:30). Liwanag at dilim ay espesyal na mahalagang simbolikong teolohikal na pagkakasalungat para kay Juan (cf. Juan 1:4-5, 7-9; 3:19-21; 8:12; 11:9-10; 12:35-36,46; I Juan 1:5- 7; 2:8-11). Ang tarangkahan ay kailanman hindi isinara na nagsisimbolo na pagigigng bukas, laging nakalaan, walang takot na pag-atake.

**21:27 "At hindi papasok doon sa anomang paraan ang anomang bagay na karumaldumal, o siyang gumagawa ng kasuklamsuklam at ng kasinungalingan"** Ito ay isang pahiwatig sa Isaias 52:1; Ezekiel 44:9; Zacarias 14:21 na tila isang pampanitikang teknik na nagpapakita ng tiyak pagkakaiba sa pagitan ng bayan ng Diyos at yaong masamang isa (cf. v. 24). Ang bagong panahon ay kinakikitaan sa mas maliwanag, bukas na bayan, isang bayan ng kompletong katuwiran. Walang kasamaan na makikita!

▣ **"kundi yaon lamang na mga nakasulat sa aklat ng buhay ng Kordero"** Ito ay metaporikal na parirala "ang aklat ng buhay" ay natagpuan rin sa Pahayag 20:12-15, kung saaan dalawang mga aklat ay binanggit:

1. ang aklat ng buhay, na binubuo ng mga pangalan ng bayan ng Diyos (cf. Exodo 32:32; Awit 69:28; Isaias 4:3; Daniel 12:1; Lucas 10:20; Felipos 4:3; Hebreo 12:23; Pahayag 13:8; 17:8; 20:15; 21:27)
2. ang aklat ng mga gawa o pag-aala-ala na nagtatala ng kapwa masama at mabuting mga gawa (cf. Awit 56:8, 139:16; Isaias 65:6; Malakias 3:16)

Ang mga ito ay metaporikal ng perpektong memorya ng Diyos.

# PAHAYAG 22

**TALATA SA NASB (BINAGO): 22:1-5**

**[1]At ipinakita niya sa akin ang isang ilog ng tubig ng buhay, na maningning na gaya ng bubog, na lumalabas sa luklukan ng Diyos at ng Kordero, [2]Sa gitna ng lansangang yaon. At sa dako rito ng ilog, at sa ibayo nito, naroon ang punong kahoy ng buhay, na namumunga ng labingdalawang iba't ibang bunga, na namumunga sa bawa't buwan: at ang mga dahon ng punong kahoy ay pangpagaling sa mga bansa. [3]At hindi na magkakaroon pa ng sumpa: at ang luklukan ng Diyos at ng Kordero ay naroroon: at siya'y paglilingkuran ng kaniyang mga alipin; [4]At makikita nila ang kaniyang mukha; at ang kaniyang pangalan ay sasa kanilang mga noo. [5] At hindi na**

**magkakaroon pa ng gabi, at sila'y hindi nangangailangan ng liwanag ng ilawan, ni ng liwanag man ng araw; sapagka't liliwanagan sila ng Panginoong Diyos: at sila'y maghahari magpakailan kailan man**.

**22:1 "At ipinakita niya sa akin ang isang ilog ng tubig ng buhay"** Wala dapat kabanatang pagbabahagi dito. Ang konsepto ng isang ilog na dumadaloy mula sa presensya ng Diyos ay isang pahiwatig sa OT (cf. Awit 46:4; Ezekiel 47:1-12; Joel 3:18; Zacarias 14:8). Ang tubog ay karaniwang metapora tumutukoy sa masaganang pagbibigay ng Diyos ng espiritwal na mga pangangailangan ng Kanyang bayan (cf. Isaias 12:3; 44:3; 49:10; Jeremias 2:13; 17:13; Juan 4:10-15; Pahayag 7:17; 21:6). Tanging Juan ay gumagamit ng terminong buhay (zoe) upang tumukoy sa resureksyong buhay.

▣ **"na maningning na gaya ng bubog"** Ito ay nagsasalita sa kalinisan ng makalangit bayan ng Diyos (cf. 4:6).

▣ **"na lumalabas sa luklukan ng Diyos at ng Kordero"** Mayroon lamang isang trono (cf. 21:22). Ito ay isang antropomorpikong wika mula sa sinaunang silanganing maharlikang korteng pag-iimahe. Ang Diyos ay isang eternal na espiritu; Siya ay hindi nakaupo sa isang pisikal na trono. Ito ay isang metapora ng kanyang soberidad na pamumuno.

**22:2 "At sa dako rito ng ilog, at sa ibayo nito, naroon ang punong kahoy ng buhay"** Ang kaparehong puno na ito ay ipinahiwatig sa Pahayag 2:7. Ang buong pangitaing ito ay mula sa Ezekiel 47:1-12 (dito, v. 12). Mayroong maraming mga reperensiya sa Hudyong apokaliptiko panitikan sa puno ng buhay na natagpuan sa Genesis 2:9; 3:22 (cf. Enoch 25:2ff; IV Esdras 7:53; 8:52; II Enoch 8:3). Na hindi natanggap ni Adan mula sa Diyos (pakikisama, kaalaman, eternal na buhay), Ang Diyos ngayon ay libreng nagbibigay sa natubos na sangkatauhan (cf. Felipos 2:6).

▣ **"na namumunga ng labingdalawang iba't ibang bunga"** Tignan Natatanging Paksa : Ang Bilang Labindalawa sa 7:4.

▣ **"at ang mga dahon ng punong kahoy ay pangpagaling sa mga bansa"** Ito ay labis na hindi karaniwan dahil wala na dapat natira upang pagalingin! Gayunpaman, ito ay maaring isang simpleng sipi mula sa Ezekiel 47:12; posibleng pabalik-balik na teolohikal na tema na ang Diyos ay nais ang lahat ("ang mga bansa") na maligtas (cf. Isaias 2:3-4; 45:22-25; 60:3; 66:18-19; Zacarias 2:11; 8:20-23).

**22:3 "At hindi na magkakaroon pa ng sumpa"** Ito ay isang pahiwatig sa Genesis 3:17 at Zacarias 14:11. Ang bagong panahon ay dumating na at ang sumpa ng OT (cf. Efeso 2:15-16; Colossas 2:14) ay naalis na sa pamamagitan ng kamatayan ni Kristo (cf. Roma 8:18,25; Galacia 3:13; Efeso 2:13,16). Sa Pahayag ang kristal na dagat ng 4:6 ay nagsisimbolo ng trnasyendental na kabanalan ng Diyos. Ang makasalanang sangkatauhan ay hindi makakalapit sa Diyos, ngunit ngayon ang dagat ay inalis na(cf. 21:1).

Posible na ang termino ay kumakatawan sa Hebreong *charam,* ibig sabihin ay winasak o lubusang winasak (cf. Zacarias 14:11). Kung ito ang OT na pahiwatig, magkagayon ang talatang ito ay tumutukoy sa seguridad ng bagong Jerusalem at maaring kapareho sa mga pangako ng I Pedro 1:4-5.

▣ Pansinin ang di-karaniwang gramatikal na mga katangian ng pariralang ito. Mayroong isang trono, ngunit dalawa nito (i.e., Diyos at ang Kordero). Gayunpaman, ang mga tagapaglingkod ay naglingkod sa "Kanya" (PANG-ISAHAN). Ito ay nagsasangkot ng misteryo ng monoteismo at inkarnasyon. Isang Diyos, ngunit isa rin banal na Mesyas (at isang personal na Banal na Espiritu).

**22:4 "At makikita nila ang kaniyang mukha"** Sa OT ang makita nag Diyos ay nangahulugang kamatayan. SiMoses ay hindi pinahintulutang makita ang mukha ng Diyos (cf. Exodo 33:20). Ang makita nag Diyos o ang manahan na kasama ang Diyos ay mga pabuya doon sa mga malilinis (cf. Awit 11:7; 16:11; 17:15; 140:13; Mateo 5:8). Ang orihinal na pagpapalagayang loob na nais sa Eden ay lubusang napanumbalik (cf. Awit 42:1-2)!

▣ **"at ang kaniyang pangalan ay sasa kanilang mga noo"** Gaya ng si Satanas ay minarkahan ang kanyang mga tagasunod (cf. 13:1-17; 14:9; 20:4),ang Diyos ay minarkahan ang Kanya (cf. 3:12; 7:3; 14:1). Ito ay simbolo ng pagmamay-ari at seguridad. Tignan puna sa 7:2.

**22:5 "At hindi na magkakaroon pa ng gabi"** (cf. 21:23-25; Isaias 60:19-20; Zacarias 14:7)

▣ **"at sila'y maghahari magpakailan kailan man"** Sino ang namuno kasama ni Kristo sa panahon ng milenyal na Kaharian? Ang kabanata 20:4-5 ay nagmungkahi lamang ng mga Kristyano na nanirahan sa panahon ng pangwakas na panahon paguusig, ngunit ang Pahayag 2:26 at 5:10 ay nagpahiwatig na lahat ng mga banal ay mamumuno kasama ni Kristo sa mundo. Walang malinaw na pagkakaiba sa Bibliya sa pagitan ng eternal na pamumuno (cf. Daniel 2:44; 7:14,18; Isaias 9:7; Lucas 1:33; II Pedro 1:11; Pahayag 11:15) at ang milenyal na pamumuno. Ito hermenyutikal na di-naangkop kuhain ang isang pangunahing doktrina mula sa isang apokaliptiko sipi. Ang talata na ito ay nagpahiwatig ng isang eternal pamumuno.

Ang pag-iimahe ng bayan ng Diyos na dumaranas ng isang masamang mananakop, na lubusang winasak ng Diyos, ay kinuha mula sa Ezekiel 37-39. Si Juan ay kailanman hindi intensyon ito na mainterpret ng literal! Ito ay isang pag-abuso sa

pagkamay-akdang intensyon na bumalik sa apokaliptikong imahe tungo sa historikal na pagkaliteral! Ang ating pagmamahal sa Bibliya at ating pagkamausisa patungkol sa panghinaharap ay nagdulot sa mga modernong kanluraning iglesya na iinterpret ang propesiya at apokaliptikong panitikan sa kakaiba at pinilit na mga paraan! Tignan Natatanging Paksa : Pamumuno sa Kaharian ng Diyos sa 5:10.

## TALATA SA NASB (BINAGO): 22:6

**[6]At sinabi niya sa akin, "Ang mga salitang ito'y tapat at tunay, at ang Panginoon, ang Diyos ng mga espiritu ng mga propeta, ay nagsugo ng kaniyang anghel upang ipakita sa kaniyang mga alipin ang mga bagay na kinakailangang mangyari madali.**

**22:6 "At sinabi niya sa akin"** Ito ay tumutukoy sa mga anghel na may pitong mga mangkok ng paghuhukom (cf. '21:9; 22:1,8,9,10).

▣ **"Ang mga salitang ito'y tapat at tunay"** Ang pariralang ito ay ginamit upang ilarawan si

1. Hesus (cf. 1:5; 3:7,14; 19:11)
2. mga tagasunod ni Hesus (cf. 17:14)
3. ang salita ng Diyos (cf. 19:9; 21:5; 22:6)

Madalas ang Diyos ay inilarawan bilang "matuwid at totoo" (cf. 15:3; 16:7; 19:2). Ang Hebreo sa likod ng pariralang ito ay nagpapahiwatig sa total na pagkamapagkakatiwalaan.

▣ **"at ang Panginoon, ang Diyos ng mga espiritu ng mga propeta"** Ito ay posibleng:

1. isang pahiwatig sa 19:10
2. isang reperensiya sa inspirasyon ng OT (cf. II Timoteo 3:16; II Pedro 1:20-21)
3. isang reperensiya sa inspirasyon ng NT (cf. II Pedro 3:15-16)
4. isang reperensiya sa ebanghelyong mangangaral ng panahon ni Juan
5. isang reperensiya sa aklat ni Juan (mga pangitain)

Ang orihinal na Griyegong mga teksto ay walang kapitalisasyon. Madalas ang tagasalin o mga interpreter ay dapat na magdesisyon kung ang "espiritu" ay tumutukoy sa Banal na Espiritu o espiritu ng tao. Ang tekstong ito ay tumutukoy sa espiritu ng tao (cf. I Corinto 14:32; Hebreo 12:9).

▣ **"nagsugo ng kaniyang anghel"** Ito ay isang pahiwatig sa 1:1. Ang pagsasara na ito ng mga talata ay napakahawig sa kanilang mga paksa sa kabanata 1. Ang tradisyonal na personal na liham na pormat ay ginamit sa kabanata 1 ay ginamit muli sa kabanata 22.

▣ **"ang mga bagay na kinakailangang mangyari madali"** Mayroong mga serte ng mga pahiwatig sa panganib ng pagdating Panginoon (cf. 1:1,3; 3:11;6 [dalawang beses], 7, 10, 12, at 20). Ang dalawang-libong taon na pagpapaliban ng gayon layo ay parang napakahirap para sa mga mananampalataya upang maunawaan (ang pagpapaliban ay ipinahayag sa II Tesalonica), ngunit ito dapat ay makita sa bawat henerasyon ng mga Kristyano ay may pag-asa ng pagdating ng Panginoon sa kanilang panahon. Mayroong isang tunay na tensyon sa NT sa pagitan ng anumang oras na pagbabalik ng Panginoon at ilang mga bagay na dapat munang mangyari. Ang mga mananampalataya ay dapat na manatiling matapat at aktibo!

Narito ang maikling sipi sa paksang ito mula sa aking komentaryo sa Mateo.

"Mayroong teolohikal na kabalintunaan na tensyon sa pagitan ng

1. ang anumang oras na pagbabalik (cf. 24:27,44) at ang katotohanan na ilang mga pangyayari sa kasaysayan ay dapat na mangyari
2. ang Kaharian bilang panghinaharap at ang kaharian bilang pangkasalukuyan.

Ang NT ay nagsasaad na ilang mga pangyayari ay mangyayari bago ang Ikalawang Pagbabalik.

1. ang Ebanghelyo ay ipinangaral sa buong mundo (cf. 24:14: Mark 13:10)
2. ang matinding apostasya (cf. 24:10-13,21; I Timoteo 4:1; II Timoteo 3:1ff; II Tesalonica 2:3)
3. ang kapahayagan ng "lalake ng kasalanan" (cf. Daniel 7:23-26; 9:24-27; II Tesalonica 2:3)
4. pag-aalis ng siyang nagpipigil (cf. II Tesalonica 2:6-7)
5. Hudyong muling pagsidla (cf. Zacarias 12:10; Roma11)"

Yaong mga naniwala na mayroong kahalagahan sa pararelismo sa pitong mga pampanitikang yunit ng aklat ay nagsaad rin na bawat isa sa kanila ay kumakatawan sa periyod sa pagitan ng una at ikalawang mga Pagbabalik ni Kristo mula sa magkaibang mga perspektibo (e.g., William Hendriksen, *More Than Conquerors*). Kung ito ay totoo magkagayon ang mga teksto na tumukoy sa panganib ng pagdating ni Kristo (cf. 1:3; 3:11; 22:7,10,12,20) ay tumutukoy sa pagpapasimula ng mga propesiyang ito pagkatapos ng kamatayan at muling pagkabuhay ni Kristo. Ang bola ng eskatolohikal ay gumugulong na!

## TALATA SA NASB (BINAGO): 22:7

**[7]"At narito, ako'y madaling pumaparito. Mapalad ang tumutupad ng mga salita ng hula ng aklat na ito."**

**22:7 "ako'y madaling pumaparito"** Tila ang anghel ay nagsisipi kay Hesus (cf. vv. 12-15). Ito ay isinaad ng partikular ni Hesus sa 22:16. Ang wastong nagsasalita sa v. 17 at vv. 18-19 ay di-tiyak, ngunit si Hesus ay nagsalita muli sa v. 20 at Juan sa v. 21. Tignan Natatanging Paksa : Dagliang Pagbabalik sa 1:3.

▣ **"Mapalad ang tumutupad"** Ito ay isa na naman sa pitong mga pagpapala para sa mga mananampalataya na natagpuan sa buong aklat (cf. 1:3; 14:13; 16:15; 19:9; 20:6; 22:7,14).

▣ **"ng hula"** Ang aklat na ito ay isang propesiya at dapat na iinterpret ayon sa liwanag ng propetikong panitikan (cf. vv. 9-10,18-19; 1:3; 10:11). Ang aklat na ito ay hindi histrorikal na salaysay! Ang propesiya ay laging mayroong isang kondisyonal na elemento. Bagong Tipan na eskatolohikal na mga sipi ay nagpapakita ng OT propetikong kaunawan na tumingin sa pangwakas na panahon sa pamamagitan ng pangaksalukuyang mga pangyayari at pananampalatayang mga pagtugon. Maraming mga iskolar ay naniwala sa apokaliptikong dyanra ay nagmula sa Hudyong propetisismo. Tignan Natatanging Paksa : Bagong Tipang Propesiya sa 1:3.

## TALATA SA NASB (BINAGO): 22:8-9

**[8]At akong si Juan, ako ang nakarinig at nakakita ng mga bagay na ito. At nang aking marinig at makita, ay nagpatirapa ako upang sumamba sa harapan ng anghel na nagpakita sa akin ng mga bagay na ito. [9] At sinasabi niya sa akin "Ingatan mong huwag gawin iyan: ako'y kapuwa mo alipin at ng iyong mga kapatid na mga propeta, at ng mga tumutupad ng mga salita ng aklat na ito: sumamba ka sa Diyos."**

**22:8** Ito ay isang labis na di-karaniwang talata. Ito a ng eksaktong problema na mayroon si Juan sa 19:10. Tila siya ay dapat na na nag-isip na ang anghel na ito ay diyos.

**22:9 "at ng mga tumutupad ng mga salita ng aklat na ito"** Ang Kristyanismo ay nagsasangkot ng inisyal na desisyon ng pagsisisi, pananampalataya, at nagpapatuloy na pagsisisi, pananampalataya, pagsunod, at pagsusumigasig! Ang Pahayag, ay isinulat para sa inusig na mga Kristyano, na nagbibigay-diin sa pagsusumigasig. Ang pagtukso para sa ating kutura sa ngayon ay hindi pisikal na persekusyon, ngunit "tuyong kabulukan," kawalang interes, praktikal na ateismo, materyalismo, mababaw na Kristyanismo kasama ng lahat ng mga benipisyo at walang responsibilidad!

## TALATA SA NASB (BINAGO): 22:10-11

**[10]At sinasabi niya sa akin, "Huwag mong tatakan ang mga salita ng hula ng aklat na ito; sapagka't malapit na ang panahon. [11]Ang liko, ay magpakaliko pa: at ang marumi, ay magpakarumi pa: at ang matuwid, ay magpakatuwid pa: at ang banal, ay magpakabanal pa."**

**22:10 "'Huwag mong tatakan"** Ito ang eksaktong kabaligtaran ng Isaias 8:16; Daniel 8:26 at 12:4,9. Ang panahon ng propetikong katuparan ay dumating na. Ang mga babala ng Diyos sa mga di-mga mananampalataya at pagpapalakas ng loob sa mga mananampalataya ay ngayon! Ang madesisyong desisyon ay hinihingi ngayon! Ang Kaharian ay pangkasalukuyan.

▣ **"malapit na ang panahon"** Tignan Natatanging Paksa : Dagliang Pagbabalik sa 1:3.

## TALATA SA NASB (BINAGO): 22:12-13

**[12]"Narito, ako'y madaling pumaparito; at ang aking ganting-pala ay nasa akin, upang bigyan ng kagantihan ang bawa't isa ayon sa kaniyang gawa. [13]"Ako ang Alpha at ang Omega, at ang una at ang huli, ang pasimula at ang wakas"**

**22:11-12 "upang bigyan ng kagantihan ang bawa't isa ayon sa kaniyang gawa"** Ito ay isang pabalik-balik na tema sa buong Bibliya (cf. Job 34:11; Awit 28:4; 62:12; Kawikaaan 24:12; Eccl. 12:14; Jeremias 17:10; 32:19; Mateo 16:27; 25:31-46; Roma 2:6; 14:12; I Corinto 3:8; II Corinto 5:10; Galacia 6:7-10; II Timoteo4:14; I Pedro 1:17; Pahayag 2:23; 20:12). Ang Diyos ay magbibigay pabuya doon sa mga nagmahala sa Kanya at namumuhay para sa Kanya sa gitna ng makasalanang sistema ng mundong ito (cf. 2:23; 20:12-13). Ang pamumuhay ay nagpahayag ng espiritwal na realidad at kasiglahan sa panloob na pananampalataya (cf. Mateo 7). Ang mga tao ay tagapamahala ng kaloob ng buhay at magbibigay tala sa Diyos!

Hindi ito nagpapahiwatig ng isang "mga paggawang-katuwiran." Sangkatauhan ay tinubos sa pamamagitan ng biyaya ng Diyos sa pamamagitan ng kamatayan at resureksyon ni Kristo at pag-uudyok ng Espiritu! Gayunpaman, ang ebidensya na makakatugon sa Diyos ay isang binagong buhay at nagbabagong buhay ng pagiging wangis ni Kristo! Ang priyoridad atalokasyon ng mga tinatangkilik ay nagpapahayag ng puso!

**22:11** Ito ay isang pahiwatig sa Daniel 12:10.

**22:12 "ako'y madaling pumaparito"** Tignan Natatanging Paksa sa 1:3.

**22:13** Ang talatang ay isang pahiwatig sa OT na mga titulo para kay YHWH na natagpuan sa 1:8 at 21:6, ngunit dito ito ay

tumutukoy sa Kristo. Ang paglipat ng mga ito sa OT ng mga titulo kay Hesus ay isang paraan ng NT mga may-akda na panindigan ng Kanyang Pagkadiyos. Ang Talata 13 ay may tatlong OT mga titulo o mga parirala na orihinal na inilarawan eternal na Diyos (cf. Isaias 41:4; 44:6; 48:12), ngunit ngayon ito ay ginamit para kay Hesus (cf. 1:17; 2:8).

## TALATA SA NASB (BINAGO): 22:14-15

**[14]Mapapalad ang nangaghuhugas ng kanilang damit, upang sila'y magkaroon ng karapatan sa punong kahoy ng buhay, at makapasok sa bayan sa pamamagitan ng mga pintuan. [15]Nangasa labas ang mga aso, at ang mga manggagaway, at ang mga mapakiapid, at ang mga mamamatay-tao, at ang mga mapagsamba sa DiyosDiyosan, at ang bawa't nagiibig at gumagawa ng kasinungalingan.**

**22:14 "Mapapalad"** Ito ang huling pitong mga pagpapala para sa mga mananampalataya natagpuan sa Pahayag (cf. 1:3; 14:13; 16:15; 19:9; 20:6; 22:7,14).

▣ **"ang nangaghuhugas ng kanilang damit"** Ito ay isang metapora para sa pagtitiwala sa pampalubag ng loob ni Kristo (cf. 7:14). Ang mga mananampalataya ay tinanggap dahil Siya ay tinanggap (cf. Efeso 1:6). Ang mga mananampalataya ay nabuhay dahil Siya ay namatay. Ang mga mananampalataya ay may resureksyong buhay dahil Siya ay nabubuhay!

Mayroong isang Griyegong manuskritong baryante sa pariralang ito.

1. "hinugasan ang kanilang mga kasuutan" sa MSS א (ikaapat na siglo) at A (ikalimang siglo), gayundin ang Vulgate. Ang UBS[4] ay nagbibigay dito ng "A" antas, ibig sabihin "tiyak."
2. "tinupad ang mga kautusan" sa 046, isan unsyal na MS mula sa ikasampung siglo, miniskula MSS (1 at 94) mula sa ikalabindalawang siglo, at ang Peshitta (Syrian) bersyon.

▣ **"sila'y magkaroon ng karapatan sa punong kahoy ng buhay, at makapasok sa bayan sa pamamagitan ng mga pintuan"** Ang dalawang mga metaporang ito para sa eternal kaligtassan sa pamamagitan ni Kristo. Na nagmula pa sa Genesis 2:9; 3:22 (cf. Pahayag 2:7; 22:2,14,19) at ang ibang Pahayag 21:2,9-22:5.

**22:15 "Nangasa labas"** Ito ay napakahirap na iinterpret maliabn na ito ay isang metapora para sa lawa ng apoy (cf. 21:8).

▣ **"ang mga aso"** Ito ay isa na namang kakaibang pahiwatig sapagkat walang masamang tao ang natira sa puntong ito sa aklat. Sa Deutronomio 23:18 ang terminong ito tumutukoy sa lalakeng patutot ng Canaanite na kultong pagkayabong. Sa ibang mga bahagi ng Luma at Bagong Tipan ito ay tumutukoy sa masasamang mga tao (cf. Awit 22:16,20; Mateo 7:6; at Felipos 3:2). Hayaan mo na sipiin ko si Robert H. Mounce sa puntong ito mula sa kanyang komentaryo sa Pahayag sa New International Series:

"Ang talata ay hindi naagnais na magturo na ito ay eternal na kalagayan ng lahat ng uri ng masasamang tao ay mamumuhay sa labas ng makalangit bayan. Ito ay simpleng naglalarawan sa panghinaharap na pag-iimahe ng pangkasalukuyan. Ang kabaligtaran ay sa pagitan ng pagkamapagpala ng matapat at ang tadhana ng mga masasama" (p. 394).

## TALATA SA NASB (BINAGO): 22:16

**[16]"Akong si Hesus ay nagsugo ng aking anghel upang sa inyo'y magpatotoo ng mga bagay na ito sa mga iglesia. Ako ang ugat at ang supling ni David, ang maningning na tala sa umaga."**

**22:16 "'Akong si Hesus ay nagsugo ng aking anghel upang sa inyo'y magpatotoo ng mga bagay na ito sa mga iglesia"** Pansinin na ang termino "ikaw" ay PANGMARAMIHAN at ito ay pahiwatig sa pitong mga iglesya ng mga kabanata 2-3 ay ginawang napakapartikular. Ang aklat ay nagsisimula at nagtatapos sa dyanra ng liham, habang ang mga pangitain sa pagitan ng ay isang kombinasyon ng propesiya (ang pangwakas ay tinignan sa pamamagitan ng mga lente ng pangkasalukuyan) at apokaliptiko (mapanglikha na pag-iimahe).

▣ **"aking anghel"** Madalas ang tagapagdala ay ang Diyos Ama (cf. 22:6, ang Kanyang anghel"). Dito ang tagapagpadala ay si Hesus ("Aking anghel"). Ang parirala ay matatagpuan rin sa 1:1, ngunit ang PANGHALIP na pagkauna ay may kalabuan.

▣ **"sa mga iglesia"** Tignan Natatanging Paksa sa 1:4.

▣ **"Ako ang ugat at ang supling ni David"** Mayroong maraming mga pahiwatig sa makaDavid na linya ng Mesyas sa OT (cf. II Samuel 7:12-16 at Isaias 11:1,10) at sa NT (cf. Mateo 1:1; 9:17; 15:22; 21:9; Roma 1:3; II Timoteo 2:8 Pahayag 5:5). Si Hesus ay ang katuparan ng lahat ng OT mga propesiya.

## NATATANGING PAKSA: HESUS ANG NAZARENO

Maraming mga iba't-ibang salitang Griyego ang ginagamit patungkol kay Hesus

A. Mga Salita sa NT

1. Nazaret – ang lungsod sa Galilea (cf. Lucas 1:26; 2:4,39,51; 4:16; Gawa 10:38). Ang lungsod na ito ay hindi nabanggit sa mga makabagong kasulatan, ngunit natagpuan sa mga huling inskripsiyon.

   Para kay Hesus na galling sa Nazaret ay hindi isang papuri (cf. Juan 1:46). Ang tanda sa itaas ng krus ni Hesus na kasama ang lugar na ito ay isang tanda ng pagkasuklam ng mga Hudyo.

2. *Nazarēnos* – tila din nagpapatungkol sa isang geograpikal na lugar (cf. Lucas 4:34; 24:19).

3. *Nazōraios* – maaaring pumatungkol sa isang lungsod, ngunit maaari itong paglalaro ng salitang Hebreong pang-mesias na "Sanga" (netzer, cf. Isaias 4:2; 11:1; 53:2; Jeremias 23:5; 33:15; Zacarias 3:8; 6:12; in the NT, Pahayag 22:16). Ginagamit ito ni Lucas kay Hesus sa 18:37 and Gawa 2:22; 3:6; 4:10; 6:14; 22:8; 24:5; 26:9.

4. Kaugnay ng #3 *nāzir*, na nangangahulugang "inihandog ang isa sa pamamagitan ng panata."

B. Mga pangkasaysayang paggamit sa labas ng NT.

1. Ito ay tinataguring isang Hudyong (bago ang pagka-Kristiyano) ereheng pangkat (Aramaikong *nāsōrayyā*).

2. Ito ay ginamit sa mga pangkat Huydo na inuugnay sa mga mananampalataya ni Kristo (cf. Gawa 24:5,14; 28:22, *nosri*).

3. Ito ay naging karaniwang katawagan sa mga mananampalataya sa mga iglesia sa Syria. "Kristiyano" ay ginamit sa mga iglesiyang Griyego upang tukuyin ang mga mananampalataya.

4. Noong minsan makalipas ang pagbagsak ng Herusalem, ang mga Pariseo muling natatag sa Jamnia at nagsulsol ng isang pormal na paghihiwalay sa pagitan ng sinagoga at iglesia. Isang halimbawa ng uri ng mga salitang sumpa laban sa mga Kristiyano ay matatagpuan sa "ang Labingwalong Pagbabasbas" mula sa *Berakoth* 28b-29a, na tinatawag ang mga mananampalataya na "MGA NAZARENO."

   "Ang mga NAZARENO at mga erehe nawa ay maglaho sa isang saglit; dapat silang mabura sa aklat ng buhay and hindi maisulat sa mga sumasampalataya."

5. Ito ay ginamit ni Justin Martyr, *Dial*. 126:1, na ginamit ang *netzer* ni Isias kay Hesus.

C. Palagay ng May-akda

Ako ay nagulat sa maraming pagbabaybay ng salita, pero alam kong ito a hindi di-narinig OT katulad ng "Joshua" ay maraming magkakaibang pagbabaybay sa Hebreo. Ang mga sumusunod na mga bagay ang nagdala sa akin na manatiling di matiyak sa ganap nitong kahulugan:

1. ang malapit na kaugnayan sa salitang Mesias na "Sanga" (*netzer*) o ang parehong salitang *nāzir* (inihandog ang isa sa pamamagitan ng panata)
2. ang negatibong gamit sa Galilea
3. kaunti o walang makabagong banggit sa lungsod ng Nazaret sa Galilea
4. ito ay nanggaling sa sinalita ng demonyo sa isang kaparaanang *eschatological* (i.e., "Ikaw ba ay naparito upang kami'y wasakin?").

Para sa isang kabuuang sanggunian ng mga pag-aaral sa pangat ng salitang ito, tingnan si Colin Brown (ed.), *New International Dictionary of New Testament Theology*, vol. 2, p. 346 o Raymond E. Brown, *Birth*, pp. 209-213, 223-225.

▣ **"ang manining na tala sa umaga"** Ito ay isang Mesyanikong titulo (cf. Bilang 24:17 or Mateo 2:2 o II Pedro 1:19). Ito ay maaring isang paglalaro sa Isaias 14:12 kung saan isang kaparehong parirala ay tinukoy kay Satanas. Sa Pahayag ang masama ay madalas isang parodya sa Triune Diyos.

## TALATA SA NASB (BINAGO): 22:17

**17 At ang Espiritu at ang kasintahang babae ay nagsasabi, "Halika." At ang nakikinig ay magsabi, "Halika." At ang nauuhaw, ay pumarito: ang may ibig ay kumuhang walang bayad ng tubig ng buhay.**

**22:17 "ang Espiritu at ang kasintahang babae ay nagsasabi, "Halika.""** Bagamat mayroong magkaibang mga interpretasyon sa siping ito tila mula sa konteksto na ito dapat isang ebanghelyong imbitasyon para sa lahat na nakadama ng pangangailangan at magtutugon sa inaaalok ng Diyos sa pamamagitan kay Kristo. Ito ay patuloy na pokus ng aklat ng Pahayag, hindi lamang upang magpalakas ng loob sa mga naligtas ngunit upang maghatol at magpalakas ng loob sa mga hindi ligtas upang tumugon sa libreng inaalok ng Diyos sa Kanyang Anak. Ang apatang paggamit ng "halika" (lahat ng apat ay tumutukoy sa hindi ligtas at hindi sa Ikalawang Pagbabalik ni Kristo); ang pabalik-balik na paggamit ng "ang isa na siyang"; at ang matinding mabuting balita na ito ay walang bayad (cf. Isaias 55) ay dapat na pampalakas ng loob sa bawat isa at sinoman na

tumugon! Ito ay tila para sa akin isang pagbabalik tanaw doon na mga namumuhay sa panahon ni Juan (at sa bawat araw). Ito ay maaring maipaliwanag sa di karaniwang mga elemento (ang presenya ng hindi ligtas pagkatapos ng Araw ng Paghuhukom) sa Pahayag 19-22. Mayroong ilang pagbabalik tanaw sa panahon ni Juan, na maaring maipaliwanag sa pamamagitan ng pararelismo sa mga pitong pampanitikang yunit ng Pahayag. Isinulat niya itona iniisip ang kanyang "minamahal na anak" Ephesus (cf. I, II, at III Juan).

## NATATANGING PAKSA: ANG TRINIDAD

Pansinin na ang mga pagkilos ng lahat ng tatlong mga Persona ng Trinidad sa nagkakaisang mga ontekstO. Ang salitang "trinidad," na unang ginamit ni Tertullian, ay hindi isang biblikal na salita, ngunit ang kaisipan ay is malaganap.

A. ang mga Ebanghelyo
   1. Mateo 3:16-17; 28:19 (at mga katulad)
   2. Juan 14:26

B. Gawa – Gawa 2:32-33, 38-39

C. Pablo
   1. Roma 1:4-5; 5:1,5; 8:1-4,8-10
   2. I Corinto 2:8-10; 12:4-6
   3. II Corinto 1:21-22; 13:14
   4. Galacia 4:4-6
   5. Efeso 1:3-14,17; 2:18; 3:14-17; 4:4-6
   6. I Thesolonica 1:2-5
   7. II Thesolonica 2:13
   8. Tito 3:4-6

D. Pedro – I Pedro 1:2

E. Hudas – vv. 20-21

Ang pagkamarami (*plurality*) ng Diyos ay ipinahiwatig sa OT.

A. Gamit ng PANGMARAMIHAN para sa Diyos
   1. Ang pangalang *Elohim* ay PANGMARAMIHAN, ngunit kung ginamit sa Diyos palaging may PANG-ISAHAN PANDIWA
   2. "Tayo" sa Genesis 1:26-27; 3:22; 11:7

B. Ang Anghel ng Panginoon ay isang nakikitang kinatawan ng pagka-Diyos
   1. Genesis 16:7-13; 22:11-15; 31:11,13; 48:15-16
   2. Exodo 3:2,4; 13:21; 14:19
   3. Hukom 2:1; 6:22-23; 13:3-22
   4. Zacarias 3:1-2

C. Ang Diyos at ang Kanyang Espiritu ay magkahiwalay, Genesis 1:1-2; Awit 104:30; Isaias 63:9-11; Ezekiel 37:13-14

D. Ang Diyos (YHWH) at ang Mesias (*Adon*) ay magkahiwalay, Awit 45:6-7; 110:1; Zacarias 2:8-11; 10:9-12

E. Ang Mesias at ang Espiritu ay magkahiwalay, Zacarias 12:10

F. Lahat ng tatlo ay nabanggit sa Isaias 48:16; 61:1

Ang pagka-Diyos ni Hesus at ang persona ng Espiritu ay nagdulot ng mga suliranin para sa mahigpit, *monotheistic*, naunang mga mananampalataya.

1. Tertullian –mababa ang Anak sa Ama
2. Origen – mababa ang esensyang pagka-Diyos ng Anak at ng Espiritu
3. Arius – itinanggi ang pagka-Diyos ng Anak at Espiritu
4. Monarchianismo – naniniawala sa isang sunod-sunod na pagpapahayag ng isang Diyos bilang Ama, Anak, pagkatapos ay Espiritu

Ang trinidad ay isang paglagong pangkasaysayan na pagbabalangkas ng mga biblikal na mga kagamitan

1. ang buong pagka-Diyos ni Hesus, na katumbas ng sa Ama, ay pinagtibay noongA.D. 325 ng Konseho ng Nicea
2. ang buong persona at pagka-Diyos ng Espiritu na katumbas ng Ama at Anak ay pinagtibay ng Konseho ng Constantinople (A.D. 381)

3. ang doktrina ng trinidad ay lubusang naipahayag sa gawa ni Augustino, *De Trinitate*

May tunay na hiwaga dito. Ngunit ang NT ay tila nagpapatibay sa isang diwa ng Diyos na may tatlong personal na pagpapahayag.

## TALATA SA NASB (BINAGO): 22:18-19

**[18]Aking sinasaksihan sa bawa't taong nakikinig sa mga salita ng hula ng aklat na ito, Kung ang sinoman ay magdagdag sa mga ito, ay daragdagan siya ng Diyos ng mga salot na nakasulat sa aklat na ito; [19]At kung ang sinoman ay magalis sa mga salita ng aklat ng hulang ito, ay aalisin ng Diyos ang kaniyang bahagi sa punong kahoy ng buhay, at sa bayang banal, na nangakasulat sa aklat na ito.**

**22:18-19** Ang mga talata ay halatang magkaugnay sa unang tagapakinig ng mensahe sa lahat ng panghinaharap na mga mambabasa/tagapakinig ng aklat na ito. Karaniwang pampanitikang praktis ng OT na maglagay ng grabeng mga babala doon sa maaring matukso na pakialaman ang salita ng Diyos (cf. Deutronomio 4:2; 12:32). Hindi ito nangahulugan na kuhain ng literal, ngunit ito ay napakalakas na Silanganing labis na pananalita sa kaseryosohan ng pagpapalit ng mensahe ng Diyos. Hindi ito tumutukoy sa naniniwalang mga interpreter o eskriba na nagdarasal ng taos sa puso at hinahanap ang kalooban ng Diyos, ngunit ayon kay Ireneaus sa kanyang *Contra-Heresies*, 30:12, ito ay tumutukoy sa huwag na mga guro na nagdaragdag, o nagbawas ng mga salita sa Kasulatan, na siyang sandigan ng siping ito. Tandaan na hindi natin maprupruwebang-teksto ang isang talata upang itatag ang isang doktrina na laban sa ibang malinaw na katuruan ng Kasulatan.

▣ **"kung. . .kung"** Ang mga ito ay kapwa IKATLONG KLASENG KONDISYONAL NA PANGUNGUSAP na nagpapakita ng potensyal na aksyon.

## TALATA SA NASB (BINAGO): 22:20

**[20] Ang sumasaksi sa mga bagay na ito ay nagsasabi, "Oo: ako'y madaling pumaparito." Siya nawa: pumarito ka Panginoong Hesus.**

**22:20 "ako'y madaling pumaparito"** Ang kamadalian ng katapusan, ng pagdating ng Diyos sa paghuhukom ay mga katangian ng Hudyo at Kristyanong apokaliptiko panitikan. Ang kaparehong tema ay makikita sa Mateo 13:34-36; 24:43; 25:1-13; Lucas 12:29; I Tesalonica 5:2,4; II Pedro 3:10. Ayon sa 2000 taon na pagpapaliban na ito ay dapat na maunawaan sa isang eksistensyal, hindi temporal na paraan. Siya ay dumarating! Mamuhay ng handa. Tignan Natatanging Paksa at 1:3.

▣ **"pumarito ka Panginoong Hesus"** Ito ang Aramaic na parirala, *Maranatha* (cf. I Corinto 16:22). Ito ay posibleng mainterpret sa ilang mga paraan:

1. kung *maranatha*, magkagayon ito ay "Ating Panginoon ay dumating na"
2. *marana tha*, samakatuwid ito ay "Ating Panginoon, Dumating Ka!"

Bilang 1 ang tumutugma sa kontekstong ito ng pinakamainam. Ating natutunan mula sa *Didache* 10:6 na ito ay ang liturhikal na pagsasara sa Hapunang pagsisilibi ng Panginoon sa panahon ni Juan.

## NATATANGING PAKSA: *MARANATHA*

Ito ay isang Aramaic parirala na nagpapakita ng naunang Palestiniang teolohikal liturhikal apirmasyon ng iglesya ng(1) pagkadiyos ni Hesus (Awit 110) o (2) Hesus' Ikalawang Pagbabalik (Gawa 3:19-21). Ang kahulugan ay nakadepende sa kung paano ang isa ay hahatiin ang salit a:

1. "Ating Panginoon, dumating" (i.e., *marana-tha*) ay ang kahulugan ay kapareho ng PAUTOS parirala sa Pahayag 22:20. Samakatuwid, karamihan ng mga salin ay nagpalagay na nag kahulugan na iyan dito. Kung magkagayon, samakatuwid ito ay isang panalangin sa pagbalik ni Hesus.
2. "Ating Panginoon ay dumating" (i.e., *maran-atha*) isang Aramaic GANAP. Ito ang salin na mas pinili ni Chrysostom (A.D. 345-407), na nagsasalita sa Inkarnasyon ni Hesus.
3. "Ating Panginoon ay darating" ay maaring magpakita ng isang Hebraic propetikong GANAP, na ginamit ng marami upang magpalagay ng isang motibo para sa paglilingkod ng Kristyano. Ang Ikalawang Pagbabalik ay may laging isang pampalakas ng loob para sa mga mananampalataya sa bawat panahon.

Ang *Didache* (isinulat sa huling una o ikalawang siglo) 10:6, ay gumagamit ng kapareho ng pariralang ito sa konteksto ng Hapunan ng Panginoon kung saan ang pangkasalukuyan at panghinaharap ni Hesus, eskatolohikal na pagdating ay kapwa binigyan diin sa mga panalangin.

## TALATA SA NASB (BINAGO): 22:21

**[21]Ang biyaya ng Panginoong Hesus ay mapasa mga banal nawa. Siya nawa.**

**22:21** Pansinin na "ang biyaya ng Panginoon Hesus Kristo" na kasama ng Kanyang bayan, ay ang nagtatapos na katotohanan ng ipinakita sa isang panahon ng inusig na mga Kristyano at ang pag-asa ng bawat henerasyon ng mga Kristyano!

## MGA TALAKAYANG TANONG

Ito ay isang komentaryong gabay sa pag-aaral, na nangangahulugan na ikaw ay may pananagutan sa iyong sariling interpretasyon sa Bibliya. Ang bawat isa sa atin ay dapat lumakad sa liwanag na mayroon tayo. Ikaw, ang Bibliya, at ang Banal sa Espiritu ay pangunahin sa interpretasyon. Hindi mo dapat iasa ito sa taga-pagsuri.

Ang mga talakayang tanong na ito ay inihanda upang tulungan kang mag-isip sa pamamagitan ng mga pangunahing paksa sa bahaging ito ng aklat. Ito ay nangahulugang dapat maging mapukaw-isip, hindi pang kahulugan lamang.

1. Ang mga mananampalataya ba ay pupunta sa langit o ang langit ay muling babalik upang linisin ang mundo?
2. Paano ang Pahayag 21:3 ay kaugnay sa terminong "Emmanuel"?
3. Bakit walang templo sa bagong Jerusalem (cf. 21:22)?
4. Sino ang mga tao na binanggit sa 21:24?
5. paano ang mga mananampalataya "tinupad/sumunod" sa mga salita ng propesiyang ito (cf. 22:7)?
6. Kung ito ang langit sino ang mga masasama sa labas ng bayan sa 22:15?
7. Bakit ang 22:17 ay napakahalaga?
8. Ang 22:18-19 ay dapat na kunin ng literal? Ang mananampalataya ba na mali ang interpretasyon ng Pahayag ay mawawalan ng kanyang kaligtasan?
9. Tatlong beses sa kabanata 22 ay nagsasabi "Ako ay madaling dumarating (cf. vv. 7,12,20). Bakit na ito ay lagpas na ng 2000 mga taon?

# DAGDAG NA DAHON ISA

## MGA MAIKLING KAHULUGAN NG MGA GRIYEGONG PANG-GRAMATIKONG SALITA

Ang Griyegong Koine, ay madalas na tinawag na Griyegong Hellenistic, ay ang pangunahing wika sa mundo ng Mediteraneo simula pa sa pagsakop ni Alexander na Dakila (336-323 B.C..) at nagtagal ng mahigit walong daang taon (300 B.C.-A.D. 500). Ito ay hindi lamang pinagaan, klasikong Griyego, ngunit sa maraming paraan ay isang mas bagong anyo ng Griyego na nagging ikalawang wika sa mundo ng Ancient Near East sa Mediteraneo.

Ang Griyego ng Bagong Tipan ay naiiba sa ilang mga kaparaanan sapagkat ang mga gumagamit nito, maliban kay Lucas at ang may akda ng Mga Hebreo, ay marahil gumamit ng Aramaic bilang kanilang pangunahing wika. Samakatwid, ang kanilang mga kasulatan ay naimpluwensyahan ng mga kataga at mga istrukturang anyo ng Aramaic. At saka, sila ay bumasa at sumipi ng Septuagint (Griyegong salin ng Lumang Tipan) na siya rin namang isinulat sa Griyegong Koine. Ngunit ang Septuagint ay isinulat rin ng mga iskolar na Hudyo na ang inang salita ay hindi Griyego.

Ito ay nagsisilbing paalala na hindi natin maaring itulak ang Bagong Tipan sa isang mahigpit na istrukturang balarital. Ito ay isang naiiba at mayroong labis na pagkakahawig sa (1) ang Septuagint; (2) mga pang-Hudyong kasulatan gaya ng kay Josephus; at (3) ang papyri na natagpuan sa Ehipto. Paano natin ngayon tatangkain ang isang pang-balarilang pag-aaral sa Bagong Tipan?

Ang pang-balarilang katangian ng Griyegong Koine at Griyegong Koine ng Bagong Tipan ay sunod-sunuran. Sa maraming kaparaanan ito ay panahon g pagpapakasimple ng balarila. Ang kaugnay na kahulugan ang ating mas nakalalamang na gabay. Ang mga salita ay mayroong lamang kahulugan sa mas malaking kaugnay na kahulugan, samakatwid, ang pang-balarilang kayarian ay maari lamang maunawaan sa pamamagitan ng (1) partikular na pamamaraan ng may akda; at (2) sa isang partikular na kaugnay na kahulugan. Walang konklusibong kahulugan sa mga anyo at kayarian ng Griyego ang maaari.

Ang Koine na Griyego ay una sa lahat ay isang berbal na wika.. Madalas ang susi sa pagbibigay ng kahulugan ay ang uri at anyo ng mga PANDIWARI. Sa madalas na pangunahing sugnay ang PANDIWA ay mauunang makita, na nagpapakita ng pagiging mataas nito. Sa pagsusuri ng mga Griyegong PANDIWA tatlong mga bahagi ng kaalaman ang dapat punahin (1) ang batayang pagbibigay diin sa PANAHUNAN, TINIG at PANAGANO (morpolohiya); (2) ang batayang kahulugan ng partikular na PANDIWA (leksikograpya); at (3) ang daloy ng kaugnay na kahulugan (palaugnayan).

I. PANAHUNAN

A. Ang Panahunan o aspeto na nagsasangkot sa ugnayan ng mga PANDIWA sa isang natapos na pagkilos o di natapos na pagkilos. Ito ay madalas na tinatawag na "GANAP" at "DI-GANAP."
   1. Ang mga GANAP NA PANAHUNAN ay tumutuon sa paglitaw ng isang pagkilos. Walang karagdagang kaalaman ang ibinigay maliban na isang bagay ang nangyari! Nagsimula ito, ang pagpapatuloy o pagtatapos ay hindi tinalakay.
   2. DI-GANAP NA PANAHUNAN ay tumutuon sa nagpapatuloy na pagganap ng isang pagkilos. Ito ay maaring ilarawan sa mga terminong taluhabang aksyong, tagalang pagkilos, progresibong pagkilos, atbp.

B. Ang mga panahunan ay maaring maipapangkat sa kung paano ang may akda nakikita ang pagkilos na nagproprogreso
   1. Naganap na = AORIST
   2. Ito'y naganap at ang bunga ay nanatili = GANAP
   3. Ito'y nagaganap sa nakalipas at ang mga bunga ay nanatili, ngunit hindi ngayon = LIPAS NA GANAP
   4. Ito ay nagaganap = PANGKASALUKUYAN
   5. Ito ay nagaganap na = DI-GANAP
   6. Ito ay magaganap = PANGHINAHARAP

   Isang konkretong halimbawa kung paano ang mga salitang PANAHUNAN ay makakatulong sa pagbibigay ng kahulugan ay ang salitang "ligtas." Ito ay ginamit ng ilang magkakaibang panahunan upang ipakita ang parehong pagganap at pagtatapos:
   1. AORIST – "naligtas" (cf. Roma 8:24)
   2. GANAP – "ay iniligtas at ang bunga ay nagpapatuloy" (cf. Efeso 2:5,8)
   3. PANGKASALUKUYAN – "inililigtas" (cf. I Corinto 1:18; 15:2)

4. PANGHINAHARAP – "ay ililigtas" (cf. Roma 5:9, 10; 10:9)

C. Sa pagtutuon sa PANDIWANG PANAHUNAN, ang mga tagapagsalin ay tumitingin sa dahilan ng pagpili orihinal na may akda sa pagpapahayag ng kanyang sarili sa ilang mga PANAHUNAN. Ang pamantayan "walang mga pagarbo" na panahunan ay ang AORIST. Ito ay regular "di-tiyak," "di-markado," o "walang hudyat" na anyo ng PANDIWA. Ito ay maaring gamitin sa malawak na magkakaibang mga paraan na kung saan ang kaugnay na kahulugan ay matutukoy. Ito ay payak na paglalahad ng isang bagay ay nangyari. Ang nakalipas na aspeto ng oras ay nilalayon lamang sa INDIKATIBONG PANAGANO. Kung may ibang PANAHUNAN ang ginamit, isang bagay ang mas tiyak na binibigyan diin. Ngunit bakit?

1. GANAP NA PANAHUNAN. Ito ay nagsasalita sa isang natapos na pagkilos na may nanatiling mga bunga. Sa ilang mga kaparaanan ito ay isang pagsasama ng AORIST at PANGKASALUKUYANG PANAHUNAN. Madalas ang pokus ay sa pananatili ng mga bunga o ang pagkokompleto ng isang gawa (halimbawa: Efeso 2:5 & 8, "kayo ay nangagligtas at patuloy na nangangagligtas").
2. LIPAS NA GANAP NA PANAHUNAN. Ito ay kagaya ng GANAP maliban sa ang mga nananitiling mga bunga ay nawala na. Halimbawa: Juan 18:16 "si Pedro ay nakatayo sa pintuan sa labas."
3. PANGKASALUKUYANG PANAHUNAN. Ito ay nagsasalita sa isang di-kompleto o di-perpektong pagkilos. Ang pokus ay madalas sa pagpapatuloy ng isang pangyayari. Halimbawa: I Juan 3:6 & 9, "Ang sinomang nananahan sa Kaniya ay hindi nagkakasala." "Ang sinomang ipinanganak ng Diyos ay hindi nagkakasala."
4. DI-GANAP NA PANAHUNAN. Sa panahunang ito ang ugnayan sa PANGKASALUKUYANG PANAHUNAN ay kahawig sa ugnayan sa pagitan ng GANAP at ang LIPAS NA GANAP. Ang DI-GANAP ay nagsasalita sa di-kompletong pagkilos na nangyayari ngunit ngayon ay nawala na o ang simula ng isang pagkilos sa nakalipas. Halimbawa: Mateo 3:5, "Nang magkagayo'y nilabas siya ng Jerusalem" o "nang magkagayon ang buong Jerusalem ay nagsimulang lumabas patungo sa kanya."
5. PANGHINAHARAP NA PANAHUNAN. Ito ay nagsasalita sa isang pagkilos na madalas ay inuumang sa panghinaharap na saklaw ng panahon. Ito ay tumutuon sa potensyal na paglitaw ng isang pangyayari kaysa sa isang aktwal na paglitaw nito. Ito ay madalas na nagsasalita sa katiyakan ng isang pangyayari. Halimbawa: Mateo 5:4-9, "Mapapalad ang mga. . . nila ang. . ."

II. TINIG

A. TINIG ay naglalarawan sa ugnayan sa pagitan ng pagkilos ng PANDIWA at ng SIMUNO nito.

B. TAHASANG TINIG ay ang normal, inaasahan, di-binigyan diin na paraan ng pagsasaysay na ang simuno ay gumagawa ng pagkilos ng PANDIWA.

C. Ang BALINTIYAK NA TINIG ay nangangahukugan na ang simuno ay nakakatatanggap ng pagkilos ng PANDIWA na ginawa ng isang panlabas na ahente. Ang panlabas na ahente na gumawa ng pagkilos ay itinuro sa Griyegong NT sa pamamagitan ng mga sumusunod na mga PANG-UKOL at mga kaso:

1. isang personal na direktang ahente sa pamamagitan ng *hupo* na may kasamang ABLATIBONG KASO (cf. Mateo1:22; Mga Gawa 22:30).
2. isang personal at kagyat na ahente sa pamamagitan ng *dia* na may kasamang ABLATIBONG KASO (cf. Mateo 1:22).
3. isang di-personal na ahente na madalas sa pamamagitan ng *en* na may kasamang KASANGKAPANG KASO.
4. minsan alinman sa personal o di-personal na ahente sa pamamagitan ng KASANGKAPANG KASO lamang.

D. Ang PANGGITNANG TINIG ay nangangahulugan na ang simuno ay gumagawa ng pagkilos ng PANDIWA at siya rin direktang sangkot sa pagkilos ng PANDIWA. Ito ay madalas na tinawag na tinig ng pinahigpit na personal na interest. Ang konstruksyon na ito ay nagbibigay diin sa simuno ng sugnay o pangungusap sa ilang mga paraan. Ang konstruksyon na ito ay hindi matatagpuan sa Ingles. Ito ay may malawak na posibilidad ng mga kahulugan at mga salin sa Griyego. Ang ilang mga halimbawa ng anyong ito ay:

1. PASARILI – ang direktang pagkilos ng simuno sa mismong sarili. Halimbawa: Mateo 27:5 "binitay ang sarili."

2. INTENSIBO – ang simuno gumagawa ng pagkilos sa kanyang sarili. Halimbawa: II Corinto 11:14 “si Satanas man ay nagpapakunwaring anghel ng kaliwanagan.”
3. RESIPROKAL – ang paglalato ng dalawang mga simuno. Halimbawa: Mateo 26:4 “At sila'y sangagsanggunian.”

III. PANAGANO (O “MODA”)

A. Mayroong apat na mga PANAGANO sa Koineng Griyego. Sila ay nagpapahiwatig ng ugnayan ng PANDIWA sa katotohanan, kahit man lang sa sariling isipan ng may. Ang mga PANAGANO ay nahahati sa dalawang malawak na kategorya: na siyang nagpapahiwatig ng katotohanan (INDIKATIBO) at siya rin nagpapahiwatig na maaaring mangyari(PASAKALI, PAUTOS at OPTATIBO).

B. Ang INDIKATIBO PANAGANO ay ang normal na PANAGANO sa pagpapahayag ng pagkilos na nangyari na or nangyayari na, kahit man lang sa isipan ng may akda. Ito <u>lamang</u> ang Griyegong panagano na nagpapahayag ng isang tiyak na oras, at maging dito ang aspetong ito ay pangalawa lamang.

C. Ang PASAKALING PANAGANO ay nagpapahayag ng panghinaharap na pagkilos. Isang bagay na hindi pa nangyayari, ngunit ang may pagkakataon na ito ay mangyayari. Ito ay may higit na pagkakapareho sa PANGHINAHARAP INDIKATIBO. Ang pagkakaiba ay ang PASAKALI ay nagpapapahayag ng ilang antas ng pag-aalinlangan. Sa Ingles ito ay madalas na ipinapahayag ng mga terminong “maari,” “nais,” “marahil,” or “puwede.”

D. Ang OPTATIBO PANAGANO ay nagpapahayag ng isang hiling na kanilay-nilay na posible. Ito ay itinuturing na isang hakbang palayo mula sa katotohanan kaysa sa PASAKALI. Ang OPTATIBO ay nagpahayag ng posibilidad sa ilalim ng ilang mga kondisyon. Ang OPTATIBO ay bihira sa Bagong Tipan. Ang pinakamadalas na pagkakagamit ay sa tanyag na parirala ni Pablo, “Maaring ito'y huwag nawa” (KJV, “Nagbabawal ang Diyos”), ginamit ng labinlimang beses (cf. Roma 3:4, 6, 31; 6:2, 15; 7:7, 13; 9:14; 11:1, 11; I Corinto 6:15; Galacia 2:17; 3:21; 6:14). Ang ibang mga halimbawa ay matatagpuan sa Lucas 1:38, 20:16, Mga Gawa 8:20, at I Thesalonica 3:11.

E. Ang PAUTOS PANAGANO ay nagdidiin sa isang utos na isang maaari, ngunit ang pagdidiin ay sa layunin ng tagapagsalita. Ito'y nagsasaysay lamang ng bolisyonal na posibilidad at ikinondisyon sa pagpipilian ng iba pa. Mayroong isang espesyal na gamit ang PAUTOS sa mga panalangin at sa ikatlong persona na mga kahilingan. Ang mg autos na ito ay matatagpuan lamang sa PANGKASALUKUYAN at AORIST NA PANAHUNAN sa NT.

F. Ang ilang mga balarila ay nagkategorya sa mga PANTUKOY sa ibang uri ng PANAGANO. Sila ay napaka-karaniwan sa Griyegong NT, madalas na binigyan kahulugan bilang isang PANDIWANG PANG-URI. Sila ay isinalin na kasabay sa pangunahing PANDIWA kung saan sila ay inuugnay. Ang isang malawak na mga uri ay posible sa pagsasalin ng mga PANTUKOY. Pinakamuhasay na konsultahin ang ilang mga salin na Ingles. *The Bible in Twenty Six Translations* na inilatha ng Baker ay isang malaking tulong dito.

G. The AORIST AKTIBONG INDIKATIBO ay ang normal o “di-minarkahang” paraan sa pagtatala ng isang pangyayari. Alinmang ibang PANAHUNAN, TINIG o PANAGANO ay may ilang mga parikular na nagpapakahulugang kahalagahan na ang orihinal na may-akda na nais na ipagbigay-alam.

IV. Para sa isang tao na hindi pamilyar sa Griyego ang mga sumusunod na tulong pag-aaral ay magbibigay ng kinakailangang kaalaman:


A. Friberg, Barbara at Timothy. *Analytical Greek New Testament*. Grand Rapids: Baker, 1988.

B. Marshall, Alfred. *Interlinear Greek-English New Testament*. Grand Rapids: Zondervan, 1976.

C. Mounce, William D. *The Analytical Lexicon to the Greek New Testament*. Grand Rapids: Zondervan, 1993.

D. Summers, Ray. *Essentials of New Testament Greek*. Nashville: Broadman, 1950.

E. Mga pinaniniwalang sulating pang akademya sa mga kurso para sa Koine Griyego ay makukuha sa pamamagitan ng Moody Bible Institute sa Chicago, IL.

## V. MGA PANGNGALAN

A. Sa palaugnayan, ang PANGNGALAN ay inuuri sa pamamagitan ng KASO. Ang KASO ay ang binagong tono ng anyo ng isang PANGNGALAN na nagpapakita ng ugnayan nito sa PANDIWA at sa ibang mga bahagi ng pangungusap. Sa Koineng Griyego marami sa mga tungkulin ng KASO ay ipinahihiwatig sa pamamagitan ng PANG-UKOL. Dahil sa ang anyong KASO ay nagawang alamin ang ilang magkakaibang mga ugnayan, ang PANG-UKOL ay nakalinang upang ibigay ang mas malinaw na pagkakahiwalay ng mga posibling mga tungkuling ito.

B. Griyegong KASO ay inuuri sa mga sumusunod na walong mga paraan:

1. Ang PALAGYONG KASO ay ginamit para pagpapangalan at ito ay madalas sa ang SIMUNO ng pangungusap o sugnay. Ito rin ay ginamit para sa PANAGURING PANGNGALAN at mga PANG-URI na may kasamang pagdugtong na mga PANDIWA "upang maging" o "maging."
2. Ang DYENITIBONG KASO ay ginamit para sa paglalarawan at madalas nagtatalaga ng isang katangian o kalidad sa salita kung saan ito inuugnay. Ito ay sumasagot sa katanungang, "Anung uri?" Ito ay madalas na nagpapahayag sa pamamagitan ng paggamit ng Ingles na PANG-UKOL "ng."
3. Ang ABLATIBONG KASO ay gumamit ng kaparehong binagong tonong anyo na gaya ng sa DYENITIBO, ngunit ito ay ginamit upang ilarawan ang pagkakahiwala. Ito ay madalas na naitalang pagkakahiwalay mula sa isang punto ng panahon, lawak, pinagmulan o antas. Ito ay madalas na ipinapahayag sa pamamagitan ng paggamit sa Ingles ng PANG-UKOL "mula."
4. Ang DATIBONG KASO ay ginamit upang ilarawan ang personal na interest. Ito ay maaring magtala ng isang positibo o negatibong aspeto. Madalas ito ay ang DI-TUWIRANG LAYON. Ito ay madalas na ipinapahayag sa Ingles sa PANG-UKOL na "upang."
5. Ang LOKATIBONG KASO ay katulad sa binagong tonong anyo na gaya ng sa DATIBO, ngunit ito ay naglalarawan sa posisyon o lokasyon sa lawak, oras o lohikal na mga pagtatakda. Ito ay madalas na ipinapahayag sa pamamagitan ng Ingles na mga PANG-UKOL "sa, nasa, malapit sa, kasama ng, habang, sa pamamagitan ng, sa ibabaw ng, at sa tabi ng ."
6. Ang PANGKASANGKAPANG KASO ay katulad ng binagong tonong anyo na DATIBO at LOKATIBO KASO. Ito ay nagpapahayag ng mga kaparaanan o kaugnayan. Ito ay madalas na ipinapahayag sa pamamagitan ng Ingles na mga PANG-UKOL, "sa pamamagitan ng o "kasama ng."
7. Ang AKUSATIBO KASO ay ginamit upang ilarawan ang konklusyon ng isang pagkilos. Ito ay nagpapahayag ng pagtatakda. Ang pangunahing gamit nito ay TUWIRANG LAYON. Ito ay sumasagot sa tanong na, "Gaano kalayo?" o "Hanggang saan ang?"
8. Ang BOKATIBONG KASO ay ginamit para sa direktang pananalita.

## VI. PANGATNIG AT PANG-UGNAY

A. Ang Griyego ay isang napakatumpak na wika sapagakat ito ay mayroon napakaraming mga pang-ugnay. Sila ay nagdudugtong ng mga kaisipan (SUGNAY, PANGUNGUSAP, at TALATA). Sila ay napakakariniwan na ang kanilang pagkawala (asendeton) ay madalas ay may eksehital na kahalagahan. Sa katotohanan, ang mga PANGATNIG at PANG-UGNAY na ito ay nagpapakita ng direksyon sa kaisipan ng may akda. Sila ay madalas na krusyal sa pag dedetermina ng kung ano ang kanyang eksaktong nais na ipagbigay alam.

B. Narito ang isang listahan ng ilang mga PANGATNIG at PANG-UGNAY at ang kanilang mga kahulugan (ang imormasyon na ito ay madalas na nakikita mula sa H. E. Dana at Julius K. Mantey's *A Manual Grammar of the Greek New Testament*).

1. Panahunang PANG-UGNAY
   a. *epei, epeidē, hopote, hōs, hote, hotan* (PAS.) – "kailan"
   b. *heōs* – "habang"
   c. *hotan, epan* (PAS.) – "kapag"
   d. *hōs, achri, mechri* (PAS.) – "hanggang"

   e. *priv* (PAW.) – “bago”
   f. *hōs* – “mula pa,” “kapag,” “habang”
2. Lohikal na PANG-UGNAY
   a. Layunin
      (1) *hina* (PAS.), *hopōs* (PAS.), *hōs* – “upang ang,” “na ang”
      (2) *hōste* (PANTUKOY NA AKUSATIBONG PAWATAS) – “na ang”
      (3) *pros* (PANTUKOY NA AKUSATIBONG PAWATAS) o *eis* (PANTUKOY NA AKUSATIBO PAWATAS) – “na ang”
   b. Resulta (mayroong isang malapit na kaugnayan sa pagitan ng gramtikal na mga anyo sa layunin at bunga)
      (1) *hōste* (PAWATAS, ito ang napakakariniwan)– “upang ang,” “kaya”
      (2) *hiva* (PAS.) – “nang sa gayon
      (3) *ara* – “kaya”
   c. Pansanhi o dahilan
      (1) *gar* (sanhi/epekto o dahilan/konlusyon) – “para,” “sapagkat”
      (2) *dioti, hotiy* – “sapagkat”
      (3) *epei, epeid*s, *hōs* – “dahil sa”
      (4) *dia* (may akusatibo) at (may PANTUKOY NA infin.) – “sapagkat”
   d. Imperensiyal
      (1) *ara, poinun, hōste* – “samakatuwid”
      (2) *dio* (pinakamalakas na imperensiyal na PANGATNIG) – “sa kung aling salaysay,” “sa gayon,” “samakatuwid”
      (3) *oun* – “samakatuwid,” “kaya,” “kung gayon,” “dahil dito”
      (4) *toinoun* – “nang naaalinsunod”
   e. Kasalungat o pagkakaiba
      (1) *alla* (malakas na KASALUNGAT) – “ngunit,” “maliban”
      (2) *de* – “ngunit,” “gayunman,” “muna,” “sa kabilang dako”
      (3) *kai* – “ngunit”
      (4) *mentoi, oun* – “gaynman”
      (5) *plēn* – “higit kailanman” (karamihan sa Lucas)
      (6) *oun* – “gayunman”
   f. Paghahambing
      (1) *hōs, kathōs* (nagpapakilala ng KOMPARATIBONG MGA SUGNAY)
      (2) *kata* (sa mga tambalan, *katho, kathoti, kathōsper, kathaper*)
      (3) *hosos* (sa Mga Hebreo)
      (4) *ē* – “kaysa”
   g. Nagpapatuloy or serye
      (1) *de* – “at,” “ngayon”"
      (2) *kai* – “at”
      (3) *tei –“at”*
      (4) *hina, oun* – “ns”
      (5) *oun* – “kung gayon” (sa Juan)
3. Mariin na mga pagkakagamit
   a. *alla* – “katiyakan,” “o,” “sa katotohanan”
   b. *ara* – “talaga,” “tiyak,” “totoo”
   c. *gar* – “ngunit talaga,” “tiyak,” “talaga”
   d. *de* – “talaga”
   e. *ean* – “kahit na”
   f. *kai* – “kahit na,” “talaga,” “totoo”
   g. *mentoi* – “talaga”
   h. *oun* – “totoo,” “sa anomang paraan ”

VII. KONDISYONAL NA MGA PANGUNGUSAP

A. Ang KONDISYONAL NA PANGUNGUSAP ay isa sa nagtataglay ng isa o higit pang mga kondisyonal na mga sugnay. Ang balaritang istrukturang ito ay tumutulong sa pag-iinterpret sapagkat ito ay nagbibigay ng mga kondisyon, dahilan o mga sanhi kung bakit ang pagkilos ng pangunahing PANDIWA lumitaw o hindi lumitaw. Mayroong apat na mga uri ng mga KONDISYONAL NA PANGUNGUSAP. Sila ay lumisan mula sa iniisip na totoong perspektibo ng may akda o para sa kanyang layunin na siyang hiniling lamang.

B. Ang UNANG URI NA KONDISYONAL NA PANGUNGUSAP ay nagpapahayag ng pagkilos o tanging siyang inisip na totoo mula sa perspektibo ng may akda o para sa kanyang layunin bagamat ito ay ipinahayag na may kasamang " kung." Sa ilang mga kaugnay na kahulugan ito ay maaring maisalin sa " dahil sa" (cf. Mateo 4:3; Roma 8:31). Gayunpaman, hindi ito nangangahulugang nagpapahiwatig na ang lahat ng mga UNANG MGA URI ay totoo sa katotohanan. Madalas sila ay ginamit upang gumawa ng isang puntong pang argumento o upang pagliwanagin ang sang kasinungalingan (cf. Mateo 12:27).

C. Ang IKALAWANG URI NA KONDISYONAL NA PANGUNGUSAP ay madalas na tinatawag na "salungat sa katotohanan." Io ay nagsasaysay ng isang bagay na hindi totoo sa katotohanan upang gumawa ng isang punto. Mga halimbawa:
1. "Ang taong ito, kung siya'y isang propeta ay nakikilala niya kung sino at kung ano ang babaing ito na sa kaniya'y humihipo, na siya'y makasalanan" (Lucas 7:39)
2. "Sapagka't kung kayo'y nagsisisampalataya kay Moises, ay magsisisampalataya kayo sa akin; sapagka't tungkol sa akin siya'y sumulat." (Juan 5:46)
3. "Sapagka't ako baga'y nanghihikayat ngayon sa mga tao o sa Diyos? o ako baga'y nagsisikap na magbigay-lugod sa mga tao? kung ako'y magbibigay-lugod pa sa mga tao, ay hindi ako magiging alipin ni Cristo." (Galacia 1:10)

D. Ang IKATLONG URI ay nagsasalita sa posibleng panghinaharap na pagkilos. Ito ay madalas na nagpapalagay sa probabilidad ng pagkilos na yaon. Ito ay kadalasang nagpapahiwatig ng isang katiyakan ng anumang mangyari. Ang pagkilos ng pangunahing PANDIWA ay isang katiyakan ng anumang mangyari sa "kung" na sugnay. Mga halimbawa mula sa I Juan: 1:6-10; 2:4,6,9,15,20,21,24,29; 3:21; 4:20; 5:14,16.

E. Ang IKAAPAT NA URI ay ang pinakamalayo na inalis mula sa posibilidad. Ito ay bihira sa NT. Sa katunayan, walang kompletong IKAAPAT NA URING KONDISYONAL NA PANGUNGUSAP na kung saan ang parehong mga parte ng kondisyon ay tumutugma sa depinisyon. Isang halimbawa ng isang bahagi ng IKAAPAT NA URI sa pambungad na sugnay ay sa I Pedro 3:14. At isang halimbawa ng isang bahagi ng IKAAPAT NA URI sa nagtatapos na sugnay ay sa Mga Gawa 8:31.

VIII. MGA IPINAGBABAWAL

A. Ang PANGKASALUKUYANG PAUTOS na may kasamang MĒ KATAGA ay madalas (ngunit eksklusibo) ay mayroong pagdidiin sa pagpapatigil ng isang pagkilos na nasa pagganap na. Ilang mga halimbawa: "Huwag kayong mangagtipon ng mga kayamanan sa lupa. . ." (Mateo 6:19); "Huwag kayong mangabalisa sa inyong pamumuhay. . ." (Mateo 6:25); "huwag din naman ninyong ihandog ang inyong mga sangkap sa kasalanan na pinaka kasangkapan ng kalikuan. . ." (Roma 6:13); "huwag ninyong pighatiin ang Espiritu Santo ng Diyos. . ." (Efeso 4:30); at "huwag kayong magsipaglasing ng alak. . ." (5:18).

B. Ang AORIST PASAKALI na may kasamang MĒ KATAGA ay may pagdidiin sa "huwag man lang simulant o magsimula sa isang pagkilos." Ilang mga halimbawa: "Huwag ninyong isiping. . ." (Mateo 5:17); "Kaya huwag kayong mangabalisa. . ." (Mateo 6:31); "Huwag mo ngang ikahiya. . ." (II Timoteo 1:8).

C. Ang DOBLENG NEGATIBO na may kasamang PASAKALI PANAGANO ay isang napakamariing pagnenegatibo. "Hindi kailanman, kailanma'y hindi" o "hindi sa ilalim ng anomang kalagayan." Ilang mga halimbawa: "hindi siya makakakita magpakailan man ng kamatayan" (Juan 8:51); "kailan man ay hindi. . ." (I Corinto 8:13).

IX. ANG PANTUKOY

A. Sa Koineng Griyego ang TAHASANG PANTUKOY "ang" ay gamit na gaya ng sa Ingles. Ang batayang tungkulin nito ay gaya ng sa "isang panturo" isang daan upang hikayatin ang atensyon patungo sa isang salita, pangalan o parirala. Ang gamit ay nag-iiba mula sa may akda sa may akda sa Bagong Tipan. Ang TAHASANG PANTUKOY ay maaring rin may tungkulin
   1. bilang isang sumasalungat na aparato gaya ng sa isang demostratibo na PANGHALIP;
   2. bilang isang tanda na tumutukoy sa isang nakalipas na ipinakilalang SIMUNO o katauhan;
   3. bilang isang daan upang matukoy ang SIMUNO sa isang pangungusap na may kasamang pandugtong na PANDIWA. Mga halimbawa: "Ang Diyos ay Espiritu" (Juan 4:24); "Diyos ay ilaw" (I Juan 1:5); "Ang Diyos ay pag-ibig" (4:8,16).

B. Ang Koineng Griyego ay walang DI-TAHASANG PANTUKOY gaya ng sa Ingles "a" o "isang." Ang pagkawala ng TAHASANG PANTUKOY ay maaring nangangahulugang
   1. isang pagtuon sa mga katangian o kalidad ng isang bagay
   2. isang pagtuon sa kategorya ng isang bagay

C. Ang NT na mga may akda ay nag-iiba ng malaki sa kung paano ang mga PANTUKOY ay gamitin.

X. MGA PARAAN NG PAGPAPAKITA NG PAGDIDIIN SA GRIYEGONG BAGONG TIPAN

A. Ang mga pamamaraan para sa pagpapakita ng pagdidiin ay nagkakaiba iba mula sa mga may akda sa may akda sa Bagong Tipan. Ang pinaka hindi nagbabago ay pormal na mga manunulat ay sina Lucas at ang may akda ng Mga Hebreo.

B. Ating ipinalalagay sa simula na ang AORIST AKTIBONG INDIKATIBO ay ang pamantayan at hindi minarkahan para sa pagdidiin, ngunit anomang ibang PANAHUNAN, TINIG, o PANAGANO ay mayroong mahalagang pakahulugan. Hindi ito pagpapahiwatig na ang AORIST AKTIBONG INDIKATIBO ay hindi madalas na ginamit sa isang mahalagang gramatikong pang-unawa. (Halimbawa: Roma 6:10 [dalawang beses]).

C. Pagkakasunud-sunod ng salita sa Koineng Griyego
   1. Ang Koineng Griyego ay ang binagong tonong wika na kung saan ay hindi nakabatay, gaya ng Ingles, sa pagkakasunod-sunod ng salita. Samakatuwid, ang may –akda ay maaring mag-iba iba sa normal na inaasahang pagkakasunod-sunod upang ipakita ang
      a. kung ano ang nais na bigyan diin ng may akda sa mga mambabasa
      b. kung ano ang iniisip ng may akda na magbibigla sa mga mambabasa
      c. kung ano ang malalim na nararamdaman ng may akda sa isang bagay
   2. Ang normal na pagkakasunod-sunod ng salita sa Griyego ay nananatiling hindi naayos na isyu. Gayumpaman, ang dapat na normal na pagkakaksunod-sunod ay:
      a. para sa pandugtong na mga PANDIWA
         (1) PANDIWA
         (2) SIMUNO
         (3) KAPUPUNAN
      b. para sa TRANSITIBONG PANDIWA
         (1) PANDIWA
         (2) SIMUNO
         (3) LAYON
         (4) INDIREKTANG LAYON
         (5) PANG-UKOL NA PARIRALA
      c. para sa PANGNGALAN PARIRALA
         (1) PANGNGALAN
         (2) PANURING
         (3) PANG-UKOL NA PARIRALA
   3. Ang pagkakasunod-sunod ng salita ay maaring lubusang napakahalaga na eksehital na punto. Mga halimbawa:

a. "kanang kamay ay ibinigay nila sa akin at si Barnabas ng pakikisama." Ang pariralang "kanang kamay ng pakikisama" ay hinati at ibinunga upang maipakita ang kahalagahan nito (Galacia 2:9).
b. "kasama ni Kristo" ay inilagay sa unahan. Ang Kanyang kamatayan ay sentro (Galacia 2:20).
c. "Ito ay paunti-unti at sa sa iba't ibang paraan sa" (Hebreo 1:1) ay inilagay sa unahan. Ganito kung paano ipinahayag ng Diyos ang Kanyang sarili sa pamamagitan ng pagsasalungat, hindi sa paggamit ng katotohanan ng kapahayagan.

D. Kadalasan sa ilang mga antas ang pagbibigay diin ay naipapakita sa pamamagitan ng
1. Ang paguulit-ulit ng mga PANGHALIP na siyang PANGKASALUKUYANG na sa anyong binagong tono ng PANDIWA. M g a halimbawa: "Ako,ang Aking sarili, ay tiyak na magpapasainyo. . ." (Mateo 28:20).
2. Ang kawalan ng inaasahang PANGATNIG, o ibang nagdudugtong na kagamitan sa pagitan ng mga salita, parirala, sugnay o mga pangungusap. Ito ang tinatawag naasyndeton ("o hindi nalimitahan"). Ang nagdudugtong na kagamitan ay inaasahan, kaya ang kawalan nito ay magaakit ng atensyon. Mga halimbawa:
   a. Ang Beatitudes, Mateo 5:3ff (nagbibigay diin sa tala)
   b. Juan 14:1 (bagong paksa)
   c. Roma 9:1 (bagong seksyon)
   d. II Corinto 12:20 (nagbibigay diin sa tala)
3. Ang paguulit-ulit sa mga salita o parirala ay ipinapakita sa isang ibinigay na kaugnay na kahulugan. Mga halimbawa: "upang bigyan lugod ang Kanyang kaluwalhatian" (Efeso 1:6,12 & 14). Ang pariralang ito ay ginamit upang ipakita ang gawa ng bawat isa sa persona ng Trinidad.
4. Ang paggamit ng idioma o salita (tunog) ay paglalaro sa pagitan ng mga salita
   a. euphemisismo – naghahalili sa mga salita para sa sensitibong mga paksa, gaya ng "tuloy" para sa kamatayan (Juan 11:11-14) o "paa" para sa ari ng lalaki (Ruth 3:7-8; I Samuel 24:3).
   b. kaliguyan – naghahalili sa mga salita para sa pangalan ng Diyos, gaya ng "Kaharian ng langit" ( Mateo 3:21) o "isang tinig mula sa kalangitan" (Mateo 3:17).
   c. Mga Talinghaga
      (1) imposibleng kalabisan (Mateo 3:9; 5:29-30; 19:24)
      (2) mahinahong mga pananalita (Mateo 3:5; Mga Gawa 2:36)
      (3) pagsasatao (I Corinto 15:55)
      (4) ironya (Galacia 5:12)
      (5) mala-tulang sipi (Filipos 2:6-11)
      (6) paglalaro ng tunog sa pagitan ng mga salita
         (a) "iglesya"
            (i) "iglesya" (Efeso 3:21)
            (ii) "pagkakatawag" (Efeso 4:1,4)
            (iii) "tinawag" (Efeso 4:1,4)
         (b) "malaya"
            (i) "malayang babae" (Galacia 4:31)
            (ii) "kalayaan" (Galacia 5:1)
            (iii) "malaya" (Galacia 5:1)
   d. idyomatikong wika – ang wika na kadalasang kultural at espesipikong wika:
      (1) matalinghagang pagkakagamit ng "pagkain" (Juan 4:31-34)
      (2) matalinghagang pagkakagamit ng "Templo" (Juan 2:19; Mateo 26:61)
      (3) Hebreong kataga ng pakikiramay, "galit" (Gen. 29:31; Deut. 21:15; Lucas 14:36; Juan 12:25; Roma 9:13)
      (4) "Lahat" laban sa "marami' Ikumpara Isa. 53:6 ("lahat") sa 53:11 & 12 ("marami"). Ang mga salita ay kasingkahulugan ng sa Roma 5:18 at19 ipakita.
5. Ang pagkakagamit ng isang buong makaiwakng parirala sa halip ng isang salita. Halimbawa: "Ang Panginoong Hesukristo."
6. Ang ispesyal na pagkakagamit ng *autos*
   a. kapag may kasamang PANTUKOY (katangiang posisyon ito ay isinalin na "katulad."
   b. kapag walang kasama na PANTUKOY (Panaguring posisyon) ito ay isinalin bilang isang INTENSIBO PANARILING PANGHALIP—"kanyang sarili," "siya mismo," o "mismo."

E. Ang di-Griyegong pagbabasa ng Bibliya ng mag-aaral ay makakakilala ng mga pagdidiin sa ilang mga paraan:
   1. Ang paggamit ng isang analitikal na leksikon at interlinyar na Griyego/Ingles na teksto.
   2. Ang paghahambing ng mga Ingles na salin, partikular mula sa nagkakaibang mga teorya ng mga salin. Halimbawa: paghahambing sa "salita-sa-salita" na salin (KJV, NKJV, ASV, NASB, RSV, NRSV) na may kasamang isang "dinamikong katumbas" (Williams, NIV, NEB, REB, JB, NJB, TEV). Ang mabuting tulong dito ay ang *The Bible in Twenty-Six Translations* na inilathala ng Baker.
   3. Ang paggamit ng *The Emphasized Bible* ni Joseph Bryant Rotherham (Kregel, 1994).
   4. Ang paggamit ng isang napakaliteral na salin
      a. *The American Standard Version* of 1901
      b. *Young's Literal Translation of the Bible* ni Robert Young (Guardian Press, 1976).

Ang pag-aaral ng balarila ay isang matrabaho ngunit kinakailangan para sa isang nararapat na pagpapakahulugan. Ang maikiling pagpapaliwanag na ito, mga puna at mga halimbawa ay ninais na makapagbigay lakas ng loob at ihanda ang di-Griyegong mambabasa sa paggamit ng mga gramatikong mga puna na inilatag sa bolyum na ito. Tunay na ang mga paliwanag na ito ay lubhang pinagaan. Hindi dapat ito gamitin sa isang dogmatiko, di-nababalukotot na pamamaraan, ngunit bilang isang batong hahakbangan para sa mas higit na kaunawaan ng palaugnayan sa Bagong Tipan. Puno ng pag-asang ang mga paliwanag na ito ay makakapag enganyo sa mga mambabasa na maintindihan ang mga puna ng ilang mga tulong pag-aaral gaya ng mga teknikal na mga puna ng Bagong Tipan. Dapat nating mapatunayan ang ating mga pagbibigay ng kahulugan batay sa mga kasangkapan ng mga kaalaman na matatagpuan sa mga teksto ng Bibliya. Ang balarila ay isa sa pinakanakakatulong sa mga kasangkapang ito; ang ilang mga kasangkapan ay makasaysayang tagpuan, kaugnay na kahulugan sa panitikan, pangkasalukuyang pagkakagamit ng salita, at mga katulad na mga talata.

# DAGDAG NA DAHON DALAWA

## TEKSTWAL NA PAGSUSURI

Ang paksang ito ay tatalakayin sa kaparaanang maipaliwanag ang mga punang tekstwal na matatagpuan sa komentaryong ito. Ang mga sumusunod na balangkas ang siyang gagamitin

- I. Ang tekstwal na pinagmulan ng ating Ingles na Bibliya
  - A. Lumang Tipan
  - B. Bagong Tipan
- II. Maikling pagpapaliwanag sa mga suliranin at mga teorya ng "mas mababang pagsusuri" na tinawag din na "tekstwal na pagsusuri."
- III. Mga pinagmulang mungkahi para sa mas higit pang pagbabasa

I. Ang Tekstwal na pinagmulan ng ating Ingles na Bibliya

A. Lumang Tipan

1. Masoretic na talata (MT) – Ang Hebreong pangkatinig na talata ay inilatag ni Rabi Aquiba noong A.D. 100. Ang mga patinig na punto, mga pantig, mga punang marhinal, punktwasyon at mga puntong aparato ay nagsimulang idinagdag noong ikaanim na siglo A.D. at natapos noong ikasiyam na siglo A.D. Ito ay ginawa ng pamilya ng mga Hudyong iskolar na kilala bilang mga Masoretes. Ang anyong tekstwal na kanilang ginamit ay siyang kapareho sa Mishnah, Talmud, Targums, Peshitta, at Vulgata.
2. Septuagint (LXX) – Sinasabi ng tradisyon na ang Septuagint ay nabuo ng 70 Hudyong iskolar sa loob ng 70 araw para sa silid aklatan ng Alexandria sa ilalim ng pangunguna ni Haring Ptolemy II (285-246 B.C.) Ang salin ay inaakalang hiniling ng isang pinunong Hudyo na naninirahan sa Alexandria. Ang tradisyong ito ay nagmula sa " Liham ni Aristeas." Ang LXX ay madalas nakabatay sa nagkakaibang mga Hebreong tekstwal na tradisyon mula sa mga talata ni Rabi Aquiba (MT).
3. Dead Sea Scrolls (DSS) – Ang Dead Sea Scrolls ay naisulat noong panahon ng Roman (200 B.C. to A.D. 70) ng isang sekta ng mga Hudyong makakahiwalay na tinawag na "Essenes." Ang mga Hebreong kasulatan, na matatagpuan sa ilang mga lugar sa paligid ng Dead Sea, ay nagpapakita na ilang mga pagkakaiba sa pamilyang Hebreong tekstwal sa likod ng kapwa MT at LXX.
4. Ilang mga partikular na mga halimbawa sa kung paano ang paghahahambing ng mga talatang ito ay nakatulong sa mga tagapagsalin na maunawaan ang Lumang Tipan
   - a. Ang LXX ay nakatulong sa mga tagasalin at mga iskolar na maunawaan ang MT
     - (1) ang LXX ng Isaias 52:14, "Kung paanong marami ang natigilan dahil sa <u>iyo</u>."
     - (2) ang MT ng Isaias 52:14, "Kung paanong marami ang namangha sa <u>iyo</u>"
     - (3) sa Isaias 52:15 ang pagkakaiba ng panghalip ng LXX ay napatunayan
       - (a) LXX, "kaya maraming bansa ang hahanga sa kanya"
       - (b) MT, "kaya babasbasan niya ang maraming bansa"
   - b. Ang DSS ay nakatulong sa mga tagasalin at mga iskolar na maunawaan ang MT
     - (1) ang DSS ng Isaias 21:8, "gayun nga ang tagamasid ay umiyak, sa moog na bantayan ako ay nakatayo. . ."
     - (2) ang MT ng Isaias 21:8, "At siya'y umungal na parang leon: Oh Panginoon, ako'y tumatayong lagi sa moog na bantayan kung araw. . ."
   - c. Parehong ang LXX at DSS ay nakatulong na malinawan ang Isaias 53:11
     - (1) LXX & DSS, "pagkatapos ng paghihirap ng kanyang kaluluwa siy'y makakakita ng liwanag, siya ay masisiyahan"
     - (2) MT, "Siya'y makakakita ng pagdaramdam ng kaniyang kaluluwa at masisiyahan"

B. Bagong Tipan

1. Higit sa 5,300 kasulatan ng lahat o mga bahagi ng Griyegong Bagong Tipan ay natitira pa. Mahigit 85 ay isinulat sa papyri at 268 na mga kasulatan at isinulat ang lahat sa malalaking titik (ansiyalo). Sa kalaunay, noong ikasiyam na siglo A.D. isang pinakalat na babasahin (minuscule) ang nabuo. Ang mga Griyegong mga kasulatan sa nakasulat na anyo ay may bilang na humigit 2,700 kopya. Mayroon rin din tayong mahigit sa 2100 na mga kopya ng tala ng talata ng Kasulatan na ginamit sa pagsamba na tinawag nating mga leksyonaryo.
2. Mahigit sa 85 Griyegong kasulatan na naglalaman ng mga parte ng Bagong Tipan na isinulat sa mga Papayrus ay inilagay sa mga museo. Ang ilan ay may nagmula pa noong ikalawang siglo A.D. ngunit ang ang karamihan ay nagmula pa noong ikatlo at ikaapat na siglo. Wala sa mga MSS na ito ang naglalaman ng buong Bagong Tipan. Dahil sa ito ay pinakamatandang mga kopya Bagong Tipan hindi ito dagliang nangangahulugang sila ay may kakaunting kaibahan ng kopya. Marami sa mga ito ay mabilisang kinopya para sa lokal na paggamit.

Ang pag-iingat ay hindi isinigawa sa proseso. Samakatuwid, sila ay nagtataglay ng maraming kaibahang kopya.

3. Ang Codex Sinaiticus, na kilala sa pamamagitan ng Hebreong titik א (aleph) o (01), na natagpuan sa monasteryo ng St. Catherine sa Mt. Sinai ni Tischendorf. Ito ay may petsa na mula pa noong ikaapat na siglo A.D. at nagtataglay ng kapwa LXX ng OT at Griyego ng NT. Ito ay isang "ang Alexandrian Teksto"na uri.
4. Ang Codex Alexandrinus, kilala bilang "A" o (02), isang ikalimang siglong Griyegong kasulatan na natagpuan sa Alexandria, Ehipto.
5. Ang Codex Vaticanus, na kilala bilang "B" o (03), na natagpuan sa silid-aklatan ng Vatican sa Rome at may petsa na mula sa kalagitnaan ng ikaapat na siglo A.D. Ito ay naglalaman ng kapwa LXX ng Lumang Tipan at Griyegong Bagong Tipan. Ito ay sa "ang Alexandrian Teksto" na uri.
6. Ang Codex Ephraemi, na kilala bilang "C" o (04), isang ikalimang siglong Griyegong kasulatan na bahagyang nasira.
7. Ang Codex Bezae, na kilala bilang "D" o (05), isang ikalima o ikaanim na siglong Griyegong kasulatan. Ito ang pangunahing kinatawan na tinatawag na "Ang Kanluraning Teksto." Ito ay naglalaman ng maraming karagdagan at prinsipal na Griyegong saksi para sa King James na salin.
8. Ang NT MSS ay maaring maipangkat sa tatlo, maaaring apat, na mga pamilya na nagsasalo ng tiyak na mga katangian.
   a. Alexandrian na Teksto na mula sa Ehipto
      (1) $P^{75}$, $P^{66}$ (about A.D. 200), na nagtatala ng mga Ebanghelyo
      (2) $P^{46}$ (about A.D. 225), na nagtatala ng mga sulat ni Pablo
      (3) $P^{72}$ (about A.D. 225-250), na nagtatala ng Pedro at Hudas
      (4) Codex B, called Vaticanus (about A.D. 325), na sumasaklaw sa buong OT at NT
      (5) Si Origen ay nagsipi mula sa ganitong uring talata
      (6) ibang mga MSS na nagpapakita na ganitong uring talata ay ang mga א, C, L, W, 33
   b. Kanluraning na Teksto mula sa Hilagang Africa
      (1) sipi mula sa mga ama ng iglesya sa Hilagang Africa, Tertullian, Cyprian, at ang Lumang Latin na salin
      (2) sipi mula kay Irenaeus
      (3) mga sipi mula kay Tatian at ang Lumang Syriac na salin
      (4) Ang Codex D "Bezae" ay sumunod sa ganitong uring talata.
   c. Ang Silanganing Byzantine na talata mula sa Constantinople
      (1) ang talatang uring ito ay naipakita sa mahigit 80% ng 5,300 MSS
      (2) sinipi ni mga ama ng iglesya sa Antioch Syria, Cappadoceans, Chrysostom, at Therodoret
      (3) ang Codex A, sa mga Ebanghelyo lamang
      (4) ang Codex E (ikawalong siglo) para sa buong NT
   d. ang ikaapat na maaaring uri ay "Caesarean" mula sa Palestina
      (1) ito ay pangunahing makikita lamang sa Marcos
      (2) ilang mga saksi dito ay ang $P^{45}$ at W

II. Ang mga suliranin at mga teorya ng "mas mababang pagsusuri" or "Tekstwal na Krtisismo."

A. Paano ang mga kaibahan ay lumitaw

1. di-sinangguni o aksidental (malawak na kalamangan ng mga paglitawa
   a. kamalian ng mata sa kamay na pagkopya na nagbabasa ng dalawang pagkakataon ng dalwang magkaparehong mga salita at magkagayon ay nagtatanggal sa lahat ng mga salita sa pagitan (homoioteleuton)
      (1) kamalian ng mata sa pag-alis ng isang dalawahang titik o parirala (haplograpiya)
      (2) kamalian ng isip sa pag uulit ng isang parirala o linya ng isang Griyegong talata (dittograpiya)
   b. kamalian ng tainga sa pagkopya ng pasalitang pagdidikta na kung saan ang pagkakamali sa baybay ay lumitaw (itacism). Madalas ang pagkakamaling baybay ay nagpapahiwatig o nagbabaybay kaparehong tunog na Griyegong salita
   c. ang pinakasinaunang mga Griyegong talata ay walang mga kabanata o pagkakahiwalay ng mga talata, maliit o walang bantas at walang pagkahati-hati sa pagitan. pagkahati-hati sa pagitan ng mga salita maaaring hatiin ang mga titik sa ibat-ibang lugar na bumubuo ng magkaibang salita.
2. intensyonal
   a. ang mga pagbabago ay ginawa upang malago ang gramatikal na anyo ng kinopyang talata
   b. ang mga pagbabago ay ginawa upang dalhin ang talata sa pagkakaayon sa ibang mga biblikal na mga talata (pagtutugma ng mga kahilera) changes were made by combining two or more variant readings into one long combined Teksto (conflation)
   c. ang mga pagbabago ay ginawa upang itama ang naisip na suliranin sa talata (cf. I Corinto 11:27 at I Juan 5:7-8)
   d. ilang mga karagdagang kaalaman patungkol sa makasaysayang tagpuan o nararapat na

interpretasyon ng talata at inilagay sa gilid ng isang tagasulat ngunit inilagay ito sa talata ng ikalawang tagasulat (cf. Juan 5:4)

B. Ang pinagsasaligang mga simulain ng tekstwal na pagsusuri (lohikal na panuntunan para sa pagpapasya ng orihinal na pagbasa ng isang talata kapag mayroong mga kaibahan)

1. ang pinaka hindi akma o pinakahindi karaniwang gramitikong talata ang may probabilidad na orihinal
2. ang pinakamaikling talata ang may probabilidad na orihinal
3. ang mas nakakatandang talata ay binibigyan ng higit na bigat dahil sa makasaysayang kalapitan nito sa orihinal, kung ang lahat ng bagay ay pantay
4. Ang MSS na may heograpikal na pagkakaiba ay madalas ay may orihinal na pagbasa
5. ang may mahinang doktrinang mga talata, lalo na yaong may kinalaman sa pangunahing teolohikal na diskusyon ng panahon ng pagbabago ng kasulatan, gaya ng sa Trinidad sa I Juan 5:7-8, ay mas kinikilingan.
6. ang mga talata na maaring makapagpaliwanag ng pinakamahusay sa pinagmulan ng ibang mga kaibahan
7. dalawang sipi na makakatulong na maipakita ang balance sa nakakagambalang mga kaibahan
   a. J. Harold Greenlee aklat sa, *Introduction to New Testament Textual Criticism*, p. 68:
      "Walang doktrinang Kristyano ang nakabitin sa isang pinagtatalunang talata; at ang mag aaral ng NT ay dapat na pagbawalan sa pagnanasa na ang kanyang talata na maging mas higit na ortodoks o mas higit na malakas sa doktrina kaysa sa inspiradong orihinal."
   b. W. A. Criswell sinabihan si Greg Garrison ng *The Birmingham News* na siya (Criswell) hindi naniniwala na ang bawat salita sa Bibliya ay kinasihan, "hindi lahat ng bawat salita na naibigay sa modernong publiko sa pamamagitan ng mga siglo ng tagasalin." Criswell nagsabi: "Ako ay lubos na mananampalataya ng Tekstwal na pagsusuri. Gaya nyan, naisip ko, sa huling kalahati ng ikalabing anim na kabanata ng Marcos ay erehya: hindi ito kinasihan, ito lamang ay inibento. . .Kapag ikinumpara mo yaong mga kasulatan mula pa sa dati, walang ganoong bagay na gaya ng paglalagom ng Aklat ng Marcos. Isang tao ang nagdagdag nito..."

      Ang patriyarka ng SBC na naniniwala sa walang kamalian ay nagaangkin din ng " interpolasyon" ay kitang kita din sa Juan 5, ang salaysay ni Hesus sa tangke ng Bethesda. At tinalakay niya ang dalawang magkakaibang mga tala ng pagpapakamatay ni Hudas (cf. Mateo 27 at Mga Gawa 1): "Ito lamang ay dalawang magkaibang pananaw ng pagpapakamatay," sinabi ni Criswell. "Kung ito ay nasa Bibliya, mayroong kapaliwanagan para dito. Ang dalawang salaysay ng pagpapakamatay ni Hudas ay nasa Bibliyale." Idinagdag pa ni Criswell, "Ang Tekstwal na pagsusuri ay isang nakagigilalas na agham sa kanyang sarili. Hindi ito ephemeral, ito ay may kinalaman. Ito ay dinamiko at sentral…"

III. Mga suliraning pang-Kasulatan (Tekstwal na pagsusuri)

A. Mga suhestyong pinagkukunan para sa mas higit pang pagbabasa

1. *Biblical Criticism: Historical, Literary and Tekstoual*, ni R.H. Harrison

2. *The Text of the New Testament: Its Transmission, Corruption and Restoration* ni Bruce M. Metzger

3. *Introduction to New Testament Textual Criticism*, ni J. H Greenlee

# DAGDAG NA DAHON TATLO

## TALAHULUNGANAN

**Adoptionism (Adopsyonismo)**. Ito ang isa sa mga maagang pananaw ukol sa kaugnayan ni Hesus sa pagka-Diyos. Iginiit nito na si Hesus ay isa lamang na pangkaraniwang tao sa lahat ng bagay at inampon lamang siya ng Diyos Ama ng siya's bininyagan (cf. Mateo 3:17; Marcos 1:11) o nang Siya ay nabuhay muli (cf. Roma 1:4). Dahil naging kapuri-puri ang buhay ni Hesus, inampon siya ng Diyos Ama bilang "anak" Niya (cf. Roma 1:4; Filipos 2:9) sa isang bahagi ng kanyang buhay (bautismo, pagkabuhay muli). Ito ay menoryang pananaw ng isang batang simbahan at noong ika-walong siglo. Imbis na ang Diyos ang naging tao (ang Pagkakatawang-tao), binaligtad ito at ngayon ang tao ay naging Diyos! Napakahirap sabihin kung papaano si Hesus, na Diyos Anak, na bathala na bago pa man ipinanganak, ay ginantimpalaan o pinuring mabuti ng Diyos Ama dahil sa kanyang ulirang pamumuhay. Kung Siya ay Diyos na, papaano pa Siya gagantimpalaan? Kung Siya ay banal na bago pa man ipinanganak, paano pa daragdagan ang karangalan Niya? Kahit na mahirap natin maintindihan, kahit papaano ay pinarangalan ng Diyos Ama si Hesus sa isang di-pangkaraniwang paraan dahil sa Kanyang ganap na pagpapatupad ng kagustuhan ng Diyos Ama.

**Alexandrian School (Paaralang Alexandriano)**. Ang paraan na ito ng pagpapaliwanag ng Bibliya ay umusbong at lumaki sa Alejandria, sa Egipto, sa ikalawang siglo A.D. Ginamit nito ang mga saligang alituntunin sa pagpapaliwanag ni Philo, na isang tagasunod ni Plato. Ito ay madalasang tinatawag na paraang pang-talinghaga o pang-alegorya (allegorical method). Namuno ang paraan na ito sa simbahan hanggang sa panahon ng Pagbabago o Repormasyon. Ang mga pinaka-may-kakayahang tagapagsulong nito ay sina Origen at Agustino. Tignan ang ginawa ni Moises Silva, "*Has The Church Misread The Bible?*" (Academic, 1987)

**Alexandrinus (Alexandrino)**. Ang manuskrito na Griyego na ito na mula sa ika-limang siglo at nagmula sa Alejandria, sa Egipto, ay naglalaman ng Matandang Tipan, Apokripa, at halos lahat ng Bagong Tipan. Ito ay isa sa ating mga pangunahing saksi sa buong Bagong Tipan na nasa wikang Griyego (maliban sa ilang bahagi ng Mateo, Juan, at 2 Mga Taga-Corinto). Kapag ang manuskritong ito, na pinangalanan bilang "A", at ang manuskritong pinangalanan bilang "B" (Vaticanus) ay nagkasundo sa isang pagbasa, ito ay itinuturing na isang orihinal ng karamihan ng mga iskolar sa halos lahat ng pagkakataon.

**Allegory (Alegorya o Talinghaga)**. Ito ay isang uri ng pagpapaliwanag ng Bibliya na nagsimula sa Hudaismo ng Alejandria. Ito'y pinatanyag ni Philo ng Alejandria. Ang saligang tulak nito ay ang pagnanais na gawing makabuluhan ang Banal na Kasulatan sa sariling kultura o sistema ng pilosopiya sa pamamagitan ng pag-wawalang-bahala sa kasaysayang kinalalagyan ng Bibliya at/o pati ang pampanitikang kahulugan nito. Laging hinahanapan nito ng nakatago o espiritwal na kahulugan ang bawat teksto sa Banal na Kasulatan. Kailangang aminin na si Hesus, sa Mateo 13, at si Pablo, sa 4 Mga Taga-Galacia, ay minsanang gumagamit ng alegorya o talinghaga upang magpahiwatig ng katotohanan. Kaya lang, ito ay nasa anyo ng typology, hindi limitado sa alegoría.

**Analytical lexicon (Analytical Lexicon)**. Ito'y isang uri ng kagamitang pananaliksik na tinutulungan sinuman na kilalanin ang bawat Griyegong anyo sa Bagong Tipan. Ito'y isang talaan ng mga anyo at saligang kahulugan na naka-ayos ayon sa baybayin na Griyego. Kapag sinamahan ng isang pagsasalin na interlinear (interlinear translation), pinapahintulutan ang mga nananampalatayang hindi nakapag-babasa ng Griyego na suriin ang mga anyong balarila at syntaktika na Griyego sa loob ng Bagong Tipan.

**Analogy of Scripture (Pagkatulad ng Banal na Kasulatan)**. Ito ang parirala na ginagamit upang isalarawan ang paningin na ang buong Bibliya ay inspirasyon ng Diyos at, samakatwid, ay hindi salungat nguni't bumubuo pa. Ang mapagpalagay na panindigan na ito ang batayan para sa paggamit ng magkatulad na mga sipi sa pagpapaliwanag ng teksto sa Bibliya.

**Ambiguity (Walang Katiyakan)**. Tumutukoy sa pagka-walang katiyakan na nanggagaling mula sa isang kasulatan na maaaring may dalawa o higit pa sa dalawang kahulugan o bagay na tinutukoy ng sabay. Maaaring si Juan ay gumagamit ng walang katiyakan (double entendres).

**Anthropomorphic (Antropomorpiko)**. Nangangahulugan na "mayroong mga katangian na may kinalaman sa mga tao." Ang katawagang ito ay ginagamit na panglarawan sa ating wikang pang-relihiyon ukol sa Diyos. Ito ay nanggaling sa katawagang Griyego para sa "sangkatauhan." Ang ibig sabihin nito ay nagsasalita tayo tungkol sa Diyos na para Siyang tao. Ang Diyos ay isinasalarawan sa pamamagitan ng mga katawagang may kinalaman sa pisikal, sosyolohikal, at sikolohikal na aspeto ng pagkatao (cf. Genesis 3:8; 1 Hari 22:19-23). Subalit ito ay pagkatulad (analogy) lamang. Gayon pa man, wala tayong mga ibang kategorya o katawagan na magagamit kung hindi iyong sa pang-tao. Samakatwid, ang ating kaalaman sa Diyos ay totoo, nguni't limitado.

**Antiochian School (Paaralan sa Antioch)**. Isang paraan ng pagpapaliwanag ng Bibliya na umusbong at lumaki sa Antioch, sa Syria, ng ika-tatlong siglo A.D. bilang sagot sa pamamaraang talinghaga (allegorical method) ng Alejandria, sa Egipto. Ang saligang tulak nito ay ang pag-pokus sa makasaysayang kahulugan ng Bibliya. Ipinapaliwanag nito ang Bibliya bilang isang normal at

gawang-tao na panitikan. Ang paaralan na ito ay nasama sa alitan sa pagitan ng dalawang paningin kay Kristo: kung Siya ba ay may dalawang pagkatao (Nestorianismo) o isa lamang (buong Diyos at buong tao). Tinawag ito na hidwang paniniwala ng Iglesiyang Katoliko Romano at lumipat sa Persia, nguni't ang paaralan na ito ay naging maliit lamang ang halaga. Ang saligang panuntunang hermenyutika na nito ay naging mga panuntunan sa pagpapaliwanag ng mga Classical Protestant Reformer (Luther at Calvin).

**Antithetical (Antithetical)**. Ito ang isa sa tatlong mapanlarawang katawagan na ginagamit upang ipakilala ang kaugnayan sa pagitan ng mga linya ng tulang Hebreo. May kinalaman ito sa mga linya ng tula na magkatumbalik ang ibig sabihin (cf. Kawikaan 10:1, 15:1). Panitikang Apokaliptiko. Nananaig ito, at maaari ngang bukod-tangi ito, sa genre ng mga Hudyo. Ito ay isang uri ng panunulat na may nakatagong kahulugan na ginagamit sa mga panahon ng pagsalakay at pananakop sa mga Hudyo ng mga banyagang makapangyarihan. Ipinapalagay nito na isang pansarili at mapagligtas na Diyos ang gumawa at namamahala sa mga pandaigdigang pangyayari, at ang Israel ay may bukod-tanging halaga sa Kanya. Ipinapangako ng panitikang ito ang tagumpay dahil sa tanging tulong ng Diyos. Ito ay mapagsagisag at mapag-likhang-isip na maraming gamit na katawagan na may mga nakatagong kahulugan. Madalas nitong ipinapahiwatig ang katotohanan sa pamamagitan ng mga kulay, bilang, pangitain, panaginip, tulong ng mga anghel, mga lihim at naka-kodigong mga salita, at madalas na matalim na dualismo sa pagitan ng kabutihan at kasamaan. Ang ilan sa mga uri o genre nito ay (1) sa Matandang Tipan, Ezekiel (mga kabanata 36-48), Daniel (mga kabanata 7-12), Zacarias; at (2) sa Bagong Tipan, Mateo 24; Marcos13, II Thesalonica 2 at Pahayag.

**Apologist (Apologetics)**. Galing ito sa salitang-ugat na Griyego para sa "pananggol na legal" ("legal defense"). Ito ay isang tiyak na disiplina sa loob ng teolohiya na naghahangad magbigay ng katibayan at mga makatwirang paliwanag para sa Kristyanong pananampalataya.

***A priori (A priori)***. Kasingkahulugan nito ang katawagang "pagpapalagay" o "palagay." Kinakabilangan ito ng pangangatwiran mula sa mga dating tinatanggap na kahulugan, alituntunin o panindigan na inakalang totoo. Ito ang mga bagay na tinanggap na wala man lamang pagsisiyasat o pagsusuri.

**Arianism (Aryanismo)**. Si Arius ay isang pari sa simbahan sa Alejandria, sa Egipto, na nabuhay mula sa ika-tatlo hanggang sa maagang bahagi ng ika-apat na siglo. Iginiit niyang si Hesus ay dati nang buhay bago pa man ipanganak, nguni't hindi siya banal (hindi kasingtulad ng diwa ng Diyos Ama), marahil bilang pagsunod sa Mga Kawikaan 8:22-31. Hinamon siya ng obispo ng Alejandria, na nagsimula (A.D. 318) ng isang alitan na nagtagal ng maraming taon. Ang Arianismo ang naging opisyal na pananampalataya ng Silangang Simbahan (Eastern Church). Tinuligsa ng Sanggunian ng Nicaea (Council of Nicaea) si Arius noong A.D. 325 at pinanindigan ang buong pagkakapantay at kabanalan ng Anak.

**Aristotle (Aristotle)**. Isa siya sa mga pilosopo ng Grecia noong unang panahon, isang mag-aaral ni Plato at guro ni Alexander the Great. Ang kanyang impluho , kahit na ngayon, ay nakakaabot sa lahat ng sulok ng mga makabagong pag-aaral. Ito ay dahilan sa kanyang pagbibigay-diin sa pagkakaroon ng karunungan sa pamamagitan ng pagmamasid at pagbubukod-bukod. Ito ang isa sa mga aral ng siyentipikong paraan.

**Autographs (mga Autograp)**. Ito ang pangalan na binigay sa mga orihinal na kasulatan ng Bibliya. Nawala na ang lahat ng mga orihinal at sulat-kamay na manuskrito. Ang natira na lamang ay mga kopya. Ito ang pinagmulan ng marami sa mga pagkakaibang kasulatan ng mga manuskrito na Hebreo at Griyego at ng mga lumang salin.

**Bezae (Bezae)**. Ito ang Griyego at Latin na manuskrito ng ika-anim na siglo A.D. Pinangalanan ito bilang "D." Nilalaman nito ang mga Ebanghelyo at ilan sa mga Pangkalahatang Sulat. Nakikilala ito sa dami ng mga idinagdag na sulat. Binubuo nito ang batayan para sa "Textus Receptus," ang pangunahing manuskrito na Griego na nasa likod ng King James Versión.

**Bias (Pagkiling)**. Ito ang katawagan na ginagamit upang isalarawan ang malakas na hantad tungo sa isang bagay o pananaw. Ito ang paningin na kung saan ang kawalang-pagkiling sa isang bagay o pananaw ay imposibleng gawin. Ito ay isang panindigan na di-matwid.

**Biblical Authority (Kapamahalaan ng Bibliya)**. Ang katawagang ito ay ginagamit sa isang natatanging pagpapakahulugan. Ipinapaliwanag ito bilang pagkakaintindi sa sinabi ng orihinal na manunulat sa kanyang panahon at ang paggamit ng katotohanang ito sa ating panahon. Ang Autoridad ng Bibliya ay kadalasang pinapaliwanag bilang pagtingin sa Bibliya bilang ating isa at natatanging gabay na dapat paniwalaan. Gayon pa man, dahil sa naglabasang mga hindi tamang paliwanag ngayon, nilimatahan ko ang kuro-kuro o konsepto sa Bibliya sa paliwanag gamit ang mga aral ng paraang pang-kasaysayan at pang-gramatika (historical-grammatical method).

**Canon (Kanon)**. Ito ay isang katawagang ginagamit upang isalarawan ang mga kasulatan na pinaniniwalaang bukod-tanging binigyan-sigla. Ito ang ginagamit kapag tumutukoy sa mga Banal na Kasulatan mula sa mga Matanda at Bagong Tipan.

**Christocentric (Christocentric)**. Ito ay isang katawagan na ginagamit upang ilarawan ang kahalagahan ni Hesus. May kinalaman ang paggamit ko nito sa konsepto na si Hesus ang Diyos ng buong Bibliya. Siya ang tinuturo ng Matandang Tipan at Siya ang katuparan at layunin nito (cf. Mateo 5:17-48).

**Commentary (Komentaryo)**. Ito ay isang madalubhasang uri ng aklat ng pananaliksik. Binibigay nito ang pangkalahatang kaalaman na nasa likod ng isang aklat ng Bibliya. Pagkatapos, ipinapaliwanag ang kahulugan ng bawat seksyon ng aklat. Ang iba ay naka-

pokus sa paggamit, habang ang iba ay mas teknikal ang paraan ng pakikitungo sa mga teksto. Ang mga aklat na ito ay nakakatulong, ngunit dapat gamitin lamang matapos mong gumawa ng iyong panimulang pag-aaral. Ang mga pagpapaliwanag ng komentarista ay hindi dapat tanggapin ng walang panunuri. Ang paghahambing ng ilang mga paliwanag/komentaryo mula sa mga iba-ibang teolohikang paningin ay kadalasang nakakatulong.

**Concordance (Concordance)**. Ito ay isang uri ng kagamitang pananaliksik para sa pag-aaral ng Bibliya. Itinala nito ang bawat paglitaw ng bawat salita sa mga Matanda at Bagong Tipan. Ito ay nakakatulong sa ilang paran: (1) pag-alam ng salitang Hebreo o Griyego na nasa ilalim ng kahit na anong tanging salita sa Ingles; (2) paghahambing ng mga sipi na kung saan ang parehong salita sa Hebreo o Griyego ay ginamit; (3) ipinapakita kung saan ang dalawang magkaibang katawagang Hebreo o Griyego ay isinalin sa parehong salitang Ingles; (4) pinapakita kung gaano kadalas ginamit ang ilang mga salita sa ilang mga aklat o ng ilang mga manunulat; (5) tinutulungan kang hanapin ang isang sipi sa Bibliya (cf. Walter Clark's *How to Use New Testament Griyego Study Aids*, p. 54-55).

**Dead Sea Scrolls** (**Mga Balumbon ng Papel mula sa Patay na Dagat).** Tumutukoy ito sa isang serye ng mga lumang-lumang kasulatan sa Hebreo at Arameo na natagpuan malapit sa Patay na Dagat noong 1947. Sila ang mga aklatang pang-relihiyon ng isang sekta ng Hudaismo sa unang siglo. Dahil sa bigat ng pananakop ng Roma at mga digmaan ng mga zelotes noong mga 60 A.D., itinago nila ang mga balumbon ng papel sa loob ng mga bangang tinakpang mabuti at ipinasok ang mga banga sa mga kuweba o butas. Natulungan nila tayong intindihin ang makasaysayang kapaligiran ng Palestina noong unang siglo at pinatunayan na walang-kamali-mali ang Masoretic Talata, hanggang sa maagang B.C. kapanahunan man lamang. Sila ay pinangalanan sa daglat na "DSS."

**Deductive (Pangangatuwiran)**. Ang paraang ito ng lohika ay kumikilos, sa pamamagitan ng katwiran, mula sa mga pangkalahatang alituntunin patungo sa mga tiyak na paggamit. Ito ang salungat ng *inductive reasoning*, na nilalarawan naman ang siyentipikong paraan, mula sa mga napagmasdan na bagay patungo sa mga kalahatang palagay o teyorya.

**Dialectical (Dialektiko)**. Ito'y isang paraan ng pangangatwiran na kung saan ang magkasalungat o kabalintunaan ay magkaigting na hinawakan, habang naghahanap ng isang sagot na kinabibilangan ng dalawang bahagi ng kabalintunaan. Maraming doktrina sa Bibliya ang may mga diyalektikong pares: kapalaran--malayang kalooban; kaligtasan—pagtitiyaga; pananampalataya—mga gawain; pasya—pagka-disipulo; kalayaang Kristyano—pananagutang Kristyano.

**Diaspora (Diaspora)**. Ito ang teknikal na katawagang Griyego na ginamit ng mga Hudyo sa Palestina upang ilarawan ang mga ibang Hudyo na nakatira at namumuhay sa labas ng heograpiyang handangan ng Ipinangakong Lupain.

**Dynamic equivalent (Dinamikong Pagtutumbas)**. Ito ay pangalan ng isang teoriya sa pagsalin ng Bibliya. Ang pagsalin ng Bibliya ay maaaring tignan bilang isang "continuum" mula sa "salita sa salita" na pagkakaayon, na kung saan may ipinapalit na salitang Ingles sa bawat salitang Hebreo o Griyego, hanggang sa "pakahulugan sa ibang pangungusap" ("paraphrase") na kung saan ang kahulugan o ideya lamang ang isinalin na kaunti lang ang saalang-alang sa orihinal na pananalita o parirala. Sa pagitan ng dalawang teoriyang ito ay ang "dynamic equivalent" na sumusubok na mataimtim na turingin ang orihinal na teksto, nguni't nakasalin sa mga makabagong gramatikong anyo at idioma. Ang isang magandang pagtalakay na ginawa sa mga iba't-ibang teoriya ng pagsasalin ay matatagpuan sa mga gawa nina Fee at Stuart na pinamagatang, "How To Read the Bible For All It's Worth," sa p. 35, at gawa ni Robert Bratcher na pinamagatang "*Introduction to the TEV*."

**Eclectic (Eklektiko)**. Ang katawagang ito ay ginagamit kapag may kaugnayan sa pagpuna sa teksto. Tumutukoy ito sa pagsasanay ng pagpipili ng mga pagbasa mula sa iba't-ibang manuskritong Griyego upang makarating sa isang teksto na ipinapalagay na malapit sa orihinal na autograph. Di nito tinatanggap ang paningin na mayroong iisang pamilya ng mga manuskritong Griyego na nakuha ang mga orihinal.

**Eisegesis (Eisegesis)**. Ito ang salungat ng "exegesis." Kung ang "exegesis" ay ang "tulungang palabasin" ang layunin ng orihinal na manunulat, ang ipinapahiwatig naman ng katawagang ito ay ang "pagtulong paloob" ng isang banyagang ideya o pananaw.

**Etymology (Etimolohiya)**. Ito ay isang bahagi ng pag-aaral ng salita na sinusubukang matiyak ang orihinal na kahulugan ng isang salita. Mula sa kahulugang ugat na ito, ang mga magpakatanging gamit nila ay madaling kilalanin. Sa pagpapaliwanag, hindi etimolohiya ang pokus, kung hindi ang kasalukuyang kahulugan at gamit ng isang salita.

**Exegesis (Exegesis)**. Ito ang teknikal na katawagan para sa pagsasanay ng pagpapaliwanag ng isang particular na sipi. Ang ibig sabihin nito ay "tulungang palabasin" (mula sa teksto), nagpapahiwatig na ang ating layon ay intindihin ang layunin ng orihinal na manunulat na isinaalang-alang ang makasaysayang kapaligiran, kontekstong literary, palaugnayan, at kahulugan ng salita nang panahong iyon.

**Genre (Genre)**. Ito ay isang katawagang Pranses na nagpapakilala ng ilang uri ng panitikan. Ang layunin ng katawagang ito ay ang paghahati ng mga anyo ng panitikan sa mga kategorya na may mga parehong katangian: makasaysayang pagsasalaysay, tula, kawikaan, apokaliptiko, at pagbakautusan.

**Gnosticism (Nostisismo)**. Karamihan ng ating kaalaman sa hidwang paniniwalang ito ay nanggaling sa mga kasulatang gnostiko ng ikalawang siglo. Gayon pa man, ang mga nagsisimula pa lang na mga ideya ay nandoon na sa unang siglo (at maging bago pa doon). Ang ilang sa mga aralang inihatag ng mga Valentian at Cerithian Gnosticism ng ikalawang siglo ay: (1) ang bagay at

espirito ay parehong walang-hanggan (isang dualismo na ontolohikal). Ang bagay ay masama, ang epsirito ay mabuti. Ang Diyos, bilang espirito, ay hindi dapat nag-huhulma ng masamang bagay; (2) may mga emanasyon (mga napakatagal na panahon o antas ng pagka-anghel) sa pagitan ng Diyo at bagay. Ang huli o ang pinakamababa ay si YHWH ng Matandang Tipan na gumawa sa sansinukob (kosmos); (3) si Hesus ay isang emanasyon tulad ni YHWH ngunit nasa mas mataas na antas, mas malapit sa tunay na Diyos. Ang iba ay nilagay Siya sa pinaka-itaas, nguni't mas mababa sa Diyos at tiyak na hindi Diyos na nagkatawang tao (cf. Juan 1:14). Kung ang bagay ay masama, hindi maaaring nagkaroon ng katawang tao si Hesus at nanatiling Banal. Siya ay espiritwal na multo (cf. 1 Juan 1:1-3; 4:1-6); at (4) ang pagkakaligtas ay nakamit sa pamamagitan ng pananampalataya kay Hesus na may kasamang Natatanging kaalaman, na maaaring malaman lamang ng mga Natatanging tao. Ang kaalaman (mga hudyat) ay kailangan upang makadaan sa mga kalagayang pang-langit. Ang kautusan ng Hudyo ay kailangan din upang maabot ang Diyos. Ang mga mapandayang guro ng Gnostika ay may minungkahing dalawang magkasalungat na sistemang etikal: (1) para sa iba, ang pamumuhay ay walang kinalaman sa pagkaligtas. Para sa kanila, ang pagkaligtas at espiritwal ay ipinaloob sa mga lihim na kaalaman (mga hudyat) sa pamamagitan ng mga kalagayang pang-anghel (mga eon); o (2) para sa iba, ang pamumuhay ay mahalaga sa pagkaligtas. Binigyan-diin nila na ang pamumuhay asetiko o mapagpakasakit ay katibayan ng totoong pagka-espiritwal.

**Hermeneutics (Hermenyotiko)**. Ito ang teknikal na katawagan para sa mga alituntunin na gumagabay sa exegesis. Ang hermeneutic na pang-Bibliya, o banal, ay kadalasang nahahati sa dalawang kategorya: mga kalahatang alituntunin at mga Natatanging alituntunin. Ang mga ito ay may kinalaman sa iba't-ibang uri ng panitikan na natatagpuan sa Bibliya. Ang bawat uri (genre) ay may sarili at bukod-tanging mga gabay, nguni't may binabahaginan silang mga pangkaraniwang palagay at mga paraan ng pagpapaliwanag. Mataas na uri ng Pagpuna. Ito ang paraan ng pagpapaliwanag na pang-biblia na naka-pokus sa makasaysayang kapaligiran at literary structure ng isang particular na uri ng aklat pang-biblia.

**Idiom (Kataga o Idyoma)**. Ito ang salitang ginagamit para sa mga parirala na natatagpuan sa iba't-ibang cultura na may mga Natatanging kahulugan na walang kinalaman s asa kadalasang kahulugan ng mga individual na katwagan. Ang ilan sa mga modernong halimbawa: "katakot-takot ang ganda noon" o "alam mo, papatayin mo ako sa (ginagawa)." Mayroon ping ganitong uri ng mga parirala ang Bibliya.

**Illumination (Pagbibigay tanglaw o Iluminasyon)**. Ito ang pangalang binigay sa konsepto na ang Diyos ay nakipag-usap sa sangkatauhan. Ang kabuoang konsepto ay kadalasang inihahayag ng tatlong katawagan: (1) pahayag o kapahayagan—ang Diyos ay kumilos sa kasaysayan ng tao; (2) nagbigay-sigla o inspirasyon—Siya ay nagbigay ng tamang paliwanag sa Kanyang mga kilos at sa kanilang kahulugan sa ilang piniling lalaki upang sulatin para sa sangkatauhan' at (3) tanglaw o liwanag—binigay niya ang Kanyang Kaluluwa upang tulungan ang sangkatauhan na mintindihan ang Kanyang sariling pagbubunyag o paghahayag.

**Inductive (Pangangatwirang Pasaklaw)**. Ito ay isang paraan ng lohika o pangangatwiran na nagsisimula muna sa mga partikular o maliliit na bagay papunta sa kabuoan. Ito ang paraang empirical ng bagong siyensya. Ito ang pamamaraan na ginamit ni Aristotle.

**Interlinear (Interlinear)**. Ito ay isang uri ng kagamitang pananaliksik na tumutulong sa mga taong hindi makabasa ng salitang pang-biblia na masuri ang kahulugan at balangkas nito.Kaagad na nilalagay ang Ingles na salin sa antas na salita sa salita sa ilalim ng orihinal na wikang biblia. Itong kagamitan na ito, kapag isinama sa "analytical lexicon," ang magbibigay ng mga anyo at saligang kahulugan sa Hebreo at Griyego.

**Inspiration (Kinasihan o Inspirasyon)**. Ito ang konsepto na ang Diyos ay nakipag-usap sa sangkatauhan sa pamamagitan ng pag-gabay sa mg manunulat ng biblia na isulat ng walang-kamalian ang Kanyang pahayag o kapahayagan. Ang kabuoang konsepto ay kadalasang inihahayag ng tatlong katawagan: (1) pahayag o kapahayagan—ang Diyos ay kumilos sa kasaysayan ng tao; (2) nagbigay-sigla o inspirasyon—Siya ay nagbigay ng tamang paliwanag sa Kanyang mga kilos at sa kanilang kahulugan sa ilang piniling lalaki upang sulatin para sa sangkatauhan' at (3) tanglaw o liwanag—binigay niya ang Kanyang Kaluluwa upang tulungan ang sangkatauhan na mintindihan ang Kanyang sariling pagbubunyag o paghahayag.

**Language of Description (Wika ng Paglalarawan)**. Ito ay ginagamit sa koneksiyon ng mga wika kung saan ang Lumang Tipan ay nakasulat. Binabanggit nito an gating mundo sa mga salitang humaharap sa limang sentido. Ito ay hindi isang siyentipikong deskripsiyon at hindi rin itinakdang maging ganoon.

**Legalism (Legalismo)**. Ang kilos na ito ay maiuuri sa sobrang pagdiin ng mga patakaran o ritwal. Ito ay karaniwang umaasa sa gawa ng mga tao at sa mga regulasyon bilang pagtanggap ng Diyos. Karaniwang nitong naibababa ang Kaugnayan at itinataas ang paggawa na parehong mahahalagang aspeto sa Kaugnayang kasunduan sa pagitan ng banal na Diyos at makasalanang sangkatauhan.

**Literal (Literal)**. Ito ay isang pangalan para sa pamamaraan ng hermeneutics mula sa Antioch na *Textually-focused* at makasaysayan. Ang ibig sabihin nito ay ang interpretasyon ay may kasamang normal at litaw na kahulugan ng wika ng tao, kahit na kinikilala pa rin nito ang pagkakaroon ng wikang matalinghaga.

**Literary Genre (Pampanitikang Genre)**. Tinutukoy nito ang mga bukod-tanging anyo ng maaaring magawa ng komunikasyong pantao, gaya ng mga tula o makasaysayang pagkukuwento. Ang bawat klase ng panitikan ay mayroong sariling Natatanging pamamaraang hermeneutical, kasama sa mga karaniwang prinsipyo para sa lahat ng nakasulat nga literatura.

**Literary Unit (Pampanitikang Yunit)**. Ito ay tumutukoy sa mga pangunahing bahagi ng pag-iisip ng isang aklatng biblikal. Maaari itong maglaman ng kaunting mga berso, mga talata o mga kabanata. Ito ay isang bahaging luluan ang sarili na may isang pangunahing paksa.

**Lower Criticism (Mababang Kritisismo)**. Tingnan ang Kritisismong Tekstwal.

**Manuscript (Manuskrito o Kasulatan)**. Ang salitang ito ay tumutukoy sa iba't ibang mga kopya ng Griyegong Bagong Tipan. Ito ay karaniwang nahahati sa iba't ibang mga uri sa pamamagitan ng (1) materyales kung saan sila nakasulat (papyrus, balat), o (2) ang mismong uri ng sulatin (lahat ay malalaking letra o *running script*). Ito ay naka-daglat ng "MS" (iisa) o "MSS" (higit sa isa).

**Masoretic Text (Masoretic Text)**. Ito ay tumutukoy sa mga Hebreong kasulatan ng Lumang Tipan na gawa ng mga Hudyong iskolar na naglalaman ng mga puntong katinig at iba pang talang tekstwal noong ika-siyam na siglo AD. Binubuo nito ang "basic" na teksto ng ating Ingles na Lumang Tipan. Ang teksto nito ay makasaysayang naikumpirma ng Hebreong MSS, lalo na si Isaiah, mula sa mga *Dead Sea scrolls*. Ito ay naka-*daglat* bilang "MT".

**Metonymy (Metonimi)**. Ito ay isang matalinhagang pagsasalita kung saan ang pangalan ng isang bagay ay ginagamit upang mailarawan ang isa pang bagay na may kinalaman dito. Halimbawa, ang ibig sabihin ng "Ang takuri ay kumukulo" ay "Ang tubig sa loob ng takuri ay kumukulo."

**Muratorian Fragments (Muratorian Fragments)**. Ito ay listahan ng mga aklatng kanonikal ng Bagong Tipan. Ito ay naisulat sa Roma bago ang 200 AD. Pareho nitong naibibigay sa ang dalawampu't pitong mga aklat gaya ng Protestant NT. Malinaw nitong naipapakita na ang mga local na simbahan sa iba't ibang bahagi ng Kahariang Romano ay ang talagang naglapat ng kanon sa harap ng mga pangunahing lupon ng simbahan noong ika-apat na siglo.

**Natural Revelation (Kapahayagan sa Kalikasan)**. Ito ay isang kategoryal ng sariling pagsabi ng Diyos sa tao. Kasama nito ang natural na kaayusan (Roma 1:19-20) at ang kamalayang moral (Roma 2:14-15). Ito ay nababanggit sa Awit 19:1-6 at Roma 1-2. ito ay natatangi mula sa Natatanging kapahayagan na tiyak at supremong sariling pagsabi ng Diyos sa Bibliya sa Hesus ng Nazareth. Ang kategoryang theolohikal na ito ay muling idinidiin ng kilos lumang mundo sa mga Kristiyanong siyentipiko. (Halimbawa ang mga sulatin ni Hugh Ross). Ginagamit nila ang kategoryang ito upang masabing lahat ng katotohanan ya katotohanan ng Diyos. Ang kalikasan ay isang bukas na pinto papunta sa karunungan ukol sa Diyos; ito ay naiiba sa Natatanging kapahayagan (ang Bibliya). Pinapayagan nito ang modernong agham ang kalayaang manaliksik ukol sa likas na kaayusan. Sa aking palagay, ito ay isang mabuti at magandang opurtunidad para masaksihan ang moderno at siyentipikong kanlurang mundo.

**Nestorianism (Nestoryanismo)**. Si Nestorius ay ang patriyarko ni Constantinople sa ika-limang siglo. Siya ay sinanay sa Antioch ng Syria at nagsabing si Hesus ay may dalawang pag-uuri, isang ganap na tao at isang ganap na dakila. Ang pananaw na ito ay lumayo sa karaniwang isang uring pananaw ng Alexandria. Ang pangunahing intindi ni Nestorius ay ang titulong "Ina ng Diyos", na bigay kay Maria. Si Nestorius ay nilabanan ni Cyril ng Alexandria at ng implikasyong kanyang pagsasanay sa Antiodrian. Ang Antioch ay ang punong lugar ng apat na bahagi (alegorya) paaaralan ng interpretasyon. Sa huli, si Nestorius tinanggal sa opisina at itinapon.

**Original Author (Orihinal na May-akda)**. Ito ay tumutukoy sa mga tunay na may-akda o manunulat ng iskriptura.

**Papyri (mga Papirus)**. Ito ay isang klaseng pangsulat na materyal mula sa Ehipto. Ito ay gawa sa mga tambo mula sa ilog. Ito ay ang kung saan nakasulat ang mga pinakalumang kopya ng Griyegong Bagong Tipan.

**Parallel Passages (Katulad na Talata)**. Ang mga ito ay kabilang sa konsepto na ang buong Bibliya ay bigay ng Diyos kaya ito ang pinakamabuting interpreter at taga-balanse ng mga katotohanang *paradoxical*. Ito rin ay nakakatulong kapag may isang nagtatangkang intindihin ang isang hindi malinaw na sipi. Tumutulong din silang hanapin ang pinkamalinaw na sipi sa isang nakatakdang paksa, pati na rin ang ibang mga aspetong iskriptural ng isang nakatakdang paksa.

**Paraphrase (Pakahulugan Sa Ibang Pangungusap)**. Ito ay isang pangalan ng teorya ng pagsalin ng Bibliya. Ang pagsalin ng Bibliya ay maaaring tanawin bilang isang pakikipag-ugnayan ng patuloy na salita-sa-bawat-salita, na kung saan ang isang salitang Ingles ay kailangang matustusan para sa bawat salitang Hebreo o Griyego; sa isang parapreys kung saan tanging ang kaisipan ay isinasalin na may kaunting pagpuna sa orihinal na mga salita o parirala. orihinal na teksto ngunit isinasalin ito sa modernong anyong bararila at wika. Ang isang magandang diskusyon ng mga teoryang ito ay matatagpuan sa Fee and Stuart's *How to Read the Bible For All Its Worth* (p. 35).

**Paragraph (Talata o Talataan)**. Ito ay ang payak na bahagi ng lietraryong pagpapakahulugan sa pasulat. Naglalaman ito ng isang pangunahing kaisipan at ang pag-unlad nito. Kapag nanatili tayo sa kanyang pangunahing duldol, hindi natin pangungunahan ang mga wala pa sa tamang edad o palampasin ang kahulugan ng orihinal na may-akda.

**Parochialism (Parokyalismo)**. Ito ay tumutukoy sa mga pagkiling na nakakabit sa isang lokal o teyolohikal na tagpo. Hindi nito nakikilala ang anyong paglilipat pangkultura ng katotohanang biblikal o ng aplikasyon nito.

**Paradox (Kabalintunaan)**. Ito ay tumutukoy sa mga katotohanang mukhang hindi nagkakasundo ngunit parehong totoo kahi na may

pag-iigting sa pagitan nila. Binabalangkas nito mula sa magkaibang mga panig. Karamihan ng katotohanang biblikal ay inilalahad nang dalawahan. Ang mga katotohanang biblikal ay hindi mga nag-iisang bituin kundi mga grup ng mga bituin na binubuo ng mga modelo ng mga tala.

**Plato (Plato)**. Siya ay isa sa mga pilosopo ng sinaunang *Grecia*. Ang kaniyang pilosopiya ay malaki ang naimpluwensiya sa naunang simbahan sa pamamagitan ng mga iskolar ng Alexandria, Ehipto at sa kalaunan, Augustine. Kaniyang isinambit na na ang lahat ng bagay sa mundo ay ilusyon at kopya lamang ng espiritwal na orihinal na modelo. Nang maglaon, tinukoy ng mga theolohikal na esperitwal na mundo ang mga anyo o ideya ni Plato.

**Presupposition (Pagpapalagay)**. Ito ay tumutukoy sa ating unang akalang pagkakaintindi sa mga bagay. Kadalasan tayong nakakabuo ng mga opinyon o palagay ukol sa mga isyu bago natin lapitan ang mga iskriptura. Ang predisposition na ito ay kilala rin bilang bias, isang kalagayang mahalaga, palagay o bago ang pag-unawa.

**Proof-texting (Patunay na Talata o Pagpapatunay na Talata)**. Ito ay ang pagsasanay ng pagsasalin ng isang iskriptura sa pamamagitan ng pag-uulit ng isang berso na walang pagkilala sa kanyang pangunahin o mas malaking konteksto sa kaniyang literary unit. Tinatanggal nito ang mga berso mula sa kahulugan ng orihinal na may-akda at karaniwang may kasamang pagsubok na patunayan ang isang personal na opinyon habang idinedeklara ang kapagngyarihang biblikal.

**Rabbinical Judaism (Rabinikal na Judaismo)**. Ang parte ng buhay ng mga Hudyo ay nagsimula sa *Babylonian Exile* (586-538 BC). Sa pagtanggal ng impluwensiya ng mga Pari at sa Templo, ang pokus ng buhay Hudyo ay ang mga lokal na sinagoga. Ang mga lokal na sentro ng kulturang Hudyo, fellowship, pagsamba at pag-aaral ng Bibliya ang naging pokus ng nasyonal na buhay relihiyon. Noong panahon ni Hesus, ang relihiyon ng mga Eskriba ay kapareho ng mga pari. Sa paghulog ng Herusalem noong 70 AD, ang anyong eskribal ay pinangunahan ng mga Pariseo; ang nagtimpi sa direksyon ng buhay relihiyon ng mga Hudyo. Ito ay nakilala sa pamamagitan ng isang praktikal at legolistikong pagsalin ng Torah ayon sa pagsalaysay sa oral na tradisyon (Talmud).

**Revelation (Pahayag o Kapahayagan)**. Ito ay ang pangalang bigay sa konsepto na nagsalita ang Diyos sa sangkatauhan. Ang kabuuang konsepto ay karaniwang nasasabi sa tatlong salita: (1) kapahayagan – ang Diyos ay kumilos sa kasaysayan ng tao; (2) inspirasyon – naibigay Niya sa piling mga tao ang tamang interpretasyon at kahulugan ng Kaniyang mga gawa upang maitala para sa sangkatauhan; at (3) iluminasyon – ibinigay Niya ang Kaniyang Espiritu para tulungan ang sangkatauhan na maintindihan ang Kaniyang pagsabi ng wika ng deskripsiyon.

**Semantic Field (Simantikong Larangan)**. Ito ay tumutukoy sa kabuuang hanay ng mga kahulugang may kinlaman sa isang salita. Ito ay ang iba't ibang kahulugan ng isang salita sa iba't ibang konteksto.

**Septuagint (Septuagint)**. Ito ang pangalang bigay sa Griyegong pagsalin ng Hebreong Lumang Tipan. Ayon sa tradisyon, ito ay nasulat sa loob ng pitumpung araw ng pitumpung iskolar na Hudyo para sa mga aklatan ng Alexandria, Ehipto. ang tradisyonal na petsa ay bandang 250 BC (sa totoo ay maaaring mahigit sa daang taon para makumpleto). Ang pagsalin ay makahulugan dahil (1) binibigyan tayo nito ng lumang teksto na maaaring ihambing sa tekstong *Masoteric Hebrew*; (2) ipinapakita nito ang anyong Hudyong pagsalin sa ikatlo at pangalawang siglo BC; at (3) binibigyan tayo nito ng pagintinding *Jewish Messianic* bago ang muling-pagkabuhay ni Hesus. Ang *abbreviation* nito ay LXX.

**Sinaiticus (Sinaitiko)**. Ito ay isang Griyegong kasulatan noong ika-apat na siglo AD. Ito ay itinatag ng Alemang iskolar na si Tischendorf sa monasteryo ng St. Catherine sa Jebel Musa, ang tradisyonal na lugar ng Mateo Sinai. Ang manuskriptong ito ay tinawag sa pamamagitan ng unang letra ng alpabetong Hebreo na *aleph* (W). Kasama nito ang parehong Luma at Bagong mga Tipan. Ito ay isa sa mga pinakalumang MSS.

**Spiritualism (Espirituwalismo)**. Ang salitang ito ay katulad ng *allegorizing* sa kaunawaang tinatanggal nito ang historical at literal na konteksto ng isang sipi at sinasalin ito sa pamamagitan ng ibang *criteria*.

**Synonymous (Magkasingkahulugan)**. Ito ay tumutukoy sa mga salitang may eksakto o magkalapit na mga kahulugan (pero sa totoo ay walang dalawang salita ang may kumpletong semantic overlap). Sila ay napaka-magkalapit ang Kaugnayan na maaari silang humalilin sa isa't isa na hindi nawawala ang kahulugan. Ginagamit rin ito para kilalanin ang isa sa tatlong *Hebrew poetic parallelism*. Sa ganitong pananaw, ito ay tumutukoy sa dalawang linya ng tula na nagsasabi ng parehong katotohanan (cf. Awit 103:3).

**Syntax (Palaugnayan)**. Ito ay isang Griyegong salita na tumutukoy sa istraktura ng isang pangungusap. Ito ay tumtukoy sa mga paraan para makabuo ng isang pangungusap upang makagawa ng isang buong kaisipan.

**Synthetical (Sintetiko)**. Ito ay isa sa tatlong salita na tumutukoy sa mga uri ng tulang Hebreo. Ang salitang ito ay tumutukoy sa mga linya ng tula na binubuo ang isa't isa sa paraang pataas ang pag-unlad; minsan tinatawag ring *climactic* (cf. Awit 19:7-9).

**Systematic Theology (Sistematikong Teolohiya)**. Ito ay isang bahagi ng pagsalin ng sinusubukang isalaysay ang mga katotohanan ng Bibliya sa isang buo at rasyonal na pamamaraan. Ito ay isang lohikal, hindi lang historikal na presentasyon ng Kristiyanong theolohiya sa pamamagitan ng mga kategorya (Diyos, tao, kasalanan, kaligtasan, atbp.).

**Talmud (Talmud)**. Ito ang pamagat ng kodipikasyon ng *Jewish Oral Tradition*. Naniniwala ang mga Hudyo na ito ay sinabi ng Diyos kay Moses sa bundok ng Sinai. Sa totoo, lumalabas na ito ay pangkalahatang dunong ng mga gurong Hudyo sa paglipas ng mga taon. Mayroong dalawang magkaibang salin ng Talmud: ang *Babylonian* at ang mas maikli at hindi natapos na *Palestinian*.

**Textual Cristicism (Tekstuwal na Kritisismo)**. Ito ay ang pag-aaral ng mga kasulatan ng Bibliya. Ang testwal na kritisismo ay kailangan dahil wala nang mga nanatiling orihinal at ang mga kopya ay nagkakaiba sa isa't isa. Sinusubok nitong isalaysay ang mga pagkakaiba at dumating (sa pinakamalapit at posibleng) sa orihinal na pagsasalita ng utographs ng Luma at Bagong mga Tipan. Madalas itong tawagang mababang kritisismo.

**Textus Receptus (Textus Receptus)**. Ang titulong ito ay umunlad sa limbag ni Elzevir ng Griyegong Bagong Tipan noong 1633 AD. Ito ay isang uri ng Griyegong Bagong Tipan na ginawa mula sa ilang nahuling manuskriptong Griyego at mga salin sa Latin ni Erasmus (1510-1535), Stephanus (1546-1559) at Elzevir (1624-1678). Sa isang panimula sa Textual criticism ng Bagong Tipan (p.27), sabi ni A.T. Robertson na "*the Byzantine talata is practically the Textus Receptus.*" Ang tekstong Byzantine ang pinaka hindi mahalaga sa tatlong pamilya ng mga naunang Griyegong kasulatan (*Western, Alexandrian, Byzantine*). Nilalaman nito ang kabuuang mga pagkakamali ng pitong siglong tekstong kinopya sa pamamagitan ng kamay. Subalit sinabi rin ni A.T. Robertson na "ang *Textus Receptus ay itinago para sa atin na tekstong wasto ang nilalaman* (p.21). Ang Griyegong tradisyon na ito (lalo na ang pangatlong limbag ni Erasmus) ang bumubuo sa batayan ng *King James version* noong 1611 AD.

**Torah (Tora)**. Ito ang Hebreong salita para sa pagtuturo. Ito ay naging opisyal na titulo para sa mga kasulatan ni Moses (mula *Genesis* hanggang *Deuteronomy*). Para sa mga Hudyo, ito ang pinakamapangyarihang bahagi ng *Hebrew canon*.

**Typological (Tipolohiko)**. Ito ay isang Natatanging uri ng interpretasyon. Karaniwang kasama nito ang katotohanang Bagong Tipan na matatagpuan sa mga sipi ng Lumang Tipan sa pamamagitan ng mga simbolong *analogical*. Ang uri ng *hermeneutics* na ito ay naging pangunahing elemento ng pamamaraang *Alexandrian*. Dahil sa pag-abuso sa ganitong uri ng interpretasiyon, kailangang limitahan ang paggamit ng mga tiyak na halimbawang nakatala sa Bagong Tipan.

**Vaticanus (Vaticano)**. It ay ang Griyegong kasulatan ng ika-apat na siglo AD. Ito'y natagpuan sa aklatan ng *Vatican*. Noong una, kasama rito ang lahat ng Lumang Tipan, *Apocrypha*, at Bagong Tipan. Subalit, ilang bahagi ay nawala (Genesis, Awit, Hebreo, mga Sulat Pastoral, Filemon at Pahayag). Isa itong nakatulong na kasulatan sa pagkilala ng orihinal na pagsasalita ng mga *autographs*. Ito ay may titulong malaking titik *B*.

**Vulgate (Vulgata)**. Ito ay ang pangalan ng pagsalin sa Latin ng Bibliya ni *Jerome*. Ito ang naging batayan o karaniwang pagsalin para sa Iglesiyang Romano Katoliko. Ito ay ginawa noong 380's AD.

**Wisdom Literature (Panitikang Pangkarunugan)**. Ito ay isang uri ng panitikang naging karaniwan sa lumang silangan (at modernong mundo). Isa siyang pagsubok na makapagturo sa bagong henerasyion ng mga tuntunan para sa matagaumpay na pamumuhay sa pamamagitan ng tula, salawikain at sanaysay. Ito ay mas ipinarating sa indibiduwal kaysa sa lipunan. Hindi ito gumamit ng mga paghihiwatig sa kasaysayan kundi ito'y ibinase sa mga karanasan sa buhay at pagmamatyag. Sa Bibliya, ang Job at Awit ni Solomon ay ipinalagay na ang pagkakaroon at pagsamba sa YHWH ngunit ang pangrelihiyong pananaw sa mundong ito ay hindi tiyak sa bawat karanasan ng tao sa lahat ng oras. Bilang *genre*, nagsabi ito ng mga karaniwang katotohanan. Subalit ang *genre* na ito ay hindi magagamit sa bawat tiyak na pangyayari. Ito ay karaniwang mga sabi na hindi laging nangyayari sa bawat indibiduwal na pangyayari. Ang mga paham na ito ay lakas-loob na nagtanong ng mga mahihirap na tanong ng buhay. Karaniwan nilang hinamon ang mga tradisiyonal na mga relihiyosong pananaw (Job at Ecclesiastes). Bumubuo sila ng pagtitimbang at pag-iigting para sa mga madadaling sagot ukol sa mga sakuna ng buhay.

**World picture and worldview (Larawang Pangsanglibutan at Pananaw ng Sanglibutan)**. Ito ay mga magkasamang salita. Pareho silang mga konseptong pilosopikal at tumutukoy sa paglikha. Ang salitang larawang pangsanlibutan ay tumutukoy sa "paano" ng paglikha habang ang pananaw ng sanglibutan ay tumutukoy sa "Sino." Ang mga salitang ito ay tumutukoy sa interpretasiyon na ang Genesis 1-2 ay tumatalakay sa Sino, hindi paano, ng paglikha.

**YHWH (YHWH)**. Ito ay ang pangalang kasunduan para sa Diyos sa Lumang Tipan. Ito ay ipinaliwanag sa Exodo 3:14. Ito ay ang anyong CAUSATIVE ng Hebreong salitang "ako." Takot ang mga Hudyong banggitin ang pangalan nab aka magamit nila ito sa kasalanan. Kaya hinalinlin nila ang salitang Hebreo Adonai na "Panginoon." Ganito isinalin sa Ingles ang pangalang pangkasunduan.

# DAGDAG NA DAHON APAT

## PANGDOKTRINANG PAMAMAHAYAG

Hindi ako partikular na nag-aalintana sa mga pahayag ng pananampalataya o mga kredo. Mas pinipili ko na manindigan sa Bibliya mismo. Gayunpaman, napagtanto ko na ang pahayag ng pananampalataya ay magkakapagdulot doon sa mga hindi pamilyar sa akin, isang paraan upang tasahin ang aking doktrinal na perpektibo. Sa ating panahon ng labis na teolohikal na kamalian at paglilinlang, ang sumusunod na maikling buod ng aking teolohiya ay inilahad.

1. Ang Bibliya, ang parehong Luma at Bagong Tipan ay, ang kinasihan, walang pagkakamali, mapanghahawakan, eternal na Salita ng Diyos. Ito ang sarili-kapahayagan ng Diyos na itinala ng mga tao sa ilalim ng supernatural na pamumuno. Ito ang ating tanging pinanggagalingan ng malinaw na katotohanan patungkol sa Diyos at sa Kanyang mga layunin. Ito rin ang tanging pinangagalingan ng pananampalataya at pagsasagawa para sa Kanyang iglesya.

2. Mayroon lamang iisa walang-hanggang Diyos. Siya ang manlilikha ng lahat ng mga bagay, nakikita at di-nakikita. Ipinahayag Niya ang Kanyang sarili bilang isang mapagmahal at mapagkalinga bagamat Siya rin at patas at makatarungan.. Ipinahayag Niya ang Kanyang sarili sa tatlo natatanging mga persona: Ama, Anak at Espiritu, tunay na magkakahiwalay gayunman ay magkapareho sa esensya.

3. Ang Diyos ay aktibo sa pagkontrol sa Kanyang mundo. Mayroon Siyang isang parehong walang-hanggang plano para sa Kanyang nilikha na hindi mababago at ang indibidwal na pokus na nagbibigay pagkakataon sa malayang pagpili ng tao. Walang mangyayari na hindi lingid sa kaalaman at permiso ng Diyos, ngunit pinahihintulutan Niya ang indibidwal na pagpili parehong sa mga anghel at sangkatauhan. Si Hesus ay ang Piniling Tao ng Ama at ang lahat ay potensyal na pinili sa Kanya. Ang kaalaman sa simula pa lamang ng Diyos ay hindi nagpapababa sa sangkatauhan tungo sa isang nadeterminang isinuluta na eskrip. Lahat tayo ay responsable sa ating mga kaisipan at mga gawa.

4. Ang sangkatauhan, bagamat nilalang ayon sa wangis ng Diyos at malaya mula sa kasalanan, ay pinili na magrebelde laban sa Diyos. Bagamat tinukso ng isang supernatural na ahente, sina Adan at Eba ay responsable para sa kanilang tahasang pagkamakasarili. Ang kanilang pagrerebelde ay nakaapekto sa sangkatauhan at sangnilikha. Tayong lahat ay nangangailangan ng awa at biyaya ng Diyos pareho para sa ating pangkalahatang kondisyon kay Adan at ating indibidwal na bolisyonal na rebelyon.

5. Ang Diyos ay naglaan ng isang pamamaraan ng pagpapatawad at pagpapanumbalik para sa makasalanang sangkatauhan. Si Hesukristo, ang natatanging anak ng Diyos, ay naging tao, namuhay ng walang kasalanang buhay at sa pamamagitan ng Kanyang naghahaliling kamatayan, binayaran ang multa para sa kasalanan ng sangkatauhan. Siya lamang ang daan sa pagpapanumbalik at pakikisama sa Diyos. Walang ibang paraan ng kaligtasan maliban sa pananampalataya sa Kanyang natapos na gawa.

6. Ang bawat isa sa atin ay dapat na personal na tanggapin ang inaalok ng Diyos na kapatawaran at pagpapanumbalik kay Hesus. Ito ay matatamo sa pamamagitan ng bolisyonal na pagtitiwala sa mga pangako ng Diyos sa pamamagitan kay Hesus at tahasang pagtalikod sa mga nalalamang kasalanan.

7. Lahat tayo ay lubusang pinatawad at pinanumbalik batay sa ating pagtitiwala kat Hesus at pagsisisi ng kasalanan. Gayunpaman, ang ebidensya para sa bagong pakikipagrelasyon na ito ay makikita sa isang binago, at nagbabagong, buhay. Ang tunguhin ng Diyos para sa sangkatauhan ay hindi lamang langit balang araw ngunit ang maging wangis ni Kristo ngayon. Yaong mga tunay na natubos, bamagat paminsan-minsan ay nagkakasala, ay magpapatuloy sa pananampalataya at pagsisisi sa kabuuan ng kanilang mga buhay.

8. Ang Banal na Espiritu ay "ang ibang Hesus." Siya ay presente sa mundo upang pangunahan ang mga nawala patungo kay Kristo at humubog ng pagiging wangis ni Kristo sa mga naligtas. Ang mga kaloob ng Espiritu at ibinigay sa kaligtasan. Sila ang buhay at ministeryo ni Hesus na hinati-hati sa Kanyang katawan, ang Iglesya. Ang mga kaloob ay pangunahing mga saloobin at mga motibo ni Hesus na kailangan himukin ng bunga ng Espiritu. Ang Espiritu ay aktibo sa ating panahon na gaya ng Siya ay nasa biblikal na panahon.

9. Agn Ama ay ginawa ang muling binuhay na Hesukristo bilang ang Hukom ng lahat ng bagay. Siya ay magbabalik upang hatulan ang lahat ng sangkatauhan. Yaong mga nagtiwala kay Hesus at yaong mga pangalan ay nakasulat sa Aklat ng Buhay ay makatatanggap ng kanilang walang hanggang niluwalhating katawan sa Kanyang pagbabalik. Sila ay makakasama Niya sa habang panahon. Gayunpaman, yaong mga tumanggi na tumuhon sa katotohanan ng Diyos ay mahihiwalay ng walang hanggan mula sa kagalakan ng pakikisama sa Triune na Diyos. Sila ay ikokondena kasama ng Diablo at kanyang mga anghel.

Ito ay tiyak na hindi kumpleto o puspusan subalit ako ay umaasa na ito ay makapagbibigay sa inyo ng teolohikal na panlasa ng aking puso. Gusto ko ang pahayag na:


> "Sa mga mahahalaga —pagkakaisa, Sa mga paligid—kalayaan, Sa lahat ng mga bagay—pag-ibig."

# MGA PANANAW SA IKALAWANG PAGDATING

**PANIMULA**

A. Ang Paksang ito ay nagdulot ng matinding mga argumento.
B. Ang paano ay hindi tiyak, ang kailan ay hindi tiyak, ngunit ang pangyayari ay sigurado!
C. Saan mo nakuha ang iyong pinaniniwalaan?
D. Ano ang layunin ng Ikalawang Pagbabalik?
E. Ang Bibliya ba ay nagtuturo ng isanng sistematikong eskatolohiya?
F. Bakit ang ating panahon ay napakainteresado sa Ikalawang Pagdating?
G. Lahat ng mga teorya patungkol sa pisikal na pagbabalik ni Hesus ay konsebratibong mga pananaw.

**NAUNANG IGLESYANG PREMILENYAL** (Historikal Premilenyal)




**Presuposisyon**

1. Kasaysayan ng Mundo ay analogo sa

   7 mga araw

   Paglikha (Sulat ni Barnabas, Irenaeus at methodius )

2. Bawat araw ay kumakatawan 1000 taon

   (II Pedro 3:8; Awit 90:4)

**Tagataguyod**

1. Papias Irenaeus,

   Justin Martyr, Tertullian

   Hippolytus, Methodius


2. George Ladd (Historikal Premilenyal)

**Kalakasan**

1. Ilang mga pangyayari ay dapat na manbgyari bago
   a. Ebanghelyo sa lahat ng bansa (Mateo 24:14)
   b. Pagbabago ng Israel (Roma 11:25ff)
   c. Dakilang Apostasya (Mateo24:10; II Tesalonica 2:3)
   d. Matinding Tribulasyon (Mateo 24:21)
   e. Kapahayagan sa Lalake ng Kasalananan –Antikristo (II Tesalonica 2:3)

   Isang nakikita, unibersal na Pagdating

**AMILENYAL (natanto o napasinayaan na milenyum)**




**Presuposisyon**

1. Ang Iglesya ay Espiritwal na Israel (Galacia 3:9,29; 6:16; Roma 2:5,9, 28-29; Pahayag 1:6;
2. I Pedro 3:6)
   Roma 4 – Si Abraham ay halimbawa ni Pablo para sa katuwiran sa pamamagitan ng
3. pananampalataya) Ang Kaharian ni Kristo ay hindi temporal

   (Juan 18:36)

4. Isang Ikalawang Pagdating
   Isang Resureksyon
   Isang Paghuhukom
   Ang Eternal na Kaharian


**Tagataguyod**

1. Ilang mga Naunang Ama ng Iglesya
2. Augustine
3. Zwingli
4. Calvin (Presbyterianism)
5. Ray Summers (Baptist)
6. Jay Adams (Reformed)
7. Karamihan ng mga Iglesya ni Kristo

**Kalakasan**


1. Tagumpay na napanalunan sa Kalbaryo, hindi sa
2. Milenyum
3. Pagkakaisa ng plano ng Diyos sa Pagtutubos

**POSTMILLENNIAL (Milenyum ngayon)**



| Presuposisyon | Tagataguyod | Kalakasan |
|---|---|---|
| 1. Pagsusumigasig ng tao ay magdadala Kaharian (II Pedro 3:12; Mateo 6:10) | 1. Jonathan Edwards | 1. Tanggapin ang Ikalawang Pagdating ng Seryoso |
| 2. Ang mga bagay ay mas magiging mainam | 2. A. H. Strong | 2. Ang tao ay may bahagi sa plano ng Diyos |
| | 3. W. T. Conner | 3. Optimistiko patungkol sa pangkasalukuyang kultura |
| | 4. Karamihan sa 19th Siglong mga Iskolar | |

**DISPENSESYONAL NA PREMILENYAL**





[1] Mayroong 3 mga pananaw sa Sekretong Pagdating na ito:

1) Pre-tribulasyonista
2) Mid-tribulasyonista
3) Post-tribulasyonista

[2] Paghuhukom ng Mananampalataya (II Corinto 5:10)
[3] Paghuhukom ng Bansa (Mateo 25)

| Presuposisyon | Tagataguyod | Kalakasan |
|---|---|---|
| 1. Ang Bibliya ay nahahati sa pitong natatanging dispensasyon | 1. John Darby (Plymouth Brethren) | 1. Tanggapin ang Bibliyang propesiya (lalo na ang Daniel) |
| 2. Literal na katuparan sa bawat OT na propesiya sa Israel | 2. Clarence Larkin | 2. Anumang oras na pagbabalik (Mateo 24:40-42) |
| 3. Ang Iglesya at Israel ay lubusang magkahiwalay. Ang Iglesya ay ang Plano B ng Diyos nang ang mga Hudyo ay itinakwil si Hesus bilang Mesyas | 3. D. L. Moody | |
| | 4. C. I. Scofield (Reference Bible) | |
| | 5. Dallas Seminary (Pentecost, Ryrie, Walvoord) | |
| 4. Ang Iglesya ay sekretong mararaptyur bago ang Tribulasyon. Ang aklat ng Pahayag, pagkatapos ng kabanata 5, ay makaHudyo | 6. W. A. Criswell (Southern Baptist) | |
| | 7. Hal Lindsey | |
| | 8. Tim LaHaye | |
| | 9. Bible Churches (Dallas Seminary) | |
| 5. Ang NT nainterpret ayon sa OT propesiya | | |

**BOB'S TENTATIBONG OPINYON** (Historikal Premilenyal/Post-Tribulasyonista/Nonmilenyal)



**Presuposisyon**

1. Isang Plano (Genesis 3:15)
2. Pagkakaisa ng bayan ng Diyos

   (Roma 2:28-29;4; Galacia 3:29; 6:16)
3. Apocaliptikong kalikasan ng Daniel, Ezekiel, at Pahayag (pampanitikang dyanra)
4. OT ay nakita ang isang paparating (Dalawang Panahon), isang nakikitang paparating
5. Isang nakikitang paparating (Mateo 24:27)
6. Isang Raptyur ( I Tesalonica 4:13-18)

   Isang Resureksyon

   Isang Paghuhukom (Mateo 25; Pahayag 20)

   Ang Eternal na Kaharian

**Dialektical na Tensyon:**

1. sa pagitan ng Lumang Tipang propetikong mga modelo at Bagong Tipan
2. sa pagitan ng monoteismo ng Bibliya (isang Diyos para sa eleksyon ng Israel
3. sa pagitan ng kondisyonal na aspeto ng biblikal na mga tipan at mga pangako
   ("kung...magkagayon") at ang walang kondisyon na kapatan ng Diyos sa pagtutubos ng makasalanang mundo
4. sa pagitan ng Near Eastern pampanitikang mga dyanra at modernong kanluraning pampanitikang mga modelo
5. sa pagitan ng Kaharian ng Diyos bilang pangkasalukuyang, subalit panghinaharap

sa pagitan ng paniniwala sa siguradong pagbabalik ni Kristo at ang and the belief that some events must happen first

paniniwala sa ilang mga pangyayari na mangyayari muna.

**Konklusyon**

1. si John Calvin ay nagsabi na ang aklat na Pahayag, "Tanging ang Diyos ang nakakaalam ng kung ano ang ibig sabihin nito."
2. Walang aprobadong o pangunahing opinyon sa Ikalawang Pagdating.
3. Bawat henerasyon ng mananampalataya ay pinipilit ang Bibliya tungo sa kanyang sariling historikal at kultural na mga tagpuan.
4. Walang sistematikong eskatolohiya sa NT, ngunit ang katotohanan ay nahayag para sa atin, "maging handa " at "maging aktibo."
5. Tanging ang mga konserbatibo ang nakikipaglaban sa isyu na ito.
6. Ito ay pag-asa, lakas ng loob, at motibasyon ang mag-asam sa ang mga mananampalataya sa Ikalawang Pagdating sa kanilang buong buhay (Marcos 13:33-37).

**Copyright © 2000 by Bob Utley**
**Marshall, TX, BIBLE LESSONS INTERNATIONAL**
**All rights reserved.**

# *PAHAYAG*

*Medyo nagbibigay sa akin ng*
*konting takot ang pahayag na puno*
*ng hiwaga.*
*ngunit sa muli ito nagpupukoy ng*
*aking pagkausisa at*
*nagpapagising sa aking*
*imahinasyon.*
*ngunit aking natutunan na ako ay*
*dapat na mag-ingat kung paano*
*ko titignan ang mensahe dito, sa*
*pagsisigurado na ako ay hindi*
*dogmatiko at bigyan ito ng*
*kahulugan na puno ng pag-iingat.*
*Alam ko ang wika ay*
*simboliko kaya hindi dapat*
*ako maging marahas at*
*malaya sa aking*
*interpretasyon*
*at ipagwalang bahala ang*
*kalabuan. ang dyanra ay*
*mahalaga dapat ko itong*
*tandaan,*
*kailanman hindi iisipin na ang*
*aking mga kasagutan ay ang*
*tanging tamang paninidigan.*
*ngunit ako ay umaasa na aking*
*marinig ang mga salita na sinasabi*
*ng Ama,*
*umaasa para kay Kristo na muling babalik,*
*ipakita sa iba na Siya ang Katotohanan, ang*
*Buhay, ang Daan. at magkagayon na aking*
*tatandaan habang ako ay nakikipaglaban sa*
*bawat bahagi ko sa mundo,*
*na ang Diyos ay*
*magwawagi,*
*Siya ay sukdulang*
*naghahari, Siya ay*
*may kontrol*

Pat Bergeron 7/21/1999